



MAAARI MONG MAUNAWAAN NG BIBLIYA

*Mga Apokalipsis ng Lumang Tipan:
Daniel at Zacarias*

BOB UTLEY
PROPESOR NG HERMENEUTICS
(BIBLE INTERPRETATION)

KALIPUNAN NG KOMENTARYONG GABAY SA PAG-AARAL
LUMANG TIPAN TOMO 14

BIBLE LESSONS INTERNATIONAL: MARSHALL, TEXAS
2005

Copyright ©2005 by Bible Lessons International, Marshall, Texas (revised 2007)
All rights reserved. No part of this book may be reproduced in any way or by any means without the written permission of the publisher.

Bible Lessons International
P. O. Box 1289
Marshall, TX 75671-1289
1-800-785-1005

ISBN 978-1-892691-40-8

The primary biblical text used in this commentary is:
New American Standard Bible (Update, 1995)
Copyright ©1960, 1962, 1963, 1968, 1971, 1972, 1973, 1975, 1977, 1995 by
The Lockman Foundation
P. O. Box 2279
La Habra, CA 90632-2279

The paragraph divisions and summary captions as well as selected phrases are from:

1. The New King James Version, Copyright ©1979, 1980, 1982 by Thomas Nelson, Inc. Used by permission. All rights reserved.
2. The New Revised Standard Version of the Bible, Copyright ©1989 by the Division of Christian Education of National Council of the Churches of Christ in the U. S. A. Used by permission. All rights reserved.
3. Today's English Version is used by permission of the copyright owner, The American Bible Society, ©1966, 1971. Used by permission. All rights reserved.
4. The New Jerusalem Bible, copyright ©1990 by Darton, Longman & Todd, Ltd. and Doubleday, a division of Bantam Doubleday Dell Publishing Group, Inc. Used by permission. All rights reserved.

www.biblelessonsintl.com

Ang Volume na ito ay inaalay
sa ala-ala ng
dalawang Miyembro ng Lupon
ng
Bible Lessons International
na kamakailan lamang
ay tumungo na kasama ng Panginoon

T. M. (Red) Davis
at
Edwin L. Baker

kapwa ang mga kapatid na ito
at kanilang mga asawa

Wilma Davis
at
Delores Baker

na naging napakalaking
pagpapala
at kasiglahan
sa ministryong ito.

TALAAAN NG MGA NILALAMAN PARA SA DANIEL AT ZACARIAS

Maikling Mga Paliwanag Sa Mga Teknikal Na Mga Pinagkukunang Ginamit Sa Kalipunan Ng Komentaryo Sa Lumang Tipan	i
Maikling Mga Pakahulugan Ng Hebreong Anyo Ng Pandiwa	iii
Mga Pagdaglat Na Ginamit Sa Komentaryong Ito	x
Isang Pananalita Mula Sa May-Akda.....	xii
Isang Gabay Para Sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya	xiv
Panimula sa Daniel.....	1
Daniel 1	20
Daniel 2	31
Daniel 3	48
Daniel 4	57
Daniel 5	82
Daniel 6	92
Daniel 7	100
Daniel 8	123
Daniel 9	139
Daniel 10	160
Daniel 11	173
Daniel 12	191
Panimula sa Zacarias	204
Zacarias 1	208
Zacarias 2	226
Zacarias 3	236
Zacarias 4	245
Zacarias 5	254
Zacarias 6	260
Zacarias 7	271
Zacarias 8	278
Zacarias 9	287

Zacarias 10	302
Zacarias 11	318
Zacarias 12	327
Zacarias 13	336
Zacarias14	343
Dagdag Dahon Isa: Panimula Sa Lumang Tipan Na Propesiya	352
Dagdag Dahon Dalawa: Mga Hari At Pangyayari	357
Dagdag Dahon Tatlo: Isang Maikling Makasaysayan	363
Dagdag Dahon Apat: Tsart Ng Buong Lumang Tipan	371
Dagdag Dahon Lima: Pangdoktrinang Pamamahayag	374

TALAMAN NG MGA NILALAMAN

MGA NATATANGING PAKSA

Ang Panahong Ito At Ang Panahong Darating, Dan. 2:28.....	40
Sandigang Bato, Dan. 2:34.....	41
Ang Mga Pangalan Para Sa Pagka-Diyos, Dan. 4:2.....	60
Hebreong Panulaan, Dan. 4:3.....	63
Banal, Dan. 4:8.....	67
Hesus Ang Nazareno, Dan. 4:15.....	70
Katuwiran, Dan. 4:27.....	73
Pagbibigay Ng Limos, Dan. 4:27.....	76
Ang Mga Leon Sa Lumang Tipan, Dan. 7:4.....	104
Apoy, Dan. 7:10.....	107
Mga Antas Ng Pabuya At Kaparusahan, Dan. 7:10.....	110
Pagmamapuri O Kayabangan, Dan. 7:11.....	111
OT Mga Titulo Para Sa Espesyal Na Paparating, Dan. 7:13.....	114
Mga Anghel At Ang Mga Demonyo, Dan. 10:13.....	166
Nasaan Ang Mga Patay?, Dan. 12:2.....	194
Matthew 27:9, Panimula sa Zacarias.....	205
Predestinasyon (Calvinism) vs. Malayang Pagpili Ng Tao (Arminianism), Zac. 1:3.....	212
Pagsisisi Sa Kasalanan, Zac. 1:3.....	216
Kaluwalhatian, Zac. 2:5.....	228
Satanas, Zac. 3:1.....	238
Ang Trinidad, Zac. 4:6.....	248
Ang Tensyon Sa Pagitan Lumang Tipan At Propetikong Mga Modelo At Bagong Tipan Na Apostolikong Mga Modelo, Zac. 6:12.....	266
Tipan, Zech 6:15.....	268
Biblikal Na Saloobin Patungkol Sa Alkohol At Pagkagumon Sa Alkohol, Zac. 10:7.....	309
Pangtubos/Katubusan, Zac. 10:8.....	312
<i>Eleph</i> (Sanlibo), Zac. 12:6.....	338

MAIKLING MGA PALIWANAG SA MGA TEKNIKAL NA MGA PINAGKUKUNANG GINAMIT SA KALIPUNAN NG KOMETARYO SA LUMANG TIPAN

A. Pang-Leksiko

Mayroong maraming napakahusay na mga leksiko na magagamit para sa sinaunang Hebreo.

- A. *Hebrew and English Lexicon of the Old Testament* nina Francis Brown, S. R. Driver, at Charles A. Briggs. Ito ay nakabatay sa Alemang Leksikon ni William Gesenius. Ito ay kilala sa daglat na BDB.
- B. *The Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament* nina Ludwig Koehler at Walter Baumgartner, na isinalin ni M. E. J. Richardson. Ito ay kilala sa daglat na KB.
- C. *A Concise Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament* ni William L. Holladay at nakabatay sa na taas na Alemang Leksikon.
- D. Isang bagong tomo ng teolohikong pag-aaral ng salita ang pinamagatang *The New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, na pinapatnugot ni Willem A. Van Gemeren. Ito ay kilala sa daglat na NIDOTTE.

Kung mayroong napakahalagang pagkakaibang leksiko, ipinapa ang maraming salin sa Ingles (NASB, NKJV, NRSV, TEV, NJB) mula kapwa “salita-para sa-salita” at “dinamikong katumbas” na mga salin (cf. Gordon Fee & Douglas Stuart, *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 28-44).

B. Pang-gramatika

Ang pang-gramatikong pagkakakilanlan ay kadalasang nakabatay sa *Analytical Key to the Old Testament* ni John Joseph Owen sa apat na bahagi (tomo). Ito ay pinagtutuos sa *Analytical Hebrew and Chaldee Lexicon of the Old Testament* ni Benjamin Davidson.

Isa pang pantulong na pinagkukunan para sa pang-grammatiko and sintaktikong mga katangian na madalas na ginagamit sa mga tomo ng OT na “Maaari Mong Maunawaan ang Bibliya” na kalipunan ay “The Helps for Translators Series” mula sa United Bible Societies. Sila ay pinamagatang “A Handbook on _____.”

C. Pang-teksto

Ako ay nakakatiyak sa inspirasyon ng pangkatinig na tekstong Hebreo (hindi ang Masoretikong mga punto ang mga punang pang-patinig). Gaya ng sa lahag na sinipi sa kamay, ang mga sinaunang teksto, mayroong ilang mga talatang may katanungan. Ito ay madalas na dahilan ng mga sumusunod:

- A. *hapax legomenon* (mga salitang minsan lamang ginamit sa Hebreong OT)
- B. mga terminong pangkataga (mga salita at mga parirala na mga literal na kahulugan ay hindi magagamit)
- C. mga walang katiyakan sa kasaysayan (ang ating kakulangan sa kaalaman patungkol sa sinaunang mundo)
- D. ang maraming semitikong pangsemantikong larangan ng mga limitadong talasalitaan ng Hebreo
- E. mga suliranin na mauugnay sa mga nahuling mga sinaunang tekstong Hebreo na sinusulat kamay ng mga manunulat
- F. mga manunulat na Hebreo na sinanay sa Ehipto na nakaramdam ng kalayaan sa pagbabago ng mga teksto na kanilang sinipi upang maging lubusan at nauunawaan sa kanilang panahon (NIDOTTE, pp. 52-54).

Mayroong maraming pinanggalingan ang mga Hebreong salita at mga teksto sa labas ng tekstwal na tradition ng Masoretiko.

1. Ang Samaritanong Pentateuch
2. Ang Dead Sea Scrolls
3. Ang Nash papyrus (Decalog)
4. Ang Severus scroll (Pentateuch)
5. Ang ilang mga nahuling barya, mga sulat, at ostraca (nabasag na piraso ng di-nainitang mga palayok na ginamit para sa pagsulat) Ngunit para malaking bahagi, walang pamilya ng mga kasulatan sa OT ang tulad ng sa Griyego NT na kasulatan.

Para sa isang mabuting maikling artikulo sa tekstwal na katapatan ng Masoretic Text (A.D. 900's) tingnan ang "The Reliability of the Old Testament Text" ni Bruce K. Waltke sa NIDOTTE, tomo 1, pp. 51-67.

Ang ginamit na tekstong Hebreo ay *Biblia Hebraica Stuttgartensia* (BHS) mula sa German Bible Society, 1997, na nakabatay sa Leningrad Codex (A.D. 1009). Minsan, ang mga sinaunang salin (Griyegong Septuagint, mga Aramaikong Targum, Syriac Peshitta, and Latin Vulgata) ay sinasangguni kung ang Hebreo ay may kalabuan o maliwanag na nakakalito.

MAIKLING MGA PAKAHULUGAN NG HEBREONG ANYO NG PANDIWA MAY EPEKTO SA EXEGESIS O PAG-IINTINDI SA TEKSO

I. Maikling Makasaysayang Pag-unlad ng Hebreo

Ang Hebreo ay bahagi ng Shemitic (Semitic) na pamilya ng timog-kanluran na wika ng Asya. Ang pangalan (ibinigay ng mga makabagong iskolars) ay nagmula sa anak ni Noah, si Shem (cf. Genesis 5:32; 6:10). Ang mga angkan ni Shem ay nakalista sa Genesis 10:21-31 bilang Arabs, Hebreo, Syrians, Arameans, at Assyrians. Sa realidad, ilang mga Semitic na mga wika ang ginamit ng mga bansa na inilista sa lahi ni Ham (cf. Genesis 10:6-14), Canaan, Phoenicia, at Ethiopia.

Ang Hebreo ay bahagi ng hilaga-kanlurang grupo ng mga Semitic na mga wika. Ang mga modernong mga iskolars ay mayroong mga sampol ng sinaunang wikang grupong ito mula sa:

- A. Amorite (*Mari Tablets* mula sa 18th siglo B.C. in Akkadian)
- B. Canaanite (*Ras Shamra Tablets* mula sa 15th siglo B.C. sa Ugaritic)
- C. Canaanite (*Amarna Letters* mula sa 14th siglo B.C. sa Canaanite Akkadian)
- D. Phoenician (Hebreo ay gumagamit ng Phoenician alpabeto)
- E. Moabite (Mesha na bato, 840 B.C.)
- F. Aramaic (opisyal na wika ng Persian Empire ginamit sa Genesis 31:47 [2 mga salita]; Jeremias 10:11; Daniel 2:4b-6; 7:28; Ezra 4:8-6:18; 7:12-26 at sinalita ng mga Hudyo sa unang siglo A.D. sa Palestina)

Ang Hebreong wika at tinawag na “ang labi ng Canaan” sa Isaias 19:18. Ito ay unang tinawag na “Hebreo” sa paunang salita ni Ecclesiasticus (Wisdom ng Ben Sirach) noong 180 B.C. (at ilang ibang naunang mga lugar, cf. *Anchor Bible Dictionary*, vol. 4, pp. 205ff). Ito ay higit na malapit sa Moabite at ang wikang ginamit sa Ugarit. Mga halimbawa ng sinaunang Hebreo na natagpuan sa labas ng Bible ay

1. ang Gezer na kalendaryo, 925 B.C. (isang kasulatan ng batang mag-aaral)
2. Ang Siloam Inscription, 705 B.C. (mga kasulatan sa)
3. Samaritan Ostraca, 770 B.C. (mga tala ng buwis sa basag na palayok)
4. Lachish na mga sulat, 587 B.C. (mga pandigmaang komunikasyon)
5. Maccabean mga barya at selyo
6. Ilang mga teksto ng Dead Sea Scroll

7. Ilang mag bilang ng mga inskripsyon (cf. “Mga wika [Hebreo],” ABD 4:203ff) Ito, ay gaya ng lahat ng Semitic na mga wika, ito ay kinakikitaan ng mga salita na binubuo ng tatlong mga katinig (tatluhang-katinig na ugat). Ito ay isang nababaluktot na lengguwahe. Ang tatlong-ugat na mga katinig ay nagdadala ng pangunahing mga kahulugan ng salita, habang unalpi, hulapi, o panloob na mga karagdagan ay nagpapakita ng sintaktikal na tungkulin (ang mga patinig ay idinagdag sa kalaunan, cf. Sue Groom, *Linguistic Analysis of Biblical Hebreo*, pp. 46-49).

Ang Hebreong bokabularyo ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng prosa at tula. Ang mga salitang kahulugan ay konektado sa pambayan na etimolohiya (hindi pangwika na mga pinagmulan). Ang mga salitang paglalaro at tunog na paglalaroo ay medyo karaniwan (*paronomasia*).

II. Mga Aspeto ng Predikasyon

A. MGA PANDIWA

Ang normal na inaasahang pagkakayos ng salita ay PANDIWA, PANGHALIP, SIMUNO

(may kasamang panuri), LAYON (may kasamang panuri). Ang pangunahing walang lambot na PANDIWA ay ang *Qal*, GANAP, PANLALAKE, PANG-ISAHAN na anyo. Ito ang paraan ng Hebreo at Aramaic na mga leksiko ay inayos. Ang mga PANDIWA ay binago ang tono upang ipakita

1. bilang—Pang-isahan, pangmaramihan, dalawahan
1. kasarian—Panlalake at pambabae (walang neutral)
2. panagano—indikatio, pasakali, pautos (sa pamamagitan ng analohiya sa modernong kanluraning mga wika, ang relasyon sa aksyon ng realidad)
3. pamanahon (aspekto)

- a. GANAP, na nagpapakita ng natapos, sa pakahulugan ng pasimula, nagpapatuloy, ay nagtatapos ng isang aksyon, Madalas ang anyong ito ay ginamit sa nakalipas na aksyon, ang isang bagay na nangyari. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*, ay nagsasabi “Ang nag-iisang kabuuan ay inilarawan ng isang GANAP ay itinuturing ring tiyak. Ang DI-GANAP ay maaring maglarawan g isang estado bilang posible o ninais, o inaasahan, ngunit ang GANAP ay tinitigina ito bilang aktwal, tunay, a t tiyak” (p. 36).

S. R. Driver, *A Treatise on the Use of the Tenses in Hebrew*, ay inilarawan ito bilang: “Ang GANAP ay ginagamit upang tukuyin ang mga aksyon sa pagkakamit ng yaong mga nakalatag sa hinaharap, ngunit itinuturing bilang nakadepende sa di-nababagong detereminasyon ng kagustuhan na maaring sabihin na aktwal na nangyari na: kaya ang resolusyon, o kautusan, lalo na ang sa Isang Banal, ay madalas na inihayag sa GANAP na pamanahon” (p. 17, e.g., ang makapropetang GANAP).

Si Robert B. Chisholm, Jr. Mula sa *Exegesis to Exposition*, ipinaliwanag ang pandiwang ito sa ganitong paraan:

“. . . tinitignan ang sitwasyon mula sa labas, bilang kabuuan. Bilang ganyan ito ay nagpapahayag ng isang simpleng katotohanan, maging ito man ay isang aksyon o estado (kasama na ang estado ng pagkatao o isipan). Kapag ginamit bilang mga aksyon, madalas na tinitignan nito ang aksyon bilang kompleto mula sa retorikal na punto ng nagsasalita o nagsasalaysay (maging ito o ito ay hindi kompleto sa katotohanan o realidad ay hindi ang punto). Ang GANAP ay maaring tumukoy sa isang aksyon/estado ng nakalipas, pangkasalukutan o panghinaharap. Bilang pagpuna sa itaas, panahong saklaw, na nakakaimpluwesnya kung paano ang isa ay isinasalin ang GANAP patungo sa pamanahong-naaangkop na wika gaya ng Englis, ay dapat na madetermina mula sa konteksto” (p. 86).

- b. DI-GANAP, na nagpapakita ng isang aksyon na nasa progreso (di-kompleto, paulit-ulit, nagpapatuloy, o walang-katiyakan), madalas ay paggalaw tungo sa isang tunguhin. Madalas ang anyong ito ay ginamit sa Pangkasalukuyan at Panghinaharap na aksyon. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebreo Old Testament*, says “Lahat ng DI-GANAP ay kumakatawan sa di-kompletong mga estado. Sila ay alinmang paulit-ulit o nagbabago o walang katiyakan. Sa ibang salita, o bahaging nahubog, o bahagyang may katiyakan. Sa lahat ng mga kaso silay ay bahagya sa ilang pakahulugan, i.e., di-kompleto” (p. 55).

Si Robert B. Chisholm, Jr. *From Exegesis to Exposition*, ay nagsasabi na “Napakahirap na bawasan ang esensya ng DI-GANAP tungo sa nag-iisang

konsepto, dahil ito ay pumapalibot sa parehong aspeto at moda. Minsan ang DI-GANAP ay ginamit sa indikatibong pamamaraan at ginagawa ang obehektibong pananalita. Sa ibang pagkakataon ito ay tumitingin sa aksyon ng mas higit na subyektibeismo, bilang nagpapalagay, walang katiyakanm posible at higit pa” (p. 89).

- c. Ang idinagdag na *waw*, na nagdurugtong sa PANDIWA sa aksyon ng naunang mga PANDIWA(s).
 - d. PAUTOS, na nakabatay sa bolisyon ng nagsasalita at potensyal na aksyon ng tagapakinig.
 - e. Sa sinaunang Hebreo tangin ang mas malaking konteksto ang makakadeterminoina ng pangmaykada-na intensyong panahon ng mga oryentasyon.
- B. Ang pitong pangunahong binagong tono na mga anyo at kanilang pangunahing mga kahulogan. Sa realidad ang mga anyo na ito ay gumagawa ng magkaugnay sa bawat isa sa konteksto at dapat na hindi ihiwalay.
1. *Qal (Kal)*, ang pinaka-karaniwan at pangunahin sa lahat ng mga anyo. Ito ay nagpapakita ng simpleng aksyon o estado ng kalagayan. Walang dahilan o espisipikasyon ang ipinahiwatig.
 2. *Niphal*, ang ikalawang pinaka-karaniwang anyo. Ito ay madalas BALINTIYAK, ngunit ang anyong ito ay gumaganap rin bilang katugon at pasarili. Ito rin ay walang pandahilanan o espisipikasyon na ipinahiwatig.
 3. *Piel*, ang anyong ito ay aktibo at nagpapahayag ng pagdadala patungkol sa isang aksyon tungo sa estado ng kalagayan. Ang pangunahing kahulugan ng *Qal* na tangkay ay nahubog o pinahaba tungo sa estado ng kalagayan.
 4. *Pual*, ito ang BALINTIYAK na katapat ng *Piel*. Ito ay madalas na ipinahayag ng isang PANDIWARI.
 5. *Hithpael*, na isang panarili o katugon na tangkay. Ito ay nagpapahayag ng umuulit o nagaganap na aksyon sa *Piel* na tangkay. Ang madalang na BALINTIYAK anyo ay tinawag na *Hothpael*.
 6. *Hiphil*, ang aktibong anyo ng pandahilang tangkay na salungat sa *Piel*. Ito ay maaring may permisong aspeto, ngunit madalas ito ay tumutukoy sa sanhi ng isang pangyayari. Si Ernst Jenni, isang German Hebreong dalubhasa sa gramatika, ay naniniwala na ang *Piel* ay nagpapakita ng isang bagay na paparating tungo sa isang estado ng kalagayan, habang ang *Hiphil* ay nagpakita kung paano ito nangyari.
 7. *Hophal*, ang BALINTIYAK na katapat sa *Hiphil*. Ang huling dalawang mga tangkay na ito ay ang pinakamadalang na gamitin sa pitong mga tangkay.

Madami sa impormasyong ito ay nagmumula sa *An Introduction to Biblical Hebrew Syntax*, ni Bruce K. Waltke at M. O'Connor, pp. 343-452.

Ang ahensya at pagsasagawang tsart. Isang susi sa pag-uunawa sa Hebreong PANDIWA sistema ay tignan ito bilang tularan ng TINIG na relasyon. Ilang mga tangkay ay kasalungat sa ibang mga tangkay sa ibang mga tangkay (i.e., *Qal - Niphal; Piel - Hiphil*)

Ang tsart sa ibaba ay nagsusubok na ipakita ang pangunahing tungkulin ng PANDIWA mga tangkay bilang ang pagsasagawa.

TINIG O SIMUNO	Walang Sekondaryang Ahensya	Isang Aktibong Sekondaryang Ahensya	Isang BALINTIYAK Sekondaryang Ahensya
AKTIBO	<i>Qal</i>	<i>Hiphil</i>	<i>Piel</i>
PANGGITNA BALINTIYAK	<i>Niphal</i>	<i>Hophal</i>	<i>Pual</i>
PANARILI/KATUGON	<i>Niphal</i>	<i>Hiphil</i>	<i>Hithpael</i>

Ang tsart na ito ay kinuha mula sa napakahusay na talakayan ng PANDIWANG sistema ayon sa bagong pananaliksik sa Akkadian (cf. Bruce K. Waltke, M. O'Connor, *An Introduction to Biblical Hebrew Syntax*, pp.354-359).

R. H. Kennett, *A Short Account of the Hebrew Tenses*, ay naglaan ng kinakailangang babala. “Karaniwan kong natatagpuan sa katuruan, na ang pangunahing kahirapan ng mga mag-aaral sa Hebreong pandiwa ay masunggab ang kahulugan na nagpaparating sa mga isipan ng mga mismong sarili ng mga Hebreo; ibig sabihin, mayroong pagkahilig na itakda bilang mga katumbas sa bawat ng Hebreong Pamanahon ng ilang bilang ng Latin o Englis na mga anyo na kung saan ang isang partikular na Pamanahon na karaniwang isinalin. Ang resulta ay isang kabiguan na maunawaan ng marami sa mga mapipinong tabing ng kahulugan, na nagbibigay ng buhay at kalusugan sa wika ng Lumang Tipan.

Ang kahirapan sa paggamit ng Hebreong Pandiwa ay nakasalalay lamang sa puntong pananaw, kaya sukdulang magkaiba mula sa ating sarili, kung saan ang mga Hebreo ay itinuturing na isang aksyon; ang *panahon*, na sa atin ay unang konsiderasyon, na gaya ng pinakasalitang, ‘pamanahon’ na ipinapakita, na para sa kanila ay sekondaryang kahalagahan. Kaya ito, samakatuwid, ay esensyal na ang isang estudyante ay dapat na malinaw na mahawakan, hindi higit sa Latin o Englis na mga anyo na maaring ginamit sa pagsasalin ng bawat Hebreong Pamanahon, ngunit sa halip ay ang aspeto ng bawat aksyon, gaya ng pagpresinta nito sa sarili sa kaisipan ng mga Hebreo.

Ang pangalang ‘pamanahon’ habang ipinaparatang sa Hebreong Pandiwa ay nagpapaligaw. Ang tinatawag na Hebreong ‘pamanahon’ ay hindi nagpapahayag ng *panahon* ngunit parang *estado* ng isang aksyon. Kaya hindi kung hindi dahil sa kalituhan na maaring lumitaw sa paggamit ng termino ‘estado’ sa parehong mga pangalan at pandiwa, ‘ang mga estado’ ay mas higit na mainam na designasyon kaysa sa ‘pamanahon.’ Dapat na laging nananitili sa isipan na imposible na maisalin ang Hebreong Pandiwa tungo sa Englis ng walang ibinibigay na limitasyon (viz. ng oras) na lubusang wala sa Hebreo. Ang sinaunang mga Hebreos ay kailanman hindi nagisip ng isang aksyon bilang nakalipas, pangkasalukuyan, o panghinaharap, simple bilang isang GANAP, i.e., kompleto, o DI-GANAP, i.e., gaya ng sa pagtakbo ng pag-unlad. Kapag sinabi natin na isang tiyak Hebreong pamanahon umaayon sa isang GANAP, pluperfect, o Panghinaharap sa Englis, hindi natin ibig sabihin na ang mga Hebreos ay iniisip ito na GANAP, Pluperfect, o Panghinaharap, ngunit ito lamang ay dapat sa pagsalin sa English. Ang *panahon* ng isang aksyon ang mga Hebreo ay hindi tinangka na ipahayag sa anumang pangpandiwa anyo” (paunang salita at p. 1).

Para sa ikalawang mabuting babala, Sue Groom, *Linguistic Analysis of Biblical Hebrew*, ay nagpaalala sa atin, “Walang paraan upang malaman kung ang muling pagtatayo ng mga makabagong iskolar ng semantikong larangan at pakahulugang relasyon sa sinaunang mga patay na wika ay basta lamang isang repleksyon ng kanilang intuwisyon, o kanilang katutubong wika, o maging ang mga larangan na iyon ay umiral sa klasikal na Hebreo” (p. 128).

- C. Mga Panagano (na ang tanging analohiya ay kinuha mula sa modernong kanluraning mga wika)
1. Ito ay nangyari na, ay nangyayari (INDIKATIBO), madalas gumagamit ng GANAP na pamanahon o mga PANDIWARI (lahat ng mga PANDIWARI ay INDIKATIBO).
 2. Ito ay mangyayari, maaring mangyari (PANAKALI)
 - a. Gumagamit ng minarkahang DI-GANAP na pamanahon
 - (1) COHORTATIVE (dinagdagang h), unang panauhang DI-GANAP na anyo na normal na nagpapahayag ng isang nais, isang hiling, pagpapalakas sa sarili (i.e., mga kagustuhang mga aksyon ng tagapagsalita)
 - (2) JUSSIVE (panloob na mga pagbabago), ikatlong panauhang DI-GANAP (maaring ikalawang panauhan sa negatibong mga pangungusap) na normal na nagpapakita ng isang hiling, isang permiso, o pagpapaalala, o isang tagubilin
 - b. Gumagamit ng isang GANAP na pamanahon na may kasamang *lu* o *lule*
Ang mga konstruksyon na ito ay kapareho ng IKALAWANG KLASE KONDISYONAL na mga pangungusap sa Koine Griyego. Isang huwad na pananalita (protasis) na nagreresulta sa huwad na konklusyon (apodosis).
 - c. Gumagamit ng isang DI-GANAP na pamanahon at *lu*
Ang konteksto at *lu*, gayundin ang panghinaharap na oryentasyon, ay minarkahan itong PANAKALI pagkakagamit. Ilang mga halimbawa mula kay J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament* ay mga Genesis 13:16; Deuteronio 1:12; I Hari. 13:8; Awit. 24:3; Isaias 1:18 (cf. pp. 76-77).
- D. *Waw* - Konbersibo/magkakasunod/pamanggit. Ang naiibang Hebreong ito (Canaanite) sintaktikal na katangian ay nagdulot ng matinding pagkalito ng maraming taon. Ito ay ginamit sa ibat-ibang mga paraan madalas ay batay sa dyanra. Ang dahilan para sa pagkalito ay dahil ang mga naunang mga iskolars ay mga Europeo at sinubukang magbigay kahulugan ayon sa kanilang katutubong mga wika. Nang ito ay napatunayang mahirap sinisi nila ang problema sa Hebreo na “dapat” sinauna, lipas na wika. Ang mga Europeyong mga wika ay mga PAMANAHON (oras) na nakabatay na PANDIWA. Ilang mga uri at gramatikal na mga implikasyon ay tiniyak sa pamamagitan ng titik na WAW na idinagdag sa GANAP o DI-GANAP na mga PANDIWANG tangkay. Nabago nito ang paraan na ang aksyon ay tinignan.
1. Sa makasaysayang salaysay ang PANDIWA ay idinugtong ng magkasama sa isang tanikala na may pamantayang tularan.
 2. Ang waw na unlapi ay nagpakita ng isang partikular na relasyon sa naunang mga PANDIWA(s).
 3. Ang mas malaking konteksto ay laging susi sa pag-uunawa ng PANDIWA tanikala. Ang Semitic na PANDIWA ay hindi pwedeng ianalisa ng nag-iisa.
- J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*, ay nagpuna ng kakaibang sa Hebreo sa paggamit nito ng waw bago ang mga GANAP at DI-GANAP (pp. 52-53). Habang ang pangunahing ideya ng GANAP ay nakalipas, Ang pagdagdag ng *waw* ay

madalas nagpapanukala nito tungo sa panghinaharap na panahong aspeto. Ito rin ay totoo sa DI-GANAP na ang pangunahing ideya ay pangkasalukuyan o panghinaharap; ang pagdagdag ng waw ay naglalagay nito sa nakalipas. Ang di karaniwan na panahon na ito ang naglilipat at nagpapaliwanag sa pagdagdag ng *waw*, hindi pagbabago sa pangunahing kahulugan ng mismong pamanahon. Ang *waw* na mga GANAP ay gumagawa ng mainanam sa propesiya, habang ang mga waw DI-GANAP ay gumagawa ng mainam sa mga salaysay (pp. 54, 68). Si Watts ay nagpatuloy sa kanyang depinisyon,

“Bilang isang napakahalagang pagkakaiba sa pagitan ng *waw* na kondyanktibo at *waw* konsekwetibo, ang sumusunod na mga interpretasyon ang ibinibigay:

1. *Waw* na kondyanktibo ay lumilitaw lagi upang ituro ang isang paghahanay.
2. *Waw* na konsekyutibo ay lumilitaw lagi upang ituro ang isang pagkakasunod-sunod. Ito lamang ang tanging anyo ng *waw* na ginamit na may konsekyutibong DI-GANAP. Ang relasyon sa pagitan ng DI-GANAP ay idinugtong ito ng maaring temporal na pagkakasunod-sunod, lohikal na konsekwensiya, lohikal na dahilan, o lohikal na pagkakasalungat. Sa lahat ng kaso mayroong pagkakasunod-sunod” (p. 103).

E. PAWATAS - Mayroong dalawang mga uri ng PAWATAS

1. PAWATAS SUKDULAN, na isang “malakas, nagsasarili, kapansin-pansin na mag ekspresyon na ginamit para sa madramang epekto. . .bilang sa SIMUNO, ito ay madalas ay walang nakasulat na Pandiwa, ang Pandiwa ‘maging’ na syempre ay nauunawaan, ngunit ang salitang pagkakatayo ay madramang nag-iisa,” (J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*,” p. 92).

2. PAWATAS BANGHAY, na “magkaugnay ng gramatikal sa pangungusap sa pamamagitan ng mga preposisyon, nag-aangkin na mga PANGHALIP, at ang BANGHAY na relasyon” (p. 91).

J. Weingreen, *A Practical Grammar for Classical Hebreo*, inilarawan ang estado ng BANGHAY: “Kapag ang dalawa (o higit pa) na mga salita ay malapit na pinagsama sila ay bumubuo ng isang tambalang ideya, ang nakadependeng salita (o mga salita) ay (ay mga) sinasabi na nasa BANGHAY estado” (p. 44).

F. INTEROGATIBO

1. Sila ay lumilitaw ng una sa pangungusap.
2. Nagbibigay kahulugan na kahalagahan
 - a. *ha* – hindi umaasan ng isang pagtugon
 - b. *halo*’ – ang may-akda ay umaasa ng “oo” na sagot

G. NEGATIBO

1. Sila ay laging lumilitaw bago abg mga salita na kanilang inenegatibo.
2. Pina karaniwang pagnenegatibo ay *lo*’.
3. Ang terminong *’al* ay mayroong walang katiyakang konotasyon at ginamit na may kasamang mga COHORTATIVES at JUSSIVES.
4. Ang terminong *lebhilti*, ibig sabihin “upang ang. . .hindi ang,” ay ginamit na may kasamang mga PAWATAS.
5. Ang terminong *’en* ay ginamit na may kasamang mga PANDIWARI.

H. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP

3. Mayroong apat na mga uri ng kondisyonal na mga pangungusap na pangunahing kahanay sa Koine Griyego.
 - a. isang bagay na ipinagpalagay na nangyayari o isipin ng isang katuparan (UNANG KLASE sa Griyego)

- b. isang bagay kasalungat sa katotohanan na ang katuparan ay imposible (IKALAWANG KLASE)
- c. isang bagay na isang posible o maaring malamang (IKATLONG KLASE)
- d. isang bagay na mas hindi malamang, samakatuwid, ang katuparan ay kahinahinala (IKAAPAT NA KLASE)

4. GRAMATIKAL NA MGA PANANDA

- a. Ang ipinagpalagay na totoo o tunay na kondisyon ay laging gumagamit ng isang INDIKATIBONG GANAP O PANDIWARI at madalas ang protasis ay ipinakilala sa pamamagitan ng
 - (1) *'im*
 - (2) *ki* (o *'asher*)
 - (3) *hin* o *hinneh*
- b. ang kasalungat sa katotohanang kondisyon ay laging gumagamit ng isang GANAP na aspeto ng PANDIWA o isang PANDIWARI na may ipinapakilalang KATAGA *lu* o *lule*
- c. ang mas malamang na kondisyon ay laging gumagamit ng DI-GANAP PANDIWA o mga PANDIWARI sa protasis, madalas *'im* o *ki* ang ginamit bilang pampakilala sa mga KATAGA
- d. ang mas hindi malamang na kondisyon ay gumagamit ng DI-GANAP na mga PANAKALI sa protasis at laging gumagamit ng *'im* bilang pagpapakilala sa KATAGA

MGA PAGDAGLAT NA GINAMIT SA KOMENTARYONG ITO

AB	Anchor Bible Commentaries, ed. William Foxwell Albright at David Noel Freedman
ABD	Anchor Bible Dictionary (6 vols.), ed. David Noel Freedman
AKOT	Analytical Key to the Old Testament ni John Joseph Owens
ANET	Ancient Near Eastern Texts, James B. Pritchard
BAGD	A Greek-English Lexicon of the New Testament and Early Christian Literature, Walter Bauer, 2 nd edition by F. W. Gingrich and Fredrick Danker
BDB	A Hebrew and English Lexicon of the Old Testament ni F. Brown, S. R. Driver and C. A. Briggs
BHS	Biblia Hebraica Stuttgartensia, GBS, 1997
IDB	The Interpreter's Dictionary of the Bible (4 vols.), ed. George A. Buttrick
ISBE	International Standard Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. James Orr
JB	Jerusalem Bible
JPSOA	The Holy Scriptures According to the Masoretic Text: A New Translation (The Jewish Publication Society of America)
KB	The Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament by Ludwig Koehler and Walter Baumgartner
LAM	The Holy Bible From Ancient Eastern Manuscripts (the Peshitta) ni George M. Lamsa
LXX	Septuagint (Greek-English) ni Zondervan, 1970
MOF	A New Translation of the Bible by James Moffatt
MT	Masoretic Hebrew Text
NAB	New American Bible Text
NASB	New American Standard Bible
NEB	New English Bible
NET	NET Bible: New English Translation, Second Beta Edition
NIDNTT	New International Dictionary of New Testament Theology (4 vols.), ni Colin Brown
NIDOTTE	New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis (5 vols.), ed. Willem A. VanGemeren
NRSV	New Revised Standard Bible
NIV	New International Version
NJB	New Jerusalem Bible
OTPG	Old Testament Parsing Guide by Todd S. Beall, William A. Banks and Colin Smith

REB	Revised English Bible
RSV	Revised Standard Version
SEPT	The Septuagint (Greek-English) by Zondervan, 1970
TCNT	The Twentieth Century New Testament
TEV	Today's English Version from United Bible Societies
YLT	Young's Literal Translation of the Holy Bible by Robert Young
ZPBE	Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. Merrill C. Tenney

ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA: PAANO MAKAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA'YO?

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon..

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

Unang Saligan

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa taguang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapahulugan, ngunit ang maayos na pagpapahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

Pangalawang Saligan

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit. Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanganan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS⁴). Ang tekstong ito ay iisinalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.
2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang

mga paksa.

3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS⁴ at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Jerusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

Pangatlong Saligan

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihansan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuon lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakang pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at paghinay-hinay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangangatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuon lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuon lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabiha at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo, maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking iniharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

I. Mga Pagpapalagay

- A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.
- B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at


- gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.
- C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.
 - D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:
 1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
 2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
 3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
 4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
 5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
 6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
 7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan

- A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.
- B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.
- C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.
- D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.
- E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang “tugon ng mambabasa” o reader response (pagpakahulugang “ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto”).

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:



Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa, hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: “Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo.” Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
 - a. tagpuang pangkasaysayan
 - b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
 - a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
 - b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
 - c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
 - a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
 - b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

- A. Ang unang tapusang pagbasa
 1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin
 - a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
 - b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
 - c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)
 2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
 3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
 4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
 - a. Lumang Tipan
 - (1) salaysay na Hebreo
 - (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
 - (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
 - (4) Mga pamkautusan na koda
 - b. Bagong Tipan
 - (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
 - (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)
 - (3) Mga liham/epistulo
 - (4) panitikang Apokaliptiko

- B. Ang pangalawang tapusang pagbasa
1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
 2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
 3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.
- C. Ang pangatlong tapusang pagbasa
1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
 2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
 - a. ang may-akda
 - b. ang petsa
 - c. ang mga tagatanggap
 - d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
 - e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
 - f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
 3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.
 4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.
- D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa
1. Basahin muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
 - a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
 - b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
 - c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)
 2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
 - a. mga inuulit na parirala, Eph. 1:6,12,13
 - b. mga inuulit na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
 - c. magkakatambis na mga konsepto
 3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
 - a. mga mahahalagang salita
 - b. mga di-karaniwang salita
 - c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
 - d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
 4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
 - a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
 - (1) mga aklat ng “sistematikong teolohiya”
 - (2) mga sangguniang Bibliya
 - (3) mga pagkakatugma
 - b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
 - c. Hanapin ang mga magkahanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
 5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
 - a. mga pag-aaral ng Bibliya
 - b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
 - c. mga paunang salita ng Bibliya
 - d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang “pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon

at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon.”

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay hindi inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng “kaya winika ng Diyos,” ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, “ating” mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espirituwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na teklist ay nakatulong sa akin:

- A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
- B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
- C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
- D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
- E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espirituwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

- A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

“Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espirituwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan. Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espirituwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayang awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura.”

- B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, *Protestant Biblical Interpretation*, p. 75:

Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. “Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos.”

- C. H. H. Rowley sa *The Relevance of the Bible*, p. 19:

“Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espirituwal na pag-intindi ng mga espirituwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espirituwal na pag-intindi ay may isang bagay

na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espirital na bagay ay inuunawa nang espirital, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espirital, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakilang sa lahat ng mga aklat.”

VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadiseno upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

- A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang “tapusang pagbasa #3” ay tsekin itong impormasyon.
- B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.
- C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:
 1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS⁴)
 2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
 3. The New King James Version (NKJV)
 4. The New Revised Standard Version (NRSV)
 5. Today’s English Version (TEV)
 6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na “ang paksang pangungusap” o “ang pangunahing ideya ng teksto.” Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.
- D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:
 1. pampanitikang konteksto
 2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
 3. impormasyong panggramatika
 4. mga pag-aaral ng salita
 5. mga kaugnay na talatang magkakahayan
- E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:
 1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng “Textus Receptus.”
 2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
 3. Ang Today’s English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
 4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasalang Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.
- F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasalang Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:
 1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
 2. mga pamalit na kahulugan ng salita
 3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
 4. mga tekstong iba’t iba ang pakahulugan

Gayong ang mga pagsasalang Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.
- G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

PANIMULA KAY DANIEL

I. PAMBUNGAD NA PAHAYAG

Paulit-ulit akong nag tanong sa aking sarili, “Bakit magsusulat akong muli ng komentaryo tungkol kay Daniel?” Napakaraming mabuting maaring pagkunan mula sa ibat-ibang pananaw. Ang aking pag-aaral ng Pahayag ay nadagdagan ang aking pagkagusto tungkol kay Daniel at Zacarias (OT apocalypses). Sila ang pinagmulan ng mga salita ng Diyos kung paano ipaliwanag sa ibat-ibang paraan ang maraming bahagi ng Bagong Tipan. Maraming matapat at matalinong mananampalataya ay nagpahayag ng kanilang mga pananaw tungkol sa mga tekstong ipinahayag, ngunit may pagkakaiba-iba.

Upang mapagbukod-bukod ang aking mga pananaw ilang mga katanungan ang aking pinag-aralan.

1. Paano ang pahayag sa Lumang Tipan ay may kaugnayan sa mga propesiya sa Lumang Tipan?
2. Ano ang pinagmulan ng kaisipang pahayag at anyo?
3. Ang bagong katandaan ba ay (1) pandaigdigan at katawang tao o (2) espirituwal at kahalagahan ng elemento? Ang planeta bang ito ay nananatiling mahalaga sa lahat ng nilalang?
4. Ang mga tiyak na teksto ba ay kaugnay ng mga pangyayari na ngayon ay nakaraan na lang (e.g. Panahon ng Persian, Panahon ng mga Macabeo, Panahon ng mga Romano, ang kumakatawan) o mga mangyayari sa hinaharap (e.g. ang Pangalawang Pagdating, Millenyo, ang kahariang walang hanggan),o kapwa, sa paggamit ng maraming katuparan ng propesiya (e.g. Isaias 7: 14)?
5. Bakit kaya ang ibang teksto ay tila tiyak sa kasaysayan (Daniel 11) at hindi tiyak (Daniel 8)?
6. Ang pangunahing paksa ba ay ang depensa ng may akda sa kalagayan ng kasaysayan o ang paggiging tiyak ng mga hula sa hinaharap ?

Ang mga pakahuluganan ng iskolar ng Bibliya ay dapat maging pangunahin kaysa sa exegesis. Itong uri ng panitikan ay humihingi ng pag-aaral sa isang haka-haka tungkol sa Bibliya at tiyak na panitikan sa Pahayag.

Kaya naririto na ang aking pagsubok upang ipakita ang aking pagsalin kaugnay sa mga katanungan upang kayong mambabasa, ay malinaw na maunawaan ang aking “pagkakahuluganan.” Kayo ay mayroong din “pagkakahuluganan”! Ang panitikan ng Pahayag ay humihingi ng kasulatan tungkol sa mga opinyon ng mga mambabasa. Ang panitikan na ito ay hindi tiyak kaya maraming pagsasalin na maari at wasto.

- A. Paano ang pahayag sa Lumang Tipan ay may kaugnayan sa mga propesiya ng Lumang Tipan?

Propeta

1. Ipinahayag na mensahe
2. Ipinahayag upang magdala
Ng pagsisi at pananalig

Apokaliptist

1. Nakasulat at maayos ang mensahe
2. Ipinahayag upang maging matapang
At matapat ang mananampalataya

- | | |
|--|---|
| 3. Ang kasaysayan ay ang paraan ng gawain ng Diyos | 3. Ang Diyos pumapagitna at binabago ang kasaysayan (krisis) |
| 4. Ang mensahe ay paraan upang baguhin ang kasalukuyan | 4. May mensahe upang ipahayag ang hinaharap |
| 5. “Ang sabi ng Diyos “Pahayag | 5. Mga imahinasyong pangitain at panaginip na kailangang maipaliwanag ng mga anghel |

Ang dalawang makakatulong at karunungan ay ang D .Brent Sandy’s *Plow shares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*, p.107 and John J. Collins, *The Apocalyptic Imagination*, p. 7.

- B. Ano ang orihinal na kaisipang kapahayagan at anyo? Anong aklat sa Lumang Tipan ang naglalaman ng mga mensahe sa pahayag? Makatuwiran ba na pag –usapan ang uri ng pahayag? Kahit na magkakatulad sa paraang propesiya, tila may pagkakaiba at hindi nagbabago ang mga elemento na tumutukoy sa pahayag bilang isang uring naisulat. (tingnan sa Panimula sa Daniel III. Genre C).

Kung tayo ay kukuha ng nakasanayang may-akda ng mga aklat sa Lumang Tipan (na ito ay tunay na nanghuhula) kaya ang propeta sa ika- walong siglo ,Isaias, ay dapat na maunang halimbawa sa Bibliya sa ganitong uring panitikan (cf.13-14,24-27,56-66) sumunod ang ika-pitong siglo na mga propeta na sina Ezekiel (1,26-28,35-40), Daniel(7-12), at ang naunang umalis na propeta, Zacarias (520 B.C.).

Kahit na may kontrobersiya sa mga iskolar ng Lumang Tipan sa mga petsa ng mga aklat at ang mga tinutukoy ng pahayag , tila ang mga bahagi ng Isaias ay gumawa ng simbolo ng pagpapa-unlad ng panitikan na tinatawag na natin ngayon na “ panitikan ng pahayag.”

Mayroong lumalaganap na pagkaunawa sa ibang kultura ng sinaunang Malapit sa Silangan ng lumabas ang ilang pahayag .

1. Egiptian-“Introductory Remarks on Apocalypticism in Egypt” by Bergmanin *Apocalypticism in the Mediterranean World and the Near East*, ed. David Helbohn, pp. 51-60
2. Akkadia at Persia – katulad ng aklat sa itaas, pp. 77-156, 379-411

- C. Ang bagong katandaan ba (1) daigdigan at katawang tao o (2) espirituwal, at kahalagahan ng elemento? Kapwa ang propesiya sa Lumang Tipan at panitikan sa pahayag ay tumutukoy sa daigdigan , katawang tao sa hinaharap. Ako ang aking sarili ay pinanghahawakan ko na maibalik ang Halamanan ng Eden bilang modelo sa pag-unawa ng mga pangako ng Bibliya , subalit ako ay nababahala sa aking pag-aalinlangan na ako ay naging labis na wasto sa mga salita ng Diyos.

Ang buong paksa ng pagkabuhay muli ay nakatuun dito sa pagtalakay.Ano ang malalaman ng mga mananampalataya? Kahit na sa Daniel 7:18,22 ay nagpapahiwatig ng tagpo sa daigdigan, subalit sa 12:2 ay nagpapahiwatig ng labis pa sa katawang tao.Dalawang teksto sa Bagong Tipan ay tila may kaugnayan sa puntong ito: (1) Ang mga sinabi ni Hesus kay Pilato sa Juan 18:33-38a (lalong- lalo na sa v.36)at (2) Ang pagtalakay ni Pablo sa pagkabuhay muli sa I Mga Taga-Corinto15(lalong –lalo na sa vv.35-53). Kapwa ng mga teksto ay nagbukas ng pintuan bilang pag-unawa sa espirituwal sa hinaharap. Napakahirap sa ating mga tao ang pag –unawa (a) ang pagkatao na walang katawang tao at (b)ang kahariang walang planeta!

Habang higit kong nauunawaan ang kalawakan ng paglikha (Hubble telescope) ay higit kong na pagtanta na ang daigdig ay natatanging inihanda at inalagaang lugar, ngunit hindi dito nakatuun ang kaligtasan ng tao sa hinaharap. Ako ay nakapangako sa mga salita ng Diyos na ito lang ang pinang-gagalingan ng pananampalataya at paggawa, ngunit ito ay nakatuun sa daigdig, sa pahayag nakatuun ang kaligtasan. Hindi natin mahuhulaan kung aling salita ng Diyos ang tahimik, ngunit mayroong bitak sa pintuan ni Hesus' at mga salita ni Pablo.

- D. Ang propesiya ba at ang panitikan ng pahayag ay magkasama sa wastong kasaysayan? Totoong ang mga wastong propesiya tungkol sa Mesias ay nakalikhang tamang propesiya (e.g. Mikas 5:2). Magkagayunman, Isaias 14:7 (pagsilan mula sa isang birhen) at Daniel 9:27; 11:31; 12:11; Mateo 24:15; Marcos 13:14 ay mga magagandang halimbawa ng katuparan ng propesiya. Ang propesiya at mga mensahe ng pahayag ay hindi nawawala sa wastong katuparan ng kasaysayan. Naririto yaong mabuting kasabihan sa paksang ito mula kay Joyce G. Baldwin, *Daniel, The Tyndale Old Testament Commentary*,

“Ang apat na kaharian ay tila may kaugnayan sa apat na emperyo sa pagitan ng panahon ng mga ipinatapon at kamatayan ni Kristo, ngunit ito ay maaaring maging simbolo rin, kumakatawan sa kaugnayan ng iglesiya ng Diyos at mga makapangyarihan sa daigdig sa buong panahon” (p. 68).

Paano ang mga taga-salin nagpapatuloy ?

1. Nananaliksik upang makapag tala ng nangyari sa kasaysayan ng hula ng mga propeta
 2. Maghanap ng malawak na katuparan sa unang pagdating ni Kristo
 3. Maghanap ng malawak na katuparan ng Pangalawang Pagdating ni Kristo
- Ito ay malinaw na ang kasaysayan ay may mahalagang bahagi sa pagsasalin ng propesiya /pahayag. Madalas ang kasaysayan lang (at madalas nakatago lang) ang mga tekstong ito ay inuunawa. Aking nauunawaan ang Genesis 1-2 at higit na malilinawan ang mga modernong nananaliksik sa siyensiya at aking nauunawaan na maliwanag ang propesiya/pahayag sa pag-unlad ng kasaysayan. Ang kasaysayan ay nahigitan ang lahat ng tagasalin ng Bibliya. Ang mga salita ng Diyos ay totoong wasto, subalit paano ito katotoo ay ang pag-unlad ng pag-unawa (tingnan sa *Is There a Meaning in This Text?* by Kevin J. Vanhoozer). Ang pag-unlad ng pag-unawa ay ang bihasang bahagi ng pagsasalin ng propesiya/pahayag.

Sa puntong ito hayaan ninyo akong magbigkas mula sa pambungad ng aking komentaryo sa Pahayag.

“PANLIMANG PAG-IGTING (TENSYON)

Ang kaharian ng Diyos ay kapwa pangkasalukuyan, at panghinaharap. Ang hindi mahalaga tungkol sa Diyos ay nakatuun sa katapusan ng lahat. Kung ang bawat isa ay naghihintay ng totoong katuparan ng lahat ng propesiya sa Lumang Tipan sa Israel, ang kaharian ng Israel ay maibabalik sa dating lugar at matatag sa mga salita ng Diyos! Ito ay kailangan upang ang iglesiya ay tahimik na nagsasaya sa Kabanata 5 at ang natitirang mga kabanata na may kaugnayan sa Israel.

Magkagayunman, kung sa kaharian nakatuun na pinasiyanan ng pangako ng Mesias sa Lumang Tipan, samatuwid ito ay nasa unang pagdating ni Kristo, pagkatapos ito ay nakatuun sa anyo ng buhay, mga

sermon, kamatayan, at pagkabuhay muli ni Kristo. Ang mga salita ng Diyos ay binibigyan –diin ang pangkasalukuyang kaligtasan. Ang kaharian ay dumating na, natupad sa Lumang Tipan ang inaalok ni Kristo na kaligtasan para sa lahat, hindi ang Kanyang Paghahari sa iba!

Ito ay totoong wasto na ang Bibliya ay nagsalita tungkol sa pagdating ni Kristo, ngunit saan dapat ilagay ang pagbibigay -diin? Para sa akin tila ang karamihan ng propesiya sa Lumang Tipan ay nakatuun sa unang pagdating, ang pag pagtatag ng kaharian ng Mesias (cf. Daniel 2). Sa maraming bagay ito ay magkatulad sa walang hanggang kaharian ng Diyos (cf. Daniel 7). Sa Lumang Tipan ito ay nakatuun sa walang hanggang kaharian ng Diyos, subalit ang mekanismo ng kaharian ay tumutukoy sa ministryo ng Mesias (cf. I Mga Taga-Corinto 15:26-27). Hindi ito katanungan kung alin ang totoo; ang kapwa ay totoo, subalit alin ang binigyang –diin? Dapat sabihin na ang ibang taga-salin ay nakatuun lang sa milinyang kaharian ng Mesias (cf. Pahayag 20) na nakaligtaan nila kung saan nakatuun ang Bibliya, ang walang hanggang kaharian ng Ama. Ang kaharian ni Kristo ay pambungad na pangyayari. Tungkol sa dalawang pagdating ni Kristo sa Lumang Tipan ito ay napakalinaw, kahit na sa pagkatawang tao ng Mesias!

Ang susi sa mga sermon at pangaral ni Hesus ay ang kaharian ng Diyos. Ito ay kapwa nandoon (sa kaligtasan at paglilingkod), at sa hinaharap (sa pagpapalaganap at kapangyarihan). Ang Pahayag, kung ito ay nakatuun sa milinyang kaharian ng Mesias (cf. Pahayag 20), ay pambungad, hindi kabuuan (cf. Pahayag 21-22). Hindi malinaw mula sa Lumang Tipan na ang paghahari bilang tao ay kailangan; ang katotohanan, ang kaharian ng Mesias sa Daniel 7 ay walang hanggan, hindi isang millenyo.”

- E. Ang ilang mga modernong taga pagsalin ay humihingi ng wastong katuparan sa lahat na propesiya sa Lumang Tipan at mga mensahe sa Pahayag. Sa katotohanan ang mga malalakas na ito ay hindi kailangan sa mga salita ng Diyos. Kahit ang mga propesiya sa Lumang Tipan ay inihanda na sa kasagutan ng mga tao. Pinatunayan ni Hesus na Siya ang katuparan sa mga teksto sa Lumang Tipan (cf. Mateo 5:17-19). Ang Bagong Tipan ay ang tamang liwanag upang makita ang Lumang Tipan (cf. Mateo 5:21-48). Sa puntong ito hayaan ninyong bigkasin ko mula sa pambungad ng aking komentaryo sa Pahayag.

“UNANG PAG-IGTING (TENSYON) (Sa Lumang Tipan lahi, bansa, at mga kategorya sa heograpiya laban sa lahat mananampalataya sa daigdig)

Ang mga propeta sa Lumang Tipan ay naghula ng pagbabalik ng kaharian ng mga Hudyo sa Palestina na sentro ang Herusalem na ang lahat na bansa ay magtitipon upang ipagbunyi at pagsilbihan ang namumuno kay David, subalit si Hesus kahit na ang mga Apostol ay hindi nakatuun sa ganitong usapin. Ang Lumang Tipan ba ay hindi kinasihan (cf. Mateo 5:17-19)? Ang mga may –akda ba ng Bagong Tipan ay inalis ang mga mahihirap na pangyayari sa katapusan ng panahon?

Maraming pinangagalingan ng mga impormasyon tungkol sa katapusan ng daigdig:

1. Mga propeta ng Lumang Tipan (Isaias, Mikas, Malakias)
2. Mga manunulat ng pahayag ng Lumang Tipan (cf. Ezekiel 37-39; Daniel 7-12;

Zacarias)

3. Panahon sa pagitan ng Lumang Tipan at Bagong Tipan, hindi pinahintulutan, mga manunulat na Hudyo sa Pahayag (katulad ni IEnoch, na tinukoy sa Judas)
4. Si Hesus ang Kanyang Sarili (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21)
5. Mga kasulatan ni Pablo (cf. I Mga Taga-Corinto 15; II Mga Taga-Corinto 5; I Mga Taga Tesalonica 4-5; II Mga Taga-Tesalonica 2)
6. Mga kasulatan ni Juan (I Juan at Pahayag).

Ang lahat ba ng mga ito ay nagtuturo ng maliwanag sa usaping katapusan ng panahon (mga pangyayari, pagkasunod-sunod ng mga pangyayari, mga tao)? Kung hindi, bakit? Hindi ba sila lahat kinasihan (bukod sa mga kasulatan ng mga Hudyo sa pagitan ng Lumang Tipan at Bagong Tipan)?

Ang Espiritu ay ipinaalam ang katotohanan sa mga manunulat ng Lumang Tipan sa paraang kategorya na kanilang mauunawaan. . Magkagayunman, sa pamamagitan ng pag –unlad ng pahayag ang Espiritu ay pinalawak ang konsepto ng katapusan ng lahat sa Lumang Tipan para sa buong daigdig (“ang kahiwagaan ni Kristo,” cf.Mga Taga-Efeso 2:11-3:13. Tingnan sa Mahalagang Paksa sa Pahayag 10:7). Naririto ang mga ilang halimbawa na may kaugnayan:

1. Ang lunsod ng Herusalem sa Lumang Tipan ay ginamit bilang simbolo para sa sambayanan ng Diyos (Sion), subalit ipinakita sa Bagong Tipan bilang pagtanggap ng Diyos sa lahat na nagsisisi, mga taong naniniwala (ang bagong Herusalem sa Pahayag 21-22). Ang pagpapalawak ng katotohanan tungkol sa Diyos, katawan ng lunsod para sa mga bagong sambayanan ng Diyos (naniniwalang mga Hudyo at mga Hentil) ay nahulaan ang pangako ng Diyos na kaligtasan ng mga tao sa kasamaan sa Genesis3:15 noong una pang walang Hudyo o kabiserang lunsod ng mga Hudyo.Kahit na ang pagtawag kay Abraham (cf.Genesis 12:1-3) kasangkot ang mga Hentil (cf. Genesis 12:3; Exodo19:5).
2. Sa Lumang Tipan ang mga kaaway ng sambayanan ng Diyos ay ang mga bansang nakapaligid sa sinaunang Malapit sa Silangan, subalit sa Bagong Tipan sila ay lumawak sa lahat na hindi naniniwala,laban sa Diyos, mga taong kinasihan ni Satanas. Ang digmaan ay kumilos mula heograpikal, labanang rehional hanggang daigdigan, labanang sa labas ng daigdig (cf Mga Taga-Colosas).
3. Ang pangako ng lupain na buo sa Lumang Tipan(ang mga pangako ng Patriyarkal sa Genesis, cf.Genesis12:7;13:15;15:7-15;17:8) ay naging buong daigdigan ngayon. Ang bagong Herusalem dumating upang magkaroon ng daigdig, hindi ang Malapit sa Silangan (cf. Pahayag 21-22).
4. Ang ilan sa mga halimbawa ng konsepto sa pahayag na pinalawak sa Lumang Tipan ay ang mga (1) ang salinlahi ni Abraham ngayon ay pagtutuling espirituwal (cf. Mga Taga-Roma 2:28-29); (2) ang mga taong nakipasundo ay kasama na ang mga Hentil (cf. Oseas 1:10;2:23, binanggit sa Mga Taga-Roma 9:24-26; at sa Levitico 26:12; Exodo29:45, binanggit sa II Mga Taga-Corinto 6:16-18 at Exodo 19:5; Deuteronomio14:2, binanggit sa Tito 2:14); (3) ang templo ngayon ay si Hesus at sa pamamagitan Niya ang lokal na iglesiya (cf.I Mga Taga –Corinto 3:16) o ang bawat na mananampalataya (cf.I Mga Taga-Corinto6:19);at (4) kahit ang Israel at ang mga katangian nito na inilalarawan sa Lumang Tipan ngayon ay tinutukoy ang sambayanan ng Diyos (i.e.“Israel,”cf.

Mga Taga-Roma 9:6; Mga Taga-Galacia 6:16, i.e. “kaharian ng mga saserdote,” cf. I Pedro 2:5, 9-10; Pahayag 1:6)

Ang modelo ng propeta ay natupad, napalawak, at ngayon ay higit na buo. Si Hesus at ang mga manunulat na Apostol ay hindi ipinakita ang katapusan ng panahon sa paraang katulad ng mga propeta ng Lumang Tipan (cf. Martin Wyngaarden, *The Future of The Kingdom in Prophecy and Fulfillment*). Ang mga modernong taga-salin na nagsubok na gawing modelo o pamantayan ang Lumang Tipan ay binaluktot ang Pahayag na katulad ng aklat ng Hudyo at pinilit na masira ang kahulugan, mga salitang nakakalito ni Hesus at Pablo! Ang mga manunulat ng Bagong Tipan ay hindi pinapagtibay ang mga propeta ng Lumang Tipan, bagkus ipinapakita nila ang kanilang buong pagpapahiwatig. Walang maayos, sistemang lohikal kay Hesus o kay Pablo tungkol sa katapusan ng lahat. Ang kanilang pangunahing adhikain ay ang kaligtasan at pagpapakumbaba.

Magkagayunman, kahit sa loob ng Bagong Tipan ay mayroong nakababahala. Walang malinaw na sistema sa mga pangyayari tungkol sa katapusan ng lahat. Sa maraming paraan nakakagulat na ang Pahayag ay gumamit ng mga pahiwatig mula sa Lumang Tipan sa paglalarawan ng katapusan kaysa sa mga pangaral ni Hesus (cf. Mateo 24; Marcos 13)! Sumunod ang mga uring kasulatan na sinimulan nina Ezekiel, Daniel, at Zacarias, subalit lumago sa pagitan ng Lumang Tipan at Bagong Tipan (pahayag na panitikan ng Hudyo). Tila ito ang paraan ni Juan sa pagkakaroon ng kaugnayan ng Matandang kasunduan sa Bagong kasunduan. Ipinapakita dito ang dating simbolo ng paglaban ng tao sa Diyos at ang pangako ng Diyos na kaligtasan! Subalit ating pansinin na kahit na ang Pahayag ay gumamit ng mga salitang mula sa Lumang Tipan, mga tao, at mga pangyayari, muling ipinapakahulugan ang liwanag sa Roma noong unang siglo.”

“PANGATLONG PAG-IGTING (TENSYON) (nakasanayang mga kasunduan laban sa buong mga kasunduan)

Mayroong nakakabahala o nakakalito tungkol sa Diyos sa pagitan ng nakasanayang kasunduan at buong kasunduan. Tunay na totoo na ang adhikain/plano ng Diyos sa kaligtasan ay buong-buo (cf. Genesis 15:12-21). Magkagayunman, ang nakasanayang kasagutan ng tao ay palaging may kundisyon!

Ang “kung. . . pagkatapos” na modelo ay kapwa lumitaw sa Lumang Tipan at Bagong Tipan. Ang Diyos ay matapat; ang mga tao ay hindi matapat. Ang nakakabahala ay nagdulot ng kalituhan. Ang mga taga-salin ay nakasentro lang sa isang bagay ang “sungay ng paghihirap.” Ang katapatan ng Diyos o ang pagsisikap ng tao, Ang kapangyarihan ng Diyos o ang kagustuhan ng tao. Kapwa tungkol sa Diyos at kailangan.

Ito ay may kaugnayan sa katapusan ng lahat, ang pangako ng Diyos sa Israel sa Lumang Tipan. Kung ipinangako ito ng Diyos, kaya naitatag, oo d iba? Ang Diyos tumutupad sa Kanyang mga pangako; Ang Kanyang karangalan ay nasasangkot (cf. Ezekiel 36:22-38). Ang walang kundisyon at may kundisyon na kasunduan ay nagtagpo kay Kristo (cf. Isaias 53), hindi sa Israel! Ang katapatan ng Diyos ay naaayon sa pagligtas sa mga nagkasala na magsisi at maniwala, hindi yaong sino ang iyong ama / ina! Si Kristo, hindi

ang Israel, ang susi sa lahat ng mga kasunduan at pangako ng Diyos. Kung mayroong teolohikal na panaklong sa Bibliya, hindi ang iglesiya, bagkus ang Israel (cf. Mga Gawa 7 at Mga Taga- Galacia 3).

Ang daigdigang misyon ng pagpapahayg ng salita ng Diyos ay naipasa sa Simbahan (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8). Ito ay kasunduang may kundisyon parin! Ito ay hindi nagpapahiwatig na tuluyan ng tinanggihan ng Diyos ang mga Hudyo (cf. Mga taga-Roma 9-11). Tila mayroong lugar at adhikain para sa katapusan ng panahon, mga naniniwala sa Israel (cf. Zacarias 12:10).”

- F. Ang pangunahing adhikain ba ng komentaryo ay (1) naaayon sa may –akda ng aklat sa Bibliya at lugar ng kasaysayan(Si Daniel bilang manunulat ng ika-anim na siglo B.C. sa Babilonia; (2) manaliksik ng napatunayang wasto ang detalye ng mga hinulang mga elemento; o (3) itatag ang pangunahing teolohikal na tema at malinaw na naipaliwanag ang mga katotohanan ?

Bilang mananampalataya paano ko matutulungan ang ibang mananampalataya sa pamamagitan ng komentaryo? Ang pagtitiwala ba sa mga salita ng Diyos ang paksa, o ang mensahe ng may-akda ang paksa? Dapat bang nakatuun sa (1) panahon ng kasaysayan ni Daniel, (2) panahon ng aking kasaysayan o, (3) ang wastong hula sa hinaharap na panahon? Sapagkat ako ay nangako sa inspirasyon ng mga salita ng Diyos, ang lahat ng tatlo ay mahalaga. Ang pag-sasalin ay kumilos mula (1) sa inspiradong may-akda; (2) sa mga naunang nakatanggap ng pahayag(sapagkat ang propesiya ay dapat tatakan ang mga natitirang mga alinlangan kung sino ang unang magbabasa o makikinig); at (3) sa mga magbabasa sa hinaharap ng bawat Salin-lahi. Ang wastong paraan ng iskolar ng Bibliya ay dapat nakatuun sa lugar ng kasaysayan at uri ng orihinal na inspiradong may-akda. Ang kanyang adhikain ang naging sentro ng kanyang pag-sasalin. Hindi ako kinasihan, ang orihinal na may-akda ang kinasihan! Dapat akong nakatuun sa kanyang layuning pakahulugan (magkagayunman, hindi lahat naunawaan ni Daniel ang kanyang naisulat). Ito ang naging halimbawa sa pag-aaral ng mga pag-sasalin. Hindi naman ito nangangahulugan ng paglayo sa pagkakaunawa ng may-akda .

Kaya nga ang katanungan sa may-akda, petsa, adhikain, at mga makakatanggap ay kailangang mga katanungan. Ito ang mga katanungang hindi nagkakasundo ang mga iskolar ng Lumang Tipan!

Ang susunod na paraan ng mga iskolar ng Bibliya ay may kaugnayan sa mga uri at konteksto. Sa konteksto, ako ay tumutukoy sa tatlong magkakahiwalay na paksa.

1. Ang nakasulat na konteksto sa aklat (mga bahagi ng nakasulat)
2. Ang nakasulat na konteksto ng ibang mga aklat na pahayag sa Lumang Tipan at ibang pinahintulatang kasulatang pahayag ng mga Hudyo (mga - uri)
3. Ang malawak na konteksto ng salita ng Diyos (teolohiya na sistematiko) Pagkatapos mapag-aralan ang mga paksa ay naririto ang mga kaalaman sa paggawa ng mga talataan.
 1. Kahulugan ng mga magka- agapay na salita
 2. Pagpapakita ng gramatika

3. Pagpapakita ng kahulugan ng salita
 4. Pagpapakita ng pagkakaiba ng mga salita
- G. Ang isa sa mga paksa ng pag-sasalin na patuloy na hamon sa aking kaisipan ay kung paano ang mga mensahe sa pahayag ginawa / inayos. Ang pahayag ba ay dumating sa pangitain ng may-akda o ang mensahe ng Diyos sa kanyang pangitain? Sino ang gumagawa?

Sa puntong ito ng aking pag-aaral ako ay naniniwala na ang Diyos ang nagpapahayag ng katotohanan at ang mga taong manunulat ay nagsusulat ng katotohanan sa paraang ang kanilang salin-lahi (at bawat salin-lahi) ay maunawaan. Ang pahayag ay hindi kung paano magsalita ang Diyos, bagkus kung paano magsulat ang tao! Ang pagkakatulad ay sa isip lang ng may-akda. Ang pagkakagawa ay mula sa panahon ng may-akda (sa gabay ng Espiritu).

II. PANGALAN NG AKLAT

- A. Ito ay ipinangalan sa namumunong taga-pagsalita at propeta.
- B. Ang ibig sabihin ng kanyang pangalan “Ang Diyos ang aking taga-paghatol,” “Ang Diyos ang taga-paghatol,” o “Ang Diyos ang magpapasiya.”

III. PAGGIGING BANAL

- A. Si Daniel ay bahagi ng pangatlo at huling paghahati ng pamantayan ng Hebreo, “Ang Mga Kasulatan” (*kethu’bim*).
- B. Ito ang dahilan:
 1. Siya ay tinuturing na taong bayan, hindi propeta, ng mga Hudyo.
 2. Ito ay umuugnay sa huling petsa ng pagkasulat (pag-aayos, i.e. Baba Bathra 15a).
 3. Ito ay napapalooban ng mga bahagi diplomatikong Aramaiko (2:4b-7:28), katulad ni Esdras.

IV. MGA URI

- A. Katulad ng mga propeta ng Hebreo ito ay ang pagsasamasama ng mga uri:
 1. Ang kabanata 1-6c ay napapalooban ng kasaysayang pasalaysay na nasusulat sa pangatlong panauhan na naglalarawan ng buhay ni Daniela at panahon.
 2. Ang kabanata 7-12 ay ang mga pangyayari sa hinaharap na nagpapahayag ng katulad sa pahayag sa unang panauhan (cf. 7:1,9; 8:1; 9:2).
 3. Ang aklat ay tungkol sa pagkakaisa ng mga propeta (cf. Pagiging may-akda E. At F. Ang kabanata 2 at 7 ay naglalaan ng limang modelong kaharian, na nagpapatuloy sa buong aklat. Ang kabanata 8 ay tumutukoy sa pangalawa at pangatlong kaharian, samantalang ang kabanata 9 ay tumutukoy sa pang-apat at panglimang kaharian. Ang kasaysayan ay kumikilos patungong ugnayan sa Diyos!

- B. Matatagpuan ang pagkakagawa na katulad ng modelong kasaysayan (katawang tao) pagkatapos ang hinaharap (katapusan ng lahat) sa:
1. Isaias, 1-39 at 40-66
 2. Ezekiel 1-32; 33-48
 3. Zacarias 1-8 & 9-14.
- C. Ang panitikan ng pahayag ay kakaibang uri ng Judiong panitikan . Ito ay laging ginagamit sa pagkakahahala sa panahon ng pagpapahayag na ang Diyos ang may hawak ng kasaysayan at magliligtas sa Kanyang sambayanan . Ang ganitong uri ng panitikan ay may katangian ng
1. Malakas na kapangyarihan ng Diyos sa daigdig (iisang Diyos at bawat pangyayari ay may dahilan)
 2. Ang paglaban sa pagitan ng kabutihan at kasamaan, ang panahon ng kasamaan at panahon ng kabutihan na darating (ang may hangganan na dalawahan)
 3. Ang paggamit ng pamantayang lihim na mga salita (ginamit mula sa mga teksto ng mga propeta sa Lumang Tipan o sa pagitan ng Lumang Tipan at Bagong Tipan sa panitikan ng pahayag ng mga Hudyo)
 4. Ang paggamit ng mga kulay, mga bilang, mga hayop, minsan mga hayop / mga tao
 5. Ang paggamit ng mga pangitain at panaginip tungkol sa mga anghel, na laging ipinapaliwanag ng mga anghel
 6. Ang pangunahing pagtuun sa mga darating, mga pangyayari sa lagay ng panahon sa katapusan ng panahon (bagong katandaan)
 7. Ang paggamit ng wastong mga simbolo, hindi ang katunayan, para makipag-usap sa Diyos sa katapusan ng panahon
 8. Ilang halimbawa ng mga klase ng mga uri ay ang:
 - a. Lumang Tipan
 - (1) Isaias 13-14, 24-27, 56-66
 - (2) Ezekiel 37-48
 - (3) Daniel 7-12
 - (4) Joel 2:28-3:21
 - (5) Zacarias 1-6, 12-14
 - b. Bagong Tipan
 - (1) Mateo 24, Marcos 13, Lucas 21,
 - (2) I Mga Taga-Corinto 15 (sa ilang paraan)
 - (3) II Mga Taga-Tesalonica 2 (sa maraming paraan)
 - (4) Pahayag (mga kabanata 4-22)
 9. Mga pinahintulutan (kinuha mula D.S.Russell, *The Method and Message of Jewish Apocalyptic*, pp. 37-38)
 - a. I Enoch, II Enoch (mga lihim ni Enoch)
 - b. Mga aklat ng Jubilees
 - c. Ang mga oraculo ng Sibylline III, IV, V
 - d. Ang Tipan ng labing dalawang Patriyarka
 - e. Ang mga Awit ni Solomon
 - f. Ang pag-akyat sa langit ni of Moises
 - g. Ang kabayanihan ni Isaias
 - h. Ang Pahayag ni Moises (ang buhay ni Adan at Eba)

- i. Ang pahayag ni Abraham
 - j. Ang Tipan ni Abraham
 - k. II Esdras (IV Esdras)
 - l. II & III Baruch
10. Mayroong adhikain ang pagkakagawa ng dalawahan sa uring ito. Ito ay nagpapakita ng katotohanan bilang pagkakasunod-sunod ng dalawahan, pagkakasalungat, o pagkakabahala (kaya pangkaraniwan sa iskrol Dagat na Patay at mga kasulatan ni Juan) sa pagitan ng:
- a. Langit - lupa
 - b. Panahon ng kasamaan (masamang mga tao at masamang mga anghel)- bagong panahon ng kabutihan(mabuting mga tao at mabuting mga anghel)
 - c. Pangkasalukuyang nabubuhay – panghinaharap na mabubuhay

Ang lahat ng mga ito ay kumikilos patungong kaganapan na dinala ng Diyos. Hindi ganitong daigdig ang layunin ng Diyos na maging, bagkus Siya ay nagpapatuloy na magplano, gumawa, at gawin ang Kanyang balak na ibalik ang magandang samahan na nagsimula sa Halamanan ng Eden. Ang kasaysayan ni Kristo ang siyang naglilinis ng plano ng Diyos , ngunit ang pagdating Niyang dalawang beses ay nagdala tungkol sa pangkasalukuyang dalawahan.

Sa puntong ito hayaan ninyo akong magbanggit mula sa pambungad ng aking komentaryo tungkol sa Pahayag.

“PANG-APAT NA PAG-IGTING (TENSYON) (Mga modelong kasulatan sa Malapit sa Silangan laban sa mga modelo sa kanluran).

Ang mga uri ay kritikal na elemento sa pag tatama ng pag- sasalin ng Bibliya. Ang iglesiya ay lumago sa kanluran (Griego) pinanggalingan ng kultura. Ang panitikan sa Silangan ay higit na naglalarawan, simbolo, at nagsisimbolo kaysa sa moderno, modelong kasulatan ng kulturang kanluran. Ito ay nakatuun sa mga tao, pagtatagpo, at mga pangyayari kaysa sa pagmungkahi sa mga tao ng katotohanan. Ang mga Kristiyano ay nakukunsiyensiya ng paggamit ng kasaysayan at mga modelong kasulatan sa pag sasalin ng propesiya sa Bibliya (kapwa Lumang Tipan at Bagong Tipan). Ang bawat salin –lahi at heograpikal na pagkabuhay ay ginamit ang kanilang kultura, kasaysayan, at paggiging makatotohanan sa pag sasalin ng Pahayag. Bawat isa sa kanila ay mali! Ito ay isang aroganteng kaisipan na ang modernong kultura ng kanluran ay ang sentro ng propesiya sa Bibliya!

Ang orihinal na mga uri, ay nagbigay ng inspirasyon sa mga may-akda na mamili ng isusulat, ang kasulatan na kontrata sa mga mambabasa. Ang aklat ng Pahayag ay hindi kasaysayang pasalaysay. Ito ay pagsasama-sama ng titik (mga kabanata 1-3), propesiya, at maraming panitikan ng pahayag. Ito ay maling gawin ng higit pa kung ano ang sinasabi ng Bibliya na isinulat ng orihinal na may-akda o bawasan ang isinulat na yaon ang dapat! Ang paggiging arogante at mapagmataas ng mga taga- salin ay hindi karapat- dapat sa aklat na kagaya ng Pahayag.

Ang iglesiya ay hindi pa umayon sa tamang pag-sasalin. Ang aking inaalala ay marinig at alamin ang buong Bibliya, hindi ilang pinili na bahagi lang .Ang kaisipan ng mga nasa Silangan ay nakagawang pagkabahala ng katotohanan sa Bibliya. Ang ating mungkahi ng katotohanan sa kanluran ay hindi pa nawawala, ngunit hindi pantay -pantay! Sa aking palagay maaaring

tanggalin ang ilang hindi kailangan sa pag sasalin ng Pahayag sa pamamagitan ng pagsulat ng dahilan ng adhikain para sa susunod na salinlahing mananampalataya. Maliwanag na maraming taga- salin ng Pahayag na nagsabi na kailangang isalin ito sa magaanang paraan at kanyang uri. Ang paglalahad ng kasaysayan ng Pahayag ay dapat kung ano ang mababasa ng unang mambabasa, at kung ano ang makakamit, ang mauunawaan. Sa maraming paraan ang mga modernong taga-salin ay nawala na ang kahulugan ng maraming simbolo ng aklat. Ang pinaka pangunahing lakas ng Pahayag ay palakasin ang loob ng mga mananampalataya na inuusig. Ipinapakita dito ang kapangyarihan ng Diyos sa pagkontrol ng kasaysayan (kagaya ng ginawa ng mga propeta sa Lumang Tipan); Ito ay nagpapatotoo na ang kasaysayan ay kumikilos patungo kung ano ang nakalaan sa atin, paghahatol o biyaya (katulad sa mga propeta ng Lumang Tipan). Pinatutuhanan sa unang siglo ng mga Hudyo sa pahayag na ang Diyos ay Pag-ibig, laging nakaharap, kalakasan, at kapangyarihan!

Ang mga mithiin ay katulad ng paraan sa bawat Salin-lahi ng mga mananampalataya. Isinalalarawan ang paglalaban ng kabutihan at kasamaan sa labas ng daigdig. Ang mga detalye sa unang siglo ay maaaring nawala sa atin, ngunit hindi ang kapangyarihan, mga katotohanang makakatulong. Nang ang mga modernong taga kanluran, ay piliting ang mga detalye ng Pahayag ay mapasama sa kanilang kasaysayan, ang modelo ng maling pag-sasalin ay nagpapatuloy!

Ito ay maaaring ang mga detalye ng aklat ay muling maging tunay (katulad sa Lumang Tipan tungkol sa kaugnayan ng kapanganakan, buhay, at kamatayan ni Kristo) para sa huling Salin lahi ng mga mananampalataya bilang paglaban nila sa mga pinuno na lumalaban sa Diyos (cf. II Mga Taga Tesalonica 2) at kultura. Walang sinuman ang nakakaalam ng pagkakasatuparan ng katotohanan ng Pahayag hanggang sa mga salita ni Hesus (cf. Mateo 24; Marcos 13; at Lucas 21) at Pablo (cf. I Mga Taga Corinto 15; I Mga Taga – Tesalonica 4-5; at II Mga Taga – Tesalonica 2) at naging ebidensiya sa kasaysayan. Ang paghuhula, haka-haka, at pagmamataas ay hindi lahat nararapat. Ang panitikan sa Pahayag ay pinapahintulutan ang madaling pag-ayon. Salamat sa Diyos sa mga imahen at simbolo na nalagpasan ang kasaysayang pasalaysay! Ang Diyos ang nasa kontrol; Siya ang naghahari; Siya ay darating!

Nakalimutan ng mga modernong komentaryo ang punto ng mga uri! Ang mga modernong taga- Salin ng mga taga kanluran ay laging naghahanap ng malinaw, sistemang lohikal ng teolohiya kaysa sa paggiging maunawain sa mga nakakalito, mga simbolo, mga uring literaturang pahayag ng mga Hudyo. Ang katotohanang ito ay ipinaliwanag na mabuti ni Ralph P. Martin sa kanyang artikulo, “Approaches to New Testament Exegesis,” sa aklat na *New Testament Interpretation*, inayos ni I. Howard Marshall:

“Maliban kung makikita natin ang madamdaming katangian ng kasulatang ito at alalahanin ang paraan kung paano ginamit ang salita bilang paraan upang maipaliwang ang relihiyosong katotohanan, tayo ay magiging makasalanan sa ating pag-unawa sa Apokalipsi, at magkakamali sa pagsasalin ng pangitain bilang katulad lang ito ng aklat ng mga tunay na tula at ang tinutukoy ay ang mga pangyayari sa emperyo at ang mga nangyari sa

kasaysayan . Upang masubukan ang huling paraan ay kailangang malaman ang lahat na paraan ng mga suliranin ng pag sasalin.Higit na malubhang patungo ito sa pagkakabaluktot ng pangunahing kahulugan ng pahayag at nakalimutan ang malaking kahalagahan ng bahaging ito sa Bagong Tipan bilang maramdaming pagpapatotoo sa alamat o mga salitang patula ng makapangyarihang Diyos Kay Kristo at ang nakakalitong panuntunan sa pagsama ng lakas at pag-ibig(cf.5:5,6; ang leon ay ang Tupa)”(p. 235).

W. Randolph Tate sa kanyang aklat na *Biblical Interpretations na nagsasabi:*

“Walang ibang uri sa Bibliya na binabasang mabuti na ang dulot ay kalungkutan katulad ng apokalipsi, lalong –lalo na ang mga aklat ng Daniel at Pahayag. Ang uring ito ay naghirap mula sa kalungkutan ng kasaysayan sa maling pagsasalin dahil hindi maunawaan ang anyo ng mga kasulatan , pagkakagawa,at adhikain . Dahil sa kagustuhang maipahayag ang mga mangyayari , ang apokalipsi ay nakitang mapa ng daan at kasulatan ng hinaharap.Ang malungkot na mangyayari ay ang hula na ang kaha ng aklat ay tumutukoy sa kasabayang mambabasa kaysa sa may-akda.Ang maling gabay sa pagpapahayag ng apokalipsi(lalong –lalo na ang Pahayag) ay nagdulot ng libingan sa mga kasabayang pangyayari na maaaring gamitin sa pagsasalin ng simbolo ng teksto... Una, ang taga- salin ay dapat na makilala na ang katapusan ay nakikipag-usap sa paraang simbolo. Upang ang simbolo ay maisaling makatotohanan kung ang ginamit na simbolo ay hindi akma sa pag sasalin. Ang paksa ay kung hindi ang pangyayari sa katapusan ay kasaysayan. Ang mga pangyayari ay maaaring makasaysayan; sila ay maaaring talagang nangyari ,o maaaring mangyari , ngunit ang pangkasalukuyang pangyayari sa may – akda at pakikipag-usap sa kahulugan sa pamamagitan ng mga imahen at orihinal na modelo” (p. 137).

Mula *Dictionary of Biblical Imagery*,inayos ni Ryken,

Wilhostand LongmanIII:“Ang mga mambabasa ngayon ay nalilito at nalulungkot sa ganitong uriAng hindi inaasahang simbolo at mga karanasan sa labas ng daigdig ay tila kakaiba at hindi tugma ang karamihan sa salita ng Diyos. Ang pagtanggap sa literaturang ito sa mukha ng kahalagahan ay naguguluhan ang mga mambabasa upang malaman ‘ano ang mangyayari kaylan,’ sa ganyan nakaligtaan ang tunay na adhikain ng mensaheng apokaliptik” (p. 35).

D. Ang Apokaliptik na panitikan ay lumago sa panahon na ang Israel ay nagapi ng mga dayuhang emperyo.

E. Ang mga may-akda ng Apokaliptik ay gumawa ng mga modelo ng mga

propeta. Hindi sila ang nagpakilala, ngunit sila ang nagsimula ng nakasanayang mga propesiya para gumawa ng mataas na simbolo, na nakatuun sa hinaharap, tiyak, kaharian ng Diyos.

V. ANG PAGGIGING MAY -AKDA

- A. Ang aklat ay nagsasabing ang may-akda sa 12:4. Kabanata 1-6 ay sinulat sa pangatlong panauhan, samantalang ang kabanata 7-12 ay nasa unang panauhan, 7:2,15,28; 8:1,15,27; 9:2;10:2,7,11;1 2:5. Ang paggamit ng pangatlong panauhan ay pangkaraniwan sa sinaunang daigdig. Sa Sampung Utos ang Diyos ay kumilos mula sa unang panauhan (cf. Exodo 20:2) hanggan sa pangatlong panauhan (cf. Exodo 20:7,8-11). Kinilala ni Hesus ang nakasanayang paggiging may-akda ni Daniel sa Mateo 24:15.
- B. Ang kaugaliang Talmud ng mga Hudyo, Baba Bathra 15a, ay nagsabi, “ang mga kalalakihan ng Dakilang Sinagoga ay sinulat ang Daniel.” Ang ibig sabihin ay inayos nila o kinopiya. Marahil ito ang dahilan ng nahuhuling mga katangian ng mga Hebreo.
- C. Ang sumusunod na dahilan ay binigay upang suportahan ang alin man ang nauna o nahuli na petsa:
 1. Naunang petsa, panahon ni Daniel (7th-6th na siglo B.C.):
 - a. Ang aklat ay umaangkin na ito ang mga pangitain ni Daniel, 7:2,4,6ff, 28; 8:1,15; 9:1-2; 10:2ff; 12:4-8.
 - b. Ang pagpapakita ng mga salitang Persian at Griego ay hindi nangangahulugan ng huling petsa sapagkat may kontratang pangangalakal sa pagitan ng mga bansa bago pa dumating ang panahon ni Daniel.
 - c. Ang teolohiya ng buhay pagkatapos ng kamatayan ay maaari rin na makita sa Job at sa ilang Mga Awit (cf. 16, 49, 118).
 - d. Si Daniel ay tugma sa pangkasalukuyang pag-unawa ng arkeolohikal sa bagong Babilonia at mga korte sa kaharian ng Persia.
 2. Huling petsa, ang panahon ng Macabeo (2nd na siglo B.C.):
 - a. Ang pagpalit ng pamantayan ng Hebreo (ang mga kasulatan)
 - b. Ang pagpapakita ng kundisyon ng pagpapa-utang sa Persia at Griego
 - c. Ang pagpapalago ng mga teolohiya ng buhay pagkatapos ng kamatayan at mga anghel
 - d. Ang pagkakatama ng mga hula, lalong lalo na ang kabanata 11, na may kaugnayan sa Seleucid at ang pagsusumikap ng Ptolomies na makontrol ang Palestina, subalit pagkatapos ng 11:40 ang mga hula ay hindi na tumugma sa Antiochus IV
 - e. ang pagkakatulad sa pagitan ni Daniel at ibang mga aklat ng apokaliptik sa panahon ng Macabeo
 - f. sa palagay may ilang “pagkakamali” sa aklat:
 - (1) paggamit ng salitang “chaldean” sa ilang paraan
 - (2) Si Daniel bilang caldeo (matalinong tao, paganong saserdote)

- (3) Tinawag ni Belsasar “hari ng Babilonia ”
- (4) Nabucodonosor ang tawag sa ama ni Belsasar
- (5) Nabanggit si “Dario ng Media ”
- (6) Ang paggamit ng salitang
namamahala ng Persia, *satrap*

g. Si Daniel ay hindi binanggit sa Ang Mangangaral (200B.C.), na nakatala ang ibang bayani sa Bibliya sa panahong ito (cf. kabanata 44-50). Magkagayunman, dapat na binanggit, si BenSirach ay nakalimutan din na banggitin ang kahit sinong taga paghatol maliban kay Samuel at kahit binanggit si Nehemiah, hindi naman binanggit si Esdras.

D. Ang unang tao na itinanggi ang nakasanayang paglalagay ng petsa at paggiging may-akda ng Daniel ay noong ikatlong siglo A.D. ang bagong minamahal na pilosopo nagnangalang Porphyry, na inayawan ang Kristiyanismo at ang pagpuna sa propesiyang hula lang (na ito ang makapangyarihang ebidensiya para sa pagkakaiba at inspirasyon ng Bibliya).

E. Ang pagkakaisa ng aklat na Daniel ay makikita sa :

1. ang pagkakatulad ng ugnayan sa pagitan ng kabanata 2,7&8 (tingnan ang buong sulatan ng Pag-unawa sa Kontekstuwal sa kabanata 8)

<u>kabanata 2</u>	<u>kabanata 7</u>	<u>kabanata 8</u>
ginto (Nabucodonosor, Babilonia)	leon	
pilak	oso	tupa (Persia)
bronse	leopard	kambing
Bakal/putik	Hayop mailap	(Griego

2. Ang bahagi ng Aramaiko ay nagsisimula mula 2:4b-7:28, na nagpatong sa nakasanayang bahagi ng kasulatan ng kabanata 1-6 (kasaysayan) at 7-12 (katapusan ng lahat)

F. Ipinakilala ng Bibliya ang mga hari ng mga emperyo:

1. Ang ginto (unang kaharian) ng kabanata 2 bilang Babilonia , 2:38
2. Ang tupang lalake (pangalawang kaharian) ng kabanata 8 bilang Medo-Persia, 8:20
3. Ang kambing (pangatlong kaharian) ng kabanata 8 bilang Griego, 8:21
4. Kaya nga, ang pang-apat na kaharian ay dapat ang Roma. Ito ang kaharian na ang Mesias (panglimang kaharian) ay darating (2:34-35,44; 9:25)

G. Ano ang alam natin sa taong si Daniel:

1. Nabihag noong 606 B.C . ng bagong Babilonia, 1:1 (pangatlong taon ni Jehoiakim, hari ng Juda)
2. Mula sa mahalagang at mayamang pamilya sa Herusalem, 1:3
3. napakatalino, 1:4
4. mahalagang regalo ng pag-sasalin ng mga panaginip at karunungan, 1:17; 2:25-30; 4:7-9; 5:12, 14
5. matapat na alipin ng kapwa:
 - a. para sa Diyos
 - b. para kay Nabucodonosor

- H. Mayroong hindi pagkakaunawaan sa lahat ng mga iskolar ng Lumang Tipan kaugnay sa Dny'L na aklat ni Daniel at Dn'L ni Ezekiel 14:14,20;28:3, na binanggit din sa “ang Aqhat Epic” sa RasShamra (Ugarit) na teksto.
 Ang pangunahing mga suliranin ay may kaugnayan sa
1. Pagkasunod –sunod ng mga pangalan na nakatala sa Ezekiel (Noe, Daniel, at Job)
 2. Ang mga pagbaybay ng mga pangalan ay naiiba
 3. Ang paksa ng paglaganap ng katanyagan ni Daniel na napakabilis sa loob ng kasabayang bihag ng Juda
- Para sa mabuting pagtalakay ihambing ang E.J.Young, *The Prophecy of Daniel*, pp.274-275, na naniniwalang ito ay tumutukoy kay Daniel ng Bibliya at R.K.Harrison, *Introduction to the Old Testament*, p. 1105, na naniniwalang ito ay tumutukoy sa matalinong tao ng karunungan Cananeo.

VI. PETA

- A. Si Daniel ay binihag ni Nabucodossor II noong 606 B.C. (cf. 1:1).
- B. Si Daniel ay ang taga –pagsalin ng mga panaginip at taga- payo ng mga hari ng bagong Babilonia at Persia hanggang sa panahon ni Ciro II, “ang dakila” (538B.C., cf.1:21; 6:28; 10:1). W.F.Albright, *Journal of Biblical Literature*, pp. 40,1921, ay nagpapatotoo na ang nilalaman ay Babilonian mula kabanata isa hanggang ika-pito. Siya ay naniniwala na ang mga ito ay sinulat sa Babilonia.
- C. Ang ilang mga iskolar na umayaw sa mga hulang propesiya ay naguluhan sa (1) tamang detalye ng kasaysayan ng Daniel 11:2-35; (2) ilang tama ng 11:36-39; at (3) hindi tama sa 11:40-45. Nilagyan nila ng petsa ang aklat pagkatapos ng huling tamang hula sa 11:35, tungkol kay Antiochus IV Epiphanes (175-164 B.C.).
- D. Ang unang panauhan ng panghalip na isahan ay laging ginamit sa aklat na ito (cf.7:1,9;8:1-2;9:1-10:2). Ito ay nagpapahiwatig na si Daniel ang may-akda ng aklat na nagdadala ng kanyang pangalan. Ito ang maglalagay ng petsa ng aklat sa loob ng kanyang pagkabuhay (ika-pitong – siglo B.C.).
- E. Ang mga bahagi ng kasulatan ay hindi sunod-sunod .
 1. kabanata 1- pangatlong taon ni Joaquim, 606/605 B.C.
 2. kabanata 2- pangalawang taon ni Nabucodonosor, 605/604B.C.
 3. kabanata 3 at 4 ay nilagyan ng petsa sa Septuagint sa ika- labing walong taon ng kaharian ni Nabucodonosor , na ito ay 587 B.C. (ang taon bago bumagsak ang templo)
 4. kabanata 5-ang kapistahan ni Belsasar, bago bumagsak ang lunsod ng Babilonia sa mga mandirigma ni Ciro,539B.C.
 5. kabanata 6- Dario
 - a. kung magkatulad sa 5:31, marahil nasa 539 B.C.
 - b. kung nahuhuli pa sa lider ng Persia Dario I (Hystrapis), ay nasa 522B.C.

6. Kabanata 7-ang unang taon ni Belsasar, na siyang may koronang prinsiphe. Si Nabonidus ang hari mula 556-539B.C., subalit siya ay lumipat sa Tema at marahil iniwan ang kanyang anak na lalake bilang kahalili 554 B.C. (LaSor, Hubbard, Bush, *Old Testament Survey*, p. 665).
7. Kabanata 8- sa pangatlong taon ni Belsasar marahil ay 552 B.C.
8. Kabanata 9- sa unang taon ni Dario , ang anak ni Ahasuerus, ng Media. Kung si Dario 5:31, kaya nasa 538B.C.
9. Kabanata 10- sa pangatlong taon ni Ciro, hari ng Persia,536B.C. (hindi tumpak ang petsa ng koronasyon, ngunit ginagamit ang petsa mula 538-530, kahit na siya ang hari ng Media higitna maaga sa [559])
10. kabanata 11 - ang unang taon ni Dario ng Mede (cf. 5:31)
11. kabanata 12 – may kaugnayan sa kabanata 11

Sapagkat ang pangitain ni Daniel ay nagsimula bago pa ang kasaysayan sa kabanata 1-6 matapos, si R.K.Harrison ay naniniwala na :

“itong pankalahatang pag-aayos ay nagmumungkahi na kung ang pagkagawa ay hindi talaga sinulat ni Daniel noong ika-anim na siglo B.C., ito ay inayos pagkatapos, at sa paningin ng mga pangkasalukuyang mga manunulat ito ay humaba pa hanggang sa kalagitnaan ng ika limang siglo B.C.” (*Introduction to the Old Testament*, p. 1127)

- F. Ang Hebreo ni Daniel ay higit na malapit sa anyo ng pagkatapos ng pagkakabihag sa mga aklat ng Cronica at Esdras kaysa sa iskrul ng Dagat na Patay at ito ay tumpak din para sa Aramaiko. (LaSor, Hubbard, Bush, *Old Testament Survey*, p.666). Ito ay nagpapalakas sa saksi ng Baba Bathrathat ang “mga lalake sa Dakilang Sinagoga” ay kasangkot sa pag-aayos o pagsasama – sama ng Daniel sa ika- apat na siglo B.C.
- G. Ang teorya ng mga pangkasalukuyang iskolar sa Macabeo at petsa sa Daniel ay unang tinanong ng paganong pilosopo mula Tyre, Porphyrius, na nagsulat ng ilang aklat na kumukutya sa Cristianismo (na hindi sinang-ayunan ni Jerome).
- H. Mayroong ilang mabuting pinanggagalingan ng kaalaman na nagpapahayag ng pagsuporta sa nakasanayang kaalaman (ika-pitong siglo B.C. ang petsa).
 1. Daniel in *The Expositor’s Bible Commentary*, vol. 7, sinulat ni Gleason L. Archer, Jr.
 2. *Exposition of Daniel* ni H. C. Leopold
 3. *Introduction to the Old Testament* ni R. K. Harrison
 4. Daniel ni Joyce G. Baldwin

VII. MGA BAHAGI NG KASULATAN

- A. Panahon ni Daniel
 1. Si Daniel sa korte ni Nabucodonosor, kabanata 1.
 2. Ang panaginip ni Nabucodonosor (ang imahen ng tao) at ang pagpapakahulugan, kabanata 2.
 3. Ang gintong imahen ni Nabucodonosor at ang tatlong kaibigan ni Daniel, kabanata 3.

4. Ang pangalawang panaginip ni Nabucodonosor (ang malaking punong kahoy) at ang kahulugan nito, kabanata 4.
5. Ang kapistahan ni Belsasar (ang sulat kamay sa pader) at ang pagbagsak ng lunsod ng Babilonia, kabanata 5.
6. Si Dario ng Media at si Daniel sa kulungan ng mga leon, kabanata 6.

B. ANG HINAHARAP

1. Ang pangitain sa apat na ligaw na hayop, kabanata 7.
2. Ang pangitain sa kabanata 7 ipinaliwanag at pinalawak, kabanata 8.
3. Ang inaalala ni Daniel at panalangin para sa pagbabalik ng Herusalem at templo, subalit siya ay nakakita ng suliranin sa hinahrap para sa mga Hudyo sa Palestina, kabanata 9.
4. Ang pambungad na mensahe sa kabanata 11-12, kabanata 10
5. Panghinaharap na pagsusumikap sa pagitan ng Seleucids at Ptolomies sa Palestina, kabanata 11-12.

VIII. ADHIKAIN

- A. Ang haba ng aklat ay sa panahon ng pagbihag sa Juda (mula kay Nabucodonosor hanggang kay Ciro II). Ito ay nagbigay ng linaw teolohikal at pag-asa sa gitna ng trahedyang sa Juda na inalis sa lupang ipinangako. Ang pangako ni YHWH ay tila nawala. Ang pangakong pag-ibig ni YHWH ay tila natapos na. Si Daniel ay pumagitna sa kamaliang ito.

Ang pangyayari sa kabanata 1-6 sa korte ng mga lider na pagano, na ipinakilala si YHWH at pinarangalan ang Kanyang taga pagsalita, ay adhikain ng teolohikal para maisulat itong mga pangyayari! Ang Diyos ay nagmamalasakit sa mga Hentil, ngunit ang mga lumaban sa Diyos ang mga emperyo ng daigdig ay hahatulan sa kanilang paggiging arogante at pagpapahirap sa sambayanan ng Diyos. Tila baga ang daigdig ay nanalo, ngunit sandali lang, ang Diyos ang nanalo! Ang iisang Diyos ay napanalo at naitatag.

- B. Ipinakita ni Daniel na hindi lang sa Juda ang pag-ibig at paggagabay ng Diyos, bagkus para sa Israel at para rin sa “mga bansa.” Ang Diyos ay kumikilos sa malawak na kaligtasan kaysa sa isang grupong Hudyo lang. Sa puntong ito hayaan ninyong ako ay magbanggit ng bahagi ng aking mahirap na pambungad sa aking komentaryo sa Pahayag.

“PANGALAWANG PAG-IGTING (TENSYON) (iisang Diyos laban sa ang piling mga tao)

Ang Bibliya ay nagbibigay diin sa isang katawan, espirituwal, taga-paglikha-tagapagligtas, na Diyos (cf. Exodo 8:10; Isaias 44:24; 45:5-7,14,18,21-22; 46:9; Jeremias 10:6-7). Ang pagkakaiba ng Lumang Tipan sa kanyang panahon ay ang iisang Diyos. Ang lahat na nakapaligid na mga bansa ay naniniwalang higit sa isang Diyos. Ang nag-iisang Diyos ay ang puso ng pahayag sa Lumang Tipan (cf. Deuteronomio 6:4). Ang paglikha ay ang entablado ng adhikain ng pagsasamahan sa pagitan ng Diyos at ng tao, ginawa na katulad ng Kanyang imahen at kawangis (cf. Genesis 1:26-27). Magkagayunman, ang mga tao lumaban, nagkasala

laban sa pag-ibig ng Diyos, ang pamamalakad, at adhikain(cf.Genesis3). Ang pag-ibig at adhikain ng Diyos ay malakas at totoo na Siya ay nangako na ililigtas ang mga taong nagkasala (cf. Genesis 3:15)!

Ang pagkabahala ay lumitaw nang ang Diyos ay pumili na gumamit ng isang tao, isang pamilya, isang bansa, upang marating ang lahat na tao. Ang pagpili ng Diyos kay Abraham at ang mga Hudyo bilang kaharian ng mga saserdote (cf.Exodo19:4-6) ay nagdulot ng pagmamataas kaysa paglilingkod, hindi pagkakaisa kaysa nagkakaisa. Ang pagtawag ng Diyos kay Abraham ay may kaugnayan sa pagbibigay ng biyaya sa mga tao (cf.Genesis 12:3). Dapat tandaan at bigyang –diin na ang Lumang Tipan ay para magsilbi at hindi kaligtasan. Ang lahat sa Israel ay hindi tama sa Diyos, hindi kaylanman maliligtas sa kanilang lugar na kapanganakan (cf. Juan 8:31-59; Mateo 3:9), bagkus sa kanilang katapatan at paggiging masunurin (cf.Genesis 15:6, binanggit sa Mga Taga –Roma 4). Nawala ng Israel ang adhikain, napunta sa karapatan ,ipinagmamalaki ang pagsilbi! Pumili ng isa ang Diyos upang piliin ang lahat!”

IX. MGA OKASYON

- A. Marahil para sa mga Hudyo ang mga bihag na Asirian ay naapektuhan ang hilagang Israel sa pagpapa-uwi (722B.C., ang pagbagsak ng Samaria) ay ng mga bihag ng bagong Babilonia na naapektuhan ang Juda(586B.C.,ang pagbagsak ng Herusalem) ay nabigo ang Diyos sa pangako kay Abraham at sa kanyang Salin –lahi sa Genesis 12,15,18 at II Samuel 7. Paano ba ang pangako ng Diyos ay mabalewala ng dayuhang emperyo (cf. Habakkuk)? Sinagot ng mga propeta ang kaguluhan sa pagpapatotoo (1) ang kasalanan ng mga Hudyo, hindi ni YHWH, ang dahilan at (2) na ang Diyos ay iipunin ang Kanyang sambayanan at ibabalik ang lupang ipinangako .Pansinin ang kakaunting kasagutan ng mga tao at ang mga nasa lugar. Ano naman ang pandaigdigang aspekto ng Diyos sa kanyang mga pangako (cf. Genesis 3:15; 12:3; 18:18; Exodo 19:5-6)?
- B. Ito ang aspekto ng apokaliptik kay Daniel at Zacarias, na pinalaki ang pagbabalik ng mga Hudyo sa pangalahatang kategorya. Kahit ang mga patay sa lugar ng mga Hudyo ay kasama sa malaking plano ng Diyos (cf. Mga taga -Roma 9-11) kasama ang lahat ng tao sa Kanyang pangako (cf. Mateo 24:14,15).
- C. Si Daniel bilang alipin ng lider na banyaga ay nagbukas ng bagong pintuan ng pag-uunawa na ipina-alam ng Diyos sa mga hindi Hudyo, kahit sa mga lider na bumihag sa Israel. Kabanata 1-6 ay nagtala ng pangitain na ibinigay sa mga lider ng mga Hentil, subalit ipinaliwanag ng taga pagsalita ni YHWH. Ang Diyos ay hawak ang kasaysayan para sa Kanyang adhikaing kaligtasan. Ang Israel ay ginamit upang marating ang buong daigdig, hindi ang kanyang katapusan .

X. ANG PANGUNAHING MGA KATOTOHANAN

- A. Ang aklat ay tumutukoy sa sambayanan ng Diyos sa pamamagitan ng mga pangyayari sa kasaysayan at mga propesiya sa hinaharap.

- B. Ang Diyos ay hawak ang mga pangyayari at kasaysayan katulad na kinilala ng mga haring pagano (mga makasaysayang mga hari, cf.2:46-49; 3:28-30; 4:34-37; 5:17-29; 6:25-27 at mga hari sa hinaharap, cf.7:27; 8:25e; 9:24a, 26b, 27b; 11:35,45). Ang sambayanan ng Diyos ay kailangang magtiwala sa Kanya at manatiling matapat sa panahon ng kahirapan. Ang sambayanan ng Diyos ay makakatanggap ng Kaharian magpakailanman (cf. 7:17)!
- C. Ang sambayanan ng Diyos ay magdurusa at pahihirapan at papatayin ng mga pinuno ng pagano. Joyce G. Baldwin, Daniel, *The Tyndale Old Testament Commentaries*, sinabing mabuti:
 “ Ang sambayanan ng Diyos bilang isa ay matatagpuan nila ang kanilang sarili sa pagkaawa ng namumuno na mag-uutos ng paraang pagano at kasabay ang pagbawal sa kanila na sambahin ang Diyos ng kanilang mga ninuno” (p. 66)
- Pansinin ang pag-unlad ng ugaling laban sa Diyos
1. Nabucodonosor (kabanata 1-4)
 2. Belsasar (kabanata 5)
 3. Ang mga gobernador ni Dario ng Media (kabanata 6)
 4. Antiochus IV Epiphanes (kabanata 8,11)
 5. Mga pinuno ng pamahalaan ng Romano (Bagong Tipan)
 6. Ang lumalaban kay Kristo (cf. II Mga Taga-Tesalonica 2 at ang Pahayag)
- D. Ang Diyos ay gagawa ng walang hanggang kaharian sa pamamagitan ng Kanyang Mesias (cf.7:13-14). Ililigtas ng Diyos ang Kanyang sambayanan at lahat ng tao.
- E. Mayroong pagkabuhay muli sa kapwa mabuti at masama, na hahatulan ng Diyos, na Siya lang ang nakakaalam ng walang hanggang kalagayan.

DANIEL 1

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

NKJV	NRSV	TEV	NJB
Daniel at mga kaibigan tumalima sa Diyos 1:1-7	Daniel at mga kaibigan 1:1-2	Ang mga kabataang lalake sa Korte ni Nabucodonosor 1:1-2	Pambungad 1:1-2
1:8-13	1:3-7 1:8-17	1:3-7 1:8-10 1:11-13	Ang Batang Hebreo sa Korte ni Nabucodonosor 1:3-7 1:8-17
1:14-16		1:14-16	
1:17-21		1:17-21	
	1:18-21		1:18-21

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p .xvi sa panimulang bahagi) PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa or kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagkakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orihinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa at Tatlo

PAG-UNAWANG KONTEKSTUWAL SA DANIEL 1

- A. Ang kabanatang ito ay ang nagtatag ng pangyayari sa kasaysayan ng buong aklat. Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay mga aliping bihag ng pagano na makapangyarihan sa daigdig ng Fertile Crescent.
- B. Ang kapangyarihan ng Diyos ang siyang nagtadhana sa mga kabataang lalaking Hudyo. Hinayaan ng Diyos na maging makapangyarihan ang mga Hentil sa Kanyang sambayanan dahil sa kasalanan ng Kanyang sambayanan. Sa pamamagitan nila ipapakita Niya ang Kanyang kapangyarihan sa lahat ng bansa at ituturo ang Kanyang pinaka plano sa kaligtasan (cf. Mga Taga-Efeso 2:11-3:13).
- C. Ang kabanatang ito ay nagpapakita tamang kasagutan ng pananalig sa kultura. Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay kumilos na kagalang –galang, subalit matapat sa kanilang pananalig bilang Hudyo, sa konteksto ng korte ng pagano. Ang kanilang halimbawa ay nagbigay ng pag-unawa sa mga Kristiyano kung paano makipag-usap sa mga datihang Kristiyano, sa datihang modernong mga tao.
- D. Ang kabanatang ito ay ipinapakita ang suliranin sa mga salita na may kaugnayan sa
 - 1. Mga salita sa pagpapa-utang sa Persia
 - 2. Mga parirala ng Babilonia
 - 3. Ang ating kulang na kaalaman kaugnay sa sinaunang Malapit sa Silangan (kapwa ang wika at kasaysayan)
- E. Daniel 1:1-2:4a at kabanata 8-12 ay nasa Hebreo, subalit ang namamagitan na teksto , na tumutukoy sa mga mensahe ni Daniel mga dayuhang hari, ay nasa Aramaiko (katulad sa Jeremias 10:11; Esdras 4:8-6:18; 7:12-26).

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:1-2

¹Nang ikatlong taon ng pamamahala ni Haring Joaquin ng Juda, si Nabucodonosor ang Hari ng Babilonia ay dumating sa Jerusalem at sinakop ito. ²Ibinigay ng Diyos si Haring Joaquin sa kanyang mga kamay, kasama ang mga kasangkapan sa templo ng Diyos; at dinala ang mga ito sa lupaing Shinar, sa templo ng kanyang diyus-diyusan, at dinala ang mga kasangkapan sa silid-taguan ng kanyang kayamanan ng kanyang diyus-diyusan.

1:1“Nang ikatlong taon ng kaharian ni Joaquin” Ito ang petsa ng Babilonia (at ito rin ang ginamit ng mga Tribung nasa hilaga, ang Israel) ang pag petsa samantala ang Jeremias 25:1,9; 46:2 ay ang pag petsa ng mga Egiptian (at ginamit din ng mga escriba ng Hudyo). Napakalinaw na si Daniel ay nasa Babilonia at si Jeremias ay nasa Juda. Si Joaquin (609-598 B.C.) ay isa sa anak ni Josias na ipinalit sa trono ng Faraon na si NeccoII pagkatapos mabihag si Joacaz, isa pang anak ni Josias, na naghari sa loob ng tatlong buwan lamang .Ang ibig sabihin ng kanyang pangalan (BDB220) “itinaas ni YHWH” o “itinatag ni YHWH,” subalit siya ay masamang hari (cf. II Mga Hari 23:37; II Cronica 36:5; Jeremias 36).

▣ **“Si Nabucodonosor ang Hari ng Babilonia”** Ang pangalan (BDB613) sa Babilonia ay may ilang maaaring kahulugan .

- 1. “Nebo, ipagtanggol (ang) hangganan (o hanggan doon lang)”
- 2. “Nebo, ipagtanggol (ang aking) pamilya”

3. “Nebo, ipagtanggol (ang aking) ipapamana”
4. “Nebo, ipagtanggol (ang korona)”
5. “Nebo, ipagtanggol (ang kanyang) alipin”

Sa Daniel, katulad sa Jeremias, ay binabaybay sa dalawang paraan, Nebuchadrezzar (ay higit na tama ang pagbaybay) at Nebuchadnezzar (ay makikita sa Lumang Tipan ng 27 na beses). Ang dahilan ng pagkakaiba ay sa pagsusulat mula Babilonia patungong Aramaiko/Hebreo. Ngunit bakit ang kapwa pagbaybay sa isang aklat ay hindi wasto, marahil magkaibang tagapagsulat ang ginamit. Ang orihinal na pangalan sa Akkadian ay maaaring Nabu-kudurri-usur.

Siya ay hindi pa talaga hari sapagkat ang kanyang amang si Nabopolassar (626-605B.C.) ay hindi pa namatay hanggang katapusan ng tag-init 605 B.C. Siya ang nakoronahang prinsipal na pinuno ng hukbong sandatahan. Wala nang naitalang kasaysayan sa pagsalakay. Magkagayunman, II Mga Hari 24:1-7 at II Cronica 36:1-7 ay nagpapahiwatig ng pagtatalo sa pagitan ni Nabucodonosor at Joaquim bago mag 597B.C. Ang Jerusalem ay tila bumagsak na sa kamay ng Babilonia noong 605 B.C. (Si Daniel at ang kanyang mga kabigan ay nabihag), 597B.C. (Si Joaquim at mga taong may ranggo at mga magagaling na tao ay nabihag), 586 B.C. (pangkalahatang pagpa -uwi) at 582 B.C. (ang lahat na matagpuan ay nabihag).

1:2 “Ang Diyos ay nagbigay. . .ang Diyos ay sumang-ayon. . .Ang Diyos ay nagbigay” Ang mga pariralang ito ay makikita sa mga berso 2, 9 (kapwa *Qal Di- Ganap*), at 17 (*Qal Ganap*). Nagsanib upang ipakita ang pag kontrol ng Diyos sa kasaysayan! Ito ang pag-ulit ng adhikain sa Daniel. Noong sinaunang daigdig ang bawat mandirigma ay lumalaban na may dalang watawat na nakapangalan ang kanilang diyus-diyusan. Ang mananalo sa digmaan ay nagpapakita ng kagalingan ng kanilang diyus-diyusan sa iba. Magkagayunman, ang Bibliya ay malinaw na nagpapatotoo na ang paglaban ng Israel at ang kasalanan at paglaban ng Juda kay YHWH na hinayaan ni YHWH, kaya nagapi ang lupang ipinangako.

▣ **“ang Diyos”** Ito ay salitang Hebreo *Adon* (BDB10), na karaniwang ginagamit bilang “asawa,” “may-ari,” “amo” (cf.v. 10 ng Nabucodonosor). Ito ay maaaring ihambing sa (1) *Ba’al sa* ang Lumang Tipan at (2) ang Bagong Tipan ay *kurios*. Nang ginamit ni YHWH ang ibig sabihin ay ang Kanyang alituntunin at kaharian.

Sa Ingles “ang Panginoon” ay ginagamit (1) upang isalin ang *Adon* at (2) sapagkat ang mga Hudyo ay kinakabahan sa pagbigkas ng kasunduang pangalan para sa Diyos YHWH, lahat ay malaking titik ang LORD, ito ang naging paraan ng pagsulat. Para sa pagbigkas ang mga Hudyo ay gumamit ng patinig para sa *Adon* na may mga katinig para sa YHWH. Tingnan sa Natatanging Paksa: Ang mga Pangalan para sa Diyos sa Daniel 4:2.

▣ **“Juda”** Ang bansa ng mga Hudyo na lumago mula kay Abraham, Isaac, at Jacob na naitatag ang labing –tatlong tribu(ang dalawang anak ni Jose ay naging mga tribu .Itong mga tribu ay nagkaisa sa panahon nina Saul, David, at Solomon (ang nagkaisang monarkiya), ngunit naghiwalay dahil sa kasalanan ni Solomon (cf.I Mga Hari 11) at ang pagka-arogante ni Roboam (cf. I Mga Hari12) noong 922 B.C. Ang tribu sa hilaga ni Jeroboam I ay naging Israel at tribu sa timog (Simeon, Benjamin, Juda, at karamihan mga Levita) na naging Juda.

▣ **“ang mga kasangkapan sa templo ng Diyos”** ito ay tumutukoy sa mga kasangkapan at mga kagamitan sa templo (cf. Jeremias 27:19-20; II Cronica 36:7). Ito ay nabangit muli sa Daniel 5:2 at Esdras1:5-11.

▣ **“Shinar”** Ito ang isa pang pangalan para sa Babilonia (cf. Genesis 10:10; 11:2; 14:1,9; Isaias 11:11; Zacarias 5:11). Ang kahulugan ng *Shinar* ay hindi tiyak (BDB1042). Ito ay maaaring may kaugnayan sa kabihasan ng Sumeria sa timog ng Iraq (cf. Genesis 10:10), na ito ang pinakaunang nakilala sa kabihasan sa paggamit ng pagsulat sa (putik na pinatuyo, na hugis kuniporm). Ito ay nakalagay sa gusali ng tore ng Babel (cf. Genesis 11:1-9). Iyo ay inihalalintulad sa kasamaan at sa paglaban (cf. Zacarias 5:11).

▣ **“para sa templo ng kanyang diyus –diyusan ”** Ito ay tiyak “mga diyus-diyusan”-*Elohim* (BDB43). Si Marduk ay ang pinuno ng mga diyus-diyusan sa bagong Babilonia. Itong diyus-diyusan ay kilala rin bilang Bel (“diyus-diyusan,” cf. Jeremias 51:44) at sa Hebreo bilang Merodack (cf. Jeremias 50:2). Kinuha niya ang mga tungkulin ni *En-lil* (ang diyus-diyusan ng bagyo at naglikha) sa panahon ni Hammurab noong pangalawang milinyum B.C. Sa paglagay ng mga kasangkapan ni YHWH sa kanyang templo ay (1) simbolo ng paggalang, upang hindi magalit ang mga diyus-diyusan, ngunit higit na (2) simbolo ng pagtalo ni Marduk kay YHWH.

TEKSTO SA NASB (BINAGO):1:3-7

³Inutos ng hari kay Aspenaz, ang pinuno ng kanyang mga tauhan, na pumili ng ilang Israelita, na kabilang sa angkan ng mga hari at mga maharlika, ⁴mga kabataan na walang kapansanan, makisig, matalino madaling turuan, may kaalaman sa lahat ng sangay ng karunungan, at karapat-dapat sa paglingkod sa palasyo; at inutusan niya na turuan sila ng literatura at salitang Caldeo. ⁵Inutos ng hari na sila ay paglaanan ng pagkain at alak araw-araw mula sa kanyang sariling pagkain at alak at tatlong taon silang tuturuan, bago maglingkod sa hari. ⁶Kabilang sa mga ito sina Daniel, Ananias, Misael at Azarias na pawang kabilang sa lipi ni Juda. ⁷Pagkatapos pinalitan ang kanilang pangalan ng pinuno; at kay Daniel ay Beltsasar, kay Ananias ay Sadrac, kay Misael ay Mesac at kay Azarias ay Abednego.

1:3 “Aspenaz” Ang kanyang pangalan ay hindi tiyak (BDB80), ngunit (1) ang maaaring orihinal na iminungkahi ng Persia ay “panauhin” o “pinuno ng taga-bantay” o (2) ang orihinal ng Armenian, “panauhin,” “kaibigan,” o dayuhan.”

▣
NASB “ang pinuno ng kanyang mga tauhan”
NKJV “ang amo ng mga taga-pagbantay”
NRSV “ang amo ng kanyang palasyo”
TEV “ang pinuno ng kanyang mga tauhan ”
NJB “ang kanyang pinuno sa mga taga-pagbantay ”

Ang titulong ito ay tumutukoy sa pariralang Akkadian, “siya na pinuno ng hari,” samakatuwid, ito ay nagpapahiwatig na hindi siya tinanggalan ng pagkalalake. Sa Isaias 56:3; Jeremias 38:7, at Ester 2:3 ang salitang Hebreo(BDB710) ay tumutukoy sa pagtanggap ng pagkalalake sa Genesis 37:36; 39:1 ito ay ginamit ni Potiphar, na may asawa (cf. Genesis 39:7). Ang salita ay pangkalahatan ginamit ng mga tauhan. Ang iba ay tinanggalan ng pagkalalake, lalong–lalo na ang mga naglilingkod sa harem, subalit hindi lahat. Si Josephus ay nagsabi na ang mga kabataan ay pinahirapan (i.e. tinanggalan ng pagkalalake, cf. *Antiq.* 10.10.1).

▣ **“pinili ang ilang anak ng taga-Israel”** Ang pagkagawa ay nasa PANDIWANG PAWATAS. May dalawa rin sa v.4 at isa sa v.5.

Ito ay natupad sa Isaias 39:5-7 at II Mga Hari 20:16-18. Tinutukoy dito ng Israel si Jacob, hindi ang sampung tribu ng bahaging hilaga. Binihag ni Nabucodonosor ang mga kabataan mula sa grupong kanilang nabihag at ginamit sila sa kanyang palasyo at maglingkod upang maipakita ang kanyang kakayahan sa hukbong sandatahan (cf. v.10 at H.C. Leupold, *Exposition of Daniel*, p. 58).

▣
NASB “ilan sa angkan ng mga hari at mga maharlika”
NKJV “ilan sa mga salin-lahi ng mga hari at ilan samga maharlika”

NRSV, TEV “ilan. . .sa angkan ng mga hari at ng mga maharlika ”

NJB “ilang bilang ng mga kabataan ng kaharian o maharlika ”

Ang salitang “kaharian” (BDB574) ay mula sa salitang Hebreong ugat *mlk*-hari (BDB572). Ito ay nagpapakita na si Nabucodonosor ay may ganap na kapangyarihan sa Palestina. Ang karagdagang salita na “maharlika” ay isa pang salita sa Persia ng pagpapa-utang (BDB832).

1:4 “mga kabataan” Ang salitang ito ay may malawak na paggagamitan (BDB409) mula sa mga bagong silang (cf. Exodo 1:17,18; 3:6,7,8,9,10; II Samuel 12:5) hanggang sa mga kabataang lalake na maaaring maturuan para sa paglilingkod sa palasyo (cf. Daniel 1:4,10,15,17). Kaya nga, ang mga gulang ng apat na kabataan ay hindi matukoy sa salita, bagkus sa konteksto lang.

▣ **“walang kapansanan”** Ang salitang ito (BDB548) ay ginamit sa Levitico kaugnay sa (1) karapat-dapat na mga saserdote (cf. Levitico 21:16-24) at (2) karapat –dapat na pagpapakasakit para sa buong pagkasira (cf. Levitico 22:17-25). Ang pangunahing kahulugan ay “paggiging ganap” o “kabuuan.” Ang mga kabataan mula sa Juda ay dapat walang kapansanan at matalino sa lahat ng larangan.

▣

NASB “nagpapakita ng katalinuhan sa bawat sangay ng karunungan, napagkalooban ng pag-unawa at katalinuhan”

NKJV “pinagkalooban ng lahat ng katalinuhan, napapalooban ng katalinuhan at madaling makaunawa”

NRSV “bihasa sa lahat ng sangay na karunungan, pinagkalooban ng katalinuhan at pag-unawa”

TEV “matalino, nasanay na mabuti, madaling matuto”

NJB “bihasa sa bawat sangay ng karunungan, naturuang mabuti, madaling matuto”

Maaaring may ibat-ibang pagsubok at katanungan ang nangyari sa pagpili. Ang mga katangian ay umunlad sa pagsasanay, ngunit yaon ay nandoon na bago pa sila mabihag. Sila ang mga matatalino, madaling makaunawa, at madaling turuan na mga kabataang lalake.

Ang salitang “katalinuhan” (BDB315) ay may katungkulan sa pagtuturo, katulad sa Mga Kawikaan. Ang katalinuhang literatura sa Lumang Tipan ay isang gabay sa bawat isa na matutuhan kung paano magkakaroon ng masaya at matagumpay na buhay. Ang Israel ay nagpalago ng grupong “mga matatalinong tao” o “mga matatalino” (cf. Jeremias 18:18) na mga taga-payo ng kanilang mga hari.

▣ **“Ang literatura at ang wikang Caldeo”** Ito ay tumutukoy sa wikang nasa kuniporm. Sa hilagang Babilonia ito ay kilala bilang Akkadian (Semitiko); sa timog Babilonia ito ay Sumerian (hindi-Semitiko). Itong mga kabataan ay sasanayin sa ilang may kaugnayang wika, ngunit lahat ay nakasulat sa sulatang kuniporm.

Ang konteksto ay tila nagpapahiwatig ng karunungan ng lahat ng literatura ng Caldeo (mga sinauna, cf. Genesis 11:28,31; II Mga Hari 24-25; madalas sa Isaias at Jeremias; Daniel 1:4;5:30; 9:1; Esdras 5:12) kaysa sa kahiwagaan, astrolohikal, at mga teksto tungkol sa Diyos (mga matatalinong tao, cf. 2:2-5,10; 4:4;5:7,11, ginamit nina Herodotus, Diodorus, at Strabo).

▣ **“Caldeo”** Si Herodotus(450B.C.), *Hist.* I, ay ginamit ang salitang ito upang tukuyin ang isang sinaunang grupo (cf.II Mga Hari 24:1-4; Daniel 5:30) kagaya sa klase ng saserdote (cf. Daniel 2:2; 3:8; 4:7;5:7,11) na ang kanyang pagggamit ay bumalik kay Ciro II. Bago pa ang talaan ng Assyrian ay ginamit na ang salitang ito (BDB505) sa mga sinauna (cf. R.K.Harrison, *Introduction to the Old Testament*, p. 1113). Basahin rin ang mabuting diskusyon na maaaring kalituhan sa dalawang magkatulad na salita (i.e. Kal-duvs. Kasdu) sa *The Expositors Bible Commentary*, vol.7, pp. 14-15 o ni Robert Dick Wilson, *Studies in the Book of Daniel*, series 1.

Sapagkat sa Genesis 11:28 ay nagsasabi na ang Ur ng Caldeo ay ang bahay ni Terah at ang kanyang pamilya. Ang Caldeo ay maaaring sinaunang Semitiko (i.e. katulad sa isang grupong Hebreo).

1:5

NASB “ang piniling pagkain ng hari”
NKJV “ang pagkain ng hari”
NRSV “ang ipapakain ng kaharian”
TEV “bilang mga kasapi ng naglilingkod sa palasyo”
NJB “mula sa hapag ng kaharian”

Ang mga kabataang ito, katulad ng lahat na kabataan, ay kapwa nagsanay at naglilingkod kay Nabucodonosor, nakihati sa pagkain at alak ng hari (katunayan sa Persia, “mga pagkain ng hari,” o “kagalang –galang na handog,” o “pagkain mula sa hapag ng palasyo” (cf. BDB 834 at Daniel 1:5,8,13, 15,16; 11:26). Ang patakaran sa palasyo ay tunay na kagalang–galang at nakakasigla. Ito ang pinaka magandang uri at pinakamagandang katangian ng pagkain na matatagpuan kahit saan. Ito rin ang inihain kay Joaquin ng mabihag (cf. II Mga Hari 25:30; Jeremias 52:34). Magkagayunman, sa mga levita ito ay hindi “malinis” (cf. Levitico 11: Deuteronomio 14). Ito ay hindi kosher.

▣

NASB “pumasok bilang tagapaglingkod sa hari”
NKJV “maglingkod sa hari”
NRSV “maaaring maglingkod sa kaharian”
TEV “maglingkod sa harapan ng hari”
NJB “pumasok sa palasyo bilang taga –paglingkod ”

Ito ang katotohanan “humarap sa hari,” (BDB763, KB, *Qal* DI- GANAP), na ito ay isang parirala para sa paglingkod (cf. Deuteronomio 10:8;17:12;18:5,7). Ang NRSV ay nakita ang lugar ng kasaysayan ni Nabucodonosor na itinatagala ang mga kabataang lalake sa kanyang palasyo na mula sa mga nabihag na bansa upang ipakita ang kalawakan ng kanyang emperyo.

1:6 “Daniel” Ang ibig sabihin ng kanyang pangalan “Ang Diyos (*El*) ang aking Taga-Paghatol ” (BDB193).

▣ **“Ananias”** Ang ibig sabihin ng kanyang pangalan “Si YHWH (*iah*) ay mapagbigay” (BDB337).

▣ **“Misael”** Ang ibig sabihin ng kanyang pangalan “Sino ang, Ano ang Diyos (*El*)” (BDB567).

▣ **“Azarias”** Ang ibig sabihin ng kanyang pangalan “Si YHWH (*iah*) ay tumulong”(BDB741).

1:7 Ang mga pangalan ay pinalitan upang: (1) putulin ang kaugnayan sa pastor (2) makisalamuha sa mga diyus-diyusan ng Babilonia.

▣ **“Beltsasar”** Ito ay pangalang Babilonian, *balatsu-usur*, na ang ibig sabihin “ipagtanggol ang sarili” (BDB117). Marami ang naghaka-haka na ang pangalan ng diyus-diyusan ng Babilonia *Nabu(Nebo)* ay ginayang pangalan.

Maaari rin na may iba pang pinanggalingan ang *Belet-sar-usur*, na ang ibig sabihin “babae (asawa ni Marduk o Bel) ipagtanggol ang hari” (cf. A.R. Millard, “Daniel 1-6 at History,”EQ, XLIX,2,1977 na binanggit sa *Tyndale Commentary*, p. 81 footnote #1).

▣ **“Sadrac”** Ang mga iskolar ay naghaka-haka na ang mga huling manunulat na Hudyo ay pinalitan ang mga pangalan ng Babilonian upang magkatuwaan sa kanilang mga diyus-diyusan. Ang orihinal na pangalan ng Akkadian ay maaaring ang ibig sabihin “Kautusan ni Aku”(ang Sumerian diyus –diyusan ng buwan (BDB995). Joyce G. Baldwin, *Daniel, Tyndale Commentaries* p.81, ay nagsabi na si Sadrac ay

nagmula sa Saduraku, na ang ibig sabihin “Ako ay labis na natatakot (sa Diyos).” Malinaw na ang mga pangalang Babilonian ay nawala sa atin sapagkat ang mga huling manunulat na Hudyo ay pinalitan ang mga patinig upang magkatuwaan sa mga pangalan upang pagkatuwaan sila.

▣ **“Mesac”** Sa orihinal ito ay “Sino ang Ano si Aku” (BDB568). Muli si Joyce G. Baldwin, sa Tyndale Commentaries on Daniel, ay nagsabi na ito ay mula sa *Mesaku*, na ang ibig sabihin “Ako ay may maliit na kayamanan,” p.81.

▣ **“Abed-nego”** Sa orihinal ang ibig sabihin “Alipin ni *Nabu*” (BDB715, ang diyus-diyusan ng karunungan sa Babilonia ay si *Nebo*).

Joyce G Baldwin, sa Tyndale commentary on Daniel, ay nagsabi ito ay mula sa salitang Aramaiko “alipin ng isang kumikinang (*Nabu*),” p. 81.

TEKSTO SA NASB(BINAGO):1:8-13

⁸Ngunit ipinasiya ni Daniel na hindi niya dudumihan ang kanyang sarili ng pagkaing pinili ng hari o ng alak na kanyang iniinom; kaya hiningi niya ang pahintulot mula sa pinuno ng mga tauhan upang hindi niya marumihan ang kanyang sarili. ⁹Nilooob naman ng Diyos ang kanyang kahilingan at nakalugdan ng pinuno ng mga tauhan, ¹⁰at ang pinuno ng mga tauhan ay nagsabi kay Daniel, “Ako ay natatakot sa aking diyos na hari, na siyang pumili ng inyong pagkain at inumin; kung makikita ang inyong mga mukha na higit na mahina kaysa sa ibang mga kabataan na kasingggulang ninyo? Pagkatapos, tiyak na ako ay kanyang pupugutan.” ¹¹Subalit sinabi ni Daniel sa taga-bantay na itinalaga ng pinuno ng mga tauhan para kay Daniel, Ananias, Misael at Azarias, ¹²”Subukin ninyo ang inyong mga alipin sa loob ng sampung araw, at bigyan ninyo kami ng mga gulay para kainin at tubig na inumin. ¹³Pagkatapos pagparisin ninyo kami sa mga kabataang kumain ng pagkain na pinili ng hari; at tingnan ninyo ang resulta sa inyong mga alipin.”

1:8 “hindi marumihan ang sarili”Ang dalawang maaari ay : (1) sapagkat ang pagkain ay maaaring naialay sa mga diyus-diyusan ng Babilonia (2) sapagkat ang pagbabawal ng mga batas sa pagkain ng Hudyo (cf. Levitico 11; Deuteronomio 14). Nakakagulat na si Daniel ay hindi tumutol sa (1) pagpalit ng kanyang pangalan, na tumutukoy sa diyus-diyusan ng pagano o (2) sa pag-aral ng mga tekstong mahika, subalit ipinahayag niya ang tradisyon ng Hudyo tungkol sa kanyang pagkain. Ito ay nakaka-aliw na si Jose at Moises ay kapwa nakaranas ng katulad na pangyayari tungkol sa kultura sa Egipto. Ito ay mga halimbawa!

▣ **“kaya siya ay humingi ng pahintulot mula sa pinuno ng mga tauhan”** Pansinin na ang adhikain ng kanyang puso at ang kanyang paggiging magalang ay hiningi ang pahintulot ng taga-bantay. Ang Daniel 1-6 ay nagpapakita na ang apat na kabataang Hudyo ay nakipag-ugnayan mabuti at mahinahon sa kanilang mga taga-bihag. Sila ay nanalig sa Diyos, ngunit hindi nila ipinangalandakan ang kanilang pananalig!

1:9 “Nilooob ng Diyos”Ang bersong ito, katulad sa v.17, ay nagpapakita na ang Diyos ay nandoon at adhikain sa nangyayari. Ang Diyos ay nasa kanila at maaaring gamitin sila para sa Kanyang mga adhikain.

Ang aklat ni Daniel ay naiiba sa Lumang Tipan katulad ng pagpapahayag ng Diyos ng katotohanan at pagpapatunay ng Kanyang kapangyarihan sa mga haring Hentil, si YHWH ay nagpapakita ng kanyang pag-ibig, pag-aalala, at ang Kanyang planong kaligtasan para “sa mga bansa.” Nakita ni Isaias “ang mga bansa” pangkahalatan, ngunit ipinakita ni Daniel na ang Diyos ang Siyang may control ng kasaysayan sa lahat ng bansa para sa Kanyang adhikain na kaligtasan (cf. Mga Taga-Efeso 2:11-3:13).

Ang literaturang Apokaliptik, na si Daniel ang klasikong halimbawa, ay simbolo ng Kapangyarihan ng Diyos, at ang lahat na mangyayari. Iisang Diyos ang nasa control ng lahat na nangyayari, mga tao, at mga bansa. Ang ipinapakita ng teolohikal tungkol sa iisang Diyos ay naiiba sa sinaunang Malapit sa Silangan, na ang kanilang pananalig ay maraming diyos at paulit-ulit (i.e. ang pagkamatay at pagbangon ng mga diyus-diyusan).

▣ **“kahilingan”** Ito ay hindi kasali sa kasunduan na ginamit ang salitang Hebreo hesed (BDB338), na ipinapakita ang mahalagang kasunduang pag-ibig at katapatan sa Israel ni YHWH.

▣ **“at Pag-ibig”** Ang dalawang salita na “kahilingan” at “pag-ibig” (BDB933) ay madalas na ginagamit sa pagsasalarawan sa Diyos sa pagpapahintulot sa Israel (cf. Mga Awit 25:6; 40:11; 69:16; 103:4).

1:10-13 Pinakinggan ni Daniel ang takot at pag-aalala ng taga-bantay. Si Daniel ay humiling ng pagsubok upang malaman kung ang mga kabataang Hebreo ay mabubuhay at sasagana sa mga gulay (i.e. “itananim na mga bagay”) lang! Siya ay nagpasailalim sa kapangyarihan ng taga-bantay (cf. v. 13). Ang pananalig ni Daniel ay makikita sa vv. 14-16.

1:10 “puputulan ako ng ulo ng hari” Ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ng hari at takot ng alipin kahit sa maliit na suliranin .

1:11

NASB “ang taga-bantay”

NKJV “ang namamahala”

NRSV, TEV,

NJB “ang bantay”

Ang salitang Babilonian (BDB576) ay ginamit lang dito sa Bibliya. Ang mga kahulugan ay hindi maunawaan, ngunit ito ay malinaw na tumutukoy sa alipin ni Aspenaz, na ang katungkulan ay ang paglilingkod sa pang-araw-araw na pagkain. Ang KJV ay gumawa ng tamang pangalan, *Melzar*, ngunit ang titulo dito sa v.16 ay may artikulo, na tumutukoy ng ranggo ng alipin, hindi pangalan.

1:12 “mga gulay” Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga bagay na itanim o tumubo mula sa mga butil (BDB283). Ito ay hindi tiyak kung ang mga uring pagkain ay bahagi ng mga pagkain ng kaharian o mga naiibang pagkain. Ang mga kabataang ito ay gustong iwasan ang mga pagkain ng kaharian at alak sapagkat maaaring (1) inalay ng mga pagano sa mga diyus-diyusan ng Persia at (2) hindi rin naaayon sa panuntunan ng Levitico (Levitico 11; Deuteronomio 14).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:14-16

¹⁴Kaya siya ay nakinig sa kanila sa mga bagay at sinubukan sila sa loob ng sampung araw. ¹⁵Pagkatapos ng sampung araw nakitang higit na maayos sila at higit na malusog kaysa sa mga kabataang kumain ng pagkain pinili ng hari. ¹⁶Kaya ang taga-bantay ang nagpatuloy ng pagbigay ng kanilang piniling pagkain at inumin, at ipinagpatuloy ang pagbigay ng gulay sa kanila.

1:14-16 Ito ang buod ng mga resulta ng pagsubok.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:17

¹⁷At para sa apat na kabataan, Niloob ng Diyos na sila ay magkaroon ng kaalaman at katalinuhan sa lahat ng sangay ng literatura at katalinuhan; bukod dito si Daniel ay nakakaunawa

ng lahat ng pangitain at panaginip .

1:17 “binigay ng Diyos” Muli, katulad sa v.9, ito ay hindi pangkaraniwang talento o katalinuhan ng mga kabataang lalake, bagkus ang kapangyarihan ng Diyos. Ang Diyos ay may adhikain sa kanilang mga buhay.

Ito ay mabuting salita para sa mga taong ang pakiramdam sila ay tinawag ng Diyos, ngunit nakaramdam na hindi siya karapat –dapat sa tungkulin. Kapag tumawag ang Diyos, Ang Diyos nagpapakaloob at Siya ay nagpapakaloob sa paraang makukuha Niya ang kaluwalhatian,hindi ang taong inutusan.

Katulad ng mga kabataan pinahalagahan nila ang Diyos sa kanilang nalalaman sa (batas ng pagkain), Pinagkalooban sila ng Diyos sa mga bagay na hindi nila alam. Ang kanilang paghikbang sa pananalig ay nagbukas ng ibang pagkakataon. Ang mga mananampalataya ay dapat kumilos kung ano ang kanilang nauunawaan, pagkatapos ang karagdagang karunungan at mga pagkakataon ay ipagkaloob (cf. Mga Taga-Roma 1:17).

▣ **“Nauunawaan din ni Daniel ang lahat na pangitain at panaginip”** Ito ang mahalagang ipinagkaloob mula sa Diyos na si Daniel lang ang mayroon sa apat na kabataang Hudyo (cf.2:19; 7:1; 8:1). Ito ay katulad sa karunungan ni Jose sa pagpapakahulugan ng panaginip ng Faraon (cf.Genesis 37,40-41). Ginamit ng Diyos ang handog upang pagkalooban si Daniel na matanggap ang Kanyang mga pahayag(1)sa mga paganong hari; (2) kay Daniel ang sarili niya; at (3) mula sa mga anghel. Ang mga natirang aklat ay batay sa mga pahayag at kanilang mga pag-sasalin.

Pinagkalooban ng Diyos si Daniel upang mamahala sa kultura na ang mga panaginip ang pangunahing paraan sa pagtanggap ng mga impormasyon mula sa kaharian ng espirituwal.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:18-21

¹⁸Pagkatapos ng mga araw na itinakda ng hari sila ay iniharap, ang pinuno ng mga tauhan ay iniharap sila kay Nabucodonosor. ¹⁹Kinausap sila ng hari, at nakahihigit sina Daniel, Ananias, Misael at Azarias; kaya sila ay nakapasok sa paglilingkod sa hari. ²⁰Sa lahat ng bagay sa karunungan at pag-uunawa na isinangguni ng hari, nakita niyang higit silang magaling na sampung beses kaysa sa salamangkero at engkantador na nasa kanyang kaharian. ²¹At nagpatuloy si Daniel hanggang sa unang taon ni haring Ciro.

1:18 “pagkatapos ng mga araw” Ito ay tumutukoy sa v. 5.

1:20 Sa pakikipag-usap ng mga Hudyong kabataan kay Nabucodonosor ay pinatunayan nila na sila ay higit na (madalas na ginamit ang parirala) magaling kaysa sa (1) ibang kabataan mula sa ibang nabihag na bansa na nag- aral kasabay nila at kahit sa mga naturingang mga taga-payo (mga salamangkero at engkantador).

▣ **“sampung beses na magaling”**Ang literatura sa Silangan ay gumagamit ng maraming parirala, paghahalintulad, at labis na paghahalintulad. Ito ay gumamit din ng bilang sa paraang paghahalintulad (tingnan sa *Biblical Numerology: A Basic Study of the Use of Numbers in the Bible*, by John J. Davis). Sampu ang bilang ng kabuuan (cf.Genesis 31:7,41; Exodo 34:28; Levitico 26:26 Mga Bilang 14:22; I Samuel 1:8; 25:38; II Samuel 19:43; I Mga Hari 6-7; 11:31,35; II Mga Hari 20:9-11; 25:25; II Cronica 4; Nehemiah 4:12; Job 19:3; Ang Mangangaral 7:19; Jeremias 41; Ezekiel45;48; Daniel 1:12,14,15,20; Zacarias 8:23, ang Aramaikong anyo ng Hebreong salita sa Daniel 7:7,20,24. Pansinin din sa Pahayag 2:10; 12:3; 3:1;17:3,7,12,16). Upang kaligtaan ang mga bilang na simbolo ng 1,4,6,7,10, &12 ay kaligtaan ang pangunahing kasulatang literatura ng Silanganan .

Ang pagpapakilala ng higit na kagalingan ng mga Hebreong kabataan (cf kabanata 1,2,4,5) sa lahat

na magagaling na Caldeo ay magdudulot ng malaking pagkainggit (cf. kabanata 3&6).



NASB, NKJV,
NRSV, NJB,
JPS, NIV **“salamangkero”**
TEV **“manghuhula”**

Ito ang mga uring tagapayo, salamangkero, ay ginamit (1) sa Egipto (cf. Genesis 41:8,24; Exodo 7:11,22; 8:15; 9:11; Isaias 19:11-12); (2) sa Babilonia (cf.1:20;2:2; Isaias 44:25; Jeremias 50:35; 51:57; at sa (3) Persia (cf. Ester 1:13; 6:13).

Ang salitang Hebreo (BDB355) ay *chartummim*, na nagmula sa *charath*, ang kagamitang pang-ukit mula sa hiniram na salita ng Egipto (cf. Genesis 41:8,24; Exodo 7:11,22; 8:7,18-19; 9:11). Ito ay maaaring tinutukoy ang mga tekstong mahika at anting-anting na matatagpuan sa mga sinusulatang kuniporm.

Para sa mga taga Israel ang mga bagay na ito at ang kanilang mga ginagawa ay kasumpa-sumpa (cf. Deuteronomio 8:9-11). Ito ang isang dahilan kung bakit ang aklat ni Daniel ay hindi tanyag sa mga rabbis sapagkat si Daniel ay nasangkot at nakilala sa ganitong uring gawain .



NASB **“engkantador”**
NKJV **“mga astrologo”**
NRSV **“salamangkero”**
TEV **“salamangkero”**
NJB **“manghuhula”**

Brown, Driver, at Briggs(BDB80) ay tinawag ang mga ito na salitang Babilonian, na tumutukoy sa kababalaghan o kagila-gilalas. Sa *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, vol.1, p.556, ay nakasulat ang maaaring pinagkuhanan.

1. Babilonian at Aramaiko - engkantador
2. Akkadian - taong pinasukan ng masamang espiritu (exorcist)

Ito ang uri ng tao na nagbabakasakali na makatanggap ng impormasyon mula sa patay.

1:21 “unang taon ni Ciro” Ito ay tila kasalungat 10:1, sapagkat si Daniel ay nabuhay sa panahon ng buong pagkabiha at sa kaharian ni Ciro II, “ang Dakila” (cf.6:28). Inalis ni Daniel ang buong propesiya ni Jeremias (cf. 25:11,12; 29:10).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit pinahintulutan ng Diyos ang mga masasamang pangyayari sa Kanyang sambayanan?
2. Magtala ng apat na teolohikal na pagsubok sa apat na kabataang Hebreo.
3. Magtala ng mga paraang ginawa ni Daniel tungkol sa suliranin sa pagkain .

4. Bakit ginusto ng Diyos na magpahayag ng mga propesiya sa mga paganong hari?
5. Sa anong paraan ang kabanata 1 ay nagtatak ng teolohikal na pag-unawa sa mga naiwan sa aklat?

DANIEL 2

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang panaginip ni Nabucodonosor	Ang panaginip ni Nabucodonosor	Ang panaginip ni Nabucodonosor	Tinanong ng Hari ang kanyang Mga propeta
2:1-13	2:1-11	2:1-3 2:4 2:5-6 2:7 2:8-9 2:10-11	2:1-4a 2:4b-13
	2:12-16	2:12-13	
Ang Diyos nagpahayag sa panaginip Ni Nabucodonosor		Ipinakita ng Diyos kay Daniel Ang ibig sabihin ng panaginip	Namagitan si Daniel
2:14-23		2:14-15 2:16-23	2:14-23
	2:17-23		
Iपालिwanag ni Daniel ang panaginip		Sinabi ni Daniel ang panaginip ng Hari at ipinaliwanag	
2:24-35	2:24 2:25-30	2:24 2:25 2:26 2:27-28 2:29-30	2:24-28 2:29-30
	2:31-35	2:31-35	2:31-36
2:36-45	2:36-45	2:36-45	2:37-45
Itinaas ang katungkulan ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan		Ginantimpalaan si Daniel ng Hari	Ang gawaing pananalig ng hari
2:46-49	2:46-49	2:46-49	2:46-49

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p.xvi sa panimulang bahagi) *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang

susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-UNAWA SA KONTEKSTUWAL

- A. Ang kabanata pangalawa ay nagtatak ng pag-sasalin ng pangalawang panaginip sa kabanata apat at mga pangitain sa kabanata 7-12 ng propesiya tungkol sa apat na darating na emperyo.
 1. Ang kabanata pangalawa ay nagpapahaya ng pagdating ng kaharian ng Mesias sa pang-apat na emperyo ang (Roma).
 2. Ang kabanata 7:2-8 ay nalalarawan ng apat na kaharian, ngunit binibigyan –diin ng kabanata ang pang-apat na kaharian ang (“maliit na sungay” = ang lumalaban kay Cristo, cf. II Mga Taga-Tesalonica 2).
 3. Ang kabanata 8 ay nakatuon sa pangalawa (Persia) at ang pangatlo (Griego) na kaharian, ngunit ang binigyang-diin ang pangatlong kaharian ang (“maliit na sungay” = Antiochus IV Epiphanies, 175-163 B.C.).
 4. Ang kabanata 9:24-27 ay nakatuon sa detalye ng pang-apat na kaharian, ang emperyo ng Roma (maaari rin sa 11:36-45).
 5. Ang kabanata 10 ay ipinakikilala ang mensahe ng kabanata 11-12, na tumutukoy sa pangatlong kaharian, lalong-lalo na sa sigalot sa pagitan ng Babilonia/Siria (Seleucids) at Egipto (Ptolomies).
- B. Ang pagkakaroon ng ugnayan ng mga kabanata ay nagpapakita ng pagkakaisa sa Daniel 1-6 at 7-12.
- C. Ang ipinagkaloob kay Daniel sa pagpapakahulugan ng mga panaginip at pangitain ay katulad kay Jose na ipinagkaloob sa Genesis 41. Maraming salitang ginamit na magkakatulad maliban sa Genesis 41 na Hebreo at Daniel 2:4-7:28 na Aramaiko.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:1-3

¹Sa pangalawang taon ng kaharian ni Nabucodonosor, Siya ay maraming panaginip; at siya ay naligalig at hindi makatulog. ²Dahil dito ipinatawag ang lahat na salamangkero, engkantador, mga manggagaway, at mga manghuhula upang sabihin nila ang mga panaginip ng hari. Kaya sila ay humarap sa hari. ³Sinabi ng hari sa kanila, “Ako ay may panaginip at ito ay bumabagabag sa akin na hindi ko maunawaa ang aking panaginip.”

2:1 “sa pangalawang taon ng kaharian ni Nabucodonosor” Nagsimula ang kaharian ni Nabucodonosor noong 605 B.C., kaya ito ay nasa 604 B.C. Maliwanag na si Daniel ay nasa pag-aaral pa sa loob ng tatlong taon (cf. 1:4-5), kaya nga siya ay wala sa grupo ng mga pantas na kinausap ng hari (cf. v. 2).

▣ **“Nabucodonosor”** Tingnan ang tala sa 1:1.

▣ **“may mga panaginip” Pansinin na ito ay Maramihan at May Kaugnayan**, “siya ay nanaginip ng mga panaginip.” Ang iba ay nagpatotoo na siya ay may ilang mga panaginip, ngunit ang nahuli ay kagila-gilalas at nakakatakot. Magkagayunman, tila upang makita na ang maramihan ay maaaring tumutukoy na siya ay may panaginip na paulit-ulit. Ang Diyos ay nagpapahayag sa lider na paganong Hentil! Bakit? Ang Diyos ang may kontrol ng lahat na bansa! Mahal ng Diyos ang lahat na bansa! Ang plano ng Diyos ay iligtas ang lahat na bansa (cf. Genesis 3:15).

▣ **“ang kanyang espiritu ay nabagabag at hindi siya makatulog”** Mula sa dating babala ng tekstong Babilonian ay natagpuan namin ang kasabihang ito, “kungang isang tao ay hindi maalala ang kanyang napanaginapan, ang kanyang diyos ay nagalit sa kanya.” Itong katulad na interpretasyon ay kinuha sa vv.5 at 8 sa pagsasalin sa King James, na nagpapahiwatig na nakalimutan ni Nabucodonosor ang kanyang panaginip, ngunit dapat manatili ang posibilidad na sinusubukan lang sila (cf. v. 9).

Ang pandiwa “nabagabag” (BDB821, KB952, *Hithpael Di-Ganap*) ay ginamit din ng Faraon (pansinin din sa Isaias 19:3) sa Genesis 41:8 (*Niphal*). Maraming pagkakatulad ng ipinagkaloob at ministeryo sa pagitan nina Jose at Daniel.

Ang pariralang “hindi siya makatulog” ay hindi tiyak. Ang tekstong naisulat sa Masoretikong Hebreo ay nagpapahiwatig na siya ay nakatulog, na hindi nakatulog. Ang suliranin ay kung paano mag salin ng maaaring pariralang Aramaiko.

2:2 “ang hari ay nag-utos na ipatawag ang” Ito ang magkakasunod –sunod na mga pantas na nagpapahiwatig na si Nabucodonosor ay ipinatawag ang buong pangkat na nagsasabing nalalaman nila ang kagustuhan ng mga diyus-diyusan.

▣ **“mga salamangkero”** Ito ay mula sa salitang Hebreo “gamit sa pag-ukit.” tingnan huwag kainin 1:20. Ang mabuting pagtalakay sa mga ibat-ibang uring pantas ay matatagpuan sa Robert B. Girdlestone’s *Synonyms of the Old Testament*, pp. 296-302.

▣ **“mga engkantador”** tingnan huwag kainin 1:20.

▣ **“mga manggagaway”** Ang pangkalahatang salita para “mahika” sa Hebreo *iskšp* (BDB506).

1. Lalaking mangkukulam, salamangkero *-kaššap*
2. manggagaway-*kešep*
3. ang pagkukulam *-kešapîm*

Ang mga taong ito ay nagsubok na malaman at makontrol ang mga pangyayari sa paggamit ng tunay at kakaibang kapangyarihan sa pamamagitan ng paghula, magika, at di- makitang kababalaghan. Para sa mabuting pagtalakay ng lahat ng mga salita tingnan sa *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, vol. 3, pp. 945-951.

▣ **“Caldeo”** Ito ay tila tumutukoy sa mga Astrologo. Magkagayunman, ang salita sa Genesis 11:28 ay nagpapahiwatig sa isang lahi (cf. 1:4; II Mga Hari 24:2; Jeremias 35:11; at sa dokumentong Assyrian ito ay may kaugnayan kay Nabopolassar). Ang ilan ay nakipag-unayan na sa pagpalit ng kahulugan sa pamamagitan ng pagpapatotoo na nagkaroon ng hindi pagkaka-unawaan sa pinanggalingan ng Sumerian, “bihasa sa paggawa,” imbes na pamilya ng lahi. Ang pang-limang siglo B.C. ang mananalaysay na si, Herodotus, sa kanyang *Persian Wars*, ay bumanggit ng mga uring saserdote na ang pinanggalingan ay simula pa ng panahon ni Ciro.

Dito at sa v.10 ay nakita na nasa hulihan ng listahan ng mga pantas, ngunit sa 4:7; 5:7,11 ay nakita na nasa listahan. Ito ay maliwanag na ang salita ay may ilang pagpapahiwatig (BDB505). Tila ito ay nalikum na mga salita para sa mga pantas (cf. v. 4).

2:3

NASB, NKJV “ang aking espiritu ay nababagabag”
NRSV “ang aking espiritu ay nababagabag”
TEV “Ako ay nag-aalala”
NJB “ang aking kaisipan ay naliligalig”

Itong mga salitang Hebreo (BDB821,KB952) ang ibig sabihin sa orihinal ay hampasin o tamaan. Ito ay ginamit din ng Faraon sa Genesis 41:8, na ginambala ng kanyang mga panaginip (kapwa sa *Niphal*).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:4-11

⁴At kinausap ng mga Caldeo ang hari sa Aramaiko: “Mabuhay ang mahal na hari! Sabihin ninyo ang iyong panaginip sa iyong mga alipin, at sasabihin namin ang interpretasyon.” ⁵At sinagot ng hari ang mga Caldeo, “Ang aking kautusan ay matatag: kung hindi ninyo masasabi ang aking napanaginipan at ang kahulugan nito, kayo ay masisira mula bisig hanggang binti at ang inyong mga bahay ay magpapatong-patong sa basurahan. ⁶Ngunit kung masasabi ninyo ang aking napanaginipan at ang kahulugan nito, kayo ay makakatanggap ng mga handog at gantimpala at malaking karangalan; kaya nga sabihin na ninyo ang aking napanaginipan at kahulugan nito.” ⁷Sa pangalawang pagkakataon sila ay sumagot, “Hayaang ang hari magsabi ng kanyang panaginip sa kanyang mga alipin, at sasabihin namin ang kahulugan.” ⁸Ang hari sumagot, “Alam kong pinapahaba lang ninyo ang oras, at ang aking kautusan ay matatag, ⁹na kung hindi ninyo masasabi ang aking panaginip, mayroong isang kautusan para sainyo. Nagkaisa kayong magsinungaling at nagbabakasakali kayong magbago ang aking isip; samakatuwid sabihin ninyo sa akin ang panaginip, upang aking malaman at sabihin sa akin ang kahulugan.” ¹⁰Ang mga Caldeo ay sumagot sa hari, “Walang tao sa daigdig ang makakapagsabi ng panaginip ng hari, at wala pang makapangyarihang hari ang nagtanong sa sinumang salamangkero, engkantador na Caldeo. ¹¹Bukod diyan, ang iniuutos ng hari ay mahirap, at walang makakapagsabi sa hari, ang mga diyus –diyusan lamang, na ang tirahan ay malayo sa mga tao.”

2:4-6 Marahil sinusubukan ni Nabucodonosor ang mga pantas sa kanilang pagpapakahulugan sa Pag-utos na sabihin kung ano ang kanyang napanaginipan.

2:4 “sa Aramaiko” Sa puntong ito ang mga teksto ni Daniel ay nagbago mula Hebreo patungong Aramaiko at magpapatuloy hanggang kabanata 7. Ang Aramaiko ay pang pamahalaan at pang kalakalan na wika mula Asirian hanggang sa emperyo ng Persia. Sa puntong ito ang teksto ni Daniel ay nagsimula sa pagbanggit ng nakakatakot na kautusan ng paghatol ni Nabucodonosor sa mga pantas na Caldeo. Samakatuwid, ang pagpalit patungong Aramaiko ay tumugma .

Ang suliranin ay bakit ipinagpatuloy hanggang kabanata pito. Kahit Si H. C. Leupold ay ginawang bahagi ang kabanata 7 ng kasulatan na nagsimula sa kabanata isa. Ang katotohanan ay walang nakakaalam kung bakit nagsimula sa Hebreo, ipinagpatuloy ng Aramaiko, at ang Hebreo ang nagtapos ng aklat ni Daniel. Ang ilan ay naghambing sa modelong pagkakagawa katulad ni Job (prosa, patula, prosa) o sa simbolo ng batas ni Hammurabi pagsunod sa magkatulad na modelo, ngunit ito ay hindi sa dalawang wika, kahit sa mga istilo ng pagsusulat. Ang Aramaiko ay may kaugnayan sa Semitikong wika ang Hebreo. Ang kapwa wika ay nakasulat sa magkatulad na katangian. Ito ay kilala sa Bibliya sa kanyang gamit sa Genesis 31:47 (dalawang salita) at nakita bilang wika ng mga opisyaes ng pamahalaan sa II Mga Hari 18:26. Ang Imperial Aramaiko ay ginamit mula 600 hanggang 330 B.C.

Para sa mabuting pagtalakay tungkol sa sinaunang paggamit ng Aramaiko tingnan sa R.K.Harrison, *Introduction to the Old Testament*, pp. 201-210, 1125.

▣ “Mabuhay ang mahal na hari” Ito ay pangkaraniwang parirala sa pagbibigay galang o pagpapakilala sa kaharian sa Malapit sa Silangan, (cf.3:9; 5:10; 6:6,21; I Mga Hari 1:31; Nehemiah 2:3).

2:5

NASB “Ang kautusan mula sa akin ay matatag ”

KJV “Ang isang bagay ay nawala sa akin”

NKJV “Ang aking kapasiyahan ay matatag”

NRSV “Ito ay isang pampublikong kautusan”

TEV “Nagbago ang aking kaisipan”

NJB “Ito ang aking matatag na pasiya”

Nagbago ang kapasiyahan ni Nabucodonosor tungkol sa paksa at ginawa niya itong pampubliko.

Ang pagsasalin ng KJV ay madalas na ibinabatay sa (1) pagbabago ng teksto sa Aramaiko o (2) ang kuro-kuro ni Josephus (cf. *Antiq.* 10.10.3).

▣ “**sirain ang binti mula bisig**” Ito ang pangkaraniwang paraan ng pagpaparusa noong panahon sa Malapit sa Silangan. Kung sila ay puputulan (1) ng patalim; (2) sisirain sa pamamagitan ng baluktot na mga punong kahoy (3) sa pagtali sa pagitan ng dalawa o higit pang mga hayop ay hindi tiyak .

▣

NASB “ang inyong mga bahay ay magiging patong-patong na basura”

NKJV “ang inyong mga bahay ay magiging patong-patong na abo”

NRSV “at ang inyong mga bahay ay mawawasak”

TEV “at magiging patong-patong na nawasak ang inyong mga bahay”

NJB “at ang inyong mga bahay ay magiging maruming lugar”

Ang ilang pagsasalin ay sinunod ang interpretasyon ng mga rabbi sa Targums, paggawa nitong “maruming lugar,” (NJB, cf. II Mga Hari 10:27). Ang pagbawas sa mga kriminal sa mga kabahayan at mga ari-arian ay magiging basura (cf. Esdras 6:11) ay pangkaraniwang kaugalian sa emperyo ng Fertile Crescent. Para lalong ipahiya ang mga tao, ang mga patong-patong na basura ay gagawing palikuran (ay gumawa ng paghahambing mula sa Targums).

2:9 Ang bersong ito ay nagpapahiwatig na si Nabucodonosor ay hindi nagtitiwala sa kanyang mga pantas. Ito marahil ay dahil (1) ang kanilang interpretasyon ay hindi totoo sa ministro (2) Siya ay nakakita ng katotohanan sa apat na kabataang Hudyo (cf. 1:19-20, ngunit tila kakaiba sapagkat v. 13b). Kung ano man ang dahilan sa marahas na hakbang ng hari sa pagpapapatay sa buong grupo ng mga pantas (cf. vv. 12-13).

2:10 “**Ang kasagutan ng mga Caldeo**” May tatlong sunod-sunod na dahilan: (1) walang tao sa daigdig ang makakagawa nito; (2) wala pang hari ang nagtanong sa mga pantas noon pa man; at (3) ang mga diyus-diyusan lang ang makakasagot sa katanungan (cf. v. 11). Ito ang nagpalaganap ng pangyayari sa interpretasyon ni Daniel.

2:11 “**mahirap**” Itong salitang Hebreo (BDB1096) ang ibig sabihin “mahalaga,” “mahal,” “pinahalagahan.” Maaaring sabihin na “hindi pangkaraniwan” (cf. KJV at maliit na paala –ala sa NASB).

Magkagayunman, itong teksto dito ay may kakaibang kahulugan sa parirala. Ang salita ay may pagpapahiwatig ng kaharian na tugma sa konteksto, ngunit ang “mahirap” ay pinaka kakaibang pag sasalin. *The Bible: An American Translation* by Smith at Goodspeed, ay may “mahirap na bagay,” samantala ang *The Living Bible* by Taylor, ay may “ang bagay na hindi mangyayari.”

▣ “**laman**” Itong salita (BDB1088) ay ang paghahabing para sa maikling panahon at kahinaan ng mga tao. Dito ay hindi nagpapahayag ng kasalanan, bagkus kahinaan .

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:12-13

¹²Dahil dito ang hari ay nagalit at labis na pagkagalit at nag-utos na patayin ang lahat na pantas sa Babilonia. ¹³Kaya ang kautusan ay naisapubliko na ang mga pantas ay papatayin; at hinanap si Daniel at ang kanyang mga kaibigan.

2:12 “ang hari ay nagalit at labis na pagkagalit” Ang kasagutan ng hari sa kanilang dahilan ay labis na pagkagalit (BDB1084). Ang pagalawang salita, “labis na pagkagalit”(BDB1111) ay ginamit ng magalit si YHWH. Siya ay nag-utos na ang lahat na pantas sa Babilonia ay patayin. Ang salitang “Babilonia” ay maaaring tumutukoy (1) sa lunsod; (2)sa lalawigan; o (3) ang buong emperyo.

Maraming pamahiin at kinatatakutan ang sinaunag daigdig, kaya nakakagulat ang kautusan ng hari na patayin ang kanyang lahat na propeta, mga astrologo, mga manghuhula, at mga pantas. Sa puntong ito pinuputol niya ang kanyang sarili sa kaharian ng espirituwal. Sa ilang dahilan si Nabucodonosor ay nawalan ng paggalang at pagtitiwala sa kanyang mga pantas.

Ang may-akda ay maraming beses na gumamit ng hendiadys sa Daniel, na ang dalawang salita ay ginamit, ngunit nagpapahayag ng magkatulad na kaisipan :

1. 2:6, “mga handog at gantimpala ”
2. 2:12, “nagalit at labis na pagkagalit ”
3. 2:14, “may pagkaka-unawa at nakaka- unawa”
4. 2:23, “karunungan at kapangyarihan”
5. 3:13, “nagalit at galit ”
6. 4:2, “mga simbolo at kababalaghan”
7. 5:11, “pagpapahayag, pag-unawa, at karunungan”
8. 5:18, “kapangyarihan,kadakilaan,kaluwalhatian, at kaharian”
9. 5:19, “natakot at nabagabag”
10. [at ang huling apat na parirala sa v. 19])

2:13 “nagkaroon ng kautusan” Tila ito ay ang pagpapatugis sa mga pantas at papatayin sa harap ng publiko. Ito ay magbibigay kay Daniel ng panahon upang kausapin ang Diyos.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:14-16

¹⁴At si Daniel ay sumagot ng may karunungan at pag-uuawa kay Arioc, ang kapitan ng mga tanod ng hari, na siyang inutusan na pumatay sa mga pantas ng Babilonia; ¹⁵A siya ay nagtanong kay Arioc ,ang kumander ng hari,“Ano po ba ang dahilan ng hari kung bakit labis na minamadali ang kautusan?”At sinabi ni Arioc kay Daniel ang dahilan. ¹⁶Kaya si Daniel ay dumulog sa hari at nakiusap na bigyan siya ng kaunting panahon, at ipaliwanag ang kahulugan sa hari.

2:14

NASB “karunungan at pag-unawa”

NKJV “pagpayo at karunungan”

NRSV “maingat at karunungan”

TEV “maingat magsalita”

NJB “matalino at maingat sa sasabihin”

Ang ganitong pagdulog (BDB1096,1094) ay ipinapakita ang paraan ng apat na kabataang Hudyo sa palasyo ng Babilonia sa panahon ng intriga at kagipitang pulitikal. Ang katalinuhang binigay ng Diyos, sila ay nagtagumpay at naging tanyag!

▣ **“Arioc”** Ang kanyang pangalan (BDB1082) ay makikita rin sa Genesis 14:19 katulad ng pangalan ng isang hari na bumihag Lot.

▣ **“ang kapitan ng tanod ng hari”** Ang salitang “tanod” (BDB1094) sa katotohanan ay “pinuno ng taga-katay” (KB368, maaaring mula sa taga- katay) o “taga-patay.” Sa v.15 ang tawag sa kanya “kumander ng hari” (cf. II Mga Hari 25: 8,11).

2:15

NASB, NKJV,

NRSV “nagmamadali”

TEV, NJB “harsh”

Ang salitang Aramaiko ay dito lang ginamit at sa 3:22. Ang pangunahing kahulugan ay “galit” (BDB1093), ngunit maari ring nabigla o minamadali (Davidson, *Analytical Hebrew and Chaldee Lexicon*, p. 272).

2:16 Ang hari ay higit na mahinahon sa panahon na humiling si Daniel kaysa sa grupo ng mga pantas na humiling din (cf. v. 8).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:17-23

¹⁷Pagkatapos umuwi si Daniel at sinabi sa kanyang mga kaibigan na sina Ananias, Misael at Azarias ang pangyayari ¹⁸Kaya sila ay sama-samang humiling ng awa sa Diyos tungkol sa kahiwagaan, upang si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay hindi patayin at mga pantas ng Babilonia. ¹⁹At ang hiwaga ay ipinahayag kay Daniel sa pamamagitan ng pangitain ng gabing yaon. Pagkatapos, pinuri ni Daniel ang Diyos sa langit;

²⁰Sinabi ni Daniel,

“Purihin ang pangalan ng Diyos magpakailanman,

Sapagkat ang kaalaman at kapangyarihan ay Kanyang tinataglay.

²¹Siya itong nakakapagbago ng panahon at kapanahunan;

Siya ang nagbabagsak sa mga hari at nagtatag sa mga hari;

Siya ang nagbibigay ng karunungan sa mga matatalino at kaalaman sa mga may-unawa .

²²Siya itong naghahayag ng hiwaga at mga bagay na nakatago;

Siya ang nakakaalam kung ano ang nasa kadiliman,

At ang liwanag ay nasa Kanya.

²³Saiyo, O Diyos ng aking mga magulang,

Pinupuri kita at pinapasalamatan,

Dahil sa dunong at lakas na ipinagkaloob mo saakin;

Kahit ngayon ibinigay mo sa akin ang hiniling ko Saiyo,

Dahil ipinaalam Mo sa akin ang panaginip ng hari.”

2:17 Pansinin na ang mga pangalan ng kabataang Hebreo ay ginamit dito (i.e. sa kanilang mga sarili), samantala sa v. 49 ang bagong Babilonian na pangalan ay ginamit sa palasyo.

2:18

NASB “Sila ay maaaring humiling ng awa”

NKJV “sila ay maaaring maghanap ng mga awa”

NRSV “maghanap ng awa”

TEV “magdasal . . .para sa awa”

NJB “magmakaawa. . .upang magpakita ng awa ”

Pansinin muli si YHWH ang nasa kontrol! Ang mga Hebreong kabataan ay walang lakas kung

malayo sa Kanya.

Ang salitang Aramaiko na (BDB1113) “pagkaawa” ay ginamit lang dito. Ang ibig ding sabihin ng pariralang Hebreo ay “pagkaawa” o “awa.” Ang mga ito ay kapwa galing sa salitang “sinapupunan” nag papakita ng pag-aalaga, pagmamahal, at pagtatanggol ng isang ina. Ang pagmamahal ni YHWH ay madalas magpakita katulad sa babae (cf. Exodo 19:4; Deuteronomio 32:11; Isaias 31:5; 40:31; 49:15; 66:9-13, pansinin din sa Mateo 23:37; Lucas 13:34).

▣ **“ang Diyos sa langit”** Ito ay nakikita ng ilan bilang pangkaraniwang tawag sa mataas na diyus-diyusan kapwa sa Babilonia at Persia. Magkagayunman, ito ay maaaring ginamit ng mga Hudyo upang ipakita ang kataastaasan ni YHWH(cf.Genesis 24:7; Esdras 1:2; 6:10; 7:12, 21; Nehemiah 1:5;2:4). Ang mga bihag na Hudyo ay madalas kunin ang pangkaraniwang titulo ng mga matataas na diyos ng kanilang mga taga bihag at ginamit ito kay YHWH. Tingnan sa Natatanging Paksa: Ang Mga Pangalan Para Sa Diyos sa Daniel 4:2.

▣ **“kahiwagaan”** Itong salitang Aramaiko na (BDB1112), *raz*, ibig sabihin ay “magtago,” “magtago ng lihim.” Ito ay ginamit ng ilang beses sa Daniel (cf.2:18,19,27,28,29,30,47;4:9). Ito ay naging pinaka sentro ng adhikain sa literaturang apokaliptik at madalas na binaggit sa Iskrol ng Dagat na Patay. Ipinapaalam ng Diyos ang Kanyang mga nakatagong pahayag sa Kanyang mga propeta (cf.Genesis 18:17; Jeremias 23:18; Daniel 9:22; Amos 3:7).

Sa Iskrol ng lugar na Dagat na Patay ang pahayag ng Diyos ay naipaalam sa pamamagitan ng (1) mensahe ng mga propeta sa Lumang Tipan (*raz*), at (2) sa interpretasyon (*peshet*) ng “guro ng kabutihan .” Itong dalawang modelo ng pagpapahayag at interpretasyon ay katangian ng literaturang apokaliptik.

2:19 “pangitain sa gabi” May pagkakaiba sa pagitan ng “pangitain” at “panaginip” (cf.1:17) sa Lumang Tipan, ngunit hindi kay Daniel. Ang pagpapahayag ay sa gabi (cf.7:2,7,13), ngunit si Daniel ay gising at ang pagpapahayag ay nakita at narinig niya. Sa konteksto kay Nabucodonosor ito ay panaginip, ngunit si Daniel ay natanggap ang pangitaing kailangan upang isalin ito. Kapwa galing sa Diyos.

Ang salita ay katulad na (BDB1092) madalas kasama sa pakikipag-usap ng Diyos sa mga propeta. Ito ay nanggaling sa salitang “pagmasdan” at naging kauna-unahang pagtalaga para sa mga propeta (i.e.propeta, cf.II Samuel 24:11; IIMga Hari 17:13; Amos 7:12; Mikas 3:7; para sa salitang magkatulad tingnan sa I Samuel 9:9; Isaias 30:10).

Muli binigyang –diin ang Diyos ang may kontrol, Ang pagpapahayag ng Diyos, Ang mga ipagkakaloob ng Diyos at pagtatanggol (cf.vv.20-23).

2:20 “ang pangalan ng Diyos” Itong parirala ay katangian ng Diyos. vv. 20-23 ay tinawag na panalangin ni Daniel na papuri o ang awit ni Daniel.

2:20-23 Si Daniel ay tila nagpapasalamat sa Diyos para sa apat na mahalagang bagay: (1) Ang Diyos ang may kontrol ng kasaysayan, (2) Ang pagbibigay ng Diyos ng katalinuhan sa mga bihag na Hebreo; (3) Ang kaalaman ng Diyos ay inihalintulad sa kaalaman ng mga diyus-diyusan at mga pantas ng Babilonia; at (4) Ang pananatili ng adhikain ng Diyos sa mga Hudyo. Ito ang mga susi ng paksang teolohikal kay Daniel, na labis na kailangan ng mga bihag, natalo ,at pinahiyang nakipagsundong sambayanan.

Dapat alalahanin na noong sinaunang panahon ang sambayanan ay nakikipaglaban sa pagtatanggol at kapangyarihan ng kanilang diyus-diyusan. Kung ang isang tao ay tinalo ang iba ito ay nagpapahayag ng tagumpay ng isang diyus-diyusan sa iba. Magkagayunman, sa Bibliya sinasabing paulit-ulit na ang paghatol sa Israel at Juda ay dahil sa kanilang kasalanan, hindi ang kahinaan ni YHWH. Sa mensahe dito si Daniel ay nagpapatotoo sa kapangyarihan ni YHWH sa pagkontrol ng mga bansa at kasaysayan, katulad sa Kanyang karunungan .

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:24

²⁴Pagkatapos, si Daniel ay bumalik kay Arioc, na siyang inutusan ng hari na pumatay sa mga pantas ng Babilonia; sinabi niya: “Huwag mo munang patayin ang mga pantas ng Babilonia! Samahan mo ako sa hari, at ipapaliwanag ko ang kanyang panaginip”

TEKSTO SA NASB(BINAGO): 2:25-30

²⁵Pagkatapos dali-daling dinala ni Arioc si Daniel sa hari at sinabing ganito: “Natagpuan ko ang isang bihag mula sa Juda na makakapaliwanag sa hari!” ²⁶Ang hari ay nagsabi kay Daniel, na ang pangalan ay Beltsasar, “Masasabi mo ba sa akin ang aking panaginip na aking nakita at maipapaliwanag?” ²⁷Sumagot si Daniel sa hari, “Ang hiwagang hinihiling ng hari, ay hindi maipapaliwanag ng sinumang pantas, engkantador, salamangkero o manghuhula sa hari. ²⁸Magkagayunman, mayroong isang Diyos sa langit na nagpaalam ng mga hiwaga, at ipinaalam Niya kay haring Nabucodonosor ang mangyayari sa hinaharap. Ito ang inyong panaginip at pangitain sa iyong isipan habang kayo ay natutulog. ²⁹O mahal na hari habang kayo ay natutulog ang inyong kaisipan ay nakita ang mangyayari sa hinaharap; at Siya ang nagpaalam ng mga hiwagang mangyayari. ³⁰Ngunit para sa akin, ang hiwaga ay hindi ipinaalam sa akin na ako ay nakakahigit kaninuman, bagkus sa adhikain na maipaliwanag sa hari, at maunawaan ng inyong kaisipan.”

2:25 “Arioc. . .natagpuan ko” Sa lahat na pulitiko, si Arioc ay pinarangalan sa pagkakatatagpo kay Daniel, sa katunayan, si Daniel ang lumapit sa kanya (cf. 24).

▣ **“sa mga bihag mula Juda”** Lahat na pantas ng Babilonia ay hindi nakatulong, ngunit ang isang mula sa Diyos na bihag ay nakatulong! Ito ang paraan ng pagdakila kay YHWH. Alam ng Kanyang sambayanan sapagkat kilala nila Siya. Ang Juda ay tila maliit at hindi kilala, ngunit ang sambayanan ay sambayanan ng Diyos. Ipinakilala Niya ang Kanyang sarili sa kanila at ngayon sa pamamagitan nila kay Nabucodonosor.

2:27-30 Tinanggihan ni Daniel ang pansariling karangalan dahil sa pagpapahayag, bagkus ibinigay niya ito sa Diyos ng kanyang mga magulang.

2:28 “Ipinaalam niya kay haring Nabucodonosor ang mangyayari sa hinaharap”

Si Nabucodonosor ay ginamit upang ihalintulad bilang simbolo ng pamahalaang pantao (cf. v 36-38). Ang magkatulad na paghahambing ay makikita sa Pahayag 18 sa pariralang “ang masasamang babae sa Babilonia.” Sa Daniel, kabanata 1 hanggang 6, ay naglalarawan ng pamahalaang pantao, samantala sa kabanata 7 hanggang 12 ay nagpapakita ng pagdating ng kaharian ng Diyos.

Madalas ang mga propeta ay nagpapahayag tungkol sa mga bansa (e.g. Isaias 12-24;46-47; Jeremias 44-51; Ezekiel 25-32), ngunit hindi sa harap ng mga lider ng mga bansa (na maaaring pagbubukod kay Amos para sa lider ng Israel). Sa katunayan si Daniel ang nakipag-usap sa Diyos ng harapan para sa mga paganong emperyo ng noong sinaunang Malapit sa Silangan. Magkasalungat ang kalagayan ng daigdig at adhikain ng Diyos sa paglikha. Hahatulan ng Diyos ang mga bansa at tutuparin ang Kanyang adhikain para sa paglikha. Si Daniel ay may kakaibang lugar kay YHWH sa pakikipag-usap sa mga lider na pagano at sa kanilang mga kaharian.



NASB, NKJV “sa susunod na mga araw”
NRSV “pagkatapos ng mga araw”

TEV “sa hinaharap”

NJB “sa katapusan ng mga araw”

Sa Lumang Tipan ay nakita ang pagdating ng Mesias. Ang panahon ng kasaysayan ay pinangunahan ng mahahalagang pangyayari katulad sa panghinaharap.

Magkagayunman, dahil sa maraming pahayag (i.e. sa Bagong Tipan), aming napagtanto na ang salitang “sa susunod na araw” ay madalas na tinutukoy ang panahon sa pagitan ng pagkatawang tao ng Mesias sa Bethlehem at ang Kanyang pagdating muli na makapangyarihan at kaluwalhatian sa kanyang pangalawang pagdating (cf. Mga Gawa 2:17 binanggit sa Joel 2:28-32). Ito ay pangunahing pagpatong ng dalawang panahon ng Hudyo.

NATATANGING PAKSA: ANG PANAHO NG ITO AT ANG PANAHO NG DARATING

Ang mga propeta sa Lumang Tipan ay ipinakita ang hinaharap bilang kadugtong ng pangkasalukuyan. Para sa kanila ang hinaharap ay ang pagbabalik ng Israel. Magkagayunman, kahit na nakita nila itong bagong panahon (cf. Isaias 65:17;66:22). Sa pagpapatuloy ng paglaban kay YHWH ng mga salin-lahi ni Abraham (kahit pagkatapos ng pagbihag) ang bagong halimbawa ay lumago sa pagitan ng literaturang apokaliptik ng mga Hudyo (i.e. I Enoch, IV Esdras, II Baruch). Ang mga kasulatang ito ay nagsimulang matukoy ang pagitan ng dalawang panahon: ang pangkasalukuyang kasamaan ay gawa ni Satanas at ang darating na kabutihan ay gawa ng Espiritu at papasinayaan ng Mesias (madalas na magaling na mandirigma).

Sa bahaging ito ng tungkol sa Diyos (katapusan ng lahat) ay may malinaw ng paglago. Ang mga teolodyan ay tinawag itong “pag-unlad sa pahayag.” Ang Bagong Tipan ay nagpatotoo sa bagong malawak na katotohanan sa dalawang panahon (i.e. ang dalawang buhay):

<u>Hesus</u>	<u>Pablo</u>	<u>Mga-Hebreo</u>
Mateo 12:32	Mga Taga-Roma 12:2	1:2
Mateo 13:22 & 29	I Mga Taga-Cor. 1:20; 2:6,8; 3:18	6:5
Marcos 10:30	II Mga Taga-Cor. 4:4	11:3
Lucas 16:8	Mga Taga-Galacia 1:4	
Lucas 18:30	Mga Taga-Efeso 1:21; 2:1,7; 6:12	
Lucas 20:34-35	ITim. 6:17	
	II Tim. 4:10	
	Tito 2:12	

Sa Bagong Tipan ang dalawang panahon ng mga Hudyo ay nagkapatong-patong sapagkat ang hindi inaasahang at napabayaang mga hula ng dalawang pagdating ng Mesias. Ang pagkatawang tao ni Hesus ay natupad ang mga propesiya sa Lumang Tipan ng pagkakaroon ng bagong panahon (Daniel 2:44-45). Magkagayunman, ang Lumang Tipan ay nakita rin ang Kanyang pagdating bilang Taga-Paghatol at Taga-Gapi, ngunit Siya ay unang dumating bilang Alipin ng Pagpapakasakit (cf. Isaias 53), mapagpakumbaba at masunurin (cf. Zacarias 9:9). Siya ay babalik sa Kanyang kapangyarihan katulad ng hula Lumang Tipan (cf. Pahayag 19). Itong dalawang natupad ay nagdulot sa dalawang Kaharian na humarap doon (nagpasinaya), ngunit sa hinaharap (hindi pa natatapos). Ito ang bagong nakakabahala sa Bagong Tipan na natapos na, ngunit hindi pa!

2:29 Ang propesiyang paghula ay isa sa mga malaking katibayan na ang Bibliya ay ang nag-iisang inspiradong nagpapahayag ng isang tunay na Diyos (cf. vv.45,47). Ang Bibliya ay ang nag-iisang banal na aklat sa daigdigang pang-relihiyon na may hulagang propesiya.

Ang Diyos ay mataas sa panahon. Ang lahat na kasaysayan ay nasa harapan Niya lahat. Siya ay

hindi limitado ng nakaraan, pangkasalukuyan, at pagkasunod–sunod ng panahon sa panghinaharap. Itong paunang kaalaman ay hindi inaalis ang kalayaan ng mga tao. Tayo ang may pananagutan sa ating mga pipiliin. Ang Bibliya ay hindi nagtuturo ng determinadong paraan (Islam), bagkus kasunduan!

2:30

NASB, NRSV “ang layunin ng iyong kaisipan”

NKJV “ang layunin ng iyong puso”

TEV “ang layunin na dumating saiyo”

NJB “ang sa iyong kaisipan”

Ang salitang “puso” ay ang pagtukoy sa isang buong katauhan sa Lumang Tipan.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:31-35

³¹Ikaw, O Mahal na hari, kayo ay nakatingin at pinagmamasdan, ang isang malaking rebulto; ang rebultong yaon, na napakalaki at kakaibang nakakasilaw, ay nakatayo sa harapan ninyo, at nakakatakot tingnan. ³²Ang ulo ng rebulto ay dalisay na ginto, ang dibdib at bisig ay pilak, ang tiyan at hita ay tanso, ³³ang binti ay bakal, ang paa ay bahagi ng bakal at luwad. ³⁴Nagpatuloy kayo sa pagtingin hanggang may isang tipak na bato na bumagsak sa mga paa ng rebulto at nadurog ang mga paa. ³⁵Pagkatapos ang bakal, ang luwad, ang tanso ang pilak at ang ginto ay sabay –sabay na nadurog at naging katulad ng ipa sa sahig ng giikan; at nilipad lahat ito ng hangin at walang natira. Ngunit ang batong bumagsak ay naging malaking bundok at napuno ang daigdig.”

2:31-35 “ang rebulto” Itong rebulto ng taong lalake na may ibat-ibang metal ay naglalarawan ng pagbagsak ng mga pamahalaang pantao. Ang bawat isa ay nagpapataasan (cf. v. 39).

2:31 Ang rebulto ay nilalarawan na:

1. “malaki” (BDB1112)- gamit ng rebulto (2:31) at ng punong kahoy (4:7), kahit ang karangalan (2:6) at mga handog (2:48)
2. “kakaibang liwanag” (BDB1096)- maaaring tumutukoy sa kinang ng ibat-ibang metal .



NASB, NKJV “nakakatakot”

NRSV “nakakatakot”

TEV “nakakatakot”

NJB “nakakatakot”

Itong katulad na salita (BDB1087) ay naglalarawan sa pang-apat na halimaw sa Daniel 7:7.

2:33 “luwad” Ito ay tumutukoy sa pinatigas na luwad (“luwad ng manggagawa ng palayok” o pinatigas na luwad), katulad sa mga v. 34,35, unang ginamit sa 41,42, ngunit ang v. 41 at 43 ay tila ang ibig sabihin ay basang luwad (“basang luwad”).

2:34 “isang bato” Ito ang paghahalintulad para sa Mesias. Siya ay madalas sabihin sa propesiya bilang bato.

NATATANGING PAKSA: SANDIGANG BATO

I. Mga Pagkakagamit sa OT

A. Ang konsepto ng isang bato bilang isang matigas at matibay na bagay na nakagagawa ng isang

mabuting saligan (pundasyon) ay ginamit upang ilarawan si YHWH (cf. Awit 18:2).

- B. Ito ay yumabong sa isang titulo ng Mesias (cf. Genesis 49:24; Awit 118:22; Isaias 28:16).
- C. Ito ay dumating upang katawanin ang isang kahatulan mula kay YHWH sa pamamagitan ng Mesias (cf. Isaias 8:14; Daniel 2:34-35,44-45).
- D. Ito ay yumabong sa isang talinghagang panggusali.
 - 1. Isang saligang bato, ang unang inilalagay, na siyang nagtitiyak at nagtatakda ng mga panulukan para sa natitiran bahagi ng gusali, ay tinatawag na “ang sandigang bago”
 - 2. Ito ay maaaring tumutukoy sa panghuling bato na ilalagay, na humahawak sa pader na magkakasama, (cf. Zacarias 4:7; Efeso 2:20,21), ay tinatawag na “ang mataas na bato,” mula sa Hebreong *rush* (i.e., ulo)
 - 3. Ito ay maaaring tumutukoy sa “susing bato,” na nasa gitna ng arko ng dadaanan ng pinto at humahawak sa bigat ng buong pader

II. NT Mga Pagkagamit

- A. Sinipi ni Hesus ang Awit 118 nang araming beses na tumutukoy sa Kanyang sarili (cf. Mateo 21:41-46; Marcos 12:10-11; Lucas 20:17)
- B. Ginami ni Pablo ang Awit 118 sa kaugnayan nito sa pagtanggap ni YHWH sa kawalang pananampalatay, mapanghimagsik na Israel (cf. Roma 9:33)
- C. Ginagamit ni Pablo ang konseptong sa isang “sandigang-bato” sa Efeso 2:20-22 na tumutukoy kay Kristo
- D. Ginagamit ni Pedro ang konseptong ito kay Hesus sa I Pedro 2:1-10. Si Hesus ay ang sandigang-bato at ang mga mananampalataya ay mga buhay na bato (i.e., mga mananampalataya bilang mga templo, cf. I Corinto 6:19), na natatag sa Kaniya (i.e., Si Hesus ay ang bagong Templo, cf. Marcos 14:58; Mateo 12:6; Juan 2:19-20). Ang mga Hudyo ay tinanggihan ang tunay na sandigan ng kanilang pag-asa noong tinanggihan nila si Hesus bilang Mesias.

III. Mga Teolohikong Pamamahayag

- A. Pinahintulutan ni David/Solomon na itayo ang templo. Sinabi Niya sa kanila na kapag iningatan nila ang kasunduan, sila ay Kaniyang pagpapalain at makakasama nila (cf. II Samuel 7), ngunit ngunit kung hindi nila gagawin, ang templo ay mawawasak (cf. I Hari 9:1-9)!
- B. Ang Rabinikong Judaismo ay tumutuon sa anyo at ritwal at pinapabayaang personal na aspeto ng pananampalataya (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38). Naghahanaw ang Diyos ng isang pang-araw-araw, personal, maka-Diyos pakikipag-ugnayan sa mga nilikha sa Kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27). Ang Lucas 20:17-18 ay naglalaman ng mga nakakatakot na mga salita ng kahatulan, tulad ng sa Mateo 5:20, papuntang Judaismo.
- C. Ginamit ni Hesus ang konsepto ng isang templo na kumakatawan sa Kanyang pisikal na katawan (cf. Juan 2:19-22). Ito ay pinapatuloy at pinapalaki ang konsepto ng personal na pananampalataya kay Hesus bilang ang Mesias ay susi sa isang pakikipag-ugnayan kay YHWH (i.e., Juan 14:6; I Juan 5:10-12).
- D. Ang kaligtasan ay nangangahulugan na ipanumbalik ang nasirang larawan ng Diyos sa sangkatauhan (Genesis 1:26-27 at kabanata 3) upang ang pagkikipag-ugnayan sa Diyos ay maaari. Ang layunin ng Kristiyanismo ay pagiging katulad ni Kristo ngayon. Ang mga mananampalataya ay kailangang maging mga buhay na bato (i.e., mga maliliit na templo na itinayo/itinulad kay Kristo).
- E. Si Hesus ay ang sandigan ng ating pananampalataya at ang sandigang-bato ng ating pananampalataya (i.e., ang Alpha at Omega). Ngunit gayundin ang bato ng pagkatisod at bato ng pagpagdurusa. Ang Siya ay hindi matagpuan ay hindi ay hindi matagpuan ang lahat ng bagay. Walang maaaring panggitnang saligan dito!

2:35 “nasira” Kahit na ang batong bumagsak ay tumutukoy lang sa pang –apat na kaharian, ang iba ay nasira na parang abo (BDB1089 *Peal Ganap*, cf. v.45). Ito ay tila nagsisimbolo ng pinaka pagbagsak ng pamahalaang pantao at ang pagtatag ng kaharian ng Diyos sa buong daigdig.

▣ **“naging malaking bundok at pinuno ang buong daigdig”** Ito ay maaaring (1) isang palabas noong sinaunang paniniwala sa Babilonia na ang daigdig ay isang bundok o (2) ang paghahalintulad sa kaharian ng Diyos sa Bibliya (cf. Isaias 2:2; Mikas 4:1). Tunay na ipinapakita ang kaharian sa buong daigdig .

Ang “bato” sa v.34 ay malinaw na tinutukoy ang Mesias, ngunit sa v.35 ay tumutukoy sa Kanyang Kaharian (ang iglesiya ng tagapagligtas, cf. Mga Taga-Roma 9-11; Mga Taga-Efeso 2:11-3:13). Sa Daniel ay may madalas na pagbabago sa pagitan ng mga lider at kanilang kaharian. Ang tunay na interpretasyon sa paksa ay kung ito ay may kaunayan sa (1) ang pagpapasinaya ng kaharian ng Diyos sa pag katawang tao, pagkabuhay, kamatayan, at pagkabuhay na muli ni Hesus o (2) ang kabuuan ng kaharian ng Diyos ay ang pagdating ng pangalawang pagdating ni Hesus. Itong dalawang pagdating ay nagkaroon ng kalituhan sa propesiya sa Lumang Tipan.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:36-45

³⁶“Ito ang panaginip; ngayon sasabihin na namin ang interpretasyon sainyo mahal na hari. ³⁷Ikaw, O mahal na hari, ang hari ng mga hari, na binigyan ng kaharian ng Diyos sa langit, ng kapangyarihan, ng lakas at kaluwalhatian; ³⁸at kung saan ang mga anak ng mga tao nakatira, o mga hayop sa bukirin o mga ibon sa langit, Ibinigay Niya ang mga ito saiyo upang ikaw ang mamahala sa kanila. Ikaw ang katumbas ng ginto. ³⁹Pagkatapos ng iyong kaharian, may darating na pangatlong kaharian, ang tanso na maghahari sa buong daigdig. ⁴⁰At ang pang-apat na kaharian na kasing lakas ng bakal; na ang bakal ay sinisira at sisirain ang lahat na bagay, kaya katulad ng bakal na sisira sa mga ito katulad sa maliliit na bagay. ⁴¹Ang mga paa at talampakan naman, na may bahagi ng luwad ng taga-gawa ng palayok at bahagi ng bakal, ito ang dalawang kaharian na hinati; ngunit magkakaroon ng matigas na kaharian katulad ng bakal. ⁴²katulad sa paa na may bahaging bakal at luwad, kaya ang ilang kaharian ay malakas at ang ibang bahagi ay mahina. ⁴³Ang nakita ninyo na bakal na may halong pangkaraniwang putik, ay magkakaroon ng haluang pag-aasawa; ngunit ito ay hindi magtatagal, dahil ang bakal ay hindi ginagamit sa paggawa ng palayok. ⁴⁴Sa panahon ng mga haring yaon ang Diyos sa langit ay magtatayo ng kaharian na hindi mawawasak, at hindi masasakop ninuman; sisirain nito at bibigyan ng katapusan ang lahat na kaharian, at mananatili ito magpakailanman. ⁴⁵At nakita na ninyo ang bato na sumira bakal, tanso, luwad, pilak at ginto, ang dakilang Diyos ay ipinaalam na sa hari kung anong mangyayari sa hinaharap; kaya ang panaginip ay totoo at ang interpretasyon ay mapagkakatiwalaan .”

2:37 “Kanino binigay ng Diyos sa langit” Ang PANDIWA (BDB1095) ay isang *Peal* na GANAP. Pansinin ang pagpapatuloy na pag bibigay –diin sa kapangyarihan ng Diyos (cf. 1:2,9,17). Hinayaan Niyang ang hari ay mamahala at magtagumpay (i.e. “ang kaharian, ang kapangyarihan, ang lakas, at kaluwalhatian”).

2:38 Ang paglalarawan sa kaharian ni Nabucodonosor ay katulad sa Genesis 1:28 (cf. Jeremias 27:6; 28:14).

Ang bersong ito ay nagpapa-alala sa pagmamalasakit ng Diyos sa mga hayop (cf. Jonas 4:11; mga Awit.36:6c). Ang mga hayop ay maaaring bahagi sa bagong nilikha (cf. Isaias 11:6-9; 65:25 at maaaring sa Mga Taga -Roma 8:18-22).

▣ **“Ikaw ang ulo ng ginto”** Ang rebulto ng apat na sunod-sunod na emperyo ay katulad sa kabanata pito. Dito ang unang kaharian ay ang (bagong Babilonia, 626-539 B.C.). Sa 8:20-21 ay ang pangalawa

(Media-Persia, 539-333 B.C.) at ang pangatlo (Griego, 333-63 B.C.). Ito ang pang-apat na kaharian (cf.v.40) ang Roma, na ito ang pamahalaan ng Mediterranean na may kontrol sa Palestina ng isilang si Hesus.

2:39 “pagkatapos ninyo may darating na bagong kaharian” Maliwanag na ito ang paraan upang mawala ang takot ni Nabucodonosor na ang kanyang kaharian ay mawawala na agad sa kanya.

▣ **“na mamamahala sa daigdig”** Ito ay maaaring paghahalintulad sa daigdig (katulad sa Genesis 6-9, cf. Bernard Ramm, *The Christian View of Science and Scripture*, pp. 158-169).

2:40 “ang pang-apat na kaharian” Ang kahariang ito ay isinalarawan sa 2:40-43; 7:7-8. Ito ay hindi pinangalanan katulad sa unang tatlo. Sa ilang paraan ang tinutukoy ay ang Roma, at isa ring uring pantaong pamamahala sa buong daigdig, na lumalaban sa Diyos. Ito ay may kasaysayang tinutukoy (Roma) at panghinaharap na tinutukoy (katapusan ng panahon ng mga lumalaban sa Diyos na emperyo sa buong daigdig, cf. 9:25-27; 11:36-45).

Itong pangalawang kabanata ay nagtayo ng kasaysayan sa buong aklat .

2:41 “ito ay maghahati sa kaharian” Ito ay tumutukoy sa pang-apat na kaharian at nagpapahiwatig sa sunod- sunod na kaharian. Maraming pagtalakay tungkol sa kahulugan ng paghahati ng kaharian (BDB1108, *Peal BALINTIYAK NA PANDIWARI*): (1) ang emperyo ng Roma ay maghahati sa silangan at kanluran; Ito ay tumutukoy sa pagsubok ng pagsasamang pulitikal sa mga tribung Aleman(cf.v.43at TEV); o (3) ito ay maaaring tumutukoy sa pagkakaiba sa pagitan republika at nang maglaon ay diktatorya .

Ang paa na bakal at luwad ay binanggit sa v.42 ay maaaring tumutukoy sa salitang “paghati.” Ang emperyo ay: (1) magiging malakas sa kapangyarihang tao, ngunit mahina sa espirituwal na kapangyarihan o (2) kapwa malakas ang mga tao (mga pamilya) at mahinang mga tao (mga pamilya). Ang pangunahing kapintasan ay magdudulot ng pagbagsak.

2:43

NASB “sila ay maghahaluang –pag-aasawa”

NKJV “sila ay maghahaluang pag-aasawa ”

NRSV “katulad sa paghahaluang –pag-aasawa”

TEV “ang mga pinuno ng emperyo ay magsusubok na pag-isahin ang kanilang mga pamilya sa pagpapalitan ng pag-aasawa”

NJB “ang dalawa ay maghahaluang pag-aasawa”

Ang kahariang ito ay susubok na mailigtas ang bawat isa sa pamamagitan ng tao (marahil sa pag-aasawang pulitikal, cf.11:6).

2:44 “sa panahon ng mga haring yaon” Ito ay napakahalagang matanto na ang pagdating ng Mesias ay sa panahon ng pang-apat na kaharian. Kaya nga, ako ay naniniwala na ito ay tumutukoy sa pagkatawang tao ni Hesus sa Bethlehem sa panahon ng Romano sa Palestina; samakatuwid, “ang mga haring yaon ” ay tumutukoy sa Romanong Caesars ng unang siglo at hindi ang mga hari sa hinaharap .

▣ **“magtatayo ng kahariang hindi kailanman masisira”** Ang pariralang ito ay walang kaugnayan sa milinyum na nabanggit sa (cf. Pahayag.20:1-6). Ito ay nagpapakita ng kasaysayan na ang kaharian ng Diyos ay maitatayo sa pagtatag ng Mesias ng walang katapusang, walang hanggang kaharian (cf. II Samuel 7:13,16; Mga Awit 45:6; 89:36-37; Isaias 9:7; Daniel 4:3;6:26; 7:14,18; Mikas 5:2-5a; Lucas 1:33; II Pedro 1:11; Pahayag 11:15).

Pansinin ang katangian ng kaharian .

1. Itinatag ng Diyos (BDB1110)

2. Hindi kailanman masisira (BDB1091)
3. Hindi iiwanan para sa ibang tao
4. sisirain (BDB1089) at tatapusin (BDB1104) ang lahat na mga kaharian
5. hanggang magpakailanman (BDB1104)

Ito ay katulad ng makapangyarihang imahen na inilarawan sa kahariang ito sa 7:14,27.

2:45 “isang tipak na bato” Ito ay maaaring pagpapahiwatig ng kapanganakan ng isang birhen sa Mesias (cf. Genesis 3:15; Isaias7:14) at ang pagkakatawang tao sa Bethlehem. Kahit ang mga tagapunang Hudyo na sina Rashi at Eben-Ezra ay nakita ang mensahe para sa Mesias .

▣ **“walang mga kamay”** Ito ang paghahalintulad sa mga ahensya ng Diyos cf. 8:25; Zacarias 4:6). Ito ay isa pang paraan ng pag kontrol sa mga tao ng Diyos (cf. Hebreo 11:10,16).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:46-49

⁴⁶Pagkatapos, ang hari ay nagpatirapa sa harapan ni Daniel, at nagbigay ng kautusan na ibigay ang handog at pabango. ⁴⁷Ang hari ay sumagot kay Daniel at nagsabi, “Tunay na ang iyong Diyos ay Diyos ng mga diyus-diyusan at Panginoon ng mga hari at nagpapahayag ng mga hiwaga, at naipahayag mo ang mga hiwaga.” ⁴⁸Pagkatapos si Daniel ay binago ang katayuan at binigyan ng maraming handog, at ginawa siyang tagapamahala ng buong lalawigan ng Babilonia at pinuno ng lahat na pantas ng Babilonia. ⁴⁹At si Daniel ay humiling sa hari, at sina Sadrac, Mesac at Abed-nego ay naging taga pamahala ng lalawigang Babilonia, samantala si Daniel ay nasa palasyo.

2:46 Si haring Nabucodonosor ay nagpakumbaba kay Daniel bilang kumatawan sa Diyos na nagpahayag ng katotohanan. Ito ay hindi tumutukoy sa pagsamba ni Daniel o hindi niya ito papahintulutan .

2:47 Ito ang mga salitang matataas pakinggan (cf.3:28-29;4:1-3,34-37) ang ibig sabihin si Nabucodonosor II ay hindi naging mananampalataya ni YHWH. Siya ay naniniwala sa maraming diyos kaya ito ay hindi isang suliranin kung madadagdagan ang kanyang diyus-diyusan. Siya ay sumasamba pa rin kay Marduk at Nebo. Ito ay kagulat –gulat na hinayaan niya si YHWH, ang Diyos ng mga Hebreo na tawagin na taga pagpahayag ng mga hiwaga, dahil ito ang katungkulan ni Nebo sa templo ng mga diyus –diyusan sa Babilonia.

▣ **“Diyos ng mga diyus-diyusanat Panginoon ng lahat na hari”** Isinalarawan ni Daniel si Nabucodonosor bilang “hari ng mga hari” (cf. v. 37), ngayon kanyang napagtanto na ang Diyos ni Daniel (Juda) ay ang Kataastaasang Diyos!

2:48 “Itinaas ang katayuan ni Daniel” Siya ay naging gobernador ng lalawigan ng Babilonia at pinuno ng mga pantas.

▣
NASB, NRSV “lider ng mga pinuno”
NKJV “lider ng mga taga pamahala”
TEV “ang pinuno”
NJB “pinuno”

Ang dalawang salitang Aramaiko (BDB1112, 1104) ay madalas na tumutukoy sa mga lider ng pamahalaan (cf.3:2,3,27;6:8), ngunit dito tinutukoy ang paggiging pinuno sa lahat ng mga pantas.

2:49 “at si Daniel ay humiling sa hari” Hindi nakalimutan ni Daniel ang kanyang mga kasama sa

pagpapanalagin, at sila ay binigyan din ng katungkulan. Ang pagkakaiba sa katungkulan ni Daniel sa pagitan ng tatlong kabataang Hebreo ay tumatak sa Daniel 3 na maliwanag, na si Daniel ay wala doon.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Si Daniel ba ay lumabag sa kanyang mga ninunong Hudyo sa pagkakaroon ng kaugnayan sa grupong matatalinong tao?
2. Anong mga tiyak na bagay na ginawa ni Daniel sa pagpuri sa Diyos sa mga v. 20-23?
3. Bakit ipinahayag ng Diyos ang apat na sunod- sunod na emperyo sa panaginip ni Nabucodonosor?
4. Ilang kaharian ang binanggit ni Daniel at sino sila ?
5. Bakit ang v. 44 ay napakahalaga sa pagsasalin sa Daniel?
6. Sino o Ano ang simbolo ng bato?

DANIEL 3

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang Imahen Na Ginto	Ang tatlong kabataan sa nag-Lalagablab na pugon	Nag-utos si Nabucodonosor sa Lahat na Sambahin Ang Gintong Rebulto	Si Nabucodonosor ay Nagpagawa ng Gintong Rebulto
3:1-7	3:1-7	3:1-7	3:1-7
Ang mga Kaibigan ni Daniel ay Hindi Sumunod sa Hari		Ang Tatlong Kaibigan ni Daniel Ay Inakusahan ng pagsuway	Ang Pag-akusa at Paghatol Sa mga Hudyo
3:8-15	3:8-12	3:8-12	3:8-23
	3:13-15	3:13-15	
3:16-18	3:16-18	3:16-18	
Nakaligtas sa Naglalagablab na Hatol		Ang Tatlong Kaibigan ni Daniel Ay Hinatulan ng Kamatayan	
3:19-23	3:19-23	3:19-23	Kinilala ng Hari ang Himala
3:24-25	3:24-30	3:24a	3:24-29
		3:24b	
		3:25	
Pinuri ni Nabucodonosor ang Diyos		Ang Tatlo ay Pinakawalan at Itinaas Sa Tungkulin	
3:26-30		3:26-27	
		3:28	
		3:29	
		3:30	3:30
			Ang Ipinahayag ni Nabucodonosor
			3:31-30 (sa ibang pag-sasalin ,4:1-3)

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p.xvi sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

- A. Ang kabanatang ito ay nagpapakita na ang pananalig ni Daniel ay kapareho ng kanyang mga kaibigang bihag.
- B. Ang kabanatang ito ay napapalooban ng
 1. Mga nakatala
 2. Ang pag-uulit ng mga nakatala
 - a. Mga pangalan ng mga opisyaes ng pamahalaan (cf. vv. 3,24,27)
 - b. Mga pangalan ng mga instrumentong pang musika (cf. vv. 5,7,10,15)
 - c. Mga pangalan ng mga pangkat ng mga tao (cf. vv. 4,7; 4:1; 6:25)
 - d. ang tatlong kabataang Hudyo (cf. vv. 12,13,14,16,19,20,22,23,26 [dalawang beses], 28,29,30)
- C. Ang kapangyarihan ng Diyos ay nagpapatuloy sa paksang teolohikal. Siya ay Diyos at Kanyang pinagpapala ang nagtitiwala sa (cf. v. 28) Kanya.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:1-7

¹Si Nabucodonosor ay nagpagawa ng rebultong ginto. Ang taas ay anim na pung kubito na ang sukat ng bawat kubito ay humigit kumulang sa 18 hanggang 22 na pulgada at ang lapad ay anim na kubito; ipinatayo ito sa kapatagan ng Dura sa lalawigan ng Babilonia. ²Pagkatapos ipinatawag niya ang mga gobernador, ang mga pinunong taga-pamahala, mga katulong ng gobernador, mga ingat-yaman, mga hukom, mga mahistrado, at lahat na mga lider ng lalawigan na dumalo sa pagtatalaga ng imahen na ipinatayo ni Nabucodonosor. ³Pagkatapos ang gobernador, ang mga pinuno ng taga pamahala, ang katulong ng mga gobernador, ang mga ingat-yaman, ang mga hukom, ang mga mahistrado at ang lahat na lider ng lalawigan ay dumalo sa pagtalaga ng imahen na ipinatayo ni Nabucodonosor; at sila ay tumayo sa harapan ng rebulto; ⁴Pagkatapos malakas na ipinahayag ng taga pagbalita: “Iniuutos sa lahat ng tao, bansa at bawat wika, ⁵na sa sandaling marinig ang tunog ng tambuli, plauta, lira, alpa, salteri, bagpipe at lahat na uri ng instrumento ng musika, kayo ay magpatirapa at sumamba sa gintong rebulto na ipinatayo ni Nabucodonosor. ⁶At kung sinuman ang hindi magtitirapa at sasamba siya ay ihahagis sa naglalagablab na pugon.” ⁷Kaya nga, sa panahon na marinig ang tunog ng tambuli, plauta, lira, alpa, salteri, bagpipe, at lahat na uri ng instrumento ng musika ng mga tao, bansa, at lahat na wika ay magtataripa at sasamba sa gintong rebulto na ipinagawa ni Nabucodonosor.

3:1“ang imahen na ginto” Ang imahen (BDB1109-rebulto, anyo) ay maaaring katulad sa pangitain na anyong tao na gawa sa apat na metal (2) ang mataas na monumento na ang anyo ay hindi matiyak. Ang salitang Aramaiko ay maaaring ang ibig sabihin ay “monumento.” Ang pangkaraniwang sukat ng katawang tao ay lima para sa isa ngunit ang taas ng imahen ay sampu para sa isa. Ang malaking kapatagan ay natagpuan anim na milya mula sa nasirang sinaunang lungsod ng Babilonia, na ang sukat

ay apat na put limang talampakan sa apat na put limang talampakan sa labing walong talampakan. Ito marahil ang kapatagan ng imahen.

▣ **“ng ginto”** Tila ang ibig sabihin nito ay gawa sa ginto at mayroong kaming halimbawa sa Bibliya katulad sa (1) Ang gintong guya ni Aaron (Exodo 32); (2) Isaias 40:19;41:7;44:10; (3) Jeremias 10:4,14; at sa (4) Herodotus 1.183.

▣ **“anim na put na kubito at ang lapad ay anim na kubito”** Ang imahen ay siyamnapung talampakan ang taas sa siyam na talampakan na lapad kung ibabatay sa sukat ng kubito (BDB1081) na nasa labing walong pulgada, na tumutukoy sa layo ng siko hanggang sa dulo ng pinakamahabang daliri ng pangkaraniwang sukat ng tao ng panahong yaon. Ang mala higanteng rebulto ng Rhodes ay pitumpung kubito ang taas (i.e.105 talampakan), kaya ito ay hindi sa labas ng teknolohiya ng sinaunang kaharian .

▣ **“ang kapatagan ng Dura”** Ang salita (BDB1087) tila galing sa “duru” na ang ibig sabihin ay “saradong pader”o “pader” (Akkadian). May ilan kaming natagpuang dokumento mula sa Babilonia na bumabanggit sa sa Kapatagan ng Dura. Magkagayunman, ang tumpak na lugar ay hindi tiyak. Ang pagkahanap ng malaking kapatagan ilang milya ang layo sa Babilonia, ay maaari.

3:2 “ang hari ay nag-utos na dumalo” Kami ay may nakatalang mga halimbawa ng pagdadalo sa kaharian, mula sa talaan ng Sargon II.

3:3 Ang katangian ng kabanata na ito ay ang paulit-ulit na listahan ng mga opisyal ng pamahalaan at mga instrumento ng musika (1) mga kasulatan ng Hebreo; at (2) mga kasulatan tungkol sa monumento.

▣ **“governador”** Ang salitang ito sa pamahalaan (BDB1080) ang ibig sabihin sa Aramaiko na salitang Media ay “tagapagtanggol ng bayan.” Sa huling panahon ng emperyong Persia ito ay tumutukoy sa dalawampung gobernador (Herodotus) ng mga lalawigan (cf. Esdras 8:36; Ester 3:12; 8:9;9:3), ngunit ang tumpak na kahulugan sa emperyo ng unang bagong Babilonia ay hindi tiyak, ay maaaring “prinsipe” (cf.TEV).

▣ **“pinuno ng mga namamahala”** Ang kahulugan ng salitang pangpamahalaan sa Aramaiko (BDB 1104) ay hindi tiyak, ito ay maaaring salitang Akkadian na tuwirang magsasangguni sa gobernador. Si Daniel ay itinalaga sa tungkuling ito para sa lahat na pantas ng Babilonia 2:48.

▣ **“mga gobernador”** Ang salitang ito na pangpamahalaan, sa Aramaiko ay hindi tiyak (BDB 1108). Ang katulad na salitang Hebreo ay nagpapahayag na “mga gobernador ” (cf. I Mga Hari 10:15; 20:24; II Mga Hari 18:24; madalas sa Ezra, Nehemias, at Ester; Isaias 36:9; Jeremias 51:23,28,57; at ilang beses sa mga dating bihag na propeta).

▣ **“mga tagapayo”** Ito ay isa pa ring salitang pang pamahalaan sa Aramaiko (BDB1078) na hindi tiyak ang kahulugan. Ang tipikal na kahulugan ng ilang iskolar ay (1) katungkulan ng isang nasa hukbo (BDB1078) o (2) “mga ingat-yaman” (cf. Esdras 7:21).

▣ **“mahistrado”** Itong salitang pang pamahalaan sa Aramaiko (BDB1118) ay hindi rin tiyak. William Holladay, *A Concise Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament*, ay nagsabi na ito ay isang opisyal ng pulis (p.425) mula sa salitang hiniram ng Persia .

▣ **“ang mga lider sa mga lalawigan”** Ito ay tumutukoy sa mga mababang tungkulin ng pamahalaan (BDB1097). Ang pangyayari ay dinaluhan ng lahat na opisyal ng pamahalaan sa lahat na antas (cf.vv.4,7).

3:5,7,10 “**sa sandaling marinig ang tunog ng**” Ang listahan ng instrumento sa musika ay tumutukoy sa orkestra ng pamahalaang Babilonia. Ito ay maaaring ang pangbansang awit ng Babilonia (cf.10). Mayroong kaming nakatalang dokumento sa katulad na okasyon, na mayroong 150 na musikero ang tumugtog. Maliwanag na ang bagong Babilonia ay natutuwa sa musika at isinasama ito sa lahat na kapistahan.

3:5

NASB, NKJV,

NRSV, NJB,

JPS, NIV, NEB “**sungay**”

Sa Daniel 7:7-8,11,20,21,24 itong salitang Aramaiko (BDB1111) ay tumutukoy sa sungay ng hayop. Dito ito ay tumutukoy sa instrumentong pang musika, maaaring gawa mula sa sungay ng hayop.



NASB, NKJV,

NIV

“**plauta**”

NRSV, NJB,

JPS, NEB

“**pipa**”

Ang salitang Aramaiko (BDB1117) ay tumutukoy sa ilang uri ng instrumentong pang hangin.



NASB, NRSV,

NJB

“**lira**”

NKJV

“**alpa**”

JPS, NIV, NEB

“**gitara**”

Ito ay isang salitang hiniram sa Griego (*kitharis*), na tumutukoy sa mga may lubid na instrumento (alpa).



NASB, NRSV

“**alpa**”

NJB

“**gitara**”

JPS, NIV, NEB

“**trianggulo**”

Ito ay tumutukoy din sa hiniram na salitang Griego (*sambuke*), na ang ibig sabihin may lubid na instrumento na may apat na lubid.



NASB, JPS

“**salteri**”

NRSV, NJB, NIV

“**alpa**”

NEB

“**gitara**”

Ito ay (BDB1108) tumutukoy sa tringgulong may lubid na instrumento na may tablang tumutunog (William Holladay, *A Concise Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament*, p. 418).



NASB, NJB

“**bagpipe**”

NRSV

“**drum**”

NEB

“**musika**”

Mayroong kalituhan sa pag salin sa English kung ilan ang nakatala sa instrumentong pang musika. Ang tekstong Masoretic at ng Septuagin ay mayroong lima lamang sa v.7, ngunit anim ang nakalista sa vv.5 at 10. Ito ay maaaring tumutukoy sa dalawang pipa katulad sa plauta ni Pan.

Ito ay maaari ring ang huling salita ay tumutukoy sa “nagkaisa” (cf. NKJV, TEV).

▣ **“Magpatirapa at sumamba”** Kapwa PANDIWA ay *Peal DI- GANAP* (BDB1103 at 1104). Ang bagay na ito ay nagpapakita ng pangyayaring pang relihiyon at pulitikal. (cf.v.12). Ito ang dahilan kung bakit ang tatlong kabataang Hebreo ay hindi dumalo. Ito ay hindi tiyak kung ang mga lider sa bagong Babilonia ay tinanggap ang diyus-diyusan (ang imahen na kumatawan kay Nabucodonosor, cf.2:38), katulad sa Faraon ng Egipto at ilang Caesar ng Roma.

3:6,15 “kaagad” Sa katunayan ito ay “parehong oras” (BDB1116). Ito ang unang paggamit ng salitang “oras” sa Lumang Tipan. Mayroong ilang pagtalakay kung ang salita at konsepto ay nagsimula sa mga Babilonian o sa mga Griego. Alalahanin natin na ito ay hindi tumutukoy sa ating tamang anim na pung minuto sapagkat sila ay gumagamit ng higit na lumang instrumento sa oras .

▣ **“itapon sa gitna ng pugon na naglalagablab na apoy”** Dahil sa pagsasalarawan na makikita sa kabanata 3 at dahil sa mga natuklasan ng arkeolohiya, tila ito ay isang malaking libingan na pabilog ang bubong na may lagusan sa itaas at may daanan papunta doon. Ito ay mayroong ding pintuan sa ibaba para sa paglagay ng uling at pag-alis ng abo. Ito ay pangkaraniwang pagpaparusa sa panahong yaon (cf. Code of Hammurabi 110,157 at Jeremias 29:22).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:8-12

⁸Sa dahilang ito, sinamantala ng ilang Caldeo upang paratangan ang mga Hudyo. ⁹Sinabi nila kay haring Nabucodonosor: “Mabuhay ang mahal na hari! ¹⁰Ikaw, O mahal na hari, ay nag-utos na sinuman ang makarinig ng tunog ng sungay, plauta, lira, alpa, salteri, at bagpipe, at lahat na musika, ay magtataripa at sasamba sa imahen ng gintong rebulto. ¹¹Ngunit ang sinumang hindi magtataripa at sasamba ay itatapon sa gitna ng pugon na naglalagablab ng apoy. ¹²Mayroong ilang mga Hudyo na iyong itinalaga sa pamamahala sa lalawigan ng Babilonia, na ang pangalan ay sina Sadrac, Mesac, at Abednego. Ang mga taong ito, mahal na hari ay hindi sumunod; sila ay hindi sumamba sa gintong imahen na iyong ipinagawa.”

3:8 “ilang Caldeo” Ito ay dapat alalahanin na ang mga Caldeo ay maaaring (1) isang pangkat sa timog ng Tigris-Euphrates River Valley (cf. 5:30) o (2) isang pangkat ng mga pantas at saserdote (cf. Daniel 2:2).

▣ **“pinaratangan ang mga Hudyo”** Ito ay katotohanan “kinain ang maliliit” (cf.6:25). Ito ay napaka lakas na parirala (BDB1080, *Peal GANAP at BDB1111*) na nagpapakita ng pagsusumigasig sa mga paratang. Mula sa teksto ito ay malinaw na mayroong kasangkot na pagka-inggit sapagkat ang mga kabataang Hudyo ay may katungkulan sa pamahalaan (cf.v.12;6:4). At mayroong pang –aapi sa lahi dahil sa pinanggalingang lipi (cf. v. 12).

3:9 “Mabuhay ang Mahal na hari” tingnan sa 2:4.

3:12 “pangalan nina, Sadrac, Mesac, at Abednego” Ito ay hindi tiyak kung nasaan si Daniel ng panahong yaon. Maaaring siya ay maysakit o nasa misyon ng pamahalaan. Ito ay kakaiba sapagkat ang lahat na opisyal ng pamahalaan ay nandoon .

Para sa buod ng posibilidad na kung nasaan si Daniel narito ang *The Expositors’ Bible Commentary*, vol. 7, pp. 55-56.

▣ **“hindi kayo sinunod; hindi sila sumamba sa itinayo ninyong imaheng ginto”** Isipin na lamang ang naramdaman ng mga kabataang ito na malayo sa kanilang pamilya at itinalaga sa mahalagang tungkulin.

Si Nabucodonosor ay maaaring nakalimutan ang kanyang pagpuri kay YHWH mula 2:46-47.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:13-15

¹³Nagalit si Nabucodonosor at nag –utos na iharap sina Sadrac, Mesac, at Abednego; at iniharap nga sila sa hari. ¹⁴Nagtanong si Nabucodonosor sa kanila “Totoo ba, Sadrac, Mesac at Abednego, na hindi kayo nagtirapa at sumamba sa gintong imahen na aking ipinatay? ¹⁵Dapat kayo ay laging handa, sa sandaling marinig ninyo ang tunog ng sungay, plauta, lira, alpa, salteri at bagpipe at lahat na musika, magtaripa at sumamba sa imahen na ginto na aking ginawa, na higit na maayos. Ngunit kung kayo ay hindi sasamba, kayo ay kaagad na itatapon sa gitna ng pugon na naglalagablab ang apoy; at sinong diyos ang makakapagligtas sainyo salabas ng aking mga kamay?”

3:13 “sa labis na galit at galit” Si Nabucodonosor ay madaling magalit (cf.2:12;3:19). Ang mga nasa Silangan ay hindi sanay sa mga taong hindi sinusunod ang kanilang mga kautusan!

Ang pariralang ito (BDB1112 at 1095) ay tinatawag na hendiadys, na ito ang katangian ng istilong mga kasulatan ni Daniel. Tingnan sa 2:12.

3:14 Si Nabucodonosor II ay nagsubok na bigyan sila ng pangalawang pagkakataon (cf.v.15, sila ay magagaling na mga taga –pamahala), Ngunit ang kanilang pagtanggap ay labis siyang nagalit. Inisip niyang ang pagtanggap sa kanyang diyus-diyusan ay katulad sa pagtanggap sa kanyang pagkatao.

3:15 “sinong diyos ang makakapagligtas sainyo sa labas ng aking mga kamay” Ito ay katulad teolohiya sa II Mga Hari 18:33 at 19:12. Si YHWH ay bukas sa hamon na ipakita ang Kanyang pagkabuhay, kapangyarihan, at pag-ibig sa mga nagtitiwala sa Kanya (cf. v.28). Ipinakita ni YHWH ang Kanyang sarili sa mga bansa sa pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan at pag-ibig para sa Kanyang nakipagsundong sambayanan .

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:16-18

¹⁶Si Sadrac, Mesac at Abednego ay sumagot sa hari, “O Nabucodonosor, hindi namin kailangan na sumagot sa mga bagay na ito. ¹⁷Gawin ninyo ang inyong gusto, ang aming Diyos na aming pinaglilingkuran ay ang magliligtas sa amin mula sa pugon na naglalagablab ang apoy; at ililigtas kami sa labas ng iyong mga kamay, O mahal na hari. ¹⁸At kung hindi man niya gawin ito, hayaan ninyong malaman, O mahal na hari, na hindi kami maglilingkod sa inyong diyus –diyusan o magsamba sa gintong imahen na iyong ipinatayo.”

3:17 “gawin ninyo ang inyong gusto, ang aming Diyos na aming pinaglilingkuran ay ang magliligtas sa amin mula sa pugon na may naglalagablab na apoy” Si Nabucodonosor ay ginawa itong paligsahan sa pagitan ng diyus-diyusan ng Babilonia at ang Diyos ng Juda sa pagpapatotoo na walang makakaligtas sa kanila sa labas ng kanyang mga kamay (cf.v.15). Ang titulong paglalarawan, “ang Diyos na makakagawa ,” at sa v. 29 at sa Bagong Tipan sa Mga Taga- Roma 16:5; Mga Taga -Efeso 3:20; Judas 24.

Ang NET na Bibliya ay nag-salin sa pariralang ito “Kung ang ating Diyos na ating pinaglilingkuran ay nabubuhay, ay magagawa Niyang iligtas tayo sa pugon na may naglalagablab na apoy.” Ang Anchor na Bibliya, vol. 23, ay nag salin din na nagsubok na gamitin ang salitang Aramaikong “buhay”—“Kung mayroong Diyos na magliligtas sa atin, katulad ng Diyos natin, ililigtas Niya tayo mula sa maputing mainit na pugon” (p. 155).

3:18 “at kung hindi man Niya gawin ito,hayaan ninyong malaman, O mahal na hari, na hindi kami maglilingkod sa inyong diyus-diyusan o magsamba sa gintong imahen na iyong ipinatayo.” Sila ay naniniwalang magagawa ng Diyos, ngunit hindi sila nagmamagaling sa paghingi ng himala. Sila ay may

pananalig sa Diyos, hindi sa mga pangyayari.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:19-23

¹⁹Pagkatapos tumindi ang galit ni Nabucodonosor, at namula ang kanyang mukha dahil kina Sadrac, Mesac, at Abednego. Sumagot siya sa pag-utos na painitin ang pugon makapitong ibayo, higit pa sa dati nitong pagpapainit ²⁰Inutusan niya ang ilang matatapang na mandirigma na nasa hukbo na gapusin sina Sadrac, Mesac, at Abednego upang itapon sa pugon na naglalagablab ng apoy. ²¹Ginapos sila na hindi inalis ang kanilang pantalon, damit, gora at iba pang kasuutan, at itinapon sila sa gitna ng pugon na naglalagablab ng apoy. ²²Sa dahilang ito, sapagkat ang kautusan ng hari ay agad-agad at ang pugon ay napaka-init, ang ningas ng apoy ang pumatay sa mga lalaking nagdala kina Sadrac, Mesac, at Abednego. ²³Ngunit itong tatlong lalake, Sadrac, Mesac, at Abednego ay nahulog sa gitna ng pugon na naglalagablab ang apoy at nakatali pa rin.

3:19 “makapitong ibayo higit sa dati nitong pagpapainit” Ito ay malinaw na paggamit ng salitang paghahalintulad (cf. v. 22). Ang ibig sabihin nito ay ang pugon ay pinainit katulad sa pagpapainit kung anong dapat ang init.

3:20

NASB “mga matapang na mandirigma ”

NKJV “mga malakas na lalaking matatapang ”

NRSV “ilang malalakas na tanod”

TEV “ang mga malalakas na lalake”

NJB “ilang malalakas at matatapang mula sa hukbo”

Ang pagkakagawa (BDB1086 at d1093) ay nagpapahiwatig ng kanyang mga pinakamalakas na sundalong tanod. Ang galit ni Nabucodonosor ay nag dulot ng kamatayan nitong mga alipin (cf. v. 22).

3:21 “ang kanilang pantalon, damit, gora, at iba pang mga kasuutan” Ito ang kanilang kasuutan na nagpapakita ng mataas na katungkulan na kanilang nakuha sa emperyo ng bagong Babilonia .

3:22“ang pugon ay napaka-init, ang ningas ng apoy ang pumatay sa mga lalaking nagdala sa kanila sa loob” Ito ay isang malinaw na detalye ng napaka-init na pinagtapunan ng tatlong kabataan. Ang pagkahulog nila ay dahilan na ng kanilang kamatayan, kaysa sa init .

3:23 Pagkatapos ng bersong ito ay isiningit ang dalawang Apocryphal na kasulatan ng Septuagint, “Ang Awit ng Tatlong Kabataan” at “Ang Panalangin ni Assariah.” Ang dalawang kasulatan ng Apocryphal ay nagpapatotoo na ang hamog ng langit na dala ng anghel ng Diyos ay ang nagligtas sa kamatayan ng tatlong kabataang Hebreo .

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:24-27

²⁴Pagkatapos si Nabucodonosor ay nagulat sa pagkakatayo; sinabi niya sa kanyang matataas na opisyal, “Hindi ba’t tatlong lalake lang ang itinapon sa gitna ng apoy?” Sumagot sila sa hari, “Opo, O mahal na hari” ²⁵Ang sabi ng hari, “Tingnan ninyo! May nakikita akong apat na lalaking naglalakad sa gitna ng apoy at hindi nasusunog, at ang mukha ng pang –apat ay katulad sa anak ng diyos!” ²⁶At si Nabucodonosor ay lumapit sa pintuan ng pugon na naglalagablab ang apoy; tinawag niya sina “Sadrac, Mesac at Abednego, lumabas kayo, kayong mga lingkod ng Kataas-taasang Diyos, at lumapit kayo!” At sina Sadrac, Mesac, at Abednego ay lumabas sa gitna ng apoy. ²⁷Ang mga gobernador, ang pinuno ng tagapamahala, mga tagapayo at ang mga matatas na opisyal ng hari ay lumapit sa kanila at nakita nila na walang bakas na likha ng apoy sa kanilang katawan, at hindi nasunog kahit bahagya ang kanilang buhok, at kahit ang pantalon hindi nasira

at hindi sila nangamoy usok.

3:24 Pansinin na si Nabucodonosor, ay nakikipag-usap sa kanyang mga tagapayo, nagsabi, “hindi ba ang itinapon?” Gusto niyang manisi .

3:25 “**Ako ay nakakitang apat na lalaking naglalakad sa gitna ng apoy**” Maraming mga pagtalakay tungkol sa kung paano nakita ni Nabucodonosor. Tila ang pagkakagawa sa pugon ay may lugar sa ilalim para sa pag-alis ng abo. Malinaw na, siya ay tumingin sa ilalim na may butas at nakita niya ang mga kabataan na naglalakad .

▣ “**ang pang-apat ay katulad sa anak ng diyos**” Ang paghula sa pang-apat na tao ay nangyari. Siya ay ang anghel ng Diyos (cf. v.28 at sa 6:22). Ito ay nakakatawang pansinin na nang tawagin ni Nabucodonosor ang mga pangalan ng kabataang lalake, hindi niya binanggit ang pang-apat na tao!

3:27 Sa harap ng kanyang lahat na opisyal pamahalaan, hukbo at pulis, si Nabucodonosor ay napilitang purihin ang Diyos ng Juda (cf. vv. 28-29) sa pangalawang pagkakataon .

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:28-30

²⁸Si Nabucodonosor ay sumagot at nagsabi, “Purihin ang Diyos nina Sadrac, Mesac, at Abednego, na nagsugo ng anghel at iniligtas ang kanyang mga lingkod na ganap na nananalig sa Kanya, hindi sinunod ng mga ito ang utos ng hari, at isinuko nila ang kanilang mga katawan kaysa maglingkod o sumamba sa ibang diyus-diyusan maliban sa kanilang sariling Diyos.” ²⁹Kaya nga ako ay nag-uutos na sinumang tao, bansa, o wika na magsasalita laban sa Diyos nina Sadrac, Mesac, at Abednego ay kakatayin at ang kanilang mga bahay ay isasama sa patong-patong na basura, sapagkat walang diyus-diyusan ang makakapagligtas sa ganoong paraan.” ³⁰At itinaas ng hari ang tungkulin nina Sadrac, Mesac, at Abednego sa lalawigan ng Babilonia.

3:28-29 Ang pangungusap na ito ay katulad sa 2:46-48. Ito ay nagpapakita ng pagkatakot ang naniniwala sa maraming diyos sa harap ng kapangyarihan ng Diyos. Ito ay hindi nagpapakita kay Nabucodonosor ng pananalig.

3:28 “**sila ay nagtiwala sa Kanya**” Hindi lang binigyang-diin ang Isang Tunay na Diyos, at ang pansariling kailangan din, aktibong pagtiwala sa Kanya (cf. Isaias 26:3-4)!

3:29 “**kakatayin**” Ito ang sinaunang pagpataw ng parusa, katulad sa pagsunog (cf. Daniel 2:5: I Samuel 15:33).

▣ “**ang kanilang mga bahay ay isasama sa mga patong-patong na basura**” Ito ay isa ring sinaunang anyo ng pagpaparusa at pagpapahiya cf. 6:11).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng

mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang mga Caldeo sa v. 8 ay gustong mawala ang mga kabataang Hebreo?
2. Ang imahen ba ay pang –pulitika o pang relihiyon ?
3. Ano ang mga ipinapahiwatig ng v. 17 at 18 para sa ating mga buhay?
4. Sino ang pang-apat na tao sa loob ng apoy?

DANIEL 4

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang Pangalawang Panaginip Ni Nabucodonosor	Ang Kahibangan Ni Nabucodonosor	Ang Pangalawang Panaginip Ni Nabucodonosor	(ang bilang ng berso ay magkaka-iba)Ang Pahayag Ni Nabucodonosor 3:31-33
4:1-3	4:1-3	4:1-3	Isinalarawan Ni Nabucodonosor Ang Kanyang Panaginip 4:1-5(4-8)
4:4-12	4:4-12	4:4-9	4:6(9) 4:7-9(10-12)
4:13-18	4:13-18	4:10-12 4:13-15a 4:15b-17	4:10-14(13-17) 4:15(18) Ipinaliwanag Ni DanielAng panaginip 4:16a(19a) 4:16b-19(19b-22)
4:19-22	4:19-27	4:18 Ipinaliwanag Ni Daniel Ang Panaginip 4:19a 4:19b-21 4:20-23	
4:23-25		4:24-27	4:20-22(23-25) 4:23-24(26-27) Ang Panaginip AyNagkatotoo 4:25-29(28-32)
4:26-27 Ang Pagpapahiya kay Nabucodonosor 4:28-30	4:28-33	4:28-30	
4:31-33		4:31-32 4:33	4:30(33)
Pinuri Ni Nabucodonosor Ang Diyos		Pinuri Ni Nabucodonosor Ang Diyos	4:31-32(34-35)
4:34-35	4:34-37	4:34-35	4:33-34(36-37)
4:36-37		4:36 4:37	

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA(tingnan ang p.xvii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

KAUNAWAANG KONTEKSTUWAL

- A. Ang bilang ng berso ay hindi umaayon sa salin ng isang salin sapagkat 4:1-3 ay 3:31-33 sa orihinal na teksto ng Aramaiko .
- B. May ilang pag-uulit ng paksa
 1. Pagpuri kay YHWH
 2. Ang interpretasyon ni YHWH sa panaginip
 3. Ang kapangyarihan ni YHWH
- C. Maraming pagkakaiba sa pagitan ng MT (MasoreticText) at ang LXX (Septuagint) sa kabanata 4-6.
- D. Ang kabanata na ito ay tila tunay na dokumento ng Hudyong teolohikal. Ito ay matagal ng pagtalakay na ang isang paganong maraming diyos katulad ni Nabucodonosor II ay makakagawa ng isang kabanata ng kanyang sarili (ang kabanata na ito ay nasa unang panauhan maliban sa panahon ng kahibangan ni Nabucodonosor). Malinaw mula sa aklat ni Ester na hinayaan ni Haring Asuero (Xerxes I) sina Haman at Mordecaito na gumawa ng sariling dokumento na ipinangalan sa kanya. Si Daniel ang nakahikayat ng Hudyong teolohikal sa kabanatang ito.
- E. Ilang tumpak na dahilan kung bakit hindi maaaring magsulat si Nabucodonosor II ay ang
 1. Nilalamang teolohikal, v. 3
 2. Ang paraan ay umaayon sa buong aklat ni Daniel
 3. Si Nabucodonosor ay nabanggit ng pangatlong panauhan, vv. 25-30
 4. Ang v. 29 ay tila sinulat para sa mga taong hindi taga Babilonia

- F. W.A. Criswella at E.J. Young ay nagpatotoo na si Nabucodonosor II ay nagbagong –loob, sumamba kay YHWH dahil sa huling bahagi, ang malaking hudyat sa kabanata 4. Magkagayunman, dahil sa v. 8, ito ay malinaw sa akin na kahit siya ay labis na napahanga, hindi siya tunay na nagbagong –loob sa isang Diyos ng Israel. Ang mga kilalang dokumento ng Babilonia ngayong panahon ay tumutukoy na siya ay sumasamba kay Marduk.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB(BINAGO):4:1-3

¹Si Nabucodonosor hari ng lahat ng tao, mga bansa, at bawat wika sa daigdig ay nagpahayag: “Managana sana ang inyong kapayapaan! ²Kagalakan kong ihayag ang mga hudyat at mga kababalaghan na ginawa ng Kataas –taasang Diyos sa akin. ³kamangha –mangha ang Kanyang mga hudyat

At kagilagilalas ang Kanyang kalakasan!

Ang Kanyang Kaharian ay walang hanggang kaharian

At ang Kanyang kapangyarihan ay saklaw ang lahat na salin-lahi.”

4:1 “Nabucodonosor” Ang mga talata 1-3 ay nasa kabanata 3 ng Hebreong Bibliya, ngunit ang kontekstong ito ay malinaw na nagsimula ng bagong bahagi. Ang ibig sabihin ng kanyang pangalan “sana ay bantayan ni Nebo ang hangganan” (cf. v. 8).

▣ **“lahat na tao, mga bansa, at bawat wika ng mga tao”** Dapat nating alalahanin na ang kaharian ng bagong Babilonia ay maraming pangkat ng wika (cf. 3:4,7,29; 6:25). Ang kabanatang ito ay tila kautusan ng kaharian upang purihin ang Diyos ng Juda para sa pagbabalik ni Nabucodonosor.

▣ **“sa buong daigdig”** Ito ay tumutukoy sa nalalamang daigdig noong araw at isang halimbawa ng hindi tunay na paghahalintulad (hyperbole).

▣ **“Managana sana ang inyong kapayapaan”** Ito ay katulad sa 6:25 (cf. Esdras 4:17). Ito ay pangkaraniwang pagbati na naghahalintulad sa “kapakanan,” “kasaganaan” (BDB1116). Si Nabucodonosor ay nagpahayag ng kautusan sa kaharian upang purihin ang Diyos ng Juda, na tinawag niyang “ang Kataas-taasang Diyos.” tingnan sa Natatanging Paksa sa 4:2.

4:2 “Ang mga hudyat at kababalaghan na ginawa ng Kataas –taasang Diyos sa akin.” Si Nabucodonosor II ay hinarap na ni YHWH sa kabanata 2,3, at 4. Ang pagdami ng katibayan ng nabubuhay, kapangyarihan, at kasunduang tapat ng Diyos ng mga Hudyo labis na umaapaw.

Ang katangian ng aklat ni Daniel ay ang mga nakatala at hendiadys. Tingnan ang pangatlong talata ng 2:12. Ang kahalintulad ng mga salitang Hebreo para sa “mga hudyat,” at “mga kababalaghan” ay madalas gamiting magkasama (cf. Exodo 7:3; 8:23; Deuteronomio 4:34; 6:22; 7:19; 13:1,2; 26:8; 28:46; 29:3; 34:11; Nehemiah 9:10; Mga Awit 105:27; 135:9; Jeremias 32:20). Ano ang ginawa ng Diyos sa Israel sa Exodo (cf. Mga Gawa 7:36) Siya ay nagpakita sa mga paganong hari (Nabucodonosor, Belsasar, at Dario). Ang pagpapahayag ay nagpapatuloy sa buhay ni Hesus (cf. Mga Gawa 2:22) at ang pagpapahayag ng salita ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:43; 4:30; 5:12; 8:13; 14:3). Magkagayunman, sa Bagong Tipan ang dalawang salitang ito ay laging nasasamahan ng mga bulaang Mesias (cf. Mateo 24:24; Marcos 13:22) o ang mga taong Hudyo na humihingi ng katibayan ng pagka Mesias ni Hesus (cf. Mateo 12:39; 16:1; Juan 4:48). Ibig ng Diyos na makilala Siya ng Buong daigdig!

▣ **“Ang Kataas-taasang Diyos”** tingnan sa Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKA-DIYOS

A. *El* (BDB 42, KB 48)

1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagkaDiyos ay hindi tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, “maging malakas” o “maging makapangyarihan” (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Awit 50:1).
2. Sa Canaanite na panteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto)
3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga kombinasyon na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos.
 - a. *El-Elyon* (Kataas-taasang Diyos, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
 - b. *El-Roi* (“Ang Diyos na nakakakita” o “Ang Diyos na naghahayag sa Kanyang sarili,” BDB 42 & 909), Genesis 16:13
 - c. *El-Shaddai* (“Makapangyarihang Diyos” or “Diyos ang Lahat ng Pagkahabag” o “Ang Diyos ng Kabundukan,” BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
 - d. *El-Olam* (ang Walang Hanggang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay maiuugnay sa teolohiya sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
 - e. *El-Berit* (“Ang Diyos ng Kasunduan,” BDB 42 & 136), Hukom 9:46
4. Ang *El* ay itinutumbas sa
 - a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
 - b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, “Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama”
 - c. *Shaddai* in Genesis 49:25
 - d. “panibugho” sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
 - e. “awa” sa Deuteronomio 4:31; Nehemia 9:31;
 - f. “dakila at kamangha-mangha” sa Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemia 1:5; 9:32; Daniel 9:4
 - g. “kaalaman” sa I Samuel 2:3
 - h. “aking matatag na kanlungan” sa II Samuel 22:33
 - i. “aking tagapaghiganti” sa II Samuel 22:48
 - j. “nag-iisang banal” sa Isaias 5:16
 - k. “lakas” sa Isaias 10:21
 - l. “aking kaligtasan” sa Isaias 12:2
 - m. “dakila at makapangyarihan” sa Jeremias 32:18
 - n. “ganti” sa Jeremias 51:56
5. Ang pagkakasama ng lahat ng mga pangunahing pangalan sa OT ng Diyos ay matatagpuan sa Joshua 22:22 (*El*, *Elohim*, *YHWH*, inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)

1. Ang pangunahing kahulugan nito ay “mataas,” “pinadakila,” o “pinatayog pataas” (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemia 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Awit 18:13).
2. Ito ay ginagamit na isang katumbas na diwa sa maraming iba pang mga pangalan/titulo ng Diyos.
 - a. *Elohim* – Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
 - b. *YHWH* – Genesis 14:22; II Samuel 22:14
 - c. *El-Shaddai* – Awit 91:1,9
 - d. *El* – Bilang 24:16
 - e. *Elah* – madalas gamitin sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, na maiuugnay sa *illair* (Aramaiko para sa “Mataas na Diyos”) sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
3. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga di-Israelita.

- a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
 - b. Balaam, Bilang 24:16
 - c. Moises, tumutukoy sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
 - d. Sa Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumulat sa mga Hentil, gumagamit din ng katumbas na Griyegong *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Gawa 7:48; 16:17)
- C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), pangunahing ginagamit sa panulaan (tula) (BDB 43, KB 52)
1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Lumang Tipan.
 2. Ang salitang ito ay tinatalaga sa Diyos ng Israel o sa mga diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Ang angkan ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Joshua 24:2).
 3. Ito ay maaaring tumukoy sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Awit 82:6).
 4. Ang salitang *elohim* ay ginagamit din sa iba pang mga espirital na nilalang (mga anghel, pang-demonyo) tulad ng sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
 5. Sa Bibliya, ito ay ang unang titulo/pangalan para sa pagka-Diyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay tanging ginagamit hanggang sa Genesis 2:4, kung saan ito ay isinasama sa YHWH. Ito ay pangunahing (sa teolohiya) tumutukoy sa Diyos bilang tagapaglikha, tagapagpatuloy, at tagapagbigay ng lahat ng buhay sa mundong ito (cf. Awit 104). It ay kasingkahulugan ng *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito rin na maaaring itulad sa YHWH sa Awit 14 (*Elohim*) ay katulad na katulad ng Awit 53 (YHWH), maliban sa pagbabago ng mga pangalang ng pagka-Diyos (dibino).
 6. Bagaman PANGMARAMIHAN at ginamit sa ibang diyos, ang salitang ito ay kadalasang itinatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit kadalasang ito ay may PANG-ISAHAN PANDIWA upang mangahulugan ng paggamit ng iisang Diyos (monoteismo)
 7. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga di-Israelita bilang pangalan para sa pagka-diyos.
 - a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
 - b. Balaam, Bilang 24:2
 - c. Moses, kapag nagsasalita sa mga bansa, Deuteronomio 32:8
 8. Kataka-taka ito na ang isang karaniwang pangalan para sa monoteistikong Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Bagaman walang katiyakan, narito ang mga palagay (teoriya).
 - a. Ang Hebreo ay may maraming MGA PANGMARAMIHAN, na kadalasang ginagamit sa bagbibigay-diin. Ang malapit na maiuugnay dito ay ang nahuling Hebreong pag-gramatikong katangian na tinatawag na “ang pangmaramihan ng maharlika,” kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginagamit upang palakihin ang isang kaisipan (konsepto).
 - b. Ito ay maaaring tumukoy sa isang kalipunan (konseho) ng mga anghel, na ipinupulong ng Diyos sa langit at silang gumagawa ng Kanyang paghihintay (cf. I Hari 22:19-23; Job 1:6; Awit 82:1; 89:5,7).
 - c. Ito ay maaari pa ngang magpakilala ng kapahayagan sa NT ng iisang Diyos sa tatlong persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; Genesis 1:2 ang Espiritu ay lumimlim, at mula sa NT si Hesus ay kinatawan ng Diyos Ama sa paglikha (cf. Juan 1:3,10; Roma 11:36; I Corinto 8:6; Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).
- D. YHWH (BDB 217, KB 394)
1. Ito ay isang pangalan na nagpapakilala ng pagka-Diyos bilang Diyos na gumagawa ng kasunduan; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang sangkatauhan ang sumira sa mga kasunduan, ngunit ang Diyos ay tapat sa Kanyang salit, pangako, kasunduan (cf. Awit 103).
 Ang pangalang ito ay unang nabanggit sa kasama ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Sila ay hindi dalawang tala ng paglikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagbibigay-diin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng kalawakan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang ang natatanging manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay pinasimulan ang natatanging

kapahayagan patungkol sa tanging kalalagayan at layunin ng sangkatauhan, gayundin ang suliranin ng kasalanan at paghihimagsik (rebelyon) na ikinakabit sa natatanging kalalagayan.

2. Sa Genesis 4:26 sinasabing “pinasimulan ng mga *tao* ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON” (YHWH). Subalit, ang Exodo 6:3 ay nagpapahiwatig na ang naunang mga tao ng kasunduan (tipan) (ang mga Patriyarka at kanilang mga angkan) ay kilala lamang ang Diyos bilang *El-Shaddai*. Ang pangalang YHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang pagkakataon sa Exodo 3:13-16, lalo na sa v. 14. Gayunman, ang mga sulat ni Moises kadalasang sinasalin ang salita sa pamamagitan ng mga kilalang paglalaro ng salita, hindi sa mga pinagmula ng salita (etimolohiya) (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong maraming mga palagay sa kung ano ang kahulugan ng pangalan na ito (kinuha mula sa IDB, tomo 2, pp. 409-11).
 - a. Mula sa isang Arabeng salitang-ugat, “maipakita ang maalab na pagmamahal”
 - b. Mula sa iang Arabeng salitang-ugat “umihip” (YHWH bilang Diyos ng unos)
 - c. Mulas sa isang Urgatikong (Canaanito) salitang ugat “magsalita”
 - d. Sumusunod sa isang Ponetikong tatak o inskripsyon, isang CAUSATIVE NA PANDIWARI na nangangahulugang “ang Isang nagbibigay-lakas,” o “ang Isang nagtatatag”
 - e. Mula sa Hebreong *Qal* na anyo “ang Isang siya,” o “ang Isang umiiral” (sa panghinaharap na diwa, “ang Isang iiral”)
 - f. Mula sa Hebreong *Hiphil* na anyo “ang Isang nagdudulot ng pag-iral”
 - g. Mula sa Hebreong salitang-ugat na “mabuhay” (e.g., Genesis 3:20), na nangangahulugang “ang nabubuhay kailanman, Isang nabubuhay lamang”
 - h. Mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro ng DI-GANAP na anyo ay ginamit sa isang GANAP na diwa, “Ako ay magpapatuloy na maging ako sa kung ano ako dati” o “Ako ay magpapatuloy sa pag-iral sa kung anong palagiang pag-iral ako naging” (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Lumang Tipan*, p. 67). Ang buong pangalang YHWH ay kadalasang inihahayag sa pagdadaglat o maaaring isang orihinal na anyo.
 - (1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:9; 104:35)
 - (2) *Yahu* (“iah” katapusan ng mga pangalan, e.g., Isaias)
 - (3) *Yo* (“Jo” simula ng mga pangalan, e.g., Joshua o Joel)
3. Sa mga huling Judaismo ang kasunduang pangalan ay naging napaka-banal (ang tetragramaton) na ang mga Hudyo ay natatakot sabihin ito na baka nila masira ang kautusan ng Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa “may-ari,” “puno,” “husband,” “panginoon”—*adon* o *adonai* (aking panginoon). Kapag sila ay dumadating sa YHWH sa kanilang mga pagbasa sa tekstong OT ibinibigkas ito ng “panginoon.” Ito ang dahilan kaya ang YHWH ay sinusulat na PANGINOON sa mga Ingles na salin.
4. Kasama ang *El*, ang YHWH ay kadalasang isinasama sa iba pang mga salitang upang bigyang-diin ang mga tiyak ang katangian ng Diyos ng Kasunduan ng Israel. Bagaman may maraming maaaring pagsasama ng mga salitan, ito ang ilan.
 - a. *YHWH – Yireh* (si YHWH ay maghahanda, BDB 217 & 906), Genesis 22:14
 - b. *YHWH – Rophekha* (si YHWH ay iyong tagapagpagaling, BDB 217 & 950, *Qal* PANDIWARI), Exodo 15:26
 - c. *YHWH – Nissi* (si YHWH ang aking watawat, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
 - d. *YHWH – Meqaddishkem* (si YHWH ang nag-iisang magpapabanal sayo, BDB 217 & 872, *Piel* PANDIWARI), Exodo 31:13
 - e. *YHWH – Shalom* (si YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
 - f. *YHWH – Sabaoth* (si YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; kadalasan sa mga Propeta

- g. *YHWH – Ro 'I* (si YHWH ay aking pastol , BDB 217 & 944, *Qal* PANDIWARI), Awit 23:1
- h. *YHWH – Sidqenu* (si YHWH ay ating katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
- i. *YHWH – Shammah* (si YHWH ay nandito, BDB 217 & 1027), Ezekiel 48:35

4:3 “Ang Kanyang Kaharian ay ang walang hanggang Kaharian” Ang bersong ito ay patula/paawit sa pagluwalhati sa Diyos.

1. “Ang Kanyang mga hudyat. . at kababalaghan” (cf.6:27). Ang Diyos ay aktibong kasangkot sa mga buhay ng mga hari sa Malapit sa Silangan (cf. kabanata 2,3,4,5,6) upang ipakita ang kanyang kapangyarihan at pagkabuhay .
2. “walang hanggang kaharian” (cf. v.34; 2:44; 6:26; 7:14,26). Ito ay kasalungat sa pagbago ng kaharian na kinatawan ng pangitain sa kabanata 2. Itong dalawang linya ng patula ay higit na katulad sa Hebreo ng Mga Awit 145:13; at s Mga Awit 45:6; Mga Panaghoy 5:19.
3. “kapangyarihan ay mula salin-lahi hanggang salin –lahi.” Ang sambayanan ng Diyos ay ligtas at walang panganib sa Kanya ang bawat isa at bawat salin lahi, kahit sa gitna ng digmaan at pagkabihag. Ang pangyayaring pang tao (pagsira sa Herusalem at ng Templo) ay hindi nakasagabal sa kapayapaan at presensiya ng Diyos sa mga buhay ng Kanyang mga taga-sunod. Ang mga salita at mga parirala ay katulad sa v.3. Ang Semitikong patula ay dapat isalin sa magaanang pahalintuad, hindi pahalintulad sa tunog.

NATATANGING PAKSA: HEBREONG PANULAAN

I. PANIMULA

- A. Ang tipong ito ng panitikan ay bumubuo ng Lumang Tipan. Ito ay labis na karaniwan sa mga “Propeta” (lahat maliban sa Haggai at Malakias ay naglalaman ng panulaan) at “mga Sulat” na seksyon sa Hebreong kanoniko.
- B. Ito napakaiba sa Englis na panulaan. Ang Englis na panulaan ay nahubog mula sa Griyego at Latin na panulaan, na pangunahing nakabatay sa tunog. Ang Hebreong panulaan ay may higit na kapareho sa taga-Canaan na panulaan. Ito ay pangunahing ibinatay sa isipan sa balanse, kahilera na mga linya.
- C. Ang arkeolohikal na pagkatuklas sa hilaga ng Israel sa Ugarit (Ras Shamra) ay nakatulong sa mga iskolar na maunawaan ang OT panulaan. Ang panulaang ito mula sa 15thsiglong B.C. ay may halatang pampanitikang mga koneksyon sa biblikal na panulaan.

II. PANGKALAHATANG MGA KATANGIAN NG PANULAAN

- A. Ito ay napakasiksik.
- B. Ito ay nagsusubok na ipahayag ang katotohanan, damdamin o mga karanasan sa matalinghangang paglalarawan.
- C. Ito ay unang-una na pasulat hindi pasalita. Ito ay lubhang may kayarian. Ang istrukturang ito ay ipinahayag sa:
 1. balanseng mga linya (pagkakahilera)
 2. salitang mga paglalaro
 3. tunog na paglalaro

III. ANG ISTRUKTURA O KAYARIAN (R. K. Harrison, *Introduction to the Old Testament*, pp. 965-975)

- A. Si Bishop Robert Lowth sa kanyang aklat na, *Lectures on the Sacred Poetry of the Hebrews* (1753) ang unang nagpakilala biblikal na panulaan bilang balanseng linya ng isipan. Karamihan ng modernong Englis na mga salin ay inayos upang ipakita ang mga linya ng panulaan.
 1. magkasingkahulugan – ang mag linya ay nagpapakita ng kaparihong kaisipan sa magkaibang

mga salita:

- a. Awit 3:1; 49:1; 83:14; 103:13
 - b. Kawikaan 19:5; 20:1
 - c. Isaias 1:3,10
 - d. Amos 5:24; 8:10
2. antitetiko – ang mga linya ay nagpapakita ng kabaligtarang mga kaisipan sa pamamagitan ng kasalungat o pasasaad ng positibo at negatibo:
 - a. Awit 1:6; 90:6
 - b. Kawikaan 1:29; 10:1,12; 15:1; 19:4
 3. sintetiko – ang kasunod na dalawa o tatlong mga linya ay humubog sa kaisipan - Awit 1:1-2; 19:7-9; 29:1-2
 4. kiasmiko – isang tularan ng panulaan na nagpapakita ng mensahe sa isang pababa at mataas na pagkakasunod-sunod. Ang pangunahing punto ay matatagpuan sa gitna ng tularan.
- B. Si Charles A. Briggs sa kanyang aklat, *General Introduction to the Study of Holy Scripture* (1899) hinubog ang kasunod na baitang ng pag-aanalisa ng Hebreong panulaan:
1. emblematico – isang sugnay na literal at ang ikalawa ay metaporikal, Awit 42:1; 103:3
 2. klimatiko o gaya ng hagdan – ang mga sugnay ay nagpapakita ng katotohanan sa isang pataas na moda, Awit 19:7-14; 29:1-2; 103:20-22
 3. introverted – isang serye ng mga sugnay, madalas may apat pataas ay pinag-ugnay sa pamamagitan ng panloob na istruktura ng linya 1 hanggang 4 at 2 hanggang 3 - Awit 30:8-10a
- C. Si G. B. Gray sa kanyang aklat, *The Forms of Hebrew Poetry* (1915), hinubog ang konsepto balanse na mga sugnay ng mas higit pa sa pamamagitan ng:
1. kompletong balanse – kung saan bawat salita sa unang linya ay inulit o binalanse ng isang salita sa ikalawang linya, Awit 83:14 at Isaias 1:3
 2. di-kompletong balanse kung saan ang mga sugnay ay hindi magkasinghaba, Awit 59:16; 75:6
- D. Sa ngayon mayroong lumalagong pagkilala sa pampanitikang istrukturang tularan sa Hebreo na tinawag na kiasmo, na madalas na nagpapakita ng bilang ng magkahilera na mga linya (a,b,b,a; a,b,c,b,a) bumubuo ng hugis ng orasang babasagin, madalas ang sentrong linya ay binigyan diin.
- E. Tipo ng mga tunog na mga tularan ay matatagpuan sa panulaan sa pangkalahatan, ngunit hindi madalas sa silanganing panulaan
1. paglalaro sa alpabeto (akrostik, cf. Awit 9,34,37,119; Kawikaan 31:10ff; Panaghoy 1-4)
 2. paglalaro sa katinig (aliterasyon, cf. Awit 6:8; 27:7; 122:6; Isaias 1:18-26)
 3. paglalaro sa mga patinig (rima, cf. Genesis 49:17; Exodo 14:14; Ezekiel 27:27)
 4. paglalaro sa pag-uulit ng kaparehong mga tumutunog na mga salita na may magkaibang mga kahulugan (paronomasia)
 5. paglalaro sa mga salita kung saan, kapag binigkas, ay gaya ng tunog ng kanilang pangalan (onomatopoeia)
 6. espesyal na pambungad at panghuli (inklusibo)
- F. Mayroong ilang mga tipo ng panulaan sa Lumang Tipan. Ilan ay mga pagksang magkakaugnay at ilang ay anyong magkakaugnay:
1. paghahandog na awitin - Bilang 21:17-18
 2. gawaing mga awitin - (ipinahiwatig ngunit hindi itinala sa Hukom 9:27); Isaias 16:10; Jeremias 25:30; 48:33
 3. mga balada - Bilang 21:27-30; Isaias 23:16

4. umiinom na mga awitin - negatibo, Isaias 5:11-13; Amos 6:4-7, at positibo, Isaias 22:13
5. pag-ibig na mga tula – Awit ng mga Awit, kasalang na mga bugtong - Hukom 14:10-18, kasalang awit - Awit 45
6. panaghoy/punebre - (ipinahiwatig ngunit hindi itinala sa II Samuel 1:17 ar II Cronico 35:25) II Samuel 3:33; Awit 27, 28; Jeremias 9:17-22; Panaghoy; Ezekiel 19:1-14; 26:17-18; Nahum 3:15-19)
7. labanag mga awitin - Genesis 4:23-24; Exodo 15:1-18,20; Bilang 10:35-36; 21:14-15; Josue 10:13; Hukom 5:1-31; 11:34; I Samuel 18:6; II Samuel 1:18; Isaias 47:1-15; 37:21
8. espesyal na mga basbas o pagpapala ng pinuno - Genesis 49; Bilang 6:24-26; Deutronomio 32; II Samuel 23:1-7
9. mahikang mga teksto - Balaam, Bilang 24:3-9
10. sagradong mga tula - Awit
11. akrostikong mga tula - Awit 9,34,37,119; Prov. 31:10ff and Lamentations 1-4
12. mga sumpa - Bilang 21:22-30
13. mapangutyang mga tula - Isaias 14:1-22; 47:1-15; Ezekiel 28:1-23
14. isang aklat para sa labanang mga tula (Jashar) - Bilang 21:14-15; Josue 10:12-13; II Samuel 1:18

IV. PATUNBAY SA PAGBIBIGAY KAHULUGAN SA HEBREONG PANULAAN

- A. Hanapin ang sentral na katotohanan ng taludturan o estropa (ito ay gaya ng isang talataan sa isang prosa.) Ang RSV ay ang unang modernong salin na kinalala ang panulaan sa pamamagitan ng taludturan. Ikumpara ang modernong mga salin para sa mas makakatulong na mga kaunawaan.
- B. Kilalanin ang matalinghagang mga wika at ipahayag ito sa prosa. Tandaan na ang tipong ito na panitikan ay napakasiksik, labis ang iniwan sa mambabasa upang punan ito.
- C. Siguraduhin na iugnay ang mas mahabang isyung naangkop na mga tula sa kanilang pampanitikang konteksto (kadalasan ang buong aklat) at makasaysayang tagpuan.
- D. Hukom 4 & 5 ay napakanakakatulong sa pagtingin kung paano ang panulaan ay nagpapakita ng kasaysayan. Ang Hukom 4 ay prosa at ang Hukom 5 ay panulaan ng magkapareong pangyayari (ikumpara rin Exodo 14 & 15).
- E. Ang pagtatangka na kilalanin ang tipo ng pararelismong kasangkot, maging ito man ay magkasingkahuluga, antitetikal, o sentitekal. Ito ay napakahalaga.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:4-9

⁴Ako si Nabucodonosor, ay nabubuhay na panatag at masagana sa aking palasyo. ⁵Ako ay nanaginip at ako ay natakot; at ang mga kababalaghan at pangitain sa aking kaisipan ay bumabagabag sa akin. ⁶Kaya ako ay nag-utos na iharap sa akin ang lahat na pantas ng Babilonia, na maaari nilang ipaalam sa akin ang kahulugan ng aking napanaginipan. ⁷At dumating ang mga salamangkero, ang mga engkantador, ang mga Caldeo, at mga manghuhula, at sinabi ko sa kanila ang aking panaginip, ngunit hindi nila maipaliwanag ang aking napanaginipan. ⁸Ngunit dumating at humarap sa akin si Daniel, na ang pangalan ay Beltsasar na pangalan ng aking diyus-diyusan, at espiritu ng banal na mga diyus-diyusan; at inilahad ko sa kanya ang aking napanaginipan, ⁹O Beltsasar, pinuno ng salamangkero, alam kong ang espiritu ng banal na diyos ay sumasaiyo at walang kahiwagaan ang makakalito saiyo, sabihin mo sa akin ang mga pangitain ng aking panaginip na aking nakita, at ang mga kahulugan nito.

4:4

NASB

“panatag sa aking tirahan at masagana sa aking palasyo”

NKJV “**namamahinga sa aking tirahan, at masagana sa aking palasyo**”
NRSV “**nabubuhay na panatag sa aking tirahan at masagana sa aking palasyo**”
TEV “**nabubuhay na maayos sa aking palasyo**”
NJB “**nabubuhay na maayos sa aking tirahan, masagana sa aking palasyo**”

Ito ay isa pang halimbawa ng semitikong magkakahulugan (katulad sa v.5). Si Nabucodonosor ay nakakaranas ng kasaganaan na gusto niyang iparinig sa v. 1.

Tila ito ay tumutukoy sa parating na panaginip tungkol sa napakagandang punong kahoy. Ang ganitong uri ng taong arogante ay ipinahayag sa Isaias 47:7,8. Isaias 13-14 at 46-47 ay mga hula ng paghahatol laban sa Babilonia, na naging simbolo sa Bibliya ng taong arogante at mapagmataas .

4:5-7 Muli ang kahinaan ng Babilonia at ng kanilang mga pantas ay kakaiba sa katalinuhang kapangyarihan at pag kontrol ng Diyos ng Juda at ng Kanyang sambayanan.

4:6 “**Kaya ako ay nag-utos**” Si Nabucodonosor ay kayang –kaya na gumawa ng mga kautusan (cf.2:9,15;3:10,29), ngunit hindi makuha ang ninanais na resulta (at kahi na ang kanyang mga pantas). Ito ang pagkaka-iba sa Diyos na naipapatupad .

4:7 Para sa kahulugan ng mga salita tingnan sa 1:20 o 2:2.

▣ “**hindi nila maipalam ang kahulugan**” Ito ay kakaiba dahil hindi sila nagsubok na ipalam ang kahulugan, kahit na ipinaalam ni Nabucodonosor ang kanyang panaginip. Marahil kaya abihin ang kahulugan, nguni sila ay natatakot.

Ito ay kagulat-gulat na pinatawag ni Nabucodonosor ang dating pangkat na mga pantas na nawalan siyang pagtitiwala sa (cf.2:4-13), a nakalimutan niya ang kanyang mga kautusan (2:4-49;3:29) na may kaugnayan kay YHWH.

4:8 “**Daniel**” ang ibig sabihin ay “Ang Diyos ang aking hukom” (BDB1088).

▣ “**Beltsasar**” Ang pangalang Daniel ay nagpapahiwatig ng diyus-diyusan ng Babilonia, “sana maipagtanggol ang sarili---”(BDB1084). Ang templo ng diyus-diyusan ng Babilonia ay lumago mula sa templo ng Sumeria. Mula sa orihinal ang patron ng mga diyus-diyusan ay ang paggiging tiyak. Ang diyus na si, *Marduk*, ay kilala bilang “panginoon.” *Bel ang orihinal na patron, diyus ng lungsod ng Nippur*, ngunit naging kilala dahil kay *Marduk*, ang diyus ng mga pagano sa lungsod ng Babilonia (i.e. *Bel*, cf Isaias 46:1; Jeremias 50:2; 51:44). Walang katiyakan kung sinong diyus ang nagpapahiwatig sa pangalan ni Daniel, bagkus si *Marduk ang naging pinuno ng mga diyus-diyusan ng Babilonia*. Kahit na ang *Bel ay tila bahagi ng pangalan ni Daniel sa Babilonia*, ito ay hindi. Ang tungkulin ng v. 8 bilang panaklong ay nagpapaliwanag ng pangalang Beltsasar (cf. NKJV, NRSV, TEV).

▣

NASB, NRSV “**espiritu ng banal na mga diyus- diyusan**
”NKJV “**ang Espiritu ng Banal na Diyos**
”TEV, NJB,

JPS, NEB “**ang espiritu ng banal ng mga diyus-diyusan**”

Kung ang parirala ay mula sa naniniwala sa maraming diyos (cf.v.8a;5:11,14) tiyak na hindi tinutukoy si YHWH o ang Banal na Espiritu (ang patunay ng teksto ay ang pang-uri na “banal” ay MARAMIHAN, magkagayunman, mayroong maramihan sa Hebreo na katumbas sa Josue 24:19). Ang konteksto sa (v.9) ay nagpapahiwatig na si Nabucodonosor ay naalala ang dating pagtulong ni Daniel sa pagpapaliwanag ng kahulugan sa kabanata 2; kaya nga, maaari rin itong isalin katulad ng NKJV (cf.vv.9,18). Alalahanin na ang palaging binibigyang –diin ay ang kapangyarihan at pagkontrol ni YHWH laban sa templo ng diyus-diyusan ng Babilonia at pamahalaan (cf.2:20-23). “Ang Espiritu” ang nagpapa-unawa sa kakayahan ni Daniel na ito ay galing kay YHWH (cf. 2:27-28,30,47).

Itong pariralang Aramaiko ay katulad sa pariralang Hebreo na ginamit ni Jose sa Genesis 41:38. Kapwa si Jose at Daniel ay naglingkod sa mga paganong hari at ipinaliwanag ang kanilang mga panaginip.

NATATANGING PAKSA: BANAL

- I. Ang Lumang Tipan
 - A. Ang etimolohiya ng salitang *kadosh* (BDB 872) ay di-tiyak, maaaring sa Cananeo. Ito ay maaaring bahagi ng salitang-ugat na (i.e., *kd*) nangangahulugang “hatiin.” Ito ang pinagmulan ng kilalang kahulugan na “hiniwalay (mula sa kulturang Cananeo, cf. Deuteronomio 7:6; 14:2,21; 26:19) para sa paggamit ng Diyos.”
 - B. Ito ay nag-uugnay presensiya ng Diyos sa mga bagay, mga lugar, mga panahon, at mga tao. Ito ay hindi ginamit sa Genesis, ngunit naging pangkaraniwang sa Exodo, Levitico, at Bilang.
 - C. Sa propesiyang panitikan (lalo na sa Isaias at Osea) ang personal na sangkap ay nauna nang ipinakilala, ngunit ang hindi binigyang-diin ay nagmumula sa unahan. Ito ay naging isang paraan ng pagtatalaga ng diwa ng Diyos (cf. Isaias 6:3). Ang Diyos ay banal. Ang Kanyang pangalan na kumakatawan sa Kanyang katangian ay Banal. Ang Kanyang mga tao na naghahayag ng Kanyang katangian sa isang nangangailangang mundo ay banal (kung kanilang sinunod ang kasunduan sa pananampalataya).
 - D. Ang kahabagan at pag-ibig ng Diyos ay hindi mahihiwalay mula sa teolohikong mga konsepto ng mga kasunduan, katarungan, at mahalagang katangian. Narito ang pag-igting (tensyon) sa Diyos patungo sa isang di-banal, makasalanan, mapanghimagsik na sangkatauhan. Mayroong isang nakakaaliw na artikulo sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos bilang “mahabagin” at Diyos bilang “banal” sa Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 112-113.
- II. Ang Bagong Tipan
 - A. Ang mga manunulat ng NT (maliban kay Lucas) ay mga palaisip na Hebreo, ngunit naimpluwensyahan ng Koine Griyego (i.e., ang Septuagint). Ito ay ang Griyegong salin ng OT, hindi Klasikong Griyegong panitikan, kaisipan, o relihiyon ang namamahala sa kanilang talasalitaan (bokabularyo).
 - B. Si Hesus ay banal dahil Siya ay Diyos at tulad ng Diyos (cf. Lucas 1:35; 4:34; Gawa 3:14; 4:27,30). Siya ay Banal at Isang Matuwid (cf. Gawa 3:14; 22:14). Si Hesus ay banal dahil Siya ay walang kasalanan (cf. Juan 8:46; II Corinto 5:21; Hebreo 4:15; 7:26; I Pedro 1:19; 2:22; I Juan 3:5).
 - C. Dahil ang Diyos ay banal, ang Kanyang mga anak ay dapat maging banal (cf. Levitico 11:44-45; 19:2; 20:7,26; Mateo 5:48; I Pedro 1:16). Sapagkat si Hesus ay banal, ang Kanyang mga taga-sunod ay dapat maging banal (cf. Roma 8:28-29; II Corinto 3:18; Galacia 4:19; Efeso 1:4; I Tesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15). Ang mga Kristiyano ay naligtas upang maglingkod sa pagiging katulad (wangis) ni Kristo (kabanalan).

4:9 “ang pinuno ng mga salamangkero” Si Daniel ay sinanay sa wika at mga kaugalian ng mga Caldeo (cf.1:4). Siya ay ginawang pinuno ng mga pantas ng Babilonia (cf.1:20;2:48). Ang karunungan ni Daniel ay mula kay YHWH, hindi sa mahika ng Babilonia. Ang mga pantas ng Babilonia ay nabigo at nabigong muli (cf.2:1-13;4:7,18). Ang katungkulan ni Daniel sa kalaunan ay nagdulot ng pagpuna sa mga Hudyong rabbi dahil sa pakikisama niya sa paganong kultura at pamahalaan.



NASB	“sabihin mo ang pangitain”
NKJV	“ipaliwanag mo sa akin ang pangitain”
NRSV	“pakinggan ang panaginip”
TEV	“naririto ang aking panaginip”

NJB “naririto ang aking panaginip”

Mula sa salin ng Ingles ito ay malinaw na may dalawang paraan sa pagsalin ng tekstong Aramaiko:

(1) Si Nabucodonosor ay nais na ipaalam ni Daniel ang kanyang panaginip at kahulugan nito, katulad sa kabanata 2 (NASB, NKJV) o (2) Sinabi ni Nabucodonosor ang kanyang panaginip kay Daniel (katulad ng kanyang ginawa sa mga pantas, cf. v.7 at NRSV, TEV, NJB) at nais niyang malaman ang kahulugan. Ang pangalawa ay nagbigay ng kahulugan sa konteksto, ngunit humihingi ng muling pagsusuri sa tekstong katinig ng Masoretic.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:10-12

¹⁰“Ngayon, naririto ang aking pangitain sa aking kaisipan ng ako ay natutulog: Ako ay nakatingin, sa isang puno ng kahoy sa gitna ng daigdig na napakataas.

¹¹Ang puno ay malaki at naging matatag,

At ang taas ay umabot ng langit,

At tanaw ang buong daigdig.

¹²Ang sanga nito ay malabay at maraming bunga,

A maaaring kainin ng lahat .

Ang mga hayop ay sumisilong dito,

Ang mga ibon ay namumungad sa kanyang mga sanga,

At lahat ng nilalang ay dito kumukuha ng pagkain.”

4:10 “tingnan” *A Handbook on the Book of Daniel*, ng UBS, pp.106-107, pansinin na ang Aramaikong pandamdang (BDB1080) at ang katumbas sa Hebreo (BDB243) ay ginamit na madalas sa Daniel, ngunit hindi isinalin .

1. Aramaiko - 2:31; 4:10,13; 7:2,5,7,8 (dalawang beses), 13

2. Hebreo - 8:3,5,15,19; 9:18; 10:5,10,16; 11:2; 12:5

Ang tungkulin sa kasulatan ay upang palakasin ang kasaysayan .

▣ **“ang puno”** Ito ay nagpapakita ng pangkaraniwang simbolo ng kapangyarihan at pagpapatuloy ng mahahalagang lalake sa sinaunang Malapit sa Silangan (cf. Ezekiel 31 at Herodotus 1.108;7.19).



NASB, NKJV “sa kalagitnaan ng mundo”

NRSV “sa sentro ng mundo”

TEV “sa gitna ng mundo”

NJB “sa gitna ng daigdig ”

Ito ang pagpapakita ng pagkakatulad sa pagpapahaba at kapangyarihan ng mga emperyo sa bagong Babilonia (cf.2:38-39;4:20-22). Ang mga taga –salin ay dapat laging isipin ang paghahalintulad (hyperbolic) na salita ay maaaring ginamit ng hari sa sinaunang Malapit sa Silangan. Nakontrol ni Nabucodonosor ang nakilalang daigdig .

4:11 Ang berso ay may PANDIWARI lahat, nagpapakita ng pagpapatuloy ng pagkilos. Ang puno (kaharian) ay nagpapatuloy sa paglago.

▣ **“ang taas ay umabot sa langit”** Ang pariralang ito ay nagpapa-alala sa Tore ng Babel sa Genesis 11:4, na tumutukoy din sa paggiging arogante at mapagmataas ng tao (cf. Isaias14:14).

▣ **“natatanaw ang buong daigdig”** Ito ay malinaw na paghahalintulad ng makata .

4:12 Ang emperyo ng bagong Babilonia ay naglaan ng ligtas at lumalagong panahong pangkabuhayan.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:13-18

¹³Ako ay nakatingin sa pangitain ng aking kaisipan habang ako ay natutulog, at nakita ko ang anghel na taga bantay, isang banal, na bumaba mula sa langit.

¹⁴Sumigaw siya ng malakas at nagsabi:

‘Ibuwal ang punongkahoy at putulin ang mga sanga,
lagasin ang mga dahon at isabog ang mga bunga ;
Bugawin ang mga hayop na nakasilong dito
At ang mga ibon na namumungad sa mga sanga nito.

¹⁵Ngunit huwag gagalawin ang tuod nito at mga ugat nito sa lupa, bagkus bilibiran ito ng bakal at tanso.

Sa damuhan sa parang;

At hayaan siyang mabasa ng hamog ng langit,
At hayaan siyang manirahan kasama ang mga hayop sa parang.

¹⁶Hayaan ang kanyang kaisipan ay mapalitan,
at hayaan na ang kaisipan ng hayop ay mapa sa kanya,
At hayaan na sa loob ng pitong taon ang lumipas sa kanya.

¹⁷Itong hatol ay kautusan ng mga bantay na anghel
At ang hatol ay utos ng isang banal,
Upang malaman ng lahat
Na ang Kataas-taasan ay sakop ang buong daigdig,
At ibibigay Niya kaninuman ang kanyang magustuhan
At kahit na ang ang pinaka-abang tao.’

¹⁸Ito yaong panaginip, Ako, si Haring Nabucodonosor, yaon ang nakita. Ngayon ikaw, Beltsasar, sabihin mo ang interpretasyon, sapagkat hindi naipaliwanag ng mga pantas sa kaharian ang interpretasyon; ngunit ikaw ay nakakatiyak, dahil ang espiritu ng banal na mga Diyos ay nasa iyo.”

4:13 “ang bantay na anghel” Ang ibig sabihin nito ay “ang isang laging gising” (BDB1105, Ang katumbas na ginamit ng Diyos ng Hebreo ay sa Mga Awit 121:4). Ang Aramaikong salita at konsepto ay ginamit lamang sa kabanatang ito sa buong Bibliya. Ito ay ISAHAN sa v.13 ngunit MARAMIHAN sa v. 17. Ang katumbas sa Hebreo ay ginamit sa mga anghel sa pagitan ng Lumang Tipan at Bagong Tipan ng *Jubilees* (4:15) at *I Enoch* (1:5) at para sa mga lumaban na mga anghel (cf. *I Enoch*10-16). Ito ay nakita sa Kuwebang 1 ng Tekstong Qumran sa “Genesis Apocraphon” at ginamit sa mga lumaban na mga anghel. Ito ay kilala rin bilang tawag sa taga -dala ng mensahe ng mga diyus-diyusan sa templo ng Cananeo (RasShamra na teksto mula sa Ugarit). Kami ay hindi nakakatiyak kung ito ay nagpapahiwatig ng mitolohiya ng Babilonia o tumutukoy lamang sa isang mahalagang anghel .

▣ **“bumaba mula sa langit”** Dahil ang salitang “langit” ay ginamit din sa v.11b, magkagayunman sa ibang kahulugan, ito ay magandang pagkakataon upang magbigay-diin sa mahirap na aspeto ng konteksto sa interpretasyon. Ang Lexicons at mga talatinigan ay hindi nagbibigay ng kahulugan, kasulatan lamang (o pasalitang) konteksto sa pagbigay ng kahulugan. Sa v.11 ang salita ay tumutukoy sa langit (cf. v. 15d), ngunit sa v. 13 (cf. vv. 26-31) ito ay tumutukoy sa lugar na tirahan ng Diyos o mga diyus-diyusan.

4:14 “Siya ay sumigaw” Malinaw na dapat maunawaan na ang isa sa mga banal na taga -bantay ay sumigaw ng malakas sa ibang mga nilalang na anghel (cf. v. 17). Alalahanin, magkagayunman, ito ay

isang simbolo at paghahalintulad na panaginip, hindi isang panahon ng katotohanan.

4:15“bilibiran ng bakal” Maraming pagtalakay sa bilibiran. Karamihan sa mga taga-puna ay naghaka-haka na ito ay para pangalagaan ang tuod, kahit na ang ilan ay nakita ito bilang may kaugnayan sa pagkakakulong ni Nabucodonosor sa panahon na siya ay mahibang.

Ang puno ay tumutukoy sa paggiging hari ni Nabucodonosor. Ang pagputol ng Diyos/ay pagkawala ng kanyang kaharian (cf. saias 10:33-34; Ezekiel 17:22-24). Magkagayunman, ang tuod ay natira at mabubuhay muli ito. Ang paghahalintulad na ito ay ginamit din sa tuod ni Jesse (i.e. ang Mesias, cf. Isaias 11:1; 53:2; Jeremias 23:5; 33:15). Ito ang orihinal na salitang Mesias na “Sanga” (i.e. *netzer*, cf. Isaias 4:2; Zacarias 3:8; 6:12).

NATATANGING PAKSA: HESUS ANG NAZARENO

Maraming mga iba’t-ibang salitang Griyego ang ginagamit patungkol kay Hesus

1. Mga Salita sa NT

- a. Nazaret – ang lungsod sa Galilea (cf. Lucas 1:26; 2:4,39,51; 4:16; Gawa 10:38). Ang lungsod na ito ay hindi nabanggit sa mga makabagong kasulatan, ngunit natagpuan sa mga huling inskripsiyon.

Para kay Hesus na galling sa Nazaret ay hindi isang papuri (cf. Juan 1:46). Ang tanda sa itaas ng krus ni Hesus na kasama ang lugar na ito ay isang tanda ng pagkasuklam ng mga Hudyo.

- b. *Nazarēnos* – tila din nagpapatungkol sa isang geograpikal na lugar (cf. Lucas 4:34; 24:19).
- c. *Nazōraios* – maaaring pumatungkol sa isang lungsod, ngunit maaari itong paglalaro ng salitang Hebreong pang-mesias na “Sanga” (*netzer*, cf. Isaias 4:2; 11:1; 53:2; Jeremias 23:5; 33:15; Zacarias 3:8; 6:12; in the NT, Pahayag 22:16). Ginagamit ito ni Lucas kay Hesus sa 18:37 and Gawa 2:22; 3:6; 4:10; 6:14; 22:8; 24:5; 26:9.
- d. Kaugnay ng #3 *nāzir*, na nangangahulugang “inihandog ang isa sa pamamagitan ng panata.”

2. Mga pangkasaysayang paggamit sa labas ng NT.

- a. Ito ay tinataguring isang Hudyong (bago ang pagka-Kristiyano) ereheng pangkat (Aramaikong *nāsōrayyā*).
- b. Ito ay ginamit sa mga pangkat Huydo na inuugnay sa mga mananampalataya ni Kristo (cf. Gawa 24:5,14; 28:22, *nosri*).
- c. Ito ay naging karaniwang katawagan sa mga mananampalataya sa mga iglesia sa Syria. “Kristiyano” ay ginamit sa mga iglesiyang Griyego upang tukuyin ang mga mananampalataya.
- d. Noong minsan makalipas ang pagbagsak ng Herusalem, ang mga Pariseo muling natatag sa Jamnia at nagsulsol ng isang pormal na paghihiwalay sa pagitan ng sinagoga at iglesia. Isang halimbawa ng uri ng mga salitang sumpa laban sa mga Kristiyano ay matatagpuan sa “ang Labingwalong Pagbabasbas” mula sa *Berakoth* 28b-29a, na tinatawag ang mga mananampalataya na “MGA NAZARENO.”

“Ang mga NAZARENO at mga erehe nawa ay maglaho sa isang saglit; dapat silang mabura sa aklat ng buhay and hindi maisulat sa mga sumasampalataya.”

- e. Ito ay ginamit ni Justin Martyr, *Dial.* 126:1, na ginamit ang *netzer* ni Isias kay Hesus.

3. Palagay ng May-akda

Ako ay nagulat sa maraming pagbabaybay ng salita, pero alam kong ito a hindi di-narinig OT

katulad ng “Joshua” ay maraming magkakaibang pagbabaybay sa Hebreo. Ang mga sumusunod na mga bagay ang nagdala sa akin na manatiling di matiyak sa ganap nitong kahulugan:

- a. ang malapit na kaugnayan sa salitang Mesias na “Sanga” (*netzer*) o ang parehong salitang *nāzir* (inihandog ang isa sa pamamagitan ng panata)
- b. ang negatibong gamit sa Galilea
- c. kaunti o walang makabagong banggit sa lungsod ng Nazaret sa Galilea
- d. ito ay nanggaling sa sinalita ng demonyo sa isang kaparaanang *eschatological* (i.e., “Ikaw ba ay naparito upang kami’y wasakin?”).

Ako ay nananatiling di-tiyak sa partikular na kahulugan nito

Para sa isang kabuuang sanggunian ng mga pag-aaral sa pangat ng salitang ito, tingnan si Colin Brown (ed.), *New International Dictionary of New Testament Theology*, vol. 2, p. 346 o Raymond E. Brown, *Birth*, pp. 209-213, 223-225.



NASB	“hayaan siyang makasama ang mga hayop sa parang ”
NKJV	“hayaan siyang magpastol kasama ang mga hayop sa parang”
NRSV	“hayaan siyang ang kanyang lupa ay makasama ang mga hayop sa parang”
TEV	“hayaan siya na mabuhay kasama ang mga hayop at halaman ”
NJB	“magkaroon ng lupa na kasama ang mga hayop, na kumakain ng damo ”

Ikaw ay katulad na makakapagsabi ng pag-sasalin sa Ingles, may dalawang paraan para maunawaan itong parirala na hindi tiyak.

1. Ang hari ay titira sa parang kasama ang mga hayop na inaalagaan (NASB, NRSV, TEV).
2. Ang hari ay kakain ng damo katulad ng mga hayop na inaalagaan (NKJV, NJB).

4:16 “hayaan ang kanyang kaisipan” Itong salit sa katunayan ay ang “puso,” na sa Hebreo ay katulad na paghahalintulad para sa kaisipan at pagpipili ng isang tao.



NASB	“at hayaang sa loob ng pitong taon ang lumipas sa kanya”
NKJV, NRSV	“hayaang pitong taon ang lumipas sa kanya ”
TEV	“sa pitong taon”
NJB	“pitong taon ang lilipas sa kanya”

Ang pariralang ito ay magiging makasaysayan sa teolohikal sapagkat

1. Ang salitang “pito” ay ginamit kapwa sa tunay at paghahalintulad sa Bibliya. Sa kaisipan ng Hebreo ito ay ganap na bilang kung babalikan ang paglikha ng isang linggo ng Genesis 1.
2. Ang salitang “panahon” ay ginamit sa ilang propesiya ni Daniel. Ito ba ay tumutukoy sa ganap na panahon o sa buong ganap na panahon? Ang mga katanungang ito ay dapat sagutin mula sa konteksto, hindi pilolohiya o leksikolohiya.

Ang LXX ay may “pitong taon,” ngunit ang salita ay nagpapahiwatig ng “mga panahon,” “taunang panahon.” Ang elemento ng panahon ay ginawa ng Diyos at ipinaalam, ngunit itinala na hindi tiyak ang adhikain para sa atin .

4:17 “Ang hatol ay kautusan ng anghel na bantay, At ang hatol ay inutos ng isang banal” Ito ay nagpapahiwatig na ang anghel ang siyang nagbigay ng hatol, ngunit sa v . 24 ay nagpapakita na mula sa Diyos ang paghatol. Muli, ito ay mahalagang matanto na ang mga Hudyo ay hindi nakakatiyak sa panahong ito ng kanilang kasunduang relasyon sa Diyos sapagkat ang templo at ang Herusalem (cf. Deuteronomio 12:10) ay sinira at ang hari mula kay David ay nabihag (cf. II Samuel 7). Kailangan nila Siya upang ipakita sa kanila na Siya ang may kontrol ng lahat ng kasaysayan sa daigdig .

Ang kabuuang bahagi ng bersong ito ay higit na katulad sa pagbibigay–diin sa teolohikal sa 2:20. Ang buong aklat ng Daniel ay nagpapatotoong muli at muli. Sa mga Sinaunang Malapit sa Silangan ang

kalagayan ng kasaysayan ay tila si YHWH ay natalo ng mga diyus-diyusan ng Babilonia, ngunit sa katunayan ginamit ni YHWH ang mga emperyo ng Fertile Crescent (Asiria, Babilonia, Persia) upang gamitin ang Kanyang kapangyarihan kaugnay sa Kanyang sambayanan (cf. Isaias 10:5; Jeremias 51:20). Ang sambayanan ng Diyos ay natatamo na ang mga bunga ng kanilang pagsamba sa diyus-diyusan at paglaban sa Diyos (cf. Deuteronomio 27-29). Kailangan ng Diyos na patatagin ang Kanyang sambayanan at mga paganong emperyo (v.25) ang pinagmulan ng kanilang kapangyarihang pulitikal at hukbo.

4:18 “wala sa mga pantas ng aking kaharian ang maaari” Ito ay inulit na paksa (cf. 1:20; 2:4-13; 4:7; 5:7-8).

TEKSTO SA NASB(BINAGO):4:19-27

¹⁹At si Daniel, na ang pangalan ay Beltsasar, ay sumandaling natakot at nabahala ang kanyang kaisipan. Ang hari ay sumagot at nagsabi, “Beltsasar, huwag mong ikabahala ang aking panaginip at kahulugan nito.” Sumagot si Beltsasar, “Mahal na hari, sana kung ang iyong panaginip ay para sa mga taong nasusuklam saiyo at ang interpretasyon ay para sa iyong mga kaaway!” ²⁰Ang puno na inyong nakita, na naging malaki at matatag, na ang taas ay umabot sa langit at natanaw ang buong daigdig ²¹at ang mga dahon ay maganda at makapal ang bunga, at pagkain para sa lahat, sinisilungan ng mga hayop at pinamumugaran ng mga ibon ang sanga nito—²²ay kayo, O Mahal na hari; kayo ang naging malaki at tumaas na malakas, at ang iyong kaharian ay naging malaki at umabot sa langit at natatanaw mo ang buong daigdig. ²³at nakita ng hari ang bantay na anghel, isang banal, na bumaba sa langit at nagsabi, ‘Ibuwal ang puno at sirain ito; ngunit itira ang tuod at mga ugat nito sa lupa, ngunit bilibiran ito ng bakal at tanso sa parang, at mabasa ng hamog mula sa langit, at hayaan na makasama ang mga hayop sa parang sa loob ng pitong taon ang lumipas sa kanya, ²⁴ito ang intrepretasyon, O Mahal na hari, at ito ang kautusan ng Kataas –taasan, na dumating na saiyo mahal na hari: ²⁵na kayo ay itataboy mula sa katauhan at maninirahan kayo kasama ang mga hayop sa parang, at kakain kayo ng damo katulad ng mga baka at mababasa ng hamog mula sa langit; at sa loob ng pitong taon ang lilipas saiyo, hangang iyong matanto na ang Kataas-taasang ang siyang mamamahala sa lahat ng tao sakop ng Kanyang kaharian at ibibigay niya kung sino ang Kanyang magustuhan. ²⁶At ang inutos na iwan ang tuod na may ugat ng puno, ang iyong kaharian ay maibabalik sa sandaling iyong kilalanin na ang Kalangitan ang may kapangyarihan. ²⁷Samakatuwid, O mahal na hari, sana ang aking payo ay maging mabuti saiyo: humiwalay na kayo mula ngayon sa inyong mga kasalanan sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan at mula sa kasamaan magpakita ng pagkaawa sa mga mahihirap, kung sakali man humaba pa sana ang iyong kasaganaan.”

4:19 “Si Daniel. . .ay natakot sandali” Si Daniel ay malinaw na matapat kay Nabucodonosor II at pinagsisihan ang pagpa-alam sa hatol. Ilang beses sa aklat ni Daniel, si Daniel ay napinsala sa espirituwal at pisikal sa mga pahayag na kanyang natanggap (cf. 7:15,28; 8:27; 10:16,17).

Tila ang “natakot” at “nabahala” ay magkatulad sa pagkagawa ng gramatika o katangian ng aklat ni Daniel.

▣ “huwag mong hayaan na ang panaginip at interpretasyon ay ikabahala mo” Si Nabucodonosor ang kanyang sarili ay nabahala din ng panaginip (cf. v.5).

▣ “yaong nasusuklam saiyo. . .ang iyong mga kaaway” Ito ay isa pa sa maraming magkakatulad na parirala. Itong uri ng kasulatan ay ang katangian ng aklat (cf.vv. 21c, d, at e,f; 22a,b; 23c,d).

4:21“Siya ay nagbibigay ng karunungan sa mga pantas, at kaalaman sa mga taong may pag-unawa” Sa kontekstong ito ang tinutukoy ay ang apat na kabataang Hudyo, lalong-lalo na si Daniel (cf. v.23) at hindi ang mga pantas ng Babilonia .

4:22“ay kayo, O mahal na hari” Ang sarili ng hari bilang kumakatawan sa kanyang emperyo ay ang sentro ng panaginip katulad sa kabanata 2 (v. 38b, “kayo ang ulo na ginto”).

4:25 “hanggang makilala mo na ang Kataas-taasang namamahala sa mga tao na nasasakop ng Kanyang kaharian, at ibibigay Niya kaninuman ang Kanyang magustuhan” tingnan ng buo sa 4:17. Ito ang sentro ay inulit na paksa sa Daniel (cf. Mga Awit 83:18; 97:9; Jeremias 27:5; Mga Taga-Roma 9-11).

Ang LXX ay nagdagdag ng kapanahunan sa pambungad ng kabanatang ito at kabanata 3 (“sa ika-labing walong taon”). Ito ang taon na ang templo at Herusalem ay sinira. Si Nabucodonosor ay kailangang makilala si YHWH at ipaalam ang kanyang malinaw na tagumpay.

4:26

NASB “ang Langit ang siyang mamamahala”

NKJV “mamamahala ang Langit”

NRSV “Ang Langit ang makapangyarihan”

TEV “Ang Diyos ang nakakasakop sa buong daigdig”

NJB “ang kataas-taasan ay nasasakupan ang mga tao ”

Ito ay isang nakaikot sa parirala, malayo sa pagtukoy sa Diyos na hindi gumagamit ng pang tawag o pangalan (cf. Mateo 3:2, “kaharian ng langit”; at Lucas 15:18,21, “nagkasala laban sa langit”).

4:27 Ang payo ni Daniel kay Nabucodonosor ay kinilala ang mga salita sa Bibliya sa Lumang Tipan na mayroong banal na Diyos na hinihingi ang kabutihan. Ang mga salita ay para sa mga mapagmataas na monarka sa Silangan na nagpapakita ng pangunahing, katunayang pag-uugali. Ito ay tumutukoy sa kasunduan sa Deuteronomio 27-29. Ang kasalanan at paglaban ay ang mga suliranin, ngunit ang Diyos ay Diyos ng pagka-awa (cf. Isaias 55:6-7; Ezekiel 18:21-22). Ang mga salitang ito kay Nabucodonosor ay nagpakita kay Daniel ng pagka-unawa na ang mga pagano ay inibig ng Diyos at maaaring sumagot sa Kanya sa pamamagitan ng paggiging matapat at buhay.

Ang pagkakatulad ng “mga kasalanan” at “mga kasamaan” ay malinaw, at ang “kabutihan” at “pagka-awa sa mahirap” ay magkatulad. Ito ay tumutukoy sa pag-unawa ng mga Hudyo sa pagbibigay ng limos (sa LXX na salin katulad na ginamit sa Targum at Talmud, cf. Mga Awit 112:3,9; Isaias 33:15; Mateo 6:1; II Mga Taga-Corinto 9:6-11) bilang nagpapakita ng “kabutihan” (i.e. Ang katangian ng Diyos, cf. Isaias 58:6-11).

NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN

Ang “Katuwiran” ay isang tunay na napakahalagang paksa na ang estudyante ng Bibliya ay dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang “makatarungan” o “matuwid” (BDB 841). Ang Mesopotamyang salita mismo ay nagmula sa tambo ng ilog na ginamit kagamitan sa pagkakayari (konstruksyon) upang hatulan ang pahalang na katuwidan ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinahatulan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalini Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan(cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3; Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalik ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. Roma 1:18-3:20).

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sankatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. Roma 3:21-31; Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. paghahayag na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
2. malayang pagbibigay sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinilang na katuwiran).
3. pagkakaloob ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo, ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatuhan.

Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., libreng ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pamumuhay na pagsunod
4. pagtitiis

Ang katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na “pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap.” Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na “katuwiran” sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaiosunē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *SDQ* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong panitikan. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay kaugnay sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong pakahulugan nito ay laging nakabalangkas sa kasunduang mga salita. Si YHWH ay makatarungan, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang katangian. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang ito ay magdudulot ng bagong maka-Diyos na pamumuhay (ang Romano Katoliko ay nakatuon sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya, walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng secular (o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado (kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa Ingles na “katarungan” (na inuugnay sa lipunan) at “katuwiran” (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan na muling napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay walang bayad na pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na lumago sa pagiging maka-Diyos (ang kinatatayuan ni Augustino, na nagpapakita ng kapwa pagbibigay-diin ng Repormasyon at sa kawalang-bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay-diin ng Romano Katoliko sa binagong-buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga *Reformers* ang salitang “ang katuwiran ng Diyos” ay isang LAYONG DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALING DYENITIBO, na pamamaraan ng pagiging katulad ng Diyos [pangkaranasang umuunlad na pagpapaging-banal]. Sa katunayan, ito ay kapwa totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa katulad na tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang larawan ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang maitalata ang pagtalakay sa itaas, pansining ang mga sumusunod na piniling mga tala sa NT na nagpapakita ng pangkat ng salita sa Griyego.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas naiugnay sa Diyos bilang Hukom)
 - a. Roma 3:26
 - b. II Thesalonica 1:5-6
 - c. II Timoteo 4:8
 - d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid
 - a. Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (titulo ng Mesias)
 - b. Mateo 27:19
 - c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
 - a. Levitico 19:2
 - b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)
4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran
 - a. Roma 3:21-31
 - b. Roma 4
 - c. Roma 5:6-11
 - d. Galacia 3:6-14
 - e. Ibinigay ng Diyos
 - 1) Roma 3:24; 6:23
 - 2) I Corinto 1:30
 - 3) Efeso 2:8-9
 - f. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya
 - 1) Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
 - 2) II Corinto 5:21
 - g. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak
 - 1) Roma 5:21
 - 2) II Corinto 5:21
 - 3) Filipos 2:6-11
5. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid
 - a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
 - b. Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23
 - c. I Timoteo 6:11
 - d. II Timoteo 2:22; 3:16
 - e. I Juan 3:7
 - f. I Pedro 2:24
6. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran
 - a. Gawa 17:31
 - b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay

1. Isang kautusan ng Diyos
2. Isang kaloob ng Diyos

3. Isang pagkilos ng Kristo

Ngunit ito rin ay pamamaraan ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa *Parousia*! Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Paul and His Letters* mula sa IVP

“Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pang-ugnayang aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang-sala. Si Calvin ay nagbibigay -iin sa kamangha-manghang kalikasan ng paghahatid o pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin” (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto.

1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay-diin ng mga Silanganin Iglesya at si Calvin)
2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay-diin nina Augustino at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo. Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga suliranin ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!

Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!

Dapat nating itaguyod ang pagiging katulad ni Kristo!

NATATANGING PAKSA: PAGBIBIGAY NG LIMOS

I. Ang termino mismo

- A. Ang terminong ito ay lumago sa loob ng Judaismo (i.e., ang yugto ng Septuagint).
- B. Ito ay tumutukoy pagkakaloob sa mahirap at/o nangangailangan.
- C. Ang Ingles na salitang “pagbibigay-limos” ay nagmula sa isang pagdadaglat ng Griyegong terminong *eleēmosunē*.

II. Konsepto sa Lumang Tipan

- A. Ang konsepto ng pagtulong sa mahirap ay ipinapahayag nang una sa Torah (mga sulat ni Moises, Genesis- Deuteronomio).
 1. karaniwang konteksto, Deuteronomio 15:7-11
 2. “pag-iipon,” pag-iwan ng bahagi ng ani para sa mahirap, Levitico 19:9; 23:22; Deuteronomio 24:20
 3. “ang taon ng sabbath,” pagpapahintulot sa mahirap na kumain ng bunga ng ikapito taon, na hindi natamnan ang lupa, Exodo 23:10- 11; Levitico 25:2-7.
- B. Ang konsepto ay lumago sa Karunungan Panitikan (mga piling halimbawa)
 1. Job 5:8-16; 29:12-17 (ang masamang inilarawan sa 24:1-12)
 2. ang Mga Awit 11:7
 3. Kawikaan 11:4; 14:21,31; 16:6; 21:3,13

III. Paglago sa Judaismo

- A. Ang unang pangkat ng Mishnah tinatalakay kung paano pakikitunguhan ang mahirap, nangangailangan, at mga lokal na Levita.
- B. Mga piling sipi
 1. “gaya ng tubig na pumapatay ng isang nagliliyab na apoy, sa gayon, ang pagbibigay-limos ay nakapagbabayad ng kasalanan” (Ecclesiasticus [kilala rin bilang Karunungan ni Ben Sirach] 3:30, NRSV)

2. “mag-ipon ng pagbibigay-limos sa iyong imbakan at ito ang magsasalba siyos mula sa bawat sakuna” (Ecclesiasticus 29:12, NRSV)
 3. “para sa kanila na kumikilos na sang-ayon sa katotohanan ay mananagana sa lahat ng ginagawa. Sa lahat ng sinumang tumutupad sa katuwiran ⁷magbigay ng limos mula sa yong mga ari-arian, at huwag hayaan ang iyong mata ay mainggit sa kaloob kung ginawa mo ito. Huwag mong ikiling ang iyong mukha palayo sa kaninuman na mahirap, at ang mukha ng Diyos ay hindi ikikiling palayo sa iyon. ⁸Kung ikaw ay maraming ari-arian, gawin mong may sukat ang kaloob para sa kanila; kung kaunti, huwag kang matako ng magkaloob sang-ayon sa kaunting mayroon ka. ⁹Upang ikaw ay makapag-ipon ng isang mabuting kayamanan para sa iyong sarili laban sa araw ng pangangailangan. ¹⁰Dahil ang pagbibigay-limos ay magtutubos mula sa kamatayan at mag-iingat sa iyo mula sa pagpunta sa Kadiliman. ¹¹Samakatuwid, ang pagbibigay-limos, para sa lahat na tumutupad nito, ay isang pinakamainam sa paghahandog sa harapan ng Kataas-taasan.” (Tobit 4:6-11, NRSV)
 4. “⁸Ang panalangin at pag-aayuno ay mabuti, ngunit mas higt sa dalawa ay pagbibigay-limos na may katuwiran. Ang kaunting katuwiran ay mas higit sa kayamanang may maling gawa. Mas mabuting magbigay ng limos kaysa sa mag-ipon ng ginto. ⁹Dahil ang pagbibigay-limos ay nagliligtas mula sa kamatayan at naglilinis ng bawat kasalanan. Silang nagbibigay ng limos ay matatamsa isang hustong buhay.” (Tobit 12:8-9, NRSV)
- C. Ang huling sipi mula sa Tobit 12:8-9 ay nagpapakita ng umuunlad na suliranin. Ang paggawa ng tao/mga kagalingan ng tao ay makikita bilang isang kaparaan para sa kapwa pagpapatawad at kasaganahan.
- Ang konseptong ito ay mas lalong lumago sa Septuagint, kung saan ang Griyegong termino para sa pagbibigay-limos (*eleēmosunē*) ay naging isang kasingkahulugan para sa katuwiran (*dikaiosunē*). Sila ay maaaring pamalit para sa isa’t-isa sa pagsasalin ng Hebreong terminong *hesed* (Pangkasunduang pag-ibig at katapatan ng Diyos, cf. Deuteronomio 6:25; 24:13; Isaias 1:27; 28:17; 59:16; Daniel 4:27).
- D. Ang mga pagkilos ng kahabagan ng mga tao ay naging isang layunin sa kanilang sarili upang maisakatuparan ang isang pansariling kasaganahan dito at kaligtasan at kamatayan. Ang pagkilos mismo, sa halip na ang motibo sa likod ng pagkilos, ay naging kaunahan sa teolohiya. Ang Diyos ay tumitingin sa puso, pagkatapos ay humahatol sa mga gawa ng kamay. Ito ang pagtuturo ng mga rabbi, ngunit ito, kahit papaano, ay nawala sa paghahangad ng pansariling katuwiran ng tao (cf. Mikas 6:8).

IV. Ang Reaksyon ng Bagong Tipan

A. Ang terminong ay matatagpuan sa

1. Mateo 6:1-4
2. Lucas 11:41; 12:33
3. Mga Gawa 3:2-3,10; 10:2,4,31; 24:17

B. Ipinapahayag ni Hesus ang tradisyonal na pang-Hudyong kaunawaan ng katuwiran (cf. II Clemente 16:4) sa Kanyang Pangangaral sa Bundok (cf. Mateo 5-7) na tumutukoy sa

1. Pagbibigay-limos
2. Pag-aayuno
3. panalangin

Ang ilang mga Hudyo ay nagtitiwala sa kanilang mga pagkilos. Ang mga pagkilos ay nangangahulugang pagdaluyin ang isang pag-ibig para sa Diyos, sa Kanyang salita, at mga kapatid sa kasunduan at kapatid na babae, hindi sariling pakinabang o sariling katuwiran! Ang pagpapakumbaba ay isang patnubay para sa nararapat na pagkilos. Ang puso ay mahalaga. Ang puso ay mapanganib na masama. Kailangang baguhin ng Diyos ang puso. Ang bagong puso ay tumutulad sa Diyos!



NASB	“paghiwalay”
NKJV	“paghiwalay”
NRSV	“magbago para”
TEV	----
NJB	“maghiwalay sa”
LXX	“iligtas”

Ito ay tunay “punitin”o “sirain” (BDB1108, *Peal PAUTOS*, cf. Genesis 27:40). Ang mga tao ay binigyan ng kalayaan. Dapat nilang gawin ito para sa kabutihan, hindi pansarili. Maraming kailangang sandali sa pagpili ng nararapat at may kasamang mga pagkilos. Piliin sandali ang kabutihan! Ang pagpili ngayon ay ang magtuturo ng kalagayan sa hinaharap .

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:28-33

28Ang lahat ay nangyari kay Nabucodonosor ang hari. **29**Pagkatapos ng labing dalawang taon siya ay naglalakad sa bubong ng palasyo sa Babilonia. **30**Ang hari ay nag-isip at nagsabi, “Di ba ito na ang dakilang Babilonia, na ako ang nagtindig bilang tirahan ng hari dahil sa aking lakas ng kapangyarihan at para sa kapurihan ng kaharian?” **31**Habang nagsasalia ang hari, isang boses mula sa langit ang nagsalita, “Haring Nabucodonosor, ipinapaalam ko saiyo: ang kaharian ay aalisin na saiyo, **32**at aalisin na kayo sa sangkatauhan, at ang iyong tirahan ay ang parang at kasama ang mga hayop. Kayo ay bibigyan ng damo katulad ng baka, at sa loob ng pitong taon ang lilipas saiyo hanggang makilala mo ang Kataas-taasang nakakasakop sa sangkatauhan at ibibigay Niya kaninuman ang Kanyang magustuhan.” **33**Kaagad natupad ang mga salitang tungkol kay Nabucodonosor; at siya ay itinaboy mula sa sangkatauhan at nagsimulang kumain ng damo katulad ng baka, at ang kanyang katawan ay nabasa ng hamog mula sa langit hanggang ang kanyang buhok ay tumubo katulad ng balahibo ng agila at ang kanyang mga kuko ay katulad ng kuko ng ibon.

4:28Ang buod ng berso ay inilagay sa unahan, katulad sa vv.1-3. Ang bersong ito ay nagpapatotoo sa dakilang katotohanan sa Bibliya —kung anong sinabi ng Diyos ay mangyayari (cf. Mga Bilang 23:19c; Isaias 40:8; 45:23; 55:11). Kapag ang sinabi ay nangyari ang tanging pag-asa ng tao ay ang hindi nagbabagong pagka-awa na isang katangian ng Diyos (cf. Malakias 3:6). Ang Kanyang pangako ay nagpapakita ng Kanyang katangian.

4:29 “siya ay naglalakad sa bubong ng palasyo ng Babilonia” Ang mga sinauna ay ginagamit ang bubong sa panahon ng tag-init bilang malamig na lugar para magpahinga at matulog.

4:30 “ang hari ay nag-isip at nagsabi” Ang pagmamataas ay ang pinaka suliranin ng makasalanang tao (cf. Genesis 3; Isaias 14; Ezekiel 28). Ang haring ito ay maraming ipagmamalaki, bilang siya ay nakilala mula sa Kasulatan ng Babilonia, bilang dakilang nagpatayo. Ang Babilonian Hanging Gardens ay isa sa “Seven Wonders of the World.” Ang lungsod ay doble-doble ang pader. Ang nasa loob na pader ay 21 na talampakan ang kapal, 50 cubits ang taas na ang bawat tore ay may 60 na talampakan. Ang panglabas na pader ay 11 talampakan ang kapal, 42 na milya ang kabilugan, at 6 na talampakan hanggang sa panglabas na pader na may ginawang kanal ng tao, na dumadaloy ang tubig ng Euphrates paligid ng lungsod para pananggalang.

4:31 “dahil sa aking lakas ng kapangyarihan at kapurihan ng aking kaharian” Ilan sa mga salitang ito ay ginamit sa 2:37, na ang mga kayamanan ni Nabucodonosor ay nanggaling lahat mula sa Diyos ng Juda. Ang lahat na mayroon siya ay handog mula sa Diyos, ngunit ang akala niya ang lahat ay mula sa kanya (cf. vv. 26,31,32; 2:37,44).

4:31 “ang boses ay galing sa langit” Ang mga rabbis ay nag-akala na ito ay ang *Bath-kol* sa pagitan ng Lumang Tipan at Bagong Tipan ang panahon ng Bibliya, Ito ang paraan ng Diyos sa pagpapatotoo ng Kanyang kapangyarihan ng wala pang propeta sa Israel. Ngunit, sa konteksto, tila ito ay tumutukoy sa kautusan ng bantay na anghel (cf. vv. 12,23).

4:32-33 “Kaagad ay natupad ang salita tungkol kay Nabucodonosor” Ang kanyang sakit ay tinatawag na lycantrophy o boanthrophy (cf. R. K. Harrison’s *Introduction to the OT*, page 1115-1117).

Mayroon ding ilang kasulatan tungkol sa kasaysayan na nagpapatunay sa panahon ng pagkahibang ni Nabucodonosor.

1. Berossus (ang saserdote ng *Bel* na nagsulat ng tatlong aklat ng kasaysayan tungkol sa Babilonia sa Griego sa pang-apat at tatlong siglo B.C.).
2. Ang tradisyong ito ay naitala ni Josephus (*Against Apion* 1.19-20).
3. Eusebius, *Praep. Evang.* IX.41, ay naitala ang pagpapatotoo ni Abydenus (panglawang siglo B.C.) na si Nabucodonosor, sa kanyang mga huling araw, ay pinasukan ng ilang diyus-diyusan o iba pa (cf. R.K. Harrison, *Introduction to the Old Testament*, p. 1115).

▣ **“ang kanyang katawan ay nabasa ng hamog mula langit”** Ang panahon sa bahagi ng daigdig na ito ay 120 degrees sa tag-init at 0 degrees sa taglamig. Ang bawat isa ay magkakaroon ng pagbabago sa pangangatawan na nangyari sa taong ito na tumira sa labas .

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:34-37

³⁴Ngunit pagkatapos ng panahon, Ako, Si Nabucodonosor, ay tumingin sa langit at nanumbalik ang lahat sa akin, at ako ay nagpasalamat sa Kataas –taasan at pinuri at dinakila Siya na nabubuhay magpakailanman;

Dahil ang Kanyang paghahari ay walang katapusang kaharian,

At ang Kanyang kaharian ay walang katapusan mula salin lahi hanggang salin lahi .

³⁵Ang lahat na nilalang sa daigdig ay walang halaga,

Ngunit Siya ay gumagawa sang-ayon sa Kanyang kagustuhan sa langit

At sa lahat ng nilalang sa daigdig;

At walang maaaring mag-utos sa Kanya o

tanungin Siya, ‘Anong ginawa Mo?’

³⁶Sa panahong yaon ay nanumbalik lahat sa akin. At ang aking kaharian at kasaganaan ay nanumbalik para sa kaluwalhatian ng aking kaharian, at ang aking mga tagapayo at mga kanang kamay ay tinanggap nila ako; kaya ako ay naibalik sa aking kaharian, at naibalik ang aking karangalan. ³⁷Ngayon, Ako, si Nabucodonosor, ay pumupuri, itinataas at pinaparangalan Ang Hari ng Langit, dahil ang Kanyang ginawa ay tumpak at at Kanyang tuntunin ay matuwid, at ginagawa Niyang mapagkumbaba ang mga mapagmataas.”

4:34 “pagkatapos ng panahon” Ito ay tumutukoy sa tumpak na panahon na binanggit sa 4:16, “pitong panahon.” Maraming tagapuna ang tumutukoy sa taon, ngunit ito ay hula lamang. Magkagayunman, ang tama ay ang Diyos ang may hawak ng kalagayan at paggaling ni Nabucodonosor.

▣ **“Ako, Si Nabucodonosor, ay tumingin sa langit”** Ito ay sumisimbolo ng pagkilala sa Diyos (cf.v.36) at ng Kanyang kapangyarihan (cf.vv.34-35).

▣ **“ang Kataas-taasan”** tingnan sa Natatanging Paksa sa 4:2.

▣ **“Siya na nabubuhay na walang hanggan”** Tila ito ay gumaganap sa pangalan ni “YHWH” mula sa pandiwa ng Hebreo “ay” (cf. Exodo 3:14). Ito ang pagpapatotoo sa teolohikal na ginawa ni Daniel (cf. 4:34; 6:26; 12:7).

▣ **“Ang Kanyang kaharian”** Ito ang paghahalintulad sa teolohikal na pagpapatotoo sa v.3, katulad sa 2:44; 6:26-27.

4:35 Ang kabanatang ito ay may ilang patulang pagpapatotoo (cf. vv. 3,34-35,37).

▣ **“Ang lahat na nilalang ay walang halaga”** Ito ay hindi nagpapahayag na ang Diyos ay hindi iniibig ang mga tao, ngunit walang ninumang tao o bansa na maaaring ihambing sa kapangyarihan at karapatan ng Diyos (cf. Isaias 40:17; Jeremias 10:10).

▣ **“ang may-ari ng langit”** Ang pariralang ito ay may dalawang kaalaman (1) sa tekstong ito ay tungkol sa kaugnayan ng matapat na Israel na tinutukoy si YHWH, ang pinuno ng hukbo ng mga anghel sa langit (cf. Josue 5:14-15; I Mga Hari 22:19; Mga Awit 103:20-21), ngunit (2) sa teksto na ito ay may kaugnayan sa Emperyo ng Mesopotamia, ang Babilonia, na nagturo sa paggamit ng astrologo o diyus-diyusan ng Israel, pagkatapos ito ay tumutukoy kay YHWH bilang tagalikha at may hawak ng mga nilikha sa kalangitan (araw, buwan, mga tala, etc., e.g. Deuteronomio 4:19; 17:3; II Mga Hari 17:16; Mga Awit 33:6; Isaias 34:4; 40:26; Jeremias 8:2-3; 19:13).

▣ **“at walang makakapag-utos sa Kanya”** Ang salitang ito ay tumutukoy sa pagturo ng matuwid sa bata. Ito ay nagbibigay –diin na ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat ng tao at mga bansa (cf. Isaias 43:13).

▣ **“O magsabi sa Kanya, ‘Anong ginawa Mo?’”** Ito ay isa pang pagpapahiwatig ni Isaias (cf. 10:15; 45:9-13). Ang parirala ay paghahalintulad sa gumagawang palayok (cf. Isaias 29:16; Jeremias 18; Mga Taga-Roma 9:19-22). Ang kabuuang kapangyarihan ng Diyos ay inulit na paksa (cf. II Cronica 20:6; Job 9:12).

4:37 “purihin, itaas at parangalan” Katulad sa katangian ni Daniel ay gumamit ng magkakatulad na salita upang gumawa ng malakas na pagbibigay –diin.

▣ **“ang Hari ng langit”** Ito ang tawag na may kaugnayan sa konsepto ni YHWH bilang hari (cf. Mga Hukom 8:23; I Samuel 8:7; Mga Awit 5:2; 29:10; 44:4; 47:6-8; 48:2; 68:24; 74:12; 84:3; 95:3; 97:1; 99:4; 146:10; Isaias 41:21; 43:15; 44:6; 52:7).

▣ **“Lahat na Kanyang ginawa ay tumpak at matuwid”** Ang katotohanan at katarungan ay kambal na katangian ni YHWH (cf. Deuteronomio 32:4; Mga Awit 33:4-5). Ang nag-iisang tunay na Diyos ay nagpapahayag ng karunungan at kumikolos ng matuwid. Ang nais ng Diyos ay sundan ang Kanyang katangian.

▣ **“magpakumbaba ang mapagmataas”** Ang una ay tumutukoy kay Nabucodonosor (at Belsasar, cf. 5:20), ngunit para rin sa lahat na emperyo ng mga Hentil na imahen ng apat na metal sa kabanata 2 (cf. Exodo 18:11). Ito ay isa pang pangkaraniwang paksa sa Bibliya (cf. Job 40:11-12; Santiago 4:6,10; I Pedro 5:5-6).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang nagsulat ng kautusan? Ang hari o si Daniel o kapwa?
2. Bakit hindi si Daniel ang unang pinatawag ni Nabucodonosor para isalin ang kanyang panaginip?
3. Ano at sino ang sinisimbolo ng puno?
4. Ano o sino ang mga bantay?
5. Ano ang layunin ng bigkis sa paligid ng puno (vs. 15)?
6. Gaano katagal ang pitong panahunan ?
7. Ang propesiya ba na ito ay may kahalagahan sa labas ng buhay ni Nabucodonosor?
8. Ano ang sakit ni Nabucodonosor at ang hindi pangkaraniwang suliraning medikal?
9. Paano mo bibigyan ng titulo ang kabanatang ito ?
10. Si Nabucodonosor ba ay nagbalik loob?

DANIEL 5

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang Piging ni Belsasar	Ang kapistahan ni Belsasar	Ang Bangkete ni Belsasar	Ang Piging ni Belsasar
5:1-4	5:1 5:2-4	5:1-4	5:1-12
5:5-9	5:5-9	5:5-9	
5:10-12	5:10-12	5:10-12	
Ipinaliwanag ang nakasulat sa pader		Ipinaliwanag ni Daniel ang nakasulat	
5:13-16	5:13-16	5:13-16	5:13-16
5:17-24	5:17-23	5:17 5:18-21 5:22-24	5:17-28
	5:24-28		
5:25-29		5:25-28	
	5:29	5:29-31	5:29
Ang kamatayan ni Belsasar			
5:30-31	5:30-31		5:30-6:

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. xvi sa panimulang bahagi) PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

KAUNAWAANG TEKSTUWAL

- A. Tila mayroong palugit na panahon (sa mahigit na 25 taon) sa pagitan ng kabanata 4 at 5. Sa panahong ito ay may ilang hari sa Babilonia na naghari sa maikling panahon lamang (tingnan sa nakatala sa Dagdag na Dahon Tatlo, Mga hari sa Babilonia).
- B. Si Belsasar ay siyang pinagmulan ng malaking kontrobersiya sapagkat ang kanyang pangalan ay hindi nakita sa talaan ng kuniporm ang mga hari ng Babilonia. Gayunman, ang makabagong arkeolohikal ay natagpuan ang kanyang pangalan na nakatala bilang anak ni Nabonidus, ang huling hari ng Babilonia (nagmula sa Nabonidus' cylinder, tingnan sa J. B. Pritchard, ANET, pp. 315-316). Maliwanag na si Nabonidus ay naging deboto sa pagsamba sa diyus-diyusan ng buwan si *Sin* (Sumerian *Nanna*). Ang kanyang ina si (*Adadguppi*) ay sangkot sa pagsamba sa diyus-diyusan ng buwan sa Haran, samantala ang kanyang anak na babae ay mataas na saserdote sa Ur. Siya ay namalagi ng matagal sa Tema sa hilagang bahagi ng Arabia at siya ay hindi namalagi sa lungsod ng Babilonia sa palugit na panahon (i.e. sa loob ng sampung taon). Ang mga lungsod na Ur, Haran, at Tema ay mga sentro sa pagsamba sa buwan. Ang ilang nag-aaral ng kasaysayan ay nagpapahayag na ang kanyang hindi pagpapakita ay dahil sa pangangasiwa sa hukbong sandatahan na tumagal sa pakikidigma laban sa hukbo ng Cyrus II .
- C. Ang kabanata na ito ay kabilang sa isa pang halimbawa ng pagmamataas ng mga namumuno sa daigdig at ang kanilang pakikipaglaban kay YHWH na siyang makapangyari sa kasaysayan.
- D. Si Belsasar ay naniniwala na ang pagpapalakas sa lungsod ng Babilonia ay hindi pagtatagumpayan. Para sa mahusay na talakayan tungkol sa lungsod tingnan sa La Moine F. DeVries, *Cities of the Biblical World*, Hendrickson Publishers, 1997, pp. 13-21.
Para sa mahusay at maikling talakayan ng bagong Babilonia tingnan sa Jack Finegan, *Archaeological History of the Ancient Middle East*, Westview Press, 1979, pp. 123-133.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:1-4

¹Si Haring Belsasar ay nagdaos ng malaking piging para sa kanyang libo-libong tagapamahala, at siya ay uminum ng alak sa harapan ng libo- libo. ²Nang nakainum na si Belsasar, ipinakuha niya ang mga kagamitang ginto at pilak na sinamsam ng kanyang ama na si Nabucodonosor sa templo ng Herusalem, upang ang Hari at ang kanyang mga tagapamahala, ang kanyang mga tunay na asawa, mga aliping asawa ay uminum dito. ³At inilabas nila ang mga kagamitang ginto na sinamsam mula sa templo, ang templo ng Diyos sa Herusalem; at ang Hari at ang kanyang mga tagapamahala, ang kanyang mga asawa at mga aliping asawa at uminum dito. ⁴Ininum nila ang alak at sinamba ang mga diyus-diyusan na ginto at pilak, tanso, bakal, kahoy at bato.

5:1 “Belsasar” Sa Babilonia *Bel-shar-usur* ang ibig sabihin ay “Bel, pangalagaan ang hari” (BDB 1084). *Bel* ang ibig sabihin panginoon” at isa pang pangalan sa *Marduk*.

▣ **“ang hari”** Bagaman ang kanyang pangalan ay hindi matagpuan sa talaan ng mga hari ng Babilonia sa kuniporm , sa katagalan ang mga nag-aaral ng arkeolohikal ay natagpuan ang kanyang pangalan sa talaan ng kuniporm na tinatawag siyang “anak ng hari” (i.e. Nabonidus' cylinder, see J. B. Pritchard, ANET, pp. 315-316)). Sapagkat siya ay tinawag na anak ni Nabucodonosor sa vv. 2,11,18,22, ay maraming talakayan tungkol sa kanyang tunay na ninuno. Ang ilang maaaring mga teorya ay: (1) Siya ay inampon ni Nabonidus; (2) Ang mga terminong pampamilya ay may malawak na kalayaan ng mga kahulugan, kagaya sa mga wika

ng Semitiko; (3) Si Nabonidus ay maaaring naging asawa ang anak na babae ni Nabucodonosor II (Nitocris) upang maging lehitimo ang kanyang kaharian sapagkat siya ay maaaring hindi kasali sa lahing maharlika (cf. R. P. Dougherty, *Nabonidus at Belsasar*, pp. 63-80); o (4) Kahit ang iba ay nagpapahayag na naging asawa niya ang reyna ni Nabucodonosor.

▣ **“nagdaos ng piging ”** Maaaring ito ay kalagayan o pagdaos ng pangreliyon. Ang pagharap sa parating na hukbo ng Medo-Persian ay maaaring ito ay isang paraan upang mawaglit sa kanilang kaisipan ang parating na digmaan.

▣ **“ang libo-libo niyang tagapamahala”** Ang kasaysayan ay nagbigay ng maraming halimbawa tungkol sa malalaking kapistahan na binigay ng mga Monarkiya mula sa Silangan (cf. Daniel 3 [neo-Babylonian]; Esther 1 [Persian]).

5:2 “Nang matikman ang alak ni Belsasar” Ito ay tumutukoy alin man sa dalawa (1) inumpisahan niya ang tradisyong ang panahon ng pag-inom pagkatapos kumain ng hapunan o (2) ang katotohanan na siya ay nakainom na ng alak.

▣ **“Siya ay nag-utos na ilabas ang mga kagamitang ginto at pilak ”** Si Nabucodonosor II ay inilabas ang mga kagamitan galing sa templo ni YHWH mula Herusalem (cf. II Mga Hari 24:13; 25:15), kagaya ng kanyang ginawa sa lahat ng templo. Hindi tiyak kung bakit pinili ni Belsasar na hindi igalang ang mga banal na kagamitan mula sa templo ni YHWH. Marahil, dahil sa daan-daang panauhin, mga asawa at mga aliping asawa (cf. v. 3), lahat ng mga kagamitan na nanggaling sa templo ay kinuha upang gamitin sa inuman, ngunit ito ay higit na nangyari sapagkat ang Herusalem ay binanggit sa mga berso 2 at 3. Nalalaman ni Belsasar kung paano ginawang mapagkumbabang tao si Nabucodonosor ni YHWH (cf. Daniel 4), at ginawa niya ito upang maghiganti (cf. v. 22).

▣ **“ang kanyang ama”** Ito ay tunay na tiyak (cf. Genesis 31:42), subalit ito marahil ay ginamit bilang “ninuno,” “mga anak” (cf. Esdras 5:12), o “dating pinuno ng maharlika” (BDB 1078, at ang itim na bantayog ni Shalmaneser III na tinatawag na Jehu “anak ni Omri”). Ang ibang mga halimbawa ay nagpapakita na ang salita ay ginamit bilang inkong (cf. Genesis 28:13; 32:9) at mga dakilang ninuno (cf. I Mga Hari 15:11).

▣ **“ang templo”** Ang templo ng mga Hudyo sa Herusalem ay itinayo ni Solomon at ito ay isinalarawan sa I Mga Hari 6-8. Ito ay nagpapakita ng imahen ng sinaunang tabernakulo na kayang dalhin na binanggit sa Exodo 25-27, 35-38.

▣ **“ang kanyang mga asawa , at mga aliping asawa ay maaaring uminum dito”** Ang mga Media at mga Persian ay hindi pinapahintulutan ang mga babae sa mga bangkete ng Kaharian (cf. Ester 1), subalit maliwanag na ginawa ito ng mga taga Babilonia, sa okasyon na yaon (Xenophon, *Cyropaedia* 5.2.28). Sa kaisipan ng mga Hudyo sa pananaw ng mga makabagong iskolar , ang pagdalo ng mga asawa at lalong – lalo na ang mga aliping asawa, ay nadagdagan ang paglaban nila kay YHWH. Ang mga lalaki at mga babae ay laging pinaghihiwalay noong sinaunang Malapit sa Silangan. Ito ay yaong magulo at maluhong pagtitipon (cf. James M. Freeman, *Manners and Customs of the Bible*, p. 203).

Sa Bibliya ng mga Hebreo ang pagkakaiba sa pagitan ng “mga asawa” at “mga aliping asawa” ay tumutukoy sa karapatang mamanahin ng mga anak. Kapwa ay pinakasalan ng hari at nakatira sa harem. Ang mga anak ng mga asawa” ay may buong karapatan sa mamanahin, samantala ang mga anak ng mga “aliping asawa” ay may nakalaan lang na karapatan sa mamanahin.

Ito ang Aramaikong bahagi sa Daniel at ang salitang “mga aliping asawa” (BDB 1099) ay nagmula sa ugat ng Arabic para sa “oras,” “nota,” o “awit,” samakatuwid , ang NJB ay isinalin ito bilang “at ang mga babaeng umawit sa kanya.”

5:4 “sambahin ang mga diyus-diyusan ng ginto at pilak, tanso, bakal, kahoy, at bato” Ang mga ito ay ang magkakaparehong metal na kasangkot sa estatwa sa kabanata 2. Mula v. 23 ating nalaman na ang mga ito ay diyus- diyusan (cf. Exodo 20:23; Deut. 4:28; 28:36,64; 29:17; Mga Awit 115:4-8; 135:15-18; Isaias 40:18-20; 44:9-20; 46:1-7). Ang pariralang ito ay maaaring nagpapahiwatig na ang bangkete ay pangreliyon o nagpapahiwatig ng ritwal.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:5-9

⁵Walang anu- ano, lumitaw ang mga daliri ng tao at nagsimulang sumulat sa pader ng palasyo ng hari sa tapat ng kandelero, at nakita ng hari ang likod ng kamay na siyang sumulat. ⁶At ang mukha ng hari ay namutla at bigla siyang natakot at ang kanyang mga buto sa balakang ay biglang nanghina at ang kanyang mga tuhod ay nagbungguan. ⁷Ang hari ay sumigaw ng malakas upang iharap sa kanya ang mga engkantador, ang mga Caldeo at mga astrologo. Ang hari ay nagsalita at sinabi niya sa mga pantas ng Babilonia, “Ang sinuman na makakabasa sa mga nakasulat at makakapaliwanag ng ibig sabihin nito sa akin ay susuutan ng damit na may purpura at magkakaroon ng gintong kuwintas sa kanyang leeg, at magkakaroon ng kapanyarihan bilang pangatlong mamamahala ng kaharian.” ⁸At lahat ng mga pantas ay dumating, ngunit hindi nila mabasa ang nakasulat o maipaliwanag ang ibig sabihin nito sa hari. ⁹At ang Haring Belsasar ay lalong nabagabag, at lalong namutla ang kanyang mukha, at ang kanyang maharlika ay gulong- gulo ang mga kaisipan.

5:5 “ang kandelero” Ang mga mambabasa ng Bibliya ay dati ng alam ang mga kandelero kapwa sa tabernakulo (pitong sanga, cf. Exodo 25:31-40) at templo ni Solomon (sampung sanga, cf. II Cronica 4:19-22). Ito ay hindi tiyak na kung ang lampara na nagmula sa templo ni YHWH (cf. Jeremias 52:19) ay dinala sa pagtitipon kasama ng mga mangkok o ito ay tumutukoy sa isa sa mga lampara, na sinindihan sa silid. Kung ito ay kandelero ni YHWH samatuwid ito ay may nakasulat sa ibabaw ng banal na bagay na hindi maipaliwanag. Kung ito man ay totoo ang nakasulat ay ilalagay sa madaling makita upang makita agad – agad!

▣ **“plaster ng pader ng palasyo ng hari”** Ito ay Aramaikong salita rin para sa “apog,” “buhay na apog,” o “plaster” (BDB 1086 at 162). Mula sa kasalukuyang arkeologo napag-alaman namin na ang pangunahing trono sa silid ng Babilonia ay may puting plaster sa dalawang pader .

▣ **“nakita ng hari ang likod ng kamay na siyang sumulat”** Kung nakita man ng lahat ang kamay o ang hari ay hindi nakakatiyak. Ang salitang “kamay” (BDB 1094) ibig sabihin ay “bisig,” “palad,” o “daliri.” Ito ay kamay ng tao na may bisig, maaaring hanggang siko (cf. Peter-Contesse, Ellington, *A Handbook On The Book of Daniel*, p. 134) o hanggang kamay galang-galangan (cf. The Anchor Bible, vol. 23, p. 184).

5:6 Ito ang mahalagang saksi sa paghina ng panglabas na anyo ng hari dahil sa kanyang kalanguhan at hindi maipaliwanag na kababalaghan sa paglitaw ng kamay (cf. v. 9). Ito ay lumabas din sa Daniel 7:28.

▣ **“ang kanyang kasu-kasuan sa balakang ay lumuwag”** Ito ay pariralang paghahambing na tumutukoy sa pagkatakot (cf. Nahum 2:10; Mga Awit 69:23; Isaias 21:3), kagaya ng “nagbabanggaang mga tuhod” (cf. Ezekiel 7:17; 21:7; Nahum 2:10).

5:7 “dalhin dito ang mga engkantador; mga Caldeo at mga astrologo” Muli binigyang –diin ang walang kakayahan ng mga pantas ng Babilonia (cf. vv. 8,15). Hindi umayon ang kapalaran si Daniel ay nagretiro na sa kanyang aktibong serbisyo (cf. v. 11).

▣ **“purpura”** Ang salin King James ay “matingkad na pula” at dapat nating alalahanin na ang mga pangalan ng mga sinaunang mga kulay ay malaki ang pagbago-bago. Ang purpura ay ang kulay ng maharlika (cf. Xenophon, *Anabasis* 1:5,8). Ang matingkad na pulang tela ay napakamahal na ang mga

pinakamayayaman lamang ang nakakapagsuot.

▣ **“gintong kuwintas”** Ang mga kuwintas ay nagsisimbolo ng ranggo at kapangyarihan sa sinaunang Malapit sa Silangan (cf. Genesis 41:42; Awit ng mga Awit 4:9; Ezekiel 16:11). Magkagayunman, ang pariralang Aramaiko (BDB 1090 at 1087) ay maaaring tumutukoy sa buong ginto na kuwelyo, na tumutukoy sa ranggo, at hindi kuwintas.

▣ **“pangatlong namamamahala sa kaharian”** Ang salitang ito (BDB 1118) ay hindi malinaw. Ang ibig sabihin nito ay maaaring (1) simpleng mataas na opisyal; (2) isang opisyal ng mga sundalo; o (3) ito ay maaaring tugma kay Nabonidus ang kasabay ni Belsasar sa Kaharian. Ang pangatlong lugar lamang ang kanyang binibigay kaninuman .

5:8 “hindi nila mabasa ang nakasulat” Hindi matiyak kung ang pagkakasulat ay sa Aramaiko o Hebreo. Tila naman nabasa nila ang mga salita, ngunit hindi nila maunawaan ang ibig ipakahulugan. Ang mga salita ay maaaring nakasulat lang sa mga katinig o kagaya ng sinasabi ng mga guro, hindi pahalang, bagkus patayo. Ito ay maliwanag na si Daniel ang kailangan upang maipaliwanag ang kahulugan ng mga salita.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:10-12

¹⁰Ang reyna pumasok sa bulwagan sapagkat narinig niya ang pag-uusap ng hari at ng kanyang mga tagapamahala; ang reyna nagsalita at nagsabi, “Mabuhay ang mahal na Hari! Huwag mong guluhin ang isip mo o maging ang iyong mukha maging maputla. ¹¹Mayroong isang tao sa iyong kaharian na kinakasihan ng espiritu ng mga banal ng Diyos; at sa mga araw ng iyong ama, karununganang espirituwal, pag-unawa at katalinuhan katulad ng katalinuhan ng mga diyos ay matatagpuan sa kanya. At ang Haring Nabucodonosor, ang iyong ama, ang iyong amang hari, ay hinirang siya bilang pinuno ng mga salamangkero, engkantador, mga Caldeo at mga astrologo. ¹²Dahil sa kanyang pambihirang espiritu, karunungan at pag-unawa, pagpapaliwanag ng kahulugan ng mga panaginip, pagpapaliwanag ng mga bugtong at paglutas ng mahihirap na mga suliranin ay matatagpuan kay Daniel, na tinawag na Beltsasar ng hari. Ipatawag mo si Daniel at ipapahayag niya ang kahulugan.”

5:10 “ang reyna” Nagdagdag ng parirala ang Septuagint na nagsasabi na si Belsasar ay pinatawag ang reyna. Sapagkat ito ay napaka kakaiba kaninuman na makipagkita sa hari na hindi pinapatawag (cf. Ester 4:11). Magkagayunman, ang inang – reyna ay may kakaibang katayuan sa kaharian at siya ay maaaring labas- pasok kung kaylan niya naisin. Maraming pagtalakay tungkol sa kanyang tunay na pagkatao: (1) Reyna ni Nabucodonosor, (2) Anak ni Nabucodonosor, o (3) isa sa asawa ni Nabonidus. Ang #1 o 2 ay tila higit na totoo sapagkat kilala niya si Daniel at ang kanyang pambihirang angking katalinuhan.

5:11 “Mayroon isang tao sa iyong kaharian” Ang berso 7 ay isang halimbawa ng muling pagkabigo ng mga pantas ng Babilonia na wastong matutuhan ang puso at kaisipan ng nag-iisang tunay na Diyos. Ginawa ng Diyos, magkagayunman, pinagkalooban sila ng pinagmulan ng mga pahayag, kahit na sa mga maharlika ng Babilonia. Ang pinagmulan ay si Daniel, isa sa mga bihag ng Juda (cf. v. 13).

▣ **“espiritu ng mga banal na diyos”** tingnan sa 4:8.

▣
NASB “karununganang espirituwal, pag-unawa, at katalinuhan”
NKJV “kaliwanagan at pag- unawa at katalinuhan”
NRSV “kaliwanagan, pag-unawa at katalinuhan”
TEV “mabuting pag-unawa, kaalaman, at katalinuhan”
NJB “pag-unawa, kaalaman at katalinuhan”

Itong tatlong pag sasalarawan ay tumutukoy sa kakaibang kakayahan ni Daniel na malaman at ipaliwanag ang kahulugan ng mga pangitain, panaginip, at iba pa. (cf. v. 14). Ang susunod na parirala, “ang katalinuhan ng mga diyos” ay nagbibigay –diin sa binigay ng Diyos na katalinuhan kay Daniel (cf. v. 12; 1:17,20).

▣ “siya ay itinalaga bilang pinuno ng mga salamangkero, engkantador, Caldeo at astrologo” tingnan sa 1:20; 2:48, at 4:9.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:13-16

¹³Ipinatawag nga si Daniel at iniharap sa hari. Ang hari ay nagsalita at nagsabi kay Daniel, “Ikaw ba ang Daniel na isa sa mga bihag mula Juda, na dinala ng aking ama mula Juda? ¹⁴Ngayon, nabalitaan kong sumasaiyo ang espiritu ng mga diyos at karununganang espirituwal, pag-unawa at pambihirang katalinuhan ay matatagpuan saiyo. ¹⁵Ngayon lang ang mga pantas at mga salamangkero ay iniharap sa akin upang mabasa nila ang nakasulat at maipaliwanag ang kahulugan sa akin, ngunit hindi nila maipaliwanag ang kahulugan ng kalatas. ¹⁶Subalit, nabalitaan ko ang tungkol saiyo, na nakakapaliwanag ka at nakakalutas ng mahihirap na mga suliranin. Ngayon, kung mababasa mo ang nakasulat at maipapaliwanag ang kahulugan nito sa akin, ikaw ay susuutan ng damit na purpura at kukuwintasan ng ginto saiyong leeg, at gagawing pangatlong mamamahala sa kaharian.

5:13 “Ikaw ba yung Daniel na isa sa mga bihag na nagmula sa Juda?” Pansinin na ang hari ay tinawag siya sa kanyang Hebreong pangalan, hindi yung pangalang Babilonia. Pansinin din na binanggit na siya ay nagmula sa Juda, ang lugar na kinalalagyan ng Diyos na linalabanan ni Belsasar (cf. berso 22).

▣ “isa sa mga bihag na nagmula sa Juda” Ang pariralang ito ay may tungkuling dalawang bagay: (1) Si Belsasar ay nagpapatunay na si Daniel ay isang Hudyo na nabihag o (2) Si Daniel ay kasapi at kinatawan ng taong bayan ni YHWH; si YHWH na makapangyari ng kasaysayan at kahahantungan ng mga hari (cf. 2:20-23; 4:17,32)!

▣ “Ako ang nakarinig” Ito ay tumutukoy sa vv. 10-12.

TEKSTO SA NASB (BINAGO) 5:17-24

¹⁷At sinabi ni Daniel sa hari, “huwag na po ninyo akong bigyan ng anuman, o ibigay na ninyo sa iba ang sinasabi ninyong gantimpala; magkagayunman, Babasahin ko na po lamang at ipapaliwanag ang nakasulat. ¹⁸Mahal na hari, ang Kataas-taasang Diyos ay binigyan ang iyong amang si Nabucodonosor ng kaharian, katanyagan, karangalan at kapangyarihan. ¹⁹Dahil sa kapangyarihan na ibinigay Niya sa kanya, ang lahat ng tao, mga bansa, at bawat wika ng mga tao ay takot at nanginginig sa kanya; maari niyang ipapatay ang sinumang ibig niya at maaaring panatilihin buhay ang gusto niya; at naitataas niya sa tungkulin ang kanyang maibigan at naibababa ang gustong ibaba. ²⁰Ngunit dumating an araw na siya ay naging palalo, at matigas ang ulo at naging pangahas, siya ay inalis sa paggiging hari at ang kanyang karangalan ay nawala sa kanya. ²¹Ipinagtabuyan siya sa labas ng bayan, at ang kanyang puso ay pinalitan katulad ng mga hayop, at ang kanyang tirahan ay kasama ang mga ligaw na kabayo. Ang kinakain niya ay damo katulad ng mga baka, at ang kanyang katawan ay nababasa ng hamog ng kalangitan hanggang makilala niya ang Kataas-taasang Diyos na Siyang namamahala sa kaharian ng mga tao at maibibigay Niya ito kanino man Niya magustuhan. ²²At bagaman ikaw, Belsasar na kanyang anak, ay hindi nagpakumbaba, kahit na alam muna ang lahat na ito. ²³Sa halip nagpakataas kayo sa harapan ng Panginoon ng Kalangitan; at dinala nila ang mga kagamitan mula sa Kanyang Templo saiyo, at sa iyong mga tagapamahala, sa iyong mga asawa at sa iyong mga aliping asawa at kayo ay nag-inuman ng alak dito; at kayo ay sumamba sa mga diyos ng

pilak at ginto, ng tanso, bakal, kahoy at bato na hindi nakakakita, nakakarinig o nakakaunawa. Ngunit ang Diyos na nagbigay sainyo ng buhay at mga paraan, ay hindi ninyo pinarangalan. ²⁴Kaya ipinadala ang kamay na yaon mula sa Kanya at ang mensahe ay naisulat.”

5:17-21 Ito ang buod ng pakikipag-ugnayan ng Kaharian ng Diyos kay Nabucodonosor II na naitala sa kabanata 4.

5:17 Si Daniel ay napilitan (MAHINAHONG PAUTOS at PAUTOS), ngunit magalang, na di- tanggapin ang mga regalo, gantimpala, at katayuan. Si Daniel ay nakakabasa ng mga salita ng mga propeta. Nalalaman niya na matatapos na ang kaharian ng Babilonia! Nalalaman ni Daniel na malapit ng ibigay ni Belsasar ang lahat –lahat sa hukbo ni Cyrus .

5:18 “**Nabucodonosor ang iyong ama**” Ang salitang “ama” ay tumutukoy sa mga ninuno ng Hebreo (Semitiko) ang ginamit. Tingnan sa 5:2.

5:19 “**lahat ng tao, bansa, at bawat wika ng tao**” Ito ay isang labis –labis na pagsasalarawan ng kaharian ni Nabucodonosor II (cf. 3:4,7; 4:1; 5:19; 6:25).

Si Nabucodonosor ay nagpatupad buong kapangyarihan sa malawak na bahagi ng sinaunang Malapit sa Silangan. Ang akala niya siya ang makapangyarihan sa lahat hanggang ang Diyos ng Juda ay mamagitan (cf. vv. 20-21)!

5:20 Ang bersong ito ay naglalarawan hindi lang kay Nabucodonosor, bagkus sa lahat na mga hari na Malapit sa Silangan, na pinagsilbihan ni David at nahulaan (cf. 2:7,8; 9:24-27; 11:12), kasama si Belsasar (cf. vv. 22-23).

5:21 “**ang Kataas-taasang Diyos**” Tingnan sa Natatanging Paksa sa 4:2.

5:22-23 Ang NIV Study Bible (p. 1308) ay pinansin na si Belsasar ay hinusgahan sa tatlong bagay.

1. Siya ay hindi masunurin kay YHWH, hindi sa walang nalalaman, bagkus paglaban (v. 22).
2. Siya ay walang galang sa pangalan ni YHWH sa paggamit ng mga banal na kagamitan sa kanilang handaan na nag mula pa sa templo ng Herusalem.
3. Siya ay sumasamba sa mga diyus-diyusan na gawa ng tao kaysa kay YHWH (v. 23b).

5:23 “**ngunit nagpakataas kayo laban sa Panginoon ng kalangitan**” Katulad ni Nabucodonosor na napakumbaba ni YHWH (cf. Daniel 4) gayun din, ang kanyang lahi, Belsasar, na sinadyang labagin ang kabanalan ng mga kagamitan sa templo ni YHWH .

▣ “**sumamba kayo sa mga diyos ng pilak at ginto, ng tanso, bakal, kahoy at bato, na hindi nakakakita, nakakarinig o nakakaunawa**” Ito ay sumasalungat sa nag-iisang buhay, Diyos-na-buhay kaylan man sa patay, pipi, at diyos na hindi buhay (tingnan sa 5:4).

▣ “**ang kamay ng Diyos na nagbigay sainyo ng buhay at mga paraan**” Ang nag-iisang pinagmulan ng buhay ay si YHWH (mula sa Pandiwa ng Hebreo “ay,” cf. Exodo 3:14). Siya ang makapangyari ng mga nangyayari, mga hari, at mga bansa. Ang katotohanan na ito ay nabanggit sa mga Propeta (e.g. Jeremias 10:23), ngunit higit na binabanggit sa Karunungan Panitikan (cf. Job 31:4; Mga Awit 139; Mga kawikaan 20:24).

TEKSTO SA NASB (BINAGO) 5:25-28

²⁵Ngayon ito ang mensahe ng nakasulat: **MENE MENE TEKEL UPHARSIN.** ²⁶Ito ang

kahulugan ng mensahe: ‘MENE’—Nabibilang na ang araw ng iyong kaharian at wawakasan na ito ng Diyos. ²⁷‘TEKE’— ikaw ay tinimbang sa timbangan at napatunayan ikaw ay nagkukulang. ²⁸‘PERES’— ang kaharian mo ay mahahati at ibibigay sa Media at Persia.”

5:25 “MENE, MENE, TEKEL, UPHARSIN” Ang mga PANGNGALAN na ito ay maliwanag na mga pangalan para sa mga sinaunang pagtitimbang at pagsusukat. Ang mga ito ay ginawang mga PANDIWA ni Daniel upang maipaliwanag ang kanilang kahulugan. Ang salitang MENE (BDB 1101) ay isang salita na ang ibig sabihin ay “para sa bilang.” Sa katiyakan, ito ay isang tanging timbang na tinatawag na “mina,” (cf. I Mga Hari 10: 17; Ezra 2:69; Nehemiah 7:71, 72).

Ang pangalawang salita, TEKEL (BDB 1118), ay ang Hebreo na “shaqal” na ang ibig sabihin “para magtimbang” at maliwanag na ito ay Aramaiko na anyo ng Hebreong timbang na “shekel.”

Ang salitang UPHARSIN (BDB 1108) ang ibig sabihin ay “para biyakin o hatiin.” Ang “U” ay ang simpleng taga –pag- ugnay na “at.” Natagpuan namin mula sa natuklasan ng arkeolohikal na ang pinaka –ugat na salita ng “peres” ang ibig sabihin ay kalahating timbang. Samakatuwid, ang mga salitang ito ay ang pababang mga timbang. Magkagayunman, para kay Daniel ang mga ito ay mga PANDIWA, vv. 26-28. Itong panghuling isa ay maaaring kumakatawan sa salitang “Persian,” (i.e. *paras*, cf. berso 28).

Ang mga tumutulong sa mga iskolar sa nakalipas na siglo ay napag-usapan na ang titulo ng Dario ng Media (cf. 5:31) ay humihingi ng hiwalay na emperyo ng Media at ang kahilingan ng apat na kaharian kay Daniel ay dapat ang Babilonia, Media, Persia, at Griego (e.g. Milton S. Terry, *Biblical Hermeneutics*, pp. 418-426). Magkagayunman, ang salitang “paghahati” (cf. v. 28) ay maaaring tumutukoy sa pangatlong emperyo katulad ng pagsasanib ng Medo-Persia na ang Persia ay higit na malakas na pangkat (cf. 8:20). Ito ay pumapanig na ang Roma ay ang pang- apat na emperyo sa pagdating ng Mesias upang magtayo ng Kaharian na mangyayari sa panahong ito. Ang tagpo na yaon ay karapat-dapat sa kasaysayan at higit na mabuti sa mga salita ng Diyos.

5:28 “ang Media at ang mga Persian” Ito ay nagpapakita ng kasaysayan ng aklat ni Daniel. Nang maging monarco si Cyrus II ng Fertile Crescent, ang kahilingan ay napalitan para sa mga Persian at Media sa halip na Media at mga Persian (cf. J. C. Whitcomb, *Darius the Mede*, p. 127). Ang pariralang ito ay nagpapakita na ang dalawang emperyo ay nakita bilang isang katauhan ni Daniel.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:29

²⁹Pagkatapos inutos ni Belsasar, at bihisan si Daniel ng purpura at kuwintasan ng ginto sa kanyang leeg, at ipinahayag niyang siya ay pangatlo sa hanay ng mga tagapamahala sa kaharian.

5:29 “siya ngayon ay may kapangyarihan na bilang pangatlong tagapamahala sa kaharian” Ang tatlo (triumvir) ay sina: Nabonidus (nagliban), Belsasar (co-opisyal), at Daniel.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:30-31

³⁰Nang gabi ring yaon, ang haring Caldean ay pinatay. ³¹Kaya si Dario ng Media ang tumanggap ng kaharian sa gulang na animnaput dalawang taon na.

5:30 “Nang gabi ring yaon” Mula sa mga kasaysayan nina Herodotus (1.190-191) at Xenophon (*Cyropaedia* 7.5) ang alam namin ang petsa ay noong Oktubre 12, 539 B.C.

▣ **“ang haring Caldean”** Ang salitang “Caldean” ay ginamit sa pag-unawa sa katutubo (cf. 9:1 at Herodotus) sa tekstong ito, bagkus bilang isang klase ng mga pantas o mga astrologo sa 2:2,4,5,10 (makalawa); 3:8; 4:7; 5:7,11. Ang mga Babilonian ay hindi kaylanman gumamit ng salitang katutubo sa kanilang mga dokumento, ngunit ang mga Asirian ay gumamit.

5:31 “Dario ng Media” Ang taong ito ay hindi kilala sa maraming kasaysayan sa Bibliya. Mayroong dalawang nangingibabaw na mga teorya.

1. Dario, ang ibig sabihin “isang kaharian” (sa ang *Avesta* “*dar*,” ay maaaring pangalan ng trono katulad ng Hadad para sa Syria, Faraon para sa Egipto, at Abimelech para sa Filistia) at isa pang pangalan para sa Cyrus II (ang dakila), na animnapung gulang na. Sa unang taon ng kanilang kaharian ang mga monarko ng Silangan ay laging gumagamit ng pangalan ng trono bilang (i.e. Tiglath Pileser III na nakilala bilang *Pul* at Shalmaneser V na nakilala bilang *Ululai*, cf. Joyce G. Baldwin, *Daniel*, *The Tyndale Old Testament Commentaries*, p. 127, tala sa ibaba #5). Si Cyrus ay kalahating Median sa lahi at kumuha ng titulong “hari ng Mede” sa pagkatalo ng Astyages (ang biyenang ni Cyrus), hari ng Media, noong 549 B.C. (D. J. Wiseman, “Darius” sa *The New Bible Dictionary*, p. 293 at *Notes on Some Problems in the Book of Daniel*, pp. 12ff). Ang Septuagint sa 11:1 ay pinalitan ang “Cyrus” para sa “Dario ng Media.”
2. Ang nakatala kay Nabonidus ay bumabanggit ng dalawang Medo-Persian, mga pinuno ng militar na aktibong nag pabagsak ng lungsod ng Babilonia—Ugbaru at Gubaru (cf. J. C. Whitcomb, *Darius the Mede*, pp. 5ff). Si Ugabru ay isang pinuno ng hukbong militar ng Cyrus na nabihag ang lungsod ng Babilonia (539 B.C.), ngunit sa paglusob siya ay nasugatan at namatay ilang linggo pagkatapos ng pangyayari. Isa pang tao na may katulad na pangalan, Gubaru, siya ay isa ring pinuno ng militar. Siya ang itinalaga ni Cyrus, hindi si Ugabru, bilang gobernador ng lungsod (maaaring lalawigan) ng Babilonia, hinawakan niya ang katungkulan sa loob ng maraming taon (*The Zondervan Pictorial Encyclopedia of the Bible*, vol. 2, p. 17 at R. K Harrison, *Introduction to the Old Testament*, pp. 341-347).

▣ **“natanggap ang kaharian”** Ito ay hindi tiyak kung ang ibig sabihin ay kanyang natanggap (BDB 1110, Pael PERFECT) ang kaharian mula sa Diyos o mula kay Cyrus II (cf. 9:1).

▣ **“ang gulang na animnaput dalawa”** Ito ay maliwanag na ipinapakilala ni Daniel si Darius, kapwa sa kanyang lahi at gulang. Higit nating kilala si Darius kaysa sa ibang mga tao na nabanggit sa aklat ni Daniel. Maliwanag na siya ay isang tao na nasa kasaysayan.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit mayroong suliranin pangkasaysayan ang pangalan ni Belsasar ?
2. Paano nagkaroon ng kaugnayan si Belsasar kay Nabucodonosor II?
3. Bakit pinili ni Belsasar si YHWH na kutyain ?
4. Sino ang reynang binanggit sa berso 10?
5. Bakit ang mga tagapayo ng Babilonia ay hindi mabasa ang mga nakasulat sa pader ?
6. Ipaliwanag ang mga kahulugan ng mga salita na nakasulat sa pader sa berso 25.
7. Sino si Dario ng Media?

DANIEL 6

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

NKJV	NRSV	TEV	NJB
Ang masamang balak laban kay Daniel	Si Daniel sa Kulungan ng mga Leon	Si Daniel sa Kulungan ng mga Leon	Ang mga Gobernador nagalit sa Promotion
6:1-9	6:1-5	6:1-5	6:2-10 (1-9)
Si Daniel sa Kulungan ng mga Leon	6:6-9	6:6-10	Si Daniel Nagpatuloy Pagdasal
6:10-17	6:10-13	6:11-12a	6:11-16 (10-15)
		6:12b	
		6:13	
	6:14-15	6:14-15	
	6:16-18	6:16-18	Si Daniel ay Tinapon sa mga Leon
Si Daniel ay Naligtas sa mga Leon			6:17-25 (16-24)
6:18-23	6:19-24	6:19-20	
		6:21-22	
Si Dario ay Pinarangalan si Daniel		6:23-24	
6:24			
6:25-27	6:25-28	6:25a	Ang Paniwalang Tungkulin ng Hari
		6:25b-27	6:26-28 (25-27)
6:28		6:28	6:29 (28)

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. xvi sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:1-5

¹Tila mabuti para kay Dario na humirang ng 120 mga gobernador, at itinalaga niya sa buong kaharian, ²at nasasakupan sila ng tatlong namamahala (isa si Daniel dito), na ang mga gobernador ay mananagot sa kanila, at mangangalaga sa kapakanan ng hari. ³Pagkatapos si Daniel ay naging pangunahin sa tatlong tagapamahala at sa mga gobernador sapagkat siya ay may pambihirang espiritu, at ang hari ay nagplano na italaga siya sa buong kaharian. ⁴At ang ibang mga namamahala at mga gobernador ay naghanap na mga bagay na maibibintang laban kay Daniel tungkol sa kanyang tungkulin; ngunit wala silang matagpuang maaaring ibintang o ebidensya ng pagnanakaw, sapagkat siya ay tapat, at walang kapabayaang o pagnanakaw na makita sa kanya. ⁵At ang mga lalaki ay nagsabi, “Wala tayong mahanap na maibibintang laban kay Daniel maliban sa batas ng kanyang Diyos.”

6:1 “isang daan at dalawampung gobernador sa buong kaharian” Nang ihambing nitong bandang huli ang mga dokumento ng Persian ang mga bilang ng mga gobernador ay hindi tama sa laki. Sa Persia ay mayroong lang 20 hanggang 30, ngunit sa aklat ni Ester ay mayroong din malaking bilang (ihambing 1:1 sa 8:9) sa mga opisyal ng pamahalaan .

Kakaunti lang ang nalalaman namin tungkol sa ibat-ibang mga uri o mga antas ng mga opisyal ng pamahalaan sa panahon ngayon na ang anumang uri ng pagmamataas ay hindi tama at hindi karapat-dapat.

▣ “**Dario**” tingnan sa 5:31.

▣ “**mga gobernador**” Itong salita (BDB 1080) ay laging ginamit sa bandang huli ng mga Persian sa kanilang mga dokumento at mga komentaryo para itaguyod ang huling petsa sa pagsusulat ng Daniel (i.e. ang panahon ng Macabeo). Magkagayunman, ang salita ay isang matandang salita ng Persian, *kshathrapan*, na naging *satarpanu* sa ilang teksto ng kuniporm (cf. *The Zondervan Pictorial Encyclopedia of the Bible*, vol. 2, p. 18). Samakatuwid, ang paraan ay hindi maaaring gamitin bilang ebidensya para sa huling petsa.

▣ “**sa buong kaharian**” Kung si Dario (cf. 5:31) ay tumutukoy kay Cyrus, kaya “ang buong kaharian ” ay tumutukoy sa buong emperyo ng Media–Persian at ang 120 na gobernador ay kakaiba. Ngunit kung ito ay tumutukoy kay Gubaru (isang heneral Media ng hukbo ni Cyrus na bumihag sa lungsod ng Babilonia), kaya ang kaharian ay tumutukoy sa lalawigan ng Babilonia; at ang, “satrap” ay tumutukoy din sa kakaunting mga opisyal ng pamahalaan, hindi yaong paraan ng huling salita sa mga dokumento ng Persian.

6:2

NASB	“tatlong namamahala”
NKJV	“tatlong gobernador”
NRSV, NJB	“tatlong pangulo”
TEV	-----

Brown, Driver, at Briggs Lexicon (BDB 1104) ay nagsasabi na ang orihinal ng salita ay hindi malinaw, ngunit ito ay tumutukoy sa “tagapamahala” o “pinuno” (mula sa salitang Persian para sa “pinuno”).

Ang salitang “tatlo” ay maaaring may kaugnayan kontekstual sa 5:7,16,29. Sa puntong ito ang tatlong pinunong tagapamahala ay hindi kilala sa kasaysayang pandaigdig.

▣ **“at yaon ang hari”** Ito ay maaaring tumutukoy kay (1) Cyrus o (2) Gubaru na itinalaga ni Cyrus bilang gobernador ng Babilonia. Magkagayunman, ang titulong “hari” ay higit na bumabagay kay Cyrus (cf. Joyce G. Baldwin, Daniel IVP, p. 127, tingnan sa #5). Ang pinaka suliranin ng pagkakilanlan ay si Cyrus ay hindi anak ni Ahasuerus, sa halip si Cambyses, hari ng Anshan. Sa usaping ito ang mga iskolar ay marapat na maghintay sa marami pang ebidensya ng arkeolohikal.

▣ **“hindi maaring pabayaan”** Ito ang ginamit na salita ng Aramaiko para sa “kahirapan,” ginamit paghahambing para sa kapakanang pang –pulitika (cf. Ezra 4:22; Ester 7:4).

6:3 “itong si Daniel ay naging pangunahin” Ang pariralang ito ay nag-uumpisa sa PANGHALIP NA PAMATLIG “ito” (cf. vv. 5,28), na naging kaugalian ng paraan ng Persian, ngunit ito rin ang paraan upang bigyan –diin ang kakaibang katalinuhan ni Daniel (cf. 1:17,20; 2:21,23). Siya ay maaaring nasa pagitan ng walumpu at siyamnapu na gulang sa puntong ito .

▣ **“ang hari ay nagplano na italaga siya sa buong kaharian”** Ito ay katulad ng ginawa ng Faraon kay Jose sa Genesis 41:40. Maraming pagkakatulad sa pagitan nina Jose at Daniel.

Itong mangyayaring paghirang sa bihag na Hebreo ay ang pagsakop sa namamahalang Media at Persian ay naging bunga ng mga pagkilos sa v. 4.

6:4 “nagsumikap na maghanap ng ibibintang laban kay Daniel sa pamamalakad ng pamahalaan” Ang katulad na balak na ginawa ng mga opisyal ng Caldeo upang pagbintangan ang tatlong kabataan na Hebreo sa Daniel 3 ay maliwanag na magkatulad na balakin ng mga opisyal na magsumikap na maghanap ng ibibintang laban kay Daniel (cf. v. 13).

6:5 “maliban sa batas ng kanyang Diyos ang mahahanap nating ibintang sa kanya” Ang mga namamahala ay may sapat na katalinuhan na maisip na ang nag-iisang dahilan upang mapagbintangan si Daniel ay ang kanyang katapatan sa pananampalataya ng mga Hebreo.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:6-9

⁶Ang mga komisionado at mga gobernador ay nagkaisa, humarap sa hari at nagsalita ng mga sumusunod: “Mabuhay ang Haring Dario!” ⁷Ang lahat ng mga komisionado ng kaharian, ang mga tagapamahala, at ang mga pinuno, ang mga matataas na opisyal at ang mga gobernador ay nagkaisa ng palagay na ang hari ay dapat mag-utos ng batas at iutos na ipatupad na ang sinumang manalangin sa ibang diyos o tao liban sainyo, Mahal na Hari, sa loob ng tatlumpung araw, ay ihahagis sa kulungan ng leon. ⁸Ngayon, Mahal na Hari, magpatupad ng kautusan at lagdaan ang dokumento upang hindi ito mabago, sang-ayon sa batas ng Media at Persia, at hindi na ito maaaring bawiin,” ⁹Samakatuwid, nilagdaan ni Haring Dario ang dokumento, yaon ay, ang kautusan.

6:6 “nagkaisa sa pakikipagkasunduan sa hari” Ang PANDIWA (Haphel TIYAK) ay kakaiba kapwa sa Aramaiko at Hebreo. Ito ang maaaring ibig pakahulugan (1) “masayang samahan”; (2) “pagdagsa” (NKJV, JPSOA, BDB 1112); o (3) sa Mga Awit (cf. 2:1; 55:15) ang katumbas sa Hebreo ay ginamit para sa sabwatang pagtataksil, na tila ito ang ipinapahiwatig dito.

▣ **“mabuhay kailanman”** Ito ang pamantayang paghahambing sa pakikipag- usap sa hari (cf. 2:4; 3:9;

5:10; 6:6,21). Sa 4:34; 6:26; at 12:7 ang parirala ay ginamit tungkol sa Diyos kay YHWH, ang “AKO” (cf. Exodo 3:14 mula sa PANDIWA ng Hebreo “ay”). Siya ang buhay–magpakailanman, Nag-iisa lang na buhay (cf. v 20)!

6:7 Ang mga opisyal ng pamahalaan ay umapila sa makasarili at mapagmataas na hari. Kadalasan ang mga namumuno ay bukas sa ganitong panlalansi.

▣ **“na ang sinumang manalangin sa alinmang diyos o tao maliban saiyo, Mahal na Hari”** Ito ay kakaiba sa monarco ng Persia na ipalagay ang katayuan ng mga diyus-diyusan sapagkat ang reliyon ng Persia (Zoroastrians) ay naniniwala sa dalawang diyos, ang dalawang walang katapusan sa pagitan ng kabutihan at kasamaan, sa pagitan ng ang Ahura Mazda at ang Angra Mainyu. Paano kaya ang hari maaaring makakuha mula sa Diyos ang kasaysayan ay hindi tiyak. Ang magkakasabwat ay maaaring ginamit ang unang taon ng pag-akyat ni Cyrus bilang isang pagkakataon upang ipatupad ang isang uring pangako sa katapatan (hyperbole).

▣ **“ang kulungan ng mga leon”** tingnan sa 6:17.

6:8 “ang batas ng Media at Persia” Itong katulad na nakataling alinsunod sa batas na kautusan ng mga hari ng Media – Persia na hindi maaaring baguhin ay natagpuan sa vv. 12,15,17; Ester 1:19; 8:8; at Diodorus Siculus 17:30.

Ang Media ay binanggit sa 8:20. Ang Persia ay isang makapangyarihang kasama at pagkatapos na matalo ni Cyrus ang Babilonia siya ay tinawag na Hari ng Persia. Ang pagkaka-ayos ng panahon ay nagpapakita ng kasaysayan ni Daniel. Ang pagkaka-ayos ay katumbas sa Ester 1:19.

Ang mga propeta ay pinag-isa rin ang Media at Persia bilang isang tunay katumbas sa Isaias 21:2 (Elam at Media) ay malinaw na ipinakita. Ang ibang iskolar ay tumutukoy kay Isaias 13:17 at Jeremias 51:11,28 ay isang pagbabakasakali na ipakita ng mga propeta na ang Media ay isang emperyo na nakahiwalay (cf. NAB p. 1096), ang pagkakamali na kanilang ipinakita na sumunod si Daniel.

Pansinin din na si Dario ng Media ay kailangan din na sumunod sa mga batas ng Media at Persia, na ito ay hindi totoo kung ang Medi ay nakahiwalay, ang emperyo na may kasarinlan .

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:10-13

¹⁰Ngayon nang malaman ni Daniel na ang dokumento ay nalagdaan na, siya ay pumasok sa kanyang tirahan (ngayon sa kanyang silid na may mga bintana na nakabukas na nakaharap sa Herusalem); at nagpatuloy siya sa pagluhod tatlong beses sa isang araw, nagdadasal at nagpapasalamat sa kanyang Diyos, katulad ng kanyang kinaugalian. ¹¹At ang mga tao ay nagkasundo at natagpuan nila si Daniel na nakikiusap at nagdarasal sa kanyang Diyos.

¹²Pumunta sila sa hari at nakipag-usap tungkol sa kautusan ng hari, “Hindi po ba kayo ay lumagda ng kautusan na ang sinumang manalangin sa alin mang diyos o tao maliban sainyo, Mahal na Hari, sa loob ng tatlumpung araw, ay ihahagis sa kulungan ng mga leon? “Ang hari ay sumagot, “Ang pahayag ay totoo, sang –ayon sa batas ng Media at Persia, na hindi maaaring baguhin.” ¹³At sila ay sumagot at nakipag- usap sa hari, “Si Daniel na isa sa mga bihag mula Juda, ay hindi sumunod sainyo, Mahal na Hari o kahit sa kautusan na inyong nilagdaan, bagkus siya ay nananalangin tatlong beses sa isang araw.”

6:10 “Ngayon, nang malaman ni Daniel na ang dokumento ay nalagdaan na” Si Daniel ay hindi natakot, bagkus siya ay lalong naging tapat sa kanyang nakagisnang pananampalataya (cf. vv. 15,20) kaysa sa mga parating at paalis na mga naninibughong namumunong pulitiko at sa kanilang mga balak.

▣ **“(ngayon nasa kanyang silid na may mga bintanang nakabukas at nakaharap sa Herusalem)”** Ang mga silid ay ginagamit bilang tulugan sa panahon ng tag-init (cf. James M. Freeman, *Manners and*

Customs of the Bible, pp. 171- 172). Maliwanag, para kay Daniel ito ay isang lugar na siya ay makakapagdasal ng tatlong beses sa isang araw na nakaharap sa sinaunang, nasirang lungsod ng Herusalem (cf. I Mga Hari 8:44,48; II Cronica 6:34,38; Mga Awit 28:2; 138:2).

▣ **“siya ay nagpatuloy na lumuhod”** Ang karaniwang katayuan ng pagdarasal ng mga Hudyo ay nakatayo na ang mga kamay at ulo ay nakaharap pataas sa kalangitan na nakadilat ang mata (na nakikipag-usap sa Diyos). Minsan ang pagluluhod ay ginagawa para sa pagmamadali (cf. I Mga Hari 8:54; II Cronica 6:13; Ezra 9:5; Mga Awit 95:6; Isaias 45:23).

▣ **“tatlong beses sa isang araw”** Ang parirala ay nagpapakita ng pang-araw-araw na pagdarasal sa templo ng Herusalem. Ang nakaugaliang pagdarasal ay sa umaga (Mga Awit 5) at sa gabi (cf. 9:21; Mga Awit 4) pagpapakasakit (tinatawag na pagpapatuloy, Exodo 29:39; Mga Bilang 28:1-8,10,15,23-24), ganoon din sa tanghali (cf. Mga Awit 55:17). Inaalaala ni Daniel sa kanyang pagdarasal ang mga panahon nang ang templo ay winasak.

6:11 “nagkaisa sa pakikipagsundo ” Ito ay katulad ng Aramaikong salita na ginamit sa vv. 6 at 15 para sa pakikipagharap nila sa hari.

6:13 “siya ay isa sa mga bihag na nagmula sa Juda” Ang lahi at relihiyon ang dahilan na kanilang ginamit laban kay Daniel .

TEKSTO SA NASB (BINAGO) 6:14-15

¹⁴Nang marinig ng hari ang kanilang ipinahayag, siya ay nabalisa at kanyang inisip kung paano niya maililigtas si Daniel; at hanggang sa paglubog ng araw siya ay nag-iisip kung paano niya maililigtas. ¹⁵At dumating ang mga taong nakipagsundo sa hari at kinausap ang hari, “Alalahanin ninyo Mahal na Hari, na ito ay batas ng Media at Persia na walang kautusan o batas na nilagdaan ng hari na maaaring baguhin .”

6:14 Napagtanto ng hari na siya ay ginamit ng mga balakin upang masira si Daniel (cf. v. 24), ngunit siya ay walang kakayahan (cf. x. 16,18,19) sa mga ayon sa batas na ipahinto na kanyang inutos sa kaharian (cf. vv. 12,15).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:16-18

¹⁶At ang hari ay nag –utos, si Daniel ay dinala at inihagis sa kulungan ng leon. Ang hari ay kinausap at nagsabi kay Daniel, “Ang iyong Diyos na lagi mong pinagsisilbihan ay Siyang magliligtas saiyo” ¹⁷Ang bato ay dinala at itinakip sa pintuan ng kulungan; at ang hari ay tinatakan ng kanyag pantatak na kasing laki ng singsing at ng kanyang mga namamahala, upang hindi ito mabago tungkol kay Daniel. ¹⁸At ang hari ay umuwi sa palasyo, siya ay hindi kumain magdamag at walang kasayahan; at hindi siya nakatulog.

6:16

NASB, NKJV

“Ang iyong Diyos. . .Siya ang”

NRSV, NASB margin,

NAB

“Sana ang iyong Diyos. . .ikaw ay mailigtas ”

TEV

“Sana ang iyong Diyos. . .ikaw ay ihahango”

NJB

“Ang iyong Diyos. . .ay Siyang magliligtas saiyo ”

Ang gramatika ng Aramaiko ay ang maglalahad na ang pariralang ito ay PATUROL, hindi mahinang pautos (NRSV, NAB), na nagbibigay-diin sa “ang iyong Diyos” (cf. Anchor Bible, vol. 23, p. 195). Muli,

ang kahinaan na mga monarco sa daigdig ay katumbas ng kakayahan at kapangyarihan ng Diyos ng Juda (cf. 3:17,28).

6:17 “ang bato ay dinala at itinakip sa pintuan ng kulungan ng leon” Ang mga leon ay kinukulong para sa pangangasong kasiyahan ng mga nasa kaharian ng malapit sa Silangan. Ang kamatayan, sa paraang inihahagis sa mga mababangis na hayop ay isang pangkaraniwang paraan ng pagpataw ng kaparusahan ng korte sa kaharian ng Sinaunang Malapit sa Silangan at Silangan. Maliwanag na ang kulungan ay isang hukay sa ilalim ng lupa na may dalawang pintuan, isa sa itaas (cf. v. 23) at isa sa ilalim. Muli, ang paghagis ay dapat namatay na siya (cf. 3:20), kaysa sa mga nagugutom na mga leon.

6:18 “ang hari ay umuwi sa kanyang palasyo at siya ay hindi kumain ng magdamag” Ito ay hindi pangreliyon na pag-aayuno, ngunit ito ay simpleng pagkabalisa ng isang tao na nalaman na siya ay nilansi sa paggawa ng masama sa walang kasalanan (cf. v. 22) tapat (at maaasahang) katulong.

▣ **“walang kasayahan na idinaos para sa kanya”** Napakaraming talakayan tungkol sa Aramaikong salita (BDB 1087). May mga ilang teorya: (1) Eben-Ezra, John Calvin, at NKJV ay naniniwala na ang ibig sabihin ay “pagpapatugtog ng musika” mula sa ugat “paluin”; (2) ang Hebreong katumbas ay “itulak,” samakatuwid, ay maaaring “mga mananayaw” (3) ang Peshitta ay may salitang “pagkain” (mula sa hapag kainan); (4) Martin Luther at ang RSV ay may “mga libangan” o “kaligayahan”; at (5) ang NJB, mula sa maaaring ugat ng Arabic, isang “kaligayahang sekswal” o “hindi tunay na asawa.”

▣ **“hindi siya nakatulog”** Ito ay isang Aramaiko na kawikaan (cf. Ester 6:1).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:19-24

¹⁹Kinabukasan, maagang nagbangon ang hari, at nagmamadaling pumunta sa kulungan ng mga leon. ²⁰Nang siya ay malapit na sa kulungan, malungkot siyang tumawag. Ang hari ay nagsalita at nagwika kay Daniel, “Daniel, alipin ng Diyos na buhay, ang iyong Diyos ba, na iyong laging pinagsisilbihan, ay iniligtas ka ba sa mga leon?” ²¹At si Daniel ay sumagot sa hari, “Mabuhay ang kanyang kamahalan!” ²²Ang aking Diyos ay nagpadala ng anghel at pinatikom ang bibig ng mga leon at walang masamang nangyari sa akin, ginawa po Niya ito sapagkat alam Niyang wala akong kasalanan sa Kanya; at sainyo rin, Mahal na Hari, Ako ay walang nagawang kasalanan.” ²³At ang hari ay nagalak at nag-utos, ipinahango niya si Daniel sa kulungan ng mga leon. Nang si Daniel ay maiahon sa kulungan, at wala silang nakitang kahit bahagyang galos sa katawan niya, sapagkat nagtiwala siya sa kanyang Diyos. ²⁴Ang hari ay nag-utos, at dinala ang mga taong nag – akusang mali kay Daniel, at inihagis sila, ang kanilang mga anak at kanilang mga asawa sa kulungan ng mga leon; at hindi pa sila sumasayad sa kulungan ay nilapa na sila ng mga leon at pinisa ang kanilang mga buto.

6:19 Ang berso na ito ay nagpapakita ng pagkabalisa ng hari!

6:20 “alipin ng Diyos na buhay” Ito ang kumakatawan sa salitang – ugat “YHWH,” na ito ang CAUSATIVE isang anyo ng PANDIWA ng Hebreo “ay,” na nagpapahiwatig ng ang “buhay - magpakailanman, nag – iisang Diyos na buhay” (cf. Exodo 3: 14). Tingnan sa 6:6.

▣ **“niligtas ka Niya mula sa mga leon”** Narito yaong napakagaling na ginampanan na titulo para sa Diyos “ang Diyos na kayang gumawa” (cf. Daniel 3:17,29; Mga Taga-Roma 16:25; Mga Taga- Efeso 3:20; Judas 24). Walang napakahirap kay YHWH (cf. Jeremias 32:17). Ang buong aklat ay tungkol sa kaharian ng Diyos at kahandaan sa pagsagot sa mga taong nagtiwala sa Kanya (e.g. 3:28). Kabanata 3 at 6 ay magka-agapay sa mga gramatika at tungkol sa Diyos .

6:22 “ang aking Diyos ay nagpadala ng Kanyang anghel” Ang Bibliya ay tila nagtuturo ng katotohanan tungkol sa mga anghel na taga-bantay (ng mamamayan, cf. Mga Bilang 20:16; Isaias 63:9; at bawat isa, cf. Genesis 48:16; Daniel 3:28; 6:22; Mateo 18:10; Mga Gawa 12:15; Hebreo 2:14), at ang Banal na Espiritu Santo ay nananatili rin (cf. Jeremias 31:31-34; Juan 14:23; Mga Taga-Roma 8:9,11; I Mga Taga – Corinto 3:16; 6:19; II Mga Taga - Corinto 6:16; II Timoteo 1:14).

▣ **“pinatikom ang mga bibig ng mga leon” Ito ay kapwa tunay** (cf. Mga Hebreo 11:33 at I Macabeo 2:59-60), at may katumbas din sa (cf. Mga Awit 22:21; II Timoteo 4:17).

▣ **“sapagkat ako ay walang nagawang kasalanan sa Kanya”** Ipinapakita ni Daniel ang konsepto sa Lumang Tipan ang “mabuting pagkatao” (cf. Deut. 27-29). Si Daniel ay tapat; Ang Diyos ay tapat. Ganoon din ang Juda at Israel na may mahabang karanasan sa paggiging tapat ng Diyos kahit na sila ay hindi . Magkagayunman, ang matagal na pagtitiis ng Diyos ay natapos sa mga bihag ng Asirian at Babilonian. babalik sila ni YHWH sa Lupang Ipinangako (ang kautusan ni Cyrus noong 538 B.C.). Ang bagong pangako ng Jeremias 31:31-34 (cf. Ezekiel 36:22-38) ay ipinapakita ang walang kakayanan ng mga tao na panatilihin ang pangako. Ang bagong pangako ay ibabatay, hindi sa walang kasalanan o anong uri ng pagkatao, sa halip ang maawain na ugali ni YHWH at ang Kanyang Mesias na walang kasalanan at mabuting pagkatao !

6:23 “walang natagpuang galos sa kanya” Ito ay katumbas sa Daniel 3:27.

▣ **“sapagkat nagtiwala siya sa kanyang Diyos”** Hindi ang walang kasalanan si Daniel (cf. v. 22) na siya ay nailigtas, bagkus sa kanyang katapatan (“pagtiwala ” BDB 1081, *Haphel* PERFECT) kay YHWH (cf. Daniel 3:28). Ang katulad na katotohanan ay inuulit sa buong Lumang Tipan (cf. I Cronica 5:20; II Cronica 20:20; Mga Awit 9:10; Isaias 26:3). Itong malaking katotohanan ay naging susi upang ipag-diinan ni Pablo ang katarungan sa katapatan sa Mga Taga- Roma 4:3 at Mga Taga- Galacia 3:6, na kanyang sinuportahan sa Genesis 15:6.

6:24 “at inihagis sila, ang kanilang mga anak at mga asawa sa kulungan ng mga leon” Itong uri ng pagpaparusa sa isang malawak na pamilya ay nalalaman sa Persia mula kay Herodotus 3.119. Ito ang konsepto ng Hebreo sa katawang –tao: (1) Ang kasalanan nina Adan at Eba ay naka- apekto sa lahat ng tao (cf. Genesis 3); (2) Ang paglaban ni Korah sa Mga Bilang 16:25-33; (3) Ang kasalanan ni Achan sa Josue 7 ay naka –apekto sa buong hukbo ng Israel at kamatayan ng kanyang pamilya at mga baka. Ang magkatulad na pananaw tungkol sa katawang –tao ay makikita sa Ester 9:10-14. Ang katumbas sa Bagong Tipan ay sa Mga Taga – Roma 5:12-21.

6:24 “nilapa sila ng mga leon” Ang pagkakaligtas ni Daniel ay hindi ang dahilan na ang mga leon ay hindi gutom!

TEKSTO SA NASB (BINAGO) 6:25-27

²⁵At si Haring Dario ay sumulat sa lahat ng tao, mga bansa at mga wika na kanyang nasasakupan; **“Mapasainyo ang kapayapaan!”** ²⁶Gumawa ako ng kautusan sa lahat ng aking nasasakupan sa aking kaharian na ang mga tao ay matakot at manginig sa Diyos ni Daniel ;

Dahil Siya ang Diyos na buhay at maghahari magpakailanman,

At ang kanyang kaharian ay hindi mawawasak,

At ang kanyang kapangyarihan ay mananatili habang panahon.

²⁷Siya ay nagsasagip at nagliligtas at gumagawa ng mga simbolo at mga kababalaghan

sa langit at lupa,

Siya rin ang nagligtas kay Daniel mula sa lakas ng mga leon .”

6:25-27 Ito ay tunay na katulad ng mga salita ni Nabucodonosor sa kabanata 2:46-48; 3:28,29 at 4:3,34-35. Lahat ng mga teksto ay maaaring sinulat ng isa sa mga bihag na Hudyo. Ito ay hindi nagpapahiwatig ng pansariling pananampalataya ni Dario, bagkus ang pagkamangha sa kapangyarihan ng Diyos na naranasan ng mga naniniwala sa maraming diyos !

6:25 “lahat ng mga tao, mga bansa, at wika ng bawat tao” Ito ay katumbas sa kautusan ni Nabucodonosor sa 3:29; 4:1 at ang puna ni Daniel sa 5:19 at ang kanyang pangitain sa 7:14.

Ito ay nakakasabik na ang hindi pagbago sa kautusan ng namumunong Media -Persian ay malinaw na baguhin para sa karangalan ng kaharian ni YHWH.

6:28 “sa panahon ng kaharian ni Dario at sa panahon ng kaharian ni Cyrus ng Persia” Ang pagbasa ng tala sa ibaba sa NIV Study Bible, “ni Dario, yaonay, kaharian ni Cyrus,” ipinapakitang malinaw ng tekstong Aramaiko (at pagpapaliwanag ng nakagawiang paggamit ng *waw* sa paraang epexegetical) ay may kakayahan na ipakita na ang dalawang hari ay isang tao lamang (cf. Joyce G. Baldwin, *Daniel*, IVP, p. 132 at D. Winton Thomas, ed. *Documents From Old Testament Times*, p. 83).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Si Dario ba ay sumasampalataya?
2. Anong mga aral ang ating natutuhan mula sa kabanatang ito para sa ating mga buhay?
3. Talakayin ang paksa tungkol sa mga taga-bantay na anghel .
4. Talakayin ang konsepto tungkol sa katawang-tao .
5. Ipaliwanag ang kahalagahan ng tungkol sa Diyos sa v. 26.

DANIEL 7

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Mga Pangitain ng Apat na mga Hayop 7:1-8	Ang Pangitain ng Apat na mga Hayop 7:1-14	Ang Pangitain ni Daniel sa Apat na mga Hayop 7:1-2a 7:2b-4 7:5 7:6 7:7-8	Ang Pangitain ng mga Hayop, ang Isang Pinakapitagab at ang Anak ng Tao 7:1-7
Pangitain ng Sinauang mga Araw 7:9-12 7:13-14		Ang Pangitain ng Isa na Lagi Nang Nabubuhay Kailanpaman 7:9-10 7:11-12 7:13-14	7:8-10 7:11-14
Ang Pangitain ni Daniel ay Binigyan Kahulugan 7:15-22 7:23-25 7:26-28	7:15-18 7:19-22 7:23-27 7:28	Ang mga Pangitain ay Ipinaliwanag 7:15-18 7:19-22 7:21-22 7:23-27 7:28	Ang Interpretasyon ng Pangitain 7:15-28a 7:28b

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

TEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

- A. Ang mga kabanata 2, 7 at 8 ay magkaugnay habang sila ay nagpapahayag ng isang sekvensya ng apat na paparating na Hentil na mga kaharian at isang ikalimang eternal na banal na kaharian. Tignan Kontekstwal na mga Kaunawaan sa kabanata 8.

B. Kabanata 2	Kabanata 7	Kabanata 8
1. ginto, v. 32	leong may pakpak, v. 4	
2. pilak, v. 32	oso, v. 5	tupa, vv. 3-4
3. bronse, v. 32	leopardong may pakpak, v. 6	kambing, vv. 5-8
4. bakal/clay, v. 33	mabangis na hayop, v. 7	
5. bato (Mesyaniko), v. 34	Anak ng Tao(Mesyaniko), v. 13	

- C. Ang mga kaharian ay tila:

1. neo-Babilonia (1:38)
2. Medo-Persia (8:20)
3. Greece (8:20)
4. Roma (implikasyon)
5. ang Eternal na Kaharian ng Diyos (2:45)

- D. Ang mga Hentil na kahariang ito ay naging progresibong laban sa Diyos. Nakakabigla na ang mga kahariang ito, na tila nasa kronolohikal na ayos (cf. v. 17, ay dinurog ng sabay (cf. 2:35,45). Ang pagdurog na ito ay kumakatawan sa sudkulan at kompletong tagumpay ng Diyos (cf. 2:44; 7:14,18,27), hindi lahat ng mga emperyong ito ay may kapangyarihan o umiiral ng magkasabay (cf. vv. 11-12).

Ang kompleto at soberenidad na kontrol ng Diyos sa lahat ng makasaysayang mga pangyayari, parehong indibidwal at pambansa ay ang teolohikal na tema ng aklat ng Daniel.

- E. Ang kabanatang ito ay ipinagpatuloy ang Aramaic na seksyon, na nagsasama sa dalawang halatang pampanitikang pagkakabahagi (kabanata 1-6 at 7-12) ng Daniel. Ang mga kabanata 2-7 ay ibinigay sa Hentil na mga pinuno at pinakitunguhan ang Hentil na mga bansa kaya ang mga ito ay ibinigay sa Aramaic. Ang natitirang mga kabanata ay ibinihagi ng partikular sa bayan ng Diyos at nasa Hebreo.

- F. Ito ay nagsisimula sa mga pangitain ng Daniel na nagsanib sa mga pangyayari ng Daniel 1-6. Ang mga pangitain ay may kaugnayan sa dyanra sa parehong Hebreong propesiya at apokaliptikong panitikan (na nagsimula sa Isaias, ngunit lubusang nahubog sa Daniel 7-12 at Zacarias).

- G. Ang patulang mga seksyon ng kabanatang ito (vv. 9-10; 13-14) ay ang mga teolohikal na puso ng aklat. Sila ay bumubuo ng eternal na layunin at plano ng Diyos para sa pagtutubos ng tao—ang Mesyas! Sila ay nagsasalita ng tagumpay sa pamamagitan ng pagdurusa para sa mga banal ng Pinakataas na Isa (cf. vv. 21-22,25,27).

Ang tekstong ito (lalo na ang vv. 13-14) ay ang pinagmulan ng paggamit ni Hesus ng pariralang “Anak ng Tao,” na nagpapahayag ng Kanyang tunay na pagiging tao at kabanalan (cf. Juan 1:1-14; Filipos 2:6-11; Colossas 1:15-18; Hebreo 1:1-3; I Juan 4:1-3).

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 7:1-8

¹Nang unang taon ni Belsasar na hari sa Babilonia, ay nagtaglay si Daniel ng isang panaginip at mga pangitain ng kaniyang ulo sa kaniyang higaan: nang magkagayo'y kaniyang isinulat ang panaginip, at isinaysay ang kabuoan ng mga bagay. ²Si Daniel ay nagsalita, at nagsabi, “May nakita ako sa aking pangitain sa kinagabihan, at, narito, ang apat na hangin ng langit ay nagsisihip sa malaking dagat. ³At apat na malaking hayop na magkakaiba ay nagsiahon mula sa dagat. ⁴Ang una'y gaya ng leon, at may mga pakpak ng aguila: aking minasdan hanggang sa ang mga pakpak niyao'y nahugot, at ito'y nataas mula sa lupa, at pinatayo sa dalawang paa na gaya ng isang tao; at puso ng tao ang nabigay sa kaniya. ⁵At, narito, ang ibang hayop, na ikalawa, na gaya ng isang oso; at lumitaw sa isang tagiliran, at tatlong tadyang ang nasa kaniyang bibig sa pagitan ng kaniyang mga ngipin: at sinabi ng mga ito ang ganito sa kaniya, ‘Bumangon ka, manakmal ka ng maraming laman!’ ⁶Pagkatapos nito'y tumingin ako, at narito ang iba, gaya ng isang leopardo, na mayroon sa likod niyaon na apat na pakpak ng ibon; ang hayop ay mayroon din namang apat na ulo; at binigyan siya ng kapangyarihan. ⁷Pagkatapos nito'y may nakita ako sa pangitain sa gabi, at, narito, ang ikaapat na hayop, kakilakilabot at makapangyarihan, at totoong malakas; at may malaking mga ngiping bakal; nananakmal at lumuluray, at niyuyurakan ng kaniyang mga paa ang nalabi: at kaiba sa lahat na hayop na una sa kaniya; at siya'y may sangpung sungay. ⁸Aking pinagdilidili ang mga sungay, at, narito, sumibol sa gitna ng mga yaon ang ibang sungay, isang munti, na sa harap niyao'y tatlo sa mga unang sungay ay nabunot sa mga ugat: at, narito, sa sungay na ito ay may mga mata na parang mga mata ng tao, at isang bibig na nagsasalita ng mga dakilang bagay.”

7:1 “Nang unang taon ni Belsasar” Ito ay nagpapakita na ang aklat ay hindi isinulat sa kronolohikal na ayos (cf. kabanata 5, na siyang pagbagsak ng bayan ng Babilonia no Oktubre ng 539 B.C.). Ang petsa na binanggit sa teksto ay mahigit 552-551 B.C., na labing-apat na taon pagkatapos ng kabanata 5. Ang Aramaic na seksyon ng Daniel ay mula pa sa 2:4 hanggang 7:28, na nagmamarka nito bilang isang pampanitikang yunit. Samakatuwid, dapat nating iugnay ang kabanata 7 sa kung ano ang nauna, gayundin din sa kung ano ang susunod.

▣ **“nagtaglay si Daniel”** Nakakainteres na ang mga kabanata 1-6 ay isinulat sa ikatlong persona, gayundin din ang 7:1, ngunit ang unang persona ang mas nangibabaw sa mga kabanata 7-12 (e.g. 7:2,6,7,8,9,11[dalawang beses],13,15,16,19,21,28).

▣ **“ng isang panaginip at mga pangitain”** Sa mga kabanata 1-6 ang mga panaginip ay ibinigay sa sa mga pinunong Hentil, na bihira sa OT (cf. Faraon at si Jose), ngunit sa mga kabanata 7-12 ang mga kapahayagan na mula kay YHWH ay dumating kay Daniel.

Ang kasalukuyang distinksyon sa pagitan ng mga panaginip at mga pangitain ay hindi antas ng inspirasyon, ngunit kung ang isa ay tulog o gising, walang malay o may malay. Sa kontekstong ito su Daniel ay halatang nasa kama, hindi hindi sinabi kung siya ay tulog. Sa kontekstong ito ang dalawang mga termino ay magkasingkahulugan sa espesyal na kapahayagan kay Daniel patungkol sa kung paano ang mga Hentil na emperyo na makakaapekto sa baya ng Diyos.

▣
NASB “ang kabuoan”
NKJV “ang pangunahing katotohanan”
NRSV -----
TEV “ang tala ng”
NJB -----
NIV “substansya”

Ito ay isang idyoma mula sa Aramaic na salita para sa “ulo” (BDB 1112) ginamit ng dalawang beses sa talatang ito, minsan ng literal at minsan ng idyomatiko. Ang talababa ng NKJV ay may “litera na ‘ulo’ (o pinuno) ng mga salita.” Ang Aramaic na termino ay ginamit sa ilang mga pakahulugan sa OT.

1. ulo ng
 - a. ulo ng lalake, Daniel 3:27
 - b. ulo ng imahe, Daniel 2:32,38
 - c. ulo ng hayop, Daniel 7:6,20
2. upuan ng mga pangitain, Daniel 2:28; 4:2,7,10; 7:1,15
3. pinuno, Ezra 5:10
4. buod, Daniel 7:1 (BDB 1112)
5. *The Anchor Bible Commentary*, vol. 23, p. 205, ay nagespekula na ito ay maaring nangahulugan na “pasimula” dahil sa ang v. 28 ay gumagamit ng isang idyoma para sa konklusyon (cf. E. J. Young, *The Prophecy of Daniel*, p. 141, na nagsasabi na ito ay posible, ngunit hindi madalas na nangyayari)

Mula sa istilo ng pagsusulat ni Daniel ang dalawang mga parirala sa v. 1b (“isinulat” at “kaugnay”) ay magkahanay na walang distinksyon. Pansinin ang kasunod na talata, “sinagot at sinabi,” nagpapatipo at paulit-ulit na istilo ni Daniel.

7:2 “apat na hangin ng langit” Apat ay ang biblikal na simbolikong numero para sa mundo (i.e. ang apat na sulok ng daigdig, cf. Daniel 8:8; 11:4; Zacarias 2:6; 6:5). Ito ay nainterpret bilang (cf. Zacarias 1:8-11; 6:1-8); (2) isang pagsasama-sama ng mga anghel (cf. Isaias 11:12; Mateo 13:41; 24:31; Marcos 13:27); o (3) nagwawasaka na mga anghel (cf. Jeremias 49:36; Zacarias 2:6; Pahayag 7:1; 9:14-15). Ito ang ang kahawig na mga parirala ay metapora para sa aktibidad ng Diyos sa mundo (kung saan “apat” ay isinama sa “mga hangin,” “sulok,” “mga anghel”). Ang Diyos ay nakakaalam at nagpapahintulot/nagkokontrol sa lahat ng mga aktibidad sa planetang daigdig (apokaliptiko theology).

▣ **“ay nagsisihip”** Ang Diyos ay aktibo sa pagpapadala sa “apat na mga hangin ng langit” upang guluhin ang makamundong mga aktibidad. Ang kabanatang ito ay isa pang pagbibigay-diin sa pagkontrol ng Diyos sa kasaysayan at sa mga bansa.

▣ **“sa malaking dagat..ang dagat”** Mayroon naging ilang mga teorya sa kahulugan ng pariralang ito: (1) ito ay tumutukoy ng literal sa Dagat ng Mediterranean (cf. Bilang 34:6, 7; Josue 9:1) (2) ito ay tumutukoy ng metaporikal sa mga bansa ng mundo (cf. v. 17; Awit 65:7; Isaias 17:12-13; 57:20; Pahayag 17:15); o (3) ito ay tumutukoy sa paunang matubig na kaguluhan na bahagi ng nilikha (cf. Genesis 1:2; 7:11; 49:25; Awit 36:6; Isaias 51:10; Amos 7:4). Habang lahging ang konteksto ang nagdedetermina ng kahulugan. Dito ito ay tumutukoy sa kilalang mundo ng sinaunang Near East, ito ang bahagi ng mundo na nakakaapekto sa tao ng Diyos at ang Lupang Pangako.

7:3 “At apat na malaking hayop na magkakaiba ay nagsiahon mula sa dagat,” Ito ay tila nagpapahiwatig ng magkasabay na mga kaharian (cf. v. 12 and 2:44), ngunit ang mas pinahabang mga konteksto ng mga kabanata 2 at 8 ay naghahangad ng sekwensyal na mga kaharian.

Mayroong ilang mga aspeto ng deskripsyon na ito maaring nagpalakas sa isang negatibong Hudiyong reaksyon sa pangitain na ito.

1. Ang matinding paggulong ng alaon ay maaring nakakatakot para doon sa mga sanay sa medyo tuyong lugar ng Palestina. Ang mga Hudyo ay kailanman ay labis na kasangkot sa kalakalang pangdagat. Maging ang sasakyang pandagat ni Solomon ay pinangungunahan ng mga dayuhan (Phoenicians).
2. Ang nangangain, Levitikal na maruming mga hayop ay umaatake sa mga tao.
3. Ang mga hayop na binubuo ng mga tipo ay maaaring sumuway sa “ayon sa kanilang mga uri” ng

Genesis 1.

4. Ang kalupiatan ng mga paganong emperyong ito (lalo na ang ikaapat na emperyo, cf. vv. 7,23)
5. Ang pamumusong ng maliit na sungay laban sa Diyos (cf. v. 8,11,20,25)

7:4 “Ang una’y gaya ng leon” Pansinin ang salitang “gaya” ang ginamit dito ay mula sa isang Aramaic PREPOSISYON. Ang kaparehong ideya na ito ay inulit sa v. 5, ngunit kasama ng Aramaic na salitang *demah* (cf. 3:25). Sa v. 6 ang PREPOSISYON ay ginamit muli. Ang buong punto ay kung ano ang nakita ni Daniel ay hindi pangmundong mga hayop, ngunit kapareho sa mga kilalang mga hayop na may magkaibang mga pisikal na mga katangian (i.e. may pakpak na leon, may pakpak na leopardo). Ang mga ito ay apokaliptikong mga simbolo ng mga pinuno at mga emperyo.

NATATANGING PAKSA: ANG MGA LEON SA OT

Madalas ang mga indibidwal o mga kapangyarihan ng bansa ay inilarawan na gaya ng isang leon, hari ng mananalakay.

1. Judah, Genesis 49:9; Micah 5:8
2. YHWH alang-alang sa Israel, Bilang 24:9; Isaias 31:4; 35:9; Hosea 11:10
3. Israel bilang ang natalong leon, Ezekiel 19
4. tribu ni Dan, Deutronomio 33:22
5. kapangyarihan ni David laban sa mga leon, I Samuel 17:34-37
7. simbolikong tagapagtanggol ng trono ni Solomon, I Hari 10:19-20
8. ang Diyos ay gumagamit ng mga leon bilang kaparusahan, I Hari 13,20; II Hari 17:25-26; Isaias 15:9; metapora sa Job 4:10 at Jeremias 2:30; 49:19,44; Panaghoy 3:10; Amos 3:4,8,12; 5:19; Hosea 5:14; 13:7-8; Nahum 2:11-12
9. inilarawan ang mga kaaway ni David mula sa kung sino ang pinalaya ng Diyos, Awit 7:2; 10:9; 17:12; 22:13,21
10. isang metapora para sa di-kilalang masama, Kawikaan 22:13; 26:13; 28:15
11. ginamit upang ilarawan ang militar ng Babilonia, Jeremias 4:7; 49:19-22; 51:38
12. ang militar ng mga bansa laban sa bayan ng Diyos, Jeremias 5:6; 25:32-38; 50:17; Joel 1:6
13. paano ang bayan ng Diyos trinato Siya, Jeremias 12:8
14. paano ang mga pinuno ng Diyos trinato ang mga tao, Ezekiel 22:25; Zeph. 3:3
15. metapora para sa galit ng hari, Kawikaan 19:12; 20:2
16. metapora para sa makadiyos, Kawikaan 28:1;
17. metapora para sa Mesyas, Genesis 49:9; Pahayag 5:5

Ayon sa pagkakagamit ng #11 at 12 sa Jeremias, ang metapora ng Daniel sa militar ng Babilonia na kasing bilis ng gumagalaw na leon ay halata. Ang mga emperyo ng Fertile Crescent ay madalas gumagamit ng mga leon bilang mga simbolo ng bansa (e.g. ang may pakpak na leon sa Istar Gateng bayan ng Babilonia).

■ **“at may mga pakpak ng aguila”** Ang hukbo ng Babilonia ay inilarawan bilang isang dumadagit na agila (cf. Jeremias 49:22; Ezekiel 17:3; Habakuk 1:8). Ito ay isang metapora upang ilarawan ang bilis ng kanilang pag-abante.

■ **“ang mga pakpak niyao’y nahugot”** Ito ay isang metapora ng militar na pagkatalo. Ang mga makapangyarihan, pambasang mga hukbo ay tila hindi magagapi, ngunit sa realidad sila ay mga hukbo ng tao pa rin.

Pansinin kung gaano kadalas ang talatang ito ng banal na aksyon ay idinirekta tungo sa Hentil na emperyo: “ay mga pakpak ay binunot” (BDB 1101, *Piel* GANAP); “ito ay itinaas” (BDB 1102, *Piel* GANAP); “ginawa upang tumayo” (BDB 1110, *Hoph* GANAP); at “binigyan ito ng isipan ng tao”

(*Piel* PANGKASALUKUYAN) [ito ay totoo sa “itinaas sa isang bahagi,” cf. v. 5]. Ang Diyos ay may kompletong kontrol (cf. 2:20). Ilang mga komentarista ay naniwala na ang mga aksyon na ito ay nagpapakita ng kahibangan ni Nebuchadnezzar sa kabanata 4. Bagamat ito ay posible, muli ang mga interpreter ay dapat na maging maingat sa pagsusubok na matagpuan ang historikal na reperensya ng lahat ng mga detalye sa mga pangitain ni Daniel.

▣ **“ito’y nataas mula sa lupa, at pinatayo sa dalawang paa na gaya ng isang tao; puso ng tao ang nabigay sa kaniya”** Ilang mga komentarista nag-isip na ito ay tumutukoy sa (1) kahibangan at muling pagpapanumbalik ng katinuan ni Nebuchadnezzar sa kabanata 4 o (2) ang barbarikong Chaldeans na nagiging mas sibilisado at kulturado pagkatapos ng kanilang paunang pananakop (i.e. naapektuhan ng kultura ng Sumeria).

Gayunpaman, ang parirala ay napakalabo at maaring simpleng isang apokaliptiko detalye ay hindi kailanman ay mayroong historikal na katuparan. Ang makapangyarihang emperyo ay umiral at nawasak, nagbigay lugar para sa kasunod na emperyo mula sa sinaunang Near East.

7:5 “ang ibang hayop” Ito ay isa na namang makapangyarihang mananakmal ng Near East, na ginamit ng madalas sa OT na inihanay sa leon (cf. I Samuel 17:34,36,37; Kawikaan 28:15; Amos 5:19; Pahayag 13:2). Ilang Kasulatan ay inilarawan ang kabangisan ng isang oso na may anak (cf. II Samuel 17:8; Kawikaan 17:12; Hos. 13:8).

Ito ay tumutukoy sa Medo-Persian Emperyo (cf. 8:21). Posibleng ang “ininangat sa isang bahagi” ay maaring tumukoy sa (1) ang pangingibabaw ng Persia (tignan puna sa 5:28) o (2) paghahanda sa muling pag-atake, bagamat ito pa rin ay kumakain sa huling biktima (isang metapora ng di-natitighaw na kapangyarihan at militar na destruksyon).

▣ **“tatlong tadyang”** Ang NRSV at NAB isinalin ang Aramaic termino bilang “tadyang” (Hebreo BDB 854, Aramaic na anyoBDB 1106). Ito ay marahil na nagmula pangunahing kahulugan ng Hebreong katapat, kinuha mula sa Arabic “kurba.” Ngunit ang ibang pagkakagamit ng Hebreo ugat ay isang paglalaro sa salitang “tadyang” (i.e. tadyang ng isang burol, bahagi ng mga kamara, tadyang ng isang puno o planka, BDB 854).

Ang kontrobersiya patungkol sa etimolohiya ng terminong ito ay inugnay sa kanyang gamit sa Genesis 2:21-22. *The New International Dictionary of OT Theology and Exegesis*, bolyum 3, p. 811, ay nagbibigay ng alternatibong posibilidad ng termino “tadyang,” na nalilito sa termino ng Sumerian para sa “buhay.” Paano ito makakaapekto ang talatang ito sa Daniel ay hindi tiyak.

Ito ay isang kahanay sa tupa ng 8:4, kung saan ang mga tadyang ay maaring kaugnay sa tatlong mga direksion o mga lugar ng pananakop: Babilonia sa Kanluran, Lydia sa Norte, at Ehipto sa Timog. Ben Ezra ay nag-isip na ito ay maaring tumukoy sa tatlong mga bayan na nasakop. Alam natin mula sa historikal na mga tala na ang Medo-Persia ay walang maraming mga pananakop sa Silangan hanggang sa pamumuno ni Darius I Hystapes.



NASB, NKJV “at sinabi ng mga ito ang ganito sa kaniya”

NRSV “at sinabi”

TEV “isang tinig ang nagsabi dito”

NJB “dumating upang mag-utos”

Ito ay dapat na tumukoy sa binigyan katauhan “apat na mga hangin ng langit” mula sa v. 2 na nagsisimbolo ng omnisyenteng presensya ng Diyos sa buong mundo (cf. Zacarias 1,6).

▣ **“Bumangon ka, manakmal ka ng maraming laman”** Ang unang PANDIWA (BDB 1110) ay *Peal* PAUTOS. Ang ikalawang PANDIWA (BDB 1080) ay *Peal* PAUTOS. Nagpapatuloy sa mananakmal na metapora, Ang Diyos ay nagpapahintulot (cf. 6, “ang dominyon ay ibinigay rito”) ang ikalawang kahariang na sasakupin at ikakalat ang impluwensya nito sa lahat ng nakikilalang mundo

ng sinauang Fertile Crescent.

7:6 “isang leopardo, na mayroon sa likod niyaon na apat na pakpak ng ibon” Ito ay tumutukoy sa bilis ng militar na pagsakop ni Alexander na Dakila. Ang Greece magkagayon ay ang ikatlong mananakmal na Hentil na Emperyo (cf. 8:21). Ang simbolikong numero “apat” ay maaring tumukoy sa pagsakop nito sa buong nalalamang mundo (cf. v. 2).

▣ **“mayroon din namang apat na ulo”** Ang partikular na detalyeng ito patungkol sa bilang ng mga heneral ni Alexander na sumunod sa kanya, ay nagdulot sa maraning modernong mga iskolar na itakwil ang naghuhulang kalikasan ni Daniel. Subalit, ang apirmasyon ng isang supernatural Diyos na nagpapahayag sa isang matapat na tagapaglingkod para sa layunin ng pagpapatibay ng Kanyang soberinidad sa kalaunang mga henerasyon ay tila kasalukuyang sapat upang ilarawan ang detalyadong deskripsiyong ito ng kasaysayan.

Lahat ng mga detalyeng ito ay hindi propetiko. Ang mga komentarista ay dapat na tumingin sa kasaysayan upang tulungan na iinterpret ang kalabuan ng apokaliptikong mga sipi. Ang apat na mga ulo ay maaring tumukoy sa (1) ekstensibong pananakop sa lahat ng mga direksyon o (2) ang apat na rehiyonal na mga heneral ni Alexander na Dakila Great. Si Alexander namatay dahil sa isang lagnat sa murang edad na 32 habang nasa Babilonia (o ang ilan ay nagsabi na sa Ehipto). Ang Kanyang kaharian ay unang nahari sa limang mga heneral, ngunit apat mula sa kanila ay naging domenante: (1) Ptolemy sa Ehipto; (2) Cassender sa Macedonia at Greece; (3) Seleucus sa Syria at Babilonia, at (4) Lysimichus sa Thrace. Antigonus ay nahari sa bahagi ng Asya Minor sa maikling periyod, ngunit pinatay noong 301 B.C. at naging tanging may bahagyang impluwensya at importansya.

7:7 “ang ikaapat na hayop” Sa pamamagitan ng sekwunsiya ng mga kabanata 2, 7, at 8 (tignan Tekstwal na mga Kaunawaan A., B., at C.) ito ay tumutukoy sa Romanong emperyo. Ito ay maaring magugnay sa bakal at putik na mga binti at paa ng 2:33,41-43.

Ang ikaapat na emperyo ay kinilala sa ilang mga paraan.

1. nakasisindak, vv. 7,19
2. nakakatakot, v. 7
3. labis na malakas, v. 7
4. bakal na ngipin, vv. 7,19 (DUAL sa Hebreo, posibleng dalawang malaking ngipin o dalawang hanay ng ngipin)
5. nilapa, vv. 7,19
6. dinurog, vv. 7,19
7. tinapakan pababa ng natitirang mga paa, vv. 7,19
8. sampung mga sungay, vv. 7,20
9. isang mayabang na maliit na sungay, vv. 7,20
10. mga kuko na bronse, v. 19

Ilan sa mga terminong ito ay ginamit sa magkaibang mga pakahulugan sa aklat, na nagpapakita kung paano ang konteksto nagdetermina ng kahulugan.

1. “nakasisindak” ay ginamit sa
 - a. ang imahe sa 2:31 at isinalin “kasindak-sindak”
 - b. ang takot ni Daniel sa 4:2 at ang takot ng tao sa 5:19
2. “sumakmal” ay ginamit
 - a. ng literal sa 4:33; 7:5,7,19
 - b. metaporikal sa paninira sa 3:8; 6:25
3. “dinurog” (“nabasag sa ilang piraso”) ay ginamit sa literal sa vv. 7,19,23
 - a. literal din sa Mesyas ang pagbasag sa imahe sa 2:35,45
 - b. literal din sa mga leon na dumudurog doon sa mga umatake kay Daniel sa 6:24

▣ **“sangpung sungay”** Ito ay maaring nagsasalita sa sampung magkasabay na mga hari (cf. 2:44). Dahil sa tatlo sa kanila ay tinanggal ng magkasabay (cf. v. 8,24), sila ay dapat na magkasabay. Gayunpaman, Ako ay naniniwala na sila ay mga simbolo ng kakumpletuhan o ng kapangyarihan (cf. Zacarias 1:18-21; Pahayag 13:1), hindi literal na mga hari na ang mga komentarista ay nagsubok na tumugma tungo sa nalalamang kasaysayan.

Ang terminong “mga sungay” (BDB 1111) madalas kumakatawan para sa “mga hari” (Daniel 7 & 8) o “kapangyarihan” (OT metapora, i.e. ang mga sungay ng sakripisyal na altar).

7:8 “ibang sungay, isang munti, na sa harap niyao'y, tatlo sa mga unang sungay ay nabunot sa mga ugat” Ang maliit na sungay ng Daniel 7 ay maaring isang Anti-Kristo ng pangwakas na panahon dahil ito ay nagmumula sa ikaapat kaharian (cf. H. C. Leopold, *Exposition of Daniel*, pp. 322-323 at E. J. Young, *The Prophecy of Daniel*, p. 150). Ito ay parang nakakalito dahil ang maliit na sungay ng 8:9-14 ay tila tumutukoy sa Seleucid na pinuno, Antiochus IV Epiphanes (175-164 B.C.) na nagmula sa ikatlong kaharian sa panahon ng Maccabean Periyod. Siya ay tipo ng anti-kristo na laging kasama natin (cf. I Juan 2:18).

Ang mga “maliilitt na mga sungay” ay parehong arogante at mayabang. Itinatakwil nila ang pagsamba kay YHWH at sumubok na wasakin ang kanyang tao. Sila ay kapwa pinahintulutan ng Diyos na managana at parehong wawasakin ng Diyos. Sila ay nageepitomya ng mapanghimagsik, egosentriko, makasalanang tao.

TALATA SA NASB (BINAGO): 7:9-12

⁹“Aking minasdan

hanggang sa ang mga luklukan ay nangaglagay,
at isa na matanda sa mga araw ay nakaupo;
ang kaniyang suot, maputing parang niebe
at ang buhok ng kaniyang ulo ay parang taganas na lana.
ang kaniyang luklukan ay mga liab na apoy,
at ang mga gulong niyaon ay nagniningas na apoy.

¹⁰Isang mabangis na sigalbo ay lumabas

at nagmula sa harap niya;
mga libo libo ang naglilingkod sa kaniya,
at makasangpung libo na sangpung libo ang nagsitayo sa harap
niya; ang kahatulan ay nalagda,
at ang mga aklat ay nangabuksan.

¹¹Ako'y tumingin nang oras na yaon dahil sa tinig ng mga dakilang salita na sinalita ng sungay; ako'y tumingin hanggang sa ang hayop ay napatay, at ang kaniyang katawan ay nagiba, at siya'y nabigay upang sunugin sa apoy. ¹²At tungkol sa nalabi sa mga hayop, ang kanilang kapangyarihan ay naalis: gayon ma'y ang kanilang mga buhay ay humaba sa isang kapanahunan at isang panahon.”

7:9 Ang mga talata 9-10 at 13-14 ay mga pulutong sa patulang anyo (i.e. patulang mga linya) sa NASB, NKJV, NRSV, NJB. Ito ay nangahulugan na ang mga talata ay dapat na iinterpret ayon sa Semitic patulang pararelismo. Magkasingkahulugan na pararelismo ng mga talata :

9b at c

9d at e

9f at g

10 a at b

10c at d

14e at f at gh

Pasimula sa v. 9 ang masama, nagdurusa at kaguluhan ng makasalanang mundo ay kinontra sa kapayapaan, kahinahunan, at puno ng layuning mga aksyon ng Diyos sa langit. Ang seksyon na ito ng

kabanata 7 ay kahanay sa pagdurog sa banal na bato ng kabanata 2 na nagpapasimula sa eternal kaharian! Ang panghukuman na mga akyosn ng Diyos ay nagresulata sa pagtutubos, rekonsilasyon, at nagtatagal na pakikisama sa pagitan ng Triune Diyos, matapat na mga anghel, at matapat na mga tao! Ang layunin ng orihinal na nilikha ay pinanumbalik sa pamamagitan ng maawaing karakter ng Diyos at nagtutubos na pamamagitan.

Ang mga talata 13 at 14 ay isa sa dakilang Mesyaikong mga teksto sa OT. Ang isa na kagaya ng Anak ng Tao ay paparating, nakasakay sa kaulapan ng langit at ang Ancient of Days ay nagbibigay sa Kanya ng eternal kaharian (cf. 2:44; 4:3,34; 6:26; 7:14,27), ngunit ito ay nagsasangkot ng isang periyod ng pagdurusa at pag-uusig sa bayan ng Diyos. Walang katagumpayan ng walang pag-uusig (cf. Genesis 3:15; Awit 22; Isaias 53; Zacarias 12-14; Roma 8:17,18-25; Filipos 3:10; II Timoteo 2:11- 13; I Pedro 4:13). Ang kasamaan ay nagdadala ng sakit at pagdurusa, ngunit ang Diyos ay binago ito tungo sa daan ng paglago at pagkahinog (cf. Hebreo 5:8).

▣ **“luklukan ay nangaglagay”** Ang King James Version ay may “inilatag,” ngunit ang NKJV ay itinama ang maling salin na ito sa “ang mga trono ay inilagay sa lugar” (i.e. inayos, BDB 1113, *Peil GANAP*). Mayroong naging tatlong pangunahing mga teorya patungkol sa kung sino ang nakaupo sa mga tronong ito: (1) mga anghel (cf. Awit 89:7, 8); (2) ang mga banal (cf. LXX v. 22; Mateo 19:28; Lucas 22:30; I Corinto 6:2; Pahayag 20:4); (3) ilang mga tipo ng mga hukom, ang pagkakakilanlan ay di-alam. Kung kanino man ang mga tronong ito ay kumakatawan, halata na ito ay isang eksena sa korte sa langit (cf. Pahayag 4-5; 20:11- 15; Mateo 25:31-46).

Ang opsyon bilang isa ang pinakamainam dahil sa pabalik-balik na pagbabanggit ng OT sa konsepto ng makalangit ng mala-anghel na konseho (cf. I Hari 22:19; Job 1:6; 2:1; Awit 82:1). Ang paramihan ng terminong *Elohim*, isinalin na Diyos (cf. Genesis 1:1) ay maaring kaugnay sa Diyos at sa mala-anghel na konseho. Ang konseptong ito ay nahubog sa rabinikal na Judaismo bilang ang pitong mga anghel ng presensya.

▣ **“isa na matanda sa mga araw ay nakaupo”** Walang depenitibong PANTUKOY sa natatanging Aramaic na titulo “matanda sa mga araw” dito, kaya ito ay maaring magbigay-diin sa kalidad ng kawalang oras (“isa na matanda sa araw”). Ang PANTUKOY ay pangkasalukuyan sa vv. 13 at 22. Ang titulong ito ay kaugnay sa karakterisasyon ng Diyos bilang ang “nabubuhay” sa 4:34; 6:26; 12:7. Ang tipanang pangalan, YHWH, ay mula sa KAUSATIBA na anyo ng Hebreong PANDIWA “maging” (cf. Exodo 3:14), ang Kailanmang Nabubuhay na IISA!

▣ **“ang kaniyang suot, maputing parang niebe”** Ito ay tumutukoy sa mga kasuutan ng makalangit na nilalang.

1. Diyos (dito)
2. Hesus (cf. Mateo 17:2; Marcos. 9:3; Lucas 9:29)
3. mga anghel
 - (a) OT (cf. Daniel 10:5-6)
 - (b) NT (cf. Mateo 28:3; Lucas 24:4; Juan 20:12; Gawa 1:10; Pahayag 15:6)
4. mga banal (cf. Pahayag 3:4-5,18; 7:13; 19:8).

▣ **“ang buhok ng kaniyang ulo ay parang taganas na lana”** Ito ay tumutukoy sa karunungan ng matanda (ni Hesus sa Pahayag 1:14). Ang “puti” at “maliwanag” ng dalawang mga linyang ito ng patula ay nagsasalita sa parehong karunungan at kabanalan (cf. ang Paghuhukom na eksena ng Isaias 1:18-20), na nagbibigay sa Diyos ng karapatan at awtoridad na maghatol (i.e. puting tronong paghahatol ng Pahayag 20:11; si Hesus sa isang puting kabayo bilang ang Hukom sa Pahayag 19:11,14).

Ang sumusunod na patulang mga linya ay nagsasalita sa apoy, na isa na namang metapora ng kabanalan, paglilinis, at paghahatol.

▣ **“at ang mga gulong niyaon ay nagniningas na apoy”** Ito marahil ay isang portabol na tronokarwahe ng Diyos, na nakita ni Ezekiel sa Babilonia sa Ezekiel 1 at 10. Kung ito ang totoong reperensiya sa mga teksto ng Ezekiel magkagayon si Daniel ay dapat na nalalaman ang mga kasulatan ni Ezekiel dahil ang deskripsyong ito ng karwahe ni YHWH ay lumitaw lamang dito at sa Ezekiel 1 at 10. Si Daniel ay nasa palasyo sa bayan ng Babilonia; Si Ezekiel ay nasa kulungang kampo sa pamamagitan ng kanal ng Chebar, habang si Jeremias ay nasa bayan ng Jerusalem (ngunit napilitang tumungo sa Ehipto sa pamamagitan ng mga taksil na Hudyo). Nalalaman nila marahil ang ministryo ng bawat isa, mga salita o kasulatan.

7:10 “Isang mabangis na sigalbo ay lumabas” Ang mga terminong “dumadaloy” at “lumalabas mula sa” ay magkahanay, posibleng hendiadys. Ito ay tipikal sa pampanitikang istilo ni Daniel. Ang metapora ng apoy na nagmumula sa Diyos ay isang biblikal na idyoma ng Diyos na pumunta sa Kanyang nilikha upang maghatol (cf. Awit 18:7-8; 50:3-6; 97:3; Isaias 30:27-28) gaya ng sa mga parirala sa v. 10e, “ang korte ay nakaayos” (cf. vv. 22,26) at 10f, “ang mga aklat ay binuksan” (cf. 12:1) nagpapahiwatig.

NATATANGING PAKSA: APOY

Ang apoy ay mayroong parehong positibo at negatibo mga konotasyon sa Kasulatan.

A. Positibo

1. nagpapainit (cf. Isaias 44:15; Juan 18:18)
2. nagbibigay liwanag (cf. Isaias 50:11; Mateo 25:1-13)
3. nakakaluto (cf. Exodo 12:8; Isaias 44:15-16; Juan 21:9)
4. nagpapadalisay (cf. Bilang 31:22-23; Kawikaan 17:3; Isaias 1:25; 6:6-8; Jeremias 6:29; Malakias 3:2-3)
5. kabanalan (cf. Genesis 15:17; Exodo 3:2; 19:18; Ezekiel 1:27; Hebreo 12)
6. pangunguna ng Diyos (cf. Exodo 13:21; Bilang 14:14; I Hari 18:24)
7. pagpapalakas ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:3)
8. Proteksyon (cf. Zacarias 2:5)

B. Negatibo

1. nagsusunog (cf. Joshua 6:24; 8:8; 11:11; Mateo 22:7)
2. sumisira (cf. Genesis 19:24; Levitico 10:1-2)
3. galit (cf. Bilang 21:28; Isaias 10:16; Zacarias 12:6)
4. kaparusahan (cf. Genesis 38:24; Levitico 20:14; 21:9; Joshua 7:15)
5. huwad na eskatolohikal na tanda (cf. Pahayag 13:13)

C. Ang galit ng Diyos laban sa kasalanan ay ipinapakita sa apoy na mga metapora

1. Ang Kanyang galit ay nakakasunog (cf. Osea 8:5; Zepanias 3:8)
2. Siya ay nagbubuhos ng apoy (cf. Nahum 1:6)
3. walang hanggang apoy (cf. Jeremias 15:14; 17:4)
4. eskatolohikal na paghahatol (cf. Mateo 3:10; 13:40; Juan 15:6; II Thesalonica 1:7; II Pedro 3:7-10; Pahayag 8:7; 16:8)

D. Gaya ng maraming mga metapora sa Bibliya (i.e., lebadura, leon) ang apoy ay maaring pagpapala p isang sumpa depende sa konteksto.

▣ **“libo libo ang naglilingkod sa kaniya”** Kung ang talata 10, c at d, ay magkahanay (i.e. “10,000 x 10,000”), ang ilan ay nagpalagay na ang mga ito ay mga anghel na naglilingkod sa Diyos (cf. v. 10c) dahil ang v. 16 at Deutronomio 33:2 (cf. Hebreo 12:22; Pahayag 5:11). Ang iba ay nagpalagay na sila ay mga tao na naghihintay ng paghahatol (cf. v. 10d) o marahil ay mga banal dahil sa vv. 18, 22, at 27. Ang pariralang ito ay nagpapahiwatig sa Jude v. 14.

▣ **“ang mga aklat ay nangabuksan”** Walang depenitibong PANTUKOY. Dito at sa Pahayag 20:11-15 mayroong dalawang makalangit na metaporikal na mga aklat na binanggit: (1) ang Aklat ng Buhay na nagtatala ng mga pangalan ng tao ng Diyos (i.e. mga banal/mga mananampalataya, cf. Exodo 32:32-33; Awit 3; 69:28; Isaias 4:3; Daniel 12:1; Lucas 10:20; Filipos 4:3; Hebreo 12:23; Pahayag 3:5; 13:8; 17:8; 20:15; 21:27) at (2) ang Aklat ng Pag-aalaala (o mga gawa) na nagtatala ng mga gawa ng tao, parehong positibo at negatibo (cf. Awit 56:8; 139:16; Isaias 65:6; Malakias 3:16; Pahayag 20:12-13).

Ang mga ito ay metaporikal para memoorya ng isang banal na Diyos. Sila ay nagbuo ng isang dokumentadong basehan para sa paghahatol at pagbibigay gantimpala.

NATATANGING PAKSA: MGA ANTAS NG PABUYA AT KAPARUSAHAN

- A. Ang nararapat o di-nararapat na pagtugon sa Diyos ay batay sa kaalaman. Ang mas kaunti na kaalaman meron ang isa, mas kaunti ang pagiging responsable mayroon siya. Ang kabaliktaran ay totoo rin.
- B. Kaalaman sa Diyos ay nagmumula sa dalawang pangunahing mga paraan
 1. nilikha (cf. Awit 19; Romans 1-2)
 2. Kasulatan (cf. Awit 19, 119; ang ebanghelyo)
- C. OT ebidensya
 1. mga pabuya
 - a. Genesis 15:1 (madalas inuugnay sa makamundong pabuya, lupain mga anak)
 - b. Deutronomio 27-28 (tipanang pagsunod ay nagdadala ng pagpapala)
 - c. Daniel 12:3
 2. kaparusahan
 - a. Deutronomio 27-28 (tipanang pagsuway ay nagdadala ng sumpa)
 3. Ang OT tularan ng pabuya para sa personal, tipanang katuwiran ay binago dahil sa kasalanan ng tao. Ang modepikasyong ito ay makikita sa Job at Awit 73. Ang NT ay binago ang pokus mula sa mundong ito tungo sa kasunod (cf. ang Sermon sa Bundok, Mateo 5-7).
- D. NT ebidensya
 1. mga pabuya (higit sa kaligtasan)
 - a. Marcos 9:41
 - b. Mateo 5:12,46; 6:1-4,5-6,6-18; 10:41-42; 16:27; 25:14-23
 - c. Lucas 6:23,35; 19:11-19,25-26
 2. kaparusahan
 - a. Marcos 12:38-40
 - b. Lucas 10:12; 12:47-48; 19:20-24; 20:47
 - c. Mateo 5:22,29,30; 7:19; 10:15,28; 11:22-24; 13:49-50; 18:6; 25:14-30
 - d. Santiago 3:1
- E. Para sa akin ang tanging analohiya na nagbibigay ng kahulugan ay mula sa opera. Hindi ako nakakapanood ng presentasyon ng opera kaya hindi ko sila nauunawaan. Habang lalo kong nalalaman ang hirap at masalimout ng plot, musika, at sayaw, mas higit kong napapahalagahan ang pagtatanghal. Ako ay naniniwala na ang langit ay magpupuno sa ating mga tasa, ngunit aking naisip na ang ating pangmundong paglilingkod ay magdedetermina ng sukat ng tasa.

Samakatuwid, ang kaalaman at ang pagtugon sa kaalaman ay nagreresulta sa mga pabuya at mga kaparusahan (cf. Mateo 16:7; I Corinto 3:8,14; 9:17,18; Galacia 6:7; II

Timoteo 4:14). Mayroong isang espirital prinsipyo—ating naaani auman ang ating itinatanim! Ang ilan ay nagtatanim ng mas higit at nag-aani ng mas higit (cf. Mateo 13:8,23).

- F. “Ang korona ng katuwiran” ay nasa atin batay sa natapos na gawa ni Hesukristo (cf. II Timoteo 4:8), ngunit pansinin na “ang korona ng buhay” ay konektado sa pagtitiis sa ilalim ng pagsubok (cf. Santiago 1:12; Pahayag 2:10; 3:10-11). Ang “korona ng kaluwalhatian” para sa Kristyanong mga pinuno ay konektado sa kanilang pamumuhay (cf. I Pedro 5:1-4). Nalalaman ni Pablo na siya ay may di-mawawala na korona, ngunit siya ay nag-eehersisyo ng labis na pagkontrol sa sarili (cf. I Corinto 9:24-27).

Ang misteryo ng buhay Kristyano ay ang ebanghelyo ay walang alinlangang libre ayon sa natapos na gawa ni Kristo, ngunit tayo ay dapat na tumugon sa inaalok ng Diyos kay Kristo, dapat din tayong tumugon sa pagpapalakas ng Diyos para sa buhay Kristyano. Ang buhay Kristyano ay kasing supernatural gaya ng sa kaligtasan, subalit dapat nating tanggapin ito at panghawakan ito. Ang libre-ngunit-naggugol-ng-lahat na kabalintunaan ay ang misteryo ng mga pabuya at pagtatanim/pag-aani.

Tayo ay hindi iniligtas sa pamamagitan ng mabuting mga gawa, para sa mabubuting mga gawa (cf. Efeso 2:8-10). Ang mabubuting mga gawa ay ebidensya na Siya ay ating nakatagpo (cf. Mateo 7). Ang tao ay may merito sa lugar ng kaligtasan na nagdadala sa destruksyon, ngunit ang makadiyos na pamumuhay ay nagreresulta mula sa kaligtasan ay may pabuya.

■ “**nangabuksan**” Ang United Bible Societies’ *A Handbook on the Book of Daniel*, p. 188, ay nagbabanggit ng nakakainteres na saling opsyon ng pagsasalin sa “ang korte ay nakatakda” at “ang mga aklat ay binuksan” (parehong BALINTIYAK) na tila sila ay tumutukoy sa mga hukom na nakaupo sa trono ng v. 9b, “ang mga hukom ay nakaupo” (“upang simulan ang kanilang tungkulin at binuksan ang mga aklat”).

7:11 “tinig ng mga dakilang salita” Ito ay tumutukoy sa “maliit na sungay” ng ikaapat na kaharian (cf. vv. 7-8). Ang arogansya ang problema ni Nebuchadnezzar sa 4:28-31; 5:20 at gayundin kay Belshazzar sa 5:22-23. Ang aroganteng saloobin na ito ay kinakikitaan ng di-naniniwalang Hentil na mga kapangyarihan (i.e. ang maliit na sungay ng ikatlong kaharian ng 8:11 at dito ang maliit na sungay ng ikaapat kaharian, cf. v. 8).

Si Pablo ay tinalakay ang pinaka isyung ito ng kayabangan ng tao. Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: PAGMAMAPURI O KAYABANGAN

Ang mga Griyegong salita, *kauchaomai*, *kauchēma*, at *kauchēsis*, ay ginamit ng mga tatlungpu’t-limang beses kayPablo at dalawang beses lamang sa natitirang bahagi ng NT (kapwa kay Santiago). Ito ay higit na ginamit sa I at II Corinto.

May dalawang pangunahing katotohanan na umuugnay sa pagmamapuri.

- ★ Walang laman ang maluluwalhati/magmamapuri sa harapan ng Diyos (cf. I Corinto 1:29; Efeso 2:9)
- ★ Ang mga mananampalataya ay kailangang magluwalhati sa Panginoon (cf. I Corinto 1:31; II Corinto 10:17, na isang pagkabanggit sa Jeremias 9:23- 24)

Samakatuwid, mayroong angkop at di-angkop na pagmamapuri/pagluluwalhati (i.e., pagmamataas).

A. Angkop

1. sa pag-asa ng kaluwalhatian (cf. Roma 4:2)
2. sa Diyos sa pamamagitan ng Panginoong Hesus (cf. Roma 5:11)
3. sa krus ng Panginoong Hesukristo (i.e., pangunahing paksa ni Pablo, cf. I Corinto 1:17-18; Galacia 6:14)

4. Si Pablo ay nagmapuri sa
 - a. Kanyang gawain na walang kabayaran (cf. I Corinto 9:15,16; II Corinto 10:12)
 - b. Kanyang awtoridad na mula kay Kristo (cf. II Corinto 10:8,12)
 - c. Kanyang di-pagmapuri sa gawain ng ibang tao (tulad ng ilang sa Corinto, cf. II Corinto 10:15)
 - d. Kanyang pinagmulang lahi (tulad ng ibang gumagawa nito sa Corinto, cf. II Corinto 11:17; 12:1,5,6)
 - e. Kanyang mga iglesiya
 - (1) Corinto (II Corinto 7:4,14; 8:24; 9:2; 11:10)
 - (2) Tesalonica (cf. II Tesalonica 1:4)
 - (3) Kanyang pagtitiwala sa kaaliwan at pagpapalaya ng Diyos (cf. II Corinto 1:12)
- B. Di-angkop
1. May kaugnayan sa pang-Hudyon lipi (cf. Roma 2:17,23; 3:27; Galacia 6:13)
 2. Ilang mga iglesiya sa Corinto ay nagmamapuri
 - a. Sa tao (cf. I Corinto 3:21)
 - b. Sa karunungan (cf. I Corinto 4:7)
 - c. Sa Kalayaan (cf. I Corinto 5:6)
 3. mga bulaang mangangaral ay nagtatangkang magmapuri sa iglesiya sa Corinto (cf. II Corinto 11:12)

▣ **“ang hayop ay napatay”** Muli ang Diyos ay may kompletong kontrol ng kasaysayan (cf. 2:21)! Ang mayabang na pinunong ito ay hinatulan at winasak, ngunit tila ang mga kaharian ay kinatawan ng ibang mga hayop (cf. vv. 3-6) ay nagpatuloy sa pag-iral ng walang naunang kapangyarihan at kaluwalhatian (cf. v. 12, “ang kanilang dominyon ay kinuha mula sa kanila”).

Ito ay isang mabuting lugar na aminin na ang interpreter ay kailanamn hindi sigurado kung kailan ang mga detalye ay kunin bilang historikal na mga detalye o bahagi lamang ng apokaliptikong larawan (gaya ng higit na mga detalye ng mga parabula ni Hesus). Ang isyu ay hindi sa katotohanan, ngunit sa isang pampanitikang presentasyon. Ang intensyon ng may-akda, hindi pagkaliteral, ay ang nagpapakahulugang susi sa matalinghagang silanganin wika at panitikan!

7:12 “sa nalabi sa mga hayop. . gayon ma'y ang kanilang mga buhay ay humaba sa isang kapanahunan at isang panahon” Ang mga parirala sa Aramaic “sa isang kapanahunan” at “isang panahon” ay ibang mga halimbawa ng hendiadys. Sila ay pareho ang ibig sabihin. Ang mga bansa ay nagpatuloy na umiral, ngunit wala ang naunang kapangyarihan at impluwensya sa mundo. Ang kanilang impluwensya ay limitado at matatanggal (cf. 2:21 at 7:18,22,27). Samakatuwid ito ay maaring, tumukoy sa Iraq (Babilonia), Iran (Persia), Greece, at Italya (Roma). Pansinin ang tema soberenidad ng Diyos sa mga bansa ay nagpapatuloy (“para sa isang nakatalagang periyod ng panahon”). Ang Bibliya ay teleolohikal, hindi siklikal. Ang kasaysayan ay gumagalaw tungo sa isang kaganapan!

TALATA SA NASB (BINAGO): 7:13-14

**¹³“Ako'y nakakita sa pangitain sa gabi,
at, narito, kasama ng mga alapaap sa langit
ang isang gaya ng anak ng tao, at siya'y naparoon
sa matanda sa mga araw at inilapit nila siya sa harap niya.**

**¹⁴At binigyan siya ng kapangyarihan,
kaluwalhatian, at isang kaharian,
upang lahat ng mga bayan, bansa,
at mga wika mangaglingkod sa kaniya.
ang kaniyang kapangyarihan ay**

**walang hanggang kapangyarihan
na hindi lilipas; at ang kaniyang kaharian ay hindi magigiba.”**

7:13 “narito, kasama ng mga alapaap sa langit” Ang Septuagint ay may PREPOSISYON “ng mga,” ngunit ang Aramaic ay may preposisyon “kasama ng” Ito ba ay nakakaapekto sa teolohikal aspeto ng “isa na gaya ng anak ng tao” (gaya ng tao) na inilarawan sa mga banal na katangian (i.e. nakasakay sa mga ulap ng langit)? Ating tandaan na

1. sa eksena ng paghuhukom (cf. vv. 9-10) siya ay hindi hinatulan, sa katunayan siya ay binigyan gantimpala
2. siya ay binigyan ng eternal kaharian
3. lahat ng mga tao ay naglingkod (i.e. sumamba) sa kanya
4. magkahanay na mga parirala ay ginamit sa pangatnig kasama ng Mataas na Isa sa v. 27
5. NT na mga may-akda ay ginamit ang tekstong ito ng paulit-ulit para kay Hesus, na kanilang pinaniniwalaan na ang ipinangakong Mesyas. Ang pariralang “Ang mga ulap ng langit” ay ginamit sa ilang mga paraan sa OT.
 1. Ang pisikal, personal na presensya ng Diyos sa Kanyang bayan sa pamamagitan ng *Shekinah* ulap ng kaluwalhatian sa panahon ng paglalagalag sa ilang na periyod (cf. Exodo 13:21; 16:10; Bilang 11:25)
 2. isang paraan upang ikubli ang nakikitang presensya ng Diyos sakaling makikita ng makasalanang tao ang Kanyang kabanalan at kaluwalhatian sila ay mamatay (cf. Exodo 33:20; I Hari 8:10-11,12; Isaias 6:5)
 3. isang metaporikal na paraan ng pagpapahayag ng pisikal na paggalaw ng Diyos (cf. Isaias 19:1; Jeremias 4:13; Daniel 7:13).
Ang natatanging Mesyanikong pagkakagamit sa v. 13 ay ipinahiwatig ng higit tatlung beses sa NT.
 - a. ang Mesyas ay humarap sa gitna ng mga ulap upang tanggapin ang kaharian ng Diyos (Daniel 7:13)
 - b. Iniwan Niya ang mundo sa pamamagitan ng mga ulap (cf. Acts 1:9)
 - c. Siya ay bumalik sa gitna ng mga ulap (cf. Mateo 24:30; 26:64; Marcos 13:26; 14:62; Lucas 21:27; I Tesalonica 4:17; Pahayag 1:7).

▣ **“isang gaya”** Ang Aramaic na unlaping PREPOSISYON ibig sabihin “gaya” ay nagdulot sa ilang mga komentarista na itakwil ang pag-iimahe na ito bilang indibidwal at Mesyaniko. Sa teolohikal ang “gaya” ay kahanay sa Filipos 2:6-8, kung saan maging si Pablo ay naging maingat patungkol isang kompleto at total na identipikasyon ng Incarnate na Diyos sa mga makasalanang tao. Siya ay siguradong kaisa natin at nakaharap ang tukso ng laman (cf. Hebreo 2:18), ngunit Siya ay hindi naapektuhan ng rebelyon ng tao at ang malaganap na konsekwensiya nito (cf. Hebreo 4:15).

▣ **“anak ng tao, at siya'y naparoon”** Ang Aramaic na parirala (“ben *enosh*,” binuo ng BDB 1085 at 1081) “anak ng tao” ay magkaiba mula sa kaparehong Hebreong parirala (“ben *adam*”) na natagpuan sa Awit at Ezekiel. Parehong mga parirala ay ginamit ng kahanay sa Job 25:6; Awit 8:4; 90:3; 144:3; Isaias 13:12. Ito ay halatang tumutukoy sa Mesyas at ito ay nagdudugtong sa kanyang pagiging tao (cf. 8:17; Job 25:6; Awit 8:4; Ezekiel 2:1), na siyang kahulugan sa Aramaic at ang Hebreong mga parirala, “anak ng tao” sa kanyang pagkadiyos dahil ang mga ulap ay transportasyon ng diyos (cf. Mateo 24:30; 26:64; Marcos 13:26; 14:62; Pahayag 1:7; 14:14).

Si Hesus ay ginamit ang parirala upang tumukoy sa Kanyang sarili sa NT. Hindi ito ginamit sa Mesyas sa rabinikal na Judaismo. Wala ito eksklusibistiko, nasyonalistiko, militaristikong mga konotasyon. Ito ay naiibang naglalarawan sa Mesyas bilang lubusang tao at lubusang Diyos (cf. I Juan 4:1-3). Ang pagkakagamit ni Daniel ay ang una na nakapokus sa banal na aspeto nito!

Si Hesus ay ginamit ang parirala para sa Kanyang sarili sa tatlong mga pakahulugan.

1. Ang Kanyang pagdurusa at kamatayan (e.g. Marcos 8:31; 10:45; 14:21; Lucas 9:22,44)

2. Kanyang pagdating bilang ang Hukom (e.g. Mateo 16:27; 25:31; Juan 5:27)
3. Kanyang pagdating sa kaluwalhatian upang itatag ang Kanyang kaharian (e.g. Mateo 16:28; 19:28; Marcos 13:26-27; 14:62) Mula sa *The Jewish Study Bible*, p. 1657 (tignan rin si George E. Ladd, *A Theology of the New Testament*, pp. 136-139), ang kalaunang Hudiyong tradisyon patungkol sa tekstong ito ay inilista.
 1. Ang kontekstong ito ay Mesyaniko (cf. I Enoch 46:1; 48:10; 4 Ezra [2 Esdras] kabanata 13; b. Sanh. 98a)
 2. Lahat ng mga prediksiyon sa kontekstong ito ay natupad na (cf. b. Sanh. 97b)
 3. Ang kontekstong ito ay hindi tumutukoy sa pangwakas na panahon (cf. Genesis Rabah 98:2)
 4. Ang kontekstong ito ay kumakatawan sa Israel (cf. Ibn Ezra and Rashi)

NATATANGING PAKSA: OT MGA TITULO PARA SA ESPESYAL NA PAPARATING

- I. Propeta- Deutronomio 18:15,18
- II. Hari
 - A. mula sa tribu ni Judah, Genesis 49:10; Awit 60:7; 108:8
 - B. mula sa pamilya ni David, II Samuel 7 (mula kay Jesse, Isaias 11:1)
 - C. mula sa ibang mga teksto, I Samuel 2:10; Awit 89:3-4; Isaias 9,11; Jeremias 30:8-9; Ezekiel 37:21-22; Zacarias 9:9-10
- III. Hari/Saserdote
 - A. Awit 110 (hari, vv. 1-3; saserdote, v. 4)
 - B. Zacarias 4:14 (ang dalawang puno ng olibo, ang dalawang mga pinahiran, Zerubbabel [lahi ni David] at Josue [lahi ni Aaron])
- IV. Pinahirang Isa (Mesyas)
 - A. Hari ng Diyos, Awit 2:2; 45:7
 - B. presensya ng Espiritu, Isaias 11:2; 61:1
 - C. Isang Paparating, Daniel 9:26
 - D. tatlong OT mga pinuno ay pinahiran bilang tanda ng pagkatawag ng Diyos at pagpapalakas sa mga hari (cf. Hukom 9:8,15; I Samuel 2:10; 9:16; 24:10; II Samuel 19:21; 23:1; Awit 18:50), mga saserdote (cf. Exodo 28:41; Levetico 4:3; 6:22) at mga propeta (cf. I Hari 19:16)
- V. Anak ng Hari
 - A. Awit 2:7,12
 - B. Hari ng Israel bilang isang simbolo ng pamumuno ng Diyos (cf. I Samuel 8)
- VI. Anak ng Tao (Daniel 7:13)
 - A. tao, Awit 8:4; Ezekiel 2:1
 - B. banal, Daniel 7:13
- VII. Espesyal na Pagtutubos na mga Titulo
 - A. Nagdurusang Tagapaglingkod, Isaias 52:13-53:12
 - B. Nagdurusang Pastol, Zacarias 12-14
 - C. Batong Luklukan, Awit 118: Isaias 8:14-15; 28:16
 - D. Espesyal na Anak, Isaias 7:14; 9:6-7; Micah 5:2
 - E. Sanga, Isaias 4:2; 11:5; 53:2; Jeremias 23:5-6; 33:15; Zacarias 3:8; 6:12

Ang NT ay tinanggap ang mga ikinalat na mga reperensiya patungkol sa espesyal na ahente ng pagtutubos Diyos at binigyan linaw at hinubog sila tungo sa isang pagkakaunawa kay Hesus bilang ang Paparating na Isang Ipinangako ng Diyos (e.g. Mateo 16:13-20; Juan 11:25-27). Ang dalawang pagdating ng Mesyas ay mga paraan kung saan ang mga hiwalay na tungkulin at mga titulo ay

pinagsama.

Para sa isang mabuting talakayan ng distinksyon sa Ebanghelyo sa pagitan ng Anak ng Tao bilang pigura ng awtoridad laban sa Nagdurusang Tagapaglingkod, tignan George E. Ladd, *A Theology of the New Testament*, p. 149-158.

▣ **“inilapit nila siya sa harap niya”** Gaya ng ang Mesyas (“gaya ng isang anak ng tao”) ay ipiniresenta (BDB 1111, *Haphel* GANAP) sa harap ng gumagawa ng tipan na si YHWH, gayundin si Hesus ay ipinakikilala ang mga mananampalataya sa presensya ng Diyos Ama (cf. Colossas 1:22,28; II Corinto 4:14). Tandaan na ang Mesyas ay tinanggap ang eternal kaharian, ngunit sa kaparehong konteksto ito ay ang mga “banal” (ang mga banal) na tumanggap ng eternal na kaharian (cf. vv. 13-14 laban sa vv. 18,22,27).

7:14 Lahat ng mga bagay na ang mga Hentil na pinuno na ang kapangyarihan, kaluwalhatian, at lawak ng kanilang kaharian, ang Diyos ng Judah ay libreng ibinigay sa Mesyas. Ang pagkakasalungat na ito ay nagpapalaki sa soberenidad ng Diyos, gayundin ang Kanyang mahabaging karakter at eternal na layunin sa pagtutubos sa pamamagitan ng Mesyas.

1. Ang gumagawa ng Tipan na Diyos, YHWH, ay nagbigay ng eternal kaharian sa Anak ng Tao (v. 14; Isaias 9:6; 11:1-5; Micah 5:4-5a)
2. Ang Anak ng Tao ay nagbigay ng eternal kaharian sa mga banal ng Pinakamataas na Isa, na nagmula sa lahat ng mga tao (vv. 18,22,27)
3. Posible na ang Dakilang Komisyon ng Mateo 28:19-20 ay kahanay sa pag-iimahe ng tekstong ito.

▣ **“mangaglingkod sa kaniya”** Ang talata 27 ay nagdagdag ng “at sundin Siya” (parehong “maglingkod” at “sumunod” ay mga *Peal* DI-GANAP)! Ang OT ay ginagamit ang hari at kahariang metapora upang ilarawan ang naaangkop na relasyon sa pagitan ng Diyos at sangakauhan (cf. Zacarias 6:15), ngunit ang NT ay pinulot ang bihirang pamilyang mga metapora ng Ama (o magulang) at mga anak. Ang tunguhin ay ang interpersonal at nagdedependeng relasyon sa pagitan ng Manlilikha at yaong mga ginawa ayon sa Kanyang imahe at wangis (cf. Genesis 1:26-27).

TALATA SA NASB (BINAGO): 7:15-18

¹⁵“Tungkol sa aking, si Daniel, ang aking kalooban ay namanglaw sa loob ng aking katawan, at binagabag ako ng mga pangitain ng aking ulo. ¹⁶Ako’y lumapit sa isa sa kanila na nakatayo, at itinanong ko sa kaniya ang katotohanan tungkol sa lahat na ito. Sa gayo’y kaniyang isinaysay sa akin, at ipinaaninaw niya sa akin ang kahulugan ng mga bagay: ¹⁷“Ang mga dakilang hayop na ito na apat, ay apat na hari, na magbabangon sa lupa. ¹⁸Nguni’t ang mga banal ng Kataastaasan ay magsisitanggap ng kaharian, at aariin ang kaharian magpakailan man, sa makatuwid baga’y magpakakailan-kailan man.”

7:15-28 Ito ang mala-anghel na interpretasyon ng pangitain ng Daniel. Ang kaparehong pampanitikang tularan ay nasa pangitain ng 8:1-14 at ang interpretasyon sa 8:15-27.

7:15 Ang mga makapangyarihang mga pangitain ng kapangyarihan ng Diyos kasamaan ng tao ay nagpahirap kay Daniel (cf. 4:19; 7:28; 8:27).

▣ **“loob ng aking katawan”** Ang marhinal na not ng NASB, “sa gitna ng balamban” (BDB 1102) ay isang Semitikong idyoma na ang kalaunang tagasalin ay hindi naunawaan. Si Daniel ay kapwa mayroong “espíritu ng mga banal na diyos” (cf. 4:8,9,18; 5:11,14), gayundin ang mabagabag na espíritu ng tao.

7:16 Isang katangian ng apokaliptikong panitikan ay nag-iinterpret na mga anghel (e.g. 8:16,17; 9:22; Zacarias 1:9,19; 2:2,3; 4:4,5,13; 6:4; Pahayag 5:5; 7:13). Ito ay isa na namang paraan upang ipakita ang

soberenidad ng Diyos. Walang tao ang makakaalam ng tunay na interpretasyon ng wala ang tulong ng langit! Ang mga pangitain at panaginip na ito ay ibinigay upang ipagbigay alam ang kinasihang mga katotohanang mula sa Diyos, ngunit sila ay nasa ilalim parin ng pagkontrol ng Diyos. Tangign ang ilan lamang ang nakakaunawa (cf. Isaias 6:9-10; 43:8; Jeremias 5:21; Ezekiel 12:2; Mateo 11:15; 13:9,43; Marcos 4:9,23; Lucas 8:8; 14:35; Gawa 7:51; 28:27; Pahayag 2:7,11,29; 3:6,13,22; 13:9). Ito ay isang kapahayagan para sa bayan ng Diyos!

7:17 “ng mga dakilang hayop na ito na apat, ay apat na hari, na magbabangon sa lupa” Ito ang interpretasyon ng anghel para sa sunod-sunod na kalikasan ng mga kaharian na binanggit sa pangitain. Ang unan ay dumating na (i.e. Nebuchadnezzar).

7:18“Nguni't ang mga banal ng Kataastaasan ay magsisitanggap ng kaharian, at aariin ang kaharian magpakailan man” Ito ay nagpapakita ng pagkakasunod-sunuran ng kabanatang ito gayundin ang apokaliptiko panitikan sa pagitan ng Pinakamataas na Isa (cf. v. 27), ang Mesyas (cf. v. 13) at Kanyang tao (cf. vv. 18,22,27). Pansinin muli ang pagbibigay-diin sa eternal na kalikasan ng kaharian (cf. v. 27; Daniel 12:2-3). Hindi ito maaring tumukoy sa isang milenyal na kaharian malibang ito, mismo, ay isang metapora ng eternal kaharian!

Ang identipikasyon ng Aramaic na pariralang “mga banal ” o “ang mga banal” (BDB 1110) ay pinag-aawayan.

1. ang mga anghel
 - a. ang Hebreong katapat na parirala ay halos laging tumutukoy sa mga anghel (cf. 4:13,17,23; 8:13; Job 5:1; Awit 89:5,7)
 - b. ang terminong “mga tao” sa v. 27 ay maaring mangahulugan na “dami ng,” na nagpapaalala sa karaniwang OT mala-anghel na deskripsyon “ang pulutong ni YHWH”
2. mga mananampalataya
 - a. sa OT sila ay bihirang tinawag na “mga banal” o “ang mga banal” (cf. 8:24; Awit 16:3; 34:9). And designasyon ay marahil nagmula sa Exodo 19:5-6; Deuteronio 14:21; 26:19.
 - b. sila ay nakatanggap ng eternal kaharian (cf. vv. 18,22,27)
 - c. sila ay nagdusa ng pag-uusig at pagkatalo (cf. vv. 21,25)
3. ang tunay na problema ya sa DYENETIBONG parirala na ginamit sa “tao” sa v. 27, “sa mga tao ng mga banal ng Pinakamataas na Isa.” Ito ay tila parang “mga tao” at “mga banal” ay may distinktibong paggruppo.

Pansinin rin ang Aramaic PANG-URI “Pinakamataas” ay PANGMARAMIHAN sa vv. 18,22,25,27, habang ang PANG-ISAHAN ay nasa 3:26,32; 4:21,22,29,31; 5:18,21. Pansinin sa v. 25 ang parehong mga anyo ay lumitaw bilang isang titulo para sa Diyos. Ang kaparehong pag-iiba iba ay matatagpuan kasama ng Hebreong PANG-URI. Hindi ito nauugnay sa poleitesmo, ngunit marahil sa Semetikong gramatikal na katangian na tinawag na ANG PANGMARAMIHAN NG KAMARHALIKAAN.

▣
NASB “magpakailan man, sa makatuwid baga'y”
TEV “magpakakailan-kailan man”

Ang pariralang ito ay tatluhang gamit ng *olam* (BDB 1106) kasama ng PREPOSISYON “hanggang” (dalawang beses) ginamit sa oras (BDB 1105, cf. 2:20; 6:15,27; 7:18,26). Ito ay isang Aramaic na panukdulan! Ang konsepto ng “walang hanggang hinaharap” ay ipinahayag ng madalas sa Daniel na gumagamit ng *olam* (at sa ibang paraan rin, cf. 6:26) sa ibat-ibang mga anyo nito at mga parirala (cf. R. B. Girldestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 316-317).

1. “walang hanggang kaharian,” 4:3; 7:27
2. “magpakailanman, sa lahat ng panahon na darating,” 7:18
3. “magpasawalang hanggan,” 2:20

4. “mabuhay ng walang hanggan” (Nebuchadnezzar), 2:4; 3:9 (Belshazzar), 5:10; (Darius), 6:6,21, “nabubuhay magpakailanman” (YHWH), 4:34
5. “na kailanman ay hindi mawawasak,” 2:44a; 7:18
6. “mananatili magpakailanman,” 2:44c; 6:26
7. “walang katapusan na dominyon,” 4:34; 7:14

TALATA SA NASB (BINAGO): 7:19-22

¹⁹ “Nang magkagayo'y ninasa kong maalaman ang katotohanan tungkol sa ikaapat na hayop, na kaiba sa lahat ng yaon, na totoong kakilakilabot, na ang mga ngipin ay bakal, at ang mga kuko ay tanso; na nananakmal, lumalamuray, at niyuyurakan ng kaniyang mga paa ang nalabi, ²⁰At tungkol sa sangpung sungay na nangasa kaniyang ulo, at sa isa na sumibol, at sa harap niyao'y nabuwal ang tatlo, sa makatuwid baga'y yaong sungay na may mga mata, at bibig na nagsalita ng dakilang mga bagay, na ang anyo ay lalong dakila kay sa kaniyang mga kasama. ²¹Ako'y tumingin, at ang sungay ding yaon ay nakipagdigma sa mga banal, at nanaig laban sa kanila ²² Hanggang sa ang matanda sa mga araw ay dumating, at ang kahatulan ay ibinigay sa mga banal, ng Kataastaasan; at ang panaho'y dumating na inari ng mga banal ang kaharian.”

7:19

NASB “maalaman ang katotohanan”
NKJV, NRSV “ang katotohanan patungkol sa”
TEV “patungkol sa higit pang”
NJB “patungkol”

Ang PREPOSISYON at *Pael* PAWATAS (BDB 1096) ay ginamit sa ilang mga pagkakataon sa Daniel sa dalawang mga pakahulugan.

1. tiyak o sigurado, 2:8,45; 3:24
2. totoo, 6:12; 7:16,19

Si Daniel ay nais na malaman ang buong katotohanan at may katiyakan sa pagkakakilanlan sa ikaapat na hayop at ang sampu ring mga sungay gayundin ang kayabangan ang maliit na sungay (cf. v. 20).

7:20

NASB “na ang anyo ay lalong dakila kay sa kaniyang mga kasama”
NKJV “na ang anyo ay mas higit kaysa sa kanya”
NRSV “na tila mas higit kaysa sa iba”
TEV “Ito ay mas nakakatakot kaysa sa iba”
NJB “ito ay mukhang mas impresibo kaysa sa kanyang kasama”

Ang maliit na sungay na ito ay biglang nagmukhang malaki: (1) ito ay aroganteng pagmamayabang (cf. vv. 8,11); (2) sa pagpapatalsik nito sa iba pang tatlong mga sungay (cf. v. 8); (3) ito ay lumaki habang si Daniel ay nagmasid mula sa isang maliit na sungay tungo sa pinakamalaking sungay, pagpapakita ng pinalawak na kaharian nito; o (4) ang katotohanan na ito ay inatake at napagtagumpayan ang mga banal ng Pinakamataas na Isa (cf. v. 21).

7:21-22 “Ako'y tumingin” Tila ang vv. 21-22 ay bahagi ng pangitain ni Daniel (cf. 7:2) at hindi bahagi ng paliwanag ng mga anghel. Kunh magkagayon ang katanungan ni Daniel sa vv. 19-20 ay hindi sinagot hanggang sa v. 23.

Ang bagong impormasyon patungkol sa pagdurusa ng mga banal (“ang mga banal”) ay tinalakay sa vv. 25,27.

7:21 “nakipagdigma sa mga banal, at nanaig laban sa kanila” Ito ay nagpapakita sa historikal na tagpuan sa panahon ng maliit na sungay ng ikaapat na emperyo ay ang malubhang pag-uusig sa bayan ng

Diyos. Ang Diyos ay pinahintulatang ito mangyari para sa Kanyang sukdulang mga layunin (cf. Pahayag 13:7).

7:22 “Hanggang sa ang matanda sa mga araw ay dumating, at ang kahatulan ay ibinigay sa mga banal, ng Kataastaasan” Dapat nating tandaan na ang kabanatang ito ay mayroong isang salita para doon sa pagpapatapon sa Babilonia gayundin para sa mga mananampalataya sa bawat panahon para doon sa nagdusa ng pag-uusig dahil sa kanilang pananampalataya kay YHWH at sa Kanyang Mesyas at hindi laging nauunawaan kung bakit! Ang Diyos ay may kontrol maging sa gitna ng pagdurusa at pag-uusig (ang aklat ng Pahayag).

Pansinin ang mga titulong “ang Matanda sa mga Araw” (cf. 7:9,13) at “ang Pinakamataas na Isa” (cf. 7:18,25,27) ay magkakasingkahulugan. Ito rin ay totoo sa “ang Pinakamataas” at “ang Mataas na Isa” ng v. 25.

Ang mga titulo ni Daniel para sa pagkadiyos ay mas higit na Hudyo sa kabanata 9, kung saan siya ay nagdasal para sa kanyang sarili at sa mga kasalanan ng kanyang bansa (*adon, YHWH, Elohim*).

TALATA SA NASB (BINAGO): 7:23-27

²³Ganito ang sabi niya: “Ang ikaapat na hayop ay magiging ikaapat na kaharian sa ibabaw ng lupa, na magiging kaiba sa lahat ng kaharian, at sasakmalin ang buong lupa, at yuyurakan, at pagluluraylurayin. ²⁴ At tungkol sa sangpung sungay, mula sa kahariang ito ay sangpung hari ang babangon: at ang isa'y babangong kasunod nila; at siya'y magiging kaiba kay sa mga una, at kaniyang ibabagsak ay tatlong hari. ²⁵ At siya'y magbabadya ng mga salita laban sa Kataastaasan, at lilipulin niya ang mga banal ng Kataastaasan; at kaniyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan; at sila'y mangabibigay sa kaniyang kamay hanggang sa isang panahon, at mga panahon at kalahati ng isang panahon. ²⁶ Nguni't ang kahatulan ay matatatag, at kanilang aalisin ang kaniyang kapangyarihan, upang patayin at ibuwal hanggang sa wakas. ²⁷ At ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kadakilaan ng mga kaharian sa silong ng buong langit, mabibigay sa bayan ng mga banal ng Kataastaasan: ang kaniyang kaharian ay walang hanggang kaharian, at ang lahat na kapangyarihan ay maglilingkod at tatalima sa kaniya.”

7:23 Ang NKJV, NRSV, at NJB inilimbag ang mga talata 23-27 bilang patula, ngunit ang NASB at TEV trinato ito bilang ang prosa. Ang kaparehong problema ay matatagpuan rin sa vv. 9-10, 13-14. Napakahirap itong malaman kung ang mga talatang ito at patula o pinataas na prosa.

▣ **“sabi niya”** Ito ay tumutukoy sa pag-iinterpret sa anghel ng v. 16.

▣ **“na magiging kaiba sa lahat”** Pansinin ang ikaapat kaharian ay magkaiba sa pamamagitan ng kabangisan nito (cf. v. 19) at sakop (cf. v. 23), ngunit ang maliit na sungay ay kaiba sa pamamagitan ng pagiging mas arogante kaysa sa nauna nito (cf. vv. 8,11) at mas malaki ang sakop (cf. vv. 20,24), ngunit karamihan ng lahat ng pang-uusig nito sa bayan ng ayan ng Diyos (cf. vv. 21,25).

▣ **“sasakmalin ang buong lupa”** Ang PANDIWA (BDB 1080) ay isang *Peal* DI-GANAP. Tignan 4:1 para sa pagkakagamit ng kaparehong kalabisan nito, na tumutukoy sa nalalamang mundo.

7:24 Ang pagkapartikular ng talatang ito ay nagdulot ng mga problema para sa mga komentarista na nagsubok na dalhin ito ng literal. Ang apokaliptikong panitikan ay kilala sa pagiging malabo nito at gumagamit ng isang anyo ng istilong hiperbolikong wika (tignan D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*, IVP, 2002).

Medyo posible na ang “sampu” ay ginamit ng simboliko para sa isang kompletong numero. Pansinin ang oras na sekuwensya at progresyon.

1. sampung hari ng ikaapat na kaharian
2. magkagayon ang ikalabing-isa ay dumating, na kaiba sa mga iba
3. ang tatlong mga hari ay
 - a. hindi bahagi ng sampung hari (i.e. sungays, cf. v. 8)
 - b. “hinugot palabas” ngv. 8 at “pasukuin” ng v. 24 ay tumukoy sa impluwensya, mha polisiya, o pag-aalaala ng mga tatlong hari na ito ay tinanggal. Ang nagpapakahulugang isyu ay, ang mga sampung sungay (1) sekwensyal na mga hari ng ikaapat emperyo (cf. v. 24); (2) parang magkasabay na mga hari ng magkaibang mga bahagi o rehiyon ng ikaapat na emperyo (cf. v. 8); o (3) apokaliptikong mga detalye ay hindi nangahulugan na historikal na partikular?
4. ang ikalabing isang hari (ang maliit na sungay) ay pinahintulutan upang mang-usig sa tao ng Diyos (cf. vv, 21,25)
5. Ang Diyos ay nagpalipas ng paghahatol at ang maliit na sungay ay winasak (cf. v. 26)
6. soberenidad at ang eternal na kaharian ay ibinigay sa tao ng Diyos (cf. vv, 18,27)

7:25 Joyce G. Baldwin, *Daniel*, p. 146, ay nagpunto ng apat na mga katangian ng ikaapat kaharian

1. pamumusong
2. pag-uusig
3. alterasyon ng taunang pangrelihiyong mga pagdiriwang
4. isang binagong moralidad

Ngunit lahat ng apat ay tumalakay sa laban sa Diyos na pagkiling sa kahariang ito ang kanyang mga pinuno. Gaya ni Belshazzar sila ay pagkasuklam ni YHWH at Kanyang tipanang tao dahil sila ay nagnais ng kompletong personal na kaharian at independente mula sa lahat ng mga panrelihiyong kaugalian.



NASB “pinahirapan”
NKJV “inusig”
NRSV “napagod”
TEV “inapi”
NJB “pinahirapan”

Brown, Driver, Briggs (1084, *Pael* DI-GANAP) ay may “matalinghaga para sa *patuloy na niligalig*.” Ang Hebreong katawan ay ginamit na kapareho sa I Cronico 17:9. Ito ay normal na ginamit para sa pagluluma ng mga kasuutan. Ang kaparehong nakakabiglang banal na permiso upang mang-usig at mapagtagumpayan ang mga banal (“ang mga banal”) ay natagpuan sa Pahayag 11:7 (ang dalawang mga saksi ay isang simbolo para sa buong bayan ng Diyos) at 13:7! Ang Diyos ay pinahintulutan ang kasamaan upang lubusang ihayag ang kanyang sarili at mga intensyon nito upang ang paghahatol, kaparusahan, at pag-alis/isolasyon ay maunawaan bilang patas at matuwid.

▣ **“at kaniyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan”** Ang dalawang mga terminong ito ay maaring isang hendiadys (tumukoy sa isang bagay, hindi dalawa). Ang pariralang ito ay hindi limitado sa pangrelihiyong mga batas, ngunit ang kontekstong ito ay tumutukoy upang maghangad nito. Ang mamuno na ito ay magsusubok upang mapagtagumpayan ang pagsamba ay YHWH sa pamamagitan ng pagpalit sa mga pangrelihiyong kalendaryo (cf. Levitico 23).

Ang tekstong ito ay ang dahilan kung bakit maraming mga modernong mga komentarista ay nagespekula na ang ikaapat kaharian ay tumutukoy sa Greece at ang pariralang ito ay partikular na nagpapakita kay Antiochus IV Epiphanes (175-164 B.C., cf. I Maccabees 1:41-53; II Maccabees 6:2,6,7) nagsubok na magpuwersa sa Hudyo ng Palestina upang maging mas Hellenistiko sa pamamagitan ng marahs na pagbabago at pagpapabago sa kanilang pangrelihiyong mga tradisyon at pagsambang mga praktis.

Ako ay personal na naisip, dahil sa ang 2:38 at 8:20-21, na ang ikatlong sekuwensyang emperyo ay Greece. Ang ginawa ni Antiochus ay may pangkatang kahalagahan gaya ng ginawa sa parirala “ang abominasyon ng desolasyon.”



NASB “isang panahon, at mga panahon at kalahati ng isang panahon”
NKJV “isang panahon at mga panahon at kalahating panahon” NRSV, NJB
TEV “isang panahon, dalawang mga panahon, at isang kalahating panahon”
TEV “tatlong kalahating mga taon”

Ang kaparehong parirala ay ginamit sa Daniel 12:7 at Pahayag 12:4. Ang eksaktong kahulugan ay hindi tiyak. Maraming nagpalagay “panahon” ay tumutkoy sa mga taon, gayunpaman; hindi ito binaybay sa teksto. Ngunit dahil sa magkaugnay na panahon sa mga parirala (1) Daniel 8:14, “2300 mga gabi at mga umaga”; (2) Daniel 12:11, “1290 mga araw”; (3) Daniel 12:12, “1335 mga araw”; at (4) Pahayag 11:2, 13:5, “42 mga buwan” o “1260 mga araw,” ang pagkakaunawa sa “taon” ay tila ang pinakamainam na interpretasyon.

Isang paraan upang tignan ang enigmatikong pariralang ito upang tignan ito bilang sekuwensya: isa, dalawa, ngunit hindi ikatlo; Samakatuwid, isang limitadong banal na halaga ng panahon sa ilalim kung saan ang mga Hentil na mga kaharian ay inusig ang tao ng Diyos. Ang Diyos, sa aklat ng Daniel, ay may kompletong kontrol (cf. vv. 4,6,11,12,18,22,25,26,27)!

7:26

NASB “Nguni’t”
NRSV, TEV,
NJB “magkagayon”

Ito ay nagpapakita ng salungat. Ang mga Hentil na emperyo at kanilang aroganteng mga pinuno ay nasa ilalim ng kontrol at paggagabay ng Diyos (cf. 2:21). Gaya ng mayroong isang maningas na pagkakasalungat sa pagitan ng pangitain ng apat na mga hayop ni Daniel at kanilang nangwawasak na kapangyarihan (cf. 7:1-8) nang may kahinahunan at dignidad ng makalangit na korte (cf. 7:9-14), ang parehong kaguluhan /kahinahunan ay natagpuan rito.



“ang kahatulan” Ito ang korte na inilarawan sa vv. 9-12,13-14,18,22,27.



“at kanilang aalisin ang kaniyang kapangyarihan, upang patayin at ibuwal hanggang sa wakas” Ang unang PANDIWA (BDB 1105) ay *Haphel* DI-GANAP at kasunod na dalawa (BDB 1116 at 1078) ay *Haphel* PAWATAS. Ito ay tumatalakay sa sukdulang paghahatol at kompletong destruksyon ng lahat ng kapangyarihan na kumukontra sa Diyos! Mayroong parehong temporal na paghahatol at eskatolohikal na paghahatol. Ang mga talata na gaya nito ang siyang nagdulot sa iba na paninidigan ang anihilasyon ng mga masasama (cf. Edward Fudge, *The Fire That Consumes: A Biblical and Historical Study of the Doctrine of Final Punishment*), ngunit ang Daniel 12:2 ay partikular na binanggit ang dalawang eternal na destinasyon (cf. Mateo 25:46).

7:27 “At ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kadakilaan ng mga kaharian sa silong ng buong langit” Ito ay parang kagaya ng sa Pahayag 11:15b.



NASB “mabibigay sa bayan ng mga banal ng Kataastaasan”
NKJV “ay ibibigay sa lahat ng mga tao,
“ang mga banal ng Kataastaasan”

Ang PANDIWA (BDB 1095) ay isang *Piel* GANAP.

Ito ay nagpapakita ng dalawang mga paraan ang pariralang ito ay maunawaan (cf. kapareho sa Hebreong parirala sa 8:24). Ang NKJV at TEV mga salin ginawa “mga tao” at “mga banal” kahanay (aposisyonal). Kung ang NASB ay sinundan ng mga anghel ay tila pantukoy sa “ang mga banal” o “mga banal” sa talatang ito, na maaring maiugnay sa pambansang mga anghel ng Deutronomio 32:8, sa kasong ito, sa Mikael at Gabriel at ibang mga anghel (cf. Daniel 10) na naglingkod sa Diyos at Kanyang mga tao.

Ilang mga komentarista ay nakita ang “Anak ng Tao” sa v. 13 bilang pantukoy sa kaparehong mga anghel na ito. Ang Daniel, gaya ng lahat apokaliptikong panitikan, mga inilarawan ang mga anghel bilang matalik na kasangkot sa mga pakikitungo ng Diyos sa mga tao.

▣ **“At ang kaharian”** Pansinin ang nagpapatuloy na pagkakasunod sunuran sa pagitan ng kaharian na nagmumula sa:

1. Diyos, vv. 9-10, 27
2. Kanyang Mesyas, “Anak ng Tao,” v. 13
3. Kanyang tao, vv. 18,22,27
4. ang ilan ay nakita ang v. 27 bilang tumutukoy sa matapat na mga anghel (i.e. Michael, Gabriel, anghel ng kabanata 10, etc.)

▣ **“at ang lahat na kapangyarihan ay maglilingkod at tatalima sa kaniya”** Ang terminong ito na “dominyon,” “may kapangyarihan,” o “soberenidad” (BDB 1115) ay ginamit sa Daniel para sa (1) Diyos (cf. 4:3,34; 6:26) o (2) ang Hentil na mga kaharian (cf. 4:22; 6:26; 7:6,12,26). Ito ay ginamit sa “Anak ng Tao” sa 7:14, na maaring nagpakita sa Genesis 1:26,28-30, kung saan si Adan (at magkagayon ang sangkatauhan) ay binigyan ng awtoridad o dominyon sa planeta. Isang kababalaghan kung ang parirala “lahat ng mga dominyon” tumutukoy sa (1) ang PANGMARAMIHAN “ang mga kaharian” sa v. 27; (2) ang mga mananampalataya ng OT at NT (cf. Isaias 45:20-25); o (3) posibleng malaanghel na kaharian (cf. Hebreo 1:13-14; Daniel 7:10). Ang konseptong ito ng kompletong kosmikong mga alyansa ay maaring maipahayag sa Filipos 2:10-11 at Colossas 1:16-20 o maging ang I Corinto 15:24-25!

Ang unang PANDIWA (BDB 1105) ay isang *Pael* DI-GANAP at ang ikalawa (BDB 1116) ay *Hithpae* DI-GANAP.

TALATA SA NASB (BINAGO): 7:28

²⁸“Narito ang wakas ng bagay. Tungkol sa aking si Daniel, ay binabagabag akong mabuti ng aking mga pagiisip, at ang aking pagmumukha ay nabago: nguni't iningatan ko ang bagay sa aking puso.”

7:28 “Narito ang wakas ng bagay” Kabanata 7 ay isang pampanitikang yunit. Ito ay idinugtong sa kabanata 6, ngunit ang pangitain ay kompleton sa kanyang sarili at sumasaklaw sa buong kasaysayan ng sangkatauhan mula sa panahon ni Daniel hanggang sa eskaton.

▣ **“binabagabag akong mabuti ng aking mga pagiisip, at ang aking pagmumukha ay nabago”** Tignan puna sa 4:19 (at sa 7:15,28; 8:27; 10:16-17).

▣ **“ingatan ko ang bagay sa aking puso”** Paano niya ipagbibigay alam ang mga pangitaing ito at kanino? Kailan at paano ang apokaliptikong panitikang ito ay naging nakakatulong!

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong ang mga kabanata 2, 7 at 8 ay magkaugnay?
2. Bakit mayroong problema sa pagkakakilala ng apat mga bansang ito?
3. Sino ang Matanda sa mga Araw? ang Anak ng Tao? ang maliit na sungay?
4. Ano ang sinasabi ng talata 25 patungkol sa panahong elemento ng pangyayaring ito?

DANIEL 8

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Pangitain ng Tupa at Kambing	Ang Pangitain ng Tupa at ang Lalakeng Kambing	Ang Pangitain ni Daniel ng Tupa at Kambing	Ang Pangitain ni Daniel: ang Tupa at ang Kambing
8:1-8	8:1-4 8:5-8	8:1-4 8:5-7	8:1-4 8:5-8
8:9-12	8:9-14	8:13 8:14	8:9-12 8:13-14
Si Gabriel ay Binigyan Kahulugan ang Pangitain		Ang Anghel Gabriel ay Ipinaliwanag ang Pangitain	Ang Anghel Gabriel ay Binigyan Kahulugan ang Pangitain
8:15-22	8:15-17 8:18-26	8:15-17a 8:17b-19 8:20-22	8:15-26
8:23-26		8:23-26	
8:27	8:27	8:27	8:27

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

MGA KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

- A. Ang mga kabanata 2, 7 at 8 ay magkaugnay habang sila ay nagpahayag ng isang sekuwensya ng apat na paparating na mga kaharian at ikalimang eternal na banal na kaharian.

<u>Kabanata 2</u>	<u>Kabanata 7</u>	<u>Kabanata 8</u>	<u>Kabanata 9</u>	<u>Kabanata 11</u>
1. ginto	leong may pakpak	-----	-----	-----
2. pilak	oso	tupa	-----	-----
3. bronse	leopardong may pakpak	kambing (maliit na sungay)	9:24-27 Maccabean (?)	11:1-35,40-45 Seleucids & Ptolemies
4. bakal/putik	mabangis na hayop (maliit na sungay)		9:24-27 (pangwakas na panahon antikristo) (?)	11:36-39 (pangwakas na panahon na antikristo)
5. bato (Mesyaniko)	Anak ng tao (Mesyaniko)	-----	-----	-----

- B. Ilang sa mga kaharian ay partikular na kinilala

1. Neo-Babiloniaian, 2:38
2. Medo-Persia, 8:20
3. Greece, 8:21
4. Roma, 2:44,45
5. Ang Eternal na Kaharian ng Diyos, 2:35,44-45; 7:9-10,13-14,18,22,27

- C. Habang ang kanyang unang pangitain si Daniel ay napilitang magpokus sa ikaapat kaharian; dalawang taon ang lumipas (ikumpara 7:1 sa 8:1) inihayag ng Diyos ang impormasyon patungkol sa ikalawa at ikatlong mga kaharian sa ibang mga pangitain.

Ang maliit na sungay ng ikatlong kaharian ay nakapokus dahil sa ito ay (siya) ay makakaapekto sa pamumuhay at pagsamba ng Israel ng mas higit sa ibang mga naunang iba. Ang maliit na sungay ng ikaapat na kaharian ay makakaapekto rin sabayan ng Diyos (i.e. pangwakas na panahon Antikristo, cf. II Tesalonica 2).

- D. Ang wika ay ipinagpalit pabalik sa Hebreo sapagkat ang mga kabanata 8-12 ay mga mensahe para sa bayan ng Diyos. Ang pangitaing ito ay unang-una na patungkol sa panghinaharap na pagdurusa at dominasyon na idinulot ng maliit na sungay laban sa Israel. Para sa kanila ang pangitain ay patungkol sa limitadong panahon ng pagdurusa at desikrasyon na na sinundad ng isang banal na pamamagitan. Ang dalawampung-tatlong daang mga gabi at mga umaga (cf. v. 14) ay isang siguradong pangako ng pagpapalaya at restorasyon ng templo/Jerusalem.

- E. Ang aklat ni D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*, ay naging labis na nakakatulong at aking inirerekomendad ito sa lahat na nagtatangka na maunawaan ang Daniel 7-12.
 Ang ibang aklat na naging kapaki-pakinabang sa pag-uunawa sa magkaibang mga dyanra ng Bibliya ay *How to Read the Bible For All Its Worth* nina Gordon Fee at Doug Stuart. Bilang mga interpreter ang ating matinding mga kalaban ay:
1. kanluraning kultura at ebanghelikong labis na pagbibigay-diin ng Kristyanismo sa literalismo.
 2. isang sistematikong eskatolohiya (madalas hindi personal na sinuri), na ibinigay sa atin ng mga sinsero, makadiyos, may mabuting intensyon na mga magulang, mga pastor, mga denominasyon, at mga may-akda.
- F. Si Satanas ay hindi nalalaman ang mga plano ng Diyos; samakutwid, dapat siya ay mayroong laban sa Diyos na pinuno handa at aktibo sa bawat panahon (cf. I Juan 2:18) upang gawin ang kanyang mga nais. Si Antiochus ay isang halimbawa ng isang maksarili, sakim na walang Diyos na indibidwal na nagnanais, hindi lamang politikal at militar na kapangyarihan, ngunit adorasyon rin, maging pagsamba, at mayroon pang maraming iba sa kabuuan ng kasaysayan ng tao na gaya niya. Ang mga makasalanang sangkatauhan ay regular na nakakagawa ng tipo ng tao na ito ng indibidwal. Subalit, ang Diyos ay soberenado pa rin at Siya ay ginagamit ang mga uri ng mga taong ito upang matupad ang Kayang kalooban, gaya ng ginawa Niya kay Satanas.
- G. Gaya ng isang tipikal na Hebreo panitikan, isang pangkalahatang mga tala (kabanata 7) ay sinundan ng isang mas detalyadong deskripsyon ng isang partikular na aspeto (e.g. Genesis 1:1-2:3 laban sa 2:4-25).

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 8:1-4

¹Nang ikatlong taon ng paghahari ng haring Belsasar, ang isang pangitain ay napakita sa akin, sa aking si Daniel, pagkatapos noong napakita sa akin nang una. ²At ako'y may nakita sa pangitain: nangyari nga, na nang aking makita, nasa Susan ako na palacio, na nasa lalawigan ng Elam; at ako'y may nakita sa pangitain, at ako'y nasa tabi ng ilog Ulai. ³Nang magkagayo'y itiningin ko ang aking mga mata, at ako'y may nakita, at narito, tumayo sa harap ng ilog ang isang lalaking tupa na may dalawang sungay: at ang dalawang sungay ay mataas; nguni't ang isa'y lalong mataas kay sa isa, at ang lalong mataas ay tumaas na huli. ⁴Aking nakita ang lalaking tupa na nanunudlong sa dakong kalunuran, at sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan; at walang hayop na makatayo sa harap niya, ni wala sinoman na makapagligtas mula sa kaniyang kamay; kundi kaniyang ginawa ang ayon sa kaniyang kalooban, at nagmalaking mainam.

8:1 “Nang ikatlong taon ng paghahari ng haring Belsasar” Ito ay nagpapakita na ang pangitain ng kabanata 8 ay dumating pagkatapos ng isang haban ng panahon na dalawang taon mula sa pangitain ng kabanata 7. Hindi natin alam kung kailan o gaano katagal si Belshazzar ay naglingkod bilang kasamang rehente sa ilalim ng kanyang ama, si Nabonidus, bago ang pagbagsak sa Neo-Babiloniaiang Emperyo ng mga hukbo ni Cyrus II, Si Cyrus na Dakila (cf. Daniel 5). Ang kabanata 8 ay muling nagsimula sa Hebreong seksyon ng aklat ng Daniel (i.e. 1:1-2:3; 8:1-12:13).



NASB	“pagkatapos”
NKJV	“ang uang pagkakaon”
NRSV	“sa una”
TEV	“Aking nakita ang ikalawang pangitain”
NJB	“sa orihinal”

Sa literal ito “sa una” (BDB 321, e.g. 9:21; Genesis 13:3; II Samuel 21:9,10; II Hari 17:25; Nehemias 11:17), na isang idyomatiko para sa pangitain ni Daniel ay natanggap ng nauna sa pamumuno ni Belshazzar (i.e. kabanata 7).

8:2 “nasa Susan ako na palacio” Si Susan ay sa kalaunan ay naging kaipolyo ng kaharian ng Persia (cf. Nehemias 1:1); ngunit sa puntong ito, ito ay simpleng isang malaki, pinatibay na bayan sa probinsya ng Elam (i.e. silangan ng Tigris na Ilog, cf. Isaias 21:6; Jeremias 49:34-39). Sa kalaunan ito ay tinawag na Shushan (cf. Nehemias 1:1; Esther 1:2,5). Ang Griyegong pangalan ay Susan.

Si Daniel ay pisikal na Susan, o ito ba ay bahagi ng pangitain? Siya marahil ay nasa Susan sa pampamahalaang kalakalan (cf. v. 27). Tila walang integral na bahagi ang pangitaing karugtong sa lokalidad na ito.

Ilang mga pangitain sa Bibliya ay nagsangkot ng ilang tipo ng mental o pisikal na paglakbay.

1. Ezekiel, mula sa Babilonia, hanggang sa templo sa Jerusalem, Ezekiel 8 (cf. 3:14; 11:1; 43:5)
2. Philip, sa Gaza, kinuha sa Azotus, Acts 8:39-40
3. Juan, sa Patmos, kinuha sa langit, Pahayag 4:2 (cf. 17:3; 21:10)

▣ **“ako’y may nakita sa pangitain, at ako’y nasa tabi”** Si Daniel ay nakikita ang kanyang sarili sa kanyang pangitain sa unang pagkakataon.

▣ **“ilog Ulai”** Ito ay ang 900 talampakang lawak ng irigasyong kanal sa hilaga ng bayan (BDB 19 I), na konektado ng dalawang mga ilog. Ang sinaunang mga bersyon sa Griyego, Aramaic, at Latin ay isinalin ang bihirang Hebreong salita na ito na “*canal*” o “ilog” (BDB 385) bilang “Ulai na tarangkahan,” na nakakaapekto sa salin ng v. 16.

8:3 “tupa na may dalawang sungay” Ito ay tila tumutukoy sa Medo-Persia (cf. 8:20) at analogo sa oso na ang isang bahagi ay kinuha sa Daniel 7 at ang dibdib at mga bisig na pilak ay sa kabanata 2.

Ang mga sungay ay inilarawan sa pamamagitan ng ilang mga katangian.

1. dalawang mga sungay
2. ang isa ay mas mahaba sa isa
3. ang mas mahaba ay dumating pagkatapos sa isa na nasa puwesto

Sila marahil ay kumakatawan sa historikal na katotohanan na si Cyrus (1/2 Median) ay unang nasakop ang Media at pagkatapos sa kalaunan ay naging hari ng Persia pagkatapos ng pagbagsak ng Babilonia. Ang dalawang mga sungay ay maarin rin isang kahanay sa oso ng kabanata 7, itinaas sa isang bahagi (pagpapakita ng dominanteng kaharian ng Persia sa Medo-Persian Emperyong (cf. 8:20).

8:4 “Aking nakita ang lalaking tupa na nanunudlong sa dakong kalunuran, at sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan” Marami ang naggamit nito bilang kahanay sa tatlong mga tadyang sa bibig ng oso, Daniel 7:5, upang maglarawan sa tatlong mga direksyon ng Medo-Persiang pagsakop.

▣ **“at walang hayop na makatayo sa harap niya, ni wala sinoman na makapagligtas mula sa kaniyang kamay; kundi kaniyang ginawa ang ayon sa kaniyang kalooban, at nagmalaking mainam.”** Mayroong ilang mga aspeto ng pariralang ito na nagpapakita ng pagkaarogante ng mga Hentil na mga hari na ito at mga kaharian (cf. vv. 8, 11, 25).

1. Naisip nila na walang bansa, hukbo o Diyos ay makakahadlang sa kanilang mga naisin (cf. 2:21).
2. Ang esensya ng rebelyon ng tao ay “Nagawa ko sa sarili kong paraan” (“ginawa niya anomang naisin,” v. 4).
3. Ang hari ay pinalaki ang kanyang sarili (gaya ng maliit na mga sungay ng mga kabanata 7 at 8), na nageengganyo sa pansin at paghahatol ng Diyos (ang pariralang ito ay maaring maunawaan na kaugnay sa kapangyarihan at sukat ng kanyang kaharian gaya ng sa v. 9, ngunit ang Hebreong salita na ito (BDB 152) ay may negatibong konotasyon sa kabanatang ito).

4. Ginagawa niya ayon sa kanyang kagustuhan, na siyang pabalik-balik na tema (cf. 5:19; 11:3,16,36-37).

Ang prediksyon na ito ay mabuting lugar upang paalalahan ang lahat ng mga interpreter sa malabong kalikasan ng apokaliptikong panitikan. Ang mga detalye ay madalas para sa epekto, hindi sa literal na katuparan (cf. D. Brent Sandy, *Plowshares & Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*, pp. 117-128). Sa katunayan, ang Greece ay hindi itinaboy ang pag-abante ng Persia sa ilang mga pagkakataon (490 B.C. at 480 B.C.). Ang apokaliptikong panitikan ay hindi maiinterpret o mahusgahan sa pamamagitan ng mga detalye. Madalsa, alinmang mga detalye na may kahalagahn ay malalaman lamang pagkatapos ng katuparan sa kasaysayan!

TALATA SA NASB (BINAGO): 8:5-8

⁵"At habang aking ginugunita, narito, isang kambing na lalake ay nagmula sa kalunuran sa ibabaw ng buong lupa, at hindi sumayad sa lupa: at ang lalaking kambing ay may nakagitaw na sungay sa pagitan ng kaniyang mga mata. ⁶At siya'y naparoon sa lalaking tupa na may dalawang sungay na aking nakitang nakatayo sa harap ng ilog, at tinakbo niya siya sa kabangisan ng kaniyang kapangyarihan. ⁷At aking nakitang siya'y lumapit sa lalaking tupa, at siya'y nakilos ng pagkagalit laban sa kaniya, at sinaktan ang tupa, at binali ang kaniyang dalawang sungay: at ang lalaking tupa ay walang kapangyarihang makatayo sa harap niya; kundi kaniyang ibinuwal sa lupa, at kaniyang niyapakan siya; at walang makapagligtas sa lalaking tupa mula sa kaniyang kamay. ⁸At ang lalaking kambing ay nagmalaking mainam: at nang siya'y lumakas, ang malaking sungay ay nabali; at kahalili niyao'y lumitaw ang apat na marangal na sungay, sa dako ng apat na hangin ng langit."

8:5 "isang kambing na lalake ay nagmula sa kalunuran sa ibabaw ng buong lupa, at hindi sumayad sa lupa" Ito ay tumutukoy sa Greece (cf. 8:21; 11:3). Pansinin ang bilis ng tagumpay (334-331 B.C.) at direksyon kung saan si Alexander II, kilala bilang ang Alexander na Dakila, ay dumating. Ito ay naghahanay sa leopardo sa apat na mga pakpak ng 7:6.

▣ **"sa ibabaw ng buong lupa"** Ito ay isang hyperbolikong pananalita na tumutukoy sa kilalang mundo ng panahon.

▣ **"may nakagitaw na sungay sa pagitan ng kaniyang mga mata"** Iyo ay tumutukoy kay Alexander II, kilala bilang Alexander na Dakila, na sumakop sa buong nalalamang mundo at namatay sa edad na 32 (cf. vv. 8,21-22; 11:4).

Ang terminong "kapuna-puna" (BDB 303) ay napakahawig sa terminong "pangitain" (BDB 302) sa v. 1. Sa Isaias ito ay ginamit para sa pangitain o orakuoo ng ilang mga pagkakataon (cf. 21:2; 29:11). Ito ay nangahulugang "kapuna-puna" lamang sa kontekstong ito (vv. 5,8).

8:6-7 "kabangisan ng kaniyang kapangyarihan. . . at siya'y nakilos ng pagkagalit laban sa kaniya" Alam natin na ang Persia, sa ilalim ni Darius III, ay inatake ang Greece ng ilang mga beses sa taas ng Hellespont (490 and 480 B.C.). Ito ang nag-udyok sa Greece na labis na magalit at nang si Alexander ay sa wakas nakatawid sa maliit na pagitang ito ng tubig noong 334 B.C. kasama ng tatlumpong libong mga sundalo at limang libong mga kabalyero, nilabanan niya ang hukbo ng Persian ng may higit 600,000 mga sundalo at madaling natalo ang mga ito ilang mga magkaibang mga pagkakataon. Si Alexander ay hindi makikipagkasundo ng payapa sa Persia!

Kung babasahin ng isa ang Daniel 8 lamang, aasahan niya ang desididong labanan, ngunit sa katotohanan, mayroong tatlong pangunahing desididong mga labanan. Ang prediksyon ay totoo, ngunit malabo (gaya ng lahat ng apokaliptikong mga detalye, tignan puna sa v. 4).

8:8 “At ang lalaking kambing ay nagmalaking mainam” Tignan puna sa vv. 4,5.

▣ **“ang malaking sungay ay nabali; at kahalili niyao'y lumitaw ang apat na marangal na sungay, sa dako ng apat na hangin ng langit”** Ito ay tumutukoy sa kamatayan ni Alexander na Dakila (323 B.C.) sa Babilonia sa edad na 32 o 33 na dulot ng lagnat ng lati. Ang di-inaasahan, dagliang kamatayan ni Alexander ay nagdulot ng matindi at pinahabang labanan sa kanyang buong kaharian. Ang mga gobernador o heneral na naging domenante habang ang mga magkahiwalan na pangrelihiyong mga satrapo sa kanyang buong kaharian ay nagpatuloy sa pananatili ng kanilang kontrol.

1. Antigonos sa Asia
2. Demetrius sa Greece
3. Ptolemy sa Ehipto
4. Cassander sa Macedonia
5. Lysimachus sa Thrace
6. Zipoetes sa Bithynia
7. Mithradates sa Pontus
8. Seleucus sa Syria/Babilonia

Sa walong mga kapangyarihang sentrong mga ito, ang bilang 1, 3, at 8 ay naging dominante.

Ako ay sumasang-ayon kay E. J. Young na ang “apat na kapuna-punang mga sungay tungo sa apat na mga hangin ng langit” ay maaring isang idyoma ng pangkalahatang panuntunan hindi kaugnay sa partikular sa anomang apat na mga heneral. Ang apokaliptikong panitikan ay dinesenyo upang magbigay ng isang emosyonal na pangkalahatang impresyon, hindi detalyadong mga katotohanan ng kasaysayan.

TALATA SA NASB (BINAGO): 8:9-14

“At mula sa isa sa mga yaon ay lumitaw ang isang maliit na sungay na dumakilang totoo, sa dakong timugan, at sa dakong silanganan, at sa dakong maluwalhating lupain. ¹⁰At lumaking mainam, hanggang sa hukbo sa langit; at ang ilan sa hukbo at sa mga bituin ay iniwaksi sa lupa, at mga niyapakan yaon. ¹¹Oo, nagmalaki, hanggang sa prinsipeng hukbo; at inalis niya sa kaniya ang palaging handog na susunugin, at ang dako ng kaniyang santuario ay ibinagsak. ¹²At ang hukbo ay nabigay sa kaniya na kasama ng palaging handog na susunugin dahil sa pagsalangsang; at kaniyang iniwaksi ang katotohanan sa lupa, at gumawa ng kaniyang maibigan at guminhawa. ¹³Nang magkagayo'y narinig ko ang isang banal na nagsalita; at ibang banal ay nagsabi sa isang yaon na nagsalita, Hanggang kailan magtatagal ang pangitain tungkol sa palaging handog na susunugin, at ang pagsalangsang na sumisira, upang magbigay ng santuario at ng hukbo upang mayapakan ng paa?” ¹⁴At sinabi niya sa akin, ‘Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuario.’”

8:9 “isang maliit na sungay na dumakilang totoo, sa dakong timugan, at sa dakong silanganan, at sa dakong maluwalhating lupain” Ito ay tumutukoy sa ikaapat Seleucid pinuno kilala bilang si Antiochus IV Epiphanes (175-164 B.C.). Ating natutunan mula sa kasaysayan na nakuha niya, sa pamamagitan ng kanyang katusuhan (cf. v. 24), sa halip na ekstensibong kaharian at espesyal na problema sa Hudiyong bayan ng Palestina (i.e. “ang magandang lupain,” cf. 11:16,41).

Ang Hebreong termino *gdl* (BDB 152, *Qal* DI-GANAP) ay lumitaw sa vv. 8, 9, 10-11. Sa 8:8 ito ay nangahulugang “pinalaki ang sarili”; sa 8:9 ito ay nangahulugang “lumaki ng labis na katindihan,” gaya ng ginagawa nito ng metaporikal sa 8:10, “ito ay lumaki ng matindi.” Halata na ito kahit paano ang dalawang pakahulugan ay posible.

1. pagkaarogante, vv. 8,10,11
2. sukat, sakop, vv. 9.10

Napakahirap na malaman kung ano ang intensyon ng orihinal na may-akda.

8:10 “sa hukbo sa langit” Ang PREPOSISYON “sa” ay isinalin sa patula bilang “hanggang sa,” “maging sa,” o “hanggang sa” (cf. v. 11).

Ang terminong “hukbo” ay madalas na magamit sa mala-anghel na hukbo ni YHWH” (TEV, cf. Joshue 5:14,15; I Samuel 1:3; Nehemias 9:6), ngunit sa kontekstong ito (cf. 8:12) ito ay tumutukoy sa (1) sa bayan ng Diyos (“mga hari,” cf. 7:18,22,27) o (2) isang metapora para sa ambisyon ng maliit na sungay na kumalaban sa Diyos (e.g. Isaias 14:13, ang mga hari ng Babilonia), kung saan sa bawat kaso ang mga bituin ay maaring tumutukoy sa mga anghel o langit.

Isang problema na sa sakop ng apat na mga talata ang terminong ito (BDB 838) ay ginamit sa ilang mga mga pakahulugan.

1. “ang hukbo ng langit,” v. 10 (matapat na mga mananampalataya o mga anghel)

2. “ang kumander ng hukbo,” v. 11 (mga anghel)

3. “ang hukbo,” v. 12 (mga mananampalataya)

4. “ang hukbo,” v. 13 (mga mananampalataya o templong mananamba at templong tagapaglingkod)

Dito ang konteksto ay krusyal. Hebreo, bilang labis na isang sinaunang wika, ay gumagamt ng mga termino sa ilang mga paraan (semantikong larangan). Ang ating problema gaya ng modernong mga interpreter ay tayo ay nagnanais ng partikular na makasaysayang napapatunayang mga detalye at dinagbabago, leksikal na pagkakagamit. Ang dyanra at ating distansya sa panahon mula sa aktwal na mga pangyayari ay ginagawa ang mga pagnanais na ito na imposible. Ito ay isang pananampalatayang dokumento, hindi isang kasaysayan aklat!

▣ **“at ang ilan sa hukbo at sa mga bituin ay iniwaksi sa lupa”** Madalas sa Hudyong ekstra-biblikal apokaliptikong panitikan ang mga bumabagsak na mga bituin ay tumutukoy sa mga anghel paparating sa mundo, ngunit sa kontekstong ito “mga bituin” ay isang kahanay “mga hukbo” (ang tao ng Diyos, cf. v. 24a; 12:3); samakutwid, ang idyoma na ito ay tumutukoy sa naunang mga pangako ng Diyos na ang Israel ay magiging gaya ng mga bituin ng langit (sa bilang, cf. Genesis 15:5; Jeremias 33:22; sa kaluwalhatian, cf. Daniel 12:3).

Ang talatang ito ay tumutukoy sa maliit na sungay ng ikatlong kaharian umaatake sa bayan ng Diyos, gaya ng ginawa ng maliit na sungay sa ikaapat kaharian sa 7:21,25. Mayroong isang laban sa Diyos na puwersang nakawala sa nilikha. Ito ay maaring makilala sa pamamagitan ng kanyang pag-atake sa Mesyas ng Diyos at sa bayan ng Diyos!

8:11 “nagmalaki, hanggang sa prinsipeng hukbo” Isang katangian ng mga Hentil na mga hari ay ang kanilang pagiging arogante. Ang impluwensya ng Pagbagsak sa kasalananan (cf. Genesis 3) ay nagpapatuloy!

Ang pariralang “maging kapantay” ay ang kaparehong PREPOSISYON gaya ng sa “umakyat sa mga hukbo” sa v. 10. “Ang Kumander” ay ang Hebreong salita (BDB 978) para sa “hepe,” “pinuno,” “opisyal,” “kapitan,” o “prinsepe.” Ito ay maaring tumutukoy kay:

1. YHWH, v. 25

2. Anak ng tao, pssibleng v. 25; 7:13-14

3. isang makapangyarihang anghel, v. 13; 10:1-9; o Michael, ang pambansang anghel ng Israel, 10:13,31; 12:1 Ang ilang kasunod na mga parirala ay tila nagpahiwatig alinman sa #1 o #2.

▣ **“at inalis niya sa kaniya ang palaging handog na susunugin, at ang dako ng kaniyang santuario ay ibinagsak”** Ito ay tila ito tumutukoy sa isang bagay na nagsasangkot ng pang-araw araw na umaga at gabing mga sakripisyo sa templong ritwal na tinawag na “ang pagpapatuloy” (cf. Exodo 29:38-42; Bilang 28:1-8). Ang pang-araw araw na ritwal na ito ay inihinto (“tinanggal,” BDB 926, KB 1202, *Hophal* GANAP; ang ikalawang PANDIWA BDB 1020, KB 1527, ay maaring tumutukoy sa kaparehong pangyayari) ni Antiochus IV Epiphanes at mas higit pa niyang dinumihan ang templo sa pamamagitan ng

regular na pag-aalay ng isang baboy sa altar at paglalagay ng imahe ni Zeus sa Banal na Lugar (cf. 11:31; 12:11). Si Antiochus ay sinubukang gawing Hellenize ang mga Hudyo (cf. I Maccabeo 1.54-61; II Maccabeo 4.11-6.11) sa pamamagitan ng pagpipilit sa mga ito na kumain ng laman ng baboy. Ito ang nagdulot ng rebelyon sa saserdote ng Moden, na anak ni, Judas Maccabees, sa pamamagitan ng pinahabang gerilyang pakikipaglaban, sa huli ay nagtagumpay sa paglulupig sa hukbo ng Seleucidat, noong 165 B.C., ay nilinis at pinanumbalik ang templo. Sa modernong mga panahon, ito ay kilala bilang ang Pagdiriwang ng mga Ilaw (Hanukkah) , at ipinagdiriwang tuwing December (ang petsa ay nagbabago kada taon dahil ang mga Hudyo ay gumagamit ng isang lunar kalendaryo).

8:12 “sa pagsalangsang” Ang ilan ay nakita ito bilang: (1) ang mga kasalanan ng Hudyong tao (cf. 9:24) na pinahintulutan ng Diyos na maparusahan ng mga dayuhang pinuno (cf. Isaias 10:5; Jeremias 51:20); (2) ang mga kasalanan ng pinuno ng Hudyo na tumulong kay Antiochus; o mas marahil sa kontekstong ito (3) ang kasalanan ng Antiochus IV Epiphanes (cf. vv. 13,23).

▣ **“ang hukbo”** Ito ay tila ito tumutukoy sa bayan ng Diyos. Tignan puna sa v. 10.

▣ **“palaging handog”** Tignan puna sa v. 11.

▣ **“iniwaksi ang katotohanan sa lupa”** Ang kaparehong PANDIWA (BDB 1020, KB 1527, *Hiphil* DI-GANAP) ay lumitaw sa v. 11 at sa Ezekiel 19:12, ngunit ang konsepto ay ipinahayag sa Isaias 59:14. Sa pangkalahatan ito ay tumutukoy sa pagsamba ng Diyos o ang salita ng Diyos.

▣ **“at gumawa ng kaniyang maibigan at guminhawa”** Ito ay tumutukoy sa pagsasariling ugali ng makasalanang sangkatauhan, na pabalik-balik na tema sa Daniel (cf. 5:19; 8:4; 11:3,16,36).

8:13 “narinig ko ang isang banal” Ito ay isinalin na “banal” sa 7:18,21,22,25 at tumutukoy sa matapat na mga mananampalataya. Ito ay dapat na tumutukoy sa usapa sa pagitan ng dawalang mga anghel (cf. posibleng 7:27) para sa benepisyo ni Daniel. Ibang mga OT titulo para sa mga anghel (1) “mga anak ng Diyos” (cf. Genesis 6:2; Job 1:6; 2:1; 38:7; Awit 29:1; 89:6-7); (2) “ang mga banal” (cf. Daniel 4:13; Awit 89:5, 7; Zacarias 14:5); (3) “mga tagapagmasid” (cf. Daniel 4:13, 17, 23); (4) minsan “lalake” o “mga lalake” (cf. 8:15,16; 9:20; 10:5,16,18; 12:6-7; Zacarias 1:8,10,19; 2:1,3).

▣ **“Hanggang kailan”** Hindi ito tumutukoy sa propesiya ni Jeremias patungkol sa isang pitumpung taong pagpapatapon (cf. 9:2; Jeremias 25:11,12; 29:10; Zacarias 7:5). Ito ay konektado ang “maliit na sungay” sa ikatlong emperyo (i.e. Greece, cf. 8:21), na tinalakay sa vv. 9-14. Samakutwid, ang saklaw na panahong ito ay kaugnay sa mga kabangisan ni Antiochus IV (175-164 B.C.), na lumapastangan sa templo at nagtangka na puwesahin ang indibidwal, matapat na mga Hudyo na maging Hellenista.

Ang TEV nagsalin dito upang ang tatlong mga aspeto sa katanungan na mangibabaw.

1. Gaano katagal ang mga bagay na ito ay patuloy na nakita sa pangitain?
2. Gaano katagal ang maruming kasalanan makakapalit sa pang-araw araw na mga sakripisyo?
3. Gaano katagal ang hukbo ng langit at ang Templo ay yuyurakan?

H. C. Leupold, *Exposition of Daniel*, p. 352, ay nagsasabi na ang Hebreong teksto ay may apat na mga bagay sa aposisyon sa “pangitain.”

1. ang regular na pang-araw araw na mga handog
2. ang krimeng-nagdudulot ng takot
3. ang santwaryo na dadaanan ng mga paa
4. ang hukbo ng dadaanan ng mga paa

▣ **NASB “ang pangitain tungkol sa palaging handog na susunugin”**

NKJV “ang transgresyon ng desolasyon”
NRSV “ang transgresyon na nakakapanglaw”
TEV “ang nakakakilabut na kasalanan”
NJB “ng nakakatakot na kasalanan”

Ito marahil ay tumutukoy sa idolo ni Zeus Olympius, na inilagay ni Antiochus sa templo (II Maccabees 6:2). Ang PANDIWA, “nakakapanglaw” (BDB 1030, KB 1563, *Qal* AKTIBONG PANDIWARI) ay may salitang paglalaro mula sa Canaanite diyos, *Ba'al Shamem* (“Panginoon ng Langit”), dahil ang “langit” ay may kaparehong mga katinig gaya ng “nakakapanglaw.” Si Zeus ay ang Griyegong katapat ni *Ba'al*.

Ang kaparehong pariralang ito ay lumitaw sa 9:27; 11:31; at 12:11. Ito ay tumutukoy sa magkaibang mga kabangisan, ngunit lahat ay ikinonekta sa pamamagitan ng rebelyon laban sa Diyos at sa Kanyang bayan. Sa Bibliya ito ay maaring tumutukoy kay (1) Antiochus IV; (2) pagkawasak ni Titus sa Jerusalem noong A.D. 70; at (3) ang pangwakas na panahon antikristo (ang aklat ng Pahayag). Ito ay halatang isang pangkatang katuparang propesiya.

8:14 “Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga” Ang pariralang ito binigyan kahulugan sa dalawang mga paraan: (1) 2300 buong mga araw (E. J. Young, pp. 173-175) o (2) isang bilang na katumbas sa tatlo at kalahating mga taon na sumusunod sa pagkakagamit sa Genesis 1 (“mga gabi at mga umaga”) at ang pariralangkaugnay sa pag-uusig sa Daniel 7:25. Ang konteksto ay pumapabor sa #2 dahil sa pagkagamit ng isang kaparehong periyod ng panahon sa Daniel at Pahayag. Tignan puna sa 7:25.

Nagkakaibang mga komentaryo ay pinili ang isa kaysa sa iba. Gusto ko ang #2, ngunit si H. C. Leupold, *Exposition of Daniel*, p. 355, ay nagsipi sa isang Aleman na komentaryo, Meinhold (1889), “. . . ang buong kasiya-siyang komputasyon ay hindi alinman natagpuan rito o para sa magkaugnay na mga periyod ng mga kabanata siyam at labindalawa.” Ang problema ay ating nakalimutan na ito ay isang apokaliptiko/propetikong panitikan, hindi kasaysayan.



NASB “kung magkagayo'y malilinis ang santuario”
NKJV “ang santwaryo ay malilinis”
NRSV “ang santwaryo ay mapapanumbalik sa tawamang kalagayan”
TEV “ang Templo ay mapapanumbalik”
NJB “ang santwaryo ang kanyang mga karapatan ay mapapanumbalik”

Ang PANDIWA, *Niphal* BALINTIYAK (BDB 842) ay ginamit sa anyong ito lamang sa OT. Ang pangunahing kahulugan ay “maging matuwid o mabuti,” kaya dito ito ay maaring magoahiwatig ng, “ay ilalagay sa tama o nararapat na dalisay na kondisyon.” December 12, 165 B.C. ay ang petsa sa paglilinis at pagpapanumbalik sa templo sa Jerusalem ni Judas Maccabeus. Tignan puna sa v. 11.

TALATA SA NASB (BINAGO): 8:15-17

¹⁵“nang ako, Daniel, ay makakita ng pangitain, na aking pinagsikapang maunawaan; at narito, nakatayo sa harap ko ang isang kawangis ng isang tao. ¹⁶At narinig ko ang tinig ng isang tao sa pagitan ng mga pangpang ng Ulai, na tumatawag at nagsasabi, ‘Gabriel, ipaaninaw mo sa taong ito ang pangitain.’ ¹⁷Sa gayo'y lumapit siya sa kinatatayuan ko; at nang siya'y lumapit, ako'y natakot at napasubasob: nguni't sinabi niya sa akin, Talastasin mo, Oh anak ng tao; sapagka't ang pangitain ay ukol sa panahon ng kawakasan.”

8:15 “na aking pinagsikapang maunawaan” Gaya ng Hentil mga hari ay nangangailangan ng bigay ng

Diyos na kaloob sa pag-uunawa ni Daniel sa kanilang mga panaginip, kaya si Daniel ay nangangailangan ng makalangit na nilalang na tumulong sa kanya. Ang mala-anghel na pamamagitan at interpretasyon ay isa sa katangian ng apokaliptikong panitikan. Ang mga tao ay hindi madidiskobre ang katotohanan. Ito ay dapat na ihayag!

▣ **“kawangis ng isang tao”** Ito ang Hebreong salita *gbr*, (BDB 149) na gumagawa sa pangalang Gabriel. Ito ay walang kinalaman sa 7:13. Ang mga anghel ay madalas na lumitaw sa taong anyo (cf. Zacarias 1:8,10; 2:1,4). Hindi ito naglalarawan sa kanilang tunay na esensya, simpleng paano sila lumilitaw sa atin. Tignan puna sa v. 13.

8:16 “Gabriel” Tanging dalawang mga anghel ay pinangalanan sa Bible, Gabriel at Michael. Michael ay tinawag na Arkanghel ng Israel (cf. 10:13,21; 12:1; Jude v. 9), habang si Gabriel tila ang mensaherong anghel ng Diyos (cf. 9:21; Lucas 1:19,26). Ang kanyang pangalan ay nangahulugang “lalake ng Diyos” o “malakas na lalake ng Diyos” (BDB 150).

8:17 “Sa gayo'y lumapit siya sa kinatatayuan ko; at nang siya'y lumapit, ako'y natakot at napasubasob” Ang mga tao ay nabigla sa presensya at kadakilaan ng espiritwal na kaharian.

1. Diyos, Genesis 17:3; Job 13:11,21; Ezekiel 1:28; 3:23; 44:4
2. mga anghel, Daniel 8:17; 10:9,10,12,15,19; Pahayag 1:17
3. mga pangitain, Job 7:14 (4:13-14); Daniel 7:28; 8:27

▣ **“anak ng tao”** Dito “tao” simpleng tumutukoy kay Daniel bilang taong nilalang (*Adam*, cf. v. 16), gaya ng sa Ezekiel 2:1; 3:1; 4:1; 5:1; 6:2; 7:2; 12:2,8; at Awit 8:4. Ang anghel na si Gabriel ay sinasabihan si Daniel.

▣ **“Talastasin”** Ito ay isang *Hiphil* PAUTOS (BDB 106, KB 122), gaya ng sa v. 16 (cf. Juan Jose Owens, *Analytical Key to the Old Testament*, vol. 4, p. 737). Si Gabriel ay inutusan ng lalake sa ibabaw ng Ulai (i.e. isang anghel) upang tulungan si Daniel na maunawaan ang usapan (cf. v. 15), binigkas sa diyologo sa pagitan n dalawang mga banal (i.e. mga anghel) sa vv. 13-14.

▣ **“ang pangitain ay ukol sa panahon ng kawakasan”** Ang pangitaing ito ay tila ito tumutukoy sa hindi kalayuang panghinaharap, ngunit medyo malapit na panghinaharap (i.e. Mga emperyo ng Persia at Greece). Ito ay dapat na magbigay sa mga modernong interpreter ng isang babala patungkol sa pagusbok na maipalawanag ang pariralang “ang panahon sa wakas” (cf. v. 19) gaya ng laging eskatolohikal. Sa 11:40 “ang pangwakas na panahon” ay ginamit sa periyod ng Griyegong panuntunan na nagsasangkot sa mga kaharian sa Ptolomies at Seleucids (323- 165 B.C.).

TALATA SA NASB (BINAGO): 8:18-26

¹⁸“Samantalang siya nga'y nagsasalita sa akin, ako'y nagupiling sa isang mahimbing na pagkakatulog na padapa; nguni't hinipo niya ako, at itinayo ako. ¹⁹At kaniyang sinabi, ‘Narito, aking ipaaaninaw sa iyo kung ano ang mangyayari sa huling panahon ng pagkagalit; sapagka't ukol sa takdang panahon ng kawakasan. ²⁰Ang lalaking tupa na iyong nakita, na may dalawang sungay, ang mga yaon ang mga hari sa Media at Persia. ²¹At ang may magaspang na balahibo na lalaking kambing ay siyang hari sa Grecia: at ang malaking sungay na nasa pagitan ng kaniyang mga mata ay siyang unang hari. ²²At tungkol sa nabali, sa dakong tinayuan ng apat, ay apat na kaharian ang magsisibangon mula sa bansa, nguni't hindi sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan.

²³At sa huling panahon ng kanilang kaharian,
pagka ang mananalangang ay nagsidating sa kapuspusan,

isang hari ay babangon,

at nakaunawa ng malabong salita.

²⁴At ang kaniyang kapangyarihan ay magiging dakila, nguni't hindi sa pamamagitan ng kaniyang sariling kapangyarihan,

at siya'y lilipol na kamanghamangha

at ginhawa, at gagawa ng kaniyang maibigan;

at kaniyang lilipulin ang mga makapangyarihan at ang banal na bayan.

²⁵At sa kaniyang paraan

kaniyang palulusugin ang pagdaraya sa kaniyang kamay;

at siya'y magmamalaki ng kaniyang loob, at sa kanilang ikatitiwasay ay papatay ng

marami. siya'y tatayo rin laban sa prinsipeng mga prinsipeng,

nguni't siya'y mabubuwal hindi ng kamay.

²⁶At ang pangitain sa mga hapon at mga umaga

na nasaysay ay tunay; nguni't ilihim mo ang pangitain,

Sapagka't ukol sa maraming araw na darating.”

8:18 “ko'y nagupiling sa isang mahimbing na pagkakatulog” Ang presensya sa espirital na kaharian ay nagdulot sa mga tao na matakot at mawalan ng malay (BDB 922, KB 1191, cf. Genesis 15:12; Job 4:13; Daniel 10:9). Sa Pahayag 1:17 si Juan ay tumingin na parang siya ay namatay!

▣ **“hinipo niya ako”** Ang hipo ng anghel ay isang dakilang kaginhawaan (cf. 10:10,16,18; I Hari 19:7; Pahayag 1:17).

8:19 “ang mangyayari sa huling panahon ng pagkagalit” Ang terminong ito (BDB 276) ay ginamit ng madalas sa Isaias sa galit ni YHWH laban sa Kanyang tao para sa kanilang kawalang pananampalataya sa tipan; samakutwid, Pinarurusahan Niya sila sa pamamagitan ng mga dayuhang mga bansa (cf. Isaias 10:5-6,25; 13:2-16 [lalo na v. 5]). Gayunpaman, ang Kanyang indignasyon ay magpapawi (cf. Isaias 26:20; 30:27; 66:7-24 [lalo na v. 14]). Ang temang ito ay nagpatuloy sa Ezekiel (cf. 21:31; 22:24,31). Ito ay nagbabala sa Deuteronio 28:49-57.

Sa kontekstong sa aklat ni Daniel ang kanyang indignasyon (BDB 276) ay may kinalaman sa pagsasarili at pagkaarogante ng Hentil na mga bansa na ginamit ng Diyos upang hatulan ang Kanyang bayan. Ang kanilang pagkaarogante ay itinuro sa distansyang panghinaharap (i.e. Greece para 8:19 at pangwakas na panahong Antikristo para 11:36 [cf. 7:8,20-22,23-26; II Tesalonica 2; Pahayag 12-13]). Ngayon ay Kanyang hahatulan ang mga Hentil na bansang ito (cf. 11:36).

▣ **“sapagka't ukol sa takdang panahon ng kawakasan”** Ang pariralang ito (BDB 417) ay natagpuan dito at sa 11:27,29,35, na lahat ay tumutukoy sa mga pangyayari na kaugnay sa Greece, lalo na kay Antiochus IV, na agresibong umaatake sa tao ng Diyos.

Ang pagkalito ay napakakaraniwan sa paginterpret ng Daniel ay ang pagkabigo na:

1. makilala ang dyanrang ito subukang makilala ang lahat ng mga detalye ng historikal
2. makilala ang malapit na panghinaharap na mga simbolo at ang malayong panghinaharap na mga simbolo
 - a. ang maliit na sungay ng kabanata 7 vs. 8
 - b. 9:1-23 vs. 9:24-27
 - c. 11:1-35,40-45 vs. 11:31-39
3. makilala ang pagsasanib ng laban sa Diyos na mga kaharian. Ang ikaapat na kaharian ay ang Roma, ngunit higit pa, lahat ng Hentil mundong nagdodominang mga kapangyarihan.

8:20 “Ang lalaking tupa. . . Media at Persia” Ang tupa ay tanda ng Persia (Aries, ang Zodiac na tanda), ngunit ang tupa ay ang batay na espiritu rin ng Persia at ang hari ay nagsuot ng sagisag ng tupa sa labanan.

8:21 “ang may magaspang na balahibo na lalaking kambing. . . Grecia” Sa 8:5 mayroong isang Hebreong konstruk para sa lalakeng kambing (BDB 862 at 777). Sa 8:21 mayroong dalawang mga salita na ang *Handbook on the Book of Daniel*, mula sa United Bible Societies, ay nagsasabi na binubuo ang Hebreong salita para sa lalakeng kambing (BDB 972 II) at ang Aramaic na salita para sa dalagang kambing (BDB 862), na oposisyon, p. 222. Ang PANG-URING anyo ng terminong ito ay nangahulugang “mabuhok,” samakutwid, ang karagdagang salita na “mabalahibo” sa 8:21. Ang karagdagang terminong ito ay madalas na tumutukoy sa mga kambing na inalay bilang kasalanang sakripisyo (cf. Levitico 4:23,24; 9:15; 16:5,7-8; Bilang 7:16).

Ang kambing ay ang Zodiac na tanda ng Greece, Capricorn, at ito ay ang pambansang simbolo sa Macedoniang eskudo. Ang mga dalawang talatang ito ay napakahistorikal at partikular sa identipikasyon sa ikalawa at ikatlong Hentil na mga kaharian ng pangitain ng Daniel.

▣ **“unang haring”** Ito ay halatang si Alexanderna Dakila.

8:22 “hindi sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan” Wala sa mga kalabang Griyegong mga heneral (mga satrapo) ay nakapantay sa kapangyarihan at lawak ng kaharian ni Alexander!

8:23-26 Ang mga talatang ito ay patula sa anyo sa NASB, NRSV, NJB, at REB na mga salin.

8:23 “isang hari ay babangon, nakaunawa ng malabong salita” Ito ay tila naglalarawan sa pagbangon sa kapangyarihan ni Antiochus IV Epiphanes.

▣

NASB	“nakaunawa ng malabong salita”
NKJV	“na nakakaunawa sa nakakatakot na mga plano”
NRSV	“mahusay sa intriga”
TEV	“matigas ang ulo, may malisya at mapanglinlang”
NJB	“magaling mag-isip na tao”

Ito sa literal ay “malakas ang mukha” (Konstruk BDB 738 at 815) at “siya na nakakaunawa ng mga bugtong” (Konstruk BDB 106 at 295).

8:24 “At ang kaniyang kapangyarihan ay magiging dakila, nguni't hindi sa pamamagitan ng kaniyang sariling kapangyarihan” Dito muli, ay ang pabalik balik na tema ng pagkontrol at direksyon ng Diyos ng kasaysayan ng tao (cf. v. 25f; 2:20-23). Ginamit ng Diyos ang Assyria, Babilonia, Persia, Greece, Roma, at gagamit kung sinoman ang piliin Niya upang makamit ang Kanyang kalooban (cf. Roma 9)! Madalas ang mga tao, maging tubusin ang mga tao, hindi naunawaan (cf. Isaias 55:8-11).

▣

NASB	“at kaniyang lilipulin ang mga makapangyarihan”
NKJV	“kanyang wawasakin ng buong takot”
NRSV	“ay magdudulot ng nakakatakot na destruksyon”
TEV	“ay magdudulot ng teribleng destruksyon”
NJB	“ay may masamang balak ng hindi mapaniwalaang mga plano”

Ang unang PANDIWA (BDB 810, KB 927) ay isang *Niphal* PANDIWARI at ang ikalawang PANDIWA (BDB 852 II, KB 1026) ay isang *Hiphil* DI-GANAP. Ang salitang ito ay madalas na ginamit

para sa mga kahanga-hanga at dakilang mga gawa ng Diyos (cf. Exodo 15:11; Isaias 25:1; 29:14; Daniel 12:6). Dito, gayunpaman, ito ay nagsasalita sa nakakakilabot na mapanirang mga gawa ng haring ito sa ikatlong emperyo (cf. 8:11-13).

▣ **“at ginhawa, at gagawa ng kaniyang maibigan”** Tignan puna sa 8:12.



NASB “kaniyang lilipulin ang mga makapangyarihan”

NKJV “ay wawasakin ang makapangyarihan”

NRSV, NJB “ay sisirain ang makapangyarihan”

TEV “ay magdadala ng pagkawasak sa makapangyarihang mga tao”

Ang PANDIWA ay nanghulugang “sira” (BDB 1007, KB 1469, *Hiphil* GANAP, cf. Genesis 6:12; Deuteronio 4:16; 31:29; Ezekiel 16:47), “nagiba” (cf. Mal. 3:11), o “nawasak” (cf. v. 25; Isaias 36:10; Jeremias 51:20).

Ang PANG-URI “malakas” madalas na mangahulugan ng maraming bilang (BDB 783, cf. “marami” ng v. 25d). Dahil pampanitikang istilo ni Daniel ito ay siguradong at posible na “ang malaks na mga lalake” at “ang banal na mga tao” ay kahanay. Ang ibang opsyon ay maaring makita ang “malakas na lalake” gaya ng hukbo ng pambansang politikal na magkalaban. Ang buong parirala ay nagpapakita ng kompletong tagumpay (maliit na mga sungay) ng hari.

Ang pariralang ito “ang banal na tao” ay sa literal “ang bayan ng mga banal,” na napakapareho sa 7:27. Maraming mga iskolar ang naniwala na ang parirala sa 7:27 ay kahanay sa “ang mga banal” ng 7:18,22, at 25. Sa konteksto 8:24 ay hindi tumutukoy sa mga anghel.

8:25 Ito ay tumutugma sa anomang alam natin kay Antiochus IV. Tignan rin ang I Maccabees 1:29-41,44-50; 4:38-39.

▣ **“siya’y magmamalaki ng kaniyang loob”** Ang PANDIWA (BDB 152, KB 178) ay isang *Hiphil* DI-GANAP. Ito ang naging pabalik balik na problema ng makasalanang sangkatauhan at lalo na ang mapaniil na mga diktador at mga potentante. Ang aktibidad na ito ay laging nang-aakit sa atensyon ng Diyos (cf. Isaias 9:9; 10:12; Daniel 5:20; 8:11; 11:36-37).



NASB “sa kanilang ikatitiwasay”

NKJV “sa kanilang kasaganaan”

NRSV, TEV “walang babala”

NJB “kinuha ng hindi namamalayan”

Ang terminong “ng matiwasay” (BDB 1017) ay nangahulugan katahimikan sa pakahulugan ng seguridad, ngunit walang babala sa takdang panahon at sa takdang lugar (marahil “ang Magandang Lupain,” i.e. Palestina, cf. 8:9,11,16,41), sila ay aatikin (cf. 11:21,24).

Ang mananalakay ay ang ang hari ng v. 23 at yaong inatake ay ang “ang malakas na lalake at ang banal na bayan” ng v. 24.

▣ **“siya’y tatayo rin laban sa prinsipeng mga prinsipeng”** Ang PANDIWA (BDB 763, KB 840) ay isang *Qal* DI-GANAP. Ang kaparehong salita na ito, “prinsepe” (BDB 978, cf. 8:11,25; 10:13,21; 12:1) ay isinalin sa “kumander” sa v. 11 at tila sa kontekstong ito ay tumutukoy kay YHWH (cf. Josue 5:12-15). Ang Hebreong salita ay hindi nagpapahiwatig ng isang kinurunahang prinsipeng, kasamang rehente, o pinuno sa paghihintay gaya ng sa Englis, ngunit ang hepeng pinuno. Ito ay ginamit para sa Mesyas sa Isaias 9:6,7; ni Michael ang Arkanghel (cf. Jude 9); at ng Israel sa 10:13,21; 12:1.

Ang paulit ulit na “Prinsipeng mga prinsepe” ay isang Hebreong panukdulan, “na pinakadakila sa lahat ng mga pinuno” (i.e. Hari ng mga hari, cf. 2:37,47; Ezekiel 26:7; o [Diyos ng mga diyos]; Ezra 7:12).

▣ **“nguni't siya'y mabubuwal hindi ng kamay”** Ang PANDIWA (BDB 990, KB 1402) ay isang *Niphil* DI-GANAP. Ito ang pabalik-balik na tema ng soberenidad at kontrol ng Diyos (cf. 2:20-23).

8:26 “mga hapon at mga umaga” Ito ay tumutukoy sa pag-aalay ng isang tupa sa templo bawat umaga at gabi (cf. vv. 11-14,19).

Ang Hudyong kultura ay nagsisimula sa bagong umaga at gabi, sumusunod sa ayos ng Genesis 1:5,8,13,19,23,31. Ang pangitain at propesiya ng kabanata 8 ay panghinaharap sa Daniel, ngunit ipinasa sa atin. Ito ay nagbibigay sa atin ng isang dakilang oportunidad upang husgahan ang propetiko /apokaliptiko wika sa uisang kilalang pangyayari (cf. D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*, pp. 103-128). Ating mababasa ang I Maccabees, Josephus, at mga sekular na mga kasaysayan upang ikumpara kung paano ang pangyayari ay itinala sa Bibliya at sa labas ng Bibliya. Ang pagkakaiba ay ipinakita sa atin (1) ang may istilo na wika ng Hebreong propesiya at (2) ang lagpas at maemosyonal na mga hyperbola ng apokaliptikong simbolismo.

▣ **“na nasaysay”** Tignan mga talata 15-25.

▣ **“ay tunay”** Ito ay (BDB 54) dapat posibleng maunawaan bilang tiyak na mangyayari gaya kung paano ito inihayag sa vv. 15-25. Para sa isang mabuting talakayan ng kahulugan at katotohanan sa Kasulatan tignan Kevin. J. Vanhoozer, *Is There a Meaning in This Text?*

▣ **“nguni't ilihim mo ang pangitain”** Ang lihim na ito ay makikita sa 7:28 at 12:4,9. Ito sa literal ay, “pigilan tayo” o “patahimikin” (BDB 711, KB 771, *Qal* PAUTOS, cf. II Hari 3:19; II Cronico 32:4,30; ang BALINTIYAK sa Daniel 12:9). Ito ay nangangahulugan na ang pariralang ito ay maaring mangahulugan na panatilihin ang pangitain, hindi itago ang sekreto!

TALATA SA NASB (BINAGO): 8:27

²⁷“At akong, si Daniel, ay nanglupaypay, at nagkasakit na ilang araw; nang magkagayon ako'y nagbangon, at ginawa ko ang mga gawain ng hari: at ako'y natigilan sa pangitain, nguni't walang nakakaunawa.”

8:27

NASB “nagkasakit na ilang araw”

NKJV “nawalan ng malay at may sakit ng ilang araw”

NRSV “ay nasupil at nakahiga dahil sa sakit ng ilang araw”

TEV “Ako ay nalungkot at may sakit ng ilang mga araw”

NJB “nawalan ng malay; Ako ay nagkasakit ng ilang mga mga araw”

Ang pangitain ng parehong 7:28 at 8:27 ginawa si Daniel na magkasakit ng pisikal.

▣ **“walang nakakaunawa.”** Ang pariralang ito ay nakakabigla ayon sa liwanag ng vv. 15-19!

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga

pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang binanggit ng dalawang mga hari sa kabanata 8?
2. Dapat ba nating kilalanin ang maliit na sungay ng kabanata 7 kasama ng maliit na sungay ng kabanata 8? Bakit at bakit hindi? Sino ang mga maliit na sungay na ito?
3. Sino ang mga nagkasala sa vv. 12, 23?
4. Kanino ang propesiya nauugnay: sa panahon ni Daniel; sa periyod ng Maccabean, sa panahon ni Hesus, o sa pangwakas na panahon? Bakit?

DANIEL 9

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Ang Panalangin ni Daniel Para sa Tao	Ang Propesiya ng Pitumpung Linggo	Si Daniel ay Nanalangin Para sa Kanyang Bayan	Ang Panalangin ni Daniel
9:1-15	9:1-2 9:3-4a 9:4b-6 9:7-10 9:11-14 9:15-19	9:1-4a 9:4b 9:15-19	9:1-4a 9:4b-19
9:16-19 Ang Pitumpung Linggong Propesiya		Si Gabriel ay Ipinaliwanag ang Propesiya	Ang Anghel Gabriel ay Ipinaliwanag ang Propesiya
9:20-23	9:20-23	9:20-23	9:20-27
9:24-27	9:24-27	9:24-27	

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

- A. Nakakawili na isipin kung gaano karami ang mga naunang mga kasulatan ng mga Hebreo propeta ang nabasa ni Daniel. Tila sigurado na nabasa niya ang Ezekiel sapagkat inilarawan niya ang trono ni YHWH sa kaparehong paraan (i.e. “mga gulong,” cf. Ezekiel 10:2,6,13 at Daniel 7:9). Marami sa mga salita at mga parirala na ginamit ni Daniel ay natagpuan sa Isaias. Sa kabanatang ito tayo ay sinabihan ng partikular na si Daniel ay pamilyar sa propesiya ni Jeremias (cf. 25:9-13; 29:10).

Ang “pitumpung taon” (9:2) ay maaring makalkula (1) mula sa pagkawasak ng templo

(586 B.C.) hanggang sa muling pagtatayo ng templo (516 B.C.) o (2) mula sa pagpapatapon kay Jehoiakim (605 B.C., cf. Daniel 1:1) hanggang sa utos ni Cyrus para sa lahat ng pinatapon na pahintulutang makabalik sa kanilang tahanan at muling itayo ang kanilang pambansang mga templo (538 B.C., cf. Ezra 1:1-4; Isaias 44:28-45:7).

- B. Ang ibang mga kabanata ng Daniel ay binigyan diin ang aroganteng kawalan ng paniniwala ng mga pinunong Hentil ng sinaunang Near East. Ang Babyloniang pagpapatapon ay binanggit sa 1:1-2, ngunit hindi ang dahilan nito (e.g. Ezra 5:12). Sa kabanatang ito si Daniel ay kinilala ang kanyang personal na mga kasalanan at ang mga kasalanan ng kanyang kababayan sa isang paraan na nagpapaalala sa pangkalahatang pagpapahayag ng kasalanan ni Moses (cf. Exodo 32:30-32) at Isaias (cf. Isaias 6:5).
- C. Ang aking pagkakaunawa sa puntong ito ng aking pag-aaral na ang 9:24-27 ay tumutukoy sa Mesyas, Hesus ng Nazareth, at ito ay gumagamit ng simbolikong mganumero (7 x 10 mga pito) upang ihayag ang ilang panghinaharap historikal, nagtutubos na mga pangyayari kaugnay sa una at ikalawang pagdating ni Kristo.

Gaya ng isang kamalian sa hermenyutikal na metodolohiya ang iinterpret ang lahat ng mga detalye ng mga parabula, kaya gayundin, ang mga detalye ng apokaliptikong panitikan, dahil kapwa sila ay gumagamit ng pag-iimaha at mga simbolo upang ipagbigay alam ang isang sentral na kaototohanan. Ang kanluranin literalismo ay nagkamaling hinanap ang historikal na reperensiya sa bawat detalye sa halip ang pangkalahatang katotohanan o kahulugan.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 9:1-6

1"Nang unang taon ni Dario na anak ni Assuero, sa lahi ng mga taga Media, na ginawang hari sa kaharian ng mga taga Caldea—**2** Nang unang taon ng kaniyang paghahari akong si Daniel ay nakaunawa sa pamamagitan ng mga aklat, ng bilang ng mga taon, na sinalita ng Panginoon kay Jeremias na propeta, dahil sa pagkaganap ng pagkasira ng Jerusalem, pitong pung taon. **3**At amga hari itiningin ang amga hari mukha sa Panginoong Diyos upang humanap sa pamamagitan ng panalangin at ng mga samo, ng pagaayuno, at pananamit ng magaspang, at ng mga abo. **4**At ako'y nanalangin sa Panginoon kong Diyos, at ako'y nagpahayag ng kasalanan, at nagsabi, Oh Panginoon, Diyos na dakila at kakilakilabot, na nag-iingat ng tipan at kaawaan sa nagsisiibig sa iyo at nangagiingat ng iyong mga utos, **5**Kami ay nangagkasala, at nangagasal ng kasuwalian, at nagsigawang may kasamaan, at nanganghimagsik, sa makatuwid baga'y nagsitalikod sa iyong mga utos at sa iyong mga kahatulan."

9:1 "Nang unang taon ni Dario na anak ni Assuero, sa lahi ng mga taga Media, na ginawang hari sa kaharian ng mga taga Caldea" Tignan buong puna sa 5:31.

Ang tunay na problema sa talatang ito laban sa 5:31 ay ang pagdagdag ng pangalan ng ama, *Ahasuerus*. Ang pangalang ito ay lumitaw sa OT sa Ezra 4:6 at Esther 1:1 gaya ng si Esther ay may asawang Persiano, kilala sa kanyang Griyegong pangalan, *Xerxes*. Ang pangalan, gaya ni Darius, ay maaring isang kagalang-galang na titulo (i.e. "malakas na lalake" o "malakas na mata," cf. BDB 31). Hanggang sa puntong ito sa panahon ng walang nalalaman ang pag-aaral sa pinunong Chaldean sa lahi ng Median. Gaya ng madalas na nangyayari, ang arkeolohiya ay nagbigay ng liwanag sa ibang nalalamang makasaysayang kahirapan } (i.e. Belshazzar). Gaya, dapat tayong magpatuloy sa pagsasaliksik!

▣ **"mga taga Media"** Kung si Darius, ang anak ni Ahasuerus, ay si Cyrus, siya ay nararapat na mag-angkin ng kapwa Median at Persianong lahi.

▣ **“na ginawang hari”** Ito ay kapareho sa 5:31. Siya ba ay ginawang hari ng Diyos o sa pamamagitan ng awtoridad ng tao? Halatang pareho (cf. Isaias 44:28-45:7). Tandaan ang Daniel 2:20-23!

9:2 “pamamagitan ng mga aklat, ng bilang ng mga taon, na sinalita ng Panginoon kay Jeremias na propeta” Ito ay tumutukoy sa Jeremias 25:9-13 o 29:10, bagamat isa pang propesiya ang ginawa sa II Cronico 36:21, kung saan ang mga taon ng pagkabihag ay hinulaan bilang pitumpu sa bilang dahil sa kabiguan ng mga hudyong na panatiliin ang sabatikal na mga tao na binanggit sa Levitico 26:33-35. Ang sekuwensya ng panahon na ito ay (70 taon) ay mahalaga sapagkat ito ay pupulutin ng isang anghel sa talata 24 upang ilarawan ang isang bagong periyod ng 70 mga yunit na ang bayan ng Diyos ay dapat tiisin.

Posible na ang 70 mga taon ay tumutukoy sa isang kompletong haba ng buhay. Gaya ng Diyos ay hinatulan ang Israel ng apatnapung taon sa paglalagalag sa ilang na periyod dahil sa kanilang kawalan ng paniniwala (ang panahon kung saan ay dapat na naging mga sundalo sa oras ng rebelyon), Siya ngayon ay humahatol sa Kanyang bayan sa pamamagitan ng kahatulan na sumasakop sa kabuuang henerasyon ng walang pananampalatayang mga hudyong.

Ang banghay na ito, “ayon sa salita ni YHWH” (BDB 182 at 217), ay ginamit ng madalas sa OT para sa propetikong komunikasyon ng Diyos. Si YHWH ay nagnanasa at nagpapasimula ng isang relasyon sa mga tao na ginawa Niya para sa layunin ng pakikisama.

▣ **“dahil sa pagkaganap ng pagkasira ng Jerusalem,”** Sina Jeremias at Daniel ay gumamit ng dalawang magkaibang mga Hebreong salita para sa “desolasyon” (BDB 352 at 1031). Ang isa na ginamit dito ay sa Daniel (BDB 352) ay ginamit rin na may konekston sa propesiya ni Jeremias patungkol sa pagpapatapong ng Jerusalem (cf. Jeremias 25:9,11,18). Ang dalawang mga terminong ito ay parehong ginamit sa kabanatang ito para sa winasak at niyurakang templo sa Jerusalem (cf. 9:2 vs. 9:17,18).

9:3

NASB “At aking itiningin”
NKJV “Aking itinuon ang aking muksa paharap”
NRSV “Ako ay bumaling sa”
TEV “Ako ay nanalangin ng taimtim sa”
NJB “Aking ibinaling ang aking mukha”

Sa literal ito ay “Aking itinuon ang aking mukha sa Panginoon.” Ang idyoma na ito ay nagpapakita ng (1) personal na pagkamatalik sa panalangin. Ang panalanging ay hindi monologo, ngunt isang matalik na diyalogo o (2) si Daniel ay humarap sa nasirang templo sa Jerusalem kapag siya ay nanalangin parang ang presensya ng Diyos ay nanatili doon (cf. 6:10-11).

Ito ang unang pangitain na pinasimulaan ng pagtatanong ni Daniel (cf. Joyce G. Baldwin, *Daniel*, p. 162).

▣ **“Panginoong”** Ang NASB (1970) ay may “PANGINOON,” sumusunod sa ilang Hebreo mga manuskrito. Dito sa v. 3 ito ay ang Hebreong termino *Adon*, na nagpapakita ng “may-ari,” “master,” “asawa” at madalas na isinalin na “Panginoon.” Ang tipanang pangalan YHWH (PANGINOON) ay hindi lumabas sa v. 4. Ito ay lumitaw ng pitong beses sa kabanatang ito at wala saan man sa Daniel. Ang NASB (1995 Update) naaangkop na may “Panginoon” dito sa v. 3.

▣ **“Diyos”** Tignan Natatanging Paksa : Ang mga Pangalan para sa Pagkadiyos sa 4:2.

▣ **“samo”** Ang Hebreong salita (BDB 337) ay ginamit ng ilang mga beses sa kabanata 9 (cf. vv. 3,17,18,23). Ang terminong ito ay mga katangian ng panalangin ni Daniel para sa awa ni

YHWH.

▣ **“pagaayuno, at pananamit ng magaspang, at ng mga abo”** Ang lahat ng mga ito sa Hudyong mga tanda ng pagdadalamhati (e.g. Isaias 58:5; Jonah 3:5- 6; Esther 4:1-3).

1. Pag-aayuno – Bagamat hindi binanggit ng partikular sa mga kasulatan ni Moses, ito ay naunawaan na sa Araw ng Pagpapalubag loob (Levitico 16) pighati para sa kasalanan na maaring magsimbolo sa pamamagitan ng araw ng pag-aayuno ng buong bansa. Sa buong Hudyong kasaysayan pambansang mga trahedya na nagpapaalala ng isang taunang pag-aayuno.
2. Pananamit ng magaspang – Ito ay magaspang, simpleng damit na isinuot bilang simbolo ng pagdadalamhati.
3. Mga abo – Ito ay tila nagsimula bilang isang tanda ng pagdadalamhati sa Josue 7:6 at nahubog tungo sa isang tradisyon (cf. I Samuel 4:12; II Samuel 1:2; 13:19).

9:4

NASB, TEV **“nagpahayag”**

NKJV, NRSV,

NJB **“gumawa ng pagpapahayag”**

Ito ang Hebreong salita para sa “itapon” (BDB 392, KB 389), ginamit sa *Hithpael* bilang isang idyoma para sa “pagpapahayag sa kasalanan” (cf. Levitico 16:21; 26:40; Bilang 5:7; Ezra 10:1; Nehemias 9:3; Daniel 9:3,20). Robert Young, *Analytical Concordance*, p. 196, ay nagsasabi na ito ay nangahulugan “itapon mula sa mga kamay” kapag ang termino tumutukoy sa “pagpapahayag sa pangalan ni YHWH” (cf. I Hari 8:33,35; II Cronico 6:24,26). Kung mayroong isang pisikal na galaw na nagpapakita ng pagpapahayag ng kasalanan ay di-tiyak, ngunit hindi malamang.

▣ **“Oh Panginoon, Diyos na dakila at kakilakilabot, na nagiingat ng tipan at kaawaan sa nagsisiibig sa iyo at nangagiingat ng iyong mga utos”** Ito ay isang kahanga-hangang deskripsyon ng tipanang Diyos.

1. Ang dakila – Ito ay *El* (Diyos, BDB 42) na may PANG-URING “dakila” (BDB 152). Ang kakilakilabot – Ang pangunahing kahulugan ng terminong takot (BDB 431), ngunit ito ay ginamit dito sa *Niphal* para sa makadiyos na takot, paggalang o pagsamba (e.g. Deuteronio 7:21; 10:17; Nehemias 1:5; 4:8; 9:22).
2. na nagiingat ng tipan – Si YHWH ay tapat sa Kanyang mga pangako (cf. Bilang 23:19; Malakias 3:6).
3. kaawaan - Ito ang espesyal na tipanang PANGALAN *hesed* (BDB 338), ginamit ng madalas na madalas ng tipanang katapatan ni YHWH (e.g. Deuteronio 7:9).
4. nagsisiibig sa iyo at nangagiingat ng iyong mga utos – Ito ay ang esensya ng Mosaik na tipan (cf. Deuteronio 7:10; 27-29). Tipanang pag-ibig at katapatan sa bahagi ng Diyos ay nangahulugang magbuo ng sarili sa Kanyang tipangan bayan. Ang NT ay nagpatingkad sa katapatan ng Diyos (cf. II Timoteo 3:13) sa gitna ng kawalang pananampalataya ng tao.

9:5 **“Kami ay nangagkasala”** Pansinin ang pabalik balik na tema, vv. 5, 6, 8, 9, 10, 11, 13, 14, 15, 17. Si Daniel ay kinalala ang kanyang sarili kasama ng kanyang bayan at gumawa ng kompisyon, gaya ng ginawa ni Moses (e.g. Exodo 32:32; Bilang 11:2; 21:7) at Isaias (e.g. 6:5).

Ano listahan ng tahasang tipanang pagsuway! Ang Israel ay sumuway sa tipanang ng paulit-ulit. Ang Assyrian at Babylo niang mga pagpapatapon at ang kompletong pagkawasak ng Jerusalem at ang templo ay mga konsekuwensya.

1. “Nagkasala” (BDB 306, KB 305) – ang pangunahing kahulugan ay hindi naabot ang marka.

2. “Nakagawa ng katampalasan” (BDB 731, KB 796) – ang pangunahing kahulugan ay nakagawa ng kasalanan (“baluktutin” o “gawing baluktot”).
3. “Umakto ng may kasamaan” (BDB 957, KB 1294) – ang pangunahing kahulugan ay maging maluwag o paghiwalayin (cf. v.15).
4. “Nagrebeldel” (BDB 597, KB 632) – ang pangunahing kahulugan ay matapang na pagawa sa nalalamang pagsuway (cf. v. 9).
5. “pagliko” (BDB 693, KB 747) – ang pangunahing kahulugan ay nalalamang paglayo sa malinaw na daan (cf. v. 11).

Ang pariralang ito at v. 11 ay kapwa gumamit ng isang PAWATAS NA TIYAK ng “pagliko” (BDB 693, KB 747) upang maglarawan sa rebelyon at transgresyon ng Israel.

▣ **“nagsitalikod sa iyong mga utos at sa iyong mga kahatulan”** Awit 19:7-9 ay naglista ng ilang mga pangalan para sa tipanang mga kautusan ng Diyos.

1. “batas ng PANGINOON,” v. 7
2. “testimonya ng PANGINOON,” v. 7
3. “mga panuntunan ng PANGINOON,” v. 8
4. “mga kautusan ng PANGINOON,” v. 8
5. “takot sa PANGINOON,” v. 9
6. “mga kahatulan ng PANGINOON,” v. 9

Awit 119 ay pinupuri rin ang kautusan ng Panginoon sa akrostikong anyo.

9:6 “Na hindi man kami nangakinig sa iyong mga lingkod na mga propeta” Ang mga hudyo (mga hari, mga prinsipe, mga ninuno, at lahat ng karaniwan tao) ay hindi ignorante o hindi napagsabihan patungkol sa tipanang kalooban ng Diyos. Mayroon silang mga kasulatan ni Moises, ang mga miraglo ng Exodo, ang mga tagumpay ng pagsakop at katuparan ng Abrahamik na pangako ng lupain, ngunit hindi naging tapat (cf. II Hari 17:13-15; Jeremias 44:4,5,21; Hosea 11:2).

TALATA SA NASB (BINAGO): 9:7-14

⁷“Oh Panginoon, katuwira'y ukol sa iyo, nguni't sa amin ay pagkagulo ng mukha gaya sa araw na ito; sa mga tao ng Juda, at sa mga nananahan sa Jerusalem, at sa buong Israel, na malapit, at malayo, sa lahat na lupain na iyong pinagtabuyan dahil sa kanilang pagsalangsang na kanilang isinalangsang laban sa iyo. ⁸Oh Panginoon, sa amin nauukol ang pagkagulo ng mukha, sa aming mga hari, sa aming mga prinsipe, at sa aming mga magulang, sapagka't kami ay nangagkasala laban sa iyo. ⁹Sa Panginoon naming Diyos ukol ang kaawaan at kapatawaran; sapagka't kami ay nanganghimsik laban sa kaniya; ¹⁰Ni hindi man namin tinalima ang tinig ng Panginoon naming Diyos, upang lumakad ng ayon sa kaniyang mga kautusan, na kaniyang inilagay sa harap namin sa pamamagitan ng kaniyang mga lingkod na propeta. ¹¹Oo, buong Israel ay sumalangsang ng iyong kautusan, sa pagtalikod, upang huwag nilang talimahin ang iyong tinig: kaya't ang sumpa ay nabuhos sa amin, at ang sumpa na nakasulat sa kautusan ni Moises na lingkod ng Diyos; sapagka't kami ay nangagkasala laban sa kaniya. ¹²At kaniyang pinagtibay ang kaniyang mga salita, na kaniyang sinalita laban sa amin, at laban sa aming mga hukom na nagsihatol sa amin, sa pagbabagsak sa amin ng malamga hari kasamaan; sapagka't sa silong ng buong langit ay hindi ginawa ang gaya ng ginawa sa Jerusalem. ¹³Kung ano ang nasusulat sa kautusan ni Moises, lahat ng kasamaang ito'y nagsidating sa amin: gayon ma'y hindi namin idinalangin ang biyaya ng Panginoon naming Diyos, upang aming talikuran ang aming mga kasamaan, at gunitain ang iyong katotohanan. ¹⁴Kaya't iniingatan ng Panginoon ang kasamaan, at ibinagsak sa amin; sapagka't ang Panginoon naming Diyos ay matuwid sa lahat ng kaniyang mga gawa na kaniyang ginagawa, at hindi namin dininig ang kaniyang tinig.”

9:7 “katuwira'y ukol sa iyo” Ang terminong “katuwiran” (cf. vv. 14,16) ay ang Hebreong salita (BDB 841-842) para sa “panukat na tambo,” “ruler,” o “pamantayan.” Ang Diyos mismo ay ang pamantayan ng paghahatol.

Ang tanging pag-asa ng makasalanang sangkatauhan sa pagtupad ng pamantayan ng Diyos ay ang ipinaratang na katuwiran ni Hesukristo (cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48; II Corinto 5:21). Kaya ang OT ay simpleng punong maestro na nagdadala sa atin kay Kristo (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38; Galacia 3:19-26). Tignan Natatanging Paksa : Katuwiran sa 4:27.



NASB, NRSV “pinagtabuyan”
NKJV “kahihyan ng mukha”
TEV “kahihyan sa ating sarili”
NJB “ang pagtingin ng kahihyan”

Gaya ng tipanang katapatan (v. 4) at katuwiran ay nagmumula sa matapat na Diyos, gayundin ang tipanang kawalang katapatan at bukas na kahihyan ay mula sa walang pananampalatayang mga tao.

Ang Hebreong banghay na ito (BDB 102 at 815) ay isinalin sa “pagkalito ng mukha” o “kahihyan ng mukha” (cf. v. 8). Ang parehong pagkabanghay ay natagpuan sa II Cronico 32:21. Ang pariralang ito ay tumutukoy sa pagpapatapon sa Israel na kinuha mula sa Lupang Pangako. Ito ay nagsira sa reputasyon Diyos sa mga bansa. Nais Niya na pagpalain ang Israel at gamitin siya bilang ilaw upang dalhin ang mundo sa Kanya (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6), ngunit ang kanilang pagtataksil sa tipan ay nagresulta sa paghahatol sa kanila at isang maling pagunawa kay YHWH ng mundo (cf. Ezekiel 36:22-38).



NASB “gaya sa araw na ito”
NKJV “gaya ng araw na ito”
NRSV “gaya sa araw na ito”
TEV -----
NJB “ating ginamit ngayon”

Ang pinakamainam na kahanay upang tulungang maunawaan ang teolohiya ng pariralang ito ay Ezekiel 36:22-38, na siyang tunay na deskripsyon ng “ang Bagong Tipan” ng Jeremias 31:31-34.

▣ **“sa mga tao ng Juda, at sa mga nananahan sa Jerusalem, at sa buong Israel”** Ito ay tumutukoy sa “ang desolasyon” sa v. 2. Pinahintulutan ng Diyos ang Assyria (cf. Isaias 10:5) at Babylonia (cf. Jeremias 51:20) upang ipatapon ang Kanyang sariling bayan.

▣ **“na malapit, at malayo, sa lahat na lupain na iyong pinagtabuyan dahil sa kanilang pagsalangsang”** Ang tipanang bayan ng Diyos, ang mga inapu ni Abraham na pinangakuan ng Diyos ng isang lupain (cf. Genesis 12:1- 3, etc.), ay tinanggal sa lupang pangako at ikinalat sa mga bansa dahil sa kanilang idolatrya at paglabag sa tipan (cf. I Hari 8:46).

9:9 “Sa Panginoon naming Diyos ukol ang kaawaan at kapatawaran” Ang terminong “kaawaan” (BDB 933) ay maaring isang metapora mula sa salitang “sinapupunan,” magkagayon ay nagsasalita sa pamilyang pag-ibig. Ang Diyos ay madalas inilalarawan ang Kanyang mga gawa sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pampamilyang mga imahe (ama, kamag-anak na manunubos, mga magulang, pamilya, atbp.).

Mayroong lamang ilang mga lugar sa OT kung saan ang karakter ng Diyos ay lumayo sa ganun kalinawan (cf. Exodo 34:6-7; Awit 103:8-14; Joel 2:13; Nehemias 9:17-21). Ang tanging pag-asa ng

makasalanang sangkatauhan ay ang di-nagbabago (cf. Malakias 3:6), mahabaging karakter ng Diyos (cf. 9:18; Malakias 3:6)!

Ang terminong “kapatawaran” ginamit dito ay bihirang anyo (PANGMARAMIHAN, ABSTRAK, INTENSIBO, “masaganang nagpatawad”) ng salita (BDB 699); ito rin ay ginamit sa Nehemias 9:17. Ang di-binigyan diin na anyo ay natagpuan sa v. 19.

9:10 “sa pamamagitan ng kaniyang mga lingkod na propeta” Kapag nakita natin ang Inglis na salita “mga propeta,” ating naisip si Isaias—Malakias, ngunit ang Judaismo ay naniwala na ang mga propeta ay isinulat ang Kasulatan, kaya

1. si Moses ay isang propeta (cf. Deutronomio 18)
2. ang mga kasaysayan aklat ng OT (Josue- Mga hari) ay isinulat ng mga propeta at tinawag na “ang Dating mga Propeta” ng mga rabi.

Ang pariralang ito ay naglalaman ng lahat ng Lumang Tipang hanggang sa panahon ni Daniel (cf. II Hari 17:13-15; 18:12).

9:11 “sumalangsang” Ang salita ay lumitaw dito at sa 8:23. Ang pangunahing kahulugan nito ay ang pumunta sa mas higit na hangganan (BDB 716, KB 778, *Qal* GANAP).

Pansinin ang mga serye ng ekspresyon na ginamit sa vv. 11 upang ipakita ang pagsira sa tipan ng Israel.

1. nagkasala
2. lumiko
3. hindi sumunod (cf. v. 14)
4. tayo ay nagkasala (cf. vv. 5,15)

Pansinin rin sa v. 11 kung saan sila nagkasala.

1. “Sa Iyong kautusan”
2. “Sa Iyong tinig”
3. “laban sa Kanya” (cf. vv. 8,9)

Lahat ng kasalanan ay sukdulang laban sa personal na Diyos. Hindi lamang natin nasira ang mga kautusan, ating nasira ang ating relasyon sa Isa na pinagtularan ng ating imahe (cf. Genesis 1:26-27)! Ang kasalanan ay nagwawasak sa esensya ng ating nilikhang layunin—ang ating pakikisama sa Diyos.

▣ **“sumpa”** Ang terminong “sumpa” (BDB 46) ay maari ring maisalin na “panunumpa” (cf. Nehemias 10:29). Ang tipanang terminolohiya na ito ay mula pa sa tipanang “mga sumpa at pagpapala” ng Deutronomio 27-29, kung saan ang Israel ay nangako na susunod sa salita ng Diyos (cf. Deutronomio 29:11-13). Gayonpaman, kung sila ay magrerebelde at susuway, ang panunumpa ng Diyos ay magiging sumpa (cf. Deutronomio 29:18,19,20; 30:7; II Cronico 334:24; Jeremias 29:18-19).

9:12 “At kaniyang pinagtibay ang kaniyang mga salita” Ang mga pangako ng Diyos at Kanyang mga paghahatol ay lahat naging totoo (cf. Isaias 40:8; 45:23; 46:10-11; 55:11). Ang pagkamapagkakatiwalaan ng karakter ng Diyos ay nakasalig sa pagkamapagkakatiwalaan ng Kanyang salita!

9:14

NASB	“Kaya't iniingatan ng Panginoon ang kasamaan, at ibinagsak sa amin”
NKJV	“ang Panginoon ay iningatan ang sakuna sa isipan”
NRSV	“ang Panginoon ay binantayan ang kalamidad na ito hanggang sa dinala sa amin”
TEV	“Ikaw, O Panginoon aming Diyos, ay nakahandang parusahan kami”
NJB	“Si Yahweh ay nakamatyang para sa tamang pagkakataon upang dalhin ang sakuna sa atin”

Ito ay nagpapahiwatig na anng tipanang Diyos ay naghintay para sa tamang pagkakataon upang hatulan ang masuwaying tipanang bayan. Ang Diyos ay isinagawa ang Kanyang salita ng paghahatol sa Israel (cf. Jeremias 1:9-19; 31:28a; 44:27). Ang paghahatol ay kasinghalaga ng akto ng pag-ibig gaya ng paunang tipan. Ang Diyos ay nakikitungo sa Kanyang bayan na gaya ng isang mapagmahal na magulang.

TALATA SA NASB (BINAGO): 9:15-19

15"At ngayon, Oh Panginoon naming Diyos, na naglabas ng iyong bayan mula sa lupain ng Egipto sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay, at ikaw ay nabantog gaya sa araw na ito; kami ay nangagkasala, kami ay nagsigawa na may kasamaan. **16**Oh Panginoon, ayon sa iyong buong katuwiran, isinasamo ko sa iyo, na ang iyong galit at kapusukan ay mahiwalay sa iyong bayang Jerusalem, na iyong banal na bundok; sapagka't dahil sa aming mga kasalanan, at dahil sa mga kasamaan ng aming mga magulang, ang Jerusalem at ang iyong bayan ay naging kakutyaan sa lahat na nangasa palibot namin. **17**Kaya nga, Oh aming Diyos, iyong dinggin ang panalangin ng iyong lingkod, at ang kaniyang mga samo, at paliwanagin mo ang iyong mukha sa iyong santuario na sira, alangalang sa Panginoon. **18**Oh Diyos ko, ikiling mo ang iyong tainga, at iyong dinggin; idilat mo ang iyong mga mata, at masdan mo ang aming mga kasiraan, at ang bayan na tinatawag sa iyong pangalan: sapagka't hindi namin inihaharap ang aming mga samo sa harap mo dahil sa aming mga katuwiran, kundi dahil sa iyong dakilang mga kaawaan. **19**Oh Panginoon, dinggin mo; Oh Panginoon, patawarin mo; Oh Panginoon, iyong pakinggan at gawin; huwag mong ipagpaliban, alangalang sa iyong sarili, Oh Diyos ko, sapagka't ang iyong bayan at ang iyong mga tao ay tinatawag sa iyong pangalan."

9:15 “na naglabas ng iyong bayan mula sa lupain ng Egipto” Ang Exodo ay tinupad ang mga pangako ng Diyos ng Genesis 15:12-21. Ang simbolismo mula sa Genesis 15 ay nagdalala ng konsepto na ang Diyos at Diyos lamang ang makakagawa ng aktong ito ng pagpapalaya at pangako. Sa punto ng katunayan ang OT ay kasing halaga ng isang tala ng biyaya at awa ni YHWH gaya ng sa NT. Ang karakter ng Diyos ay hindi nagbago (cf. Malakias3:6), ngunit ang tipanang mga pangangailangan ay nabago dahil sa (maging tinubos) kawalang kakayahan ng sangkatauhan na tuparin tipan (cf. Jeremias 31:31- 34; Ezekiel 36:22-38). Ang tipan ay kondisyonal parin, ngunit itinayo upang ang pagsasagawa ng Mesyas ay papalit sa pagsasagawa ng tao bilang paraan at basihan ng pagtutubos (cf. Isaias 53; II Corinto 5:21).

▣ **“ikaw ay nabantog gaya sa araw na ito”** Nais ng Diyos na gamitin ang pamilya ni Abraham upang abutin ang lahat ng mundo para sa rekonsilasyon (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6). Ang Exodo ay para sa sukdulang layunin ng ebanghelasyon ng mundo (cf. Exodo 9:16; Nehemias 9:10) na kasinghalaga ng pambansang pangako!

9:16 “Oh Panginoon, ayon sa iyong buong katuwiran” Sa v. 7 Daniel ang ipinaratang ang katuwiran sa Diyos; sa v. 14 Daniel ay natamo ang tipanang pag-aangkin, “ang Panginoon ating Diyos ay matuwid”; at ngayon sa v. 16 si Daniel ay umapela sa karakter ng Diyos (cf. vv. 17,19), hindi sa pagsuway ng Kanyang bayan (cf. v. 18), gaya ng dahilan sa pagpanumbalik sa Israel (cf. v. 20), upang makompleto ang kanilang pagkatawag bilang ang ilaw ng mga bansa!

▣ **“sa iyong bayang Jerusalem, na iyong banal na bundok”** Ang Diyos ay konektado sa Kanyang bayan at sa Kanyang templo sa Mt. Moriah (cf. v. 20). Ang mga sinauna ay kadugtong sa mga diyos ng pambansang mga grupo. Si Daniel ay namanhik sa Diyos upang umakto alang alang sa Kanyang sariling Pangalan (cf. vv. 17,18,19; Ezekiel 36:22-38). Nais at disenyo ng Diyos ay para parin sa ebanghelisasyon ng mundo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Acts 1:8).

9:17 “Kaya nga, Oh aming Diyos” Ito ay inulit sa v. 19. Daniel nagsumamo kay YHWH upang umakto at makamit ang Kanyang mga layunin sa pangmundong patotoo at pagtutubos sa pamamagitan ng Israel.

▣ **“paliwanagin mo ang iyong mukha”** Ito ay nagpapakita ng pagpapalang pormula ng Bilang 6:24,26, na nagpapakita rin sa Awit 80:3,7,19.

Ang kasunod na talata ay gumagamit rin ng pantaong pisikal na mga termino upang talakayin ang Diyos (antropomorfismo). Si Daniel ay namanhik sa eternal, espirital sa Isa na:

1. pakinagin ang Kanyang mukha sa, v. 17
2. ituon ang Kanyang tainga, v. 18
3. buksan ang Kanyang mata, v. 18
4. O, Panginoon, makinig, v. 19

9:18 “sapagka't hindi namin iniharap ang aming mga samo sa harap mo dahil sa aming mga katuwiran, kundi dahil sa iyong dakilang mga kaawaan” Si Daniel ay nanalangin na gaya ni Moses, dahil diyan siya ay nagapela sa karakter ng Diyos (cf. vv. 17,19) para sa kapatawaran at walang merito na pagpapalaya sa Jerusalem, ang templo, at ang bayan bilang ang kabuuan (cf. v. 19), walang anumang nararapat o nakamit na katuwiran sa bahagi ng Israel. Ito ang OT nagsisimulang konsepto ng pag-aarin gganap sa pamamagitan ng biyaya at pananampalataya (cf. Genesis 15:6; Roma 4:3; Galacia 3:6).

9:19 Maging sa Inglis na salin mararamdaman ng isa ang katindihan (isang serye ng mga PAUTOS) ng panalangin ni Daniel!

TALATA SA NASB (BINAGO): 9:20-23

²⁰“At samantalang ako'y nagsasalita, at nananalangin, at nagpapahayag ng amga hari kasalanan at ng kasalanan ng amga hari bayang Israel, at naghaharap ng amga hari samo sa harap ng Panginoon kong Diyos dahil sa banal na bundok ng amga hari Diyos, ²¹Oo, samantalang ako'y nagsasalita sa panalangin, ang lalamga hari si Gabriel, na amga hari nakita sa pangitain nang una, na pinalipad ng maliksi, hinipo ako sa panahon ng pagaalay sa hapon. ²²At kaniya akong tinuruan, at nakipagsalitaan sa akin, at nagsabi, Oh Daniel, ako'y lumabas ngayon upang bigyan ka ng karunungan at kaunawaan. ²³Sa pasimula ng iyong mga samo ay lumabas ang utos, at ako'y naparito upang saysayin sa iyo; sapagka't ikaw ay totoong minahal: kaya't gunitain mo ang bagay, at unawain mo ang pangitain.”

9:20 Pansinin ang lahat ng mga PANDIWARI, na pangunahing tumutukoy sa kaparehong akto.

1. pagsasalita (*Piel*)
2. panalangin (*Hithpael*)
3. pagpapahayag ng kasalanan (*Hithpael*)
4. pagrepresenta (*Hiphil*)
5. nagsasalita (*Piel*, v. 21)

▣ **“banal na bundok ng aking Diyos”** Ito ay tumutukoy sa Bundok Moriah sa Jerusalem (Jerusalem ay itinayo sa pitong mga burol), kung saan ang templo ni Solomon ay itinayo (cf. II Cronico 3:1). Ito ang kaparehong bundok kung saan si Abraham ay inalay si Isaac (cf. Genesis 22:2) at kaparehong bundok na ito ay ang kalaunang lugar kung saan si David ay nag-alay ng isang sakripisyo upang patigilin ang paghahatol ng Diyos (cf. II Samuel 24:18-25; I Cronico 21:18-27).

9:21 “ang lalaking si Gabriel” Ito ang mensaherong anghel. Ang ibig sabihin ng kanyang pangalan “lalake ng Diyos” (BDB 150, cf. 8:16). Siya ay isa lamang sa dalawang mga anghel na ang mga pangalan ay binanggit sa Bibliya, Gabriel at Michael.

▣ **“pinalipad ng maliksi”** Ilang mga komentarista ay idinugtong ito sa anghel na Gabriel na napagod sa kanyang mabilis na paglipad (Aramaism, BDB 419) at ang ilan ay nakita ito bilang pantukoy sa kapaguran ni Daniel (cf. 7:28; 8:27; 10:8- 9,16-17). Dahil sa ako ay hindi naniniwala na ang mga anghel ay napapagod, ito marahil ay tumutukoy kay Daniel.

▣ **“panahon ng pagaalay sa hapon”** Tandaan, ang templo ay winasak. Walang mga alay. Ang panggabing handog ay mahigit sa 3:00 p.m. Pinanatili ni Daniel na buhay ang ritwal ng templo sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng kanyang ugaling pananalangin (cf. 6:10)!

9:22 “upang bigyan ka ng karunungan at kaunawaan” Ang Hebreong salita “kaunawaan” (BDB 968) ay ginamit sa ilang mga pakahulugan.

1. positibong karunungan ni Daniel sa 1:4,17; 9:25
2. negatibong katusuhan ng maliit na sungay sa 8:25
3. negatibong kawalang pananampalataya ng Israel sa 9:13
4. positibong ng pinanumbalik na Israel sa 11:33,35
5. positibong periyod ng mga mananampalataya ng pangwakas na panahon sa 12:3,10

Ang Hebreong termino “kaunawaan” (BDB 108) ay ginamit sa 1:20; 8:15; 9:22; 10:1. Si Daniel ay pinagkalooban ng Diyos at binigyan kakayayahan ng malaanghel na mga interpreter upang masunggaban ang kahulugan ng mga simbolikong pangitain. Ang partikular na paliwanag na ito ay tumalakay sa pitumpung taon ng propesiya ni Jeremias mula sa v. 2.

Ang katanungan na aking patuloy na pinapamanhik kaugnayan sa diyanra ng parehong Daniel, Zacarias, at Pahayag ay, “Ang mga may-akda ay natanggap ang isang mensahe mula sa Diyos at itinayo ito bilang apokaliptikong panitikan o sila ba ay natanggap ito bilang binanghay na mga simbolo?”Maar ba itong maging totoo? Ang Diyos dagling binago ang anyo ng kapahayagan mula sa propetikong mga modelo tungo sa apokaliptikong mga modelo? Aking ipinagpalagay na aking pinaniniwalaan na ang mga kinasihang taong may-akda ay binuo ang kanilang mensahe sa simboliko, dramatiko, imahinatibo, matalinghagang mga paraan. Ang mensahe ay mula sa Diyos, ngunit ang presentasyon nito ay mula sa kinasihang mga tao na gumamit ng magkaibang pampanitikang mga diyanra.

9:23 “ang kautusan ay ibinigay” Sa literal ito ay, “ang salita ay lumabas” (BDB 422, KB 425, *Qal GANAP*). Ito ay maaring mula sa isang makapangyarihang anghel gaya ng sa 8:16 o mula sa Diyos (cf. Isaias 45:23; 55:11). Bago pa mang natapos ni Daniel ang pananalangin ang langit ay tumugon na!

▣
NASB “sapagka't ikaw ay totoong minahal”
NKJV, NRSV “dahil ikaw ay labis na minahal”
TEV “Mahal ka niya”
NJB “Ikaw ay lalake na espesyal na pinili”

Ang ipinahiwatig na ahente ay Diyos. Ang pariralang ito ay ginamit rin sa Daniel sa 10:11,19. Ang Hebreong termino (BDB nangahulugang “isang mamahaling kayamanan” (cf. 11:38,43).

TALATA SA NASB (BINAGO): 9:24-27

²⁴“tong pung sanglinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao at sa iyong banal na bayan, upang tapusin ang pagsalangsang, at upang wakasan ang pagkakasala, at upang linisin sa kasamaan, at upang dalhan ng walang hanggang katuwiran, at upang tatakan ang pangitain at ang panghuhula, at upang pahiran ang kabanalbanalan. ²⁵Iyo ngang talastasin at bulayin, na mula sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem sa pinahiran na prinsipe, magiging pitong sanglinggo, at anim na pu't dalawang sanglinggo: ito'y matatayo uli, na may lansangan at kuta, sa makatuwid baga'y sa mga panahong mabagabag. ²⁶At pagkatapos ng anim na pu't dalawang

sanglinggo, mahihwalay ang pinahiran, at mawawalaan ng anoman: at gigibain ang bayan at ang santuario ng mga tao ng prinsipeng darating; at ang wakas niyaon ay sa pamamagitan ng baha, at hanggang sa wakas ay magkakaroon ng digma; mga pagkasira ay ipinasiya na. ²⁷At pagtitibayin niya ang tipan sa marami sa isang sanglinggo: at sa kalahati ng sanglinggo ay kaniyang ipatitigil ang hain at ang alay; at sa pakpak ng mga kasuklamsuklam ay paroroon ang isang maninira; at hanggang sa wakas, at pagkapasiya ay mabubuhos ang poot sa maninira.”

9:24-27 Ang siping ito ay may kahanay o patulang aspeto (serye ng PAWATAS NA BANGHAY) at isinalin tungo sa patulang mga linya NJB (vv. 24-27) at NAB (vv. 22-26) mga salin, ngunit hindi lahat ng mga Englis na mga salin.

Ito ay isa sa pinakapartikular, ngunit pinagdedebatehan, na mga sipi sa OT. Atin bang napagpalit ang mga diyandra mula sa apokaliptiko, malabo, simboliko, imahinatibong panitikan (kabanata 7 & 8) tungo sa isang napakapartikular, historikal na propesiya (9:24-27 & kabanata 11)? Ang mga detalye ay dapat para maging isang babala sa panghinaharap kasaysayan?

Ang pangitain bang ito ay may anumang koneksyon (1) sa pangitain ng kabanata 8 at 11:1-35 o (2) ito ba ay mga karugtong pabalik sa at ipinalawak ang maliit na sungay ng ikaaapat kaharian (pangwakas na panahon Antikristo) ng kabanata 7 at 11:36-45? Ang ang pampanitikang konteksto; saang historikal na tagpuan?

Ang ikatlong opsyon ay makita ito bilang pantukoy sa panahon ni Hesus (Kanyang Inkarnasyon at pamumuhay sa mundo), na naglilimita dito sa ikalimang kaharian ng 2:35, 44-45; 7:9-10, 13-14, 18, 22, 27. Ito ang opsyon na ako ay pinakakomportable sa punto ng aking pag-aaral. Ang mga siping gaya nito ay dapat na manatiling tentatibo!

Ang talataan na ito ay gumaganap ng teolohikal sa ilang mga paraan.

1. Diyos ay pinarusahan ang Kanyang sariling bayan. Ang kasalanan ay isang nagpapatuloy na problema.
2. Ang Diyos ay papatawarin at muli papanumbalik ang Kanyang bayan. Ang kaligtasan ay laging posible.
3. Karamihan ng mga problema ay nanatili para sa Kanyang bayan (naniniwalang mga hudyo at mga Hentil).
4. Ang Mesyas ay paparating, ngunit Siya ay magiging isang nagdurusang tagapaglingkod (cf. Isaias 53), isang sugatang pastol (cf. Zacarias 12-13)
5. Ang Diyos ay hahatulan yaong mga umatake sa Kanyang bayan.

Isa sa aking alalahanin sa kontekstong ito ay ito ay ipiniresenta sa OT propetikong mga termino sa “lupain” mga pangako kay Abraham (Genesis 12,15,16), ngunit ang NT ay pinahaba ito tungo sa isang unibersal na perspektibo! Tignan Natatanging Paksa sa: Ang Tensyon sa Pagitan ng Lumang Tipang Propetikong mga Modelo at Bagong Tipan Apostolikong mga Modelo sa Zacarias 6:12. Si Daniel ay pamilyar sa mga Hentil na hari kung saan si YHWH ay inihayag ang Kanyang sarili at sila ay nagpuri sa Kanya. Ang bayan ng Diyos ay mas malawak kaysa sa panlahi na mga hudyo (cf. Roma 2:28-29; 9:6; Galacia 3:7-9,29; 6:16; I Pet. 2:5,9; 3:6; Pahayag 1:6).

Sa puntong ito pakiusap na pumunta sa Kontekstwal na mga Kaunawaan para sa kabanata 11 at basahin ang F, na tumatalakay sa kalikasan ng apokaliptikong panitikan kinuha mula sa *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic* ni D. Brent Sandy, pp. 156-158.

9:24 “Pitong pung sanglinggo” Ang Hebreong parirala (BDB 988) ay sa literal “pitumpung mga yunit ng pito” (o mga linggo). Ang mga bilang ay madalas na PAMBABAE NA PANGMARAMIHAN, ngunit dito sila ay mga PANGLALAKE NA PANGMARAMIHAN at ito ay hindi karaniwan, posible upang ipakita ang simbolikong kalikasan nito. Ang “pitumpung mga yunit ng pito” ay nag-uugnay sa pitumpung mga yunit ng propesiya ni Jeremias na inilista ni v. 2. Si Daniel ay sinasabing na

magkakaroon ng isa pang mas mahabang periyod sa kasaysayan Israel ay mawawasak muli (kapareho sa Ezekiel 38-39), ngunit siya ay aalahanin na ang Diyos ay nasa kontrol ng lahat ng kasaysayan ng tao at Siya ay magdadala sa nilikha sa banal na layunin nito.

▣ **“upang wakasan”** Ang Hebreong termino “kautusan” (BDB 367, KB 364) ay natagpuan lamang dito sa OT (mayroong tatlong mga Aramaic na mga termino na isinalit na “atas” sa 2:4-7:28, ngunit wala ang nauugnay sa Hebreong anyo na ito). Ito ay kaugnay sa isang Aramaic na termino na nangahulugan na “putulin,” “alisin,” o “magdesisyon.” Ito ay isang *Niphal* BALINTIYAK na anyo.

Ang “atas” ng v. 24 ay kahanay sa “kautusan” (literal ay “salita,” BDB 182) ng v. 25! Kapwa ay tumatalakay sa restorasyon sa sentro ng Hudyong pagsamba (cf. v. 25). Konektado sa restorasyon na ito ay eternal na nagtutubos na plano ng Diyos (cf. v. 24), na nagsangkot sa Mesyas na “ihinto” (cf. v. 26; Zacarias 9-14) at ang Jerusalem ay muling wasakin (cf. v. 26; Ezekiel 38-39).

Kung dadalhin ng isa ang historikal na periyod mula sa permiso ni Artaxerxes para kay Nehemiah upang bumalik sa Jerusalem at muling itayo ang mga pader sa bayan ng noong 445 B.C.; at kung ipagpapalagay na ang “pitumpung mga linggo” ay tumutukoy sa 490 mga taon; at kung kakalkulahan ang katapusan ng 69th linggo gaya ng sa 483 mga taon, magkagayon ang ito ay magiging napakalapit sa petsa ng pasimula (1) ministryo (i.e. bautismo) o (2) pagpapapako sa krus ni Hesus (ang pagputol sa Mesyas).

Mayroong naging tatlong mga pangunahing mga teorya patungkol sa atas na ito kaugnay sa mga monarkiya ng Persia: (1) Cyrus II, kilala bilang si Cyrus na Dakila, pinahintulutan lahat ng mga bilanggong tao na bumalik sa kanilang mga tahanan noong 538 B.C. (cf. Isaias 44:26-28; Ezra 1); (2) Artaxerxes hanggang kay Ezra noong 458 B.C. pinahintulutan ang mas maraming mga saserdote at Levita na bumalik sa Jerusalem kasama ni Ezra (cf. sa Aramaic, Ezra 7:11-26); at (3) Artaxerxes hanggang kay Nehemiah, 445 B.C. pinahintulutan si Nehemiah na bumalik sa Jerusalem upang muling itayo ang mgapader (cf. Nehemias 1:3; 2:3-8).

▣ **“upang pahiran ang kabanalbanalan”** Ang atas na ito ay tumutukoy sa Jerusalem, ngunit anong saklaw ng panahon?

1. Ezra-Nehemiah sa periyod ng Persia
2. Maccabees sa Griyegong periyod
3. si Hesus sa Romanong periyod
4. pangwakas na panahon
5. o ito ba ay isang pabalik-balik na tularan sa pamamagitan ng kasaysayan ng tao
 - a. Tipanang pagsuway sa bahagi ng bayan ng Diyos
 - b. ang galit ng di-naniniwalang sangkatauhan laban sa Diyos at sa Kanyang bayan

▣

NASB,

NKJV,

NRSV

“upang tapusin ang transgresyon”

TEV

“para sa pagpapalaya. . .mula sa kasalanan”

NJB

“pagwawakas sa transgresyon”

Ang unang bahagi ng Hebreong banghay ay nangahulugan “tapusin,” “upang kumpletuhin” (BDB 477-8, KB 476, mula sa isang Aramaic na ugat “upang patiglin” o “upang malipol,” cf. II Cronico 31:3; Ezra 9:1).

H. C. Leupold, *Exposition of Daniel*, pp. 411-412, ay nagsasabi na ito lamang ang tanging paglitaw ng isang magkaibang Hebreong PANDIWA (BDB 480, KB 476) sa *Piel* anyo at dapat na isalin na “upang matigol ng kompleto.” Ang parehong NASB at NIV ay pinuna ang posibilidad na ito sa isang talababa, ngunit ginamit ang unang opsyon sa salin.

Ang terminong “transgresyon” (BDB 833, “nagrebeld,” “himagsik,” “naglabag”) ay ginamit sa

Daniel 8 at 9 ng ilang mga magkaibang mga tao at mga kasalanan.

1. mga kasalanan ng Hudyong bayane (cf. 8:12-13,23, isang magkaibang salita sa 9:11)
2. mga kasalanan ng Hudyong pamumuno na tumulong kay Antiochus (cf. 8:12-13,23)
3. mga kasalanan ni Antiochus IV (cf. 8:12-13,23).

Talata 24 ay hindi tumutukoy sa isang partikular na panahon o uri ng pagkakasala o rebelyon, ngunit sa problema ng kasalanan, na sukduhan ay pakikitunguhan nang, hindi ng Israel, ngunit sa pamamagitan ng Mesyas (cf. Genesis 3:15; Galacia 3; Hebreos).

Mayroong anim na mga bagay na binanggit na bahagi ng pagtutubos na layunin Diyos na umusbong sa mga atas patungkol sa pitumpung mga yunit ng pito. Mayroong tatlong negatibo at tatlong positibo:

1. ang negatibo:
 - a. “tapusin ang transgresyon”
 - b. “gumawa ng katapusan sa kasalanan”
 - c. “gumawa ng pagpapalubag loob para sa kasalanan”
2. ang positibo:
 - a. “nagdadala ng walang katapusang katuwiran”
 - b. “selyuhan ang pangitain ng propesiya”
 - c. “pahiran ang Pinakabanal” (Ito ay tumutukoy sa alinman sa isang lugar [templo] o isang

persona [Punong Saserdote]) Ang mga ito ay tila nakamit ng inkarnasyon, buhay, at resureksyon ni Hesus, ngunit hindi lubusang natupad hanggang sa Kanyang Ikalawang Pagdating.

NASB “wakasan ang pagkakasala”
NKJV “tapusin ang mga kasalanan”
NRSV “maglagay ng katapusan sa kasalanan”
TEV “ang kasalanan ay mapapatawad”
NJB “para sa paglalagay ng selyo sa kasalanan”

Ang pangunahing kahulugan ng Hebreong salita ay (1) “selyuhan” (BDB 367, KB 364, cf. v. 24f; 12:4) o (2) mula sa isang magkaibang Hebreong salita (BDB 478) “tapusin” (NASB, NKJV, NRSV, NIV). Ang malayang pamumuno ng kasalanan ay dadalhin sa isang katapusan.

Ang terminong “kasalanan” (BDB 308-309, cf. 9:20) ay ang pangkalahatang termino para sa pagminitis sa marka, tunguhin, o isang daan.



NASB “upang linisin sa kasamaan”
NKJV “gumawa ng rekonsilasyon para sa kasalanan”
NRSV “upang magpalubag loob para sa kasalanan”
TEV “pagpapalaya. . .mual sa . .kasamaan”
NJB “para sa kabayaranang krimen”

Ang Hebreong parirala “upang magpalubag loob” (BDB 497), pangunahing kahulugan “upang takpan,” o “alisin.” Ang posibleng Aramaic na katapat ay maaring “hugasan” o “pahirin.”

Mayroong halatang kahanay sa mga pariralang ito sa v. 24.

1. transgresyon, 8:12,13; 9:24
2. kasalanan, 9:20,24
3. paglabag, 9:13,16,24

Mayroong nagpapatuloy na rebelyon sa mga makasalang tao. Ang Diyos ay nagnanasa ng isang katapusang pagsasara sa problema (cf. 9:24).



NASB, NKJV,
NRSV “ang magdala ng walang katapusang katuwiran”
TEV “eternal na katarungan ay naitatag”
NJB “para sa pagbibigay ng walang katapusang katapatan”

Ang Hebreong salita *olam* (i.e. “everlasting,” BDB 841) ay dapat na nainterpre ayonsa konteksto nito. Tignan puna sa *olam* sa 7:18. Ang kontekstong ito ay panghinaharap na kulminasyon o kaganapan (cf. Isaias 51:6,8; Jeremias 23:5-6). Katuwiran (BDB 761) ay ang karakter (pamantayan) ng Diyos. Tignan Natatanging Paksa : Katuwiran sa 4:27. Ang nilikha ay ninais na magpakita sa karakter ng Diyos (cf. I Tesalonica 4:7; 5:23; II Tesalonica 2:13; Titus 2:14). Tignan puna sa 9:7. Ang tunguhin ng kaligtasan ay maging gaya ng Diyos (cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48). Ang mga mananampalataya ay hindi lamang tinawag sa langit pagkatapos ng kamatayan, ngunit sa pagiging wangis ni Kristo ngayon . Ang Diyos ay nagnanais ng isang bayan na nagpapakita ng Kanyang kabanalan (cf. Roma 8:29- 30; II Corinto 3:18; Galacia 4:19; Efesos 1:4; 2:10; I Tesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15).



NASB, NKJV “at upang tatakan ang pangitain at ang panghuhula”
NRSV “selyuhan ang parehong pangitain at propeta”
TEV “upang ang pangitain at ang propesiya ay maging totoo”
NJB “para sa pagtatakda sa selyo sa pangitain at sa propesiya”

Ang Hebreong banghay na ito (BDB 367, KB 34, *Qal* PAWATAS) ay nagpapahiwatig ng isang pagtigil ng kapahayagan alinman dahil sa katiyakan ng mga pangyayari (2) ang kulminasyon ng nagtutubos na plano ng Diyos para sa kasaysayan. Ang ilan ay nakita ito bilang “tupdin ang ministryo ng mga propeta.” Sa talatang ito “pangitain” at “propesiya” ay mga hendiady. Siya mismo ay makakasaman nila, hindi kailangan ng iba para magsalita para sa Kanya.

NASB “at upang pahiran ang kabanalbanalan”
NKJV “upang pahiran ang Pinaka Banal”
NRSV “upang pahiran ang pinakabanal na lugar”
TEV “ang banal na Templo ay muling ihahandog”
NJB “para sa pagpapahaid sa kabanalbanalan”

Ang Brown, Driver, at Briggs Lexicon (BDB 871) ay nagsasabi na “ang pinakabanal na lugar” ay tumutukoy sa Jerusalem at sa mga burol nito at inilista ang vv. 16 at 20; Isaias 11:9; Jeremias 31:23; Ezekiel 20:40 bilang ilang mga kahanay. Ang PANGALANg banghay ay madalas na ginamit sa isang lugar, sa lasong ito ang pinanumbalik na templo, ngunit ang kontekstwal na kalabuan ay nagpahintulot sa parirala upang tumuoy sa isang persona (ginamit sa isang persona, Aaron, sa I Cronico 23:13). Samakatuwid, Sa aking palagay ito ay tumutukoy sa pagdating ng Mesyas sapagkat ito ang nagtatapos na parirala sa isang serye ng humahantong na mga parirala. Ang katapusan ay dumating na, ang tagumpay ay napagtagumpayan sa pamamagitan ng karakter ng Diyos at ng probisyon ng Diyos ng (1) kabanalan ng mga kabanalan (E. J. Young); (2) ng Anak ng Tao (7:13); o (3) ng Nagdurusang Tagapaglingkod (Isaias 53). Ang pinahirang Isa ay ang bagong Jerusalem (Pahayag 21) o ang makalangit na santwaryo (Hebreo 8-9). Si Hesus mismo ay ang bagong templo (cf. Juan 2:13-22 [lalo na v. 19]; Mateo 26:61; 27:40; Marcos 14:58; 15:29; Gawa 6:14). Siya ang panibagong pokus ng pagsamba (cf. Hebreo 9:11-28).

9:25 “mula sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem” Kung ito ay uunawain ng historikal magkagayon ito ay nauugnay sa

1. Atas ni Cyrus para sa lahat ng pinatapon ng mga bansa sa ilalim ng dominasyon ng Assyria at Babylonia na bumalik at muling ipanumbalik ang kanilang mga pambansang mga templo (538 B.C., cf Ezra 1:3; 6:3)
2. Atas ni Artaxerxes kay Ezra (458 B.C.) at lalo na kay Nehemias (445 B.C.) kaugnay sa restorasyon ng mga pader ng Jerusalem.

Posible na ang atas na ito ay tumutukoy sa soberenidad na nagtutubos na plano ng Diyos bilang tumukoy sa isang atas (cf. Jeremias 25:9-13). E. J. Young, *The Prophecy of Daniel: A Commentary*, p. 201, ay nagsaad na ang Diyos ang nagbibigay ng mga atas na nagpapakita sa kahanay ng v. 23

(kapwa gumamit ng kaparehong Hebreong termino, “salita,” [BDB 182], cf. Jeremias 25:13). Ang plano ng Diyos ay isinagawa sa mundo sa pamamagitan ng mga atas ng paganong mga hari (cf. Lucas 2:1).

▣ **“pinahiran na prinsipe”** Ito ay maaring e “isang pinahiran, isang pirnsepe.” Maraming mga iskolar at komentarista ay ay naunawaan ang “pinahirang isa” ay tumutukoy kay Cyrus II (cf. Isaias 41:2,25; 44:28-45:7; 46:11; 48:15) na ginamit ni YHWH upang ipinamubalik ang Kanyang bayan tungo sa Lupang Pangako. Ang mga interpreter na ito ay magkagayong magkaugnay vv. 26-27 sa panahon at aktibidad ni Antiochus IV.

Ang dahilan na ang ilang mga iskolar ay itinanggi na ang parirala ay tumutukoy sa Mesyas (cf. NET Bible, Second Beta Ed., p. 1551, talababa 23) ay dahil mayorong isang tuldik na marka (*athnach*) sa Hebreong Masoretik na Teksto, na nagpapakita ng isang paghihiwalay. Gayonpaman, sa unang pa lang, ang tuldik na mga marka ng MT ay hindi kinasihan, ngunit mga Hudyo rabinikal na mga tradisyon, at ang ikalawa, ang markang ito ay hindi lagi nagpapakita ng isang kompletong pagtatapos, ngunit dito posibleng nagpunto sa pagkakaiba sa pagitan ng panahong periyod ng pitong mga linggo at animnaput dalawang mga linggo (cf. *Christology of the Old Testament*, by E. W. Hengstenberg, pp.415-417; H. C. Leupold, *Exposition of Daniel*, pp. 417-426; at *Hard Sayings of the Bible*, pp. 318-320).

Para sa akin ito ay tumutukoy kay Hesus na Mesyas (cf. 7:13). Sa talata 26 ang titulong ito ay pinaghiwalay tungo sa dalawang mga magkaibang mga persona. Ang unang parirala na, “ang pinahirang isa” tumutukoy kay Hesus, habang ang ikalawang parirala, “ang bayan ng Prinsipe,” wari ay tumutukoy sa” kay Titus, ang Romanong heneral na nagwasak sa Jerusalem noong A.D. 70.

Kung ang apokaliptikong wika ay may pangkatang katuparang aspeto magkagyon ito ay siguradong isang pangwakas na panahong konteksto ay posible. Ang likas na kasamaan at rebelyon ay parehong mga tao at ang mga anghel ay nanatiling pareho, ngunit ang historikal na mga detalye ay hindi. Hindi ito isang partikular na propesiya, ngunit isang apokaliptikong interpretasyon ng panalanging hiling ni Daniel (cf. 9:3). Ang historikal at teolohikal na mga pagkiling at presuposisyon ng mga interpreter ang nagtulak sa kanilang pagunawa sa mga kalabuang mga tekstong ito!

▣ **“magiging pitong sanglinggo, at anim na pu't dalawang sanglinggo: ”** Ang pitumpung mga yunit ng pito ay mahahati sa tatlong panahong mga periyod: isang yunit ng pito pito (v. 25); isang yunit ng animnaput-dalawang mga pito (v. 25); at isang yunit ng isang pito (v. 27). Ang pinakabuod para sa mga komentarista ay naging kung paano ang mga ito ay nauugnay sa bawat isa: (1) sila ba ay sekuwensyal o (2) mayroong bang mga kaputol sa pagitan ng tatlong mga yunit na ito? Para sa akin ang isyu na ito ay ang simbolikong kalikasan ng numero (i.e. 70) at ang naunang gamit na ito sa 9:2 (ang sipi mula sa Jeremias). Ang numerong ito ay ginamit ng soberinadong plano ng Diyos para sa kaparusahan ng Israel (cf. Jeremias 25:9-13; 29:10) at restorasyon (cf. Jeremias 30:18-22; 31:38-40). Numerikal na katumpakan ay hindi ang pokus, ngunit ang banal soberenidad sa buong panahon, kasaysayan, at pagtutubos!

Para sa isang mabuti, maikling talakayan ng simbolikong mga bilang tignan (1) *Encyclopedia Judaica*, vol. 12, pp. 1256-1259; (2) *Biblical Numerology, A Basic Study of the Use of Numbers in the Bible*, ni John J. Davis; o (3) *Biblical Hermeneutics*, ni Milton S. Terry, pp. 380-390.

▣ **“ito'y matatayo uli”** Halatang si Daniel ay nag-aala sa muling pagtatayo ng Jerusalem at templo nito. Sa kanyang pagkabigla, natutunan niya na mayroong kasunod na mga pag-atake at pagkawasak (cf. Awit 2; Ezekiel 38-39; Mateo 24 [at kahanay]; II Tesalonica 2; Pahayag 12-14).



NASB
NKJV

“na may lansangan at kuta”

“ang lansangan ay muling itatayo, at ang pader”

NRSV “ng mga lansangan at makapal na tao”
TEV “mga lansangan at malakas na mga depensa”
NJB “ng mga parisukat at mga bangketa”

John Joseph Owens, *The Analytical Key to the Old Testament*, vol. 4, p. 743, ay isinalin ang dalawang mga ito Hebreong mga salita bilang “mga parisukat” (BDB 932 I, “malawak” o “malapad”) at “makapal ang tao” (BDB 358 III, “upang pumutol ng isang trinsera”), ngunit walang ebidensya na ang Jerusalem ay kailanman ay may depensan ng makapal na tao; samakatuwid, posibleng “isang utol” sa galugod kung saan ang depensang pader ay itinayo. Ito magkagayon ay tumutukoy sa bayan at hindi sa templo.



NASB “sa mga panahong mabagabag”
NKJV “maging sa mga maligalig na mga panahon”
NRSV “sa magulong panahon”
TEV “ngunit ito ang panahon ng kagulugan”
NJB “ngunit sa panahon ng kaguluhan”

Rotherham's Emphasized Bible, p. 856, ay may “maging sa katapusan ng panahon,” kung saan, ito ay nagpupuna, sumusunod sa Septuagint at Syriac na mga salin at nangangailangan ng isang tekstwal na pag-aayos. Ang MT banghay (BDB 848 at 773) ay may “ngunit sa isang magulong panahon.” Paano iinterpret ng isa ang vv. 24-27 ang magtatakda ng saklaw-panahon bilang nakalipas (Hesus at Titus) o panghinaharap pangwakas na panahon (Ikalawang Pagdating ni Hesus at Antikristo).

9:26

NASB “ang pinahiran”
NKJV “Mesyas”
NRSV “ang pinahiran na isa”
TEV “piniling pinuno ng Diyos”
NJB “Ang Pinahiran na Isa”

Ang kahirapan sa pag-iinterpret ng talatang ito ay dahil sa posibleng mga kahulugan inugnay sa terminong Mesyas o pinahirang isa (BDB 603):

1. paggamit ng Hudyong mga hari (e.g. I Samuel 2:10; 12:3)
2. paggamit ng Hudyong mga saserdote (e.g. Levitico 4:3,5)
3. paggamit ng Cyrus (cf. Isaias 45:1)
4. #1 at #2 ay pinagsama sa Awit 110 at Zacarias 4
5. paggamit sa espesyal na pagdating ni Diyos, Davidikong mga hari upang magdala sa panibagong panahon ng katuwiran
 - a. lahi ni Judah (cf. Genesis 49:10)
 - b. sambahayan ni Jesse (cf. II Samuel 7)
 - c. unibersal na paghahari (cf. Awit 2; Isaias 9:6; 11:1-5; Micah 5:1-4f)

Ako ay personal na naakit sa identipikasyon ng “isang pinahirang isa” kay Hesus ng Nazareth sapagkat:

1. ang introduksyon ng isang eternal Kaharian sa kabanata 2 sa panahon ng ikaapat na emperyo
2. ang introduksyon ng “ang anak ng tao” sa 7:13 na binigyan ng isang eternal na kaharian
3. ang nagtutubos na mga sugnay ng 9:24 na nagtuturo tungo sa isang kulminasyon ng kasaysayan ng makasalanang mundo
4. Ginamit ni Hesus ang aklat ng Daniel sa NT (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14)



NASB “gigibain”
NKJV, NRSV “ay puputilin”
TEV “ay papatayin”
NJB “ilalagay sa kamatayan”

Ang Hebreong termino (BDB 503, KB 500, *Niphahl* DI-GANAP) sa literal ay nangahulugan na “putulin” o “hatiin.” Bilang halimbawa, ito ay ginamit ng literal at ng metaporikal sa Jeremias.

1. literal ng mga puno, Jeremias 6:10; 10:3; 22:7; 46:23
2. metaporikal sa kamatayan ng mga tao, Jeremias 11:19; 50:16

Isa pa ng tipanang pagkakagamit sa relasyon nito sa *berith* (“putulin ang tipan”), kung saan ang hayop ay hinati sa dalawa at ang tipanang kapareha ay lalakad sa patay na hayop upang magbigay tanda sa kusekuwensya ng tipanang paglabag—kamatayan (cf. Genesis 15:17; Jeremias 11:10; 31:31,32,33; 34:18-19).

Ang PANDIWA anyo (dito ay *Niphah*) ay ginamit para sa pagpuputol (kamatayan) ng mga tao (e.g. Genesis 9:11; 41:36; Isaias 11:13; 29:20; Daniel 9:26). Samakatuwid, ang PANDIWANG ito ay nagbuo ng pinagsamang sakripisyal na aspeto sa tipanang aspeto—kamatayan ng may kasamang pagtutubos na layunin (i.e. “ang nagdurusang tagapaglingkod” ng Isaias 52:13-53:12; at “ang sugatang pastor” ng Zacarias 12-13, pansinin rin na ang mga NT tekstong ito: Marcos 10:45; II Corinto 5:21)!



NASB “mawawalaan”
NKJV “ngunit hindi para sa kanyang Sarili”
NRSV “at hindi magkakaroon”
TEV “hindi makatuwiran”
NJB “wala ang kanyang”

Ang Hebreong termino (BDB 34 II) ay nangahulugang “hindi magkaroon.” Ito ay ginamit sa ibat-ibang mga pakahulugan, ngunit lahat sila ay konektado sa ideya ng “wala.” Si William L. Holladay, *A Concise Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament*, p. 13, ay nagsasabi na ito ay nagpahiwatig ng “walang tagasunod,” ngunit si E. J. Young, *The Prophecy of Daniel*, p. 207, ay nagsasabi na “ang mga salitang ito ay labis na napakahirap, ngunit sila ay tila nagpahiwatig na ang lahat na dapat na angkop na nagmumula sa Mesyas, Hindi Siya nagkaroon ng Siya ay namatay. Ito ay napakalakas na paraan sa pagtatakda ng ikaapat ang Kanyang ganap na pagtangg, pareho ng Diyos at tao. (e.g. ‘Wala tayong ibang mga hari kundi si Caesar,’ iyak ng mga hudyo. ‘AkingDiyos, aking Diyos, bakit mo ako pinabayaan?’ ay ang mga salita ni Hesus mula sa krus. Sa oras na iyon ng kadiliman Siya ay wala anoman, wala anoman maliban sa kasalanan ng lahat ng yaong kanyang ikinamatay’).”

Sa may kalabuang simbolikong mga pariralang ito napakadali na isingit ang sariling teolohikal na mga sistema! Ang kalabuan ay puno ng layunin. Ito ay bahagi ng pagkakasunod-sunuran ng apokaliptikong diyanra. Hindi natin dapat iliko ang orihinal na puno ng layuning kalabuan ng kinasihang may-akda tungo sa ating teolohikal o historikal na pagkapartikular! Dapat nating basahin at iinterpret ang Lumang Tipang mga tekstong ito sa pamamagitan ng mga salita ni Hesus at ang Bagong Tipan/Bagong Tipang mga may-akda (cf. Galacia 3; at ang aklat ng Hebreo) at hindi pabaligtad! Ang kasaysayan, mas pinalawak na kapahayagan, at progresibong kapahayagan ay nakatulong sa atin upang maliwanagan ang mga kalabuang ito, apokaliptikong biblikal na mga sipi.

▣ “ang santuario ng mga tao ng prinsipeng darating” Dito ang terminong “prinsipe” (BDB 617) ay nangahulugang “pinuno” (cf. TEV). Ang kaparehong termino ay ginamit sa v. 25 bilang isang deskripsyonng Mesyas; dito ay nangahulugang kabaligtaran, Kanyang mang-aapi (e.g. Leon ng Judah ng Pahayag 5:5 vs. umaatungal na leon ng I Pedro 5:8; puting kabayo ng Pahayag 6 vs. puting kabayo ng Pahayag 19). Ang pinunog ito ay nagdadala ng pagkawasak sa Jerusalem at sa templo; gaya ng ginawa

ni Nebuchadnezzar at Antiochus IV, kaya, gayundin si Titus at posibleng isang pangwakas na panahon Antikristo (cf. Mateo 24:2; Marcos 13:2; Lucas 19:43-44). Pangkatang katuparan ng propesiya ay maaring makita sa

1. ang birheng kapanganakan, Isaias 7:14; Mateo 1:23 (historikal na kapanganakan sa panahon ni Isaias, cf. 7:15-16, gayundin sa birheng kapanganakan ni Hesus, cf. LXX sipi sa Mateo 1:23)
2. ang abominasyon ng pagkawasak (Antiochus, Titus atd pangwakas na panahon Antikristo, cf. Daniel 9:27; Mateo 24:15; Marcos 13:19; Lucas 21:20)

Kung si Hesus ay ang pinahiran, ang Prinsipe ng v. 25, magkagayon ang Prinsipeng ito ng v. 26 ay dapat na si Titus (Calvin) na nagwawasak sa Jerusalem at sa templo noong A.D. 70. Ang templo ay kailanman ay muling naitayo!



NASB, NRSV “at ang wakas niyaon ay sa pamamagitan ng baha”
NKJV “ang wakas nito ay sa pamamagitan ng baha”
TEV “ang wakas ay gaya ng isang”
NJB “ang wakas ng prinsipeng na iyan ay malaking sakuna”

Ang katanungan ay kung sino o ano ang ginawa ng “ito” ay tumutukoy sa.

1. ang kagyat na pagkauna ng, “ang bayan ng Prinsipe”
2. ang Prinsipe mismo (cf. v. 26)
3. ang Mesyas (cf. vv. 25, 26)
4. Ang Jerusalem at ang templo (“Jerusalem” ng v. 25 at “ang santwaryo” ng v. 26)

Ang uring ito ng kalabuan na nakikitaan sa apokaliptikong panitikan. Madalas ang mga pagkiling ng modernong interpreters ay nag-aalis ng kalabuan at naging determaninatibo at dogmatiko. Ang mga teolohikal na mga sistema hindi ang kinasihang mga teksto ang nagiging pokus!



NASB, NKJV “mga pagkasira ay ipinasiya na”
NRSV “ang mga desolasyon ay itinakda”
TEV “pagkawasak na inihanda ng Diyos”
NJB “lahat ng mga pagkawasak ay itinakda”

Ang *Niphal* PANDIWARI (BDB 358, KB 356) ay kaiba mula sa terminong “ipinasya” sa 9:24 (BDB 367, KB 364, “selyo”), ngunit sila ay parehong nagpapakita ng banal soberenidad na katangian ng apokaliptikong panitikan. Ang Diyos ay may kontrol ng kasaysayan, kaparusahan, restorasyon, at sukdulang restorasyon ng nilikha!

Ang krusyal na katanungan ay nanatili, ang “ang wakas” sa talatang ito ay tumutukoy sa (1) Antiochus; (2) Titus; o (3) ang pangwakas na panahon?

9:27

NASB “At pagtitibayin niya ang tipan”
NKJV “at kanyang ikukumpirma ang tipan”
NRSV “siya ay gagawa ng matibay na tipan”
TEV “ang pinunong iyon ay magkakaroon ng matibay na kasunduan”
NJB “siya ay mag-aaklas ng matatag na alyansa”

Brown, Driver, at Briggs Lexicon (BDB 149, KB 175) ay nagbibigay ng *Niphal* na salin “kompirmahin ang tipan.” Ang pangunahing kahulugan ng salita ay “maging malakas,” o “maging napakalakas.” Ang Aramaic na katapat ay nagpapahiwatig ng “ay mapilitan o mapuwersa” na may konotasyon ng pagiging labis na pagdadala. Hindi ito ang karaniwang Hebreong idyoma (BDB 136, “ang itigil ang tipan”) ginamit upang magpakita ng ratipikasyon ng isang tipan. Ang kahulugan ng parirala ay dapat na manatiling malabo.

Ito ba ay nangahulugan ng literal historikal na detalye ng pangwakas na panahon o ito ay isa na namang apokaliptiko simbolo ng mahirap na paghahatol sa mga mananampalataya sa pagsagawa ng kasunduan sa mga pinuno ng mundo/panahong ito?

Ang kalabuang pariralang ito ay komfirmado ng katotohanan na ang ilang mga iskolar ay inugnay ito kay Hesus (E. J. Young), habang ang iba ay inugnay ito sa isang pangwakas na panahon Antikristo (H. C. Leupold). Anong pagkakasunod-sunuran!



NASB “sa marami”
NKJV, NRSV “sa maramni”
TEV, NJB “sa maraming tao”

Ang Hebreong termino (BDB 912 I) ay may TIYAK NA PANTUKOY “sa marami.” Ang grupong ito ay kinilala sa pamamagitan ng interpretasyon sa saklaw-panahon.

TRART NG MGA TEORIYA NA KAUGNAY SA MGA TALATANG 24-27

	Sa Ikatlong Kaharian Antiochus IV (cf. 8:9)	Sa Ikaapat Kaharian Inkarnasyon ni Hesus (2:34,35)	Sa Panghinaharap Roma- Gaya Kaharian 2 nd Pagdating ni Hesus
Sino ang nagisyu ng Kautusan ng v. 25	Jeremias, Daniel 9:2; Jeremias 25:9-13	Cyrus (538 B.C.) Isaias 44:20-28; Isaias 45:1 Ezra 1:24; 6:3-5	Artaxerxes (444 B.C., cf. Nehemias 2:1-8) Ezra 7:11-26
Sino ang pinahirang Isa pinutulan sa v. 26	Hudyong Punong Saserdote Onias III o Josue	Hesus sa Kalbaryo	Hesus sa Kalbaryo
Sino ang bayan ng Prinsipe na nagwasak sa Jerusalem sa v. 26	Antiochus IV sa 168 B.C.	Titus sa A.D. 70	Ang Antikristo sa eschaton
Sino ang gumagawa ng Tipan sa v. 27	Antiochus IV sa 165 B.C.	Mesyas Hebreo 7-11	Ang Antikristo 70 th linggo
Ano o sino ang nasa abominasyon sa v. 27	Antiochus IV ay nag-aalay ng baboy sa altar ng Templo sa 168 B.C.	Ang kamatayan ng Mesyas ay natapos ang Hudyong sakripisyal na sistema Hebreo 7-11	Antikristo ay sinuway ang Tipan sa mga hudyong sa panahon ng Tribulasyong Periyod (dispensasyonismo)



NASB,
NKJV,
NRSV
TEV
NJB

“sa loob ng isang linggo”

“sa loob ng pitong taon”

“para sa haba ng pitong linggo”

Ito ang huli sa tatlong mga pagbabahagi ng 70 mga linggo ng v. 24.



“sa kalahati ng sanglinggo” Sa literal ito ay nangahulugang “sa gitna ng pito.”



“kaniyang ipatitigil ang hain at ang alay” Ito ay napakapareho sa kung ano Antiochus IV ang ginawa sa templong mga sakripisyo. Ito ba ay naghahangad ng isang pangwakas na panahon templo o ito ba ay nagpapakita na ang makasalanang sangkatauhan ay nagnanais ng kontrol sa relihiyon?

Ang ilan ay nagsubok na dalhin ang Daniel literal at magkagayon ay iinterpret ang Pahayag ng literal. Ngunit hindi ito ang paraan upang ipakita ang respeto sa Kasulatan! Kung ang kinasihang manunulat ay pinili ang apokaliptikong wika bilang pampanitikang diyanra upang ihayag ang kanyang mensahe, ang moderno ay walang karapatan sa pangalan ng konserbatismo upang ipagwalang bahala ang diyanra at puwersahin ang sinaunang may-akda tungo sa isang moderno sistematikong teolohikal na grid! Ang diyanra ay isang pampanitikang kontrata sa mga mambabasa sa kung paano iinterpret ang mensahe. Tila ito ay mas mainam na hayaan ang NT kapahayagan na iinterpret ang malabong OT propetikong/apokaliptikong teksto. Si Kristo ay ang katuparan ng OT, hindi ang pinanumbalik na! Ang tunguhin ng nagtutubos na kasaysayan ay si Hesus at pangmundong ebanghelyo, hindi ang Palestiniang nasyonalismo!



NASB, NKJV **“sa pakpak ng mga kasuklamsuklam”**

NRSV **“ang abominasyon na nagpapadalamhati”**

TEV **“ang kakakilabot na kasindakan ay ilalagay sa pinakamataas na bahagi ng Templo”**

NJB **“sa pakpak ng Templo ay ang nakakapanlumong abominasyon”**

Ang banghay ay literal na “ang labis na abominasyon” (BDB 489 at 1055). Ang “kalabisan” (BDB 489) ay maaring tumutukoy sa bagwis ng templo o ang sukdulang abominasyon (BDB 1055, e.g. Antiochus na nag-aalay ng baboy sa altar at isang idolo kay Zeus na inilagay sa Banal na Lugar ng templo). Sa OT, ang abominasyon ay tumutukoy sa pagsamba sa idolo (e.g. I Hari 11:7; II Hari 23:13; II Cronico 15:8). Si Hesus ay ginamit ang pariralang ito ay nagsalita sa pagdating ng Romanong hukbo at sa pagkawak ng Jerusalem (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14; Lucas 21:20, 21).



“poot sa maninira... ang poot sa maninira.” Sa Hebreo “siya na” ay maaring impersonal, na naaring tumutukoy sa mga natira ng templo o kung personal, sa kalaban ng Diyos.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano ang propesiya ng Jeremias ay nauugnay sa Daniel 9?
2. Bakit ang interpretasyon ng mga talata 24-27 ay napakahalaga at napakahirap?
3. Gaano kahaba ang pitumput pito ng pito?
4. Anong atas ang talata 25 ang sinasabi nito?
5. Sino ang “Pinahirang Isa, isang prinsipe na pinutol” sa talata 26?
6. Kailan ang nagsisimula at nagtatapos ikapitong linggo?
7. Ang propesiya ba ay may kinalaman sa mga naniniwalang mga Hentil?
8. Si Hesus ba ay kailanman muling pinanindigan ang OT pag-asa ng pinanumbalik na Israel na may gumaganang templo bilang ang tunguhin ng kasaysayan?

DANIEL 10:1-11:1

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Pangitain ng Maluwalathing Tao	Pangitain ng Huling mga Araw	Pangitain ni Daniel sa Ilig Tigres	Ang Pangitain ng Lalake na Nakasuot ng Linen
10:1-3	10:1 10:2-9	10:1 10:2-3	10:1 10:2-6
10:4-9		10:4-6 10:7-10	10:7-8 Ang Aparisyon ng Anghel
Mga Propesiya Patungkol sa Persya at Greece			10:9-14
10:10-14	10:10-14	10:11 10:12-14	
10:15-17	10:15-17	10:15-17	10:15-17
10:18-11:4	10:18-11:4	10:18-19a 10:19b 10:20-11:2a	Ang Pambungad sa Propesiya 10:20-11:2a

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

- A. Kabanata 10 ay isang panimula sa mensahe ng mga kabanata 11-12. Ang mga kabanata 10-12 ay isang pampanitikang yunit.
- B. Ang pampanitikang yunit ay ang tanging lugar sa biblikal na tala na nagtalakay sa mala-anghel na dimensyon habang ito ay nauugnay sa pantaong mga pangyayari at kasaysayan. Gayunpaman, tandaan ito ay apokaliptikong pag-iimahe. Kahina-hinala na ang doktrina ay maaring maitayo sa tekstong ito. Gayunpaman, ito dapat ay gumawa bilang isang babala sa atin hindi upang magpalagay na ating naunawaan ang lahat ng mga elemento ng espiritwal na labanan!

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 10:1

¹Nang ikatlong taon ni Ciro na hari sa Persia ay nahayag ang isang bagay kay Daniel, na ang pangala'y Beltsasar; at ang bagay ay tunay, sa makatuwid baga'y isang malaking pakikipagbaka; at kaniyang naunawa ang bagay at nagkaroon ng unawa tungkol sa pangitain.

10:1 “Nang ikatlong taon ni Ciro” Tila ito ay sumalungat sa 1: 21, ngunit ito ay nangahulugan na si Daniel ay nabuhay sa panahon ng buong pagpapatapong periyod at hanggang sa Persiang periyod. Ang petsa ng Lumang Tipang ay hindi kasingwasto ng ating modernoo sistema ng pagpepetsa.

▣ **“hari sa Persia”** Si Cyrus ay may kalahating lahi ng Median (kanyang nanay) at kalahating Persian lahi (kanyang ama).

Sa v. 13 “isang mala-nghel ng prinsipeng ng Persia” ay kinilala ng “ng mga hari ng Persia.” Ito ay isang pangkalahatang pagkakaunawa ng pambansang pagkakakilanlan o isang bantay na tagapamagitan ng isang mala-anghel na kaharian. Napakahirap na malaman sa Daniel kung ano ang literal at historikal at ano ang apokaliptiko at ibigay lamang ang pagtama! Dahil ito lamang ang tanging lugar (maliban sa Deuteronomio 32:8 sa LXX) kung saan ang pambansang mga anghel ay binanggit sa akin palagay pinakamainam na tumungo sa diyandra at panatilihin ang simbolikong kalikasan nito.

▣ **“ang bagay ay tunay”** Ang terminong “mensahe” sa NASB ay literal “salita” (BDB 182, cf. 9:2,12,23,25; 10:1,6,9,11,12,15). Ito ay isinalin bilang “bagay,” “salita,” “mensahe,” o “kapahayagan.” Ang salitang ito ay ginamit ng limang beses sa kabanata 9 at labing isang beses sa kabanata 10. Ito ang terminong ginamit sa 12:4,9 gaya ng kung ano ang sinabi ni Daniel ay upang “selyuhan.”

Ang terminong “katotohanan” (BDB 54) ay OT katapat ng *pistis* sa Koineng Griyego. Ang pangunahing kahulugan nito ay maging matatag at, magkagayon, tapat at totoo. Dito ito ay madalas na ginamit ng pagiging totoo ng kung ano ang sinabi (cf. Deuteronomio 22:20; I Hari 10:6; II Cronico 9:5).

Ang mensahe ng anghel ay “totoo,” ngunit ito rin ay inihayag sa apokaliptikong pag-iimahe. Ang katotohanan ay hindi nauugnay sa mga simbolo o mga detalye, ngunit sa pangkalahatang mensahe, na natagpuan sa mga kabanata 11-12. Ang dyanrang identipikasyon at mga katangian ay naging krusyal na hermeyutikal na kasangkapan sa modernong interpretasyon. Dalawang makakatulong na mga aklat sa larangang ito ay mga

1. Gordon Fee and Doug Stuart, *How To Read the Bible For All Its Worth*
2. D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*



NASB “isang malaking pakikipagbaka”
NKJV “ang itinakdang panahon ay mahaba”
NRSV “ito ay patungkol sa matinding labanan”
TEV “ngunit labis na mahirap na maunawaan”
NJB “ng matinding labanan”

Si Daniel ay pinaalalahanan na ang relasyon ng Hudyo sa kapangyarihan ng mundo ay yaong nagpapatuloy na labanan (cf. Awit 2; Ezekiel 38-39). Posible na ito ay tumutukoy sa nakakabiglang malaanghel na labanan ng vv. 10-21. Ang TEV ay dinala ito bilang pantukoy sa mensahe ng anghel mismo, na napakahirap na maunawaan (cf. Job 14:14).

▣ **“nagkaroon ng unawa tungkol sa pangitain”** Ito ang regalo ni Danie (cf. 7:15, 28; 8:27), ngunit kailangan parin niya ng malaanghel na interpreter.

Hindi tiyak kung ano ang partikular pangitain ito tumutukoy.

1. ang mala-anghel na labanan ng 10:12-21
2. ang pampanitikang yunit ng mga kabanata 10-12, na maggagawa sa pangitain ang nilalaman ng mga kabanata 11-12.

TALATA SA NASB (BINAGO): 10:2-9

²Nang mga araw na yao'y akong si Daniel ay nanangis na tatlong buong sanglinggo. ³Hindi ako kumain ng masarap na tinapay, ni pumasok man ang karne ni alak man sa aking bibig, ni naglangis man ako, hanggang sa natapos ang tatlong buong sanglinggo. ⁴At nang ikadalawang pu't apat na araw ng unang buwan, palibhasa'y ako'y nasa tabi ng malaking ilog, na siyang Hiddekel, ⁵ Aking itiningin ang aking mga mata, at tumanaw, at narito, ang isang lalake na nakapanamit ng kayong lino, na ang mga balakang ay binigkisan ng taganas na ginto sa Uphas. ⁶ Ang kaniyang katawan naman ay gaya ng berilo, at ang kaniyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, at ang kaniyang mga mata ay gaya ng mga liwanag ng apoy, at ang kaniyang mga kamay at kaniyang mga paa, ay gaya ng kulay ng pinakintab na tanso, at ang tinig ng kaniyang mga salita ay gaya ng tinig ng isang karamihan. ⁷At akong si Daniel ang nakakitang magisa ng pangitaing yaon; sapagka't ang mga lalake na kasama ko ay hindi nangakakita ng pangitain; kundi sumakanila ang isang di kawang panginingin, at sila'y nagsitakas upang magsikubli. ⁸Sa gayo'y iniwan akong magisa, at nakakita nitong dakilang pangitain, at nawalan ako ng lakas; sapagka't ang aking kagandahan ay umuwi sa kasiraan at walang nanatiling lakas sa akin. ⁹Gayon ma'y narinig ko ang tinig ng kaniyang mga salita; at nang aking marinig ang tinig ng kaniyang mga salita, ako nga'y nagupiling sa isang mahimbing na pagkakatulog, na ang aking mukha ay pasubsob.”

10:2 “nanangis” Ito ay tumutukoy sa pag-aayuni (v. 3) at panalangin. Ang eksaktong dahilan ay hindi nakasaad: (1) para sa pagkakasala ng bayan ng Diyos gaya ng sa 9:1-19; (2) para sa awa ng Diyos sa Kanyang bayan kapwa ngayon at sa puno ng tensyong panghinaharap (v. 1); (3) para sa pagwasak ng Diyos sa mga kaaway ng Israel at sa nagtutubos na plano ng Diyos para sa buong mundo sa pamamagitan ng Israel; o (4) para sa mas higit na kaunawaan kaugnay sa pangitain.

▣ **“tatlong buong sanglinggo”** Ito ang kaparehong periyod gaya ng sa malaanghel na labanan sa v. 13. Muli, sa Daniel, ang panahon ay madalas na ipinahayag sa mga linggo. Para sa isang mabuting talakayan ng “linggo” tignan Roland deVaux, *Ancient Israel*, vol. 1, pp. 186-188.

10:3 “Hindi ako kumain” Ito ay hindi lubusang pag-aayuno.

▣ **“masarap na tinapay, ni pumasok man ang karne ni alak man sa aking bibig”** Ang implikasyon ng mga salitang ito ay si Daniel normal na kumain at uminom ng mga bagay na ito, halata na siya nakipag-ayos patungkol sa mga bagay na ito (cf. 1:8-13, para sa parehong konsepto).

10:4 “At nang ikadalawang pu't apat na araw ng unang buwan” Ang petsang ito ay nagpahayag na si Daniel ay nag-ayuno sa buong Feast of Passover at the Feast of Unleavened Bread (cf. Exodo 12; Haggai 1:15; 2:10, 18, 20; Zacarias 1:7).

▣ **“ako'y nasa tabi ng malaking ilog, na siyang Hiddekel”** Wari siya ay nasa pampahalaang trabaho, gaya ng sa 8:27.

10:5 “nakapanamit ng kayong lino” Nakakainteres na ang mga anghel sa Daniel ay gaya ng lalakeng tao.

1. *Adam*, 8:16; 10:16,18
2. *Ish*, 9:21; 10:5; 12:6,7
3. *Gebar*, 3:25; 8:15

Lahat ng mga anghel sa Bibliya ay panglalake maliban sa Zacarias 5:9.

Ang malinaw na puting tela (BDB 94 I) ay madalas na inuugnay sa mala-anghel na hitsura (cf. Genesis 18:2; Hukom 13:3,6; Ezekiel 9:2,3,11; 10:2,6,7; Daniel 8:16; 9:21; 12:6,7; Lucas 24:4 at Acts 1:10). Ang anghel na ito ay inilarawan sa ilang mga paraan na madalas nagpakita sa Diyos at muling binuhay na si Kristo sa Pahayag 1. Ang anghel ay inuugnay sa trono ni YHWH.

▣ **“ginto sa Uphas”** Ito ay tumutukoy sa isang lugar na pinagmulan (cf. Jeremias 10:9, posibleng ang kapareho ng Ophir ng I Hari 9:28; I Cronico 29:4; Job 22:24; 28:16; Isaias 13:12) o isang grado ng tinunay na oro (cf. I Hari 10:18), ngunit ito ay mangangailangan ng isang tekstwal na pag-aayos (cf. TEV, NJB, NIV).

Ang initaas na si Kristo ay inilarawan din sa kaparehong paraan na ito sa Pahayag 1:13 at ang pitong mga anghel kasama ng pitong mga sumpa ay inilarawan sa paraan na ito sa Pahayag 15:6. Ang kasuutan na ito ay nagpapakita ng isang makalangit na pinagmulan, malapit sa trono ng Diyos.

10:6 “kaniyang katawan” Ang deskripsiyong ito ay kapareho sa itinaas na si Kristo ng Pahayag 1:13-16 (E. J. Young ay naisip na ito ay pre-incarnate na Kristo); gayunpaman, vv. 11ff ay nagpakita na siya ay isang anghel ipinadala upang bigyan kaalaman si Daniel. Ang pre-incarnate na Kristo ba ay pinigilan sa loob ng tatlong linggo ng pambansang anghel? Sa tingin ko hindi!

▣ **“berilo”** Ang (BDB 1076 I) tipong ito ng alahas (cf. Ezekiel 28:13) alinmang dilaw na jasper (cf. Exodo 28:20; 39:13) o ginintuan sa kulay (cf. Ezekiel 1:16; 10:9), inugnay sa (1) isa sa mga bato sa tsaleko ng Punong Saserdote (cf. Exodo 28:20; (2) bahagi ng pangitain ni Ezekiel sa tronong karwahe ng Diyos (cf. Ezekiel 1:16; 10:9); (3) isa sa mahalagang bato sa Hardin ng Eden sa pangitain ni Ezekiel ng 28:13; at (4) bahagi ng bagong Jerusalem (cf. Pahayag 21:20).

▣ **“ang kaniyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat”** Ang kaliwanagan na ito sa mukha ay tugma sa liwanag ng tela. Ang terminong “anyo” (BDB 909) ay ginamit sa mga pangitain ni Daniel “pangitain” 8:16,26,27; 9:23 at 10:1.

▣ **“ang kaniyang mga mata ay gaya ng mga liwanag ng apoy”** Ito ay ginamit sa Itinaas na Kristo sa Pahayag 1:14; 2:18; 19:12, kung saan ito ay tumutukoy sa Kanyang kaalaman at kaunawaan.

▣ **“ang kaniyang mga kamay at kaniyang mga paa, ay gaya ng kulay ng pinakintab na tanso”** Ito ay ginamit sa paa ng querubin sa Ezekiel 1:7 at sa itinaas na Kristo sa Pahayag 1:15; 2:15. Lahat ng

mga deskripsiyong ito ay nagbigay diin sa liwanag o busilak ng anghel. Siya ay dinamitan na gaya ng sa malapit sa Diyos.



NASB “isang karamihan”
NKJV, NRSV,
NJB “isang karamihan”
TEV “isang maraming tao”

Ang Hebreong terminong ito (BDB 242) ay isinalin na “bulong,” “atungal,” “makapal na tao,” o “karamihan.” Sa Ezekiel ang salitang ito at “ang tunong ng maraming tubig” ay kahanay (cf. Ezekiel 1:24; 43:2). Ito ay ginamit sa itinaas na Kristo sa Pahayag 1:15. Sa Pahayag 14:2; 19:6, ito ay ginamit sa tunog ng awtoratibong boses na mula sa Diyos.

10:7 “sapagka't ang mga lalake na kasama ko ay hindi nangakakita ng pangitain;” Si Daniel, kasama ng ibang Persianong opisyal, ay nasa pampamahalaang misyon (cf. 8:27). Ito ay parang higit na kagaya sa deskripsiyon ni Pablo sa anyo ni Hesus sa kanya sa Gawa, mga kabanata 9, 22, 26. Ang pangitain ay isa lamang!

▣ **“sumakanila ang isang di kawang pangiginig”** Naramdaman nila ang isang supernatural na presensya.

10:8 “sapagka't ang aking kagandahan ay umuwi sa kasiraan” Ang Hebreong parirala ay napakatindi. Ang pangitaing ito ay nagpatakot ng matindi kay Daniel (cf. vv. 16-17; 7:28; 8:27).

10:9 “tinig ng kaniyang mga salita,” Dalawang beses sa talata 9 narinig ni Daniel ang tinig na ito, ngunit hinimatay bago pa niya natanggap ang mensahe (cf. 8:18; Jeremias 31:26; Zacarias 4:1; Pahayag 1:17).

TALATA SA NASB (BINAGO): 10:10-14

¹⁰At, narito, isang kamay ay humipo sa akin, na nagtayo sa akin sa aking mga tuhod at sa mga palad ng aking mga kamay. ¹¹At sinabi niya sa akin, “Oh Daniel, ikaw na lalaking minamahal na mainam, unawain mo ang mga salita na aking sinasalita sa iyo, at tumayo kang matuwid; sapagka't sa iyo'y sinugo ako ngayon. At ng kaniyang masalita ang salitang ito sa akin, ako'y tumayo na nangiginig. ¹²Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, “Huwag kang matakot, Daniel; sapagka't mula nang unang araw na iyong ilagak ang iyong puso na makaunawa, at magpakababa sa harap ng iyong Dios, ang iyong mga salita ay dininig: at ako'y naparito alangalang sa iyong mga salita. ¹³Nguni't ang prinsipeng ng kaharian ng Persia ay nakipagpunyagi sa akin na dalawang pu't isang araw; nguni't, narito, si Miguel ay isa sa mga punong prinsipeng, dumating upang tulungan ako: at ako'y natira doon na kasama ng mga hari sa Persia. ¹⁴Ngayo'y naparito ako upang ipatalastas sa iyo kung ano ang mangyayari sa iyong bayan sa mga huling araw; sapagka't ang pangitain ay ukol sa maraming mga araw pa.”

10:10 “isang kamay ay humipo sa akin” Ang mga anghel ay ginawa ito (*Qal* GANAP) upang palakasin ang loob at palakasin yaong kanilang pinagpakitaan (cf. vv. 16, 18; I Kgs 19:5-7; gaya ng ginawa ni Hesus. Pahayag 1:17).

▣ **“na nagtayo sa akin. . . sa aking mga tuhod at sa mga palad”** Ang (BDB 631, *Hiphil* DI-GANAP) ay isang idyoma para sa pisikal na pagpapalakas. Si Daniel ay tumayo mula sa pagkakadapa sa lupa upang lumuhod.

10:11, 19

NASB “ikaw na lalaking minamahal na mainam”

NKJV “lalake na matinding minahal”

NRSV “matinding minahal”

TEV “Daniel, mahal ka ng Diyos”

NJB “ikaw ang lalake na espesyal na pinili”

Tignan puna sa 9:23, kung saan ang kaparehong ekspresyon na ito ay ginamit ni Daniel sa pamamagitan ng isang anghel.

▣ “unawain mo ang mga salita” Hindi lamang si Daniel pinagkalooban ng Diyos para sa pagkakaunawa at paginterpret ng mga panaginip at mga pangitain (cf. 1:17), ngunit ilang mga pagkakataon na ang anghel inanunsyo na isang espesyal na pagkakaunawa ay binigay kay Daniel (cf. 8:16,17). Si Daniel ay dapat na makipagtulungan sa prosesong ito at manatiling alerto.

▣ “tumayo kang matuwid” Ito ang kapareho sa Ezekiel 2:1. Si Daniel ay una sa kanyang mukha, tapos sa kanyang mga kamay at mga tuhod, at ngayon siya ay dapat na tumayo at makinig sa mensahe.

10:12 “Huwag kang matakot” Ito wari ay a *Qal* JUSSIVE sa kahulugan ngunit hindi sa anyo, gaya ng sa v. 19. Ito ang pabalik balik na mensahe ni YHWH (minsan sa pamamagitan ng mga anghel) sa Kanyang bayan (e.g. Genesis 15:1; 21:17; 26:24; 35:17; 43:23; Deuteronio 3:22; 7:18; 20:1; 31:6,8; Isaias 7:4; 35:4; 40:9; 41:10,13,14; 43:5; 44:2; 54:4; Jeremias 30:10; 46:27-28). Ang Diyos ay para sa atin at sumasaatin (cf. Josue 1:5-7; Isaias 43:2,5).

▣ “nang unang araw. . . ang iyong mga salita ay dininig” Narinig ng Diyos ang panalangin ni Daniel at nagpadala ng isang anghel upang dalhin ang pagtugon.

▣ “magpakababa sa harap ng iyong Dios” Ang pangunahing kahulugan ng termino ay “yumukod patirapa” (BDB 776 III). Sa *Hithpael* anyo ay matatagpuan rin sa Ezra 8:21, kung saan ito ay ginamit sa panalangin at pag-aayuno (cf. 9:3,20; 10:2-3; pansinin rin ang Awit 35:13).

Ang kaparehong Hebreong salita ay ginamit sa mga awit upang magsaad na ang Diyos ay nag-aaruga at nakikinog sa mapagkumbaba (cf. Awit 10:16-17; 69:32) at inalipusta (cf. Awit 9:11-16; 10:12-15). Ang NT ay ipinagpatuloy ang tema patungkol sa espesyal na pag-aaruga at pagliligtas ng Diyos sa mga mapagkumbaba sa Mateo 18:4; 23:12; Lucas 18:14; Santiago 4:10; I Pedro 5:6.

10:13, 20 “prinsipe ng kaharian ng Persia” Ito ay magkaibang Hebreong salita kaysa “prinsipe” ng 9:25-26 (BDB 617). Ito ang Hebreong termino (BDB 978) na isinalin na “puno,” “pinuno,” “opisyal,” “kapitan,” o “prinsipe” at madalas sa Bibliya ay tumutukoy sa sa magkaibang mga uri ng mga pinuno. Ito ay madalas na ginamit sa huling Hebreo para sa mga anghel (cf. v. 21; 12:1; Joshue 5:14,15).

Tila ito ay tumutukoy sa pambansang anghel ng Persia (cf. Deuteronio 29:26; 32:8 sa Septuagint at Isaias 24:21).

10:13 “nakipagpunyagi sa akin” Ang terminong ito (BDB 617) ay nangahulugang “ilagay o tumayo sa harap ng.” Ito ay kaugnay sa termino para sa “prinsipe” (“ang isa na nasa harapan”) sa 9:25,26. Sa kontekstong ito, ito ay ginamit sa parehong positibo (cf. v. 16) at negatibo (dito).

▣ “dalawang pu't isang araw” Ito ay isa na namang gamit ng simbolikong numerong pito (7x3). Tila ito ay ang tatlo o tatlong at kalahati na simboliko sa Daniel para sa isang di-kompleto o pinaikling banal na panahon at hindi ninais na maunawaan ng literal!

Ang kabanatang ito ay natatangi sa Bibliya sa presentasyon nito sa espiritwal na kaharian. Ito ay nagtatala ng isang espiritwal na labanan sa pagitan mala-anghel na kapangyarihan. Ito ba ay para tayo ay mabigyan ng kaalaman ng doktrinal patungkol sa espiritwal na labanan o ito ba ay isa na namang halimbawa

sa apokaliptiko mga detalye? Ako ay hindi naniniwala na dapat nating ibase ang doktrina sa mga uri ng siping ito, gaya ng ako ay naniniwala na dapat hindi nating ibase ang doktrina sa mga parabula o patula. Ang mga doktrina ay dapat na ibase sa mga katuruang mga sipi at ibang mga dyanra na nagsisilbing mga ilustrasyon. Dahil ang kabanatang ito ay natatangi hindi dapat tayo maghubog ng isang pinahabang analohiya, gaya ng ginawa ng mga rabi na teolohikal na naapektuhan ni Iranian (Zoroastrian) dualismo. Ang kagustuhan ba ng isang tunay na Diyos ay mahahandalangan o mapatagal ng mapanghimagsik na mga anghel?

▣ **“Miguel”** Kanyang pangalan ay nangahulugang “Sino ang gaya ng Diyos?” (BDB 567) Siya ang pambansang anghel ng Israel. Siya ay isa sa dalawang mga anghel pinangalanan sa Bibliya (cf. v. 21; 12:1; Jude 9 at Pahayag 12:7). Siya ay hindi ang pre-incarnate na Kristo.

▣ **“isa sa mga punong prinsip”** Ang PANG-URI (BDB 911) ay ginamit sa pakahulugan ng “una sa ranggo.” Si Michael ay tinawag na “ang arkanghel” sa Jude 9, habang sa Pahayag 12:7-9, siya ang nanguna sa mala-anghel hukbo laban sa dragon (Satanas) at sa kanyang mga anghel. Ang tanging iba lugar ng terminolohiyang ito ay ginamit sa raptur ng sipi ng I Tesalonica 4:16.

Mula sa Bibliya mismo natin nalalaman ng mala-anghel mga antas.

1. Cherubim (Genesis 3:24; Exodo 25:18,22; Ezekiel 10)
2. Seraphim (Isaias 6)
3. mensahero mga anghel (Daniel, often)
4. tagapagbantay na mga anghel (Mateo 18)
5. arkanghel (Daniel 10:13; 12:1; Jude 9)
6. pambansang mga anghel (Daniel 10:13,20; LXX ng Deuteronomio 29:26; 32:8; at sa Deuteronomio 32:8 ay natagpuan rin sa Hebreo kapisaso sa Dead Sea Scrolls).

Eksaktong paano ang mga ito nauugnay sa malademonyo (e.g. Roma 8:38-39; Efeso 3:10; 6:12; Colosas 1:16; 2:15) mga antas ng mga kasulatan ni Pablo ay di-tiyak.

Sa apokaliptiko Hudyong panitikan mayroong:

1. ang pitong mga anghel sa Presensya (cf. I Enoch 20:1-8; 81:5; 90:21-22; II Esd. 4:1; 5:20)
2. arkanghel (I Enoch 40; 87:2-3; 88:1; 90:31)
3. tagapagbantay na mga anghel (I Enoch 20:5 at DSS mga teksto)

Para sa isang mabuting talakayan tignan Millard J. Erickson, *Christian Theology*, 2nd ed., pp. 457-475.

NATATANGING PAKSA: MGA ANGHEL AT ANG MGA DEMONYO

- A. Ang mga sinaunang mga tao ay animista. Ipinapalagay nila ang personalidad sa puwersa ng kalikasan, natural na mga bagay, mga hayop, at mga ugali ng personalidad ng tao. Ang buhay ay ipinaliwanag sa pamamagitan ng interaksyon ng mga espirital na mga nilalaman sa sangkatauhan.
- B. Ang personapikasyong ito ay naging politismo (maraming mga diyos). Madalas na malademonyo (*genii*) mga mas maliit na diyos o kalahating diyos (mabuti o masama) na nakakaapekto sa indibidwal na mga buhay ng tao.
 1. Mesopotamia, kaguluhan at labanan
 2. Egypt, ayos at tungkulin
 3. Canaan, tignan W. F. Albright’s *Archaeology and the Religion of Israel*, Fifth Edition, pp. 67-92
- C. Ang OT ay hindi nananahan sa o naghubog sa paksa ng mas maliit na diyos, ang mga anghel, o ang demonyo, marahil sa estriktong monoteismo nito (cf. Exodo 8:10; 9:14; 15:11; Deuteronomio 4:35,39; 6:4; 33:26; Awit 35:10; 71:19; 86:6; Isaias 46:9; Jeremias 10:6-7; Mica 7:18). Hindi ito nagbanggit ng bulaang mga diyos ng paganong mga bansa (*Shedim*, cf. Deuteronomio 32:17; Awit 106:37) at pinangalanan nito ang ilan sa kanila.

1. *Se'im* (satyrs o demonyo ng mga buhok, cf. Levitico 17:7; II Cronico 11:15)
2. *Lilith* (babae, isang nanunukosng demonyo, cf. Isaias 34:14)
3. *Mavet* (Hebreo termino para sa kamatayan na ginamit para sa Canaanite na diyos ng kailaliman, *Mot*, cf. Isaias 28:15,18; Jeremias 9:21; at posibleng Deutronomio 28:22)
4. *Resheph* (plague, cf. Deutronomio 33:29; Awit 78:48; Habakkuk 3:5)
5. *Dever* (salot, cf. Awit 91:5-6; Habakkuk 3:5)
6. *Az'azel* (pangalan ay di-tiyak, ngunit posibleng isang desyertong demonyo o pangalan ng lugar, cf. Levitico 16:8,10,26) (Ang mga halimbawang ito ay kinuha mula sa *Encyclopaedia Judaica*, vol. 5, p. 1523.). Gayunpaman, walang dualismo o mala-anghel pagsasarili mula kay YHWH sa OT. Satanas ay isang tagapaglingkod ni YHWH (cf. Job 1-3; Zacarias 3), hindi kaaway (cf. A. B. Davidson, *A Theology of the Old Testament*, pp. 300-306).

- D. Judaismo ay nahubog sa panahon ng pagpapatapon ng Babylonia (586-538 B.C.). Ito ay teolohikal na naimpluwensahan ng Persianong binigyang katauhang dualismo ng Zoroastrianismo, isang mabuting mataas na diyos tinawag na *Mazda* o *Ormazd* at isang masamang kalaban na tinawag na *Ahriman*. Ito ay nagpahintulot sa loob ng post-exilic na Judaismo na binigyan katauhan na dualismo sa pagitan ni YHWH at Kanyang mga anghel at Satanas at kanyang mga anghel o mga demonyo.

Ang teolohiya ng Judaismo sa binigyan katauhang masama ay ipinaliwanag at dinokumento ng maayos sa Alfred Edersheim's *The Life and Times of Jesus the Messiah*, vol. 2, apendise XIII (pp. 749-863) at XVI (pp. 770-776). Ang Judaismong binigyan katauhang masama ay sa tatlong mga paraan.

1. Satanas o Sammael
2. ang masamang intensyon (*yetzer hara*) sa sangkatauhan
3. ang Anghel ng Kamatayan

SI Edersheim ay kinilala ang mga ito bilang (1) ang Akusador; (2) ang Manunukso; at (3) ang Tagapagparusa (vol. 2, p. 756). Mayroong minarkahang teolohikal na pagkakaiba sa pagitan post-exilic Judaismo at ang NT presentasyon at paliwanag ng masama.

- E. Ang NT, lalo na ang mga Ebanghelyo, ay nagsaad ng pag-iiral at oposisyon ng masamang espiritwal na mga nilalang sa sangkatauhan at kay YHWH (sa Judaismo si Satanas ay isang kaaway ng sangkatauhan, ngunit hindi sa Diyos). Sinasalungat nila ang kalooban ng Diyos, pamumuno, at kaharian. Si Hesus ay kinumpornta at pinatalsik ang mga demonyong ito, tinawag rin (1) maruming mga espiritu (cf. Lucas 4:36; 6:18) o (2) masamang mga espiritu (cf. Lucas 7:21; 8:2). Si Hesus ay malinaw na gumawa ng isang distinksyon sa pagitan ng sakit (pisikal at mental) at malademonyo. Ipinakita Niya ang Kanyang kapangyarihan at espiritwal na kaunawaan sa pamamagitan ng pagkilala at pagpapalayas sa mga masasamang mga espiritu na ito. Madalas Siya nakikilala nila at nagtangka na tawagin Siya, ngunit itinakwil ni Hesus ang kanilang testimonya, hiningi ang kanilang katahimikan, at pinalayas sila. Ang eksorsismo ay tanda ng isang pagkatalo ng kaharian ni Satanas.

Mayroong nakakagulat na kakulangan ng impormasyon sa NT Apostolikong mga liham sa paksang ito. Ang eksorsismo ay kailanman hindi inilista bilang isang espiritwal na kaloob o isang metodolohiya o pamamaraan para sa gamit nito para sa panghinaharap henerasyong mga ministryo o mananampalataya.

- F. Ang kasamaan ay tunay; ang masama ay personal; ang masama ay naririto. Alinman sa kanyang pinagmulan o layunin ay inihayag. Ang Bibliya ay nagsaad ng realidad nito at agresibong nilalabanan ang impluwensya nito. Walang sukdulang dualismo sa realidad. Ang Diyos ay may lubusang pagkontrol; ang kasamaan ay natalo at hinatulan na at aalisin mula sa nilikha.

G. Ang bayan ng Diyos ay dapat na labanan ang kasamaan (cf. Santiago 4:7). Hind dapat sila makontrol nito (cf. I Juan 5:18), ngunit sila ay maaring matukso at kanilang patotoo ay maimpluwensahan at masira (cf. Efeso 6:10-18). Ang kasamaan ay ang inihayag na bahagi ng mundong pananaw ng Kristyano. Ang mga modernong mga Kristyano ay walang karapatan na muling bigyan kahulugan ang kasamaan (ang demitolihisasyon ni Rudolf Bultmann); depersonalisasyon sa kasamaan (ang sosyal na estruktura ni Paul Tillich), o pagtatangka na maipaliwanag ito ng kompleto sa pisolohikal na mga termino (Sigmund Freud). Ang impluwensya nito ay malaganap, ngunit talunan. Ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa tagumpay ni Kristo!

10:14 “mga huling araw” Ang Hebreong terminong ito (BDB 31) ay pangunahing nangahulugang “wakas.” Ito ay ginamit sa ibat-ibang mga paraan, ngunit sa kontekstong ito, ito tumutukoy sa huling bahagi ng kasaysayan ng tao. Brown, Driver, Briggs Lexicon ay binigyan kahulugan ito bilang “a propetikong parirala nagpapakita ng pangwakas na periyod ng kasaysayan hanggang sa maabot ng perspektibo ng tagapagsalita, ang pakahulugan ay nag-iiba-iba sa konteksto, ngunit ito ay madalas na katumbas sa uliran o Mesyanikong panghinaharap” (p. 31).

1. Genesis 49:1 – ang pg-angkinng Israel sa Canaan
2. Bilang 24:14; Deutronomio 4:30 – ang pagbabalik ng Israel mula sa pagpapatapon
3. Deutronomio 31:29; Jeremias 23:30; 30:24 – ang patuloy na rebelyon ng Israel
4. Isaias 2:2; Ezekiel 38:8; Hosea 3:5 – ang Israel pinanumbalik at itinaas
5. Ezekiel 38:16 – isa na namang pag-atake sa Israel pagkatapos ng pagbabalik sa Lupang Pangako
6. Jeremias 48:47; 49:39 – ang Diyos ay pinapanumbalik ang mga bansa sa kapayapaan at kasaganaan

Ang tunay na katanungan patungkol sa pariralang ito ay panahong-saklaw. Para doon sa mga naniwala na lahat ng mga OT propesiya ay dapat na literal na matupad sa pambansang Israel (dispensasyonismo), ilan (kung hindi karamihan ng mga ito “huling mga panahon” mga teksto ay hindi natupad at, samakatuwid, dapat sa panghinaharap. Yamang ang mga ito ay nagsasalita sa pambansang Israel at hindi sa iglesya, magkagayon ang panghinaharap na sekretong raptur upang alisin ang iglesya mula sa kasaysayan ay dapat na isusog. Magkagayon ang aklat ng Pahayag ay nagiging isang estriktong Hudyong mensahe sa milenyum na gumagawa bilang isang katuparan.

▣ **“puso ay magtataglay ng kasamaan, at sila'y mangagsasalita ng mga kabulaanan sa isang dulang”** Kahit sa higit na mga pag-aari si Antiochus IV ay may isang adyenda laban sa mga Hudyo. Kung ito may ay kanyang debosyon sa Romano o mas mainam sa kultura ng Hellen o kanyang pagkagalit laban sa Hudyong eksklusibismo (monoteismo, “ang Diyos ng mga diyos,” v. 36), siya ay nagalit at umakto laban sa bayan ng Diyos (cf. vv. 30-33).

TALATA SA NASB (BINAGO): 11:29-35

²⁹ Sa takdang panahon ay babalik siya, at papasok sa timugan; nguni't hindi magiging gaya ng una ang huli. ³⁰ Sapagka't mga sasakyan sa Chittim ay magsisiparoon laban sa kaniya; kaya't siya'y mahahapis, at babalik, at magtataglay ng galit laban sa banal na tipan, at gagawa ng kaniyang maibigan: siya nga'y babalik, at lilingapin yaong nangagpabaya ng banal na tipan. ³¹ At mga pulutong ay magsisitayo sa kaniyang bahagi, at kanilang lalapastanganin ang santuario, sa makatuwid baga'y ang kuta, at aalisin ang palaging handog na susunugin, at kanilang ilalagay ang kasuklamsuklam na naninira. ³² At ang gayon na gumagawa na may kasamaan laban sa tipan, ay mahihikayat niya sa pamamagitan ng mga daya; nguni't ang bayan na nakakakilala ng kanilang dios ay magiging matibay, at gagawa ng kabayanihan. ³³ At silang marunong sa bayan ay magtuturo sa marami; gayon ma'y mangabubuwal sila sa pamamagitan ng tabak at ng liyab, ng pagkabihag at ng samsam, na maraming araw. ³⁴ Pagka nga sila'y mangabubuwal, sila'y tutulungan ng kaunting tulong; nguni't marami ay magsisipisan sa kanila na may mga daya. ³⁵ At ang ilan sa kanila na pantas ay mangabubuwal, upang dalisayin sila, at linisin, at paputiin, hanggang sa panahon ng kawakasan; sapagka't ukol sa panahon pang takda.”

11:29 “Sa takdang panahon” Ito ang pabalik balik na teolohikal na tema ng aklat ng Daniel, na ang Diyos ay may lubusang kontrol sa panahon at kasaysayan (cf. vv. 27,29,35,36,45; 8:19).

▣ **“babalik siya, at papasok sa timugan”** Ito ay tumutukoy sa ikalawang kampanya ni Antiochus IV laban kay Ptolemy VI, na naitala sa I Maccabees 1:29 at Polybius 29:1.

11:30 “sasakyan sa Chittim ay magsisiparoon laban sa kaniya” Mayroong naging matinding talakayan sa kahulugan ng “Kittim” (BDB 508). Sa OT ito ay tila tumutukoy kay Cypress (cf. Genesis 10:4; Isaias 23:1). Gayonpaman, ito ay ginamit para sa mga Romano (cf. ang Dead Sea Scrolls; ang Septuagint at Jeroma).

Kung ito ay tumutukoy sa Roma magkagayon ito ay maaring kaugnay sa komprontasyon ng Romanong konsul na si Gaius Popilius Laenas noong 172 B.C. ni Antiochus IV habang hinahabol niya sa Alexandria, Ehipto. Ang tala ng komprontasyon na ito ay natagpuan sa Cicero, *Philippus* 8.8; Livy, *Ab Urbe Condita* 45.10,15; at *Polybius* 29:1.

11:31 “lalapastanganin ang santuario, sa makatuwid baga'y ang kuta, at aalisin ang palaging handog na susunugin” Ang pariralang ito ay tumutukoy sa templo sa Jerusalem at ang sakripisyal na sistema nito (cf. 8:11; 9:27; 12:11). Marami ang nakita ito bilang tumutukoy sa pagtatangka ni Jason, ang kapatid ni Onias III, na maging Punong Saserdote. Si Jason, sa pamamagitan ng intriga sa korte ng Seleucid, ay naging Punong Saserdote, ngunit sa loob ng tatlong taon ay pinalitan ng isa pang Seleucid tagahanga, si Menelaus. Si Onias III ay sa wakas pinatay noong 171 B.C. sapagkat siya ay sumalungat sa pagtatangka ni Menelaus na maHellenize ang mga Hudyo.

▣ **“kanilang ilalagay ang kasuklamsuklam na naninira”** Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa mga utos ni Antiochus IV Epiphanes na mag-alay ng baboy sa altar ng Templo sa Jerusalem at magtayo ng isang dambana ni Zeus Olympus sa Banal na Lugar (Dec. 168 B.C., cf. I Maccabeo 1:54, 59). Ito ang nagpasimula sa rebolusyon ng Maccabeo. Si Hesus ay ginagamit ang kaparehong pariralang ito upang ilarawan ang paparating na Romanong mga hukbo laban sa Jerusalem sa Mateo 24:15, Marcos 13:14 at Lucas 21:20. Halata na ang pariralang ito ay ginamit sa ilang mga paraan upang ilarawan ang katakutan ng bayan ng Diyos ay mahaharap sa buong kasaysayan. Mayroong isang halatang pahiwatig sa pangwakas na panahong mg apangyayari, ngunit patungkol sa partikular na mga detalye, sila ay mananatiling malabo hanggang sa ang araw ay dumating.

11:32-33 “mangabubuwal sila sa pamamagitan ng tabak” Mayroong isang malinaw na pagkabiya sa pambansang Israel. Mayroong mga nakikisamang mga Hudyo at mayroong mga matapat na Hudyo na hindi tatanggap sa Hellenization (i.e. bulaang pagsamba). Ito ay tumutukoy sa *Hasidim* o Maccabean hukbo na sumalungat kay Antiochus IV (cf. I Maccabeo 1:62; 2:42; 7:13).

11:34 “sila'y tutulungan ng kaunting tulong” Ito ay tila ang tanging biblikal na reperensiya sa pag-aaklas ni Judas Macabbeas, ang anak na lalake ng saserdoteng si Mattathias ng Modim. Muli niyang inialay ang templo noong December 165 B.C., na siyang tanging pinagkuhaan ng modernong Hudyong selebrasyon kilala bilang Hanukkah o ang Kapistahan ng mga Liwanag, na nag-aalala sa paglilinis sa templo. Pansinin “sila” ay hindi makakagawa nito kung wala ang supernatural, banal na tulong!

11:35 Ito ay nagpapakitia na nag layunin ng mga pagsubok at mga problema na nakakaharap ng bayan ng Diyos ay hindi direktang resulta ng kasalanan, gaya ng Pagpapatapon, ngunit isang direktang koneksyon sapagkat sumunod sila sa Diyos ng langit. Ang buong aklat ng Daniel ay isang serye ng mga labanan sa pagitan ng Diyos at Kanyang bayan at organisadong pamahalaan ng tao na kontrolado ng masamang isa at kanyang mga anghel (cf. Awit 2; Ezekiel 38-39).

Sa konteksto “yaong may mga kaunawaan” ay idinugtong sa v. 33, na tumutukoy sa pag-aaklas ng Maccabean laban sa mga polisiyang Hellenistik ni Antiochus IV. Gayonpaman, dahil ang vv. 36-45 ay hindi tugma sa panahon I Antiochus, ang pariralang ito ay maaring tumutukoy sa inusig (“ay babagsak”) na mga mananampalataya sa pangwakas na panahon (“hanggang sa wakas na panahon”). Kung ito ay magkagayon ang teksto mismo ay nagbibigay sa atin ng isang temporal na tagamarka (tignan rin “sa wakas na panahon” sa v. 40).

TALATA SA NASB (BINAGO): 11:36-39

³⁶At ang hari ay gagawa ng ayon sa kaniyang kalooban; at siya'y magmamalaki, at magpapakataas ng higit kay sa bawa't dios, at magsasalita ng mga kagilagilalas na bagay laban sa Dios ng mga dios; at siya'y ginhawa hanggang sa ang galit ay maganap; sapagka't ang ipinasiya ay gagawin. ³⁷Wawaling bahala niya ang mga dios ng kaniyang mga magulang, o ang nasa man sa mga babae, o pakukundanganan man ang sinomang dios; sapagka't siya'y magmamalaki sa lahat. ³⁸Kundi bilang kahalili ay pararangalan niya ang dios ng mga katibayan; at isang dios na hindi nakilala ng kaniyang mga magulang ay kaniyang pararangalan ng ginto, at pilak, at ng mga mahalagang bato at ng mga maligayang bagay. ³⁹At siya'y magbabagsak ng mga matibay na kuta sa tulong ng ibang dios; sinomang kumilala sa kaniya, mananagana sa kaluwalhatian; at pagpupunuin niya sila sa marami, at kaniyang babahagihin ang lupa sa halaga.”

11:36-45 Modernong mga iskolar ay nagpalagay na ang aklat ng Daniel ay isinulat sa panahong ng Maccabeang periyod dahil sa

1. detalyado, historikal na impormasyon ng 11:2-35, na napakahindi karaniwan para sa nanghuhulang propesiya o apokaliptikong panitikan
2. sa v. 36 ang detalyadong impormasyong ito ay hindi tugma sa sekular na pinagkukuhanan, kaya sila ay nagsaad na nag may-akda ay malapit na nagsulat sa panahon na ito at simpleng gumawa ng isang panghinaharap propesiya na naging hindi tumpak
3. hindi halata sa teksto mismo na ang vv. 36-45 ay nagpalit ng mga paksa. Upang magsaad na dahil ang mga detalye ay hindi sumunod sa kasalukuyang sekular na kasaysayan, magkagayon ang paksa ay dapat na pang hinaharap (isang pangwakas na panahon Antiochus, gaya ng Antikristo), ito ay tila kaugnay sa sistematikong teolohiya ng isa, hindi eksehehis.

Isang Pagtugon

1. Ito ay hindi maaring isang karaniwang paraan maging para sa apokaliptikong panitikan upang ipakilala ang isa pang pangunahing persona at periyod.
2. Ito ay siguradong totoo na ang OT propesiya/apokaliptiko panitikan nageleskopyo sa kasaysayan tungo sa kung ano ang tila sekuwensyal kronolohikal na pangyayari, ngunit sa realidad ito ay may malaking, temporal na puwang sa pagitan nila (cf. Isaias 7; Mateo 24).
3. Kung ang si Daniel ay nagbasa sa pamamagitan ng kanyang mga mata sa NT ay isang biblikal na tularan, tema, at planong inihayag. Dapat nating gawin ang ating historikal at gramatikal na eksehehis, ngunit ito ay hindi laging nagbibigay sa ating ng malaking larawan (cf. 9:24-27; 11:36-45). Dito ang diyanra at *Solo Scriptura* ay nagpakita ng daan tungo sa isang pinagsamang perspektibo.
 - a. Makasalanang mga tao ay nais na makontrol ang kanilang sariling mga buhay at ang makasalanang pamahalaan ay nais na makontrol ang lahat ng bagay.
 - b. Ang sangkatauhan ay nagigigng progresibong laban sa monoteistiko.
 - c. Ang monoteismo ay nagdagdag ng adendum. Mayroong isang banal na Mesyas na sa pamamagitan ng pagdurusa at kamatayan ay magdadala ng panahon ng Espiritu.
 - d. Ang bagong panahong ito ay nagsasangkot ng pagdurusa, sakit, at pag-uusig sa panig ng tunay na mga mananampalataya.

- e. Ang katapusan ay sigurado. Ang Diyos ay naghahari! Ang Kanyang bayan ay magiging matagumpay!
4. Si Antiochus ay, sa pakahulugan, ang OT tipo ng isang laban sa Diyos pinuno ng mundo. Ang tipong ito ng tao ay karaniwan sa bawat panahon at rehiyon. Si Satanas ay hindi nalalaman ang panahon ng pagbabalik ni Kristo, kaya dapat siya ay laging mayroong isang taon na hahakbang sa yugto ng kasaysayan. Ang NT ay naglalarawan sa pangwakas na panahon persona (cf. Mateo 24; I Tesalonica 4; II Tesalonica 2; Pahayag). Ang parheong persona ay nahipo na sa Daniel 7:7-8,11,24-25; 9:24-27 at muli sa 11:36-45.

11:36 “ang hari” Sa konteksto “ang hari” ay tila tumutukoy kay Antiochus IV Epiphanes, ngunit dahil (1) ito ay hindi tumutukoy sa ating kasalukuyang pagkakaunawa sa kasaysayan; (2) “ang pangwakas na panahon” ay binanggit sa v. 40; at (3) ito ay napakapareho sa deskripsyon ng Antikristo sa II Tesalonica 2:4, vv. 36-45 ay maaring naglalarawan sa Antikristo ng pangwakas na panahon, gaya ng sa maliit na sungay ng Daniel 7 at 9:24-27.

▣ **“gagawa ng ayon sa kaniyang kalooban”** Tignan buong puna sa 8:4.

▣ **“siya'y magmamalaki, at magpapakataas”** Ang dalawang mga PANDIWA (BDB 926, KB 1202 at BDB 152, KB 178) ay magkasingkahulugan. Ang aksyon na ito ay nagpapakita ng maliit na sungay ng 8:11,25. Ito ay nagpapakita ng kaparehong saloobin ni Nebuchadnezzar sa 4:30-31 at 5:20 (cf. Isaias 14:13-15).

▣ **“magsasalita ng mga kagilagilalas na bagay”** Ang Hebreong termino (BDB 810, KB 927) na may pangunahing kahulugan ay “lumalagpas” o “higit sa ordinaryo.” Ito ay maaring ginamit sa ilang mga pakahulugan sa *Niphal*.

1. mysteryoso, kahanga-hanga, Deuteronomio 17:8; Kawikaan 30:18
2. kahanga-hangang gawa ng Diyos, Exodo 3:20; Josue 3:5
3. mahirap, Genesis 18:14; Deuteronomio 30:11; Jeremias 32:17,27
4. aroganteng mga salita, Daniel 11:36 (cf. 7:8,11; Pahayag 13:5-6)

▣ **“laban sa Dios ng mga dios”** Ang terminong “mga diyos” ay *elim* (BDB 42), na hindi kasama sa Hebreong Diyos, maliban dito. Madalas ito ay tumutukoy sa mga diyos ng mga bansa (cf. Exodo 15:11). Sa teolohikal ito ay kahanay sa Daniel 2:47 kung saan, sa Aramaic na seksyon ng aklat, *Elohim* ay ginamit (cf. Deuteronomio 10:17).

Ang punto ay, ito ba ay tumutukoy sa hari na gaya ng nag-aabusong relihiyon sa pangkalahatan o si YHWH sa partikular? Ang mga kabanata 40-45 ay hindi tugma kay Antiochus IV, ngunit ang vv. 36-39 medyo tugma para sa kanya. Mayroong puno ng layuin kalabuan (i.e. apokaliptikong panitikan) kaya ito ay maaring tumutukoy sa isa at lahat na nag epitomyang rebelyon ng tao at pagkaarogante.

11:37 “Wawaling bahala niya ang mga dios ng kaniyang mga magulang, o ang nasa man sa mga babae, o pakukundanganan man ang sinomang dios” Ito ay napakahirap na maunawaan dahil si Antiochus IV ay hindi itinakwil ang mga diyos ng kanyang ama. Sinamba niya si Zeus.

Ang parirala “ang nasa ng mga babae” ay pantukoy na sa ilan ay nangahulugan na binalewala niya ang pag-ibig na pantao, ngunit sa konteksto, ito ay tila posibleng kaugnay kay Tammuz, ang diyosa ng pag-ibig ng Babilonia (cf. Ezekiel 8:14).

▣ **“siya'y magmamalaki sa lahat”** Ito ay tila nagpakita na siya ay nag-angkin ng pagiging diyos para sa kanyang sarili (Epiphanes ay nangahulugang “ipinakitang diyos”). Halata mula sa mga barya ng periyod na ito na ang mga pinunong Seleucid ay naniwala sa kanilang mga sarili na sila ay banal. Ito ay espesyal na totoo kay Antiochus IV Epiphanes.

11:38 “Kundi bilang kahalili ay pararangalan niya ang dios ng mga katibayan” Dito ay tila isang kontradiksyon sa pagitan ng v. 37, kung saan siya ay magtatakwil “mga diyos,” at v. 38, kung saan siya ay susunod “isang diyos ng mga tanggulan.” Maraming mga komentarista ang naniwala na ang pariralang “isang diyos ng mga tanggulan” ay simpleng isang paraan ng pagsasalita patungkol sa labanan. Ang nagtatapos na bahagi ng v. 38, na tila nagsasalita sa militar na nadambong, ay tila nagpalakas sa teoryan gito.

Isa pang teorya (BDB 732, kaparehong salita na ginamit sa v. 1) ay ito ay pariralang tumutukoy sa Romang diyos na nagprotektta sa mga tanggulan (Jupiter Capitolinus), na kahanay sa Griyego diyos Zeus. Si Antiochus IV ay nag-alay ng mga sakripisyo kay Zeus sa dambana ng Hudyong templo sa Jerusalem. Siya rin ay nagtayo ng isang pinalawak na templo kay Zeus sa Antioch.

Ang diyos na ito ng mga tanggulan ay dapat na nagprotektta sa mga bayan ni Antiochus IV, ngunit mas tutulong na wawasak sa mga ibang kuta at bayan ng mga tao (cf. v. 39).

TALATA SA NASB (BINAGO): 11:40-45

⁴⁰“At sa panahon ng kawakasan ay makikipagkaalit sa kaniya ang hari sa timugan; at ang hari sa hilagaan ay paroroon laban sa kaniya na gaya ng isang ipoipo, na may mga karo, at may mga mangangabayo, at may maraming sasakyan; at kaniyang papasukin ang mga lupain, at aabot at lalapas. ⁴¹Siya'y papasok din naman sa maluwalhating lupain, at maraming lupain ay mababagsak; nguni't ang mga ito ay mangaliligtas mula sa kaniyang kamay: ang Edom, at ang Moab, at ang puno ng mga anak ni Ammon. ⁴²Kaniyang iunat din naman ang kaniyang kamay sa mga lupain; at ang lupain ng Egipto ay hindi makatatakas. ⁴³Nguni't siya'y magtataglay ng kapangyarihan sa mga kayamanang ginto at pilak, at sa lahat na mahalagang bagay sa Egipto; at ang mga taga Libia at ang mga taga Etiopia ay susunod sa kaniyang mga hakbang. ⁴⁴Nguni't mga balita na mula sa silanganan at mula sa hilagaan ay babagabag sa kaniya; at siya'y lalabas na may malaking kapusukan upang gumiba at lumipol sa marami. ⁴⁵At kaniyang itatayo ang mga tolda ng kaniyang palasio sa pagitan ng dagat at ng maluwalhating banal na bundok; gayon ma'y darating siya sa kaniyang wakas, at walang tutulong sa kaniya.”

11:40 “sa panahon ng kawakasan” Tignan puna sa 8:19.

▣ **“hari sa timugan; at ang hari sa hilagaan”** Ang mga reperensiyang ito ay nagpahiwatig na ang kabanata 11 ay nauugnay sa paninibugho at alitan sa pagitan ng Seleucid na emperyo (Syria/Babilonia) a Ptolemaic na emperyo (Ehipto/Palestina). Ang mga pariralang ito ay isang pangunahing problema sa pagtitingin sa vv. 36-45 or 40-45 bilang eksklusibong panghinaharap. Walang tanda sa dalawang heograpikal na Mediterraneang mga hari na kasangkot sa pangwakas na panahong labanan para sa Israel!

Kung ating naunawaan ang diyanra magkagayon lahat ng mga detalye ay nagiging simboliko para sa isang pangwakas na panahon labanan sa pagitan ng mga mananampalataya at di-mananampalataya, hindi Hudyo at kanilang mga kaaway!

11:41 “Edom, Moab. . .Ammon” Ang mga ito ay nagsangkot sa mga kaaway ng Israel na nakapaligid sa kanila sa mas higit na sinaunang panahon. Maging sa Macabbeang periyod si Moab ay dumaan sa eksena magpakailanman man. Ito ay nagpapakita na ang talata 41 ay dapat na kunin ng simboliko upang tumutukoy sa lokal na mga kaaway ng bayan ng Diyos.

11:43 “Libia at ang mga taga Etiopia” Ang mga ito ay kakampi ng Ehipto.

11:44 “mga balita na mula sa silanganan at mula sa hilagaan ay babagabag sa kaniya” Yaong mga interpreter na nakita ang kontekstong ito bilang tumutukoy kay Antiochus IV Epiphanes ay naniwala na ito

ay tumutukoy sa pagsakop ng mga Parthian isang rebelyon sa isang lugar ng kanyang nasasakupan.

▣ **“gumiba at lumipol”** Ito ay mula sa Hebreong salita *herem* (BDB 355 I). Ito ang terminong iuugnay sa kung anong ibinigay sa Diyos (gaya ng Jericho sa Josue 6) at magkagayon ay dapat na wasakin bagkus ito ay madudumihan ng paggamit ng tao (cf. Josue 6:21).

Gayonpaman, ang salita ay madalas na simpleng nangahulugang “wasakin,” na marahil ay nangahulugan dito (cf. Isaias 37:11; Jeremias 50:21,26; 51:3).

11:45 “dagat” Ito ang pangmaramihan at tila tumutukoy sa Dead Sea at Mediterranean Sea.

▣ **“maluwalhatang banal na bundok”** Ito ay tumutukoy sa bayan ng Jerusalem at partikular sa bundok kung saan ang templo ay naitayo, Mount Moriah.

▣ **“gayon ma'y darating siya sa kaniyang wakas, at walang tutulong sa kaniya”** Si Polybius 31.9 ay nagsaad na si Antiochus IV ay naglakbay sa Elymais sa Elam upang nakawan ang templo ni Artemis, ngunit ang lokal na sumasamba ay lumaban kaya siya ay umalis. Habang sa kanyang paglalakbay pauwi siya ay nagkasakit sa Tabae sa Persia at namatay (163 B.C.). Ang ilan ay ipinaratang ang sakit na ito bilang banal na kabaliwan bilang resulta ng kanyang kalapastanganan.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang pangunahing layunin ng pangitain Kabanata 11?
2. Bakit ang mga historikal na mga pangyayari ay nagsimula sa 323 B.C. at nagtapos sa 165 B.C.?
3. Sa historikal, sino ang dalawang pangunahing mga kalaban sa seksyong ito?
4. Bakit ang detalyeng ito ay ibinigay sa kasaysayan ng mga emperyo na nakapaligid sa Hudyong bayan?
5. Bakit su Antiochus IV Epiphanes ay isang magandang halimbawa ng Antikristong espiritu na kasalukuyang sa mundo (cf. I Juan 2:18)?
6. Sino ang tinukoy sa mga kabanata 36-45?

DANIEL 12

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Propesiya ng Pangwakas na Panahon	Ang Pangwakas na Kaganapan	Ang Oras ng Wakas	
12:1-4	12:1-4	12:1-3 12:2-3	Resureksyon at Retribusyon 12:2-3 12:4 Ang Senelyuhang Propesiya
12:5-13	12:5-13	12:5-6 12:7 12:8 12:9-10 12:11-12 12:13	12:5-13

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

KINALIGIRAN

- A. Ang kabanata 12 ay nagtatapos sa pampanitikang yunitng mga kabanata 10-12, na may isang pinag-isang mensahe.
- B. Nakakaaliw na ang, vv. 1-3 ay isinulat sa patulang mga linya sa NAB na salin. *The Jerome Biblical Commentary*, vol. 1, p. 459, ay nagsasabi na, “12:1-3, magnipikong patulang konklusyon ng kapahayagan na ibinigay sa mga kabanata 10-11” (gayundin ang New Inglesish Bible at ang rebisyon nito, The Revised Inglesish Bible, gayundin ang bagong NET Bible). Ang patulang anyo na ito ay hindi sumundo sa ibang mga Ingles na bersyon.

- C. Ang mga interpretasyon ay nag-iiba iba batay sa kung anong makasaysayang konteksto ang ipinagpalagay na tinalakay ng interpreter.
1. Marami ang nakita ito bilang si Antiochus IV.
 2. Ang mga iba ay nakita ito bilang si Titus in A.D. 70.
 3. Ang iba ay itinuro ito sa pangwakas na panahon.
- Posibleng ang teksto ay malabo sapat upang tumukoy sa lahat ng tatlo at posibleng marami pa. Ito ay magandang halimbawa ng “pangkatang katuparang propesiya” (i.e. “abominasyon ng desolasyon,” 9:27; 11:31; 12:11).

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 12:1-4

“At sa panahong yaon ay tatayo si Miguel, na dakilang prinsipeng tumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan; at magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailan man mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon: at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan, baw’t isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat. ²At marami sa kanila na nangatutulong sa alabok ng lupa ay mangagigising, ang iba’y sa walang hanggang buhay, at ang iba’y sa kahihyan at sa walang hanggang pagkapahamak. ³At silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silang mangagbabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailan man. ⁴Nguni’t ikaw, Oh Daniel, isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat, hanggang sa panahon ng kawakasan: marami ang tatakbo ng paroo’t parito, at ang kaalaman ay lalago.”

12:1 “At sa panahong yaon” Ang Septuagint ay nagsisimula sa kabanatang ito na may “sa lugar na yaon.” Halata na ang 12:1-4 ay konektado sa mensahe ng kabanata 11. Ang oras ng 12:1 ay nagdudugtong sa mga pangyayari ng 11:40-45. Ang tunay na isyu ay ang saklaw panahon. Ang paggamit ng “ang hari ng Timog” (11:40) at “ang hari ng Hilaga” (11:40) ay nagpapahiwatig na ito tumutukoy sa ikalawang siglo B.C. Gayonpaman, ang paggamit ng “sa pangwakas na panahon” (11: ay maaring magpahiwatig ng isang panghinaharap na periyod (cf. 12:4,9), ngunit hindi kinakailangan dahil sa isang kaparehong parirala ay ginamit sa vv. 27 at 35. Ang tanging dahilan na ang ikalawang siglong konteksto ay tinanong dahil sa pagkawasto ng 11:2-35 at ang posibleng pagkawasto ng 11:36-39 at ang lubusang di pagkawasto ng (batay sa kilalang sekular na kasaysayan) 11:40- 45.

▣ **“Miguel”** Ang kanyang pangalan ay nangahulugang “na gaya ng Diyos” (BDB 567). Mayroon lamang dalawang mga anghel na binanggit sa pamamagitan ng pangalan sa Bibliya: Gabriel, na wari ay isang mensaherong anghel, at Michael, na wari ay bantay na anghel ng bansang Israel o ng bayan ng Diyos. Ang anghel na ito ay binanggit sa Daniel 10:13, 21 at sa aklat ng Jude, v. 9, kung saan siya ay tinawag na arkanghel. Si John Calvin ay naisip na si Michael ay ang pre-existent na Kristo.

▣ **“dakilang prinsipeng”** Ang kaparehong terminong ito (BDB 978) ay ginamit sa ilang mga pakahulugan sa Daniel.

1. Babyloniang opisyal na nakatalaga sa apat na Hudyong mga kabataan, 1:7,8,9,10,11,18
2. Hudyong politikal (maharlikang) mga pinuno, 9:6,8
3. Diyos mismo, 8:11,25
4. makapangyarihang pambansang mga anghel
 - a. Persian, 10:13,20
 - b. Griyego, 10:20
 - c. Hudyo, 10:13,21; 12:1

Isa pang termino (BDB 617) isinalin sa “prinsipeng” ay ginamit sa 9:25 para sa Mesyas

1. 9:26 para sa pinuno ng oposisyon laban sa Mesyas

2. 11:22 posibleng para sa saserdote, si Onias III, na pinagtaksilan at pinatay sa pagtatangka ni Antiochus IV na hawakan ang Hudyong pagkasaserdote.

▣ **“na tumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan”** Marami ang naniwala na ito ay tumutukoy lamang sa mga hudyong dahil sa konteksto ng kabanata 11. Gayonpaman, ang sipi sa Mateo 24:21, 22 ay tila nagpahiwatig na si Hesus ay tumutukoy sa “mga pinili.” Mula sa Roma 2:28,29; 4:16; Galacia 6:16 alam natin na ang pangakong ito ay tumutukoy sa lahat ng may pananampalataya ng gaya ni Abraham.



NASB,

NRSV,

NJB “ay aangat”

NKJV “ay tatayo”

TEV “ay lilitaw”

Ang pangunahing kahulugan ng salitang ito ay (BDB 763, KB 840) ay “tindig” o “manindigan.” Ito ay ginamit ng madalas sa Daniel

1. ipresenta ang sarili, 1:4
2. pumunta sa eksena, 8:22,23; 11:7; 12:1
3. manindigan laban sa, 8:25; 10:13; 11:14
4. manindigan para sa, 10:21; 11:1
5. tumayo, 8:18; 10:11
6. bumangon mula sa mga patay, 12:13

Ang BDB ay nanindigan sa opsyon #3 ang pinamainam na tumutugma sa kontekstong ito, ngunit ang *A Handbook on the Book of Daniel* ni Peter Contesse at John Ellington, UBS, p. 323, ay naisip na ang opsyon #4 pinakamainam na tumugma (cf. Esther 8:11; 9:16). Tandaan, ang konteksto ang nagdedetermina ng kahulugan, hindi leksiko o mga diksyonaryo.

▣ **“magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailan man mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon”** Ang OT mga propeta (cf. Jeremias 2:27-28; 14:8; 30:7; Joel 1:5-18; Zefeso 1:14-18) ay ipinahayag na dahil sa idolatrya ng Israel at Judah na ang pangwakas na panahon ay maaring ang oras ng banal na paghuhukom. Ang Diyos ay sinubukang gamitin ang tipanang pagpapala at pagsusumpa ng Deuteronomio 27-29 upang tangkaing dalhin ang Kanyang bayan pabalik, ngunit ayaw nila; magkagayon ay pinahintulutan Niya ang mga dayuhang mga bansa na ipatapon sila (e.g. Isaias 10:5; Jeremias 51:20), ngunit sila parin ay hindi bumalik sa Kanya at tumupad sa tipanan. Gayonpaman, maging sa gitna ng paghahatol mayroong pag-asa sa maawaing karakter ng Diyos (cf. Hosea 11; 13:14).

Tila ito ay tumutukoy sa Mesyanikong pighati na tinukoy ni Hesus sa Mateo 24:21, 22 (cf. Marcos 13:19-20). Ang Septuagint ay may “mga bansa na isinulat sa aklat.” Sa Mateo 24:21 si Hesus ay binago ang salita na “mga bansa” tungo sa “mundo,” na ang NT unibersal na pagkakaunawa sa lawak ng tipanang pagmamahal sa lahat ng mga tao sa pamamagitan ng ebanghelyo.

▣ **“bawa't isa na masusumpungan”** Mayroong naging matinding talakayan sa mga komentarista dahil sa unibersal na elemento na ipinahiwatig sa “bawat isa” ngunit isinalungat sa salitang “marami,” na natagpuan sa vv. 2 at 10 (cf. 11:33,39). Ang talata 10 ay nakakatulong upang iinterpret ang “marami” ng talata 2. Sila ay parehong tumutukoy sa tinubos, ang matapat, na tagasunod ng Mesyas.

Ito ay tila nakakalito, ngunit (1) ang Hebreong termino (BDB 912 I) para sa “marami” ay nangahulugang “lahat” sa Deuteronomio 7:1; Isaias 52:14,15; (2) Isaias 53:11,12 ikumpara sa 53:6 gayundin sa pararelismo ng Roma 5:18-19; (3) ang kaparehong konseptong ito ng “marami” na ginamit para sa “lahat” ay maaring matagpuan sa Mateo 20:28; at 26:28; (4) si Hesus ay tila nagpahiwatig sa Daniel 12:2 at binago ang “marami” sa “lahat” sa Juan 5:28-29. Ang Hebreong termino para sa “lahat” ay

kahanay sa “marami” sa Isaias 2:2. Ang kaparehong pagkalito na ito ng “lahat” laban sa “marami” ay minsan lumubha tungo sa denominasyonal na labanan sa pagitan ng Calvinista at Armenian. Mayroong sapat na pagkakasunod-sunuran sa Kasulatan na hindi maaring maging dogmatiko sa lugar na ito. Ikumpara Roma 5:15, 16 sa 5:12.

Nakakalungkot na kilalanin na hindi lahat ng nas lahi (Hebreo idyoma, “mga anak ng iyong bayan”) ni Abraham ay mayroon ang kanyang pananampalataya. Gaya ng nababasa ng isa sa OT nagiging halata na karamihan ng mga hudyong ay hindi matapat na tagasunod ni YHWH; marami ay mga mapangalunya. Tanging ang matapat na natitira ang maliligtas. Ang pagiging tipanang bayan ay nagsasangkot higit sa kung sino ang iyong ina, ito ay nagsasangkot ng personal na pananampalataya at isang tapat na buhay.

▣ **“nakasulat sa aklat”** Ang kaparehong metaporikal na aklat na ito ng buhay ay tinukoy sa Daniel 7:10. Mayroong dalawang mga aklat na binanggit sa Bibliya (cf. Pahayag 10:12-15), isa ang “Aklat ng Pag-aalaala” kung saan ang mga gawa ng parehong makadiyos at di-makadiyos ay itinala, Awit 56:8; 139:16; Isaias 65:6; Malakias 3:16. Ang iba ay ang “Aklat ng Buhay” kung saan tanging ang mga pangalan ng mga tinubos ang binanggit, Exodo 32:32; Awit 69:28; Isaias 4:3; Daniel 12:1; Lucas 10:20; Felipos 4:3; Hebreo 12:23; Pahayag 3:5; 13:8; 17:8; 20:15; 21:27.



NASB “masusumpungan”
NKJV, NRSV “ay papalayain”
TEV “ay ililigtas”
NJB “ay palalagpasin”

Ang Hebreong terminong ito (BDB 572, KB 589, *Niphal* DI-GANAP) ay ginamit rin sa 11:41. Ito ay nagpapakita ng pisikal na pagpapalaya (cf. 11:41), ngunit gaya ng sa NT katapat nito, ito ay may konotasyon sa ilang mga konteksto ng espirituwal na kaligtasan (cf. 12:1).

Sa Daniel, gaya ng sa lahat ng kasaysayan, maraming matapat na mga mananampalataya ay pinatay, ngunit sila sa sukdukan ay ililigtas at papanumbalikin (cf. 12:2-3).

12:2 “marami sa kanila na nangatutulog” Mayroong ilang mga termino termino sa Hebreo para sa pagtulog.

1. *yashen* (BDB 445), na normal na ginamit sa natural na pagtulog, ngunit sa Daniel 12:2, ng kamatauan
1. *shenah* (BDB 446), ginamit rin sa natural na pagtulog, Daniel 2:1; 6:18
3. *shakab* (BDB 446), na ginamit sa mga aklat ng II Samuel, I & II Mga hari, and II Chronico Para sa kamatayan (II Samuel 11:9) at normal na pagtulog (II Samuel 7:12)

Ang konsepto ng kamatayan bilang pagtulog ay natagpuan rin sa NT (e.g. Mateo 27:52 [pansinin resureksyon]; Juan 11:11 [pansinin resureksyon sa 11:25-26; 13:36; Gawa 7:60; I Tesalonica 4:13 [pansinin resureksyon sa 4:14-17]; 5:10).

▣ **“alabok ng lupa”** Ang Hebreong idyoma ay isang paglalaro sa salita na “lupa,” *adanah* (BDB 9) at alikabok (BDB 779) mula sa Genesis 2:7 at 3:19 (cf. Awit 90:3; 104:29). Ang alikabok ng lupa ay metaporikal na lagayang lugar ng mga patay (i.e. *Sheol*, e.g. I Samuel 2:6; Job 14:13; Awit 30:3; 49:14-15; 139:8; Isaias 38:10; Hos. 13:14; Amos 9:2).

NATATANGING PAKSA: NASAAN ANG MGA PATAY?

I. Lumang Tipan

- A. Ang lahat ng tao ay mapupunta sa *Sheol* (ang etimolohiya ay hindi tiyak, BDB 1066), na ito ay isang paraan upang tukuyin ang kamatayan o ang libingan, na madalas sa mga

Karunungan Panitikan at Isaias. Sa OT ito ay isang maanino, may kamalayan, ngunit walang kaligayahang pag-iral (cf. Job 10:21-22; 38:17).

B. Katangian ng *Sheol*

1. inuugnay sa kahatulan ng Diyos (apoy), Deutronomio 32:22
2. inuugnay ka kahatulan kahit na bago dumating ang araw ng Paghuhukom, Awit 18:4-5
3. inuugnay sa *abaddon* (pagkawasak), na kung saan nandoon din ang Diyos, Job 26:6; Awit 139:8; Amos 9:2
4. inuugnay sa “ang hukay” (libingan), Awit 16:10; Isaias 14:15; Ezekiel 31:15-17
5. ang masasama ay bababa ng buhay sa *Sheol*, Bilang 16:30,33; Awit 55:15
6. kadalasang kinakatawang ng isang hayop na may malaking bunganga, Bilang 16:30; Isaias 5:14; Hab. 2:5
7. ang mga tao doon ay tinatawag na *Repha'im*,

Isaias 14:9-11) II. Bagong Tipan

A. Ang Hebreong *Sheol* ay isinalin sa Griyegong *Hades* (ang dinakikitang mundo) B. Katangian ng *Hades*

1. tumutukoy sa kamatayan, Mateo 16:18
2. inuugnay sa kamatayan, Pahayag 1:18; 6:8; 20:13-14
3. kadalasang inuugnay sa lugar ng palagiang pagpaparusa (*Gehenna*), Mateo 11:23 (sipi sa OT); Lucas 10:15; 16:23-24
4. kadalasang inuugnay sa libingan, Lucas 16:23

C. Maaaring pagkakahati-hati (mga rabi)

1. ang matuwid na bahagi ay tinatawag na paraiso (totoong ibang pangalan para sa langit, cf. II Corinto 12:4; Pahayag 2:7), Lucas 23:43
2. ang masamang bahagi ay tinatawag na *Tartarus*, II Pedro 2:4, kung saan ito ang lugas na tinatangan ang mga masamang anghel (cf. Genesis 6; I Enoch)

D. *Gehenna*

1. Ipinaliliwanag nito ang pariralang OT, “ang lambak ng mga anak ni Hinnom,” (timog ng Herusalem). Ito ay lugar na ang apoy na diyos ng Phoenicia, *Molech* (BDB 574), ay sinamba sa pamamagitan ng pagaalay ng bata (cf. II Hari 16:3; 21:6; II Cronika 28:3; 33:6), ito ay ipinagbabawal sa Levitico 18:21; 20:2-5.
2. Si Jeremias ay binago ito mula sa isang lugar ng paganong pagsamba sa isang lugar ng paghuhuko ni YHWH (cf. Jeremias 7:32; 19:6-7). Ito ay naging isang lugar ng apoy, walang hanggang paghuhukom sa I Enoch 90:26-27 and Sib. 1:103.
3. Ang Hudyo sa panahon ni Hesus na nangingilabot sa pakikilahot ng kanilang mga ninuno sa paganong pagsamba sa pamamagitan ng pag-aaral ng bata, ay ginawa nilang lugar na pinagtatapanan ng basura para Herusalem. Marami sa mga talinghaga ni Hesus para sa mga walang hanggang parusa ay nanggaling sa tapunang ito (apoy, usok, mga uod, nakakasulasok na amoy, cf. Marcos 9:44,46). Ang salitang *Gehenna* ay ginamit lamang ni Hesus (maliban sa Santiago 3:6).
4. Ang paggamit ni Hesus sa *Gehenna*
 - a. apoy, Mateo 5:22; 18:9; Marcos 9:43
 - b. pamalagian, Marcos 9:48 (Mateo 25:46)
 - c. lugar ng pagkawasak (kapwa kaluluwa at katawan), Mateo 10:28
 - d. inihahalintulad sa *Sheol*, Mateo 5:29-30; 18:9
 - e. itinatangi ang mga masasama bilang “anak ng impyerno,” Mateo 23:15

- f. bunga ng pagpapataw na kaparusahan, Mateo 23:33; Lucas 12:5
- g. ang kaunawaan sa *Gehenna* ay maihahalintulad sa pangalawang kamatayan (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14) o sa lawa ng apoy (cf. Mateo 13:42,50; Pahayag 19:20; 20:10,14-15; 21:8). Maaaring ang lawa ng apoy ay magiging pamalagiang lugar na titirhan ng mga tao (mula sa *Sheol*) at mga masamang anghel (mula sa *Tartarus*, II Pedro 2:4; Hudan v. 6 o sa kailaliman, cf. Lucas 8:31; Pahayag 9:1-11; 20:1,3).
- h. hindi ito ginawa para sa mga tao, ngunit para kay Satanas at sa kanyang mga anghel, Mateo 25:41

E. Ito ay maaari, dahil sa pagpapatong ng *Sheol*, *Hades*, and *Gehenna* na

1. sa simula lahat ng mga tao ay mapupunta sa *Sheol/Hades*
2. ang kanilang karanasan (mabuti/masama) is ay papalalain pagkatapos ng Araw ng Paghuhukom, ngunit ang lugar ng mga masasama ay mananatiling katulad ng dati (ito ang dahilan kung bakit isinali ng KJV ang *hades* (libingan) bilang *gehenna* (impyerno).
3. ang nag-iisang talata sa NT na nagbanggit ng pagdurusa bago ang Paghuhukom ay ang parabula sa Lucas 16:19-31 (Lazaro at ang Mayaman). Ang *Sheol* ay inilalarawan din bilang isang lugar ng pagpaparusa ngayon (cf. Deuteronio 32:22; Awit 18:1-5). Subalit, ang sinuman ay hindi makakabuo ng doktrina sa isang parabula.

III. Panggitnang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

A. Ang NT ay hindi nagtuturo ng “pagiging walang kamatayan ng kaluluwa,” na isa sa maraming mga sinaunang pananaw pagkatapos ng buhay.

1. ang mga kaluluwa ng tao ay umiiral na bago pa ang pisikal na buhay
2. ang mga kaluluwa ng tao ay walang-hangan bago at pagkatapos ng pisikal na buhay
3. kadalasang ang pisikal na katawan ay nakikita bilang isang bilangguan at ang kamatayan bilang paglaya pabalik sa dating kalagayan bago ang pag-iral

B. Ang NT ay nagpapahiwatig ng nabuwag na kalalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

1. Si Hesus ay nagsalita sa pagkakahati sa pagitan ng katawan at kaluluwan, Mateo 10:28
2. Si Abraham ay maaaring nagkaroon ng isang katawan ngayon, Marcos 12:26-27; Lucas 16:23
3. Si Moises at Elias ay may pisikal na katawan sa pagbabagong-anyo ni Hesus, Mateo 17
4. Binigyang-diin ni Pablo na ang Pangalawang Pagparito, ang mga kaluluwa kasama ni Kristo ay makakatanggap muna ng mga katawan, I Thesolonica 4:13-18
5. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay makatatanggap ng bagong espirituwal na katawan sa araw ng muling pagkabuhay, I Corinto 15:23,52
6. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay hindi mapupunta sa *Hades*, ngunit sa kamatayan ay kasama ni Hesus, II Corinto 5:6,8; Filipos 1:23. Napagtagumpayan ni Hesus ang kamatayan at kinuha ang mga matutuwid na kasama Niya sa langit, I Pedro 3:18-22.

IV. Ang Langit

A. Ang salita ay ginamit sa tatlong mga diwa sa Bibliya.

1. ang *atmosphere* sa taas ng lupa, Genesis 1:1,8; Isaias 42:5; 45:18
 2. ang mabituang kalangitan, Genesis 1:14; Deutronomio 10:14; Awit 148:4; Hebreo 4:14; 7:26
 3. ang lugar ng luklukan ng Diyos, Deutronomio 10:14; I Hari 8:27; Awit 148:4; Efeso 4:10; Hebreo 9:24 (pangatlong langit, II Corinto 12:2)
- B. Ang Bibliya ay hindi naghayag nang marami patungkol sa pagkatapos ng buhay, marahil dahil ang mga nalugmok na mga sangkatauhan ay walang paraan o kakayahan na maunawaan (cf. I Corinto :9).
- C. Ang langit ay kapwa isang lugar (cf. Juan 14:2-3) at isang persona (cf. II Corinto 5:6,8). Ang langit ay maaaring ipanumbalik sa Hardin ng Eden (Genesis 1-2; Revelation 21-22). Ang mundo ay malilinis at maibabalik sa dati (cf. Gawa 3:21; Roma 8:21; II Pedro 3:10). Ang larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27) ay napanumbalik ni Kristo. Ngayon ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden ay maaari muli.

Subalit, ito ay maaaring isang talinghaga (ang langit bilang isang malaki, malakubong lungsod sa Pahayag 21:9-27 at hindi literal. Inilalarawan ng I Corinthians 15 ang pagkakaiba sa pagitan ng pisikal na katawan sa espirituwal na katawan bilang isang binhi sa isang ganap na halaman. Muli, ang I Corinto 2:9 (isang sipi mula sa Isaias 64:4 at 65:17) ay isang dakilang pangako at pag-asa! Nalalaman ko na kapag makita natin Siya, tayo ay magiging katulad Niya (cf. I Juan 3:2).

V. Mga mapagkukunang tulong

- A. William Hendriksen, *The Bible On the Life Hereafter*
- B. Maurice Rawlings, *Beyond Death's Door*

▣ **“mangagigising”** Ang PANDIWA (BDB 884, KB 1098) ay isang *Hiphael* DI-GANAP. Ito ay isa na namg Hebreong idyoma ng buhay mula sa kamatayan (cf. II Hari 4:31; Jeremias 51:39,57; Job 14:12). Sa Isaias 26:19 at dito ay nagpapakita ng resureksyon. Ito ay tumpak na implikasyon ng pangitain ng Ezekiel ng tuyong mga buto (cf. Ezekiel 37), ngunit sa isang indibidwal na pakahulugan. Ang ilan ay magigising sa walang hanggang kagalakan (cf. Isaias 66:22-23) at iba ay sa walang hanggang kahihyan (cf. Isaias 66:24). Para sa isang mabuting talakayan tignan Millard J. Erickson, *Christian Theology*, 2 ed., pp. 1200-1210 o *Dictionary of Jesus and the Gospels*, IVP, pp. 673-688 o *The Zondervan Pictorial Encyclopedia of the Bible*, vol. 5, pp. 70-75.

▣ **“ang iba'y sa walang hanggang buhay, at ang iba'y sa kahihyan at sa walang hanggang pagkapahamak”** Ito ay tumutukoy sa pangkalahatang resureksyon (cf. Juan 5:28,29; Mateo 25:46; at Gawa 24:15-16). Ito ay isa sa unang Kasulatan na nagtatalakay sa umuunlad na pagkakaunawa sa pangagailangan ng buhay pagkatapos ng kamatayan upang ituwid ng Diyos ang kasamaan na ginawa sa mundong ito (cf. Job 14:7-12,13-14; 19:25-26; Awit 16:10; 49:15; 73:24; Isaias 25:8; 26:19). Wari ang rabinikal na pagkakaunawa sa isang hinating *Sheol/Hades* tungo sa “paraiso” at “Tartarus” ay nahubog mula sa unang mga tekstong ito na kaugnay sa resureksyon.

▣ **“walang hanggang. . . walang hanggang”** Ito ang Hebreong salita *olam* (BDB 761), na dapat na iinterpret ayon sa intensyon at perspektibo ng permanenteng pagkakahating ito sa Mateo 25:46 (i.e. langit - impyerno). Mayroong bagong aklat sa anihilsyonismo na may nakakaakit na mga punto. Tignan Edward Fudge, *The Fire That Consumes: A Biblical and Historical Study of the Doctrine of Final Punishment*, ngunit tignan rin Millard J. Erickson, *Christian Theology*, 2nd ed., pp. 1244-1247.

▣ **“kahihyan”** Ang Hebreong termino (BDB 201) ay ginamit lamang dito sa Isaias 66:24. Si Hesus ay ginamit ang Isaias teksto upang ilarawan ang *Gehenna* (cf. Mateo 3:12).

12:3 “At silang pantas” Ito ang pabalik balik na tema. Ang kaparehong parirala (BDB 968) ay ginamit sa 11:33,35 (ang matapat sa panahon ng paghahari ni Antiochus IV). Ang Daniel 12:10 ay nagpapakita na ito ay hindi tumutukoy sa antas ng katalinuhan, ngunit ang distinksyon sa pagitan ng naligtas at di ligtas. “Yaong mga pantas” ay ginamit sa 9:13,25 upang pumuna doon sa mga nakaunawa at umakto sa katotohanan na ipinahayag ng Diyos. Sa 11:33 ang kaunawaan ay nangahulugang ipasa sa iba, ngunit sila ay papatayon sa kanilang mga aksyon.

▣ **“sisilang na parang ningning”** Mayroong salitang paglalaro sa pagitan “ningning” (BDB 263) at “yaon dinala ang marami sa katuwiran” (cf. Isaias 53:11), batay sa kahanay na mga aksyon ng yaong nasa 11:33. Ang konsepto ng iluminasyon (i.e. liwanag at katuruan) ay nagdudugtong sa “ningning” at “nagbibigay ng kaunawaan.” Yaong mga kilala ang Diyos ay ibabahagi Siya sa iba!

Ang talata ay sinipi ni Hesus sa Mateo 13:43, na nasa konteksto ng eskatolohikal na paghahatol.

Posible na ang talatang ito ay nagpapakita ng antas ng mga pabuya. Tignan natatanging paksa: Mga Antas ng Pabuya at Kaparusahan sa Daniel 7:10.

▣ **“parang ningning ng langit”** Ang mga ito ay kahanay na mga metapora. Ang una ay maaring tumutukoy sa (1) taas ng portabol na trono ng Diyos (cf. Ezekiel 1:22) o (2) ang Hebreong salita (BDB 956) na ibig sabihin ay “isang pinahabang patag.” Ito ay ginamit upang ilarawan ang kaha de yero ng kalawakan sa Genesis 1:6,7,8 at sa v. 14 sa dakilang mga liwanag (araw, buwan, mga bituin, mga kometa, atbpa.).

▣ **“katuwiran”** Tignan natatanging paksa: Katuwiran sa 9:17.

▣ **“magpakailan man”** Ang Hebreong pariralang ito ay nagsasama sa salita para sa “mahabang durasyon” (BDB 761) na may salita para sa “walang hanggan” (BDB 723 I), na nangahulugang “mahabang buhay” (cf. Isaias 30:8; 45:17). Ang mga pangako at paghahatol ng Diyos ay sigurado at walang hanggan.

Para sa isang mabuting talakayan ng *‘olam* at ibang mga salita para sa durasyon tignan Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 312-319.

12:4 “isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat, hanggang sa panahon ng kawakasan” Ang TEV at NJB mga salin ay ginawa ang talatang ito na magkahiwalay na talataan. Ang konsepto ng “selyuhan ang mga salita” ay natagpuan sa 8:26 at 12:9. Ang “pagtatatak” ay tila tumutukoy sa (1) proteksyon (cf. Jeremias 32:11-14); (2) espirital na paguunawa (cf. Isaias 29:9-12); o (3) pagkalihim (cf. Isaias 8:16). Nakakatulong ito sa akin upang malaman ang mga salita na hindi madaling maunawaan sa Daniel, o maging kanyang mga kasabayan. Sa aking palagay ang huling henerasyon ng nagdurusa at namamatay na mga mananampalataya ay mauunawaan ang ilang mag tekstos na ang mga naunang mga henerasyon ay kailanman hindi lubusang naunawaan.

Sa anong periyod ng panahon ang mensahe ng Daniel (1) tinatakan mula at (2) ipinahayag kay? Ito ba ay para sa ikaanim na siglo B.C.; ang ikalawang siglo B.C.; para sa panahon ni Hesus, o ang pangwakas na panahon? Ang pangunahing layunin ba ay ang detalyadong prediksyon o ang kapahayagan ng soberinadong Diyos na lubusang may kontrol sa kasaysayan at pagtutubos?

▣

NASB
NKJV
NRSV
TEV

“marami ang tatakbo ng paroo't parito”

“marami ay tatakbo sa paparoon at paparito”

“marami ay tumatakbo pabalik at pasulong ”

“marami tao ay magaaksaya ng kanilang lakas”

NJB “marami ang gagala kung saan saan, doon at dito”

Ang Hebreong termino (BDB 1001, KB 1439) ay nangahulugang gumlaw ng mabilis. Ito ay ginamit sa kaalaman ng Diyos sa mga pangyayari sa mundo (cf. Zacarias 4:10). Ito rin ay ginamit sa matinding paghahanap ng isang tao (cf. Jeremias 5:1). Sa Jeremias 49:3 Ito ay ginamit para sa pagkalito at takot na dulot ng isang pag-atake. Halata na ito ay nagpapakta ng isang nanangis na aktibidad, ngunit kung paano ito wastong nauugnay sa Daniel 12:4 ay hindi tiyak.

1. ito ay tumutukoy sa aktibidad ng di-ligtas (emended MT)
2. ito ay tumutukoy sa aktibidad ng mga tinubos (cf. Amos 8:12)
3. ito ay tumutukoy sa pangkalahatang kalagayan ng lahat ng sangkatauhan

Ang termino “ang marami” ay maaring tumutukoy sa (1) matapat na mga hudyos (cf. 11:33,39); (2) ang mapanghimagsik na mga hudyos na sumuporta sa dinastiyang Seleucid (cf. 11:14); o (3) lahat ng tao (cf. 12:2).



NASB, NKJV “at ang kaalaman ay lalago”

NRSV “at ang kasamaan ay lalago”

TEV “sinusubukang maunawaan kung ano ang nangyari”

NJB “at kasamaan ay magpapatuloy na dadami”

NIV “upang tumaas ang kaalaman”

Maraming mga komentarista ay nakita ito bilang sekular na kaalaman (ang modernong mundo), ngunit ang iba ay nakita ito bilang kaalaman sa aksyon ng Diyos sa kasaysayan kaugnay sa v. 3a (“yaong mga pantas”).

TALATA SA NASB (BINAGO): 12:5-13

⁵Nang magkagayo'y akong si Daniel ay tumingin, at, narito, nakatayo ang ibang dalawa, ang isa'y sa dakong ito ng pangpang ng ilog, at ang isa'y sa kabilang pangpang ng ilog sa dakong yaon. ⁶At ang isa'y nagsalita sa lalaking nabibihisan ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, Hanggang kailan mangyayari ang wakas ng mga kababalaghang ito? ⁷At aking napakinggan ang lalaking nakapanamit ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, nang kaniyang itaas ang kaniyang kanan at kaniyang kaliwang kamay sa langit, at sumumpa sa pamamagitan ng nabubuhay magpakailan man na magiging sa isang panahon, mga panahon, at kalahati ng isang panahon; at pagka kanilang natapos na mapagputol-putol ang kapangyarihan ng banal na bayan, ang lahat na bagay na ito ay matatapos. ⁸At aking narinig, nguni't di ko naunawa: nang magkagayo'y sinabi ko, Oh Panginoon ko, ano ang magiging wakas ng mga bagay na ito? ⁹At sinabi niya, Yumaon ka ng iyong lakad, Daniel; sapagka't ang mga salita ay nasarhan at natatakan hanggang sa panahon ng kawakasan. ¹⁰Marami ang magpapakalinis, at magpapakaputi, at magpapakadalisay; nguni't ang masasama ay gagawa na may kasamaan; at wala sa masasama na makakaunawa; nguni't silang pantas ay mangakakaunawa. ¹¹At mula sa panahon na ang palaging handog na susunugin ay aalisin, at matatayo ang kasuklamsuklam na naninira, ay magkakaroon ng isang libo't dalawang daan at siyam na pung araw. ¹²Mapalad siyang naghihintay, at datnin ng isang libo't tatlong daan at tatlong pu't limang araw! ¹³Nguni't yumaon ka ng iyong lakad hanggang sa ang wakas ay mangyari; sapagka't ikaw ay magpapahinga, at tatayo sa iyong kapalaran, sa wakas ng mga araw.”

12:5 “Nang magkagayo'y akong si Daniel ay tumingin, at, narito, nakatayo” Ang kabanatang ito ay pagpapatuloy sa pampanitikang konteksto na nagsimula sa kabanata 10. Sa 10:4 ang dalawang mala anghel na nilalang ay nakita na nakatayo sa Tigris River. Gayonpaman, ang termino “ilog” sa 10:4 (BDB 625) ay ang Tigris at ang isa dito sa v. 5 (BDB ay magkaibang Hebreong salita. Ang isa rito ay madalas na ginamit para sa Nile River. Gayonpaman, mayroong isang eksepsyon dito sa Isaias 33:21, kung saan ito ay ginamit sa mga kanal.

12:6 “At ang isa’y nagsalita sa lalaking” Ang Masoretic teksto ay may “at sinabi niya,” habang ang Septuagint at ang Vulgate ay may “Aking sinabi.” Sa 8:13,14,16 si Daniel ay narinig ang dalawang mga anghel na nag-uusap sa pangitain na nakita lang ni Daniel, kaya nga, dito. Ang mga anghel ay madalas na tinukoy na “tao.” Tignan puna sa 8:16.

▣ **“Hanggang kailan mangyayari ang wakas ng mga kababalaghang ito”** Ito ang eksaktong parehong tanong na ibinigay ng anghel sa 8:13. Ang salitang “kababalaghan” (BDB 810) ay maaring may negatibong konotasyon dito (cf. v. 7) at isang positibo sa kalaunan (cf. vv. 1-3).

12:7 “nang kaniyang itaas ang kaniyang kanan at kaniyang kaliwang kamay sa langit” Ito ay isang OT galaw ng panunumpa (cf. Deutronomio 32:40; Isaias 62:8; Ezekiel 20:5 at sa NT, Pahayag 10:5, 6). parehong mga kamay ay itinaas ay dapat na magpakita ng tindi o kaseryosuhan.

▣ **“at sumumpa sa pamamagitan ng nabubuhay magpakailan man”** Ito ay isa na namang paggamit sa terminong *olam* (BDB 761), na dapat na iinterpret ayon sa konteksto nito. Pansinin ang pagkakagamit sa David.

1. walang hanggang katuwiran, 9:24
2. walang hanggang buhay, 12:2
3. walang hanggang kahihyan, 12:2
4. yaong nagdala sa marami sa katuwiran, gaya ng mga bituin magpakailanman, 12:3
5. sa Kanya na nabubuhay magpakailanman, 12:7

▣ **“isang panahon, mga panahon, at kalahati ng isang panahon”** Mayroong naging matinding talakayan patungkol sa pariralang ito. Ang ekasaktong pariralang ito ay ginamit sa Daniel 7:25 (at sa Pahayag 12:14). Ito ay isang apokaliptikong idyoma para sa panahon ng pag-uusig (kalahati ng pito, cf. Milton S. Terry, *Biblical Hermeneutics*, p. 445). Mayroong ilang ibang mga parirala sa Daniel at sa Aklat ng Pahayag na gumamit ng pangunahing balangkas panahon na ito: (1) Daniel 8:14,26 — 2300 mga gabi at umaga. Ito ay ininterpret bilang alinman sa (a) 1150 mga araw o (b) 6 mga taon, 110 mga araw; (2) Daniel 9:27 — reperensiya sa kalahati ng pito; (3) Daniel 12:11 — 1290 mga araw; (4) Daniel 12:12 — 1335 mga araw; (5) Pahayag 11:2-13:5 42 mga buwan o 1260 mga araw (Pahayag 11:3; 12:6). Ito ay tila tumutukoy sa mahigit tatlo at kalahating mga taon sa lunar na kalendaryo. Ang mga numerong ito ay mas simboliko kaysa literal dahil sa kanilang pagkakapareho, ngunit sila ay magkaiba.

▣ **“natapos na mapagputol-putol ang kapangyarihan ng banal na bayan”** Ito ba ay tumutukoy sa (1) ilang uri ng pag-uusig sa bayan ng Hudyo (cf. 7:21,25; 8:23-26; 9:24-27; 11:36-45) o (2) ang iglesyang Kristyano (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21; II Tesalonica; Pahayag)? Mayroong ikatlong opsyon na mula pa sa 11:14, 34, na maaring tumutukoy sa oposisyon ni Daniel sa Hudyong oposisyon kay Antiochus IV sapagkat siya ay naniniwala na ang Diyos ay makakamit ang tagumpay sa Kanyang sariling panahon, sa Kanyang sariling paraan, at para sa Kanyang sariling mga layunin (ang pagbibigay-diin sa soberenidad ng Diyos ng aklat ng Daniel, na tiyak na karaniwang elemento sa apokaliptikong panitikan).

Mayroong naging matinding talakayan patungkol sa periyod ng panahon na ito, ngunit halata na ito ay tumutukoy sa isang makasaysayan pangyayari kapag ang masamang isa ay tila nakakakuha ng bentahe (cf. Daniel 8:23-26; Lucas 21:24). Ang Septuagint ay lubusang binabago ang kaisipan ng talatang ito at dapat na alisin bilang isang realistikong opsyon. “Ang wakas ng panahon” tagpuan (cf. v. 4) makikita natin ang mga bagay na magiging palala ng palala para sa bayan ng Diyos (cf. v. 1).

Apokaliptikong panitikan ay pesimistiko patungkol sa posibilidad ng makasaysayang proseso na nakakakamit ng anumang bagay na positibo o matuwid. Samakatuwid, ang kapangyarihan ng mga tao, maging sa mga tinubos na tao, ay dapat na makitang di-sapat. Tanging ang makapangyarihan, klimatikong pagdating ng Diyos tungo sa makasalanang kasaysayan ang makakapagpanumbalik at makakakamit sa mga plano at mga layunin ng Diyos.

12:8 “At aking narinig, nguni't di ko naunawa” Si Daniel ay binigyan ng espesyal na mga kaloob ng karunungan at panaginip (pangitain) interpretasyon (cf. 1:17). Sa 8:16 ang makapangyarihang anghel ay inutusan si Gabriel na magbigay ng kaunawaan kay Daniel (cf. 9:22; 10:21). Gayonpaman, hindi ito nangahulugang na magpahiwatig na si Daniel ay naunawaan ang lahat ng bagay patungkol sa mga pangitaing ito. Ang kanyang kaunawaan ay limitado parin ng kanyang ikaanim na siglong B.C. konteksto. Ilan sa mga pangitaing ito ay hindi para sa OT bayan ng Diyos. Ang Bagong Tipan at ang dalawang mga pagdating ni Kristo ay nagpabago sa Mosaic na oryentasyon ni Daniel.

▣ **“Oh Panginoon ko, ano ang magiging wakas ng mga bagay na ito”** Bagamat ang makadiyos na lalake na si, Daniel, ay nagtanong, ang kanyang pagkamausisa ay hindi masasagot. Ang mga pangyayaring ito ay para sa huling henerasyon (cf. v. 9). Ang terminong “panginoon” dito ay hindi para sa pagkadiyos, ngunit ang pangkalahatang termino para sa respeto, “*adomi*” (cf. 10:16).

12:10 “Marami” Tignan puna sa v. 1 (“bawat isa”).

▣ **“magpapakalinis, at magpapakaputi, at magpapakadalisay”** Ang ilan ay tutugon sa mga mensahero ng Diyos at radikal na mababago ang kanilang mga buhay! Ang pag-uusig ay isang paraan ng paglilinis (BDB 140, KB 162, *Hithpael* DI-GANAP, “ihiwalay mula sa marumi” [i.e. masama]) at santipikasyon (BDB 864, kb 1057, *Niphal* DI-GANAP, “ihiwalay mula sa marumi” [i.e. “tungo sa Diyos”] cf. 11:35; Malakias 3:2-3).

▣ **“nguni't ang masasama ay gagawa na may kasamaan; at wala sa masasama na makakaunawa”** Magkakaroon ng isang malaking paghahati sa mga tao. Yaong mga hindi nakakakilala sa Diyos ay lubusang masosorpresa sa mga pangyayari sa wakas ng panahon. Ang kasamaan ay makikita sa kung ano ito!

▣ **“nguni't ang masasama ay gagawa na may kasamaan; at wala sa masasama na makakaunawa”** Kung ito ay tumutukoy sa pangwakas na panahon, at kung ang Bagong Tipan ay totoo, magkagayon ang mga ito ay dapat na naniniwalang mga hudyo at Hentil sapagkat kay Kristo walang nang panlahi, sekswal, o sosyal na mga distinksyon sa kaligtasan (cf. Galacia 3:28; Efeso 2:11; 3:13; Colossa 3:11).

12:11 “At mula sa panahon na ang palaging handog na susunugin ay aalisin” Ito ay halatang tumutukoy sa makasaysayang pangyayari. Ang “regular na sakripisyo” (BDB 556) ay tumutukoy sa pang-araw araw na sakripisyo ng isang tupa, bawat umaga at gabi sa templo (“ang nagpapatuloy”). Mayroong naging pagkakaiba sa mga opinyon batay sa panahong balangkas kung saan ang siping ito ay tinignan:

1. Antiochus IV (cf. 8:11-13)
2. ang Romanong heneral, Titus, sa A.D. 70 (cf. 9:25-27; Mateo 24:15)
3. ang pangwakas na panahon AntiKristo (cf. Daniel 7; 11:36f-40; Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21; II Tesalonica 2; at ang aklat ng Pahayag).

▣ **“at matatayo ang kasuklamsuklam na naninira”** Ang ilan ay nakita pariralang ito (BDB 1055, 1030) bilang tumutukoy kay Antiochus IV na nagtatayo ng isang ni Zeus sa templo sa panahon ng Macabbeang periyod (cf. Daniel 8:11-13). Ang iba ay nakita ito bilang tumutukoy sa laban sa Diyos na pinuno ng mundo ng pangwakas na panahon (cf. 7:21,25; 8:23-26; 9:25-27; 11:36- 45). Ang parirala ay sapat na malabo upang tuparin ang ilang makasaysayan sitwasyon.

▣ **“isang libo't dalawang daan at siyam na pung araw”** Tignan puna sa v. 7.

12:12 “Mapalad siyang naghihintay, at datnin ng isang libo’t tatlong daan at tatlong pu’t limang araw” Ito ay tila mas mahaba kaysa sa karamihan ng mga petsa ng mga propeta (cf. v. 7). Yaong mga nanatiling matapat sa Diyos maging sa gitna ng isang pinahabang pag-uusig ay papabayaan at pagpapalain. Ang pagtitiis ay krusyal.

12:13 “yumaon ka ng iyong lakad hanggang sa ang wakas ay mangyari” Si Daniel ay sinabihan na sumuko sa pakikipaglaban dito, ang iwanan ito mag-isa, at mamuhay na lang ng normal na buhay hanggang sa kanyang kamatayan (cf. v. 9). Ngunit ang dakilang pag-asa ng v. 13 ay ang pagpapalagay na siya (at lahat ng naniwala) ay muling mabubuhay hanggang sa pabuya ng pangwakas na panahon. Hallelujah!

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang makasaysayan reperensiya ng pampanitikang yunit ng Daniel 10-12?
2. Bakit mayroong napakaraming iba-ibang mga interpretasyon ng siping ito ng kasulatan?
3. Ito lang ba ang tanging lugar sa OT kung saan ang resureksyon ay binanggit?
4. Ano ang sentral na katotohanan ng Daniel 12:5-13?
5. Ipaliwanag ang konsepto ng pangkatang katuparan ng propesiya.

PANIMULA SA ZACARIAS

I. PAGKANATATANGI

- A. Ang aklat ay pibotal sa ating pagkakaunawa sa parehong apokaliptikong panitikan at eskatolohiya.
- B. Nakakabigla na ang mga kabanata 1-8 ay binanggit nang malawak sa aklat ng Pahayag, habang ang mga kabanata 9-14 ay binanggit ng madalas sa Ebanghelyo.
- C. Si Zacarias ay nagsipi ng malawak mula sa pangunahing ikawalong siglong mga propeta (sa Hilaga, sina Amos at Hosea; sa Timog, si Isaias at Micah) gayundin ang ikapitong siglong mga propeta, sina Jeremias at Ezekiel. Dinala niya ang kanilang mga kaunawaan upang dalhin sa kanyang panahon at sa huling panahon. Ito ay nagpapakita na ang mga propeta ng Israel at Judah ay may koneksyong sa bawat mga aklat.
- D. Ang aklat na ito ay isang mabuting halimbawa ng apokaliptikong wika. Ito ay isang pampanitikang dyanra na nagsusubok na idokumento ang pangwakas na panahon mga pangyayari sa pamamagitan ng matalinghaga, imahinatibong mga simbolo. Ito ay madalas sa puno ng tensyong mga panahon upang ipahayag ang pag-asa ng bayan ng Diyos na Siya ay may kontrol. Tignan Pambukas na Artikulo sa pahina i.
- E. Ang aklat na ito ay napakamesyaniko rin. Siya ang ahente ng Diyos sa permanenteng pagbabago sa kasaysayan ng tao. Si Zacarias, gaya ni Isaias (cf. 52:13-53:12), ay nagpahayag ng isang nagdurusang Mesyas (cf. Genesis 3:15).
- F. Si Jerome ay tinawag na Zacarias ang pinakamalabong aklat sa Lumang tipan.

II. MAY-AKDA

- A. Ang Zacarias ay nangahulugang “YHWH ay nakakaalala” o “Ang inalala ni YHWH.” Ang pangalang ito ng propeta ay nagbibigay pag-asa sa pinatapong Hudyo na nagtatanong kung ang kanilang Tipanang Diyos ay naalala sila. Ang pagkatawag kina Haggai at Zacarias upang muling itayo ang templo ay pisikal na ebidensya na ang Abrahamic, Mosaic, at Davidic na mga tipanang pangako ay pinanumbalik sa post-exilic na komunidad.
- B. Ang Zacarias ay napakakaraniwang Hebreong pangalan. Ito ay binaybay sa dalawang paraan sa Inglis na Bibliya: Zacarias o Zachariah dahil sa Hebreong pangalang salin sa Griyego. Mayroong dalawampung pitong tao sa Inglis na OT na may baybay nito na “e” at dalawang may baybay nito na “a.”
- C. Zacarias 1:1 ay nagsabi na siya ay isang saserdote (cf. Ezra 5:1; 6:14; Nehemias 12:4,16). Kung bakit ang kanyang ninuno, Si Berechiah, ay tinanggal mula sa listahan ay hindi tiyak. Ito ay maggagawa sa kanya na isang post-exilic na propeta, gaya ni Haggai, Malakias, at posibleng Obadiah at Joel.
- D. Maraming modernong mga iskolar ay nagtangga ng pagkakaisa sa aklat ng Zacarias. Ito ay dahil sa mga kabanata 1-8 ay napakamagkaiba mula sa mga kabanata 9-14. Sa mga kabanata 1-8 ang propeta ay pinangalanan at may petsang ibinigay. Ang tagpuan ay halatang post-exilic. Ang seksyong ito ay binanggit ng malawak ni Juan sa kanyang aklat ng Pahayag.

Gayunpaman, ang mga kabanata 9-14 ay walang petsa. Walang propeta na pinangalanan. Walang halatang historikal na tagpuan. Ang seksyon na ito ay binanggit ng madalas sa mga ebanghelyo. Gayunpaman, ang estrukturang ito ay karaniwan sa ilang OT mga propeta (e.g. Isaias, Ezekiel, Daniel).

Sa Mateo 27:9 si Hesus ay ipinaratang ang isang sipi kay Jeremias na mula sa Zacarias 11:12-13. Ito ang pasimula ng kalakaran tungo sa pagtatanggi sa pagkamay-akda ng mga kabanata 9-14 kay Zacarias. Gayunpaman, maging ang Dead Sea Scrolls ay may Zacarias bilang isang pagkaka-isa.

Mayroong ilang panloob na gramatikal at leksikal na mga bagay na nagtuturo sa pagkakaisa.

1. ang paggamit ng bilang na “dalawa” (4:3; 5:9; 6:1; 11:7; 13:8)
 2. ang paggamit ng BOKATIBO (2:7,10; 3:2,8; 4:7; 9:9,13; 11:1-2; 13:7)
 3. ang paggamit ng parirala, “pumaroot parito,” na natatangi sa Zacarias (7:14; 9:8)
 4. ang inulit na paggamit ng “sinabi ng Panginoon” (ginamit ng labinganim na beses)
 5. ang *Qal* na anyon ng “manahan” o “panahanan” (BDB 442, 2:8; 7:7; 12:6; 14:10)
- (Ang mga ito ay kinuha mula sa R. K. Harrison’s *Introduction to the Old Testament*, p. 954). Para sa mas higit na talakayan ng pagkakaisa ng aklat tignan E. J. Young’s *Introduction to the Old Testament*, p.280).

NATATANGING PAKSA: MATEO 27:9

“sinambit sa pamamagitan ni Jeremias na propeta” Ito ay isang direktang sipi mula sa Zacarias 11:12-13. Jeremias 18:1ff; 19:1ff at 32:7-9 ito rin ay nagsasalita sa isang magpapalayok at Jeremias 32:7-9 ng pagbibili ng isang bukirin. Ito ay nagdulot sa mga komentarista ng matinding problema:

1. Augustine, Beza, Luther, at Keil ay nagsabi na si Mateo sinipi ng mali ang pangalan Jeremias
2. Ang Peshitta, isang 5th siglo A.D. Syriac salin at ang Diatessaron simpleng tinanggal ang pangalan ng propeta mula sa teksto
3. Origen at Eusebius ay nagsabi na isang tagakopya ang nagdulot ng problema
4. Jerome at Ewald ay nagsabi na ito ay isang sipi mula sa isang apokripal na kasulatan na idinahilan kay Jeremias
5. si Mede ay nagsabi na si Jeremias ay isinulat ni Zacarias, ang mga kabanata 9-11
6. Lightfoot at Scofield ay nagsabi na si Jeremias ay inilista ng una sa Hebreo pagkakabahagi ng kanon kilala bilang “ang mga propeta” at, samakatuwid, ang kanyang pangalan ay kumakatawan para sa seksyong na iyon ng kanon
7. Hengstenberg ay nagsabi na si Zacarias ay sinipi si Jeremias

III. PETSAS

- A. Mula sa 1:1 ating natutunan na ang propeta ay nagsimula ng kanyang ministeryo sa ikalawang taon ni Darius. Karamihan ng mga iskolar ay nagsaad na ito ay si Darius I Hystapes (522-486 B.C.), na pumalit sa pamumuno ng kaharian pagkatapos ni Cambyses II (530-522 B.C.), ang anak ni Cyrus II, na nagpakamatay. Tignan Isang Maikling Historikal na Pagtingin ng mga Kapangyarihan ng Mesopotamia, Apendise Dalawa.
- B. Ito ay magbibigay ng petsa na 520-519 B.C. Siya ay nangaral ng mahigit dalawang taon (cf. 1:7; 7:1).
- C. Ang Haggai at Zacarias ay may petsa ng mas wasto kaysa sa ibang mga OT aklat.

IV. LAYUNIN

A. Ang pangunahing layunon ng aklat ay upang palakasin ang kalooban ng bumabalik na Hudyo upang muling itayo ang templo (cf. Ezra 5). Ito ay pinasimulan ni Sheshbazzar (cf. Ezra 1:8; 5:16), ngunit hindi naipagpatuloy sa ilalim ni Zerubbabel (cf. Ezra 2:1-2). Ang templo ay pinabayaan sa loob ng labingwalong taon. Si Haggai ay nagsaad na ito ay dahil sa kawalang interes ng mga tao (cf. Haggai 1:1-11), habang si Ezra ay nagpahiwatig na ito ay isang politikal na pagmamaniobra ng mga nakapaligid na mga probinsya, lalo na ang Samaria.

B. Kapwa ang Haggai at Zacarias ay tinalakay ang isyu ng muling pagtatayo ng templo (cf. Zacarias 1-8), ngunit si Zacarias ay sinakop ang mas maraming mga isyu (cf. Zacarias 9-14).

V. MAIKLING PAKITANG BALANGKAS (kinuha mula sa *Introduction to the Old Testament*, by R. K. Harrison, p. 950)

A. Mga may petsang propesiya, mga kabanata 1-8

1. Panimula at pagtawag sa pagsisisi, 1:1-6
2. Walong mga pangitain, 1:7-6:8
 - a. apat na mangangabayo; ang pangako ng banal na restorasyon, 1:7-17
 - b. apat na nangwawasak na mga sungay at apat na mga panday, 1:18-21 (Hebreo 2:1-4)
 - c. ang di-masukat na kadakilaan ng Jerusalem, 2:1-13 (Heb. 2:5-17)
 - d. ang paglilinis ni Josue; isang orakulo sa kanya, 3:1-10
 - e. ang pitong sangang kandelaryo, 4:1-14
 - f. ang malaki, lumilipad na balumbon, 5:1-4
 - g. ang babae sa isang ephah tinanggal sa Babilonia, 5:5-11
 - h. apat na kabayo na may karwahe ay umiikot sa daigdig, 6:9-15
3. Historikal na seksyon : Joshue simboliko ng Mesyas, 6:9-15 (Sa aking palagay ito ang ikasiyam na pangitain)
4. Isang pagtatanong ni Zacarias patungkol sa pag-aayuno, 7:1-8:23

B. Walang petsan na mga propesiya, mga kabanata 9-14

1. Paghahatol sa pambansang mga kaaway; ang paparating na prinsipeng kapayapaan, 9:1-17
2. Pagsasama-sama ng mga piniling mga kawan ng banal na pinuno, 10:1-12
3. Mabuti at mangmang na mga pastol; ang pagdurusa ng kawan, 11:1-17
4. Eskatolohikal na mga orakulo, 12:1-13:6
5. Ang pagpapadalisa ng paghahatol ng Israel at ang mga pagpapala ng banal na kaharian, 13:7-14:21

VI. ANG KAHULUGAN NG WALONG MGA PANGITAIN

A. Ang mga anghel sa may kulay na mga kabayo (cf. 1:7-17) — alam ng Diyos kung ano ang nangyayari sa daigdig, lalo na sa pagkakaugnay nito sa Kanyang plano ng unibersal na pagtutubos sa pamamagitan ng Hudyong Mesyas. Ang Hudyo ay dapat na muling maitag sa Jerusalem sa plano ng Diyos na makita sa kasaysayan.

B. Ang apat na mga sungay at ang apat na magagaling na lalake (cf. 1:18-21) — pinahintulutan ng Diyos ang paganong mga bansa upang hatulan ang Kanyang sumasamba sa diyus-diyosang mga tao (cf. v. 15), ngunit ngayon Siya ay hahatulan ang mga ito dahil sa kanilang labis na kayabangan. Ang mga emperyo ng mundo ay dinirektahan ng Diyos para sa Kanyang pagtutubos na mga layunin.

- C. Ang pagsusukat sa Jerusalem (cf. 2:1-13) — ang Diyos ay muling papanumbalik ang Kanyang bayan tungo sa Lupang Ipinangako at babaguhing muli at palalawakin ang tipan. Si YHWH mismo ay makakasama nila at proprotektahan sila sa Exodong karanasan.
 - D. Si Joshue ay pinatawad at pinanumbalik (cf. 3:1-10) — si Josue bilang Punong Saserdote ay kumakatawan para sa Hudyong bansa. Siya ay pinatawad at pinanumbalik na nagpapakita sa napakalinaw na mga simbolo na ang sakripisyal na sistema, at, magkagayon, ang tipan ay muling napanumbalik at gumagana. Ang Mesyanikong element ay nagpapakita na ang pagkasaserdotng aspeto ng gawa ng Mesyas (cf. Awit110; Isaias 53).
 - E. Ang kandelaryo (cf. 4:1-14) — ang kapangyarihan ng Diyos, hind kapangyarihan ng tao, ang muling magtatayo sa tipan (i.e. muling naitayong templo bilang isang simbolo/tanda). Ang Diyos ay gagamit ng mga taong instrumento na pinalakas ng Espiritu (i.e. Josue at Zerubbabel).
 - F. Ang lumulipad na balumbon (cf. 5:1-4) — Simbolo ng paghahatol ng Diyos sa sumisira ng tipan sa Kanyang bayan, na magresulta sa pagkawasak ng mga lumalabag.
 - G. Kasamaan sa isang basket (cf. 5:5-11) — Rebelyon (idolatria) laban sa kalooban ng Diyos ay ikukulong sa isang basket at tatanggalin sa lugar ng pagkaarogante at idolatria ng tao (i.e. Shinar = Babilonia).
 - H. Ang apat na mga karwahe na hinihila ng may kulay na mga kabayo (cf. 6:1-8) — Ito ay kahanay sa unang pangitain. Ang Diyos ay presente at soberinado sa buong mundo.
- VII. Pakibasa ang mga sipi mula kay D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks*, na natagpuan sa Kontekswal na mga Kaunawaan sa kabanata 11, F. Ang mga kaunawaang ito tungo sa kalikasan ng apokaliptikong panitikan ay magiging katulong-tulong habang tayo ay nag-aaral at tangkang iinterpret ang aklat ng Zacarias.

ZACARIAS 1

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Ang Pagkatawag sa Pagsisisi 1:1-6	Panimula: Ang Pagtawag sa Pagsisisi 1:1-6	Ang Panginoon ay Tinawag ang Kanyang Bayan na Bumalik sa Kanya 1:1-6	Isang Pagtawag sa Kombersyon 1:1-6a 1:6b
Ang mga Pangitain sa mga Kabayo 1:7-11	Ang Salita ng Panginoon kay Zacarias sa isang Serye ng Ikalawang “Mga Pangitain” Ang Unang Pangitain: Banal na Mangangabayo ay Nagpapatrol sa Daigdig 1:8-17	Ang Pangitain ng Propeta sa mga Kabayo 1:7-9a 1:9b-10 1:11	Unang Pangitain: Ang Mangangabayo 1:7-17
Ang Panginoon ay Papaginhawain ang Zion 1:12-17		1:12 1:13-16 1:17	
Ang Pangitain ng mga Sungay 1:18-21	Ang Ikalawang Pangitain: Apat na mga Sungay at Apat na Panday 1:18-21	Ang Pangitain ng mga Sungay 1:18-19a 1:19b 1:20-21a 1:21b	(NJB Muling Binigyan ng Numero) Ikalawang Pangitain: Ang mga Sungay at ang mga Panday

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

* Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang talataang pagkakabahagi ang susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na intension ng may akda. Ang bawat na modernong salin ay hinati at binalangkas ang mga talata sa isang kabanata. Bawat talata ay may isang sentrong paksa, katotohanan o kaisipan. Ang bawat bersyon ay binabalot ang paksa na yaon sa kanyang sariling kakaibang kaparaanan. Sa iyong pagbasa ng teksto, tanungin mo ang iyong sarili kung aling salin ang tumutugma sa iyong kaunawaan patungkol sa paksa at talataang pagkakabahagi.

Sa bawat kabanata dapat muna nating basahin ang Bibliya at subukin kilalanin ang mga paksa nito (mga talata), pagkatapos ay ikumpara ang gating kaunawaan sa mga makabagong bersyon. Tanging sa ating pagunawa sa orihinal na intension ng may akda sa papamagitan ng pagsunod ng kanyang lohiko at presentasyon lamang natin tunay na mauunawaan ang Bibliya. Tanging ang orihinal na may akda lamang ang kinasihan-ang mga mambabasa ay walang karapatan na baguhin o ayusin ang mensahe. Ang mga mambabasa ng Bibliya ay may responsibilidad na isapamuhay ang kinasihang katotohanan sa kanilang panahon at sa kanilang buhay.

Pansining ang lahat na teknikal na termino at mga daglat ay lubusang ipinaliwanag sa Apendises Isa, Ikalawa at Ikatlo.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

- A. Ang unang anim na mga mga talata are an introduction to the whole aklat. Sila ay nagbibigay-diin sa pangangailangan ng isang tipanang relasyon (pananampalataya at pagsunod) at piliin ang pangangailangan para sa nagpapatuloy na pagsisisi.
Ang salita ng Diyos ay sigurado at permanente (cf. Isaias 45:23, 55:11; Mateo 5:17-20). Paanong ang bawat henerasyon ay tutugon sa Kanya (personal) at ito (doktrinal at pamumuhay) ay makakapagdetermina ng kanilang pagpapala o sumpa (cf. Deutronomio 27-29).
- B. Simula sa 1:7 at nagpapatuloy hanggang sa 6:15 ay isang serye ng walong mga pangitain at kanilang mga interpretasyon (malaanghel na mga tagapamagitan).
Mayroong apokaliptikong mga elemento sa mga pangitaing ito.
 1. mga anghel
 2. mga kulay
 3. mga hayop
 4. mga numero
- C. Tila mayroong kaparehong panimula sa (1:7-17) at pagtatapos sa (6:1-5).
 1. apat na may kulay na mga kabayo na nagpapatrolya sa daigdig sa utos ni YHWH
 2. apat na mga karwahe ng may kulay na mga kabayo ay nagpapatrolya sa daigdig sa utos ni YHWH

Ang apokaliptikong mga tema ng kaalaman ng at soberinadong pagkontrol ng Diyos at paginterpret sa kasaysayan. Lahat ng walong mga pangitain ay dapat na kunin ng sabay sabay bilang isang pagbibigay-diin at kaugnay sa mga kabanata 9-14. Tignan D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*, pp. 47-50.
- D. Higit na modernong iskolarsip ay nakikilala ang isang partikular na tipo ng dalawang daanan na hagdanang hakbang ng pararelismo na tinawag na chiasmus sa parehong 1:7-6:15 at 9-14 (cf. Joyce Baldwin, *Tyndale OT Commentary*, pp. 74-81). Kung ito ay totoo, magkagayon ang ikaapat at ikalima mga pangitain ay kumuha ng binigyang diin na estruktural na posison.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 1:1-6

¹Nang ikawalong buwan, nang ikalawang taon ni Dario, dumating ang salita ng Panginoon kay Zacarias na anak ni Berechias, na anak ni Iddo, na propeta, na nagsasabi, ²“Ang Panginoon’y totoong naghinanakit sa inyong mga magulang. ³Kaya’t sabihin mo sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Manumbalik kayo sa akin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, at ako’y manunumbalik sa inyo, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. ⁴Huwag kayong maging gaya ng inyong mga magulang, na siyang mga pinagsabihan ng mga unang propeta, na nangagsab, ‘Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, “Manumbalik kayo ngayon na mula sa inyong mga masamang lakad, at sa inyong mga masamang gawain: nguni’t hindi nila dininig, o pinakinggan man ako,” sabi ng Panginoon. ⁵Ang inyong mga magulang, saan nangandoon sila? at ang mga propeta, nangabubuhay baga sila ng magpakailan man? ⁶Nguni’t ang aking mga salita at ang aking mga palatuntunan, na aking iniutos sa aking mga lingkod na mga propeta, hindi baga nagsiobot sa inyong mga magulang? at sila’y nanumbalik at nangagsabi, Kung paano ang inisip na gawin ng Panginoon ng mga hukbo sa amin, ayon sa aming mga lakad, at ayon sa aming mga gawa, gayon ang ginawa niya sa amin.”

1:1 “Nang ikawalong buwan, nang ikalawang taon” Ito ay tumutukoy sa Oktubre o Nobyembre o alinman sa 520 o 519 B.C., depende kung ang isa ay gumagamit ng Syrian o Babyoniang kalendaryo. Ang mga Hudyo ay ibinalik na sa Palestina sa labingwalong taon sa puntong ito. Ang muling pagtatayo ng templo, na nagmula sa ilalim ni Sheshbazzar (Ezra 5:16), na hindi natapos sa ilalim ni Zerubbabel.

▣ **“Dario”** Ito ay tumutukoy kay Darius I, anak na lalake ni Hystapes, na tinawag rin na “ang dakila.” Siya ay naghari mula 522 hanggang 486 B.C. sa Persianong Emperyo; samakatuwid, ang kanyang ikalawang taon ay dapat 520 B.C. Siya ang sumunod sa anak ni Cyrus II, si Cambyses II (530-522 B.C.), na nagpakamatay dahil sa mga tagumpay ng Ehiptong hukbo. Si Darius ay hindi bahagi ng maharlikang lahi, ngunit napangasawa niya ang maharlikang anak na babae upang maging legal ang kanyang paghahari. Sinaliksik niya ang tala ng Persia at nang kanyang nadiskubre ang Kautusan ni Cyrus (cf. Ezra 5-6) ipinatapon niya ang legal na kaso ng mga Samaritano at tinulungan pang magtustuos ng pera para sa muling pagtatayo ng templo.

▣ **“dumating ang salita ng Panginoon”** Ang awa at pasensya ng Diyos ay ipinakita sa katotohanan na habang ipinadala Niya ang Kanyang salita sa nakalipas, at ito ay orihinal na itinakwil (cf. v. 6), Muli Niya itong ipinapadala ngayon. Nais ng Diyos ang isang personal, etikal, masunuring pakikipagrelasyon sa bayan ng pananampalataya!

Ang panimulang propetikong pariralang ito ay katangi-tanig kay Jeremias at Ezekiel, ngunit hindi sa tumpak na anyong ito sa Isaias.

Ang mga pangitaing ito (1:7-6:15) ay hindi eksklusibong mula sa imahinasyon ni Zacarias, ngunit mula kay YHWH. Ang dyanrang mga katanungan ay lagi nang:

1. SI YHWH ba ay ipinagbigay alam ang Kanyang mensahe sa apokaliptikong mga pangitain? o
2. Si Zacarias ba ay inayos ang mensaheni YHWH sa isang serye ng mga pangitain?

Ang mga kaparehong mga tanong na ito ay nauugnay sa panulaan, parabula, at tekstwal na disenyo. Ang Bibliya ba ay diktado ng ng Espiritu o ang taong may-akda ay may partisipasyon? Ang baryante ng Kasulatang mga dyanra at mga estruktura ay nagpapahiwatig ng isang malikhaing elemento sa bahagi ng taong may-akda. Joyce G. Baldwin, *Haggai, Zechariah, Malakias*, p. 74, ay nagsasabi na, “Isa sa mahalagang kontribusyon ng modernong iskolarsip sa ating pagkakaunawa ng Bibliya ay ang realisasyon na ang katotohanan nito ay ipinahayag sa pampanitikang mga anyo at estruktura gayundin sa mga salita.” R. K. Harrison, *Introduction to the Old Testament*, p. 950, ay nagsasabi, “marahil ang tanging lehitimong katanungan ang maaring maibigay para dito, gayunpaman, ay kung ang mga pangitain ay

mga tunay na mga karanasan o parang isang pampanitikang anyo, gaya ng sa kaluanang mga apokaliptikong kasulatan.” Ang mga anyong at estrukturang ito ay kasabay ng mga kiasihang mga mayakda, hindi radikal na bago o iba (tignan Hinckley G. Mitchell, ICC, p. 117).

Ito ay hindi nakaapekto sa kompletong inspirasyon ng Bibliya, ngunit nagpahayag kung paano ang Diyos ay nakiisa sa Kanyang taong nilalang. Ang ating “sa Kanyang imahe” ay isang kamanghamanga, misteryoso, at malaganap na konsepto!

▣ **“Zacarias”** Ang pangalan ay nangahulugang “si YHWH ay umaalala.” Ito ay napakakaraniwang Hebreong pangalan, na ginamit ng dalawampung-siya na beses sa OT. Ang kahulugan nito ay mahalaga ayon sa paningin ng mga bumabalik na ipinatapon na ang Diyos ay muling itinatag ang Kanyan tipan sa kanila. Siya ay kasabay ni Haggai. Kung ikukumpara ng isa ang mga petsa (i.e. Haggai 1:1 sa Zacarias 1:1) Si Zacarias ay nagsimulang mangaral ng mahigit dalawang buwan nang mas huli kaysa kay Haggai.

▣ **“na anak ni Berechias, na anak ni Iddo, na propeta, na nagsasabi”** Kung ikukumpara ang Ezra 5:1; 6:14 sa Zacarias 1:1,7, nakita niya na ang ama ni Zacarias ay inalis. Mayroong naging ilang mga teorya patungkol sa pag-aalis: (1) ang Hebreong talaan ng mga angka ay madalas nilagpasan ang mga henerasyon; (2) ang unang mga ama ng iglesya ay nagsabi na ito ay tumutukoy, hindi sa pisikal na mga angka, ngunit sa espirtiwal na angka (i.e. Jerome), Iddo na isang tribung grupo ng pamilya ng Levites na bumalik sa Jerusalem (cf. Nehemias 12:4,16); (3) ang iba ay nagsabi na sa ilang mga kadahilanan si Berechiah ay hindi isinapamuhay ang kanyan pangasaserdoteng lahi; (4) ang ama ni Zacarias ay namatay at siya ay muling binuhay ng kanyang lolo, Iddo; o (5) ito ay tumutukoy sa matapat na saksi na binanggit sa Isaias 8:2 na ang ama ay si Je-berechiah (“YHWH” ay nagpapala). Halata na si Zacarias ay isang propeta at isang saserdote (cf. Jeremias 1:1; Ezekiel 1:1).

1:2 “Ang Panginoo’y totoong naghinanakit sa inyong mga magulang” Ang salitang “galit” (BDB 893) ay lumitaw ng dalawang beses sa v. 2 at may pinatinding konotasyon, “ay labis na galit” (cf. vv. 14-15). Ito ay isang antropomorpikong parirala inilalagay ang emosyon ng tao sa Diyos, at subalit, ang bokabularyo ng tao ay tanging paraan ng ating pag-unawa at sa pagbibigay kaalaman sa mga kaisipan patungkol sa Diyos. Para sa terminong “Panginooon” Tignan natatanging paksa sa Daniel 4:2.

Ang ekspresyon na “labis na galit” (BDB 893) ay ginamit ng ilang beses sa Zacarias (cf. 1:2 [dalawang beses]; 1:15 [dalawang beses]; 7:12; at 8:14). SI YHWH ay galit sa Kanyang bayan dahil sa kanilang kasalanan (cf. 7:12; 8:14) at sa mga bansa na Kanyang ginamit upang hatulan ang Kanyang bayan (cf. 1:15).

Ang parirala “iyong mga ama” ay tumutukoy ng unang-una sa naunang kasaysayan ng Hudyong pagrerebelde (cf. v. 4) at, sa pamamagitan ng implikasyon, kay Haggai at sa henerasyon ni Zacarias, na nagpabaya sa muling pagtatayo ng templo.

Ang pambungad na talataang ito ay may ilang mga antas ng direktang mga sipi. Napakahirap na matukoy ang antisedente ng mga panghalip. Ang terminong “kanila” ng v. 3 ay tumutukoy sa kasalukuyang henerasyon ng mga Hudyo na namumuhay sa Jerusalem at sa nakapaligid na lugar (cf. vv. 3-6).

1:3 “sabi ng Panginooon ng mga hukbo” Ito ay direktang sipi mula sa Diyos (cf. Isaias 31:6; Mal 3:7). Ang pariralang ito ay natagpuan sa Hebreong teksto tatlong beses sa v. 3, isa sa v. 4, at muli sa v. 6 (pansinin rin ang vv. 12 at 16). Ang titulong “Panginooon ng mga hukbo” ay lumitaw ng mahigit limampung beses sa Zacarias.

▣ **Manumbalik”** Ito ang Hebreong salita *shub* (BDB 996, KB 1427) sa *Qal* PAUTOS ANYO (gaya ng sa v. 4). Ang mga talata 3 at 6 ay ang susi sa pambungad na talataang ito. Ito ay nagpahiwatig ng pagtalikod sa mga idolo at pagbalik kay YHWH (cf. Isaias 31:6-7). Ito ay ginamit ng ekstensibo ni Jeremias para sa espirtiwal na kombersyon (e.g. 15:19; 18:8,11). Ang Diyos ang laging nagpapasimula sa pagsisisi ng tao (cf. Jeremias 31:18; Panaghoy 5:21; Kawikaan 8:3,7,19; Juan

6:44,65; Gawa 5:31; 8:22; II Timoteo 2:25). Gayunpaman, ang Diyos ay itinayo ang Kanyang Tipan sa paraang ang mga tao ay dapat na tumugon sa pagsisisi at pananampalataya sa Kanya (cf. Marcos 1:15; Gawa 2:38,41; 3:16,19; 20:21). Dahil mayroon ng tipanang bayan hindi tiyak kung ang tekstong ito ay tumutukoy sa pasimulang kaligtasan (cf. Isaias 55:6-7) o ang tinatawag natin ngayon muling paghahandog na karanasan (cf. vv. 4,6; Pahayag 2:5,16,21,22; 3:3,19,20). Sa OT ang mga angkan ni Abraham ay bahagi ng bayan ng Diyos, ngunit halata mula sa OT mismo na lahat sila ay walang personal na pananampalatayang relasyon sa Diyos na nakaapekto sa kanilang pang-araw araw na buhay. Ang relihiyon, ritwal, at sariling legalismong pagmamatuwid ay laging hadlang at nakakabulag.

Teolohikal na mahalaga na si Zacarias ay nagtatawag ng pagsisisi sa bahagi ng tao ng Diyos. Ang mga pangitain ng 1:8-6:15 ay magkagayon ay nagproklama ng soberinadong gawa ng Diyos alang-alang sa Kanyang bayan. Pansinin ang balanse—ang soberenidadong pagpapasimula ng Diyos ay naghahangad ng pagtugon ng tao.

NATATANGING PAKSA: PREDESTINASYON (CALVINISM) LABAN SA MALAYANG PAGPILI NG TAO (ARMINIANISM)

Ang Tito 2:11 ay ang pambalances sa ibang NT na mga pasaya sa eleksyon o pagpili ng Diyos. Naisip ko na maaaring makatulong sa teolohikal na ibigay ang mga komentaryo sa Roma 8:29 at 9, at ganun na run ang sa Efeso 1.

I. Roma 8:29 – Si Pablo ay gumagamit ng “una pa’y kaniyang nakilala” (*proginōskō*, “kilalanin bago pa man”) dalawang beses, dito at 11:2. Sa 11:2 ito ay tumutukoy sa tipanang pag-ibig ng Diyos para sa Israel bago pa man nagsimula ang oras. Tandaan na ang salitang “kilala” sa Hebreo ay may kaugnayan sa matalik, personal na relasyon, hindi sa katotohanan sa isang tao (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5). Dito ay isinama sa dugtong dugtong sa walang hanggang mga pangyayari (cf. Roma8: 29-30). Ang salitang ito ay idinugtong sa predestinasyon. Gayunpaman, dapat lamang sabihin na ang kaalaman ng Diyos sa mulat-mula pa ay hindi basihan ng eleksyon o pagpili sapagkat kung magkagayon, ang eleksyon ay nakadepende sa panghinaharap ng pagdedesisyon ng makasalanang tao, na maaaring maging makataong pagsasagawa. Ang salitang ito ay matatagpuan din sa Gawa 26:5; I Pedro 1:2,20 at II Pedro 3:17.

A. “una pa’y kaniyang nakilala” (*proginōskō*, “kilalanin bago pa man”)

Ang mga salita “una pa’y kaniyang nakilala” at “italaga” ay parehong mga tamabalan na may kasamang PREPOSISYON “bago” at samakatwid, dapat na isalin na “kilalanin bago pa man,” “itakda ang hangganan bago pa man,” o “markahan mula sa bago pa.” Ang depenitbong mga talata sa predestinasyon sa NT ay ang Roma 8:28-30; Efeso 1:13-14; at Roma 9. Ang mga tekstong ito ay kapuna-puna na nagdidiin sa kataasan ng Diyos. Siya ang may pangkalahatng control sa lahat ng mga bagay. Mayroong pasimulang pagsasaayos ng banal na plano na ginagawa sa takadang panahon. Gayunpaman, ang plano ay hindi nagkataon o selektibo. Ito ay batay , hindi lamang sa kataasan at pagkikilala ng sa una pa ng Diyos, ngunit sa Kanyang hindi nagbabagong karakter ng pag-ibig, awa, at walang karapat-dapat na biyaya.

Dapat tayong maging maingat sa ating kanluraning (American) indibidwalismo o an gating ebanghelikal na panata na nagkukulay sa nakamamanghang katotohanan na ito. Dapat din nating bantayan laban sa pagpapalaki ng makaysayan, teolohikal na tunggalian sa pagitan ni Augustine laban kay Pelegius o Calvinism laban Arminianism.

B. “itinalaga o predestin” (*proorizō*, “ihanda ang mga hangganan bago pa man”)

Ang Predestinasyon ay hindi isang doktrina na sinadyang limitahan ang Diyos sa kanyang pag-ibig, biyaya, at awa o alisin ang ilan sa mga ito sa ebanghelyo. Ito ay para

palakasin ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng paghuhubog ng kanilang mga pananaw sa mundo. Ang Diyos ay para sa lahat ng sangkatauhan (cf. I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Ang Diyos ay may control sa lahat ng bagay. Sino o ano ang makakapagpahiwalay sa atin sa Kanya (cf. Roma 8:31-39)? Tinitignan ng Diyos ang lahat ng kasaysayan bilang pangkasalukuyan; ang tao ay may hangganan sa panahon o oras. An gating mga pananaw at mental na kakayahan ay limitado. Walang pagsasalungat sa pagitan ng kataasan ng Diyos at ang malayang pagpili ng tao. Ito ay isang tipanan istruktura. Mayroong iba pang halimbawa ng katotohana na ibinigay sa dialektikal na tensyon. Ang mga biblika na mga doktrina ay inilag sa ibat-ibang mga perspektib. Sila ay madalas na lumalabas ng may kabalintunaan. Ang katotohanan ay ang balance sa pagitan ng parang magkasalungat na mga pares. Hindi dapat natin alisin ang tensyon sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga katotohanan. Hindi dapat natin ihiwalay ang anumang biblikal na katotohanan sa isang lalagyan ang mga ito.

Mahalaga rin na idagdag na ang layunin ng eleksyon ay hindi lamang ang langit kung tayo ay mamatay, ngunit ang pagiging katulad ni Kristo sa ngayun (cf. Roma 8:29; Efeso 1:4; 2:10). Tayo ay pinili upang maging banal at walang bahid dungis.” Ang Diyos ay piniling baguhin tayo upang ang iba ay Makita at tumugon sa pananampalataya sa Diyos kay Kristo. Ang Predestinasyon ay hindi personal na pribelehiyo ngunit isang tipanan responsibilidad. Ito ang pangunahing katotohanan ng talata. Ito ang puntahan ng Kristyanismo. Ang kabanalan ay ang nais ng Diyos sa bawat mananampalataya. Ang eleksyon ng Diyos ay sa pagiging kawangis ni Kristo (cf. Efeso 1:4), hindi espesyal na katayuan. Ang imahe ng Diyos, na ibinigay sa tao sa paglilikha (cf. Genesis 1:26; 5:1,3; 9:6), ay dapat maibalik.

- C. “katulad ng larawan ng kaniyang Anak”—Ang sukdulang naisin ng Diyos ay ang pagpapanumbalik ng imahe na nawala sa Pagbagsak o Fall. Ang mananampalataya ay pinili upang maging kawangis ni Kristo (cf. Efeso 1:4).

II. Roma 9

- A. Ang Roma 9 ay isa sa mga malakas na talata sa NT patungkol sa kataasan ng Diyos (ang iba ay sa Efeso 1:3-14), habang ang kabanata 10 ay nagsasaad ng malayang pagpili ng tao ay malinaw at paulit-ulit (cf. “bawat isa” v. 4; “sinoman” vv. 11,13; “lahat” v. 12 [dalawang beses]). Si Pablo ay hindi kailanman sinubukan na pag-ayusin ang teolohikal na tensyon na ito. Ang mga ito ay parehong tama! Karamihan sa mg adoktrina ng Bibliya ay ipinipresenta sa kabalintunaan o dialektikal na pares. Karamihan sa mga sisitematikong teolohiya ay lohikal na mga hating-katotohanan. Ang Augustinianism at Calvinism laban sa semi-Pelegianism at Arminianism ay mayroong mga element ng katotohanan at pagkakamali. Ang Bibilikal na tensyon sa pagitan ng mga doktrina ay mas pinipili kaysa sa isang pangpruwebang-teksto, dogmatik, rasyonal, teolohikal na sistema na nagpipilit sa Bibliya patungo sa grid ng paunang kaisipang interpretasyon.
- B. Ang kaparehong katotohanang ito ay (matatagpuan sa Roma 9:23) ay isinaad sa Roma 8:29-30 at Efeso 1:4,11. Ang kabanatang ito ay ang pinakaamalakas na ekspresyon ng kataasan ng Diyos sa NT. Walang magiging pagtatalo na ang Diyos ang Siyang may responsibilidad sa paglilikha at pagtutubos. Ang dakilang katotohanang ito ay hindi dapat kailanman na palambutin o palabuin. Gayunpaman, dapat itong ibalanse sa pagpili ng Diyos sa tipanan bilang paraan ng pakikipagrelasyon sa sangnilikha, na ginawa ayon sa Kanyang wangis. Ito ay tiyak na totoo sa ilang mga OT na tipanan, gaya ng sa Genesis 15, ay mga walang kondisyon at hindi nag-uugnay sa lahat ng pantaong pagtugon (e.g., Eden, Noah, Moses, David). Ang Diyos ay may plano ng pagtutubos para sa Kanyang nilikha; walang nilalang ang makakapekto sa planong ito. Ang Diyos ay pinili na payagan ang mga indibidwal na makipagpartisipasyon sa Kanyang mga plano. Isang oportunidad makasama sa teolohikal na

tensyon sa pagitan ng kataasan (Roma 9) at ang malayang pagpili ng tao (Roma 10).

Hindi nararapat na pumili ng isa biblikal na pagdidiin at balewalain ang Isaias. Mayroon tensyon sa pagitan ng mga doktrina dahil ang mga silanganing mga tao ay ipinipresenta ang katotohanan sa dialektikal o puno ng tensyon na mga pares. Ang mga doktrina ay dapat na hawakan sa relasyon sa ibang mga doktrina. Ang katotohanan ay isang mosaik ng mga katotohanan.

III. Efeso 1

- A. Ang eleksyon ay kamangha-manghang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa paboritismo, ngunit isang pagtawag upang maging daan, isang gamit, o paraan sa pagtutubos ng iba! Sa OT ang salita ay pangunahing ginamit para sa paglilingkod; sa NT ito ay pangunahing ginamit para sa kaligtasan na umusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay hindi kailanman isinaayos ang parang magkakasalungat sa pagitan ng kataasan ng Diyos at ang malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit tinatanggap ang pareho! Isang magandang halimbawa ay ang biblikal na tensyon sa Roma 9 patungkol sa pagpili ng kaatasan ng Diyos at sa Roma 10 patungkol sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikal na tensyon na ito ay matatagpuan sa 1:4. Si Hesus ay ang taong pinili ng Diyos at ang lahat ay may potensyal na piliin sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay ang “oo” ng pangangailangan ng makasalanang sanlibutan (Karl Barth). Ang Ephesians 1:4 ay tumulong din na liwanagin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasalaysay na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi ang langit lamang, kundi ang kabanalan (pagiging wangis ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit ng mga benepisyo ng ebanghelyo at hindi pinapansin ang mga responsibilidad! Ang pagtawag ng Diyos (eleksyon) ay para sa panahon at sa pangwalang hanggan!

Ang mga doktrina ay nagmula sa relasyon ng obang mga katotohanan, hindi ang nag-iisa, at walang kaugnayang mga katotohanan. Ang mabuting analohiya ay ang konstelasyon laban sa nag-iisang bituin. Ang Diyos ay ngaprepresenta ng silanganing katotohanan, hindi kanluraning mga dyanra. Dapat nating alisin ang tensyon na dulot ng dialektikal (kabalintunaan) na mga pares ng mga katotohana ng doktrina (ang Diyos bilang isang transedente laban sa Diyos na palagian; seguridad laban sa pagsusumigasig; Si Hesus bilang kapantay ng Ama laban sa si Hesus bilang sunod-sunuran sa Ama; Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong responsibilidad sa tipanang kapareha, atbp.).

Ang teolohikal na konsepto ng “tipanan” ay nagsasama sa kataasan ng Diyos (na laging nagdadala ng pagpapasimula at nagtatakda ng mga adyenda) kasama ang sapilitang pauna at nagpapatuloy na nagsisising pananampalataya na pagtugon mula sa tao. Maging maingat sa pagpruwibang-teksto sa iisang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaysay lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya.

- B. “pagkapili Niya sa atin” sa Efeso 1:4 ay isang AORIST GITNANG INDIKATIBO na nagdidiin sa PAKSA. Ito ay nagpopokus sa pagpili ng Ama bago pa man ang panohon. Ang pagpili ng Diyos ay dapat na maunawaan sa Islamic na pakahulugan ng determinismo, o sa ultra-Calvinistic na pakahulugan ng ilan laban sa mga iba, ngunit sa pangtipanang pakahulugan. Ang Diyos ay nangako na tutubusin ang makasalanang tao (cf. Genesis 3:15). Ang Diyos ay tinawag at pinili si Abraham na piliin ang lahat ng sangkatauhan (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6). Ang Diyos mismo ang pumili sa lahat ng mga tao na maglalagak ng kanilang pananampalataya kay Kristo. Ang Diyos ang laging nagbibigay ng pagpapasimula sa kaligtasan (cf. Juan 6:44,65). Ang tekstong ito at ang Roma 9 ay biblikal na basehan para sa doktrina ng predestinasyon na pinagdiin ni Augustine at Calvin.

Pinili ng Diyos ang mga mananampalataya hindi lamang para sa kaligtasan (justification), ngunit sa pagpapaging-banal (cf. Co1:10-12). Ito ay maiuugnay sa (1) ating posisyon kay Kristo (cf. II Corinto 5:21) o (2) pagnanais ng Diyos na maisalin ang Kanyang karakter sa Kanyang mga anak (cf.2:10; Roma 8:28-29; Galacia 4:19). Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang mga anak ay parehong langit at pagiging wangins ni Kristo sa ngayon!

“Sa Kanya” ay ang susng konsepto ng Efeso 1:4. Ang pagpapala ng Ama, biyaya, at kaligtasan ay dumadaloy sa pamamagitan ni Kristo (cf. Juan14:6). Pansinin ang paguulit ng gramatikal na anyo nito (LOCATIVE OF SPHERE) sa v. 3, “kay Kristo Christ”; v. 4, “sa Kanya”; v. 7, “sa Kanya”; v. 9, “sa Kanya”; v. 10, “kay Kristo,” “sa Kanya”; v. 12, “kay Kristo ” at v. 13, “sa Kanya” (dalawang beses). Si Hesus ay ang “oo” ng Diyos sa makasalanang mundo. Si Hesus ay ang taong pinili ng Diyos at ang lahat ay may potensyal na piliin sa Kanya. Ang lahat ng mga biyaya ng Diyos Ama ay dumadaloy kay Kristo.

Ang talatang “bago itinatag ang sanglibutan” ay ginamit din sa Mateo 25:34; Juan17:24; I Pedro 1:19-20 at

Pahayag13:8. Ito ay nagpapakita ng gawang pagtutubos ng *Triune* na Diyos bago pa man ang Genesis 1:1. Ang mga tao ay limitado ng kanilang paningin sa oras; ang lahat sa ating ay nakalipas, pangkasalukuyan, at panghinaharap, ngunit hindi ganito sa Diyos.

Ang tunguhin ng predestinasyon ay kabanalan, hindi pribileheyo. Ang pagtawag ng Diyos ay hindi sa piling mga anak ni Adan, ngunit sa lahat! Ito ang pagtawag na nais ng Diyos na maging sa sankatuhan, maging gaya ng Kanyang sarili (cf. I Thess. 5:23; II Thess. 2:13); sa Kanyang wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang gawin ang predestinasyon na isang teolohikal na naisin sa halip na banal na buhay ay isang trahedyang. Madalas an gating teolohiya ay mas nagsasalita ng malakas kaysa sa biblikal na teksto.

Ang salita na “walang bahid dungis”(amōmos) o “Malaya sa karumihan” ay ginamit ni (1) Hesus (cf. Hebreo 9:14; I Pedro 1:19); (2) Zachariah at Elizabeth (cf. Lucas 1:6); (3) Pablo (cf. Filipos 3:6); at (4) ang lahat ng totoong mga Kristyano (cf. Filipos 2:15; I Thess. 3:13;5:23). Ang hindi mababagong kaloobanng Diyos sa bawat Kristyano ay hindi lamang langit pagkatapos, ngunit ang pagiging wangis ni Kristo ngayon (cf. Roma 8:29-30; Galacia 4:19; I Pedro 1:2). Ang mga mananampalataya ay dapat na nagpapakita ng mga katangian ng Diyos sa ligaw na mundo sa layunin ng ebanghelismo

Ang gramatikal na talatang “sa pag-ibig” ang talatang ito ay maaring alinman sa v. 4 o v. 5. Gayunman, kapag ang talata ay ginamit sa ibang lugar sa Efeso ito ay laging tumutukoy sa pag-ibig ng tao para sa Diyos (cf. 3:17; 4:2,15,16).

- C. Sa Efeso 1:5 ang talatang “tayo'y itinalaga Niya” ay isang AORIST AKTIBONG PANTUKOY. Ang Griyegong salita ay isang tambalang ng “bago pa” at “nilagyan ng tanda.” Ito ay tumutukoy sa pinagisipang planong pagtutubos ng Diyos (cf. Lucas 22:22; Gawa 2:23; 4:28; 17:31; Roma 8:29-30). Ang predestinasyon ay isa sa ilang mga katutuhanan sa kaligtasan ng sangkatuhan. Ito ay bahagi ng isang teolohikal na serye ng magkakaugnay ng mga katotohanan. Hindi kailanman pinagdiinan na isolasyon! Ang Biblikal na katotohanan ay ibinigay sa isang serye ng puno ng tensyon, na kabalintunaanang mga pares. Ang Denominalismo ay may pagkiling na tanggalin ang biblikal na tensyon sa pamamagitan ng pagdidiin lamang ng isa sa mga dialektikal ng mga katotohanan (predestinasyon laban sa malayang pagpili ng tao; seguridad ng mananampalataya laban sa pagsusumigasig ng mga banal; orihinal na kasalanan laban sa bolisyonal na kasalanan; ang pagkakawalang sala laban sa nababawasang pagkakasala; kagyat na pagdedeklara ng kabanalang laban sa progresibong

pagpapaging banal; pananampalatay laban sa mga gawa; Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong responsibilidad; transedente laban sa imanente).

Ang pagpili ng Diyos ay hindi batay sa pasimulang kaalaman lamang sa patungkol sa pagsasagawa ng tao, ngunit sa Kanyang mapagbibiyang karakter (cf. vv. 9 & 11). Ninanais Niya na ang lahat (hindi lang ang iilang espesyal gaya ng mga Gnostik o ang makabagong panahon na ultr-Calvinists) ang siyang maliligtas (cf. Ezekiel 18:21-23,32; Juan3:16-17; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9). Ang biyaya ng Diyos (karakter ng Diyos) ang teolohikal na susi sa talatang ito (cf. vv. 6a, 7c, 9b), gaya ng sa ang awa ng Diyos ang siyang susi sa ibang talata ng predestinasyon, Roma 9-11.

Ang tanging pag-asa ng makasalanang tao ay ang biyaya at awa ng Diyos (cf. Isaias 53:6 at ilang ibang mga OT na mga teksto sa Roma 3:9-18). Krusyal sa pag-iinterpret nito ay ang teolohikal na mga kabanata na kung uunawain, ay pinagdidiinan ni Pablo yaong mga bagay na walang kinalaman sa pagsasagawa ng tao: predestinasyon (kab. 1), biyaya (kab. 2), at ang eternal plano ng Diyos sa pagtutubos (misteryo, 2:11- 3:13). Ito ay pangkontrang balance sa pagdidiin ng mga huwad na guro sa makataong biyaya at pagmamataas.

NATATANGING PAKSA: PAGSISISI SA KASALANAN

Pagsisisi (kasama ng pananampalataya) ay isang pangkasunduang pangangailangan sa kapwa Lumang Tipan (*Nacham*, BDB 636, e.g., 13:12; 32:12,14; *Shuv*, BDB 996, e.g., I Hari 8:47; Ezekiel 14:6; 18:30) at Bagong Tipan.

1. Juan Bautista (Mateo 3:2; Marcos 1:4; Lucas 3:3,8)
2. Hesus (Mateo 4:17; Marcos 1:15; Lucas 5:32; 13:3,5; 15:7; 17:3)
3. Pedro (Gawa 2:38; 3:19; 8:22; 11:18; II Pedro 3:9)
4. Pablo (Gawa 13:24; 17:30; 20:21; 26:20; Roma 2:4; II Corinto 2:9-10)

Ngunit ano ang pagsisisi? Ito ba ay pighati? Ito ba ay isang paghinto sa kasalanan? Ang pinakamainam na kabanata sa NT upang maunawaan ang mga magkakaibang kahulugan ng konseptong ito ay nasa II Corinto 7:8-11, na ang tatlong magkakaugnay, ngunit magkakaibang Griyegongsalitang ay ginamit.

1. “pighati” (*lupē*, cf. vv. 8 [dalawang beses], 9 [tatlong beses], 10 [dalawang beses], 11). Ito ay nangangahulugang kalungkutan o pagkabahala at may isang teolohikong kahulugan na walang pinapanigan.
2. “pagsisisi” (*metanoēō*, cf. vv. 9,10). Ito ay isang tambalan ng “pagkatapos” at “kaisipan,” na nagpaahiwatig ng isang bagong kaisipan, isang bagong paraan ng pag-iisip, isang bagong pagtingin patungo sa buhay at Diyos. Ito ang tunay pagsisisi.
3. “dalamhati” (*metamelomai*, cf. vv. 8[dalawang beses], 10). Ito ay isang tambalan ng “pagkatapos” at “pagkalinga.” Ito ay ginamit kay Hudan sa Mateo 27:3 at kay Esau sa Hebreo 12:16-17. Ito ay nagpapahiwatig ng kalungkutan sa mga kinalabasan, hindi sa mga pagkilos (aksyon).

Ang pagsisisi at pananampalataya ay kailangan sa pangkasunduang pagkilos (cf. Marcos 1:15; Gawa 2:38,41; 3:16,19; 20:21). May ilang mga talata na nagpapahiwatig na ang Diyos ay nagkakaloob ng pagsisisi (cf. Gawa 5:31; 11:18; II Timoteo 2:25). Ngunit ang karamihan ng mga talata ay nakikita ito bilang isang kinakailangan ng tao upang tumugon sa kasunduang pag-aalok ng Diyos ng isang kaligtasan na walang bayad.

Ang kahulugan sa kapwa Hebreo at Griyegong mga salitang ay kinakailangan upang maintindihan ang buong kahulugan ng pagsisisi. Ang Hebreo ay nangangailangan ng “isang pagbabago ng pagkilos,” habang ang Griyego ay nangangailangan ng “isang pagbabago ng kaisipan.” Ang taong naligtas ay tumatanggap ng isang bagong kaisipan at puso. Naiiba ang kanyang pag-iisip at pamumuhay. Sa halip na

“Ano ang pakinabang nito sa akin?” ang tanong na ngayon ay “Ano ang kalooban ng Diyos?” Ang pagsisisi ay hindi isang emosyon na lumilipas o isang lubos na pagiging walang kasalanan, kundi isang bagong pakikipag-ugnayan sa Isang Banal na nagpapatuloy na magbago sa mananampalataya upang maging isang banal.

▣ **“sa akin”** Pansinin ang personal na elemento (cf. Isaias 44:22, napakapareho sa Ebanghelyo ni Juan). Ang Diyos ang kailangan natin higit sa anomang Kanyang mga kaloob. Ang tipanang pananampalataya ay personal! Ang katotohanan ay personal (cf. Juan 8:32; 14:6).

Ako ay naaliw at nagbenipisyo mula sa Joyce D. Baldwin’s Tyndale Commentaries sa parehong Daniel at ang post-exilic mga propeta (Haggai, Zacarias, at Malakias). Narito ang halimbawa ng kanyang kaunawaan.

“Ang bagong henerasyon ay malayang gumawa ng bagong pasimula (Ezekiel 18:14ff); ang Panginoon ay babalik sa kanila, sa kabila ng tipanang-pagsuway ng nakalipas na mga henerasyon kung sila ay babalik sa Kanya” *Haggai, Zacarias, Malakias* (p. 87).

Ang pag-anyaya ng Ezekiel 18 (kapwa indibidwal at pangkalahatan) ay bukas pa rin! Ang kabanatang ito ay isang bagong OT metapora para sa “ikapitong araw ng pahinga” (cf. Awit 95; Hebreo 3-4).

▣ **“ako’y manunumbalik sa inyo”** Ang pagsisisi ay nagpapanumbalik sa pakikisama sa Diyos (cf. Malakias 3:7; Santiago 4:8; ang negatibong anyo ng II Cronico 15:2). Ang terminong *shub* (BDB 996, KB 1427) ay ginamit ng dalawang beses sa v. 3; isang beses sa v. 4; at isang beses sa v. 6.

1:4 “mga unang propeta” Ang pariralang ito ay naging isang teknikal na termino sa kaluang arbainikal na mga kasulatan para sa “historikal na mga aklat” ng Josue, Hukom, Samuel, at Hari. Ito ay tumutukoy dito sa pre-exilic na kasulatan ng mga propeta ng ikawalo at ikapitong mga siglo (cf. 7:7; II Cronico 24:19; 36:15).

▣ **“Manumbalik kayo ngayon na mula sa inyong mga masamang lakad”** Ito ay isang pahiwatig mula sa naunang mga propeta (e.g. Isaias 1:16-19; Jeremias 18:11; 25:5; 35:15; Ezekiel 33:11). Ang bayan ng Diyos ay itinakwil ang parheong Diyos at Kanyang tipanang pangangailangan at naghanap ng ibang mga diyos (i.e. pagkamayabong na pagsamba). Ito ang espirtwal na dahilan ng Assyrian at Babyoniang pagpapatapon. Ang mga post-exilic na mga naninirahan sa Jerusalem ay dapat na maging iba!

Ang mga parirala “ang iyong masamang mga lakad” at “iyong masamang gawa” gumagana bilang isang hendiadys. Ang terminong “mga masamang lakad” ay ginamit ng metaporikal para sa pamumuhay. Ang biblikal na pananampalataya ay (1) personal, (2) pangkredo, at (3) pamumuhay. Ang pamumuhay na pagsunod ay ipinahayag ng una sa Genesis 18:19 (cf. Hukom 2:22; Awit 119:1). Ang kaugnay na metapora ay “lumakad” (e.g. Kawikaan 6:20-22; Jeremias 7:24; 10:9; Efeso 14:1,17; 5:2,15).

▣ **“nguni’t hindi nila dininig, o pinakinggan man ako”** Ang dalawang pinanegatibong PANDIWA “makinig” (BDB 1033, KB 1570) at “pakinggan” (BDB 904, KB 1151) ay nagpakita ng Deuteronomio 6:4, na nagpapakita ng pakikinig at pagsunod (cf. Deuteronomio 5:32-33; 6:1-3). Hindi sapat na alam ang mga salita ng Diyos, dapat silang isapamuhay (cf. Santiago 1:22- 25)!

Ang parirala “pakinggan” ay mula sa Hebreong ugat na nangahulugang “magbigay ng malapit na atensyon sa” (cf. Jeremias 6:17; 11:7,8). Ang pariralang ito ay isang pahiwatig sa Jeremias 7:24,26; 17:23; 19:15; 29:19.

1:5 “Ang inyong mga magulang, saan nangandoon sila? at ang mga propeta, nangabubuhay baga sila ng magpakailan man” Ang talatang ito ay nagbibigay-diin sa kahinaan ng sangkatauhan (kapwa masama at mabuti) laban sa eternalidad ng Diyos (cf. Malakias 3:6) at Kanyang salita (cf. Isaias 40:8; 45:23; 55:11; 59:21; Mateo 5:17-18; 24:35).

1:6 “Nguni't ang aking mga salita at ang aking mga palatuntunan” Ang inihayag na mga katotohanan ng Diyos at tipanang mga pangangailangan ay tinawag sa maraming mga mga termino, gaya ng Awit 19:7-9 na malinaw na ipinapakita.

1. “ang batas ng PANGINOON,” v. 7
2. “ang testimonya ng PANGINOON,” v. 7
3. “ang mga atas ng PANGINOON,” v. 8
4. “ang kautusan ng PANGINOON,” v. 8
5. “ang takot sa PANGINOON,” v. 9
6. “ang mga kahatulan ng PANGINOON,” v. 9

1:6 “aking iniutos sa aking mga lingkod na mga propeta” Sa pasimula ang mga Patriyarka ay nagtalaga ng mga “tagapaglingkod” (e.g. Genesis 18:5). Gayunpaman, ito ay nagting pantukoy sa pamilya ni Abraham na pinagsama (i.e. Jacob, Israel, cf. Isaias 41:8,9; 42:1,19; 43:10; 44:1,2); pagkatapos ay partikular kay David ng hari ng nagkaisang Israel (e.g. II Samuel 7:5,8,19,20; Isaias 37:35). Ang parirala ay ginamit ng madalas sa II Hari (cf. 9:7; 17:13,23; 21:10; 24:2) para sa mga tagapagsalita ng Diyos, ang mga propeta. Ang parirala ay ginamit rin ng ekstensibo sa mga propeta sa Jeremias (cf. 7:25; 25:4; 26:5; 29:19; 35:15). Halata mula sa bilang ng mga pahiwatig sa kontekstong ito na si Zacarias ay alam ng mabuti ang mga kasulatan ni Jeremias.

▣ **“nagsiabot sa inyong mga magulang”** Ito ay naghahanap na metapora (BDB 673, KB 727, *Hiphil* GANAP, cf. Exodo 14:9; 15:9; Deuteronio 19:6) at ito ay tila tumutukoy sa “mga sumpa” ng Deuteronio 28 kung ang tipan ay sinuway.

▣ **“ayon sa aming mga lakad, at ayon sa aming mga gawa, gayon ang ginawa niya sa amin”** Ito ay maaring isang pahiwatig sa Panaghoy 2:17. Bawat henerasyon ay dapat na tumugon sa tipan. Ang panganib ng Relihiyon ay ito ay nagiging isang pamilyang tradisyon sa halip na personal na pananampalataya. “Ang mga ama” ay nagsisisi, ngunit pagkatapos lamang sa paghahatol ng Diyos!

TALATA SA NASB (BINAGO): 1:7-11

⁷Nang ikadalawang pu't apat na araw ng ikalabing isang buwan, na siyang buwan ng Seboth, nang ikalawang taon ni Dario, dumating ang salita ng Panginoon kay Zacarias, na anak ni Berechias, na anak ni Iddo, na propeta, na nagsasabi: ⁸Aking nakita sa gabi, at, narito, ang isang lalaking nakasakay sa isang mapulang kabayo, at siya'y tumayo sa mga puno ng mirto, na nasa pinakamababa; at sa likuran niya'y may mga kabayong mapula, alazan, at maputi. ⁹Nang magkagayo'y sinabi, “Oh Panginoon ko, ano ang mga ito?” At ang anghel na nakikipagusap sa akin ay nagsabi sa akin, “Aking ipakikita sa iyo kung ano-ano ang mga ito.” ¹⁰At ang lalake na nakatayo sa mga puno ng mirto ay sumagot at nagsabi, Ang mga ito yaong mga sinugo ng Panginoon na magsilobot sa lupa.” ¹¹At sila'y nagsisagot sa anghel ng Panginoon na nakatayo sa mga puno ng mirto, at nagsabi, “Aming nilibot ang lupa, at, narito, ang buong lupa ay tahimik, at tiwasay.”

1:7 “Nang ikadalawang pu't apat na araw” Hindi tiyak kung bakit ang ikadalawamput-apat na araw ay napakahalaga, ngunit ito ay tumukoy sa isang ekstensibo ng propetang Haggai (cf. 1:15; 2:10,18,20). Ang eksaktong petsa ay tila Feb. 15, 519 B.C.

▣ **“ikalabing isang buwan”** Ito ay maaring February-March, tatlong buwang mula sa petsa sa 1:1. Zacarias 1:7 ay nagsisimula sa isang serye ng walong mga pangitain na nagpatuloy hanggang sa 6:15.

▣ **“Sebath”** Ang pangalan ng buwan na ito ay isang post-exilic Babylonianang hiram na salita (BDB 987) na nangahulugang “pumatay,” “humampas,” o “mangwasak.” Ang BDB ay nagmungkahi na ito ay tumutukoy sa maulan na panahon na nagsama sa mga baha at mga bagyo. Ito ay lumitaw lamang dito sa OT. Ang ibang Babylonianang mga petsa (cf. 7:1) ay lumitaw sa Ezra-Nehemiah, na kapareho sa historikal na periyod (i.e. naunang post-exilic o ang Persianong periyod).

Para sa isang mabuting talakayan ng mga kalendaryo na ginamit sa sinaunang Near East, tignan Jack Finegan, *Light From the Ancient Past: the Archeological Background ng Hebrew-Christian Religion*, vol. 2, pp. 552-598 o Roland deVaux, *Ancient Israel*, vol. 1, pp. 178-194.

1:8 “Aking nakita” Sa Zacarias ang Hebreong salita “nakita” (BDB 906, KB 1157) ay madalas na ginagamit upang ipakilala ang bagong pangitain.

1. “Aking nakita,” 1:8
2. “Aking ipapakita sa iyo,” 1:9
3. “Aking itinaas ang aking mga mata at tumingin,” 1:18
4. “ang PANGINOON ay ipinakita sa akin,” 1:20
5. “Aking itinaas ang aking mga mata at tuminingin,” 2:1
6. “kanyang ipinakita sa akin,” 3:1
7. “ano ang iyong nakita?” “Aking nakita,” 4:2
8. “Aking itinaas ang aking mga mata at tumingin,” 5:1
9. “itaas mo ang iyong mga mata at tignan,” 5:5
10. “Aking itinaas ang aking mga mata at tumingin,” 5:9
11. “Aking itinaas ang aking mga mata at tumingin,” 6:1

▣ **“sa gabi”** Ito ba ay nagpahiwatig ng isang kapahayagan ng mga panaginip o ang isang pangitain ay dumating sa oras ng gabi? Ang Diyos ay madalas na ginagamit ang mga panaginip upang ipahayag ang Kanyang sarili, lalo na sa Genesis (cf. 20:3,6; 31:10-11,24; 37:5-20; 40-41). Ang panaginip ay nagiging isang paraan sa pagkikilala ng isang tunay na propeta (cf. Deutronomio 13:1,3,5; Jeremias 23:25-32).

Ang mga terminong “panaginip” at “pangitain” ay maaring magkasingkahulugan (cf. Bilang 12:6; Isaias 29:7; Daniel 1:12). Gayunpaman, sila ay magkaiba sa I Samuel 28:6,15.

Ang pinakasikat na OT aklat na gumagamit ng mga panaginip at mga pangitain bilang isang paraan ng pagbibigay alam sa katotohana ay Daniel. Ang relasyon ni Daniel kay Nebuchadnezzar ay napakapareho sa relasyon ni Jose sa Faraon. Ang mga panaginip ay nagdodolina sa Daniel 1-7, habang ang mga pangitain ay nagdodolina sa Daniel 8-11. Pareho ay ginamit ng Diyos upang ipagbigay alam ang katotohanan .

Daniel at Zacarias ay nakibahagi sa apokaliptikong elemento ng mga panaginip at malaangheli na pamamagitan.

▣ **“isang lalaking”** Ito ang Hebreong termino na *ish* (BDB 35), na madalas na nagpapakita ng isang lalake mula sa isang bababe (*ishshah*). Ang etimolohiya ng salitang ito ay hinditiyak dahil ito ay hindi natagpuan sa magkaugnay na mga wika.

Sa Zacarias ito ay ginamit ng ilang beses sa walong mga pangitain (cf. 1:8,10,21; 2:1; 4:1; 6:12), kung saan ito ay tumutukoy sa:

1. mga anghel (ikumpara 1:8,10 sa v. 11)
2. ang propeta mismo (cf. 4:1)
3. ang Mesyas (i.e. Sanga, cf. 6:12)

Ang kaparehong persona na ito ay tinawag na “ang anghel ng PANGINOON” sa vv. 11 at 12. Para sa isang mabuting talakayan ng magkaibang mga pangalan sa mga tao sa OT tignan Robert B. Girdlestone, *Synonyms ng Old Testament*, pp. 45-54. *Ish* ay tinalakay sa pp. 48-50.

▣ **“isang mapulang kabayo”** Ang terminong “pula” ay ang Hebreong termino *adam* (BDB 10), na ibig sabihin ay mapulang kayumanggi. Ang may kulay na mga kabayo ay binaggit rin sa sa ikawalong pangitain ng Zacarias sa 6:1-8. Sila ay naging pinagmulan ng Apat na mga Kabayo ng Apokalipso ni Apostol Juan (cf. Pahayag 6). Pansinin na mayroong dalawang pulang mga kabayo sa 1:8 at walang itim na mga kabayo.



NASB **“at siya'y tumayo sa mga puno ng mirto, na nasa pinakamababa”**

NKJV **“at ito ay tumayo sa mga puno ng mirto sa pinakamababaw”**

NRSV **“Siya ay nakatayo sa mga puno ng mirto sa lambak”** TEV

“siya ay huminto sa ilang puno ng mirto sa isang lambak”

NJB **“nakatayo sa mga malalim na ugat ng mga mirto”**

Mula sa v. 11 posible na ito ang anghel ng Panginoon na lumilitaw gaya ng isang lalake. Siya rin ay nakasakay sa isang pulang kabayo at nakatayo sa mga puno ng mirto. Mayroong isang debate sa kung gaano karaming mga anghel ang lumitaw sa pangitaing ito. Sa tingin ko ang lalake/anghel sa pulang kabayo sa mga puno ng mirto ay iba mula sa nagpapakahulugang anghel ng vv. 9,13,14. Ang mirto (BDB 213) ay tila isang metapora para sa kagalakan at kasiyahan. Ito ang Hudiyong pangalan ni Ester, *Hadassa*. Gayunpaman, ito ay maaring simpleng tumukoy sa isang tipo ng palumpong na lumalaki malapit sa Jerusalem.

▣ **“pinakamababa”** Ang Hebreong terminong ito (BDB 847) ay posibleng ginamit bilang isang metapora para sa malalim na pagkabalisa (BDB 846, kaparehong mga katinig, cf. Exodo 15:5; Zacarias 10:11). Dahil sa apokaliptikong kalikasan ng mga pangitaing ito, posible na ang v. 8 ay nagsasalita sa bayan ng Diyos sa kapayapaan (mirto) at subalit balisa (talabis).

BDB 847 ay tinawag ang termino na “talabis” isang bihira, nakakapag-alinlangang salita. Posible na ito ay tumutukoy sa isang pisikal na lokasyon na malapit sa. Kung magkagayon, ito ay isang paraan ng pagpapakita ng pag-aaruga at presensya ng Diyos sa Kanyang bayan. Ang talata 11 ay tila sumusuporta sa interpretasyong ito. Ang mga anghel na ito “nagpatrolya sa daigdig,” ngunit bumalik at huminto sa labas ng banal na bayan ng Jerusalem, ang lugar kung saan ang pangalan ni YHWH ay nananahan.

▣ **“mga kabayong mapula, alazan, at maputi”** Tila mayroong apat na mga kabayo. Ang apat ay isang numero ng mundo (cf. 6:5-6; Pahayag 7:1). Ito magkagayon ay isang simbolo ng unibersal na kaalaman at presensya ng Diyos.

Mayroong isang halatang kahanay sa 6:1-8 (pansinin rin ang Pahayag 6:1-8). Napansin na ang mga pangalan para sa mga kulay ay PANGMARAMIHAN. Ilang mga komentarista ay nagpalagay na may ilan sa bawat kulay, hindi lamang tatlong mga kabayo (o sa Septuagint, apat na idinaragdag na isang itim upang tumapat sa 6:1-8).

1:9 “Panginoon ko” Ito ay hindi ang tipanang pangalan para sa Diyos, ngunit simpleng termino na *adoni* (BDB 10) par sa “aking may-ari,” “maestro,” o “Panginoon” (cf. 4:4,5,13). Si Zacarias ay nakikipagusao sa kanyang gabay na anghel (cf. 1:19; 2:3; 4:1,4,5; 5:5,10; 6:4; pansinin rin ang isang puna na kapareho sa anghel sa Ezekiel 8:2-3; 40:3-4; Daniel 7:16; 8:16-17; 9:22; 10:18-21). Tignan natatanging paksa: Mga Pangalan Para sa Pagkadiyos sa daniel 4:2.

▣ **“Aking ipakikita sa iyo”** Ang anghel na ito ay hindi nagsabi kay Zacarias, ngunit pinahintilutan siya na marinig ang anghel sa pulang kabayo na nasa mga mirto (cf. vv. 11 at 12).

1:10 “ang lalake” Mula sa v. 11 tayo ay naniniwala na ito ay isang anghel ng Panginoon. Ating natutunan mula sa v. 10 na ang mga lalakeng ito sa kabayo ay mga anghel na nagpapatrolya sa nalalamang mundo (cf. 6:5-7, i.e. ang sinaunang Near East).

1:11 “sila’y nagsisagot sa anghel ng Panginoon” Ang pariralang “ang anghel ng Panginoon” ay madalas na ginagamit sa OT para sa isang makapangyarihang anghel (cf. Genesis 24:7,40; Exodo 32:34; Bilang 22:22; Hukom 5:23; II Samuel 24:16; I Cronico 21:15-16; Zacarias 1:12-13). Gayunpaman, sa ibang mga konteksto ito ay tila tumutukoy sa Diyos Mismo (cf. Genesis 16:7- 13; 18:2,22; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:2-6; 13:21; 14:9; 20:20-23; Hukom 2:1; 6:14,22; 13:9-18,22; Zacarias 3:1-2). Marami ang nagsaad na ang mga siping ito ay tumutukoy sa pre-Incarnate Hesus. Halata mula sa v. 12 na ang anghel ng Panginoon ay hiwalay mula sa Panginoon ng mga hukbo. Sa v. 12 ang anghel ay nanalangin ng isang namamagitan na panalangin sa Panginoon ng mga hukbo alang-alang sa Hudyong bayan (punahin rin v. 10).

Ito ay tila para sa akin na ang “ang anghel ng Panginoon” sa v. 11 ay dapat na kaparehong nagsasalita sa v. 12.

▣ **“ang buong lupa ay tahimik, at tiwasay”** Ito ay maaaring tumutukoy sa inaatas na kapayapaan ng Persianong Emperyo. Alam natin mula sa kasaysayan na si Dairus I Hystapes ay kailangang pabagsakin ang labingsiyam na mga rebelyon sa kanyang pamumuno. Wari ang mga ito ay tapos na at ang kapayapaan ay napanumbalik sa pamamagitan ng puwersa.

Ang TEV ay ininterpret ang “mapayapa”(BDB 442, KB 444, *QAL* AKTIBONG MGA PANDIWARI) at “tahimik” (BDB 1053, KB 1641, *QAL* AKTIBONG MGA PANDIWARI) bilang “walang magawa at talunan.” Ito ay pagsasalin sa Hebreong mga salita sa isang natatanging paraan batay sa konteksto. Ang nagpapakahulugang katanungan ay kung ano ang ibig sabihin ng kasagutan ng nagpapatrolyang mga anghel: (1) lahat ay tahimik at maayos o (2) lahat ay hindi maayos, ngunit tahimik? Ang Persianong Emperyo ba ay nagpapalayang puwersa o isang sumasaklaw na puwersa? Ito ay tila para sa akin na isang nagpapalayang puwersa, napakaiba mula sa Assyria at Babylonia. Ito ay nagpahintulot sa mga Hudyo na bumalik at nagalok pa ng mga materyales upang muling itayo ang kanilang templo. Sa kasalukuyan ito ay nagpahintulot ng muling pagtatayo ng mga pader ng Jerusalem maging sa gitna ng mga di-pagsangayon ng ng mga nakapaligid na mga bansa (cf. Nehemiah).

TALATA SA NASB (BINAGO): 1:12-17

¹²Nang magkagayo’y ang anghel ng Panginoon ay sumagot at nagsabi, “Oh Panginoon ng mga hukbo, hanggang kailan mawawalan ka ng habag sa Jerusalem at sa mga bayan ng Juda, laban sa iyong mga kinagalitan nitong pitong pung taon?” ¹³At ang Panginoon’y sumagot sa anghel na nakikipagusap sa akin ng mga mabuting salita, ng mga salitang pangaliw. ¹⁴Sa gayo’y ang anghel na nakikipagusap sa akin ay nagsabi sa akin. Ikaw ay humiyaw, na iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo: Ako’y naninibugho sa Jerusalem at sa Sion ng malaking paninibugho. ¹⁵At ako’y totoong naghihinakit sa mga bansa na mga tiwasay; sapagka’t ako’y naghininakit ng kaunti, at sila’y nagsitulong ng pagbubungad ng kadalambahatian.” ¹⁶Kaya’t ganito ang sabi ng Panginoon, Ako’y nagbalik sa Jerusalem na may taglay na mga pagkahabag; ang aking bahay ay matatayo roon, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, at isang pising panukat ay mauunat sa ibabaw ng Jerusalem.” ¹⁷Humiyaw ka pa uli, na iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Ang aking mga bayan ay sasagana dahil sa pagkasulong; at aaliwin pa ng Panginoon ang Sion, at pipiliin pa ang Jerusalem.”

1:12 “hanggang kailan mawawalan ka ng habag sa Jerusalem at sa mga bayan ng Juda” Ang anghel (cf. vv. 10,11) ay pinakitunguhan ang isang katanungan kay YHWH patungkol sa sakop ng pagpapatapon. Ang anghel ay nag-aalala patungkol sa kakulangan ng progreso.

Ang Hebreong termino “habag” o “awa” (BDB 933) ay ginamit sa Hosea 1:6,19, at 23 bilang isang salitang paglalaro sa pagitan ng paghahatol ng Diyos (i.e. diborsyo) ng Kanyang bayan at Kanyang ipinangakong pagbabago ng tipan.

Ang pinakakatotohanan na ang isang prominenteng anghel ay itinanong ang katanungang ito ay nagpapakita na na ang atas ni Cyrus II noong 538 B.C. upang pahintulutan ang mga Hudyo (kasama ng ilang mga bihag) na bumalik sa sariling bayan ay hindi ang ipinangakong katuparan na hinulaan ni Jeremias. Si Zacarias ay kinausap ang nanghihinang mga tao. Ang pagbabalik ay hindi naging madali o pinagpala hanggang sa puntong ito (519 B.C.).

Punahin rin na isang anghel ang umaakto bilang isang namamagitan sa pagitan ni YHWH at Kanyang bayan ay nakakabigla. Ito ay naging isang regular na sangkap ng isang apokaliptikong panitikan na nagpapalaki ng tungkulin ng mga anghel sa pamumuhay ng mga tao.

▣ **“pitong pung taon”** Ito ay tila isang pahiwatig sa Jeremias 25:11,12 at 29:10 (cf. II Cronico 36:21; Daniel 9:2), na nagbibigay ng isang partikular na panahon ng pagpapatapon. Mayroong naging matinding talakayan patungkol sa pitumpung taong periyod na ito. Ito ay ninais na maging isang simbolo ng isang malaking di-tiyak na periyod, gaya ng Hebreong termino “apatnapu” o ito ay isang partikular na pitumpung taong periyod? Ang dalawang mga mungkahi ay (1) ang periyod mula 605 B.C. (Labanan ng Carchemish) hanggang 539 (pagbagsak ng Babylonia kay Cyrus) o (2) ang pitumpung taong periyod ng panahon na matatagpuan sa pagitan ng pagkawasak ng Jerusalem at ng templo noong 586 B.C. hanggang sa muling pagtatayo ng ikawalang templo noong 516 B.C., na siyang pokus ng propesiya ng parheong Haggai at Zacarias. Ang kaparehong temporal na simbolo ay matatagpuan rin sa Isaias 23:15,17, kung saan ito ay ay tila tumutukoy sa isang haba ng buhay (na maaring ang intensyong puwersa ng propesiya, higit na kagaya “ng henerasyong ito” ng apatnapung taong Exodong paghahatol).

1:13 “at ang Panginoo’y sumagot sa anghel na nakikipagusap sa akin” Pansinin na si YHWH ay hindi sinagot ang anghel ng Panginooon na nasa mga mirto na nagtanong sa katanungan ng v.12, ngunit kinausap Niya ang nagpapakahulugang anghel (cf. v. 9). Ang nilalaman ng mapagbiyayang at nag-aaliw na mga salita ni YHWH ay natagpuan sa vv. 14- 17.

▣ **“mga mabuting salita, ng mga salitang pangaliw”** Ang unang PANG-URI (BDB 373) ay nangahulugang “mabuti,” “kasanga-sangayon,” o “nakakawili.” Ang ikalawa (BDB 637) ay nangahulugang “habag” (cf. Isaias 57:18; Hosea 11:8). Ang Diyos ay magpapatawad at muling ipapanumbalik ang Kanyang tipanang bayan dahil sa Kanyang dakilang pag-ibig, hindi kanilang merito.

Ang mga PANG-URI ay sinagot ang katanungan ng anghel ng “walang habag” sa v.12! SI YHWH ay may dakilang habag para sa Kanyang bayan at ang Kanyang restorasyon ng Abrahamikong pangako ng lupang pangako (cf. Genesis 12:1-3).

1:14 Mga talata 14-17 ay ang esensya ng mapagbiyayang mga salita ng Diyos na binanggit sa v. 13.

▣ **“Ako’y naninibugho sa Jerusalem at sa Sion”** Ito ay isang COGNATE AKUSATIBO, gaya ng v. “Labis na naninibugho” (BDB 888, KB 1109) ay mula sa isang termino para sa pagpagkukulay ng isang damit na may matinding kulay. Ito ay ginamit para sa pangmukhang ekspresyon na nagpapakita ng matinding mga emosyon. Ang paninibugho ay pag-ibig na salita sa lalim ng habag ng Diyos para sa piniling bayan ng Diyos (cf. Exodo 20:5; Hosea 11:8; 13:14). para sa isang mabuting teolohikal na talakayan ng banal na paninibugho tignan Joyce Baldwin, Tyndale OT Commentaries, *Haggai, Zacarias, Malakias*, pp. 101-103.

Ang mga termino “Zion” at “Jerusalem” ay madalas na magkasingkahulugan sa OT (e.g. 1:17; 2:7,10; 8:2,3; 9:9). Ayon sa liwanag ng mahirap na historikal na tagpuan (i.e. mahinang pananim, mahirap na relasyon sa magkakapitbahay, maliit na grupo na bumalik) ito ay nakakabiglang

kapahayagan. Ang bumabalik na minoridad ay hindi sigurado na ang Diyos ay kasama nila o para sa kanila. Napakadaling hatulan ang espirital na mga isyu batay sa pisikal na mga sirkumstansya.

1:15 Ito ay isang napakahalagang talata. Bagamat ang Diyos ay ginamit ang walang diyos na mga bansa upang hatulan ang Kanyang bayan (cf. Isaias 10:5; 47:6; Jeremias 25:9; 51:20), wari ang mga bansa na ito ay lumagpas sa nais ng Diyos at sila ay paparusahan dahil sa kanilang kalabisan. Sa Sinaunang Near East militar na tagumpay ay isang espirital gayundin na isang militar na isyu. Ipinapakiwanag ni YHWH kung bakit Niya pinapahintulutan ang mga paganong mga emperyo ng Assyria at Babylonia na pahirapan ang Kanyang bayan. Ipinaliwanag rin Niya na sila ay lumagpas sa kung anong nais Niya at mga layunin. Ang kasalukuyang mga kondisyon ay hindi nagpapakita ng intensyon ng Diyos o sila ay tunay na nagpapakita ng Kanyang mga damdamin para sa isang pinanumbalik na Judah.

Ang talatang ito ay ang dahilan ang TEV ay isinasalin ang v. 11c sa isang negatibong pakahulugan. Ang PANG-URI ay isinalin ang “kaluwagan” (BDB 983) ay may idinagdag na konotasyon ng “walang pag-aalala, walang habas, aroganteng” kaluwagan (cf. Awit 123:4; Isaias 32:9,11; Amos 6:1). Ang ikalawang pangitaing ito (cf. 1:18-21) ay pinahaba ang temang ito ng paghahatol ng Diyos sa pinakabansa na ginamit Niya upang parusahan ang Kanyang bayan.

1:16

NASB, NIV (LXX) “Ako’y nagbalik sa Jerusalem”

NKJV “Ako ay bumabalik sa Jerusalem”

NRSV, NJB “Ako ay bumalik sa Jerusalem”

TEV “Ako ay nakabalik sa Jerusalem”

Ang PANDIWA (BDB 996, KB 1427) ay isang *Qal* GANAP. Ang panahong elemento ay dapat na mahinuha mula sa konteksto. Maging maingat sa personal na pagkiling o sistematikong teolohiyang tagpuan ng isang partikular na panahong balangkas (tanging ang konteksto ang makakapagpakita ng orihinal na intensyon ng may-akda). Ang Jewish Publication Society of America ay nagsalin ng dapat na isang kasalukuyang pagbabalik. Ito ay isang paglalaro sa Hebreong salita *shub*, ginamit sa 1:3,4,6. Habang sila ay bumalik sa Diyos, Siya ay babalik sa kanila. Ito rin ay mahalaga dahil sa Ezekiel 10:18,19; 11:23, Ang presensya ng Diyos ay umalis sa Jerusalem (ang templo) at pumunta sa silangan na kasama ng mga ipinatapon. Ang Diyos ay nagsiguro sa mga bumabalik na mga Hudyo na ang Kanyang kaluwalhatian ay babalik sa isang muling itinayong templo at ang tipan ay muling maitatag (i.e. 516 B.C.).

▣ **“mga pagkahabag”** Ito rin ay isang propetikong salitang paglalaro mula pa sa Hosea 1:5-9; 2:1-7 laban sa 2:14- 20,21-23 (i.e. Lo-Ruhamah = Walang Habag; Lo-Ammi = Hindi Aking Bayan).

▣ **“isang pising panukat ay mauunat sa ibabaw ng Jerusalem.”** Madalas ang terminong ito ay nangahulugang pagkawasak (cf. II Hari 21:13; Isaias 34:11; Panaghoy 2:8). Sa kontesktong ito, ito ay dapat na kumatawan para sa “restorasyon” (BDB 876)(cf. Ezekiel 41 at Pahayag 21:15-17). Ang paggamit ng isang gusaling metapora na mga reperensiya ang pagbibigay-diin sa muling pagtatayo ng ikalawang templo.

1:17 “uli, na iyong sabihin” Ang mga kahanay na ito v. 14 (parehong *Qal* PAUTOS). Ang nagpapakahulugang anghel ang nagbibigay ng mga salita ni YHWH (cf. v. 13) sa dalawang mga bahagi: (1) restorasyon at (2) kasaganaan.

Ang salitang “muli” (BDB 728) ay inulit ng apat na beses sa talatang ito. Na pinawalang bisa o pinawalang halaga ay muling mababago at nagpatuloy. Ang tipan ay muling binago!

▣ **“ng aking mga bayan ay sasagana dahil sa pagkasulong”** Sa kontekstong ito si YHWH ay nagsasaad na ang winasak na mga bayan ng Judah ay muling maitatayo at mananagana. Ito ay isang

hindi karaniwang paggamit ng PANDIWA na ito (BDB 807 II). Ito ay madalas na ginamit sa konteksto ng pagkawasak at pagkatalo (cf. 13:7). Ito ay maaaring isang sinadyang kalabuan na nagpapahiwatig ng “pag-apaw” (cf. Kawikaan 15:6) o “paglawak” ng mga bayan ng Judah ay isang militar na paraan.

Ito ay isang mabuting lugar upang paalalahanan tayo na ang konteksto, hindi leksiko, ang nagdedetermina ng kahulugan. Laging nakakabigla kapag ang eksaktong kasalungat na pagkakagamit ay lumitaw, ngunit ito lamang ay nagpapakita na dinamikong kalikasan ng pantaong pananalita at ang kapangyarihan ng idyomatikong wika.

▣ **“at pipiliin pa ang Jerusalem”** Ang PANDIWA (BDB 103, KB 119, *Qal* GANAP) ay regular na ginamit upang ipakita ang isang banal na pagpili (cf. 2:12; 3:2). An Diyos ay piniling ipanumbalik ang Kanyang mga pinili. Ito ay opisyal na tipanang pagbabagong wika.

Dito ang Jerusalem at Zion ay mga metapora, hindi para sa isang bayan, ngunit para sa mga tao. Si YHWH ay orihinal na pinili ang Jerusalem bilang ang lugar para sa Kanyang pangalan na manahan (cf. Deuteronio 12:5,11,21; 14:23-24; 16:2,6,11; 26:2; Nehemias 1:9). Ito ay maaring lokasyon ng sentral na sakripisyal na dambana.

TALATA SA NASB (BINAGO): 1:18-21

¹⁸At aking itinanaw ang aking mga mata, at aking nakita, at, narito, ang apat na sungay.
¹⁹At aking sinabi sa anghel na nakikipagusap sa akin, Ano ang mga ito? At siya'y sumagot sa akin, Ito ang mga sungay sa nagpangalat sa Juda, sa Israel, at sa Jerusalem.” ²⁰At ipinakita sa akin ng Panginoon ang apat na panday. ²¹Nang magkagayo'y sinabi ko, Ano ang ipinaritong gawin ng mga ito? At siya'y nagsalita na nagsabi, Ito ang mga sungay na nagpangalat sa Juda, na anopa't walang lalake na nagtaas ng kaniyang ulo; nguni't ang mga ito'y naparito upang takutin sila, upang ihulog ang mga sungay ng mga bansa, na nagtaas ng kanilang mga sungay laban sa lupain ng Juda upang pangalatin.”

1:18 “At aking itinanaw ang aking mga mata, at aking nakita” Tignan puna sa 1:8. Sa Masoretik Hebreong teksto v. 18 sa 2:1 (cf. NJB).

▣ **“apat na sungay.”** Ang mga sungay ay simboliko ng (1) kapangyarihan o (2) mga bansa (cf. Jeremias 48:25; Ezekiel 48:25; Amos 6:13; at Daniel 8:3). Ang numerong apat ay tila isang numero ng mundo (i.e. apat na mga kabayo ng 1:8 at apat na mga hangin ng 2:10). Ang ilan ay nagsabi na ito ay tumutukoy sa mga kaharian ng Daniel, ang mga kabanata 2 at 7 (Babylonia, Persia, Greece, at Roma), ngunit ako ay naniniwala na, sa konteksto, ang pag-uunawa sa mga kaharian ng mundo na nakakaapekto sa Lupang Pangako ay hindi na naaangkop.

1:19 “sa anghel na nakikipagusap sa akin,” Angg malanghel na pamamagitan (cf. v. 9) ay isang katangian ng apokaliptikong panitikan, gaya ng paggamit ng simbolikong mga numero (cf. v. 18) at mga kulay (cf. v. 8).

▣ **“ang mga sungay sa nagpangalat sa Juda, sa Israel, at sa Jerusalem”** Ang mga sungay na ito (BDB 901) ay kumakatawan sa kapangyarihan ng mundo na ginamit ng Diyos upang hatulan ang Kanyang bayan (Ehipto, Assyria, Babylonia), ngunit ngayon ang Diyos ay hahatulan sila dahil sa kanilang kalabisang malupit na pagtrato (cf. v. 15; Awit 75:4-5).

Ang listahang ito ng “Judah, Israel, at Jerusalem” ay nakakabigla na ang Israel ay madalas na inilista ng una kapag nagsasalita patungkol sa hinating monarkiya. Kung ang mga ito ay tumutukoy sa dalawang Hudyong kaharian na nabuo pagkatapos ng 922 B.C., bakit ilita ang kapitolyo ng Judah ng wala ang kapitolyo ng Israel (i.e. Samaria)? Maaring pinakamainam na maunawaan na lahat ng tatlo bilang pangkalahatang mga termino para sa bayan ng Diyos (tanging ang Judah ay binanggit sa v. 21).

1:20

NASB, NKJV

“panday”

NRSV

“mga panday”

TEV

“mga manggagawa na may mga martilyo”

NJB

“mga panday”

Ang malikhaing kapangyarihan ng Diyos ay nakita sa Kanyang paggamit ng apat na mga bihasa (BDB 360) laban sa nakakasirang kapangyarihan ng pamahalaan ng tao na nakita sa metapora ng apat na sungay ng hayop. Hindi tiyak kung ang mga bihasa na ito ay nagpapakita ng pagkamalikhain o mga manggagawa. Ang wastong ginawa nila sa sungay ay hindi binanggit, ngunit binago nila ito at pinahina ang kanilang kapangyarihan.

1:21 “anopa't walang lalake na nagtaas ng kaniyang ulo” Ito ay isang idyoma ng pagkatalo at pagtakwil. Pansinin ang pagulit sa terminong “itinaas” (BDB 669, KB 724). Ang ahente ng Diyos ay magpapalitan ng tungkulin, ang pagpapakalat sa mga sungay ay matatalo at ang natalong mga malungkot na Hudyo ay pasasayahin!

Mayroong maaring isang salitang paglalaro sa parirala “inihulog” (BDB 392), na maaring mangahulugan sa *Hiphil*, “magpasalamat” o sa *Piel* “itapon.” Ang mga sungay na nagnais na maibaba ang bayan ng Diyos ay ngayon ang pokus at pasasalamat ng bayan ng Diyos para sa pagkatalo ng bansa.

▣ **“pangalatin”** Ang mga terminong “ikalat” (BDB 279, KB 280, *Piel* GANAP ng 1:19, 21[dalawang beses]) at “tipunin” ay madalas na ginagamit sa Sinaunang Near East bilang mga metapora para sa kapakanan ng mga bansa batay sa aktibidad ng kanilang mga diyos. Sa Bibliya si YHWH ang siyang nagpahinutlot sa Kanyang bayan na maikalat, ngunit protektahan Niya sila at muli silang titipunin.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang ama ni Zacarias ay inalis sa listahan sa v. 1, ngunit kasama sa Ezra 5:1; 6:14; Nehemias 12:4,16?
2. Ipaliwanag ang Hebreong salita *shub* o “bumalik.”
3. Sino ang lalake na nakasakay sa pulang kabayo sa v. 8?
4. Ano ang kahalagahan ng may kulay na kabayo sa v. 8?
5. bakit ang anghel ay nalungkot sa v. 12?
6. Ano ang kahalagahan ng v. 15 sa ating pagkakaunawa sa pagpapatapon?
7. Paano ang v. 16 ay tumugma sa historikal na tagpuan ng Haggai at Zacarias?
8. Ipaliwanag ang kahalagahan ng “mga sungay” sa OT.
9. Kanino kumakatawan ang mga sungay?

ZACARIAS 2

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Pangitain ng Panukat na Linya	Ang Ikatlong Pangitain: Isang Lalake ay Susukatin ang Jerusalem	Ang Pangitain ng Panukat na Linya	(Ang NJB ay gumagamit ng MT na kabanata at talata)
2:1-5	2:1-5	1:1-2a 2:2b 2:3-5	
Ang Panghinaharap na Kagalakan ng Zion at ng Maraming mga Bansa 2:6-7	Isang Panawagan sa mga Ipinatapon 2:6-12	Ang mga Itinapon ay Tinawag na Bumalik sa Tahanan 2:6-8a 2:8b-9a 2:9b 2:10 2:11-12	Dalawang Masidhing Paghihikayat sa mga Itinapon 2:10-17
	2:13	2:13	

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 2:1-5

¹At aking itinanaw ang aking mga mata, at aking nakita at, narito, ang isang lalake na may panukat na pisi sa kaniyang kamay. ²Nang magkagayo'y sinabi ko, “Saan ka paroroon sinabi niya sa akin, “Upang sukatin ang Jerusalem, upang tingnan kung gaano ang luwang, at kung gaano ang haba.” ³At, narito, ang anghel na nakikipagusap sa akin ay umalis, at ibang anghel ay lumabas na sumalubong sa kaniya, ⁴At sinabi sa kaniya, “Tumakbo ka, iyong salitain sa binatang ito, na sabihin, ‘Ang Jerusalem ay tatahanan na parang mga nayon na walang mga kuta, dahil sa karamihan ng mga tao at hayop doon. ⁵Sapagka't ako,’ sabi ng Panginoon, ‘ay magiging sa kaniya'y isang kutang apoy sa palibot, at ako'y magiging kaluwalhatian sa gitna niya.’”

2:1 “At aking itinanaw ang aking mga mata, at aking nakita” Tignan buong puna sa 1:8. Sa Masoretik Hebreong teksto ang talatang ito ay 2:5 dahil ang ikalawang pangitain (ang apat mga sungay) ay nagsisimula sa ikalawang kabanata.

▣ **“isang lalake”** Ito ay wari tumutukoy sa isang malaanghel na nilalang (cf. 1:8,10 kumpara sa 1:11,12). Malaanghel na mga nilalang ay madalas na lumitaw bilang lalakeng mga tao (tanging isang beses lamang sa Zacarias 5:9 na sila ay ipinakita bilang babae).

▣ **“may panukat na pisi”** Ito ay isang konstruksyon na metapora (BDB 286 at 551, cf. 1:16, magkaibang Hebreong salita, BDB 876), ginamit sa (1) paghahatol/pagkawasak (cf. II Hari 21:13; Isaias 34:11; Panaghoy 2:8) o (2) restorasyon (cf. 1:16; Jeremias 31:38-40; Ezekiel 41; Pahayag 21:15-17).

2:2 **“sinabi ko, ‘Saan ka paroroon’”** Sa mga pangitain ni Zacarias maraming tao ang nagsasabi na.

1. ang propeta mismo (e.g. 1:9,21; 2:2)
2. ang nagpapakahulugang anghel (e.g. 1:14,19,21; 2:3,4,12-15)
3. mga anghel sa pangitain (e.g. 1:10,11,13; 2:2,4)
4. ang Panginoon Mismo (e.g. 1:13,14,15,16,17; 2:5,6-11)

Ang maraming bilang ng mga tagapagsalitan ito ay nagdulot sa mga teksto na itala ang ilang antas ng direktang mga sipi.

▣ **“Upang sukatin ang Jerusalem”** Ang panahong salik ay krusyal, ngunit hindi tiyak: (1) kasalukuyang Jerusalem; (2) pinanumbalik na post-exilic Jerusalem; o (3) makalangit, pangwakas na panahong Jerusalem (cf. Pahayag 21:2,15).

2:4 **“Tumakbo”** Narito ang isang anghel na nag-uutos (*Qal* PAUTOS) sa isa pang anghel na magbago ng aksyon dahil sa mas buong impormasyon para sa mga layunin ng Diyos. Ang mga anghel ay hindi lubusang naunawaan ang mga plano ng Diyos (cf. I Pedro 1:12; Efeso 2:7; 3:10; I Corinto 4:9).

▣ **“sa binatang ito”** Ang NET Bible (at ang NIV Study Bible talababa) kinilala siya bilang ang reperensiya kay Zacarias, ngunit hindi ito tumutugma sa konteksto. Ito ay tila “ang lalake” ng v. 1 (i.e. anghel, cf. 1:8, 10, 11, 12), bagamat isang magkaibang Hebreong termino ay ginamit (BDB 654).

▣ **“parang mga nayon na walang mga kuta”** Ang Hebreong termino (BDB 826) ay nangahulugang “bukas na rehiyon” o “bukas na bansa” (cf. Ezekiel 38:11) na may implikasyon ng walang tanggulan para sa proteksyon (i.e. mga pader, mga kanal, gawaing lupa, atbp.). Ang pinakaestruktura na ginamit para sa proteksyon ay maglilimita sa potensyal na populasyon.

Wala nang pangangailangan para sa pisikal na proteksyon. Ito marahil ang sagot sa nerbiyosong kritiko sa panahon ni Zacarias patungkol sa muling pagtatayo ng Templo nang wala ng paraan para parotektahan ito (i.e. wala ng pader sa paligid ng Jerusalem, cf. Nehemias). Ito ang OT pinagkuhaan para sa Pahayag 21:25, kung saan ang bagong Jerusalem ay hindi na nangangailangan ng tarangkahan para sa proteksyon dahil ang Diyos ay presente!

Posible rin na sa unibersal na konteksto ng lahat ng mga tao na inimitahan upang sumamba kay YHWH at Kanyang kintawan na “walang mga pader” ay maaring magpakita ng pagkasangkot ng “ang ebanghelyo ni Hesukristo.” Ang NT ay hindi muling napanindigan ang heograpikal o panlahing mga propesiya ng OT, ngunit pinalawak ang mga ito tungo sa pangmundong imbitasyon sa “kung sinoman ang magnais.” Ang isyu ay hindi na Hudyo laban sa Hentil, ngunit mananampalataya laban sa di-mananampalataya!

▣ **“dahil sa karamihan ng mga tao at hayop doon”** Ito ay hindi tugma sa historikal na mga kondisyon ng panahon ng propeta, na napakahalata na ito ay tumutukoy sa panghinaharap, ngunit ang panahon ay di-tiyak. Ang ilan ay nakita ang v. 11 (unibersal na ebanghelyong imbitasyon ng Isaias 49; Mateo 28:18-20 Lucas 24:47; Gawa 1:8) bilang ang dahilan para sa maraming mga taon na nasa Jerusalem. Ang Hudyo ng post-exilic periyod ay hindi nais tumira sa bayan dahil sa mapait na mga memorya ng pag-atake ni Nebuchadnezzar. Sa panahon ni Nehemias kalilangan nilang magpalabunutan upang malaman kung sino ang titira sa muling itinayo, pinadirang Jerusalem (cf. Nehemias 7:4; 11:1-2).

▣ **“hayop”** Ito ay isang simbolo ng daklilang kasaganaan (cf. Deuteronio 28:4,11,51; 30:9). Ito ang kabaligtaran ng Haggai 1:10-11.

2:5 “apoy sa palibot” Ito ay tila tumutukoy sa *Shekinah* (ang manahan ng permanente sa, cf. v. 11) ulap ng kaluwalhatian na sumasama sa mga tagalsrailita sa panahon ng Exodong karanasan (cf. Exodo 14:19-20; Isaias 60:18). Tignan Natatanging Paksa: Apoy sa Daniel 7:10.

NATATANGING PAKSA: KALUWALHATIAN

Ang biblikal na konsepto ng “kaluwalhatian” ay mahirap maipaliwanag. Ang kaluwalhatian ng mga mananaplataya ay ang naintidihan nila ang ebanghelyo at kaluwalhatian ng Diyos, hindi sa kanilang mga sarili. (cf. 1:29-31; Jeremias 9:23-24).

Sa OT ang karaniwang salitang Hebreo para sa “kaluwalhatian” (*kbd*, BDB 217) ay isang orihinal na katagang pangkalakalan na tumutukoy sa isang pares na timbangan, sa pang-literal, “maging mabigat” Na anumang mabigat ay mahalaga o may likas na halaga. Kadalasan ang konsepto ng kaningningan ay idinadagdag sa salita para maipakita ang kataasan ng Diyos. (cf. Exodo 19:16-18; 24:17; Isaias 60:1-2). Siya lamang ang karapat-dapat at marangal. Siya rin ay lubhang makinang para pagmasadan ng makasalanang sanlibutan. (cf. Exod 33:17-23; Isaias 6:5). Si YHWH ay totoong makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Jeremias 1:14; Mateo 17:2; Hebreo 1:3; Santiago 2:1).

Ang salitang “kaluwalhatian” ay minsang hindi maliwanag.

1. ito ay maaring kahanay ng “ang katwiran ng Diyos”
2. ito ay maaring tumukoy sa “kabanalan” o “kasakdalan” ng Diyos
3. ito ay maaring tumutukoy sa larawan ng Diyos na kung saan ang sangkatauhan ay nilikha. (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit sa kalaunay nabahiran ng paghihimagsik. (cf. Genesis 3:1-22). Ito ay unang ginamit sa presensya ni YHWH sa kanyang mga tao sa paglalagalag sa ilang sa Exodo 16:7,10; Levitico 9:23; and Bilang 14:10.

▣ **“ako'y magiging kaluwalhatian sa gitna niya”** Ang presensya ng Diyos sa Kanyang bayan ay tinukoy dito (cf. v. 11; Exodo 25:8; 40:34; Ezekiel 43:1-5). Ito ang sukdulang pag-asa ng restorasyon ng pagpapasimulang pakikisama sa Diyos (cf. Pahayag 21:3,23). Ito rin ay nagpapakita na nag Tipan ay muling pinanumbalik at natupad! Si Immanuel ay kasama ng Kanyang bayan (cf. Isaias 7:14; 8:8,10).

TALATA SA NASB (BINAGO): 2:6-12

“Oy, oy, magsitakas kayo mula sa lupain ng hilagaan,” sabi ng Panginoon, **“sapagka't kayo'y aking pinangalat na parang apat na hangin sa himpapawid,”** sabi ng Panginoon. **“Oy Sion, tumanan ka, ikaw na tumatahan na kasama ng anak na babae ng Babilonia.”** **“Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, “Dahil sa kaluwalhatian ay sinugo niya ako sa mga bansa na nanamsam sa inyo; sapagka't ang humihipo sa inyo, ay humihipo sa itim ng kaniyang mata. “Sapagka't narito, aking ikukumpas ang aking kamay sa kanila, at sila'y magiging samsam niyaong nangagililingkod sa kanila; at inyong malalaman na ang Panginoon ng mga hukbo ang nagsugo sa akin. “Ikaw ay umawit at magalak, Oh anak na babae ng Sion; sapagka't narito, ako'y naparirito, at ako'y tatahan sa gitna mo, sabi ng Panginoon. “At maraming bansa ay magpipisan sa Panginoon sa araw na yaon, at magiging aking bayan; at ako'y tatahan sa gitna mo, at iyong malalaman na ang Panginoon ng mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin sa iyo, “At mamahanin ng Panginoon ang Juda na pinaka bahagi niya sa banal na lupain at pipiliin pa ang Jerusalem.”**”

2:6-13 Ang mga talatang ito ay natatangi sa 2:1-5 ay nasa patulang pararelismo at metro (cf. NJB). Joyce Baldwin, Tyndale OT Commentaries, ay nagsasabi, “mayroong isang pagbabago, hindi lamang sa *dyanra*, ngunit ang tagapagsalita at destinasyon. Sa halip na anghel si Zacarias na ngayon ang nagsasalita, una sa mga ipinatapon sa Babylonia, pagkatapos sa Jerusalem na Hudyo, at wala na ngayon upang magmungkahi ng isang pangitain” (p. 107).

Maraming mga komentarista ang nag-isip na ang patulang seksyon na ito ay nag-interpret at muling nagbigay-diin sa ikalawa at ikatlong mga pangitain. Si YHWH ay wawasakin ang nagnanakaw na mga bansa (ang apat na mga sungay at bihasa) at Siya ay mananahan at protektahan ang Kanyang bayan (ang sumusukat na linya).

2:6

NASB

“Oy, oy”

NKJV, NRSV

“Taas, taas”

TEV

NJB

“Tumingin sa itaas! tumingin sa itaas!”

Ang Hebreong eklamasyon (BDB 222) ay inulit para sa pagbibigay-diin. Hindi ito ang Hebreong “pighati,” ngunit madalas na gumagana bilang isang pambungad sa paghahatol (cf. 11:17; Isaias 10:5; 17:12; 28:11).

Si BDB ay nagbanggit na ito ay madalas na gumagana bilang isang paraan ng pagpapakita “isang paghipo ng simpatya,” p. 223 (cf. Isaias 18:1; 55:1; Jeremias 47:6; Zacarias 2:10,11).

Sino ang tagapagsalita sa vv. 6-13? Ito ay maaring isa sa mga anghel, ngunit ito ay tila pinakamainam na makita si Zacarias bilang nagsasalita para kay YHWH. Ang mga salita ng mga pangako at layunin ni YHWH. Ang pangitain ay naging isang banal na proklamasyon!

Isa pang katanungan ay kung kanino ang mga talatang ito ay ibinigay? Tila mayroong tatlong mga piniling mga grupo.

1. Hudyong ipinatapon at natitira sa mga nakapaligid na mga lupain (vv. 6-9)
2. Hudyo na bumalik sa Lupang Pangako (vv. 10-12)
3. lahat ng sangkatauhan (“lahat ng laman,” cf. v. 13)

Ang Diyos ay ginagamit ang punla ni Abraham, at mas partikular, kay David, upang talakayin at apektuhan ang lahat ng mga anak na lalake at babae ni Adam (cf. Genesis 3:15; Ex. 19:5). Ang mga aksyon ng Diyos para sa Hudyo ay, sa realidad, ay aksyon ng Diyos para sa sangkatauhan (cf. Genesis 12:3). Ang bayan ng Diyos na walang mga pader ay maaring isang simbolo ng unibersal na inklusyon (Hudyo at Hentil, cf. Efeso 2:11-3:13).

▣ **“magsitakas”** Ito ay isang *Qal* PAUTOS ng isang Hebreong termino (BDB 630, KB 681) ginamit ng nangingibabaw sa pamamagitan ng Isaias at Jeremias. Ito rin ay ginamit ng dalawang beses sa Zacarias 14:5.

Sa kontekstong ito ang tao ay kailangang iwanan ang mga hangganan ng paganong mga emperyo na ipinatapong Israel at Judah at bumalik sa Lupang Pangako. Tanging mahigit 50,000 Hudyo ang bumalik sa ilalim ni Sheshbazzar at Zerubbabel (cf. Ezra 1-2).

▣ **“mula sa lupain ng hilagaan”** Ito ay tumutukoy sa Babylonia (cf. v. 7). “Ang hilaga” (BDB 860) ay naging isang OT metapora para sa gulo at pananakop (cf. Isaias 14:31; Jeremias 1:14-15; 4:6; 6:1,22; 10:22) dahil ito ang tanging madadaanang lupaing ruta tungo sa Palestina. Bagamat ang Assyria at Babylonia ay nasa silangan, ang pananakop na ruta at pabalik na ruta ay laging pahilaga. Ang pariralang ito at ang v. 7 ay nagbabala sa Hudyo na bumalik sa Palestina dahil ang paghahatol ng Diyos ay patungkol sa pagbagsak ng mga bansa na ginamit ng Diyos upang parusahan ang Kanyang bayan.

▣ **“aking pinangalat”** Ang PANDIWA (BDB 831, KB 975, *Piel* GANAP) ay maaring tumutukoy sa ang mga ipinatapon ng 722 o 586 B.C., ngunit posible rin sa mga huling panahon (cf. 1:17; 2:4,11).

Ang susing teolohikal na punto ay ang Diyos Mismo ang nagpasimula (i.e. Assyria, cf. Isaias 10:5; Babylonia, cf. Jeremias 51:20) ang ipinatapon at Siya Mismo ay magpapanumbalik sa Kanyang bayan (cf. Jeremias 31:10; Ezekiel 11:16). Si YHWH ay hindi natalo ng mga diyos ng mga bansa, ngunit ginamit Niya ang militar ng mga paganong bansa upang disiplinahin ang Kanyang bayan.

▣ **“apat na hangin”** Ang numerong apat ay ginamit upang magsimbolo sa buong nalalamang mund o (e.g. 1:8,18,20; Daniel 7:2; 11:4). Ang kaparehong “apat na mga hangin” ay binanggit sa isang pangmilitar na pakahulugan (BDB 924 #2a), gaya ng sa Jeremias 49:36; Ezekiel 37:9; Daniel 8:8; at Zacarias 6:5.

2:7 “Oy” Tignan puna sa 2:6.

▣ **“Sion”** Ito ang pangalan ng Canaanite na tanggulan na makikita sa isang burol sa loob ng siudad ng Jebus (cf. II Samuel 5:7), na hindi nakuha hanggang sa araw ni David. Hind ito ang kaparehong burol kung saan ang templo ay nabuo (Mt. Moriah). Ito ay madalas na ginagamit gaya ng sa kasingkahulugan para sa Jerusalem o isang paraan upang patingkarin ang relihiyosong buhay ng siudad laban sa politikal na buhay ng siudad. Ito ay ginamit ng ekstensibo ni Isaias, Jeremias (gayundin ang Panaghoy) at Zacarias (cf. 1:14,17; 2:7,10; 8:2,3; 9:9,13).

Ito ay ginamit dito upang magtalaga (1) ang lugar kung saan ang Hudyong bayan na hindi bumalik mula sa pagpapatapon ay dapat na tumakas (cf. LXX) o (2) ang karamihan ng Hudyong bayan mismo (cf. Isaias 51:16; 52:1,2,7,8) na hindi nakabalik sa Palestina.

▣ **“tumanan”** Ito ang isang *Niphal* PAUTOS (BDB 572, KB 589) ginamit sa PANARILI pakahulugan. Ito ay kahanay sa “tumakas” ng v. 10.

▣ **“tumatahan na kasama”** Ito ay sa literal “manahan kasama” (BDB 442, KB 444, *Qal* PANDIWARI). Ito ang isang salitang paglalaro na kaugnay sa pangako ng Diyos na manahan na kasama nila mula sa v. 5. Kailangang piliin nila si YHWH o ang kanilang nakapirmi, komportableng buhay sa dayuhang mga lupain!

Ito ay isang paraan upang palakas in at komfirmahin na ang maliit na grupong bumabalik sa Judah! Ang Diyos ay kasama nila! Ang ironya ay sa panahon ng pagpapatapon ang Diyos ay iniwan ang Jerusalem (cf. Ezekiel 8) at pumunta upang manahan kasama ng mga ipinatapon (cf. Ezekiel 1 at 10). Ngunit ngayon, Siya ay bumalik sa Jerusalem (cf. vv. 10-11).

▣ **“anak na babae ng Babilonia”** Ito ay Semitic paraan ng pagtutukoy sa tao ng mga emperyo ng Mesopotamia (ang lupain sa pagitan ng mga ilog), tinawag rin na Fertile Crescent.

2:8 “Panginoon ng mga hukbo” Ito ang pinakakarniwang post-exilic na titulo para sa Diyos. Ito ay tumutukoy sa Diyos bilang ang Kapitan ng Hukob ng Langit (cf. Josue 5:13-15) o ang pinuno ng malaanghel na konseho (cf. I Hari 22:19). Ito ay unang ginamit sa I Samuel 1:3. Dahil sa Exodo 12:41 ang ilan ay inuugnay ito sa Israel, ngunit sa konteksto ay kaugnay sa Babylonia ito ay tila nauugnay sa pangigingabaw ng Diyos sa lahat ng astral na pagkadiyos. Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa Daniel 4:2.

▣	
NASB	“Panginoon ng mga hukbo ang nagsugo sa akin”
NKJV	“Isinugo Niya ako pagkatapos ng kaluwalhatian”
NRSV	“(pagkatapos n kanyang kaluwalhatian akoy ay isinugo)”
TEV	“ipinadala ako kasama ng kanyang mensahe”
NJB	“dahil sa ang Kaluwalhatian ay nagkomisyon sa akin”
NIV	“pagkatapos niya akong pinarangalan at isinugo ako”
JPSOA	“Siya na nagsugo sa akin pagkatapos ng kaluwalhatian”
NET	“ay nagsabi sa akin na para sa kanyang sariling kaluwalhatian isinugo niya ako”
REB	“nagsalita ng isugo ako sa maluwalhating misyon”

Mayroong tatlong pangunahing mga isyu na kasangkot sa pagsusubok na maunawaan ang orihinal na intensyon ng pariralang ito.

3. ang doktrina ng trinidad ay lubusang naipahayag sa gawa ni Augustino, *De Trinitate* May tunay na hiwaga dito. Ngunit ang NT ay tila nagpapatibay sa isang diwa ng Diyos na may tatlong personal na mga pagpapahayag.

▣ **“Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan”** Ito ang Hebreong termino (BDB 298) na madalas na tumutukoy sa pantaong pisikal na lakas, bagamat ito ay madalas na tumutukoy sa magapagbiyayang pagbibigay ng tulong ng Diyos sa mga nangangailangan at matapat. Ito ay kahanay dito sa “kapangyarihan” (BDB 470). Ang pagpupunyagi, abilidad, at katalinuhan ay hindi magagawa sa pagtutupad sa plano ng Diyos. Tanging ang kapangyarihan ng Diyos ang makakagawa ng Kanyang kalooban ngunit pinipili Niya na gamitin ang tao bilang instrumento.

4:7 “Anu” Ang Hebreong PANGHALIP (BDB 566) ay maaring “sino.” Ang bundok ay isang metapora para sa mga hadlang: pisikal, personal, at espirowal (e.g. Isaias 40:4; 41:15; 45:11) at tumutukoy sa muling pagtatayo ng ikalawang templo. Gayunpaman, ito ay maaring tumutukoy sa Samaritanong oposisyon (cf. Ezra 4) o sa Hudiyong apatya apathy (Haggai).

▣ **“pangulong bato”** Ito ay tumutukoy muling pagtatayo ng templo, ngunit maari ring maiugnay sa 3:8-9, na nagdudugtong dito kahit paano sa Mesyas o sa bato ng Daniel 2:44-45 (i.e. ang eternal Mesyanikong kaharian). Tignan Natatanging Paksa: Batong Tungtungan sa Daniel 2:34, lalo na I. D).

▣ **“Biyaya, biyaya sa kaniya”** Ang Hebreong termino (BDB 336) ay dinoble para sa pagbibigay-diin. Ito rin ay ginamit sa 12:10 para sa biyaya at pabor ng Diyos. Ito marahil ay tumutukoy sa pagpapala ng Diyos sa muling itinayong templo (cf. Ezra 3:10- 11).

Ang Hebreong terminong ito ay maaaring mangahulugang “kagandahan” (cf. NEB, TEV). Hindi sigurado na kung ito ay isang apirmasyon sa Diyos o patungkol sa mga gawa ng Diyos.

TALATA SA NASB (BINAGO): 4:8-10

⁸Bukod dito'y ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, ⁹“Ang mga kamay ni Zorobabel ay siyang naglagay ng mga tatagang-baon ng bahay na ito; ang kaniyang mga kamay ay siya ring tatapos; at iyong malalaman na ang Panginoon ng mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin sa inyo. ¹⁰Sapagka't sinong nagsihamak sa araw ng maliliit na bagay? sapagka't ang pitong ito ay mangagagalak, at makikita nila ang pabatong tingga sa kamay ni Zorobabel; ang mga ito'y mga mata ng Panginoon, na nangagpaparoo't parito sa buong lupa.”

4:8 Ang pahayag ng Diyos, hindi ni Zacarias!

4:9 “Ang mga kamay ni Zorobabel ay siyang naglagay ng mga tatagang-baon ng bahay na ito” Ang tekstong ito ay nagdulot ng kontrobersiya kapag ang isa ay ikukumpara ito sa Ezra 5:16 at 3:6. Mayroong ilang posibleng mga solusyon.

1. Sheshbazzar at Zerubbabel ay parehong persona.
 - a. parehong mga prinsepe ng Judah
 - b. parehong tinawag na gobernador
 - c. parehong bumalik mula sa pagpapatapon sa Babylonia hanggang sa Jerusalem
 - d. parehong kasangkot sa paglalatatag ng pundasyon ng ikalawang templo
2. Sheshbazzar ay inayos at pinanumbalik ang sakripisyal na altar, ngunithindi ang templo mismo.
3. Ang mga pundasyon ay sinumulan ni Sheshbazzar, ngunit natuloy at muling sinimulan sa kalaunan ni Zerubbabel.
4. Para sa isang mabuting talakayan ng mga posibilidad tignan Gleason L. Archer, *Encyclopedia of Bible Difficulties*, pp. 216-219. Pansinin rin na ito ay isang matalinghaga dahil si Zerubbabel mismo

ay marahil hindi nagtrabaho sa templo ng siya mismo, ngunit iniutos sa iba.

▣ **“at iyong malalaman na ang Panginoon ng mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin”** Bagamat ang NASB (1971) at NKJV ay may PANGHALIP “akin” na may malaking titik, karamihan ng ibang mga Englis na mga salin, kasama na ang 1995 Binagong NASB, ay wala. Ang pariralang ito marahil nauugnay sa Zacarias (cf. 2:8,9,11; 4:9; 6:15).

4:10 “Sapagka’t sinong nagsihamak sa araw ng maliliit na bagay” Ang ilan ay nagpalagay na si Zacarias (o ibang mga kasalukuyang mga pinuno) ay kinuhang bihag bilang isang binatang lalake at ngayon ay matanda na. Naalala niya ang maluwalhating templo ni Solomon, at ang ikalawang templong ito ay medyo simple kumpara dito. Ang pagkakaiba ay parang nakakapaghina ng loob sa mga tao (cf. Ezra 3:12; Haggai 2:3).

▣ **“pitong ito”** Mayroong hindi pagkakasundo sa mga Englis na salin sa kung saan ito dapat mailagay sa teksto.

1. bilang paksa ng “magiging masaya” (NASB, NKJV)
2. bilang kaugnay sa “ang mga mata ng Panginoon” (NRSV)

Sila ay maaring maiugnay sa “pitong mukha ng bato” ng 3:9 o sa pitong sanga at may tasang kandelaryo ng 4:2. Gayunpaman, ang kanilang tungkulin ay nauugnay sa apat na malaanghel na mga mangangabayo ng unang pangitain at ang apat na mga karwahe ng huling pangitain.

▣ **“ang pabatong tingga”** Ang salitang ito ay kombinasyon (BDB 6, “bato” at BDB 95, “tingga, “palawit sa panghulog”) ay hindi tiyak. Ito ang tambalang salita mula sa “bato” at “tingga” (cf. II Hari 21:13; Amos 7:7-8), na isang gusaling metapora na madalas na ginamit para sa pagkawasak (e.g. Isaias 34:11), ngunit sa kontekstong ito, para sa muling pagtatayo. Ang palawit na linya ay nasa kamay ng PANGINOON (i.e. pagpapatapom), ngunit ngayon ay nasa kamay na ni Zerubbabel para sa restorasyon sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, na kumakatawan sa Kanyang kapangyarihan para sa Kanyang layunin (cf. v. 6).

▣ **“makikita”** Ito ay isang antropomorpikong idyoma. Nalalaman ng Diyos ang lahat ng bagay at naisin na ang Judah at Jerusalem ay muling itatayo at mananagana. Gayunpaman, ang mga nakapaligid na mga bansa ay hahatulan.

▣ **“angagpaparoo’t parito”** Ito ang Hebreong salita “lawak” (BDB 1001-1002, KB 1439). Ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan.

1. para pagpapala ng Diyos, dito at sa II Cronico 16:9
2. para doon sa naghahanap sa Diyos, Amos 8:12 at posibleng ang Daniel 12:4
3. para sa naghahanap na makadiyos, Jeremias 5:1

Ang kaalaman ng Diyos ay ipinakita sa pamamagitan ng mga kabayo (kabanata 1) at mga karwahe (kabanata 6) na nagpapatrolya sa buong daigdig (i.e. paparoot parit sa buong mundo). Dito ay nangahulugang na ang espesyal na bato (cf. v. 7) o isang espesyal na kandelaryo (cf. v. 2) ay nagsisimbolo rin sa Kanyang presensya, layunin, at kaalaman.

Sa pakahulugan ang metaporang ito ng muling pagtatayo ay ang eksaktong nais na makita ng anghel PANGINOON mula sa 1:12-17.

TALATA SA NASB (BINAGO): 4:11-14

¹¹Nang magkagayo’y sumagot ako, “at nagsabi sa kaniya, Ano itong dalawang puno ng olibo sa dakong kanan kandelero, at sa dakong kaliwa” ¹²At ako’y sumagot na ikalawa, at nagsabi sa kaniya, “Ano ang dalawang sangang olibong ito na nasa siping ng dalawang gintong padaluyan, na dinadaluyan ng langis na ginintuan?” ¹³At siya’y sumagot sa akin, at nagsabi,

“Hindi mo бага nalalaman kung ano ang mga ito?” At aking sinabi, “Hindi, panginoon ko.”
¹⁴Nang magkagayo'y sinabi niya, “Ito ang dalawang anak na pinahiran ng langis, na nakatayo sa siping ng Panginoon ng buong lupa.”

4:11 “Ano itong dalawa” Muli ang propeta ay nagtatanong sa malaanghel na gabay para sa interpretasyon ng pangitain.

▣ **“dalawang puno ng olibo”** Mula sa konteksto, kapwa historikal at biblikal, ay kumakatawan kina ila hey represent Zerubbabel at Josue, na kumakatawan sa dalawang mga aspeto ng persona at gawa ng Mesyas, administratibo/maharalika at sakripisyal/malasaserdote.

4:12 “ang dalawang sangang olibong” Ang Hebreong termino “mga sanga” (BDB 987) ay literal na “tainga ng butil” (cf. Genesis 41:5; Isaias 17:5) mula sa ideya ng “ipasa.” Gayunpaman, sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa olibong sanga na naglalaman ng mga olibo.

Lahat ng mga komentaryista ay kailangang paalalahanan ang kanilang sarili na ito ay isang apokaliptikong pangitain. Ang katumpakan, palagian, at lohiko ay hindi kinakailangan! Ang konteksto (pampanitikan at historikal) at pagkamay-akda ay ang susi sa nagpapakahulugang mga elemento!

▣ **“padaluyan”** Ang salitang ito ay ginamit lamang dito sa OT (BDB 857). Posible na ito ay puno ng bungang mga sanga ng puno ng olibo. Ito ay tila tumutukoy sa dalawang mga puno ng olibo na nagtutustos sa pitong mga sanga sa pamamagitan ng mga ginituang mga kanal o daluyang ito.

▣ **“dinadaluyan ng langis na ginintuan”** Ang parehong Hebreong termino “ginto” (BDB 262) ay lumitaw ng dalawang beses sa talatang ito. Ang una ang nagtalaga sa mga kanal kung saan ang langis ay dumadaloy. Ang ikalawang paggamit ay tila nauugnay sa kulay ng langis ng olibo mismo, na ginintuan.

4:13 “panginoon ko” Ito ang normal na termino ni Zacarias (adoni) upang pahayagan ang malaanghel na gabay (cf. 1:9,19; 4:4,5,13).

4:14 “Ito ang dalawang anak na pinahiran” Ang Hebreong salita “pinahiran” (BDB 844 I), na salita para sa “sariwang langis,” ay hindi ginamit para sa seremonyal na pagpapahid. Mayroong isa na namang Hebreong salita na ginamit para sa seremonyal na pagpapahid sa OT (BDB 602), kaya ang literal na parirala na “mga anak ng sariwang langis” ay hindi halatang Mesyanikong Pinahirang Isa) mga konotasyon. Ito ay maaring may konotasyon dito ng pinagpalang isa o kasaganaan (cf. 3:10).

Konteksto, hindi ang leksiko o diksyonaryo, ang dapat na magdetermina ng kahulugan. Ang pagkamay-akdang intensyon na ipinahayag sa kinasihang teksto ang dapat na manguna. Isang kaparehong leksikal na problema sa salita/konsepto ng pagpapahid ang natagpuan sa Santiago 5:14, kung saan ang di-inaasahang hindi relihiyosong salita para sa pagpapahid ang ginamit.

Sina Josue at Zerubbabel ay parehong mga instrumento ng Diyos upang magawa ang isang temporal na tungkulin (muling pagtatayo ng templo) at maging isang eskatolohikal na simbolo para sa pagdating ng Mesyas bilang isang Saserdote/Hari (gaya ni Melchizedek, cf. Genesis 14).

▣ **“Panginoon ng buong lupa”** Si Zacarias ay ginamit ang terminong *adon* (BDB 10) upang pakitunguhan ang malaanghel na gabay, ngunit dito at sa 6:5 ito tumutukoy kay YHWH, ang manlilikha, tagatukod, tagatustos, at mangingibig ng lahat ng nilalang (cf. Josue 3:11,13; Awit 97:5; Micah 4:13). Ito ang wastong unibersal na dimensyon ng karakter ng Diyos na naghahangad sa Jerusalem at sa templo na muling mapanumbalik, sapagkat ang Mesyas ay magmumula sa bayan ng Hudyo! Ang nagtutubos na plano ng Diyos ay nagsasama sa mga hentil, na siguradong nagpabigla kay Haggai at sa Hudyong pamunuan (e.g. 9:7,10; 14:16).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong ang mga kabanata dalawa at tatlo ay kaugnay sa kabanata apat?
2. Bakit ang pangitain ay parang tila hindi magkaugnay sa interpretasyon?
3. Bakit ang mga detalye ay napakahirap hulihin.

ZACARIAS 5

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Pangitain ng Lumulipad na Balumbon 5:1-4	Ang Ikaanim na Pangitain: Ang Lumulipad na Balumbon 5:1-4	Ang Pangitain ng Lumulipad na Balumbon 5:1-2 5:3-4	Ang Ikaanim na Pangitain: Ang Lumulipad na Balumbon 5:1-4
Pangitain sa Babae na nasa Basket 5:5-11	Ang Ikapitong Pangitain: Ang Babae sa Basket 5:5-11	Ang Pangitain sa Babae na nasa Basket 5:5 5:6 5:7 5:8-9 5:10 5:11	Ang Ikapitong Pangitain: Ang Babae na nasa Basket ng Bushel 5:5-11

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 5:1-4

¹Nang magkagayo'y itinanaw ko uli ang aking mga mata, at aking nakita, at, narito, isang lumilipad na balumbon. ²t sinabi niya sa akin, “Ano ang iyong nakikita?” At ako'y sumagot, “At ako'y sumagot, Aking nakikita'y isang lumilipad na balumbon; ang haba niyaon ay dalawang pung siko, at ang luwang niyaon ay sangpung siko.” ³Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, “Ito ang sumpa na lumalabas sa ibabaw ng buong lupain: sapagka't ang bawa't nagnanakaw ay mahihwalay sa isang dako ayon doon; at bawa't manunumpa ay mahihwalay sa kabilang dako ayon doon. ⁴Aking ilalabas yaon,” sabi ng Panginoon ng mga hukbo, “at papasok sa bahay ng magnanakaw, at sa bahay niyaong nanunumpa ng kasinungalingan sa pangalan ko; at tatahan sa gitna ng bahay niya, at pupugnawin sangpu ng mga kahoy niyaon at mga bato niyaon.”

5:1 “Nang magkagayo'y itinanaw ko uli ang aking mga mata, at aking nakita” Ito ang regular na pampanitikang panimula para sa isang bagong pangitain. Tignan puna sa 1:8. Ang kabanatang ito ay nagdadala ng dalawang mga pangitain (cf. v. 5).

▣ **“isang lumilipad na balumbon”** Ito ay maaring magpahiwatig ng isang nakaladlad na bandila (PANDIWA, BDB 733 I, KB 800, *Qal* AKTIBONG PANDWARI at PANGALAN, BDB 166). Mula sa v. 3 ang mensahe nito ay kinakikitaan bilang isa “sumpa.” Ang kaparehong negatibong konotastong ito ay konektado sa “Balumbon” ay natagpuan sa Jeremias 36:2 at Ezekiel 2:9.

5:2 “at sinabi niya sa akin” Apokaliptikong panitikang ay kinakikitaan ng isang diyologo sa pagitan ng isang tao at isang malaanghel na nilalang. Zacarias ay mas malaanghel na interaksyon kaysa sa anumang ibang aklat na aklat ng OT.

1. anghel gabay
2. anghel ng Panginoon
3. Satanas
4. anghel tagapagsilbi
5. mga anghel na aktibo sa mga pangitain mismo

▣ **“dalawang pung siko... sangpung siko”** Isang kubit (BDB 52) ay katumbas sa haba ng isang tao mula sa siko hanggang sa pinakamahabang daliri. Ito ay mahigit sa labingwalong pulgada. Ang sukat ng balumbon na ito ay hindi karaniwang malaki, sampung mga yarda ng 5 mga yarda. Ilang mga komentaryo ay nakita ito bilang magkaugnay sa mga dimensyon ng “ang Banal na Balkonahé” ng I Hari 6:3, na siyang lugar ng mga relihiyoso katuruan at panghukom na administrasyon (cf. I Hari 7:67), ngunit ito ay wari upang magpakita ng isang nababasang mensahe. Tandaan na ito ay isang apokaliptikong pag-iimaha!

5:3 “buong lupain” Ang Hebreong termino (BDB 46) ay may dalawang magkaugnay na tipanang mga kahulugan.

1. sumumpa ng isang pangako (cf. Deuteronomio 29:12,14)
2. ang pangako ay nasira na naging isang sumpa (cf. Deuteronomio 29:18,19,20-21; Jeremias 21:10; Ezekiel 16:59; 17:16,18,19; Daniel 9:11)

Ang terminong ito ay ginamit ng halos eksklusibo para sa galit ng Diyos tungo sa kawalang katapatan at rebelyon ng Kanyang bayan. Ang pinakamainam na buod ng tipanang mga pangangailangan at konsekuwensya ay Deuteronomio 27-29. Kung kanino ang mas higit ang ibinigay, higit ang hinihingi (cf. Lucas 12:48).

▣ **“ang buong lupain”** Ito ay tumutukoy sa Palestina sapagkat ang kasunod na dalawang mga teksto ng mga talata ay nauugnay sa Dekalogo ng mga pagsuway.

▣	
NASB	“mahihwalay” (dalawang beses)
NKJV	“pinaalis” (dalawang beses)
NRSV	“pinutol” (dalawang beses)
TEV	“tanggaling” “kinuha”
NJB, NIV	“nawala”

Ang Hebreong salita (BDB 667, KB 720) sa *Niphal* anyo ay nangahulugang “inalisan ng laman” o “pinutol.” Ang problema ay ito rin ay maaring mangahulugan “nilinasa mula sa pagkakasala” o “ginawang inosente.” Gayunpaman, v. 4 ay nagkokompirma sa negatibong konotasyon sa v. 3.

Gaya ng si Josue ay nilinis at pinanumbalik sa tipanang kalinisan sa kabanata 3, kaya gayundin, dapat ang bayan ng Diyos ay maging. Yaong mga tumanggi na tumalima (e.g. 3:7) ay maaalis (cf. v. 4).

▣ **“the isang dako ayon doon”** Ang kulutral na simbolo ng pagsusulat sa parehong mga panig ng isang balumbon ay nagpapahiwatig ng isang lubos at kompletong sumpa (cf. Ezekiel 2:9-10; Pahayag 5:1).

5:4 “niyaong nanunumpa ng kasinungalingan sa pangalan ko” Ang tipanang pagsuway na ito (i.e. “panunumpa” BDB 989) ay maaring magsangkot sa dalawang magkaibang paraan ng pagdadala sa pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan.

1. sa panahon ng pagsamba (cf. Deuteronio 5:11; 6:13; 10:20)
2. kabulaanan sa isang proseso sa korte (cf. Exodo 20:16; 23:7; NJB, NEB, REB)

Kung sa katotohanan ang dalawang mga batas na ito ay kumakatawan sa dalawang mga aspeto ng Mosaik na tipan, mga aksyon at mga saloobin tungo kay YHWH at sa bayan ni YHWH (sila ay nagsisimbolo sa buong tipan), magkagayon ang #1 ay mas mainam.

▣ **“ito”** Ang una “ito” ay tumutukoy sa lumilipad na sumpang balumbon. Ang balumbon ay binigyan katauhan habang ito ay pumapasok sa tahanan ng tipanang tagasuway. Ang ikalawang “ito” ay tumutukoy sa bahay (i.e. “mga kahoy at bato”).

▣ **“tatahan”** Ang Hebreong termino (BDB 477, KB 476) sa *Piel* GANAP na anyo ay nangahulugang “tapusin,” “dalhin sa katapusan,” o “kompleto.” Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa isang kompleto at lubusang paghahatol. Ang kaparehong termino ay ginamit sa tipanang pagsusumpa at pagpapalang sipi sa Deuteronio (cf. 28:21; tignan rin Jeremias 14:12). Ang mga tipanang mga tagasuway ay kompleto at lubusang winasak at tinanggal.

TALATA SA NASB (BINAGO): 5:5-11

⁵Nang magkagayo'y ang anghel na nakikipagusap sa akin ay lumabas, at nagsabi sa akin, “itanaw mo ngayon ang iyong mga mata, at tingnan mo kung ano ito na lumalabas.” ⁶aking sinabi, “Ano yaon?” At kaniyang sinabi, “Ito ang efa na lumalabas.” Sinabi niya bukod dito, “Ito ang kawangis nila sa buong lupain ⁷(At, narito, itinaas ang isang talentong tingga); at ito'y isang babae na nauupo sa gitna ng efa.” ⁸At kaniyang sinabi, “Ito ang kasamaan!” at kaniyang inihagis sa loob ng gitna ng efa: at kaniyang inihagis ang panimbang na tingga sa bunganga niyaon. ⁹ Nang magkagayo'y itinanaw ko ang aking mga mata, at aking nakita at, narito, lumabas ang dalawang babae, at may dalang hangin sa kanilang mga pakpak; sila nga'y may mga pakpak na gaya ng mga pakpak ng tagak: at kanilang itinaas ang efa sa pagitan ng lupa at ng langit. ¹⁰Nang magkagayo'y sinabi ko sa anghel na nakikipagusap sa akin, “Saan dinadala

ng mga ito ang efa?” ¹¹At sinabi niya sa akin, “Upang ipagtayo siya ng bahay sa lupain ng Shinar; at pagka nahanda na, siya’y malalagay roon sa kaniyang sariling dako.”

5:5 “itanaw mo ngayon ang iyong mga mata, at tingnan” Ang pampanitikang pariralang ito (lalo na “tanaw”) ay nagpapakilala ng isang bagong pangitain. Tignan puna sa 1:8.

5:6 “Ano yaon” Muli ang propeta ay nagtanong para sa isang malaanghel na interpretasyon ng pangitain, gaya ng kanyang ginawa sa lahat maliban sa isa sa anim na mga pangitain.

▣ **“efa”** Ito ang Hebreong termino (BDB 35) para sa pinakamalaking tuyong sukat ng mga hudyo. Mayroong posibleng dalawang mga tipo (cf. Deutronomio 25:14; Kawikaan 20:10). Ang modernong iskolarsip ay inilalagay ito sa pagitan ng lima at sampung mga galon (cf. Ezekiel 45:11). Dito ito ay gumagawa sa paglalarawan ng isang malaking basket na ginamit bilang isang kulungan. Ang NIV Study Bible, p. 412, ay gumagawa ng isang nakakainteres na suhestyon, “Ang isang ito ay walang duda na pinalaki (gaya ng lumilipad na balumbon ng vv. 1-2) para sa kaparehong layunin ng pangitain.”



NASB	“kawangis”
NKJV	“pagkakawangis”
NRSV, NIV	“katampalasan”
TEV	“kasalanan”
NJB, NAB, NEV, REB	“pagkakasala”
JPSOA	“mata”

Ang Hebreong salita na ito ay maaring “anoman ang nakikita” (BDB 744, “mata,” cf. NKJV, NET, JPSOA) o ilang mga manuskrito ay may “katampalasan” (BDB 730, cf. LXX, Peshitta, NRSV, TEV, NJB). Ang tanging pagkakaiba sa pagitan ng dalawang mga termino ay sa pagitan ng isang *waw* at isang *yod*. Ang pagkakaunawa sa “katampalasan” ay tumutugma sa kagyat ng konteksto ang pinakamainam (cf. vv. 8,11), gayunpaman, ang NET Bible ay nagsasaad na “mata” sa talatang ito ay kahanay sa “mata” sa 4:10. Ang isang masama na ito ay malaganap sa lupain gaya ng kaalaman ng YHWH ay malaganap sa lupain.

5:7 “isang talentong tingga” Mayroong dalawang mga pananaw patungkol sa tinggang takip na basket.

1. Ito ay maaring tumukoy sa isang panukat na bato na ginamit sa komersyo. Ang isang ito ay kasing bigat ng tingga. Kung magkagayon ito ay nagpapalakas sa pananaw na ang pangitaing ito ay may pagaalala sa nasusuhulang komersyo at, magkagayon, makasalang ekonomiyang sistema ng mundo (cf. Hosea 12:7; Amos 8:5; Micah 6:11).
2. Ang mas kahawig na interpretasyon ay ang “tingga” ay para sa layunin ng seguridad. Ang kasamaan ay inihiwalay at ikinulong at aalisin mula sa Lupang Pangako. Nais niyang tumakas, ngunit magagawa (cf. vv. 6-8).

5:7-8 “babae. . . kasamaan” Ang kasamaan ay isang PAMBABAE PANGALAN (BDB 958, madalas na ginamit na kasalungat sa katuwiran. Ang marahil ang dahilan kung bakit ito ay binigyan katauhan bilang isang babae (cf. Pahayag 17:3-8,18). Kung ang ephah ay regular na sukat, magkagayon ito ay isang napakaliit na babae. Ang ilan ay nakita siya bilang kinatawang idolatrya (cf. v. 11), na nangahulugang mga kahanay nito sa 5:3-4. Ang kasamaan ay maalis mula sa bayan ng Diyos at sa Lupang Pangakong ng Diyos.

5:8 “inihagis sa loob ng gitna” Ang babae ay sinubukang tumakas, ngunit ang anghel ay pinuwersya siya tungo sa ephah. Ang konteksto ay pumapabor sa simbolo bilang isang makasalanan na mga hudyo

(cf. 5:3-4).

Ang kaparehong PANDIWA (BDB 1020, KB 1527, *Hiphil* DI-GANAP) ay ginamit upang maglarawan kung paano ang anghel ay hinawakan ng parehong babae at ang tinggang bigat.

▣ **“inihagis ang panimbang na tingga sa bunganga niyaon”** Sa literal ito ay “bibig” (BDB 804), ngunit dito ay tumutukoy sa takip ng ephah kulungan at hindi ang bibig ng babae.

5:9 “dalawang babae” Ang ilan ay nakita sila bilang tagatulong ng “kasamaan” (cf. v. 11). Ang iba ay nakita sila bilang tagapaglingkod ng Diyos na nag-aalis sa kasamaan sa Lupang Pangako, ngunit dahil ang salitang “kasamaan” ay PAMBABAE, kaya gayundin, ang mga anghel na ito. Ang mga ito ay ang tanging babaeng mga anghel na binanggit sa lahat ng Bibliya.

▣ **“hangin sa kanilang mga pakpak”** Ang ilan ay inugnay “ang hangin” sa Espiritu (cf. 4:6). Ang salita ay maaring mangahulugan ito sa parehong Hebreo (BDB 924) at Griyego, ngunit ito ay marahil tumutukoy sa pangkawikaang nagbubuhay ng kapangyarihan ng mga pakpak ng tagak o kanilang bilis. Ang mga tagak ay kilala para sa kanilang lakas at kakayahan magdala.

5:11 “Upang ipagtayo siya ng bahay” Ito marahil ay isang sarkismo o tipolohiya. Ang matapat, masunuring mga hudyong ay magkakaroon ng muling itinayog templo upang magsamba kay YHWH, kaya ang mga mangangalunyang, di-matapat na mga hudyong ay mayroong tumalikod na lugar ng pagsamba.

▣ **“Shinar”** Ito ang sinaunang pangalan para sa Babylonia (BDB 1042, cf. Genesis 10:10; 11:2,4; 14:1; Isaias 11:11,13-14; 47; Jeremias 50-51; Daniel 1:2; Pahayag 14:8; 16:19; 17:1-7), na isang biblikal na metapora para sa kasamaan. Marami ang nagugnay dito sa pagpapatapong karanasan (cf. 2:6-7) at gayundin yaong mga hudyong na hindi bumalik sa Palestina!

▣ **“pagka nahanda na”** Ito ay nangahulugang (BDB 628, KB 679 *Hophal* GANAP) “itinakda bilang idolo na hindi magagalaw.” Ito ay posibleng isang metapora para sa paglilinis ng lupain ng Palestina mula sa idolatrya at ang paglalalag ng yugto para sa paghahatol ng Diyos ng mga emperyong ng Fertile Crescent.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang pangitain bang ito ay unang-una sa panghinaharap o nakaraan?
2. Kanino ito ipinapahayag?
3. Paano ito nauugnay sa ibang mga pangitain? (Tandaan na subukan ang lahat ng walong mga pangitain tungo sa isang pinagkaisang kabuuan.)
4. Kaninong templo ang v. 11 tumutukoy?

ZACARIAS 6

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Pangitain ng Apat na Karwahe 6:1-8	Ang Ikawalong Pangitain: Ang Apat na Karwahe 6:1-8	Ang Pangitain ng Apat na Karwahe 6:1-4 6:5 6:6-8	Ang Ikawalong Pangitain: Ang mga Karwahe 6:1-8
Ang Kautusan na Koronahan si Josue 6:9-13	Ang Pagkokorona sa Mesyanikong Pinuno 6:9-14 6:15	Ang Kautusan na Koronahan si Josue 6:9-14 6:15	Ang Ipinatang Korona 6:9-15a 6:15b

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

KONTEKSTOWAL NA MGA KAUNAWAAN

- A. Ang ikawalong pangitain tila kahanay sa 1:7-17, ang unang pangitain (ang kaparehong bilang ng kinulayang mga kabayo at ang kapaarehong nagpapatrolyang aktibidad sa lahat ng mga direksyon).
- B. Ang pangunahing puwersya ay kaalaman at pagkontrol ng Diyos sa kasaysayan ng tao upang matupad ang Kanyang kompletong pagtutubos na mga layunin.

- C. Ang mga talata 9-15 ay hindi isa na namang pangitain, ngunit isang historikal na reperensiya na nakapukos tungo kay Josue. Ang Mesyanikong sipi na ito ay nagdudugtong sa maharlikang aspeto (i.e. “korona,” v. 11; “nagtatag at namuno sa Kanyang trono,” v.13) at ang malasaserdote mga aspeto (“ang punong saserdote,” v. 11; “Siya ay magiging isang saserdote sa Kanyang trono,” v. 13).

Subalit, ito ay dapat na isaad na ang termino “Sanga” ay maaring tumutukoy kay Zerubbabel (cf. 3:8). Halata na si Josue at Zerubbabel ay magkasamang pinag-ugnay (cf. 4:1,14; 6:13). Ang pag-uugnay na ito ng hari at saserdote ay nakikita rin sa Awit 110:1,4 at ipinahiwatig sa I Samuel 2:35.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 6:1-8

¹At itinanaw ko uli ang aking mga mata, at aking nakita at, narito, lumabas ang apat na karo mula sa pagitan ng dalawang bundok; at ang mga bundok ay mga bundok na tanso. ²Sa unang karo ay may mga kabayong mapula; at sa ikalawang karo ay mga kabayong maitim, ³At sa ikatlong karo ay may mga kabayong maputi; at sa ikaapat na karo ay mga kabayong kulay abo. ⁴Nang magkagayo'y ako'y sumagot at sinabi ko sa anghel na nakikipagusap sa akin, “Ano ang mga ito, panginooon ko?” ⁵At ang anghel ay sumagot at nagsabi sa akin, “Ito ang apat na hangin sa himpapawid, na lumalabas na pinakasugo mula sa harapan ng Panginooon ng buong lupa, ⁶Ang karo na kinasingkawan ng mga kabayong maitim ay lumalabas sa dakong lupaing hilagaan; at ang sa mga maputi ay lumabas na kasunod ng mga yaon; at ang mga kulay abo ay nagsilabas sa dakong lupaing timugan. ⁷At ang mga malakas ay nagsilabas, at nangagpumilit na yumaon upang malibot ang lupa.” at kaniyang sinabi, “Kayo'y magsiyaon at magparoo't parito sa buong lupa.” a gayo'y sila'y nangagparoo't parito sa buong lupa. ⁸ Nang magkagayo'y hiniyawan niya ako, at nagsalita sa akin, “Narito, silang nagsiparito sa dakong lupaing hilagaan ay nagpatahimik sa aking diwa sa lupaing hilagaan.”

6:1 “at itinanaw ko uli ang aking mga mata, at aking nakita” Tignan puna sa 1:8.

▣ “**apat na karo**” Apat na (BDB 916) ay madalas na ginagamit bilang simbolo ng buong mundo (o nalalamang mundo, cf. Daniel 2,7) o sandaigidan (cf. Daniel 8:8; 11:4; Zacarias 6:5, tigna John J. David, *Biblical Numerology*, pp. 122- 123; *Encyclopedia Judaica*, vol. 12, pp. 1255-1259; or Milton S. Terry, *Biblical Hermeneutics*, p. 382).

1. apat na mangangabayo, 1:8
2. apat na mga sungay /apat na bihasa, 1:18,20
3. apat na mga hangin ng langit, 2:10
4. apat na mga karwahe, 6:1
5. apat na espiritu (o “mga hangin,” gaya 2:10) ng langit, 6:5

“Mga karwahe” (BDB 939) ay mga pandigmang makita, at ang pinakamalakas at nakakamamatay sa panahon na iyon.

▣ “**dalawang bundok**” Ang termino “bundok” (BDB 249) ay ginamit ng ilang beses sa Zacarias.

1. 4:7, ang mga problema (ang nakapaligid na mga bansa) ay humaharap kay Zerubbabel sa muling pagtatayo ng templo
2. 6:1, bronseng mga bundok ng oposisyon laban sa paghahatol ni YHWH sa mga bansa
3. 14:4-5, oposisyon ng mga bansa kay YHWH at kaligtasan ng bayan ng Diyos. Ang mga bundok ay madalas na nagsisimbolo sa oposisyon ng mga bansa na aalisin ni YHWH (e.g. Isaias 41:15; Jeremias 13:16; 51:25). Ang espeto ng “dalawang” mga bundok na may isang lambak sa pagitan ay maaring isang nagbabala sa 14:4-5 (ang eskatolohikal na gawa ng Mesyas), na nagtatayo sa literal na lambak sa pagitan

templo (Mt. Moriah) at Bundok ng Olibo.

Kung ang lugar ng Jerusalem area ay paksa ng simbolo, posible rin na ang dalawang “bronseng mga haligi” sa harap ng templo mismo (cf. I Hari 7:15-22) ay ang pokus. Ito ay maaring magpahiwatig na si YHWH ay nananahan kasama ng Kanyang sa templo na muling itinayo.

▣ **“tanso”** Ito ang pinakamalakas na magkahalong metal na kilala sa panahon na iyon (BDB 638, cf. I Hari 7:13-22). Ang deskripsyon na ito bilang ang bronse ay nagpapakita ng kanilang simbolikong kalikasan.

6:2 “kabayong mapula” Ang kulay na pula (BDB 10) ay marahil na mapulang kayumanggi kapag ito ay tumutukoy sa mga hayop.

▣ **“kabayong kulay abo”** Ang mga kabanata 1 at 6 ay hindi nahahanay ng eksakto. Mayroong dalawang mapulang kayumangging mga kabayo sa kabanata 1, ngunit walang itim ang partikular na binanggit.

6:3

NASB	“kabayong kulay abo”
NKJV	“maraming kulay na mga kabayo—malakas na <i>kabayo</i> ”
NRSV	“may kulay na abong mga kabayo”
TEV	“maraming kulay na mga kabayo”
NJB	“malakas, huberong mga kabayo”
NIV	“maraming kulay na —lahat sila ay makapangyarihan”
JPSOA	“batik-batik—maraming kulay”

Mula sa mga Englis na mga salin halata na mayroong dalawang mga opsyon: (1) ang kulay ng mga kabayo (ngunit magkaiba mula sa isang binanggit sa 1:8) o (2) ang lakas ng mga kabayo. Ang Hebreong termino (BDB 55) ay nangahulugang “malakas” o “matapang” at marahil naaangkop sa lahat ng mga kabayo, hindi ang kulay ng huling kabayo (BDB 136, batik-batik o maraming kulay, cf. Genesis 31:10,12).

Posible na ang pulang karwahe (sumusunod na kabanata 1) ay naglalalaman ng pinuno ng grupo at ito magkagayon, ay itinalaga ng terminong “malakas” (cf. Milton S. Terry, *Biblical Hermeneutics*, p. 355).

6:4 Ito ay humahanay sa 1:19.

6:5

NASB, NKJV	“Ito ang apat na hangin sa himpapawid”
NKJV, TEV,	
NJB	“ang apat na na mga hangin ng langit”

Ang Hebreong salita (BDB 924) ay maaring maisalin “hininga,” “hangin,” o “espíritu,” depende sa konteksto. Sa Ezekiel 37 ito ay ginamit sa lahat ng tatlong mga pakahulugan.

1. hininga, vv. 5,6,8,9,10 (cf. Genesis 6:17; 7:15,22)
2. hangin, v. 9 (cf. Genesis 8:1)
3. espiritu, vv. 1,14 (cf. Genesis 1:2; 6:3; 41:38; 45:27)

Ang pariralang, “ang apat na mga hangin” ay ginamit rin sa Jeremias 49:36; Daniel 7:2; 11:4; Pahayag 7:1 sa isang unibersal na pakahulugan.

▣ **“pinakasugo mula sa harapan”** Ito ay isang Hebreong idyoma (BDB 426, KB 427, *Hithpael* PAWATAS), na nagpapakita ng serbisyo. Dito, ito ay nagsasalita sa malaanghel na nilalang na ipinipresenta ang kanilang mga sarili sa harap ni YHWH gaya ng sa Job 1:6; 2:1.

▣ **“Panginoon ng buong lupa”** Tignan puna sa 4:14.

6:6 “hilagaan” Ang terminong ito ay tumutukoy sa mga mananakop ng Palestina mula sa Mesopotamia. Dahil sa desyerto ng mga emperyong ito na sumunod sa Euphrates River hanggang sa baybayin ng kapatagan at pagkatapos ay pumunta sa timog. Samakatuwid, “ang hilaga” ay naging isang idyoma ng panganib, pananakop, kamatayan, pagpapatapon.

▣
NASB, NKJV “lumabas na kasunod ng mga yaon”
NRSV “pumunta tungo sa kanlurang bansa”
TEV “pupunta sa kanluran”
NJB “sumusunod sa kanila”
NIV “tungo sa kanluran”

Ang Hebreong teksto ay may termino (BDB 29) “sumusunod sa kanila” o “sinusundan sila.” Ito ay nangahulugang itim at puting mga kabayo ay pupunta sa kaparehong direksyon. Posible na maunawaan ang PANG-UKOL sa v. 6 gaya ng sa “katabi,” nagpapahiwatig ng isa pang direksyon (i.e. kanluran) o “ang rehiyon ng kanluran” o “tungo sa dagat,” na tila tumutugma sa konteksto ng “apat na” na kumakatawan sa buong nalalamang mundo.

6:7
NASB “ang mga malakas”
NKJV “malakas na mga kabayo”
NRSV “mga kabayo”
TEV, JPSOA “may kulay na mga kabayo”
NJB “malakas na masigasig”
NET “lahat ng mga malalakas na mga ito”
NIV “ang makapangyarihang mga kabayo”

Ang terminong “malakas” (BDB 55) ay ginamit sa v. 3 upang ilarawan ang lahat ng apat na may kulay na mga kabayo, kaya gayundin din dito, sa halip na kulay.

▣
NASB, NRSV “magparoo't parito sa buong lupa”
NKJV “lalakad ng paroon parito sa buong daigdig”
TEV “pumaroon at magsiyasat sa daigdig”
NJB “upang magpatrolya sa mundo”
NET “pumaroon at maglakad sa ibabaw ng mundo”
NIV “nagtitiis na tumungo sa buong mundo”

Ang mga anghel na ito ay handa at masigasig na maglingkod sa Diyos, ngunit dapat sila ay maghintay sa Kanyang permiso (BDB 229, KB 246, *Qal* PAUTOS, “tumungo” at BDB 229, KB 246, *Hithpael* PAUTOS, “magpatrolya”). Sila ay isang simbolikong paraan ng pagrerepresenta sa kaalaman sa lahat ng bagay na presensya at kaalaman ng Diyos, gaya ng sa “apat na na may kulay na mga kabayo” of 1:8-11.

6:8
NASB “nagpatahimik”
NKJV “binigyan ng kapahingahan”
NRSV “ay nagtakda. . .sa kapangingahan”
TEV “ay tumahimik”
NJB “dinala. . .sa kapahingahan”

Ang Hebreong terminong ito (BDB 628, KB 679) ay ang *Hiphil* GANAP, ibig sabihin “upang magdulot ng kapahingahan” o “bigyan ng kapahingahan.” Ito rin ay ginamit ng ilang beses sa poot ni YHWH na nagpapakalma kay Ezekiel (cf. 5:13; 16:42; 24:13).



NASB “hiniyawan niya ako”
NKJV “Aking Espiritu”
NRSV, NJB “aking espiritu”
TEV “ang galit ng PANGINOON”

Sa literal ito ang “aking espiritu” tumutukoy sa binigyang katauhan na poot ni YHWH. Ito ay maaring tumutukoy sa pagkatalo ni Cyrus (cf. Isaias 44:28-54:1) ng Babilonia.

Ang mga talata 7 at 8 ay direktang pananalita, ngunit mula kanino? Napakahirap sa tipong ito sa panitikang malaman ang tagapagsalita. Minsan ang propeta (cf. vv. 9-12) at ang mga anghel ay nagsasalita para sa Diyos (cf. v. 7). Gayunpaman, ito ay komplikado sa Mesyanikong mga teksto kapag ang Mesyas (anghel ng PANGINOON, cf. 3:6-8) ay nagsasalita bilang Diyos. SA palagay ko pinakamainam na maunawaan ang vv. 7 at 8 bilang si YHWH ay nagsasalita sa vv. 5-6 gaya ng sa anghel na nagsasalita.

TALATA SA NASB (BINAGO): 6:9-15


⁹At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, ¹⁰“Kumuha ka sa nangabihag, kay Heldai, kay Tobias, at kay Jedaia; at yumaon ka sa araw ding yaon, at pumasok ka sa bahay ni Josias na anak ni Sefanias, na nagsibalik mula sa Babilonia. ¹¹Oo, kumuha ka sa kanila ng pilak at ginto, at gawin mong mga putong, at mga iputong mo sa ulo ni Josue na anak ni Josadac, na pangulong saserdote. ¹²At salitain mo sa kaniya, ‘Ganito ang salita ng Panginoon ng mga hukbo, “Narito, ang lalake na ang pangala'y Sanga: at siya'y sisibol sa kaniyang dako; at itatayo niya ang templo ng Panginoon. ¹³Sa makatuwid baga'y kaniyang itatayo ang templo ng Panginoon; at siya'y magtataglay ng kaluwalhatian, at mauupo at magpupuno sa kaniyang luklukan; at siya'y magiging saserdote sa kaniyang luklukan: at ang payo ng kapayapaan ay mapapasa pagitan nila kapuwa.” ¹⁴At ang mga putong ay magiging pinakaalaala sa templo ng Panginoon kay Helem, at kay Tobias, at kay Jedaia, at kay Hen na anak ni Sefanias. ¹⁵At silang nangasa malayo ay magsisiparito at mangagtatayo sa loob ng templo ng Panginoon, at inyong malalaman na ang Panginoon ng mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin sa inyo. At ito'y mangyayari kung inyong tatalimahing masakap ang tinig ng Panginoon ninyong Diyos.”

6:9 “At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin” Ito ay isang propetikong pormula na nagpapakilala sa isang bagong kapahayagan mula kay YHWH (cf. 1:1,7; 4:6,8; 6:9; 7:1,4,8; 8:1,18). Sa teolhikal ito ay nagsasaad na ang impormasyon ay hindi mula sa pantaong pinagmulan, ngunit mula sa isang banal na pinagmulan. Ang inspirasyon ay isang krusyal, hindi makokomprimisong katotohanan. Ang Bibliya ay hindi lamang ibang “banal” na aklat ng mga relihiyon ng mundo!

6:10

NASB “Kumuha ka sa nangabihag”
NKJV “tumanggap ng kaloob mula sa mga nasakop”
NRSV, NJB “kumulekta. . .mula sa mga ipinatapon”
TEV “tumanggap ng mga kaloob na ibinigay ng mga ipinatapon”
NET “pumili ng ilang mga tao mula sa mga ipinayapon”

Karamihan ng Englis na mga salin ay naunawaan ang PANDIWA (BDB 542, KB 534, *Qal PAWATAS SAKDAL*) bilang tumutukoy sa (1) ang pilak at ginto mula sa Persia o (2) isang handog mula sa mga ipinatapon, ngunit ang RSV, NAB, at NET Bibliya ay nagpalagay na ito tumutukoy sa isang piniling grupo mula sa mga ipinatapon bilang isang paraan upang parangalan ang lahat ng mga hudyong na piniling bumalik. Walang isinaad na layunin sa PANDIWA ng Hebreong teksto.

 Ito ay tumutukoy sa bumabalik na Hudyong Levita at mga saserdote mula sa Babilonia na dumarating na may kaloob mula sa korte ng Persia upang tulungan na muling itayo ang templo (cf.

Ezra 7:13-16; 8:24-30). Sila ay sinabihan na pumunta ng madalian sa bahay ni Josue (isa na namang saserdote, cf. Jeremias 29:25,29), na posibleng kanilang punong-abala.

▣ **“kay Heldai, kay Tobias, at kay Jedaia; at yumaon ka sa araw ding yaon, at pumasok ka sa bahay ni Josias na anak ni Sefanias, na nagsibalik mula sa Babilonia”** Posible na iinterpret ito bilang gaya ng lahat ng apat na mga lalake na pinangalanan na nagmula lamang sa Persia na may mga regalo para sa templo. Ang lahi ni Josue ay ibinigay sapagkat siya ang pinakaprominente sa (cf. Joyce Baldwin, *Tyndale Old Testament Commentaries*, p.132).

Ang ibang paraan ay makita si Josiah bilang residente ng Jerusalem, kung saan ang grupo ng tatlong lalake ay nanatili (cf. H.C. Leupold, *Exposition of Zechariah*, p. 121). Kung magkagayon ang nagtatapos na parirala ay labas sa normal na pagkakasunod-sunod (cf. UBS' *Handbook on Haggai, Zechariah and Malachi*, pp. 170-171).

6:11 “putong” Ito ang PANGMARAMIHAN (ginamit kasama ang isang PANG-ISAHAN PANDIWA sa v. 14), ngunit ito ay tila tumutukoy sa isang korona, posibleng isang dobleng korona (gaya ng yaong mula sa Ehipto) nagsisimbolo “ang dalawang mga opisina” (cf. v. 13). Ang Hebreong termino (BDB 742) ay hindi tumutukoy sa isang malasaserdote korona (BDB 63, cf. Exod 29:6; Levitico 8:9), ngunit sa isang maharlikang isa (cf. 9:16; I Cronico 20:2; Isaias 28:5; 2:3; Jeremias 13:18; Ezekiel 21:26).

▣ **“ulo ni Josue na anak ni Josadac . . . na pangulong saserdote. . .”** Ilang mga teorya na nauugnay sa punong saserdote kinoronahan bilang isang hari ay: (1) para sa politkal na mga dahilan si Zerubbabel ay hindi maaring makoronahan; (2) isang tekstwal na kamalian; (3) isang eskribang pagbabago; (4) si Josue ay isang tipo ng Kristo bilang parehong saserdote at hari gaya ng si Hesus ay nasa NT sa aklat ng Hebreo (cf. 5:1-10; 7:1-25); o (5) ang punong saserdote, pagkatapos ng kamatayan ni Zerubbabel, kinuha ang opisina ng hari (gaya ng ginawa ng ikawalong Hasmonian mga pinuno).

6:12 “At salitain mo sa kaniya, ‘Panginoon ng mga hukbo’” Napakahirap na sundan ang mga natas ng direktang pananalita sa Zacarias. Dito ay halata ang PANGINOON nagdidirekta sa Zacarias upang magsalita alang-alang sa Kanya. Minsan ang anghel ng PANGINOON ay nagsasalita para kay YHWH. Posible na sa ilang mga konteksto ang anghel ng PANGINOON ay ang Mesyas. Ang antesedente ng mga PANGHALIP ay hindi laging nakikita mula sa konteksto.

▣ **“ang lalake”** Ang Mesyas ay magiging isang persona ng tao (cf. Daniel 7:13). Sa Zacarias ang mga anghel ay itinalaga bilang mga lalake (e.g. 1:8,10; 2:1,4), gayundin ang Mesyas (sinimbulo ni Josue at Zerubbabel). Ang Diyos ay gagamitin ang tao bilang instrumento upang ipahayag ang Kanyang sarili, upang matupad ang pagtutubos, at magtustos ng isang halimbawa para sa lahat ng ibang mga taong nilalang.

▣ **“Sanga”** Ang salitang ito (BDB 855) ay nangahulugang “umusbong” (cf. 3:8; 6:12; Isaias 4:2; 11:1; 53:2; Jeremias 23:5; 33:15). Ito ay isang titulo para sa Mesyas. Sa Zacarias ito ay tumutukoy kay Zerubbabel bilang isang tipo ng Mesyas (cf. Ibn Ezra at Rashi). Ang pangalang, Zerubbabel, sa Akkadian, ay nangahulugan “talbos ng Babilonia.” Ito ay posibleng isang paglalaro sa kanyang pangalan dahil siya ay muling nagpatayo sa templo sa 516 B.C., ngunit ito ay tunay na isang sukdulang reperensiya kay Hesus. Ang titulong ito at ang pagtutugma sa PANDIWA (“ay magsasanga ng palabas,” *Qal DIGANAP*) ay lumitaw ng magkasama sa talatang ito.

▣

NASB, NKJV,
NRSV, NIV,
JPSOA
TEV

“dahil Siya ay magsasanga”
“ay yayabong”

Ang titulong “Sanga” ay ginamit bilang isang PANDIWA (BDB 855, KB 1033, *Qal* DI-GANAP). Ito ay isang pagpapahiwatig sa pandaigdigang kaharian (cf. Isaias 45:22; 52:10; Micah 5:4; Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8) o isang pinabagong (Davidic) kaharian (cf. II Samuel 7; Isaias 11:1).

NATATANGING PAKSA: ANG TENSYON SA PAGITAN LUMANG TIPAN AT PROPETIKONG MGA MODELO AT BAGONG TIPAN NA APOSTOLIKONG MGA MODELO (OT panlahi, pambansa, heograpikal na mga kategorya laban sa lahat ng mga mananampalataya sa buong mundo)

TENSYON

Ang OT mga propeta ay naghula sa isang restorasyon ng isang Hudyong kaharian sa Palestinang na sentro sa Jerusalem kung saan ang lahat ng mga bansa ng mundo upang purihin at maglingkod sa isang Davidikong pinuno, ngunit si Hesus o maging ang NT mga Apostoles na laging nakapokus sa adyendang ito. Hindi ba ang OT ay kinasihan (cf. Mateo 5:17-19)? Ang mga NT mga may-akda ba ay inalis ang krusyal na pangwakas na panahong mga pangyayari?

May ilang mga pinakukunang impormasyon patungkol sa pagwawakasn ng mundo:

1. OT mga propeta (Isaias, Micah, Malakias)
2. OT apokaliptikong mga manunulat (cf. Ezekiel 37-39; Daniel 7-12; Zacarias)
3. intertestamental, di-kanonikal Hudyong apokaliptikong mga manunulat (like I Enoch, gaya ng ipinahiwatig sa Jude)
4. Hesus mismo (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21)

ang mga kasulatan ni Pablo (cf. I Corinto 15; II Corinto 5; I Tesalonica 4-5; II Tesalonica 2)

5. ang mga kasulatan ni Juan (I Juan at Pahayag).

Ang mga ito ba ay malinaw na nagturo ng isang pangwakas na panahong adyenda (mga pangyayari, kronolohiya, mga persona)? Kung hindi, bakit? Hindi ba silang lahat ay kinasihan (maliban sa Hudyong intertestamental mga kasulatan)?

Ang Espiritu ay ipinahayag na mga katotohanan sa OT mga manunulat sa mga termino at mga kategorya sila ay maaring maunawaan. Gayunpaman, sa pamamagitan ng progresibong kapahayagan ang Espiritu ay pinalawak ang mga OT eskatolohikal na mga konsepto tungo sa isang unibersal na saklaw (“ang misteryo ni Kristo,” cf. Efeso 2:11-3:13. Tignan Natatanging Paksa sa 10:7). Narito ang ilang kaugnay na mga halimbawa:

1. Ang bayan ng Jerusalem sa OT ay ginamit bilang isang metapora ng bayan ng Diyos (Zion), ngunit itinuon sa NT bilang isang termino nagpapahayag ng pagtanggap ng Diyos sa lahat ng nagsisisi, naniniwalang mga tao (ang bagong Jerusalem ng Pahayag 21-22). Ang teolohikal na pagpapalawak sa isang literal, piysikal na bayan tungo sa bagong bayan ng Diyos (naniniwalang mga hudyo at mga hentil) ay ibinabala sa pangako ng Diyos upang matubos ang makasalanang sangkatauhan sa Genesis 3:15 bago paman ang anumang mga hudyo o isang Hudyong kapiolyo. Maging ang pagkakatawag ni Abraham (cf. Genesis 12:1-3) ay nagsangkot sa mga hentil (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5).
2. Sa OT ang mga kaaway ng bayan ng Diyos ay ang nakapaligid na mga bansa ng Sinaunang Near East, ngunit sa NT sila ay mas pinalawak sa lahat ng di-naniniwalan, laban sa Diyos, Satanikong kinasihang mga tao. Ang labanan ay pumunta mula sa isang heograpikal, rehiyonal na labanan tungo sa isang pandaigdigang, kosmikong labanan (cf. Colossas).
3. Ang pangako ng isang lupain na napakaintegral sa OT (ang Patriyarkal na mga pangako ng Genesis, cf. Genesis 12:7; 13:15; 15:7-15; 17:8) ay ngayon naging pangbuong mundo. Ang bagong Jerusalem ay bumaba mula sa bagong nilikhang mundo, hindi ang Near East lamang o eksklusibo (cf. Pahayag 21-22).

4. Ilang ibang mga halimbawa ng OT propetikong mga konsepto na pinahaba (1) ang binhi ni Abraham ay ngayon ang espirital na tinuli (cf. Roma 2:28-29); (2) ang tipanang bayan ngayon ay nagsasama sa mga hentil (cf. Hosea 1:10; 2:23, sinipi sa Roma 9:24-26; gayundin ang Levitico 26:12; Exodo 29:45, sinipi sa II Corinto 6:16-18 at Exodo 19:5; Deuteronio 14:2, sinipi sa Titus 2:14); (3) ang templo ay ngayon ay si Hesus at sa pamamagitan Niya ang lokal na iglesia (cf. I Corinto 3:16) o ang indibidwal na mananapataya (cf. I Corinto 6:19); at (4) maging ang Israel at ang katangi-tanging paglalarawan sa OT mga parirala ay ngayon ay tumutukoy sa buong bayan ng Diyos (i.e. “Israel,” cf. Roma 9:6; Galacia 6:16, i.e. “kaharian ng mga saserdote,” cf. I Pedro 2:5, 9-10; Pahayag 1:6)

Ang propetikong modelo ay natupad, pinalawak, at ngayon ay mas inklusibo. Si Hesus at ang mga Apostoles na mga manunulat ay hindi kasama sa pangwakas na panahon na gaya ng sa OT mga propeta (cf. Martin Wyngaarden, *The Future of The Kingdom in Prophecy and Fulfillment*). Ang mga modernong mga interpreter na nagsubok na gawin ang OT modelo ng literal o normatibo ay binaluktot ang aklat ng Pahayag tungo sa isang napakaHudyong aklat at pinilit ang kahulugan sa pinaliit, malabong mga parirala ni Hesus, si Pablo at ibang mga manunulat! Ang NT mga manunulat ay hindi inalis ang OT mga propeta, ngunit ipinakita ang kanilang sukdulang unibersal na aplikasyon. Walang organisado, lohikal na sistema sa eskatolohiya ni Hesus o ni Pablo. Ang kanilang layunin ay unang –una ang pagtutubos o pastoral.

▣ **“itatayo niya ang templo”** Ito ay tila tumutukoy kay Zerubbabel ng historikal (cf. 4:9), ngunit kay Hesus ng eskatolohikal. Ang templo na si Hesus ay magtatayo ay tila isang espirital (cf. Juan 2:19-21), bagamat ang ilan ay nakita ito bilang ang templo ng Ezekiel 38-40. Ang aklat ng Pahayag ay nagsasalita sa makalangit na templo (cf. 3:12; 7:15; 11:1-2,19; 14:15,17; 15:5,6,8; 16:1,17). Gayunpaman, nang ang Bagong Jerusalem ay bumaba mula sa langit (cf. Pahayag 21:22), walang templong binanggit. Ang aklat ng Hebreo ay nagsasalita sa isang makalangit na tabernakulo kung saan si Hesus ay pumasok ng isahan para sa lahat upang ihandog ang Kanyang sarili bilang ang sakripisyo sa Diyos alang-alang sa atin (cf. Hebreo 8-10), ngunit hindi bianggit saan sa Kasulatan, bagamat ang detalyadong mga plano ng Exodo 25-27 ay tila nagpahiwatig sa orihinal na makalangit.

Ang termino “bahay” (BDB 108) ay ginamit ng madalas (cf. 1:16; 3:7; 4:9; 8:9) upang tumukoy sa templo (BDB 228). Gayunpaman, sa 8:9 kapwa mga termino ay ginamit ng magkasingkahulugan, kaya walang ninais na pagkakakaiba.

6:13 Ito ay tila nagsasama sa isang persona parehong makahari at malasaserdoteng mga opisina (cf. Awit 104:1,4). Ang iba ay nakita ang 13 bilang isang pagbibigay diin sa dalawang mga opisina (i.e. ang dawalang trono). Ito ay maaring magkakabit kay Zerubbabel sa muling pagtatayo ng templo, at kay Josue, na nakaupo at kasama na namumuno (kapwa PANDIWA *Qal* GANAP) ay nandito.

▣ **“ang payo ng kapayapaan”** Ang dalawang mga pinunong ito ay maghahari ng magkasama sa perpekotong kooperasyon at kaayusan. Ang kapayapaan (*shalom*, BDB 102) sa pagitan nila ay magpapala sa bansa na kanilang pinaglilingkuran at magpapakita sa Diyos ng mga bansa na kanilang kinakatawan.

6:14 Ang apat na mga Hebreong pangalan ay tumutukoy doon sa binanggit sa v. 10, ngunit dalawa sa mga pangalan ay magkaiba. Ang Peshitta, NRSV, TEV, at NIV kinuha ang salita *hen* (BDB 336), na ibig sabihin ba ay “biyaya,” “pabor,” o “kabutihán” (“mapagbiyayang isa,” posibleng kanilang punong abala) bilang tumutukoy kay Josiah, anak ni Zephaniah (cf. v. 10).

Ang Hebreong wika ay madalas na ginagamit ang magkaibang mga baybay para sa kaparehong mga persona. Para sa halimbawa, mayroong apat na mga paraan upang ibaybay ang Josue.

1. *Yehoshu’a*, Deuteronio 3:21
2. *Hoshe’a*, Deuteronio 32:44

3. *Yeshoshu'a*, Josue 1:1
4. *Yeshu'a*, Nehemias 8:17

Ang kaparehong personang ito ay maaring makilalasa ilang mga pangalan (palayaw, mga titulo). Para sa halimbawa, ang biyenang lalake ni Moses:

1. Jethro, Exodo 3:1
2. Jether, Exodo 4:18
3. Reuel, Exodo 2:18
4. Saserdote ng Median, Exodo 3:1
5. Hobab, Hukom 4:11

6:14

NASB	“At ang mga putong ay magiging pinakaalaala sa templo ng Panginoon”
NKJV	“ang pinagandang korona ay para sa alaala sa templo ng PANGINOON”
NRSV	“ang korona ay nasa pangangalaga ng. . bilang isang alaala sa templo PANGINOON”
TEV	“ang korona ay isang alaala sa Templo ng PANGINOON sa karangalan ng”
NJB	“ang korona ay magsisilbing. . isang alaala para sa santwaryo ni Yahweh”
NIB	“ang korona ay ibibigay kay. . bilang isang alaala sa templo ng PANGINOON”
JPSOA	“ang korona ay mananatili sa Templo ng PANGINOON bilang alaala sa”

Ang maharlikang koronasyong ito ni Josue bilang simbolikong kasamang namumuno ng Sanga ay isang makapangyarihang simbolo ng pagdating Saserdote-Hari Mesyas! Kesaktong paano ito naugnay sa mga lalake na inilista ay hindi tiyak. Ang pangyayaring ito ay mas mahalaga kaysa sa isang alaala sa apat na mga lalake. Ito ang pokus ng mga naunang mga pangitain. Ito ay mayroong pambansa at internasyonal na mga implikasyon (cf. v. 15).

Ang korona (BDB 742 I, PANGMARAMIHAN) ay halatang hindi isinusuot ng araw-araw, ngunit itinatanghal bilang katuparan at magiging natupad na pangako ng restorasyon at kompletong eskatolohikal restorasyon!

6:15 “At silang nangasa malayo” Sa historikal ito ay tumutukoy sa (1) mga hudyo ng Diaspora (cf. sa Fertile Crescent at Ehipto; (2) ang Persianong korte, ay posibleng kinatawan ng tatlong mga lalake ng vv. 10 at 14; at sa eskatolohikal ito ay tumutukoy sa mga hentil (cf. 2:11; 8:20-23; Isaias 2:2-4; 56:6-8; 60:5c-9,10; Micah 4:1- 5; Efeso. 2:11-22).

▣ **“inyong malalaman na ang Panginoon ng mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin sa inyo”** Kung ito ay historikal, magkagayon ito ay tumutukoy kay Zacarias (cf. 2:8,9,11; 4:9). Kung ito ay eskatolohikal magkagayon ito ay tumutukoy kay Hesus. Ang inlusyon ng mga hentil sa tipanang plano ng Diyos ay hindi tumutugma sa historikal na tagpuan ng post-exilic na periyod (lalo na ang Nehemias at Haggai). Ang mga PANGHALIP ay malabo sa aklat na ito at maaring tumutukoy sa (1) propeta; (2) isang anghel sa mga pangitain; o (3) ang Mesyas.

▣ **“At ito'y mangyayari kung inyong tatalimahing masikap ang tinig ng Panginoon ninyong Diyos”** Pansinin na mayroong isang kondisyonal na elemento sa mga pangakong ito (cf. 3:7). Ito ang sipi mula sa Deuteronomio 28:1 (Deuteronomio 27-29 ay naglalaman ng Tipanang Pagsusumpa at Pagpapalang Litanya).

NATATANGING PAKSA: TIPAN

Ang OT terminong *berith* (BDB 136), tipan, ay hindi madaling maipaliwanag. Walang katumbas na PANDIWA sa Hebreo. Lahat ng mga pagtatangka upang tuklasin ang etimolohikal na kahulugan ay napatunayang hindi kumbinsido. Gayunpaman, ang halatang sentrong konsepto ay nagtulak sa mga mangangaral na suriin ang pagkakagamit ng salita upang tangkaing malamang ang gumaganang kahulugan nito.

Ang tipan ay siyang pamamaraan na kung saan ang isang tunay na Diyos ay nakikitungo sa Kanyang taong nilikha. Ang konsepto ng tipan, kasunduan, o pagkakasundo ay krusyal sa pag-uunawa sa biblikal na kapahayagan. Ang tensyon sa pagitan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tap ay malinaw na makikita sa konsepto ng tipan. Ilang mga tipan ay batay sa karakter, aksyon at mga layunin ng Diyos.

1. sa nilikha mismo (cf. Genesis 1-2)
2. ang pagtawag kay Abraham (cf. Genesis 12)
3. ang tipanan kay Abraham (cf. Genesis 15)
4. ang pagpapanatili at pangako kay Noah (cf. Genesis 6-9) Gayunpaman, ang pinaka

kalikasan ng tipan ay naghahangad ng isang pagtugon

1. sa pamamagitan ng pananampalataya si Adan ay dapat tumalima sa Diyos at hindi kakain ng bunga ng puno sa gitna na Eden
2. sa pamamagitan ng pananampalataya si Abraham ay dapat na iwanan ang kanyang, sundin ang Diyos, at maniwala sa panghinaharap na lahi
3. sa pamamagitan ng pananampalataya si Noah ay dapat magtayo ng isang malaking bangka malayo sa tubig at mangalap ng mga hayop (cf. Genesis 6-9)
4. sa pamamagitan ng pananampalataya si Moises ay dinala ang mga Israelita palabas sa Ehipto at tumanggap ng mga partikular na mga alituntunin para sa panrelihiyon at panglipunang pamumuhay na may kasamang mga pangako ng pagpapala at sumpa (cf. Deutronomio 27-28)

Ang kaparehong tensyon na ito na nagsasangkot sa pakikipagrelasyon ng Diyos sa sangkatauhan at binanggit sa “bagong tipan.” Ang tensyon ay malinaw na makikita sa pagkukumpara sa Ezekiel 18 sa Ezekiel 36:27-37. Ang tipan ba ay nakabatay sa mapagbiyayang aksyon ng Diyos o sa inutos na pagtagun ng tao? Ito ang nagliliyab na isyu ng Lumang Tipan at ang Bago. Ang mga tunguhin ng dalawa ay pareho: (1) ang pagpapanumbalik ng pakikisama nawala sa Genesis 3 at (2) ang pagtatatag ng matuwid na bayan na nagpapakita ng karakter ng Diyos.

Ang bagong tipan ng Jeremias 31:31-34 ay lumulutas sa tensyon sa pamamagitan ng pag-aalis ng pagsasagawa ng tao bilang mga paraan ng pagkamit ng pagtanggap. Ang batas ng Diyos ay nagiging panloob na pagnanasa sa halip na panlabas na pagsasagawa. Ang tunguhin ng makadiyos, matuwid na tao ay nanatiling pareho, ngunit ang metodolohiya ay nagbabago. Ang makasalanang sangkatauhan ay napatunayan sa kanilang mga sarili ay kakulalangan ng pagpapakita ng imahe ng Diyos. Ang problema ay hindi ang tipan, kundi ang pagiging makasalanan at kahinaan ng mga tao (cf. Roma 7; Galatia 3).

Ang kaparehong tensyon sa pagitan ng OT walang kondisyon at kondisyonal na mga tipan ay nanantili sa NT. Ang kaligtasan ay tiyak na libre ayon sa natapos na gawa ni Hesuskristo, ngunit ito ay nangangailangan ng pagsisisi at pananampalataya (parehong pasimula at nagpapatuloy). Ito ay parehong isang legal na prolamasyon at isang pagtawag tungo sa pagiging wangis ni Kristo, isang indikatibong pananalita ng pagtanggap at isang pautos patungo sa kabanalan! Ang mga mananampalataya ay hindi naligtasa sa pamamagitan ng kanilang mga pagsasagawa, ngunit tungo sa pagtalima (cf. Efeso 2:8-10). Ang makadiyos na pamumuhay ay nagiging ebidensya ng kaligtasan, hindi paraan ng kaligtasan pamumuhay.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pangkahulugan lamang.

1. Ano ang nais na iparating sa atin ng ikawalong mga pangitain?
2. Ang mga pangitain ba ay nauugnay sa post-exilic na periyod o sa pangwakas na panahon?
3. Bakit si Josue ay kinurunahan sa v. 11 at hindi si Zerubbabel?
4. Muli bang itatayo ni Hesus ang Hudyong templo?

ZACARIAS 7

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Ang Pagsunod ay Higit sa Sakripisyo	Ang Kasagutan Patungkol sa Katanungan sa Pag-aayuno	Ang Panginoon ay Kinondena ang Hindi Seryoso sa Pag-aayuno	Isang Katanungan Patungkol sa Pag-aayuno
7:1-3	7:1-7	7:1 7:2-3	7:1-3 Isang Pagtingin sa Nakaraan ng Bansa
7:4-7		7:7	7:4-14
Ang Pagsuway ay Nagresulta sa Pagpapatapon		Ang Pagsuway ang Sanhi ng Pagpapatapon	
7:8-14	7:8-14	7:8-10 7:11-14	

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

- A. Ang mga kabanata 7-8 ay nagbuo ng isang pampanitikan yunit. Ang teolohikal na isyu ay ang tipanang katapatan ng mga hudyo (cf. vv. 9-13) laban sa panrelihiyong ritwal (i.e. pambansang pag aayuno, cf. v. 3; 8:19).
- B. Ginamit ng Diyos ang pagsuway ng mga hudyo at kasunod na pagpapakalat para sa Kanyang sariling mga layunin (cf. Ezekiel 36:22-38; Roma 9-11). Ang Diyos ay muling ipapanumbalik ang mga Hudyo at tatanggapin ang mga bansa sa Kanyang sarili (cf. 8:20-23).

- C. Ang ipinangakong tipanang pagpapanibago ay nangangailangan parin ng pagsunod (cf. 6:15 and 8:16-17). Ang tipanang pangangailangan ng Lumang Tipan at ang Bagong Tipan ay magkapareho.
1. pagsunod
 2. pananampalataya
 3. pagsunod
 4. pagpupunyagi
- Ang Lumang Tipan ay batay sa pagsasagawa ng tao, ngunit ang Bagong Tipan ay batay sa bagong puso at isang bagong espiritu mula sa Diyos (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38).
- D. para sa isang mabuting talakayan ng pag-aayuno tignan *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, bolyum 3, pp. 780-783.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 7:1-7

¹At nangyari, nang ikaapat na taon ng haring si Dario, na ang salita ng Panginoon ay dumating kay Zacarias nang ikaapat na araw ng ikasiyam na buwan, sa makatuwid baga'y sa Chislev. ²Sinugo nga ng mga taga Beth-el si Sareser at si Regem-melech, at ang kanilang mga lalake, upang hilingin ang lingap ng Panginoon, ³At upang magsalita sa mga saserdote ng bahay ng Panginoon ng mga hukbo, at sa mga propeta, na sabihin, Iiyak baga ako sa ikalimang buwan, na ako'y hihiwalay, gaya ng aking ginawa nitong maraming taon?" ⁴Nang magkagayo'y dumating ang salita ng Panginoon ng mga hukbo sa akin, na nagsasabi, ⁵"Salitain mo sa lahat ng tao ng lupain at sa mga saserdote, na iyong sabihin, Nang kayo'y magayuno, at tumangis ng ikalima at ikapitong buwan, nito ngang pitong pung taon, kayo baga'y nagayunong lubos sa akin, para sa akin? ⁶At pagka kayo'y nagsisikain, at pagka kayo'y nagsisiinom, di baga kayo'y nagsisikain sa ganang inyong sarili at nagsisiinom, sa ganang inyong sarili? ⁷Di baga ninyo dapat dinggin ang mga salita na isinigaw ng Panginoon sa pamamagitan ng mga unang propeta, nang ang Jerusalem ay tinatahanan at nasa kaghinawahan, at ang mga bayan niyaon na nangasa palibot niya, at ang Timugan, at ang mababang lupain ay tinatahanan?"

7:1 “At nangyari, nang ikaapat na taon ng haring si Dario” Ito ang halos dalawang taong nakalipas kaysa sa inisyal na walong mga pangitain (cf. 1:1,7). Ang pagpepetsa sa kabanatang ito ay napakapartikular.

▣ “**ikaapat na araw ng ikasiyam na buwan**” Ito marahil ang December 7, 518 B.C. (cf. UBS, *A Handbook on Haggai, Zechariah and Malachi*, p. 180).

▣ “**Chislev**” Ito ang buwan sa Babylo niang kalendaryo (cf. Nehemias 1:1), humigit kumulang Nobyembre o Disyembre.

▣ “**ang salita ng Panginoon ay dumating kay Zacarias**” Ang pariralang ito ay nagpapakilala sa isang bagong kapahayagan. Ito rin ay tila nagmarka sa talataang pagkakabahagi ng kabanatang ito. SI Zacarias ay hindi pinili ang oras o paksa. Ito ang mensahe ni YHWH (cf. v. 4).

Ang Hebreong salita *dbr* (BDB 182) ay ginamit ng regular para sa kapahayagan ng Diyos (cf. 1:1,6,7; 4:6; 7:1,4,7,12; 8:1,18; 9:1; 11:11; 12:1).

7:2

NASB

“Sinugo nga ng mga taga Beth-el si Sareser at si Regem-melech”

NKJV, NRSV

“ang mga tao ay isinugo si Sherezer kasama si Regem-Melech”

TEV	“ang mga tao ng Bethel ay ipinadala sina Sharezer at Regemmelech”
NJB	“ang Bethel ay ipinadala si Sharezer”
JPSOA	“sina Bethel-sharezer at Regem-melech. . .ay ipinadala”
PESHITTA	“ipinadala sa Bethel sina Sherezar at Rab-mag, at ang hari. . .ay nagpadala ng salita upang ipagdasal siya”

Ang Hebreo ay napakalabo. Mayroong ilang mga teorya: (1) King James ay nagsalin sa “Bethel” bilang “ang bahay ng Diyos,” hindi isang bayan; (2) RSV, TEV, NIV at JB ay may “Bethel,” na isang kultik na bayan mahigit labindalawang milya sa hilaga ng Jerusalem at ang sentro ng pagsamba sa bisiro sa panahon ng 922-722 B.C.; (3) NEB ay pinagsama ang “Bethel” at “Sharezer” sa isang pangalan. Ang kahawig na mga tambalan ay gumagamit ng Sharezer ay natagpuan sa Jeremias 39:3, habang ang tambalang mga pangalan ay gumagamit ng Bethel ay natagpuan sa Babyloniang mga dokumento at sa Elephantine Papyri (cf. W. F. Albright, *Archaeology and the Religion of Israel*, p. 169); (4) ang terminong “Regemmelech” (BDB 920) ay nangahulugang “ang tagapagsalita ng hari” sa Ugaritic (ang Syriac na salin ay may “Rab-mag,” na isang opisyal na titulo, cf. Jeremias 39:3,13), na nagpapakita na si Darius o maimpluwensya na mga hudyo ay nagpadala ng dalawang lalake (i.e. Bether-Sharezer at Regem-Melech).

▣ **“hilingin ang lingap ng Panginoon”** Ito ang PAWATAS na banghay ng *Piel* PANDIWA (BDB 318 II, KB 316), na nagpapakita ng pagkawala ng kaguluhan (cf. Daniel 9:13), gayundun ang presensya ng pagpapala at pagtanggap ng Diyos (cf. Awit 119:58). Ang kaparehong PANDIWA ay ginamit sa 8:21-22 para sa anomang hahanapin ng mga bansa mula sa Diyos.

7:3 “At upang magsalita sa mga saserdote. . . mga propeta” Ang mga saserdote ay maaring tumutukoy doon sa mga bumalik mula sa Babylonia kasama si Zerubbabel at Kosue o Ezra. Hindi tiyak kung kanino ang “mga propeta” tumutukoy. Sina Haggai at Zacarias ay ang tanging kilala sa pamamagitan ng pangalan. Sa aking palagay parehong sina Joel at Obadiah ay mga sinaunang post-exilic na mga propeta. Kung kanino man sila ang mga emisaryong ito ay dumating upang kumatawan sa Diyos nagtatanong patungkol sa pagpapatuloy ng pag-aayuno nagpapakita sa pagkawasak ng Jerusalem, ngayon na ang mga hudyo ay bumalik sa Jerusalem.

▣ **“Iiyak бага ako sa ikalimang buwan”** Ito ay tumutukoy sa isang pambansang araw ng pagluluksa (pag-aayuno) na ang mga hudyo ay nagpasimula upang alalahanin ang pagbagsak ng Jerusalem at ang pagkawasak ng templo (cf. II Hari 25).

▣	
NASB	“hiwalay”
NKJV	“ayuno
NRSV, JPSOA	“praktis ng absteninsya”
TEV, NJB	“pag-aayuno”
PESHITTA	“inihihiwalay ang aking sarili”

Ang termino (BDB 634) sa *Niphal* ay nangahulugang “ihandog ang sarili sa Diyos,” “ituring ng may paggalang,” o “ayuno.” Sa kontekstong ito “ayuno” ang pinakamainam. Ang konteksto ang nagdedetermina ng kahulugan!

▣ **“gaya ng aking ginawa nitong maraming taon”** Muli ito ay isang pahiwatig sa 70 year propesiya ng pagpapatapon ni Jeremias (cf. 25:8-11; 29:10; Daniel 9:2,24; Zacarias 7:5).

7:5 “Salitain mo sa lahat ng tao ng lupain” Ito ay isang idyoma para sa karaniwan, hindi pamunuan (cf. Jeremias 34:10; Haggai 2:4) baya ng tipanang pangako ng Diyos (i.e. Mga hudyo). Para sa isang mabuting talakayan sa daan ng idyoma na ito ay nahubog at binago sa pamamagitan ng kasaysayan ng

Israel tignan Roland deVaux, *Ancient Israel: Social Institutions*, vol. 1, pp. 70-72.

▣ **“ikapitong buwan”** Ito ay tumutukoy sa isa na namang pambansang araw ng pagayuno upang maalala ang kamatayan ni Gedaliah, ang itinalagang gobernador (cf. II Hari 25:25; Jeremias 40:1-41:3). Sa tingin ko posibleng ang malabong mga termino sa v. 2 at ang mga araw ng pag-aayuno ay pinuri (cf. 8:19) kaugnay sa isang delegasyon ng mga hudyo mula sa Babylonia hanggang sa Jerusalem upang talakayan ang kalagayan ng opisyal na ritwal na kalendaryo.

▣ **“kayo baga'y nagayunong lubos sa akin, para sa akin”** Ang Diyos ay hindi nagpasimula ng mga pag-aayunong ito at tunay na sila ay ginawa mula sa sarili awa higit kaysa sa pagsamba (cf. Isaias 1:11-12; 58:1-12).

7:6 “At pagka kayo'y nagsisikain, at pagka kayo'y nagsisiinom” Ito ay panunuya. Sila ay nag-aayuno at/o nagpipiyesta para sa kanilang sarili, hindi para sa, hind para sa Diyos (cf. Isaias 29:13; Colosas 2:20-33).

7:7 “mga unang propeta” Tignan puna sa 1:4.

▣ **“nang ang Jerusalem ay tinatahanan at nasa kaginhawahan”** Ito ay tumutukoy sa panahon bago ang Babyloniang pagpapatapon. Si Nebuchadnezzar ay nagsagawa ng apat na deportasyon.

1. 605 B.C. - Daniel at kanyang tatlong mga kaibigan
2. 597 B.C. - Ezekiel at 10,000 mahuhusay na mga hudyo
3. 586 B.C. - Jerusalem at ang templo ay winasak at karamihan ng natitirang populasyong ipinatapon
4. 582 B.C. – pagkatapos ng kamatayan ni Gedaliah ang Babyloniang militar ay bumalik at ipinatapon ang bawat isa na makikita

▣ **“ang Timugan”** Ito ay (BDB 616) tumutukoy sa di-natitirahang pastolang lupain sa katimugang Judea.

▣ **“ang mababang lupain”** Sa literal ito ay *“Shephelah”* (BDB 1050), na tumtukoy sa baybaying kapatagan sa gitna ng Mediterranean.

Sa panahon ng Haggai at Zacarias alinman sa mga heograpikal na lugar ay nagmumula sa mga pinabalik na mga hudyo. Sina Zerubbabel ay nagkokontrol lamang ng isang maliit na lugar sa paligid ng bayan ng Jerusalem.

TALATA SA NASB (BINAGO): 7:8-14

⁸At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Zacarias na nagsasabi, ⁹“Ganito ang sinalita ng Panginoon ng mga hukbo, na nagsasabi, ‘Mangaglapat kayo ng tunay na kahatulan, at magpakita ng kaawaan at ng kahabagan ang bawa't isa sa kaniyang kapatid; ¹⁰ At huwag ninyong pighatiin ang babaing bao, ni ang ulila man, ang taga ibang lupa, ni ang dukha man; at sinoman sa inyo ay huwag magisip ng kasamaan sa inyong puso laban sa kaniyang kapatid.” ¹¹ Nguni't kanilang tinanggihang dinggin, at kanilang iniurong ang balikat, at nagtakip ng pakinig, upang huwag nilang marinig. ¹²Oo, kanilang ginawa na parang batong diamante ang kanilang puso upang huwag magsidinig ng kautusan, at ng mga salita na ipinasugo ng Panginoon ng mga hukbo sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu, ng mga unang propeta: kaya't dumating ang malaking poot na mula sa Panginoon ng mga hukbo. ¹³At nangyari, na kung paanong siya'y sumigaw, at hindi nila dininig, ay gayon sila sisigaw, at hindi ko didinggin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo; ¹⁴“Kundi aking pangangalatin sila sa pamamagitan ng ipoipo sa gitna ng lahat na bansa na hindi nila nakilala. Ganito nasira ang lupain pagkatapos nila, na

anopa't walang tao na nagdadaan o nagbabalik: sapagka't kanilang inihandusay na sira ang kaayaayang lupain."

7:8 Ito ba ay isang tekstwal na pananda upang magtalaga ng isan bagong konteksto? Joyce Baldwin, sa *Tyndale Old Testament Commentaries*, ay nagsasabi na ito ay isang editoriyal na pagdagdag na hindi maunawaan ang pagkakaisa ng sipi (cf. p. 145).

7:9-10 Ang mga propeta ay laging inaatasan ang mga tao na bumalik sa kanilang tipanang mga responsibilidad. Sila ay mga "bantay na aso ng tipan"! Ang mga talata 9-10 ay mula pa sa Mosaik na tipan at sosyal na mga pangangailangang ito.

Bilang halimbawa ang Sampung mga Kautusan ay may kinakailangan tungo sa Diyos (na kanilang nasuway, cf. 9-10). Ang mga pagpapala ng Diyos gayundin ang mga sumpa ng Diyos ay kaugnay sa tipanang katapatan (cf. Deuteronio 27-29). Ang mga pangangailangang at mga patnubay para sa buhay ay hindi bago o nakakabigla sa mga bumabalik na mga hudyo.

7:9 "Mangaglapat kayo ng tunay na kahatulan" Mayroong isang salitang paglalaro sa pagitan ng PANGALAN banghay (BDB 1048) at ang *Qal* PAUTOS (BDB 1047, KB 1622). Tipanang bayan ay dapat na pakitunguhan ang bawat isa ng patas (cf. Micah 6:8). Ang partikular na parirala ay tumutukoy sa panghukumang talakayan (e.g. Levitico 19:15; Deuteronio 1:16-17; Kawikaan 31:9; Ezekiel 18:8; 45:9), ngunit may isang mas malawak na metaporikal na implikasyon ng naaangkop na tipanang mga relasyon sa pagitan ng mga miyembro ng bayan ng Diyos. Ang pinakatermino ay inulit sa 8:16. Ang kawalang hustisya ay nakayamot sa Diyos (cf. Hosea 4:1-6).

▣ **"kaawaan"** Ang salitang ito ay *hesed* (BDB 338), ang espesyal na tipanang PANGALAN na nagsasalita sa pagkamatiising tipanang katapatan ni YHWH (posibleng pinakamainam na maunawaan bilang pamilya ng pag-ibig). Ang Diyos ay isang matapat, mapagmahal na Diyos at Siya ay naghanap ng kapareho sa Kanyang bayan. Para sa isang mabuting talakayan tignan *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, vol. 2, pp. 211-218.

▣ **"kahabagan"** Ang terminong (BDB 933) orihinal ay may isang pamilyang oryentasyon ("mula sa sinapupunan"). Ang kaparehong termino ay ginamit ng nauna sa panalangin ng anghel sa Diyos patungkol sa hindi pagkakaroon ng "kahabagan" para sa Jerusalem. Ang dalawang mga termino, "kabutihán" at "awa" ay ginamit Daniel 1:9 upang ilarawan ang biyaya ng Diyos kay Daniel sa pamamagitan ng tagapamahala ni Nebuchadnezzar. Gaya ng pagtrato ng Diyos, tayo na Kanyang bayan ay dapat na tratuhin ng maayos ang bawat isa (cf. I Juan 3:16). Ang ating mga saloobin at mga aksyon ay nagpapakita kung kanino tayo nagmumula!

7:10 "At huwag ninyong pighatiin ang babaing bao. . . ulila. . . taga ibang lupa. . . dukha" Ang PINANEGATIBO PANDIWA (BDB 798, KB 897) ay isang *Qal* DI-GANAP ginamit sa JUSSIVE na pakahulugan. Ang katarungan na walang kinikilingan ay ang paulit-ulit na tema ng aklat ng Deuteronio (cf. 1:17; 10:17; 16:19; 24:14,17). Ang Diyos ay nagdedepensa sa walang nagdedepensa.

▣
NASB, JPSOA "ang taga ibang lupa"
NKJV, NRSV "ang dayuhan"
TEV "mga dayuhan"
NJB "ang dayuhan"
PESHITTA "ang taong kumbertibo"

Ito ang Hebreo termino (BDB 158) na nagpapakita ng isang residenteng dayuhan. Ang mga ito ay malayang mga tao, hindi mga alipin, ngunit sila ay may limitadong sibil na mga karapatan. Ang diyos ay nakita bilang kanilang protektor at tagapagtanggol gay ang Siya ay para sa lahat ng itinakwil ng lipunan at mahirap na tao (cf. Exodo 22:21-24; Deutronomio 10:18). Isang espesyal na ikatlong taong ikapu ang tinanggap ng lokal upang tulungan ang mga nangangailangan sa lipunan (cf. Deutronomio 14:28-29).

Para sa isang mabuting talakayan ng sosyal na pagkakasunod sunod ng Israel tignan Roland deVaux, *Ancient Israel: Social Institutions*, vol. 1, pp. 69-79.

▣ **“at sinoman sa inyo ay huwag magisip ng kasamaan sa inyong puso”** Ang PANDIWA (BDB 362, KB 359) ay isa na namang *Qal* DI-GANAP ginamit bilang isang JUSSIVE. Ito ay tumutukoy sa legal na mga pamamaraan (cf. 8:17) na may pagbibigaydiin sa nararapat na saloobin at mga motibo. Ituring ang iba na may respeto bilang kapwa kabahagi sa tipan. Ang kasamaan ay laging makasarili; ang pag-ibig ay laging laan sa iba!

7:11-12 Ito ay isang serye ng apat na kahanay na mga parirala na naglalarawan ng mga saloobin ng kawalang respeto at pagsuway ng bayan ng Diyos.

1. “sila ay tumanggi na magbigay ng atensyon”
2. “sila ay lumayo na isang matigas na balikat” (cf. Nehemias 9:29)
3. “inihinto nila ang kanilang mga tainga mula sa pakikinig” (cf. Jeremias 5:21; 6:10)
4. “ginawa nila ang kanilang mga puso na gaya ng bato upang hindi sila makapakinig”
5. punahin rin ang v. 13a at ikumpara ang Isaias 6:9-10

7:12 “kanilang ginawa na parang batong diamante ang kanilang puso” Ang Hebreong termino (BDB 1038 I) ay tumutukoy sa ilang uri ng napakatigas na materyal gaya ng corundum o dyamante (cf. Jeremias 17:1). Ito ay ginamit ng metaporikal sa katigasan ng puso ng mga ninunong Hudyo tungo sa Diyos. Ang kaparehong metapora ng katigasan ay ginamit sa positibong paraan sa Ezekiel 3:9 para sa paghahanda ng Diyos sa propeta na harapin ang malakas na oposisyon.

Ito ay aktibong pagtanggap upang makinig at sumunod sa salita at kalooban ng Diyos (ang kabaligtaran ng *shema*). Ang bayan ng Diyos ay bukas, aktibo, mapilit na rebelde!

▣ **“ipinasugo ng Panginoon ng mga hukbo sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu, ng mga unang propeta”** Ito ay tumutukoy sa inspirasyon ng OT mga propeta (cf. 1:4; 7:7; Nehemias 9:20,30) sa pamamagitan ng ahente ng Banal ng Espiritu (cf. I Pedro 1:11; II Pedro 1:21; “ang hininga ng Diyos” ng II Timoteo 3:16).

Madalas sa OT ang Espiritu ay isang paraan ng pagtutukoy sa Diyos (e.g. Awit 139:7-8; Isaias 40:13; 60:10-11) o malikhaing aktibidad ng Diyos (e.g. Genesis 1:2). Ang Diyos ay nagpapalakas sa mga tao upang magsagawa ng mga tungkulin sa pamamagitan ng Kanyang enerhiya at karunungan (e.g. Exodo 28:3; 31:3; 35:31,34; Hukom 3:10; 6:34; 11:29; 13:54; 14:6,19; 15:14).

Ang OT ay hindi malinaw na inihayag ang NT konsepto ng tatlong banal na mga persona na isang esensya, ngunit ito ay hindi nagsimulang ihayag ang personal na pagkamaramihan ng pagkadiyos. Ang problema ay ang pagkamaramihan at monoteismo ay mahirap na mapakasundo. Ang iglesia ay napuwersya na maipaliwanag ang triune na pagkakaisa dahil ang NT paninindigan sa:

1. ang pagkadiyos ni Hesus
2. ang personalidad ng Espiritu. Tignan Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 4:6.

▣ **“kaya't dumating ang malaking poot na mula sa Panginoon ng mga hukbo”** Ang mapilit na kawalang pagrespeto at pagsuway ay nagdulot ng sumpa sa Deutronomio 28 upang maging realidad (cf. Daniel 9:1-19).

Ang pagsuway na ito kasama ng resultang poot (cf. v. 14) ay nagdulot sa mga bansa na hindi

maunawaan ang Diyos at Kanyang pagtutubos na mga layunin (cf. Ezekiel 36:22-38).

7:13 “hindi nila dininig” Tinawag sila ng Diyos sa pamamagitan ng mga tipan, ang Exodo, ang templo, at ang mga propeta (cf. Hosea 11:2), ngunit hindi sila sumunod!

▣ **“siya'y sumigaw, at hindi nila dininig,”** Ngayong ang mga hapag binaligtad! Ang Diyos ay tinawag at hindi sila makikinig, ngayon sila ay tumawag para sa tulong ng Diyos, ngunit Siya ay hindi makikinig (cf. Isaias 1:15), hindi lamang dahil sa kanilang tipanang pagsuway, ngunit gayundin ang kanilang tipanang pagkukunwari (cf. Isaias 1:11-15). Kung sila talaga ay tunay na magsisisi, si YHWH ay dapat na tumugon (cf. Isaias 1:16-20).

7:14 “pangangalatin” Ang Diyos ay may kontrol ng kasaysayan! Ito ay tumutukoy sa Pagpapatapon.

Ang PANDIWA (BDB 704, KB 762) ay isang *Piel* DI-GANAP. Sa sinauang mundo ang militar na ay nangahulugan ng pagkatalo ng pambansang diyos. Ang pagkatalo ng Israel at Judah ay hindi kahinaan ni YHWH, ngunit kanilang kasalanan (cf. Daniel 9). Si YHWH n anagdulot ng kapwa sa Assyria (cf. Isaias 10:5) at Babylo niang pagpapatapon (cf. Jeremias 51:20-24).

▣ **“sira ang kaayaayang lupain”** Ang tipanang mga pangako ay pinawalang bisa (cf. Deutronomio 27-29). Ang Tipan ay laging kondisyonal sa biyaya ng Diyos at isang pag-aangkop sa pagtugon ng tao.

Dinala ng Diyos ang desolasyon (cf. Jeremias 4:6) upang Siya ay makapagdala ng restorasyon sa nagsisising tao. Ang paghahatol ay isang akto ng pag-ibig (cf. Hebreo 12:5-13).



NASB “walang tao na nagdadaan o nagbabalik”

NKJV “walang sinoman ang nakadaan o nakabalik”

NRSV “walang nakaparoot parito”

TEV “walang nakaalis dito”

NJB “walang dumating o umalis”

Ang hindi karaniwang pariralang ito ay natagpuan lamang sa Zacarias 7:14 at 9:8. Si Zacarias ay gumagamit?? hinati sa dalawang pampanitikan mga yunit (mga kabanata 1-8 at 9-14). Ang hindi karaniwang parirala ay lumitaw ng pareho sa mga yunit at magkagayon ay nagiging ebidensya para sa pagkakaisa ng aklat ng iisang may-akda.

ZACARIAS 8

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Jerusalem Banal na Bayan ng Panghinaharap	Ang Panginoon ay Magbabalik sa Zion at Gagawa ng Mabuti sa Jerusalem at sa Judah	Ang Panginoon ay Nangako na Ipapanumbalik anG Jerusalem	Ang Pag-aasam ng Kaligtasan
8:1-8	8:1-8	8:1-5 8:6-8	8:1-8
8:9-13	8:9-13	8:9-13	8:9-13
8:14-17	8:14-17	8:14-17	8:14-15 8:16-17
8:18-23	8:18-19	8:18-19	Ang Kasagutan sa Katanungan ng Pag-aayuno 8:18 8:19
	8:20-23	8:20-23	Ang Pag-aasam sa Kaligtasan 8:20-22 8:23

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 8:1-8

¹At ang salita ng Panginoon ng mga hukbo ay dumating sa akin, na nagsasab, ²"Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, 'Ako'y may paninibugho sa Sion ng malaking paninibugho, at ako'y may paninibugho sa kaniya ng malaking poot.' ³Ganito ang sabi ng Panginoon, 'Ako'y nagbalik sa Sion, at tatahan ako sa gitna ng Jerusalem: at ang Jerusalem ay tatawagin, Bayan ng katotohanan; at ang bundok ng Panginoon ng mga hukbo, Ang banal na bundok.' ⁴Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, 'Tatahanan pa ng mga matandang lalake at babae ang mga lansangan ng Jerusalem, bawa't tao na may kaniyang tungkod sa kaniyang kamay dahil sa totoong katandaan. ⁵At ang mga lansangan ng bayan ay mapupuno ng mga batang lalake at babae na naglalaro sa mga lansangan niyaon.' ⁶Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, 'Kung maging kagilagilalas sa mga mata ng nalabi sa bayang ito sa mga araw na yaon, magiging kagilagilalas din naman baga sa aking mga mata? sabi ng Panginoon ng mga hukbo. ⁷Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, 'Narito, aking ililigtas ang aking bayan sa lupaing silanganan at sa lupaing kalunuran; ⁸At aking dadalhin sila, at sila'y magsisitahan sa gitna ng Jerusalem; at sila'y magiging aking bayan, at ako'y magiging kanilang Diyos, sa katotohanan at sa katuwiran.'"

8:1 Ang pariralang ito ay nagpapakilala ng isang bagong yugto ng talakayan sa pasimula ng 7:1 at 8.

8:2 “Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo” Ito ay isang karaniwang post-exilic na titulo. Tignan Natatanging Paksa: Ang mga Pangalan ng Pagkadiyos sa Daniel 4:2.

▣ “malaking paninibugho” Tigna buong puna sa 1:14.

▣ “Sion” Ito ay isa sa pitong mga burol sa Jerusalem, ngunit ito ay dumating upang kumatawan para sa buong siyudad, kasama na ang Bundok Moriah kung saan ang templo ay tumayo. Tignan puna sa 1:14.



NASB, NRSV	“sa kaniya ng malaking poot”
NKJV	“na may dakilang kaalaban”
TEV	“nagpagalit sa akin”
NJB	“nangangalit na paninibugho”

Ang Hebreong ugat (BDB 404) ay nangahulugang “maging mainit.” Ang implikasyon dito ay ang pasyon ni YHWH (ang *Piel* anyo ay nangahulugang “ang mag-akala”). Ang terminong ito ay madalas na ginagamit ng ikapitong siglong mga propeta (i.e. Jeremias at Ezekiel, punahin ng partikular Ezekiel 36:6-7). Ang nagpapakahulugang katanungan ay kung paano maunawaan ang “poot.” (1) Ito ay nanais na tumukoy sa mainit na pasyon ng Diyos para sa Kanyang bayan o (2) Kanyang galit doon sa Kanyang pinili upang magdisiplina sa Israel? Ako ay naniniwala na ang Hebreong parirala, “Ako ay naninibugho para sa Zion ng may matinding paninibugho, na may matinding poot, Ako ay naninibugho” pinakamainam na opsyon ay #2 (cf. NIV, REB). Hindi ito kapareho sa Hebreong salita gaya ng 7:12 (BDB 893).

8:3 “Ako'y nagbalik sa Sion” Si YHWH ay ininwan ang templo sa Jerusalem (cf. Ezekiel 10) dahil sa idolatrya ng Hudyo (cf. Ezekiel 8), bago ang siyudad ay winasak ni Nebuchadnezzar (cf. Ezekiel 9). Si YHWH ay umalis na kasama ng mga Hudyo sa pagpapatapon (cf. Ezekiel 1).

Ang Kanyang pagbabalik (BDB 996, *Qal* GANAP) ay ang kompirmasyon na Siya ay nagpatawad sa Kanyang bayan at pinabago muli ang Kanyang tipan sa kanila.

▣ **“tatahan ako sa gitna ng Jerusalem”** Walang ibang hihigit na pagpapala kaysa sa presensya ng Diyos sa Kanyang bayan (e.g. Exodo 25:8; Levitico 26:11-12; Bilang 5:3; 35:23; Deuteronio 23:14). Ang sakripisyal na sistema at templo ay ang pag-asa ng makasalanang tao na papatawarin ng Diyos (cf. Exodo 29:45).

Pansinin ang dalawang mga pariralang ito ay magkahanay sa (kapwa *Qal* GANAPS) bawat isa, gaya ng kasunod na dalawang mga parirala sa v. 3.

▣ **“Bayan ng katotohanan”** Ito rin ay maaring maisalin sa “bayan ng katapatan” (BDB 893). Ang matapat na Diyos ay bumalik sa walang pananampalataya na mga inapu ni Abraham.

Sa Isaias 1:21-23 ang Jerusalem ay sarkastikong tinawag na “ang matapat na siyudad,” subalit sa 1:24-26 si YHWH ang matapat ay babaguhin siya at patatawarin siya upang siya ay tunay na “ang matapat na siyudad” (cf. v. 2b) muli.

▣ **“ang bundok ng Panginoon”** Ito ay tumutukoy sa templong lugar o Bundok Moriah (“YHWH ay nagtutustos”). Ito ang lugar kung saan:

1. Melchizedek ay pinahiran na saserdote/hari, Genesis 14
2. Abraham ay dapat na ihandog si Isaac, Genesis 22
3. si David ay inalay ang isang sakripisyo upang paghahatol ng Diyos, I Cronico 21:9-30
4. si Solomon ay itinayo ang templo, II Cronico 3:1

▣ **“Ang banal na bundok”** Ito ay banal dahil ang presensya ni YHWH ay naroon. Ang Kanyang presensya ay dapat na ipakita sa Kanyang bayan (cf. Deuteronio 28:9). Ito ay dapat na magkaiba; sila ay dapat na gaya Niya (e.g. Levitico 19:2 [I Pedro 1:16]; Matt. 5:48). Tignan Natatanging Paksa: Banal sa Daniel 4:8.

8:4 “matandang lalake at babae” Karamihan ng matatanda ay namatay dahil sa pagpapatapon at yaong tumanda na sa Babylonia ay hindi madaling makabalik, magkagayon, ang matatandang tao sa lupain ay isang tanda ng mahabang kasaganaan (cf. Deuteronio 28:3) o ang bagong panahon (cf. Isaias 65:20).

8:5 “batang lalake at babae” Ito ay isang pagpapala ng Diyos (cf. Deuteronio 28:4) at normal sosyal na buhay. Ito ay nagpapakita ng pagbabaligtad ng sumpa ni YHWH (i.e. ang pagpapala ni Jerusalem, cf. Deuteronio 27-29) at Kanyang pinanumbalik na presensya at pagpapala!

8:6 “magiging kagilagilalas” Ang Hudiyong bayan ay naging nakasanayan na sa pagkabilanggo at paghahatol kaya ang mga pangako ay nakakapuspos sa kanika! Ang terminong “mahirap” (BDB 810, *Niphal* DI-GANAP) ay nangahulugan rin “kagila-gilalas.” Tignan puna sa Daniel 8:24.

▣ **“nalabi sa bayang ito”** Ang Hebreong termino “nalalabi” (BDB 984) ay pangunahing nangahulugang “ang natitira,” “ang naiwan,” “ang tira-tira.” Sa mga propeta ito ay nagdadala ng espesyal na kahulugan, “ang matapat na nalalabi,” na tumutukoy sa kakaunting mga inapu ni Abraham na naniniwala at sumamba kay YHWH. Ang mga ito ang Kanyang maaring mapanumbalik (cf. Isaias 37:4,32; 46:3; Jeremias 23:3; 31:7; Micah 2:15; 5:7,8; 7:18; Zephania 2:7,9; Ezra 9:14; Zacarias 8:6,11,12). Ang kahirapan patungkol sa terminong ito ay panahong salik. Ito ba ay tumutukoy sa (1) ang post-exilic na periyod o (2) ang pangwakas na panahon (punahin ang parirala sa Zacarias 8:6, “sa mga panahon na yaon”)? Ito ay maaring isang halimbawa ng pangkatang katuparang propesiya.

▣ **“Kung maging kagilagilalas sa mga mata”** Mayroong isang pananampalatayang koneksyon sa pagitan ng mga gawa ng Diyos at pananampalataya ng Kanyang bayan. Gayunpaman, maging kung ang bayan ng Diyos ay walang pananampalataya, ang Diyos ay gumagalaw pa rin. Ang Diyos ay tapat sa kanyang pangako sa pagtutubos sa makasalanang sangkatauhan (cf. vv. 7-8; Ezekiel 36:22-38).

8:7 “ililigtas” Ang Hebreo PANDIWA “iligtas” (BDB 446, KB 448 *Hiphil* PANDIWARI) ay ginamit sa ilang mga pakahulugan.

1. *Hiphil* = “ang palayain” (cf. 9:9; Jeremias 30:7-11; 31:7-8) o “magbigay ng tagumpay” (e.g. Isaias 59:16; 63:5)
2. *Niphal* = “maging malaya,” “maligtas,” o “o maging matagumpay”

Ito ay ginamit sa aktibidad ng Diyos alang-alang sa Kanyang bayan (cf. 8:7,13; 9:16; 10:6; 12:7). Si YHWH ay palalayain yaong mga nagtiwala sa Kanya (e.g. v. 6; Awit 37:40; 86:2).

Isa puna lang upang ipakilala na ang modernong iskolarsip ay nananatiling hindi tiyak patungkol sa pinagmulan o ugat na kahulugan ng terminong ito. Ipinagpalagay na ito ay mula sa Arabic na ugat na kahulugan “maging malawak o maluwa,” ngunit ito ay hindi konsensus.

Sa kontekstong ito si YHWH ay nangangako na palalayain ang Kanyang bayan mula sa pagpapatapon at ipapanumbalik sila sa Lupang Pangako. Gayunpaman, ang apokaliptikong klaikasan ng aklat ay itinuturo ang pangakong ito sa hinaharap gayundin ang pangkasalukuyan. Ito ay tiyak na tumutukoy sa pagbabalik sa Jerusalem sa 538 B.C. (atas ni Cyrus), ngunit dahil sa “ang mga bansa” (e.g. 2:11; 8:20-23) ay isinama at ang konsepto ng Mesyas ay ipinahayag at pinalawak sa mga kabanata 9-14, magkagayon ito ay dapat rin ay may isang eskatolohikal na pokus.

▣ **“silanganan. . . kalunuran”** Ang mga kompas na mga direksyon na ito ay ginamit sa unibersal na pakahulugan gaya ng sa Awit 50:1; 113:3; Isaias 59:19; Malakias 1:11.

8:8 “sila'y magiging aking bayan, at ako'y magiging kanilang Diyos” Ang tipanang wika na ito (e.g. Levitico 26:12; Deuteronio 4:20; 18:2; 29:12-13; Jeremias 31:33; 32:38; Hosea 2:23) ay malinaw na nagpapakita na nag tipan ay pinanumbalik.

▣ **“katotohanan”** Ang Hebreong salita (BDB 54) ay nangahulugan “katatagan,” “katapatan,” o “katotohanan.” Sa orihinal ito ay tumukoy sa isang matatag na pagkakatatayo at magkagayon ay ginamit ng metaporikal para sa isang mapagkakatiwalaan o matapat o maasahan. Ito magkagayon ay nagiging isang deskripsyon ni YHWH (e.g. Awit 71:22; 117:2; 146:6; Isaias 38:18- 19; Nehemias 9:33). Ang kawalang pananampalataya, ay ang tanging pag-asa ng makasalangang sangkatauhan sa di-nagbabago, matapat na habag ng Diyos!

Ang terminong ito ay ginamit sa kabanata 8 ng ilang beses (cf. vv. 3,8,16[dalawang beses],19) sa pakahulugan ng “katotohanan.” Sa 7:9 at 8:16 ito ay tumutukoy sa isang katotohanan o matapat na testimonya sa korte. Ang mga talata 16 at 19 ay magkahanay at nagsasalita sa makatotohanan at magpakakatiwalaang relasyon sa pagitan ng tipanang magkapareha sa lipunan. Ang katotohanan ay may pangkalahatang panglipunang pokus. Ang katotohanan ay relasyonal gayundin na proposisyonal!

Para sa isang mabuting talakayan ng Hebreong salitang ito at lahat ng anyo nito tignan *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, vol. 1, pp. 427-433.

▣ **“katuwiran”** Tignan Natatanging Paksa sa Daniel 4:27.

TALATA SA NASB (BINAGO): 8:9-13

9“Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ‘Inyong palakasin ang inyong mga kamay, ninyong nangakarinig sa mga araw na ito ng mga salitang ito sa bibig ng mga propeta, mula nang araw na ilagay ang tatagang-baon sa bahay ng Panginoon ng mga hukbo, sa templo, upang matayo.. ¹⁰Sapagka't bago dumating ang mga araw na yaon ay walang upa sa tao, ni anomang upa sa hayop; at wala ring anomang kapayapaan doon sa lumalabas o pumapasok dahil sa kaaway: sapagka't aking inilagay ang lahat na tao na bawa't isa'y laban sa kaniyang kapuwa. ¹¹Nguni't ngayoy sa nalabi sa bayang ito ay hindi ako magiging gaya ng mga unang araw, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. ¹²Sapagka't magkakaroon ng binhi ng kapayapaan;

ang puno ng ubas ay magbubunga, at ang lupa'y mapapakinabangan, at ibibigay ng langit ang kaniyang hamog; at aking ipamamana sa nalabi sa bayang ito ang lahat na bagay na ito. ¹³At mangyayari, na kung paanong kayo'y naging isang sumpa sa gitna ng mga bansa, Oh sangbahayan ni Juda, at sangbahayan ni Israel, gayon ko kayo ililigtas, at kayo'y magiging isang kapalaran. Huwag kayong mangatakot, kundi inyong palakasin ang inyong mga kamay.”

8:9 “Inyong palakasin ang inyong mga kamay” Ito ay isang *Qal* DI-GANAP (BDB 304, KB 302) ginamit sa JUSSIVE pakahulugan. Pansinin na ito ay isang idyomatikong parirala nagsisimula at nagtatapos sa (cf. v. 13) talataang ito. Ang pariralang ito ay nagpapakita ng bahagi ng tao sa tipanang relasyon.

Ito ay maaring isang pahiwatig kay Haggai 2:4, na nagpropesiya bago pa si Zacarias. Kapwa sila ay tumalakay sa kaparehong isyu—ang muling pagtatayo ng templo ay kailangang tapusin. Sa buong kasaysayan ng Israel ay Diyos ay pinalakas ang loob ng Kanyang bayan na maging malakas at matapang at huwag matakot (e.g. Josue 1:6-9; I Cronico 22:13; Isaias 35:4).

8:10 Ito ay isang buod kung ano ang buhay sa Palestina (“bago pa ang mga araw na yaon”) sa pagitan ng pagbagsak ng Jerusalem ni Nebuchadnezzar (586 B.C.) at pagbabalik (“ngunit ngayon” ng v. 11) hanggang sa Jerusalem na inatas ni Cyrus (538 B.C.).

Ang parirala “Itinakda ko ang lahat ng tao na makipaglaban sa bawat isa” ay ang eksaktong kasalungat ng vv. 3-8. Ang presensya ng Diyos o pagkawala ay maaring mapuna kung paano ang mga tao ay pinakitunguhan ang bawat isa (cf. 7:8-14). Ating naain anoman ang ating itinatanim (cf. Galacia 6:7). Ang Israel ay inani ang masaganang presensya at kapatawaran ng Diyos (cf. vv. 11-12).

Pansinin na ang Diyos ay kinuha ang personal na responsibilidad para sa pagpapatapon sa Israel at Judah (cf. v. 14; 7:14). Ang Diyos ay pinahintulutan ang mga dayuhang mga bansa upang talunin ang Kanyang bayan (cf. Isaias 10:5; Jeremias 51:20). Ang paghahatol na ito ay kinakailangan upang disiplinahin at magdala ng panibagong tipan at bayan .

8:11 “nalabi” Tignan puna sa 8:6.

8:12 Ito ay nagpapakita ng tipanang pagpapala sa Deutronomio 27-29 (cf. Haggai 2:19).

8:13 Ito ay isang napakahalagang talata sapagkat ito ay nagpapakita sa ninais na layunin na bayan ng Israel. Ang Diyos ay tinawag si Abraham upang tawagin ang mundo (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6). Ang espesyal na relasyon ng Diyos at pagpapala sa inapu ni Abraham ay ninais upang makakuha ng atensyon sa mga anak ni Adan. Ang nasyonalismo ng Genesis 10-11 ay ipinakita sa v. 10c. Gayunpaman, ang Hudyong bayan ay hindi matapat sa tipan. Ang kanilang buhay ay hindi nagpapakita ng kabanalan ni YHWH, ngunit ang pagkamakasalanang ng Genesis 3. Yaong mga ninais na maging ilaw ay naging tagahandlang (cf. Ezekiel 36:18-23). Ang Diyos ay kailangang unang baguhin ang puso at isipan ng Kanyang bayan. Hindi nila magagawa ang mga tipanang pangangailangan ng Diyos. Magkagayon, isang bagong tipan ang hinihingi; isa batay sa karakter at probisyon ng Diyos (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:24-38). Sa bagong tipan na ito ang bayan ng Diyos ay magiging kung ano ang ninais para sa kanila “pagpapala” sa isang naliligaw na mundo. Ang “sumpa” ng Deutronomio 27-29 ay inalis na sa pamamagitan ng Mesyas. Ang trahedyang na ang Israel ay hindi nakikila ang bagong oportunidad na ito upang matupad ang kanyang pandaigdigang misyonaryong mandato. Siya ay pinihit ang panloob tungo sa eksklusibismo at kayabangan sa halip na panlabas. Ang puso ng Diyos para sa “ang mga bansa” ay hindi kanyang puso. Ang monoteismo at ang pagkakaisa ng sangkatauhan (cf. Genesis 1:26-27) ay naghahangad ng isang unibersal na tao! Ang Israel ay hindi paraan sa katapusan, hindi ang katapusan na iyan! Ang bagong panahon ng katuwiran ay ipinakita na Isaais 55-66 ay hindi natupad sa post-exilic na pagbabalik, ngunit ito ay nasa Mesyanikong kaharian.

▣ **“Huwag kayong mangatakot; inyongpalakasin ang inyong mga kamay”** Ang mga ito ay parehong *Qal DI-GANAP* ginamit sa *JUSSIVE* pakahulugan (cf. Vv. 9,15). Ito ang pabalik balik na adominisyon.

TALATA SA NASB (BINAGO): 8:14-17

¹⁴“Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ‘Kung paanong inisip kong gawan kayo ng masama, nang mungkahiin ako ng inyong mga magulang sa poot, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, at hindi ako nagsisi, ¹⁵Gayon ko uli inisip sa mga araw na ito na gawan ng mabuti ang Jerusalem at ang sangbahayan ni Juda: huwag kayong mangatakot! ¹⁶Ito ang mga bagay na inyong gagawin, Magsalita ang bawa't isa sa inyo ng katotohanan sa kaniyang kapuwa; humatol kayo ng katotohanan at kapayapaan sa inyong mga pintuang-bayan. ¹⁷At huwag magisip ang sinoman sa inyo ng kasamaan sa inyong puso laban sa kaniyang kapuwa; at huwag ninyong ibigin ang sinungaling na sumpa: sapagka't ang lahat ng ito ay mga bagay na aking kinapopootan, sabi ng Panginoon.”

8:14 “hindi ako nagsisi” Ang Hebreong *PANDIWA* (BDB 636, KB 688), sa *Niphal* *GANAP* na anyo nito, ay nangahulugang “magsisisi,” o “aliwin ang sarili.” Si *YHWH* ay matiisin sa Kanyang bayan. Siya ay naghunisdili sa kaparusahan na dapat sa kanila (cf. Amos 7:3,6), ngunit mayroong limitasyon sa Kanyang paghuhunusdili (cf. Jeremias 15:8). Mayroong isang panahon na si *YHWH* ay nagdisiplina sa Kanyang bayan at Hindi Siya naghunusdili (cf. 8:14; Ezekiel 24:14), ngunit nais Niya ito (cf. Jeremias 26:3,13; Hosea 11:8).

Ang antromorpikong salita ay nagpabigla sa atin dahil naisip natin na ang Diyos ay hindi nagbabago. Ito ay tunay na totoo na ang Kanyang karakter at pagtupad sa pangako sa pagtutubos ay hindi nagbabago, gayunpaman, kung ang Diyos ay hindi nagbabago sa lahat ng mga paraan, bakit kailangan nating manalangin? Ang pamamamagitan na panalangin ay batay sa paniniwala na ang suplikasyon ay maaring magpabago sa pakikitungo ng Diyos sa mga tao, kapwa indibidwal at pangkalahatan. Mayroong isang tunay na personal na relasyon sa pagitan ng Diyos at mga mananampalataya.

Ang salita ng Diyos ay sigurado, kapwa positibo at negatibo (e.g. Jeremias 4:28; Ezekiel 24:14; Galacia 6:7). Ang walang pananampalataya na bayan ng Diyos ay sa wakas mag-aani ng kanilang mga gawa (cf. 7:9-14). Ang Diyos ay pinahintulutan ang pagpapatapon na gawin ang restorasyon na posible (cf. v. 15). Ang Diyos ay nais ng isang bayan na nagpapakita ng Kanyang karakter (cf. vv. 8, 16-17; 7:9-upang ang mga bansa ay maaring makilala na Siya at magtiwala sa Kanya!

8:15 Ang paghahatol ay huling opsyon ng g Diyos. Nais Niya ang magpala (e.g. Hosea 11:8) upang tuparin ang Kanyang mas malaking nagtutubos na mga layunin.

8:16-17 “Ito ang mga bagay na inyong gagawin” Ang mga talatang ito ay nagpapakita ng 7:9-10 at 8:8, ngunit sila ay tunay na nagpapakita sa Mosaic ma lehislasyon. Ito ay napakalinaw sa mga Hudyo tao kung ang kalooban ng Diyos para sa kanila ay para sa bawat isa at sa mga dayuhan (i.e. dalawang mga positibong mga kautusan sa v. 16 at dalawang negatibong mga kautusan sa v. 17).

Ang etikal na aspeto sa biblikal na pananampalataya ay kinakailangan sa isang araw na gaya ng sa kanila at atin kapag ang pananampalataya sa Diyos ay limitado sa:

1. inisyal na desisyon (tiket sa langit)
2. emosyonal na sandali
3. piniling mga panahon at lugar
4. ritwal/liturhiya

Ang mga bagay na ito ay mabuti, ngunit maliban na sila ay umusbong sa pangaraw-araw, moral na pamumuhay sila ay huwad na mga pag-asa (cf. Mateo 7; Juan 15; II Pedro 2). Ang tunguhin ng biblikal pananampalataya ay hindi lamang langit kapag tayo ay namatay, ngunit pagiging wangis ni Kristo ngayon. Anomang bagay na mas mababa ay biblikal na kahinahinala! Ang kanluraning Kristyanismo ay

kinakikitaan ng “ano ito para sa akin?” ngunit ang tunay na biblikal na pananampalataya ay nangahulugan na magsilbi at ipakita ang Diyos!

▣ **“pintuang-bayan”**Ito ang lugar ng panghukumang mga akto at panlipunang mga pangyayari.

8:17 Ang unang dalawa ay nagpanegatibo sa mga PANDIWA ay mga *Qal* DI-GANAP ginamit sa JUSSIVE na pakahulugan. Ang Diyos ay galit sa pinagplanuhang mga pakana!

▣ **“lahat ng ito ay mga bagay na aking kinapopootan”** Kapwa “poot” (BDB 971, KB 1338, *Qal* GANAP, cf. Kawikaan 6:16-19) at “pag-ibig” (BDB 12, *Qal* DI-GANAP at *Qal* PAUTOS, v. 19) ay pantaong mga emosyon na inaplay sa Diyos (antropomorpismo). Ang Diyos ay tunay na personal at magkagayon ay may damdamin at mga emosyon, ngunit ang Kanyang banal, mapagbiyaya, dinagbabagong karakter ay nagkokontrol sa mga pagbabago ng kalooban ng makasalanang mga tao. Ang mga salitang ito ay analogo, at hindi depinitbo!

TALATA SA NASB (BINAGO): 8:18-19

¹⁸At ang salita ng Panginoon ng mga hukbo ay dumating sa akin, na nagsasabi, ¹⁹“Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ‘Ang ayuno sa ikaapat na buwan, at ang ayuno sa ikalima, at ang ayuno sa ikapito, at ang ayuno sa ikasangpu, ay magiging sa sangbahayan, ni Juda’y kagalakan at kaligayahan, at mga masayang kapistahan; kaya’t inyong ibigin ang katotohanan at kapayapaan.’”

8:19 Ang pampanitikang yunit na ito ay nagsisimula sa 7:1 na may isang katanungan patungkol sa pangangailangan na magpatuloy sa ilang nakalipas na mga araw na kaugnay sa Babylo niang pagpapatapon. Pagkatapos na talakayin ang dahilan para sa pagpapatapon at ang pag-asa ng restorasyon, si Zacarias ay bumalik sa katanungan patungkol sa partikular na mga araw.

▣ **“Ang ayuno sa ikaapat”** Ito ay isang pag-aayuno sa pag-alaala ng pader ng Jerusalem na sinisira (cf. Jeremias 39:2; II Hari 25:3).

▣ **“ang ayuno sa ikalima”** Ito ay isang pag-ayuno sa pag-alaala ng pagkawasak ng Templo (cf. II Hari 25:8).

▣ **“ang ayuno sa ikapito”** Ito ay isang pag-ayuno sa pag-alaala kamatayan ni Gedaliah (cf. II Hari 25:25).

▣ **“ang ayuno sa ikasangpu”** Ito ay isang pag-alaala ng pagsisimula ng pananakop ni Nebuchadnezzar II sa Jerusalem (cf. II Hari 25:1-2; Jeremias 39:1).

▣ **“kagalakan at kaligayahan, at mga masayang kapistahan”** Wala nang mga pag-aayuno! Ang pagluluksa ng Israel ay mababago tungo sa kagalakan, ang kanyang pagkabihag ay magiging pagpapalaya (cf. Jeremias 31:10-14). Isaias 65 ay pinagsama ang isang binagong Jerusalem sa bagong panahon!

TALATA SA NASB (BINAGO): 8:20-23

²⁰“Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ‘Mangyayari pa, na darating ang mga bansa, at ang nagsisitahan sa maraming bayan. ²¹At ang nagsisitahan sa isang bayan ay paroroon sa isa, na magsasabi, “Magsiparoon tayong madali, na ating hilingin ang lingap ng Panginoon, at hanapin ang Panginoon ng mga hukbo; ako man ay paroroon.” ²²Oo, maraming bansa at mga matibay na bansa ay magsisiparoon upang hanapin ang Panginoon ng mga

hukbo sa Jerusalem, at hilingin ang lingap ng Panginoon.’²³ Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, ‘Sa mga araw na yao’y mangyayari, na sangpung lalake sa lahat ng wika sa mga bansa ay magtatanganan, sila nga’y magsisitangan sa laylayan niya na Judio, “mangagsasabi, Kami ay magsisiyaong kasama mo, sapagka’t aming narinig na ang Diyos ay kasama mo.”

8:20-21 Gaya ng iba na dumating (posibleng mula sa Bethel (cf. 7:2) upang maghanap ng pabor ng Panginoon, kaya ngayon ang ibang mga bayan ng Judah ay dumating sa Jerusalem at ang bagong templo upang hanapin ang pagpapala ng YHWH.

8:21 “hanapin ang Panginoon” Mayroong dalawang mga magkahanay na mga parirala:

1. “upang ipamanhik ang pabor ng” - *Piel PAWATAS NA BANGHAY*, BDB 318 II, KB 316
2. “hanapin” - *Piel PAWATAS NA BANGHAY*, BDB 134, KB 152

Ito ay isang idyoma para sa pagsamba (cf. Isaias 51:1; Jeremias 50:4; Hosea 3:5; 5:6) na madalas na tumutukoy sa Hudyo, ngunit dito ay sa mga Hentil.

▣ **“ako man ay paroroon”** Ito ay isang empatikong pananalita sa intensyon (dalawang COHORTATIVE na mga anyo ng “pumaroon,” cf. v. 23). Mayroong isang kamadalian sa v. 21.

8:22 “Oo, maraming bansa at mga matibay na bansa ay magsisiparoon” Ang Hebreo PANG-URI “malakas” (BDB 783) ay maaaring mangahulugang “marami” (cf. Awit 35:18; Kawikaan 7:26; Isaias 53:12; Amos 5:12). Kung magkagayon, kaya “maraming mga tao” ay kahanay sa “maraming mga bansa.”

Gay ang ibang Hudyo na dumating kaya ngayon ang inisyal na pagtugon ng Diyos ay natupad nang “maraming mga tao at malakas na mga bansa” ay lumapit sa Kanya. Ang unibersal na aspeto sa Zacarias (cf. 2:11) ay nakakabigla ayon sa (1) Zacarias 1:15,21; (2) ang panlahing tono ni Haggai; at (3) ang mga problema na nakaharap ni Nehemias (cf. Nehemias 4:6). Si Zacarias ay tumitungin lagpas sa kasalukuyan (cf. Isaias 2:2-4; 56:7; 66:18-24; Micah 4:1-3). Siya ay tumitungin sa mga araw ng “ang sugatang pastor” (cf. kabanatas 12-13)!

8:23

NASB	“magsisitangan sa laylayan niya na Judio”
NKJV	“at hahawakan ang laylayan ng isang Hudyo lalake”
NRSV	“ay hahawakan ang isang Hudyo, susunggaban ang kanyang laylayan”
TEV	“lalapit sa isang Hudyo”
NJB	“ay kukunin ang isang Hudyo sa pamamagitan ng laylayan”
JPSOA	“sila ay panghahawakan ang bawat Hudyo sa isang sulok ng kanyang kasuutan”
PESHITTA	“ay panghahawakan ang suot ng isang Hudyo”
NIV	“ay hahawak ng mahigpit sa isang Hudyo sa pamamagitan ng laylayan ng kanyang kasuutan”

Ang Hebreong PANDIWA “ay humawak” (BDB 304, KB 302) sa *Hiphil* anyo ay inulit ng dalawang beses (una DI-GANAP pagkatapos GANAP) para sa pagbibigay-diin at kamadalian (tignan ang gamit sa I Hari 1:50; 2:28; II Hari 4:27; Kawikaan 26:17; Isaias 4:1).

Ang ninais na layunin ng pagkakatawag kay Abraham (cf. Genesis 12:3) ay dapat na makita sa buhay!

Ang pagkalito (maraming mga wika) ng tore ng Babel ay napagtagumpayan na. Ang Pentekoste ay ang pagbabalik ng Genesis 10-11 gaya ng ang mga taong ito ay mula sa maraming mga lupain ay nakarinig ng ebanghelyo sa kanilang sariling wika. Ang talata na ito ay isang propeteking sandali.

▣ **“aming narinig na ang Diyos ay kasama mo”** Ang presensya ng Diyos ang pinakadakilang pagpapala (cf. Isaias 7:14; 8:8,10; 45:14) at ang tunguhin ng paglikha (cf. Genesis 1:26-27; 3:8-9). Ang handlang (cf. Genesis 3:10-21) sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan at tinanggal.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit mayroong puwang ng lumipas na panahon sa pagitan ng 1:1 at 7:1?
2. Kanino ang talata 7:2 tumutukoy?
3. Bakit ang Diyos ay labis na nadismaya sa kanilang panrelihiyong pag-aayuno?
4. Ano ang sukdulang layunin ng Israel?
5. Bakit ang 8:20-23 ay labis na nakakabigla, ngunit labis na napakahalaga?

ZACARIAS 9

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Ang Israel ay Dinpensahan Laban sa mga Kaaway 9:1-8	Ang Pagpapanumbalik sa Israel: ang Araw ng Panginoon (9:1-11:17) 9:1-8	Ang sa mga Nakapaligid na mga Bansa 9:1-4 9:5-8	Ang Bagong Lupang Pangako 9:1-8
Ang Paparating na Hari 9:9-10	Ang Prinsepe ng Kapayapaan 9:9-10	Ang Panghinaharap na Hari 9:9-10	Ang Maharlikang Tagapagligtas 9:9-10
Ang Diyos ay Magliligtas sa Kanyang Bayan 9:11-13 9:14-17	Ang Pagtitipon sa mga Ikinalat 9:11-13 9:14-15 9:16-17	Ang Pagpapanumbalik ng Bayan ng Diyos 9:11-13 9:14-15 9:16-17	Ang Pagpapanumbalik sa Israel 9:11-17

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

KONTEKSTWAL NA KAUNAWAAN

- A. Ito ay nagpapasimula sa isang bagong seksyon ng aklat. Ang Zacarias 9:2-11:3 ay nasa patulang ayos (NASB, NKJV, NRSV, NJB). Gaya ng ang mga kabanata 1- 8 ay pinetsahan ng partikular at ang may-akda ay kinilala (cf. 1:1), ang mga kabanata 9-14 ay walang petsa at ang pangalan ng may-akda ay hindi binanggit. Ang tularang ito ay karaniwan sa propetikong mga aklat (cf. Isaias 1-39 at 40-66; Ezekiel 1-39 at 40-48; Daniel 1-6 at 7-12).

- B. Ang mga kabanata 1-8 ay sinipi ng madalas sa aklat ng Pahayag, habang ang mga kabanata 9-14 ay sinipi ng madalas sa mga ebanghelyo. Ang Zacarias ay may mahalagang teolohikal mensahe na nananatili paring napapanahon.
- C. Ang kabanatang ito, ay tila para sa akin, ay naglarawan sa Diyos bilang sumasakop sa Palestina mula sa hilaga sa isang eskatolohikal na pakahulugan. Ang Kanyang pananakop ay para sa espirtiwal na pagbabago at muling pagkakaisa, hindi lamang sa Judah at Israel, ngunit gayundin sa mga nakapaligid na sinaunang mga kaaway (Hadrach, Syria, Phoenicia, at Philistia).
- D. Posible na mula sa siping ito na makita si YHWH na paparating sa paghahatol sa vv. 1, 4-8. Maraming mga komentarista ay nakita ang mga talatang ito bilang tumutukoy sa pananakop ni Alexander sa Syria, Phoenicia, at Philistia, ngunit ang kanyang pagpapaubaya sa Jerusalem sa naunang 330's B.C. Kung ito nga ay totoo, magkagayon ang v. 1 ay nagsasangkot sa lahat ng mga tao sa lugar na tumitingin sa pagdating ni Alexander bilang ang instrumento ng Diyos sa paghahatol.
- E. Sa kanyang komentaryo sa Zacarias si H. C. Leupold ay nagpalagay na ang vv. 1-10 ay nagpakita ng paglupig ni Alexander na Dakila sa Palestina noong 330's B.C., habang ang vv. 11-17 ay nagpakita sa Maccabeang periyod, 168-165 B.C. Ang historikal na tagpuan ay hindi tiyak; posibleng ito ay isang propetikong larawan ng:
 1. ang nakalipas
 2. ang kasalukuyang post-exilic
 3. ang eskatolohikal na hinaharap.
- F. Mayroong dramatikong teolohikal-historikal na mg kabalintunaan sa kabanatang ito.
 1. pagkawasak ng nakapaligid na mga bansa laban sa kanilang inklusyon sa tipanang bayan
 2. ang reperensiya sa kapayapaan sa vv. 8-10 laban sa isang dakilang digmaan ng vv. 13-15
 3. ang unang pagdating ng Mesyas sa v. 9 laban sa ikalawang pagdating ng Mesyas sa v. 10.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 9:1-10

¹Ang hula na salita ng Panginoon laban sa lupain ng Hadrach, at Damasco ang magiging pahingahang dako niyaon, (sapagka't ang mata ng tao at ang lahat ng mga lipi ng Israel ay nasa Panginoon),

²At gayon din sa Hamath, na kahangganan nito; sa Tiro at Sidon, sapagka't sila'y totoong pantas.

³At ang Tiro ay nagtayo ng katibayan at nagbunton ng pilak na parang alabok, at ng mainam na ginto na parang putik sa mga lansangan.

⁴Narito, aalisan siya ng Panginoon, at kaniyang sisirain sa dagat ang kapangyarihan niya; at siya'y lalamunin ng apoy.

⁵Makikita ng Ascalon, at matatakot. Gaza rin, at mamamanglaw;

at ng Ecron, sapagka't ang kaniyang pagasa ay mapapahiya.
ng hari ay mamamatay sa Gaza,
at ang Ascalon ay hindi tatahanan.

⁶At isang anak sa ligaw ay tatahan sa Asdod,
at aking puputulin ang kapalaluan ng mga Filisteo.

⁷At aking aalisin ang kaniyang dugo sa kaniyang bibig
at ang kaniyang mga kasuklamsuklam sa pagitan ng kaniyang mga ngipin.
siya nama'y maiiwan para sa ating Dios,
at siya'y magiging gaya ng pangulo sa Juda,
at ang Ecron ay gaya ng Jebuseo.

⁸At ako'y magtitirik ng kampo sa palibot ng aking bahay laban sa
hukbo, na walang makadadaan ni makababalik;
at walang mamimighati na daraan pa sa mga yaon,
sapagka't ngayoy tumingin ako ng aking mga mata.

⁹Magalak kang mainam, Oh anak na babae ng Sion!
humiyaw ka, Oh anak na babae ng Jerusalem!
narito, ang iyong hari ay naparirito sa iyo;
siya'y ganap at may pagliligtas,
mapagmababa, at nakasakay sa isang asno,
sa isang batang asno na anak ng asnong babae.

¹⁰At aking ihihiwalay ang karo mula sa
Ephraim at ang kabayo'y mula sa Jerusalem;
at ang mga busog na pangbaka ay mapuputol.
siya'y magsasalita ng kapayapaan sa mga bansa;
at ang kaniyang kapangyarihan ay magiging sa dagat at
dagat, at mula sa ilog hanggang sa mga wakas ng lupa.

9:1

NASB, NKJV

“Ang hula”

NRSV

“Ang Orakulo”

TEV

“mensahe”

NJB

“isang proklamasyon”

Ang Hebreong termino (BDB 672) ay ginamit sa ilang mga pakahulugan.

1. isang karga o pasanin na dala dala ng isang asno o kamelyo (e.g. Isaias 46:1-2), metaporikal para sa bayan (e.g. Bilang 11:11,17; Deutronomio 1:12)
2. mga Levita na nagdadala ng tabernakulo (e.g. Bilang 4:15,19,24,27,49) at, sa pagsamba, posibleng Levitikal na mangaawit sa kanilang mga tinig
3. isang propetiko pagbabanggit (e.g. Isaias 14:28; Jeremias 23:33,34,38; Ezekiel 12:10; Zacarias 9:2; 12:1; Malakias 1:1) Zacarias ay may isang mensahe mula sa Diyos na kailangan niyang dalhin. Mayroong damdamin ng kamadalian.

▣ **“laban”** Ito ang isa sa mga kahulugan ng Hebreo PREPOSISYON (BDB II 89, e.g. Genesis 16:12; I Samuel 3:9). Ang negatibong konotasyon sa vv. 1-2 ay sinuportahan ng vv. 3-7. Gayunpaman, hindi ito ang pinakakaraniwang pagkakagamit at marahil kung ito ang intensyon ng may-akda, isa pang Hebreong PREPOSISYON ay dapat na ginamit (cf. USB, *Handbook*, pp. 229-230). Ang mga talata 1-2 ay tila napaka positibo. Ang mensahe ni YHWH ay hindi lamang sa Judah, ngunit gayundin sa mga nakapaligid na mga bansa. Ito ay isang mensahe ng pag-asa at kapatawaran (cf. vv. 2,10).

▣ **“Hadrach”** Ang mga talata 1-4 ay tumalakay sa hilagang bahagi ng mga heograpikal na mga lugar ng Lupang Ipinangako (cf. Bilang 34:1-12). Ang kabanatang ito ay naglalarawan ng isang espirtiwal na pananakop ni YHWH simula sa hilaga at patungo sa timog. Ang unang terminong ito, *Hadrach*, ay lumitaw lamang dito sa OT. Ito ay tumukoy sa: (1) isang distrito malapit sa Damascus o (2) a bayan sa Hilaga ng Syria na binanggit sa Assyriang mga dokumento.

▣ **“Damasco”** Ito ang kapitolyo ng Syria, ang tradisyonal na taga hilagang kaaway ng Israel (cf. Jeremias 49:23-27).

▣ **“pahingahang dako”** Ang Hebreong terminong ito (BDB 629) ay maaring mangahulugan na (1) ang salita ni YHWH ay nakapokus sa kaaway ng Kanyang bayan o (2) ang salita ni YHWH ay nakalagak o nananahan sa Damascus.

Ang termino ay walang negatibong konotasyon (e.g. II Samuel 14:17; Isaias 32:18). Ito pa nga ay ginamit sa pinanahanang lugar ng Diyos sa II Cronico 6:41 and Awit 132:8. Ito rin ay ginamit sa koneksyon ng mga bansa lumapit kay YHWH sa Isaias 11:10.



NASB, NKJV,

NIV

“dahil ang mga mata ng tao”

NRSV, REB

“ang kapitolyo ng Aram”

TEV

“ang kapitolyo ng Syria”

NJB

“dahil sa ang pinagkukunan ng Aram”

NAB

“dahil sa ang mga bayan ng Aram”

JPSOA

“dahil sa lahat ng mata ng tao”

Ang pariralang ito sa literal ay “ang mata ng tao” (“Adan” BDB 9). Ang pokus at atensyon ng (1) lahat ng taong nilalang ay nasa tipanang gumagawang Diyos, gayundin ang Kanyang tipanang bayan (cf. 8:20-23); (2) Ang pag-aaruga at pagnanasa ni YHWH para sa sangkatauhan ay makilala Siya at paglingkuran Siya (cf. v. 10); o (3) ang mga nananahan ng sinaunang Near East, lalo na ang Palestina, ay nasasa pananakop ni Alexander na Dakila, na siyang instrumento ng kamay ng Diyos (*The Expositor’s Bible Commentary*, vol. 7, pp. 657-658).

Ang NRSV at TEV mga salin ay naghahangad ng tekstwal na pagbabago upang dumating sa punot ng kanilang pananalit a (Adan hanggang kay Aram na mga karagdagang “ang bayan ng”).

9:2 Ang NKJV ay nagdagdag ng salita “laban sa” mula sa v. 1 dito (dalawang beses) nagpapalagay na ang konteksto ay tumutukoy sa kaparusahan, ngunit ang TEV ay idinurogtong ang talatang ito sa parirala “kabilang sa Panginoon” (cf. NJB, v. 1) at magkagayon ay ibinaling ito tungo sa paninindigan sa pag-ibig ni YHWH para sa mga bansa. Ang konteksto, lalo na ang v. 4, ay pumapabor sa pagkakaunawa sa NKJV

▣ **“Hamath”** Ito ay isang bayan sa hilagang bahagi ng Lupang Ipinangako, na binanggit sa II Hari 14:28. Ito ay madalas na inilarawan bilang pinakahilagang limitasyong heoprapikal na tipanan ng Diyos kay Abraham (cf. Bilang 13:21; 34:1-12; Josue 13:5; Hukom 3:3).

▣ **“Tiro at Sidon, sapagka't sila'y totoong pantas”** Ito ay tumutukoy sa Phoeniciang baybaying mga bayan na binanggit sa Ezekiel 28:3-5,7 bilang ang pangkawikaang mahusay. Gayunpaman, ang paghahatol ay dumating sa kanila dahil sa kanilang kayabangan (cf. Ezekiel 28:2,5-6) at

pagkaarogante (cf. Ezekiel 28:2,6,9).

Ngayon, ang kontekstwal na katanungan ay bumabalik, ang konteksto bang ito ay positibo (ang mga bansa ay bumalik kay YHWH) o negatibo (si YHWH ay hinahatulan ang mga bansa)? Ang Hebreong PANGATNIG (BDB 453-455) sa v. 2b ay may maraming mga posibleng kahulugan. Ang TEV ay “kasama ng”; ang REB ay “para,” hindi “bagamat.” Ang Phoenicia ay ang pinagmumulan ng sanay na nagdesenyo at nagtayo ng templo ni Solomon (cf. I Hari 7:13-14; II Cronico 2). Ito marahil ang intensyon ng parirala “sila ay napakadunong.”

Kung ating titignan ang sumusunod na konteksto ang kaparehong kabalintunaan ng pagpapala at sumpa ay inulit ang sarili. Halata na ang vv. 3-6 ay negatibo, ngunit tignan ang vv. 7-10!

9:3 “Tiro. . . katibayan” Mayroong paglalaro sa Hebreong salita para sa “Tiro,” na *sor* (BDB 862), at ang Hebreong salita para sa tanggulan, *masor* (“kuta” o “kubkubing trabaho” BDB 848). Mayroong isang matandang bayan ng Tiro at isang bagong Tiro. Ang bagong Tiro ay isang islang tanggulan mahigit kalahating milya ng pangpang, na may mga pader na mahigit 150 talampakang taas. Ito ay nilusob ng ilang beses ng Assyriang mga hari at sa huli ay bumagsak kay Shelmanezzar V pagkatapos ng limang taong pananakop. Ito ay nilusob ni Nebuchadnezzar II, ngunit pagkatapos ng labintalong taon na hindi ito bumabagsak, si Ezekiel 29:18 ay nagpapahiwatig na siya ay sumuko na. Ito ay bumagsak kay Alexander na Dakila noong 322 B.C. sa isang pitong buwang paglusob. Maraming mga komentaryista ay naghaka haka na ang kabanatang ito ay nagpapakita ng pananakop ni Alexander na Dakila sa Palestina noong 330's B.C. habang siya ay naglalakbay tungong Ehipto sapagkat:

1. winasak niya ang lumang Tiro at ginamit ang durog na bato upang magtayo ng daanan ng mga sasakyan tungo sa isang islang tanggulan (cf. v.4b)
2. winasak niya ang islang tanggulan sa pamamagitan ng apoy (cf. v. 4c).

▣ **“mainam na ginto na parang putik sa mga lansangan”** Ang mga ito ay metapora na nagpapakita ng pangkomersyong kapangyarihan ng bayan ng Tiro mula sa kanilang ekstensibong pandagat na aktibidad (cf. Isaias 23; Ezekiel 27).

9:4

NASB “Narito, aalisin siya ng Panginoon, at kaniyang sisirain”
NKJV “ang PANGINOON ay aalisin siya”
NRSV “ang PANGINOON ay huhubaran siya ng kanyang posesyon”
TEV “ang Panginoon ay aagawin ang lahat ng mayroon siya”
NJB “ang Panginoon ay binawian siya”

Mayroong ironya dito. Ang Hebreong termino (BDB 439, KB 441) ay nangahulugang magmana, ngunit sa ilang mga konteksto sa *Hiphil* na anyo ay nangahulugang binawian o inalisan ng mana (e.g. Bilang 14:12). Si YHWH ay nais na isama ang mga bansa sa Kanyang pamilya at bigyan sila ng isang mana, ngunit dapat silang tumalikod sa idolatrya at materyalismo at magtiwala sa Kanya.

Pansinin rin na ang NASB, NKJV at NRSV ay may “PANGINOON” na nasa lahat ay malaking titik na nagpapakita na si YHWH, ngunit ang termino dito ay *Adon*, gaya ng sa TEV at NJB.

▣
NASB “kaniyang sisirain sa dagat ang kapangyarihan niya”
NKJV “ay sisirain niya ang kanyang kapangyarihan sa dagat”
NRSV “ipupukol ang kayamanan nito sa”
TEV “ay itatapon ang kanyang kayamanan sa dagat”
NJB “sa dagat kanyang sisirain ang kanyang kapangyarihan”
NET “huhubaran ang kanyang tanggulan sa dagat”

Ang katanungan ay tungkol sa LAYON ng PANDIWA.

1. kayamanan (BDB 298 #3, cf. Zacarias 14:14)
2. kapangyarihan (BDB 298 #1)
3. tanggulan

Ang NET Bible (p. 1672) ay nagsasaad na ang anyo ay maaaring magpakita sa salitang “tanggulan” at ang chiasitic na estruktura ay sumusuporta sa ugat na ito. Si Alexander na Dakila ay ginamit ang durog na bato sa lumang bayan ng Tiro upang maabot ang islang tanggulan at magkagayon ay itinapon (BDB 645, KB 697, *Hiplil* GANAP, “ipinukol”) ang mga pader nito sa karagatan (332 B.C.).

Gayunpaman, gaya ng UBS *Handbook* ay nagpupuna sa (p. 234) Hebreong termino ay maaaring tumutukoy sa kapangyarihan ng dagat (cf. NKJV, NAB, REB, NIV). Ang kapangyarihan ng dagat ay ang pinagmumulan ng kayamanan at kapangyarihan ng Phoenicia.

▣ **“siya'y lalamunin ng apoy”** Ang PANDIWA (BDB 37, *Niphal* DI-GANAP) ay nangahulugang “nilamon.” Ito ay hinulaan sa Amos 1:9-10 (cf. Isaias 23; Ezekiel 26) at natupad ni Alexander na Dakila sa 332 B.C.

9:5 “Ascalon. . .Gaza. . . Ecron. . . Ascalon” Ang mga ito ay perpekto sa limang bayang mga estado ng Philistines sa Lupang Ipinangako (Gath ay mas naunang winasak ng mga Assyrian). Ang Philistines ay sinakop ang Ehipto sa panahon ng 1200's, ngunit tinalo at pagkatapos ay nanirahan sa katimogang baybaying lugar ng Palestina. Sila ay waru sa parehong panlahing angkan gaya ng Phoenicians, posibleng mula sa Cypress o sa isla ng Aegea. Sila lamang ay hindi tinuling mga tao sa Canaan at mga tradisyonal na mga kaaway ng bayan ng Diyos (cf. Hukom, I Samuel). Dahil sa vv. 5-7b, bagamat sila ay hahatulan, sila rin ay maisasama sa tipanang bayan (cf. v. 7c-d). Anong nakakabiglang mensahe ng biyaya!

▣

NASB, NRSV	“Makikita at matatakot”
NKJV	“ay makikita ito at matatakot”
TEV	“ay makikita ito at mangangamba”
NJB	“nakikita ito. . .ay matataranta”

Ang NASB ay may “ito” sinalungguhit, na ibig sabihin na ang salita ay hindi lumitaw sa Hebreong teksto. Mula sa kagyat na konteksto, “ito” ay dapat na tumutukoy sa paglusob at lubos na pagkawasak ng makapangyarihang bayan ng Tiro.

Ang talata 5 ay maaring isang pahiwatig sa propesiya ng pagkawasak sa Amos 1:6-8 (lalo na v. 8).

▣ **“mamamanglaw na mainam”** Ang Hebreong terminong ito (BDB 296, KB 297, *Qal* DI-GANAP) ay ginamit sa panganganak (e.g. Isaias 26:12; 45:10) at naging isang idyoma para sa paghahatol (cf. Isaias 13:8; Jeremias 30:7; Micah 4:9- 10; Mateo 24:8; Marcos 13:8; Gawa 2:24; I Tesalonica 5:3). Ang takot at sakit na ito ay dala ng pagkawasak ng Tiro, sa alyansa ng tagahilagang Philistia. Kasama ng Phoenicia nilupig ng Greece, ang Philistia ang susunod!

▣ **“Ecron”** Ating natutunan mula sa Josue 15:45-47 na si Ekron, Ashdod, at Gaza ay itinuturing na sa pantribung alokasyon ng Judah at mga tradisyonal na kaaway!

▣

NASB	“sapagka't ang kaniyang pagasa ay mapapahiya”
NKJV	“Pinatuyo Niya ang kanyang inaasahan”
NRSV	“ang pag-asa nito ay nalanta”

TEV “ang kanyang mga pag-asa ay madudurog”
NJB “sa pagkagiba ng kanyang mga pagkakataon”
JPSOA “sa pagbagsak ng kanyang mga pag-asa”

Mayroong pagkalito sa kung ang *Hiphil* PANDIWA ay “mapahiya” (BDB 101, KB 116, cf. 10:5) o “maging manuyo” (BDB 386). Ang isang ikalawa ay natagpuan sa Zacarias sa 10:11 (*Hiphil*) at 11:17 (*Qal*). Gayunpaman, si Joel, na sa aking palagay ay naunang post-exilic, gayundin ay may perpektong ga lugar kung saan ang kaparehong dalawang mga ugat ay nalito (Joel 1:10,12[dalawang] at 17).

Kung “mapahiya” ay hiniram pagkatapos ang idyoma ay nagpapakita ng pagkatalo sa labanan (cf. 10:5; II Hari 19:26; Isaias 37:27; 41:11; Jeremias 46:24; 48:20; 50:11-16; 51:45-58; Ezekiel 32:30; Micah 7:16), na tumutugma sa kontekstong ito.

9:6 “isang anak sa ligaw” Ito ay tila tumutukoy sa Assyriang pagpapatapon sa Hudiyong bayan mula sa (722 B.C.) at ang pagkuha ng paganong bayan mula sa Media; samakatuwid, ang lugar na ito ay pinaninirahan ng mga tao ng magkahalong mga pambansang pinagmulan. Ang mga rabi ay sa kalaunan ay ginamit ang terminong ito (BDB 561, isang Aramaic na salita para sa isesto) upang ilarawan ang isang bata sa pagsasanib ng isang Hudyo at isang pagano (cf. Deutronomio 23:2-3) o sa isang batang ipinanganak na mula sa pangghasa o inesto.

▣ **“at aking puputulin ang kapalaluan ng mga Filisteo”** Sa PANDIWA (BDB 503, KB 500, *Hiphil* GANAP) mayroong pagbabago mula sa IKATLONG PERSONA tungo sa UNANG PERSONA. Ito ay karaniwan sa propesiya gaya ng ang Diyos ay nagsisimulang magsalita para sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng propeta.

Gaya ng si YHWH ay ipinatapon ang Phoenicia (Tiro at Sidon) dahil sa kanilang kayabangan (cf. vv. 2-4; Isaias 23; Ezekiel 27-28), gayundin, ang Philistia at ang Ehipto rin (cf. Ezekiel 30:18; 32:12) at Assyria (cf. 10:11).

9:7 “At aking aalisin ang kaniyang dugo sa kaniyang bibig” Ito ay maaring mangahulugan na ang Philistines ay tutuparin ang mga pagkaing kautusan ng mga Hudyo (cf. Levitiko 11; 17:10-16; Deutronomio 14) at magkagayon ay maging bayan ng Diyos. Maging ang bayan ng Diyos ay inakusahan ng pagkakain ng ipinagbabawal, madugong karne (cf. Ezekiel 33:25), na sumuway sa Levitikong mga kautusan. Sila ay winasak (cf. Ezekiel 33:27-28), ngunit ang mga hindi tinuling mga paganong ito ay maliligtas.

▣ **“at siya nama'y maiiwan para sa ating Dios”** Ang konsepto ng “nalalabi” (BDB 983) ay isang napakahalagang historikal at teolohikal na konsepto. Ang pangkatang pagkakagamit ay maaring makita sa *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, vol. 4, p. 15.

1. yaong mga nakaligtas sa isang banal na sakuna (e.g. Philistines, cf. Amos 1:8; Jeremias at Hudyo, cf. Isaias 37:4,31-32; 40:11; 42:2; Jeremias 25:20)
2. yaong mga nanatiling mga matapat at masunurin kay YHWH (e.g. Isaias 10:20-22; Amos 5:15; Micah 5:3,7,8)
3. yaong mga bumuo ng eskatolohikal na bayan ng Diyos (e.g. Amos 9:12; Jeremias 23:3; 31:7; Isaias 11:11,16)

Ito ay napakalakas na pananalita para sa inklusyon ng mga kinamuhiang mga kalaban ng Philistine. Ang ilan ay nakita ang propesiyang ito natupad sa ministryo ni Philip sa Gawa 8:26-40.



NASB, NRSV,

TEV, NJB

NKJV

“at maging gaya ng lipi sa Judah”

“ay magiging gaya ng isang pinuno ng Judah”

Ang Hebreong termino (BDB 48-49) ay sa literal na “libo libo.” Ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan.

1. literal (e.g. Genesis 20:16; Exodo 32:28)
2. pampaliyang mga yunit o mga pinuno (e.g. Josue 22:14; Hukom 6:15; I Samuel 23; Zacarias 9:7)
3. pangmilitar na mga yunit o mga pinuno (e.g. Exodo 18:21,25; Deutronomio 1:15)
4. simboliko (e.g. Genesis 24:60; Exodo 20:6; 34:7; Deutronomio 7:9; Jeremias 32:18)

Ang pagkakaiba sa pagitan ng NKJV at sa iba ay labis na bokalisasyon. Ang sinaunang mga bersyon (Septuagint at Vulgate) ay isinalin ito bilang “pinuno,” ngunit karamihan ng modernong Englis na mga salin ay may “lipi” (cf. 12:5-6). Ang kontekstwal na isyu ay hindi pamunuan, ngunit tipanang inklusyon. Ang inklusyon na ito ay mas lahat na nakakabigla kapag ang tradisyonal na lugar na kaaway ay naging bahagi ng Judah!



“Ecron ay gaya ng Jebuseo” Ang Jebusites ay orihinal na naninirahan sa Canaan sa bayan ng Jebus, ay tinawag na Salem (cf. Genesis 14), at sa kalaunang tinawag na Jerusalem. Kapag si David ay tuluyang natalo ng kanilang kutang tanggulan (cf. II Samuel 5:6-10; I Cronico 11:45-9) hindi niya ito sila ipinagkatiwala sa sandata, ngunit pinahintulutan sila na mabuhay (cf. Josue 15:63; Hukom 1:21; I Mga hari 9:20-21). Ang Philistineng bayan ay isinama na ngayon sa pinakapuso ng Judah—Jerusalem.

9:8 “At ako’y magtitirik ng kampamento sa palibot ng aking bahay” Ang PANDIWA (BDB 333, KB 332) ay isang *Qal* GANAP. Ito ay maaaring isang pahiwatig sa 2:5 (cf. Awit 34:8), na nagsasalita sa pagprotekta ng Diyos sa Kanyang bayan (cf. Isaias 60:15-22) sa pangmilitar na pakahulugan. Ang Lupang Ipinangako ay muling sinakop ng paulit-paulit dahil sa estratehikong lokasyon nito, ngunit darating ang isang araw na ang Diyos ay personal na mananahan at magprotekta sa Lupang Ipinangako.



NASB

NKJV

NRSV

TEV

NJB

“laban sa hukbo”

“because of the army”

“as a guard”

“I will guard my land and keep armies from passing through it”

“to defend it against all comers”

Ang *BDB Lexicon* (663) ay nag-isip na ang anyong ito, na natagpuan lamang dito, ay mula sa dalawang mga ugat, “tumayo sa binabantayan” o “maghanda sa pagbabantay” (BDB 662, cf. NRSV at TEV). Gayunpaman, ito rin ay nagbabangit na nag MT mga puna ay nagmungkahi na ito ay mula sa isa pang termino, “dahil sa isang hukbo” o “dahil sa hukbo” (NASB, NKJV).



“sapagka’t ngayo’y tumingin ako ng aking mga mata” Wala nang mangyayaring pananakop sa Lupang Ipinangako dahil sa personal na presensya at kapangyarihan ng Diyos (cf. Deutronomio 11:12). Ang idyomang ng kaalaman sa lahat sa presensya ng Diyos ay posibleng tumutukoy sa 4:10.

9:9 “Magalak kang mainam” Ang (BDB 162, KB 189, plus PANG-ABAY 547) ay isang *Qal* PAUTOS (cf. Zacarias 2:10; Zephania 3:14,15). Ito ay isang sigaw ng kagalakan patungkol sa militar na pananakop sa pamamagitan ng Mesyas ni YHWH. Ang pagagalak na ito ay nagsasangkot ng parehong Hudyo at Hentil (cf. 2:10-13). Ang inklusyon na ito ay labis na nakakabigla at hindi inaasahan (cf.

Zephania 3:14-20).

▣ **“Oh anak na babae ng Sion”** Ang idyomatikong parirala ay madalas na ginamit sa paghahatol na mga sipi, ngunit dito ay isang pahiwatig sa pagmamahal na ang Diyos ay mayroon para sa mga inapu ni Abraham, Isaac, at Jacob.

▣ **“humiyaw ka”** Ito (BDB 929, KB 1206) ay isang *Hiphil* PAUTOS. Ang pariralang ito ay kahanay sa “maggalak ng matindi.”

▣ **“narito, ang iyong hari ay naparirito sa iyo”** Ang PANDIWA (BDB 97, KB 112) ay isang *Qal* DI-GANAP. Ito ay isa sa maraming mga sipi mula sa seksyon na ito ng Zacarias. Ito ay ginamit sa mga ebanghelyo para sa matagumpay na pagpasok ni Hesus sa Jerusalem (cf. Mateo 21:5; Juan 12:15). Para sa konsepto ng Diyos at sa Mesyas bilang Hari tignan ang I Samuel 8:7; 12:12.

▣

NASB **“siya'y ganap at may pagliligtas”**

NKJV **“Siya ay matuwid at may dalang kaligtasan”**

NRSV **“wagi at matagumpay ay siya”**

TEV **“Siya ay dumating na wagi at matagumpay”**

NJB **“siya ay pinawalang sala at matagumpay”**

Ang unang terminong ito “matuwid” o “makatuwiran” (BDB 841-843) ay tila ginamit sa ilang mga sipi sa mga propeta upang maglarawan sa etikal na paghahari ng Mesyas (cf. Isaias 9:7; 11:4,5; 16:5; 32:1; Jeremias 23:5-6). Ang Mesyas ay tinawag na “ang Matuwid na Isa” sa Nagdurusang Tagapaglingkod na awit ng Isaias 53:11. Siya ay angkop na mamuno sa pamamagitan ng lahi at mga aksyon.

Ang terminong “kaligtasan” (BDB 446, KB 448) ay isang *Niphal* PADIWARI ginamit sa pakahulugan ng isang tao na ginawang matagumpay o isang tao na pinalaya. Kapwa sa mga terminong ito ay ginamit ng magkasama sa Isaias 45:8; 46:13; 51:4,5.

▣ **“mapagmababa”** Ang salitang ito (BDB 776) ay ginamit sa ilang mga paraan sa Zacarias: (1) sa pakahulugan ng “pinahirapan” (cf. 11:7,11; Isaias 14:32; 49:13; 51:21; 54:11) o “mahirap” (cf. 7:10; Isaias 3:14-15; 10:30; 11:4; 32:7; 41:17; 58:7; 61:1). “pinahirapan” ay naglalarawan sa Nagdurusang Tagapaglingkod ng Isaias 53, bagamat ang vv. 2 at 3 ay gumamit ng magkaibang termino. Isaias 53:7 ay gumamit ng kaparehong ugat (BDB 776 III) o (2) dito sa pakahulugan ng “mababa” o “mapagkumbaba” (e.g. Kawikaan 16:19).

▣ **“at nakasakay sa isang asno, sa isang batang asno na anak ng asnong babae”** Ang mga asno ay maharlikang sasakyan ng mga hari ng Israel (cf. II Samuel 13:29; 16:2; 18:9; I Hari 1:33-34,38,44). Sila ay simbolo ng kamaharlikaan, gayunpaman, ang bisiro ng isang asno ay ginamit dahil tanging ang hari lamang ang maaring sumakay sa asno. Samakatuwid, ito marahil ang unang pagkakataon na ang bisiro ay sinakyan. Ang buong talata ay nagpapakita sa Genesis 49:8-12, na isang propesiya patungkol sa trubi ng Judah, ngunit isa ring paglalarawan sa paparating na Mesyas. Siya ay magiging (1) sa lahi ng maharlikang Judah (cf. II Samuel 7); (2) mapagkumbaba; a (3) isang nagdurusang tagapaglingkod (cf. Isaias 53).

9:10 “At aking ihihiwalay ang karo mula sa Ephraim” Ang talata 9 ay nagsasalita sa matagumpay na pagpasok ni Kristo sa Jerusalem, habang ang v. 10 ay naglalarawan s Ikawalang Pagdating. Pansinin rin na si YHWH ay nagsasalita sa (cf. vv. 6,8) sa v. 10a,c, ngunit ang Mesyas ay binigkas sa 10d-f.

▣ “**at siya'y magsasalita ng kapayapaan sa mga bansa**” Ang huling bahaging ito ng v. 10 ay tila nagpapakita sa Awit 72:8-11, kung saan ang kapayapaan ng Palestina ay ginamit sa isang unibersal na pakahulugan sa paghahari Mesyas. Gayunpaman, mahalaga na ang Mesyas ay magsasalita ng kapayapaan sa lahat ng mga bansa gayundin sa mga Hudyo (e.g. 8:20-23; Isaias 2:2- 4; Micah 4:1-3; 5:4). Ito ay nakakabigla, subalit hinulaang inklusyon (cf. Genesis 12:3; 18:18; 22:16; Exodo 19:5), ay ang sukdulang katuparan ng Genesis 3:15, na nag-uugnay sa lahat ng tao, hindi lamang sa mga lahi ni Abraham, Isaac, at Jacob!

▣ Ang huling dalawang mga patula linya ng v. 10 ay magkahanay sa ideyal na mga limitasyon ng Lupang Ipinangako (cf. Exodo 23:31; Bilang 34:1-12; I Hari 4:21). “Ang Ilog” ay tumutukoy sa punong tubigan ng Euphrates.

TALATA SA NASB (BINAGO): 9:11-17

¹¹**Tungkol sa iyo naman, dahil sa dugo ng iyong tipan,**

ay aking pinalabas ang iyong mga bilanggo sa hukay na walang tubig.

¹²**Mangagbalik kayo sa katibayan, kayong mga bilanggo na may pag-asa;**
ngayo'y aking inihahayag na aking igagawad sa inyo na makalawa.

¹³**apagka't aking binaluktot ang Juda para sa akin,**
aking inakmaan ang Ephraim.

at aking gigisingin ang iyong mga anak,
Oh Sion, laban sa iyong mga anak, Oh Grecia;
at gagawin kitang parang tabak.

¹⁴**At ang Panginoo'y makikita sa itaas nila, at**
lalabas ang kaniyang pana na parang kidlat;
at ang Panginoong Dios ay hihhip ng pakakak,
at yayaon na kasama ng mga ipoipo sa timugan.

¹⁵**Ipagsasanggalang sila ng Panginoon ng mga hukbo.**
at sila'y mangananakmal, at kanilang yayapakan ang mga batong panghilagpos;
at sila'y magsisiinom, at mangagiingay na gaya ng sa alak;
at sila'y mangapupunong parang
mga taza, parang mga sulok ng dambana.

¹⁶**At ililigtas sila ng Panginoon nilang Dios sa araw**
yaon na gaya ng kawan ng kaniyang bayan;
sapagka't magiging gaya ng mga bato ng isang putong,
mataas sa kaniyang lupain.

¹⁷**Sapagka't pagkalaki ng kaniyang kabutihan, at pagkalaki ng kaniyang kagandahan!**
trigo ang mga binata, at ng bagong alak ang mga dalaga.

9:11 “**dugo ng iyong tipan**” Ito ay isang BANGHAY ng BDB 196 at 136. Ito ay maaring alinman na tumutukoy sa orihinal na tipan ng Diyos kaw Abraham na binanggit sa Genesis 15:9-11 o sa Mosaic na sa Exodo 24:8. Ang pariralang ito ay ginamit rin ni Hesus sa Itaas na Silid sa Marcos 14:24. Tignan Natatanging Paksa: Tipan sa Zacarias 6:15.

▣ “**aking pinalabas ang iyong mga bilanggo sa hukay**” Ang PANDIWA (BDB 1018, KB 1511) ay isang *Piel* GANAP. Wari ito ay isang metapora na naglalarawan sa pagbabalik ng mga Hudyong ipinatapon (cf. Isaias 24:22; 51:14).

9:12 “Mangagbalik” Ito ay isang *Qal* PAUTOS. Ang mga talata 11 at 12 ay parehong pampalakas ng loob sa nagbabalik na natitira (cf. Ezra at Nehemias). Napakakaunti ng Hudyo sa ipinatapon ang bumalik sa Palestina. Ang terminong ito (BDB 996, KB 1427), gayunpaman, ay madalas na ginamit para sa pagsisisi (cf. 1:3,4). Ang bayan ng Diyos ay dapat na bumalik sa Kanya, hindi lamang sa heograpikal na lokasyon o maging sa isang sinaunang pangako. Ang biblikal na pananampalataya ay personal. Tignan Natatanging Paksa: Pagsisisi sa Zacarias 1:3.



NASB, NKJV	“katibayan”
NRSV	“ang iyong tanggulan”
TEV	“ang iyong lugae ng kaligtasan”
NJB	“ang tanggulan”
JPSOA	“Bizzaron”

Ang terminong ito (BDB 131) ay natagpuan lamang dito sa OT. Ang pangunahing ugat ay nangahulugan na (1) “ay putulin” (ginamit sa mga ubas); (2) “mahirap maabot” (ginamit ng madalas para sa tanggulan, e.g. Zephania 1:16); o (3) “tanggulan na may nakabakod” (cf. Isaias 22:10). Ang dinala ito bilang isang metapora para sa pag-aaruga at proteksyon ng Diyos sa Lupang Ipinangako (cf. Jeremias 16:19; Joel 3:16). Ang JPSOA, sa talababa nito, ay naisip na ito ang palayaw na (“tanggulan”) para sa Samaria, ang taga-hilagang kapitolyo ng Israel ay winasak noong 722 ni Assyria.



NASB	“mga bilanggo na may pag-asa”
NKJV	“ikaw ay bilanggo ng pag-asa”
NRSV	“O mga bilanggo ng pag-asa”
TEV	“kayo na mga ipinatapon na ngayon ay may pag-asa”
NJB	“kayo na mga bilanggo na naghihintay ng may pag-asa”

Ang pag-asa ay nasa tipanang-gumagawa (cf. v. 11), tumutupad ng pangako, nagbibigay ng kalayaan na Diyos. Ang pariralang ito ay ginamit alinman upang magpalakas ng loob doon sa mga bumalik o upang udyukan ang iba na bumalik (NJB).

▣ **“igagawad sa inyo na makalawa”** Ang PANDIWA (BDB 996, KB 1427) ay isang *Hiphil* DIGANAP. Ito ay isang idyoma para sa isang bagay na kompleto at lubos. Ito ay maaaring maiugnay sa paghahatol ni YHWH (cf. Isaias 40:2; Jeremias 16:18) o sa pangakong restorasyon ni YHWH (cf. Isaias 61:7). si YHWH ay matuwid at umaakto ayon sa Kanyang salita.

9:13 “Sapagka't aking binaluktot ang Juda para sa akin” Ang kabanatang ito ay puno ng mga kabalintunaan! Ang paparating na Mesyanikong kapayapaan ay binanggit sa vv. 8-11 at subalit ang v. 13 ay nagsasalita muli ng digmaan (BDB 201, KB 231 *Qal* GANAP). Posibleng ang talatang ito ay nagpapakita sa pangako ng v. 8!

Gaya ng ang talata 10 ay binanggit “Ephraim” at “Jerusalem,” na nagpapakita sa Israel at Judah, kaya gayundin, v. 13a,b. Ang hinating kaharian ay muling mapagkakaisa! Gaya ng ang panghilis at pana ay ginamit bilang isang instrumento, gayundin, ang muling pinagkaisang bayan ng Diyos (cf. 10:4d).

▣ **“aking gigisingin”** Ang termino (BDB 734 I, KB 802, *Polel* GANAP) ay ginamit ng ilang beses sa Zacarias.

1. YHWH ay umahon mula sa Kanyang banal na pinanahanan, 2:13
2. ang nagpapakahulugang anghel ay ginising ang mga propeta, 4:1 (dalawang beses)
3. YHWH ay pinukaw ang mga nananahan sa Zion laban sa mga Griyego, 9:13
4. YHWH ay pinukaw ang Kanyang espada laban sa Kanyang sariling Pastol, 13:7

Ang dalawang ibang mga propeta ay ginamit ang kaparehong terminong ito sa koneksyon sa Greece, Daniel 11:2 at Joel 3:6. Si Isaias ay ginagamit ang terminong ito ng madalas na may koneksyon sa Diyos na nagdidirekta sa kasaysayan ng Knayang bayan (e.g. “ang Medes,” 13:17; “isa mula sa silangan,” 41:2; “isa mula sa hilaga,” 41:25; “Cyrus,” 45:13; “Jerusalem at Zion,” 51-52). Ang pagkagamit ni Isaias terminong ito sa mga kabanata 51 at 52 ay maaring kahanay sa Zacarias 9:13d, “Ikaw ay gagawin Kong gaya ng isang sandata ng mandirigma.” Ang lakas ng Diyos at layunin, ngunit pinili Niya na gamitin ang mga tao bilang instrumento.

▣ **“Oh Sion, laban sa iyong mga anak, Oh Grecia”** Ang termino dito para sa Greece ay *Jawan* o *Javan*, na ginamit ng orihinal sa OT para sa isang lahi ni Japheth (cf. Genesis 10:2,4; Isaias 66:19), habang sa Isaias 66:19 ito ay ginamit para sa isang bansa. Sa mga aklat ng Daniel at Joel, ito ay ginamit upang italaga ang Greece (cf. Daniel 8:21; 10:20; Joel 3:6). Ako ay sumasang-ayon kay Joyce Baldwin, *Tyndale Old Testament Commentaries*, na ito ay ginamit sa Genesis 10 na pakahulugan ng isang malayong tao na nasa palawit ng sibilisasyon, na siyang paano ito ay ginamit sa eskatolohikal na konteksto (cf. p. 169).

9:14 “At ang Panginoo'y makikita sa itaas nila” Ang PANDIWA (BDB 906, KB 1157) ay *Niphal* DI-GANAP. Ito marahil ay isang pahiwatig sa pangako at proteksyon sa 2:5 (cf. 9:8a). Ito rin ay maaring isang pahiwatig sa Isaias 31:5, kung saan ang Diyos ay pinrotektahan ang ibon ng mandaragot (cf. Exodo 19:4b) o isang ina ibon na lumilipad sa itaas (cf. Deutronomio 32:11; Awit 91:4). Ang ikatlong posibilidad ay paghihiram ng pag-iimahe ng Assyria kung saan ang kanilang diyos nagwawagayway sa taas ng kanyang mga kawal sa labanan.

Ang mga talata 14-17 ay ang panukdulang wika ng theophany. Ang mga parirala ay ala-ala ng ibang mga propetikong teksto. Sila ay itinulad, pamantayang mga idyoma (tignan *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*, D. Brent Sandy).

▣ **“lalabas ang kaniyang pana na parang kidlat”** Ang kidlat ang mga palaso ay madalas na ginamit ng metaporikal sa pakikipaglaban ni YHWH alang-alang sa Kanyang bayan (cf. Awit 18:14; 144:6; Habakkuk 3:11). Ang konsepto ng mga palaso ni YHWH bilang gaya ng kidlat ay natagpuan sa Awit 7:12-13, kung saan ito ay maaring tumutukoy sa mga palaso na inapuyan upang sunugin ang mga depensang kahoy.

▣ **“ang Panginoong Dios”** Ito ang kombinasyon ng Hebreong termino YHWH (BDB 217) at *adon* (BDB 10). Sapagkat ito ay maaring paulit-ulit sa Englis na sabihing “Panginoon, PANGINOON,” kapag ang dalawang mga terminong ito ay lumitaw ng magkasama (kaya gayundin, YHWH at *Elohim*, e.g. v. 16 at Genesis 2:4). Sila ay isinalin, “Panginoon DIYOS.”

▣ **“hihihip ng pakakak”** “Pakakak” (*shofar*) ay may di-tiyak na etimolohiya. Ito ay ginamit sa Hebreo para sa sungay ng isang lalaking tupa (BDB 1051). Ang mga rabi ay itinalaga ito upang gawin (pinalambot at pinahaba sa pamamagitan ng pagbabad nito sa tubigr) mula sa kaliwang sungay ng isang lalaking kambing. Ito ay ginamit para sa

1. pangmilitar na mga layunin, Josue 6:4,5,20; Hukom 7:8,16
2. pangrelihiyong mga layunin, Exodo 19:13,16,19; Levitiko 25:9; II Samuel 6:15; II Cronico 15:14; Awit 81:3; 98:6; 150:3

3. pagkakalap ng impormasyon (kadalasan patungkol sa pangmilitar na mga bagay), Hukom 3:27; 6:34; I Samuel 13:3
 4. koronasyon ng isang hari, I Hari 1:34,39; Awit 47:5
 5. pananakop ng lupain, Jeremias 4:5; 6:1; Hosea 5:8; 8:1; Joel 2:1; Amos 2:2; 3:6; Zephania 1:16
- Pansinin na sa kontekstong ito, si YHWH ang nagpapatunog (i.e. “mga tunog,” BDB 1075, *Qal* DI-GANAP) ang trumpeta (cf. Isaias 27:13; Mateo 24:31; I Corinot 15:52; I Tesalonica 4:16; Pahayag 11:15).

▣ **“yayaon na kasama ng mga ipoipo sa timugan”** Ito ay maaring isang reperensiya sa (1) ang Siniatic na tipan (cf. Exodo 24); (2) ang presensya ng Diyos bilang isang bagyong diseryerto (cf. Isaias 29:6; Ezekiel 1:4; 13:11,13); o (3) “ang timog” bilang antonim sa “ang hilaga,” na isang metapora para sa pananakop. Ang timog ay isang metapora para sa kaligtasan at pagpapalaya (cf. Hukom 5:4-5; Habakkuk 3:3).

9:15 “Ipagsasanggalang sila ng Panginoon ng mga hukbo” Ang Diyos mismo ay aakto alang-alang sa Kanyang bayan. Ang Kanyang tagumpay ay kanilang tagumpay. Ang terminong “mga hukbo” sa kontekstong ito ay maaaring tumutukoy sa mala-anghel na hukbo ayon sa utos ni YHWH. Tignan Natatanging Paksa sa Daniel 4:2.

Ang PANDIWA “depensahan” (BDB 170, KB 199, *Hiphil* DI-GANAP) ay maaring maisalin na “takpan,” “paligiran,” o “ipagtamggol” (cf. 12:8). Sa Isaias 31:5 ito ay ginamit sa isang inang ibon na nagprotektang sa kanyang mga inakay (cf. Deutronomio 32:11; Awit 91:4). Ito ay ginamit dito bilang isang pananggalang na nagprotektang sa mga sundalo mula sa mga pantudla.

▣ **“batong panghilagpos”** Ang mga ito ay mga bato na ginamit sa mga tirador na sandata (BDB 887 D), na ginamit upang depensahan ang mga bayan at tanggulan (cf. Hukom 20:16; I Samuel 17:40,50; II Cronico 26:14; Job 41:28). Ito ay isang metapora para sa kompletong pagkawasak ng isang kalabang militar.

▣ **“sila’y magsisiinom, at mangagiingay na gaya ng sa alak”** Kapwa mga PANDIWA (BDB 1059, KB 1667 at BDB 242, KB 250) ay mga *Qal* GANAP. Ito ay tumutukoy sa selebrasyong tagumpay ng mga sundalo ng Diyos (cf. Awit 78:65).

▣ **“sila’y mangapupunong parang mga taza”** Ang Englis na mga salin ay nagkakaiba sa kung paano maunawaan ang mga huling dalawang mga patulang linya. Sila ay tila tumutukoy sa naunang linya patungkol sa bayan ng Diyos na nagsasaya sa mga alak dahil sa Kanyang tagumpay isa na namang *Qal* GANAP PANDIWA, BDB 569, KB 583). Ang alak ay nagpaalala sa ating may-akda patungkol sa (1) dugo ng mga pinaslang na mga kaaway, inilagay sa isang mangkok o (2) dugo bilang isang aspeto ng sakripisyo kay YHWH. Ang mga sulok ng altar ay saan ang dugo sa mangkok ay ibubuhos sa paanan ng altar ng sakripisyo.

Si YHWH ay gumawa ng sang dugong tipan sa mga inapu ni Abraham (cf. v. 11). Ngayon Siya ay ipinagtatangol sila sa pamamagitan ng pagbubuhos ng dugo sa kanilang mga kawaay.

9:16 “At ililigtas sila ng Panginoon nilang Dios sa araw na yaon” Ito ay kahanay sa pambungang mga linya ng vv. 14 at 15. As v. 14 ay may *Adon* YHWH, ang talatang ito ay may YHWH *Elohim*.

Ang termino “iligtas” (BDB 446, KB 448, *Hiphil* GANAP) ay nagsasama ng ilang mga konotasyon mula sa konteksto: (1) pang militar na tagumpay; (2) espirital na pagpapanibago at inklusyon; at (3) personal na pag-aaruga, proteksyon at probisyon ng Diyos.

▣ **“na gaya ng kawan ng kaniyang bayan”** Ang buong seksyon Zacarias ay nagpapakita sa Jeremias 31:10-14. Ang Diyos ay ang pastol (e.g. Awit 23) na umaakto alang-alang sa Kanyang kawan. Sa kalaunan ng seksyong ito ng Zacarias ang Mesyas ay ilalarawan bilang isang sugatang pastol (cf. mga kabanata 12-13) at Kanyang bayan bilang ang pinahirapang kawan (cf. kabanata 11).

▣ **“gaya ng mga bato ng isang putong”** Ito ay maaring isang (1) pagsasalungat sa mga bato ng tirador na binanggit sa v. 15; (2) isang pahiwatig sa Isaias 62:3, ang mamahaling mga bato na ginamit upang ilarawan ang bayan ng Diyos; o (3) isang pahiwatig sa koronasyon ng bagong hari (ang Mesyas bilang kinatawan ng YHWH)



NASB	“mataas sa kaniyang lupain”
NKJV	“Itinaas gaya ng isang bandila sa Kanyang lupain”
NRSV	“sila ay magnining sa kanyang lupain”
TEV	“sila ay magnining sa kanyang lupain”
NJB	“kikislap sa kanyang bansa”

Ang PANDIWA sa *Hithpoel* anyo ay bihira at may kalabuan.

1. BDB - “maging mataas,” “kapuna-puna,” “prominente” (BDB 651 II)
2. *Lexicon*, William Holladay, “magtipu-tipon sa paligid ng bandila” (p. 240). Ito ay nagmumula sa Awit 60:4, na maaring tumutukoy sa Exodo 17:15 o posibleng Isaias 62:10.
3. KB - “magsama-sama sa ilalim ng bandila” (KB 704)
4. “kumislap,” “magingning,” “magliwanag” ay ang pinakaraniwang Englis na mga salin (cf. Isaias 62:3)

9:17 Gaya ng naunang mga talata ay maaring isang pahiwatig sa Jeremias 31:10-11, kaya, ito ay maaring tumutukoy sa pagbabalik mula sa pagpapatapon, ngunit pinaabot ito sa eskatolohikal hinaharpa at ang panahon ng “bagong tipan” (cf. Jeremias 31:31-34).

Ang ipinangakong mga araw ng kasaganaan at katatagan para sa isang masunuring tipanang bayan (cf. Deutronomio 27-29) ay ngayon ay natanto ng mga mapagbiyayang mga aksyon ni YHWH, hindi pagsasagawa ng tao (cf. Jeremias 31:31-34).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang kabanatang ito ay napakahirap na ilagay sa historikal na tagpuan?
2. Ang kabanata bang ito ay tumutukoy sa paghahatol ng paganong mga bansa o sa kanilang inklusyon sa tipanang bayan?
3. Mayroon bang tiyak na historikal na paghihiwalay sa pagitan ng vv. 1-10 at vv. 11-17? Bakit?
4. Ipaliwanag ang Mesyanikong mga elemento sa v. 9 at ipakita ang kanilang NT mga katapat.
5. Kanino ang *Javan* tumutukoy? Bakit ang bansa ay binanggit?

ZACARIAS 10

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Pagpapanumbalik sa Judah at Israel	Ang Diyos Lamang ang May Kontrol sa Kalikasan	Ang Panginoon ay Nangako ng Pagpapalaya	Ang Katapatan kay Yahweh
10:1-2	10:1-2 Ang Diyos Lamang ang May Kontrol ng Kasaysayan	10:1-2	10:1-2 Pagpapalaya at Pagpapabalik sa Israel
10:3-12	10:3-12	10:3-5 10:6-12	10:3-12

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

- A. Ang kabanatang ito ay ipinagpatuloy ang kaparehong mga tem gaya ng sa kabanata. 9. Ang panahong elemento ay malabo pa rin.
- B. Ang mga talata 4 at 11-12 ay Mesyaniko. Pansinin ang kapitalisasyon ng NASB. Ang Aramaic na mga Targum ay nagsaad rin na ang mga talatang ito bilang Mesyaniko. Gayunpaman, ang iba ay nakita ang v. 4 bilang tumutukoy sa Judah at vv. 11-12 bilang tumutukoy kay YHWH.
- C. Ang tema ng kabanata ay sa pagdepende ng tipanang bayan kay YHWH, hindi kay Ba’al. Ito ang pokus ng v. 1. Ang talata 2 ay nagpapakita ng kabulaanan na ang Israel ay nakadepende (cf. Hosea 11:3). Ang kabanata ay nagtatapos sa isang pagbibigay diin sa matagumpay na pagbabalik ng Kanyang bayan sa pangalan ni YHWH, hindi sa isang pagkamayabong na pangalan ng idolo.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 10:1-12

¹Hingin ninyo sa Panginoon ang ulan sa kapanahunan ng huling ulan—
sa Panginoon na nagpapakidlat;
at kaniyang bibigyan sila ng ulan,
at ang bawa't isa'y ng damo sa parang.

²Sapagka't ang mga teraf ay nagsalita ng walang kabuluhan,
at ang mga manghuhula ay nangakakita ng isang kabulaanan;
at sila'y nangagsaysay ng mga kabulaanang panaginip;
sila'y nagsisialiwi ng walang kabuluhan.
kaya't sila'y nagsisiyaon ng kanilang lakad na parang mga tupa,
sila'y nadadalamhati, sapagka't walang pastor.

³Ang aking galit ay nagalab laban sa mga pastor,
at aking parurusahan ang mga lalaking kambing;
sapagka't dinalaw ng Panginoon ng mga hukbo
ang kaniyang kawan na sangbahayan ni Juda,
kaniyang gagawin silang parang magilas na kabayo sa pagbabaka.

⁴Sa kaniya lalabas ang batong panulok,
at kaniya ang pako,
sa kaniya ang busog na pangbaka,
a kaniya ang bawa't pinuno na magkakasama.

⁵At sila'y magiging parang mga makapangyarihang lalake,
na yayapakan nila ang kanilang mga kaaway
sa putik sa mga lansangan sa pagbabaka;
sapagka't ang Panginoon ay sumasakanila;
at ang mga mangangabayo ay mangatutulig.

⁶At aking palalakasin ang sangbahayan ni Juda,
at aking ililigtas ang sangbahayan ni Jose,
at aking ibabalik sila uli,
sapagka't ako'y naawa sa kanila;
at sila'y magiging parang hindi ko itinakuwil,
sapagka't ako ang Panginoon nilang Dios, at aking didinggin sila.

⁷At ang mga sa Ephraim ay magiging parang makapangyarihang lalake,
at ang kanilang puso ay mangagagalak na gaya ng sa alak;
oo, ito'y makikita ng kanilang mga anak, at mangagagalak:
ang kanilang puso masasayahan sa Panginoon.

⁸Aking susutsutan sila, at sila'y pipisanin,
sapagka't aking tinubos sila;
at sila'y magsisidami ng gaya ng kanilang dinami.

⁹At aking pangangalatin sila sa gitna ng mga bansa,
at aalalahanin nila ako sa mga malayong lupain,
at sila'y nagsisitahang kasama ng kanilang mga anak, at magsisipagbalik.

¹⁰Aking dadalhin uli sila mula sa lupain ng Egipto at pipisanin sila mula sa Asiria;
at aking dadalhin sila sa lupain ng Galaad at Libano
at walang dakong masusumpungan para sa kanila.

¹¹ At siya'y magdadaan ng dagat ng kadalambahatian
 at hahawiin ang mga alon sa dagat,
 at ang lahat ng kalaliman sa Nilo ay matutuyo;
 at ang kapalaluan ng Asiria ay mababagsak
 at ang cetro ng Egipto ay mawawala.

¹²At aking palalakasin sila sa Panginoon,
 at sila'y magsisilakad,” sabi ng Panginoon.

10:1 “Hingin ulan” Ito ay isang *Qal* PAUTOS (BDB 981, KB 1371). Ang ulan ay isang regalo mula sa Diyos, e.g. Isaias 30:23; Jeremias 10:13). Ang pagbibigay-diin ng 1:17; 9:17 ay sa sosyal na katatagan at pamumunga na mula kay YHWH. Famine was part of the curse of Deutronomio 28 (cf. Jeremias 14:1-6), ngunit ang masaganang ulan ay bahagi rin ng ipinangakong pagpapala kung sila ay susunod sa Diyos (cf. Deutronomio 11:13,14; 28:12). Sa panahon ng periyod ng pagsamba sa diyos-diyusan ng Israel Hosea 4) idinahilan niya ang pagkamayabong kay Ba'al (Canaanite na bagyo at pagkamayabong na diyos) at hindi kay YHWH (cf. Jeremias 14:22). Ang kabanata 10 ay pinalaki ang matinding kamaliang ito (cf. 14:17).

▣ **“kapanahunan ng huling ulan,”** Sa Palestina mayroong lamang dalawang mga periyod ng ulan (cf. Deutronomio 11:14; Joel 2:23).

1. naunang ulan sa taglagas na panahon bago ang tagsibol na pagtatanim (Oct. - Nov.)
2. kalaunang ulan sa panahon ng paghihinog ng pananim (Mar. - April)

Karamihan ng regular na kahalumigmigan ay nagmula sa mabigat na hamog. Dahil sa ang tipanang mga pangako at sumpa ng Deutronomio 27-29, ang mga periyod na ito ng ulan ay naging mga metapora ng espiritwal na pagpapanibago at ang presensya ng Diyos sa Kanyang bayan para sa pagpapala.

Ang “kalaunang mga ulan” ay naging idyom para sa pagpapala ng Diyos sa pangwakas na panahon (e.g. Hosea 6:3; Joel 2:23).

▣
 NASB,
 NRSV

NJB “ang bagyong mga ulap”
 NKJV “ang makinang na mga ulap”
 TEV “mga ulang ulap”

Ang Hebreong salita (BDB 304) ay natagpuan ng dalawang beses sa Job sa mga konteksto na nagpapahiwatig ng pagkidlat (JB, cf. 28:26; 38:15). Ang puwersa ng siping itop ay ang Diyos ang nagkokontrol sa panahon at, at magkagayon, pagkaing produksyon at pagkamayabong (cf. Deutronomio 11:14-15).

10:2 “teraf” Ito ay tumutukoy sa pangtahanang mga idolo, wari sa hugis taong anyo, ginamit upang mahinuha ang kalooban ng nahiwalay na espiritu ng kapamilya o ang pamilya ng mga diyos (cf. Genesis 31:19,34; Hukom 17:5; 18:14-20; I Samuel 15:23; 19:13; II Hari 23:24; Hosea 3:4). Ang eksaktong etimolohiya ng terminong ito (BDB 1076) ay di-tiyak.

▣
 NASB “nagsalita ng walang kabuluhan”
 NKJV “nagsasalita ng delusyon”
 NRSV “bumibigkas ng walang kwenta”
 TEV “walang katuturan”
 NJB “ay nagsalita ng walang katuturan”

Ang PANDIWA (BDB 180, KB 210) ay isang *Piel* GANAP.

Ang PANGALAN (BDB 19) ay pangunahing nangahulgan ng “gulo,” “pighati,” o “kasamaan” (cf. Bilang 23:21; Awit 10:7; 55:11; Isaias 10:1; 55:7). Ito ay ginamit sa kombinasyon sa Bethel in Hosea 4:15; 5:8; 10:5,8; at Amos 5:5 upang tatakan ang pagsamba sa ginintuang guya bilang tahasang idolatrya (i.e. “wala,” cf. Isaias 1:11-15). Posibleng ang klasikong tekstong ito ay I Samuel 15:22-23. Ito ay nakakabigla na ang listahan ng idolatryang mga aktitibidad ay binanggit sa post-exilic na periyod (cf. Malakias 3:5). Ang buong kabanatang ito ay maaaring isang pahiwatig sa propesiya ni Moses sa Deutronomio 4:25-31.

▣ **“ang mga manghuhula ay nangakakita ng isang kabulaanan”** Ito ay isang *Qal* AKTIBONG PANDIWAR (BDB 890, KB 1115, “ang isa na manghuhula”) plus isang *Qal* GANAP PANDIWA (BDB 302, KB 301, “nakikita ang kasinugalingan”). Karamihan ng mga bulaang mga metodolohiya ng pagtatangka na mahanap ang kalooban ng Diyos ay binanggit sa Deutronomio 18:9-13, lalo na v. 10 (cf. II Hari 17:17). Ang paghuhula ay espesyal na binanggit sa I Samuel 15:23. Ito ay alinmang tumutukoy sa natural (e.g. paglipad ng mga ibon, mga ulap, mga atay ng tupa) o gawa ng tao (e.g. paghahagis ng mga patpat, mga dahon ng tsaa) paraan ng pagdedetermina ng kalooban ng Diyos (cf. Ezekiel 21:21). Dito ang termino (BDB 890) ay tumutukoy sa huwad na mga propeta (cf. Isaias 3:2; Jeremias 27:9; 29:8; Ezekiel 13:9,23; 22:38; Micah 3:11).

Para sa isang mabuting talakayan ng “paghuhula” tignan *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, vol. 3, pp. 945-951 o *Zondervan’s Pictorial Encyclopedia of The Bible*, vol. 2, pp. 146-149.

▣ **“sila’y nangagsaysay ng mga kabulaanang panaginip”** Ang PANDIWA (BDB 180, KB 210) ay isang *Piel* DI-GANAP. Ang Diyos ay madalas na nagsasalita sa pamamagitan ng mga panaginip (e.g. Jacob, Genesis 28; Joseph, Genesis 37:39-41; Daniel 1:17; 2:4,7). Gayunpaman, minsan ang mga panaginip ay simpleng pagmamaniplulang mga kasinugalingan o mga imahinasyon ng kamalayan ng tao (e.g. Deutronomio 13:1-5; Jeremias 23:32; 27:9-10; 29:8-9).

▣ **“sila’y nagsisaliw ng walang kabuluhan”** Ang PANDIWA (BDB 636, KB 688) ay isa ring *Piel* DI-GANAP. Ang PANGALAN (BDB 210 I) “banidoso,” o “walang laman,” napaka karaniwan sa Ecclesiastes, ay ang kaparehong ugat bilang “idolo” (cf. II Hari 17:15; Jeremias 23:32; 27:9,10). Sila ay mga walang kwenta, mga katha-katha lamang ng pamahiin ng mga tao at takot, gaya ng bulaang pag-asa na mula sa bulaang mga propeta!

▣ **“kaya’t sila’y nagsisiyaon ng kanilang lakad na parang mga tupa”** Ang PANDIWA (BDB 652 I, KB 704) ay isang *Qal* GANAP. Ang terminong “ang mga tao” ay nasa italiko, na nagpapakita na ito ay hindi sa Hebreong teksto. Ang talatang ito ay maaring tumukoy sa panrelihiyong mga pinuno, ang bayan, o pareho. Ang klasikong propetikong teksto patungkol sa bulaang mga pastol at ang kawan ng Diyos’ ay nasa Ezekiel 34, ngunit ginamit rin ng madalas ni Jeremias (cf. 2:8; 10:21; 23:1-2; 50:6).

▣ **“tila’y nadadalamhati, sapagka’t walang pastor”** Ito ay isang *Qal* DI-GANAP PANDIWA (BDB 776 III, KB 853) sinundan ng isang *Qal* AKTIBONG PANDIWAR, “pagpapastol” (BDB 944 I, KB 1258). Ang konsepto ng pastol bilang isang titulo para sa mga hari ay napakakaraniwan sa sinaunang Silangan (cf. Baldwin, *Tyndale Old Testament Commentaries*, pp. 171-172). Ang hari ay madalas na tumatayo bilang kinatawan ng pambansang diyos. Si YHWH ay madalas na binibigkas bilang pastol at ang Kanyang bayan ay ang mga tupa (cf. Genesis 49:24; Bilang 27:17; Awit 23:1-2; Isaias 40:11; Ezekiel 34:12).

Ang talakayang ito ng banal na pastol ay nagtatakda ng yugto para sa mga kabanata 11-13. Si Zacarias ay natatangi sa kanyang pag-iimahe ng isang sugatang pastol (cf. 12:10; 13:7), na teolohikal

na kahanay sa Nagdurusang Tagapagligkod ng Isaias 53 (ang kaparehong Hebreong termino, “pinahirapan” (BDB 776 III) ay ginamit sa Isaias 53:4,7).

10:3 “Ang aking galit ay nagalab laban sa mga pastor” Ito ay isa na na namang *Qal* AKTIBONG PANDIWARI (BDB 944 I, KB 1258) at isang *Qal* GANAP PANDIWA (BDB 354, KB 351), “ay mainit.” Sa Ezekiel 34 (lalo na v. 17) ang Diyos ay nagkokondena rin sa sibil at panrelihiyong mga pinuno ng Kanyang tipanang bayan para sa kakulangan ng kanilang pananampalataya sa Kanya. Ang terminong “lalakeng mga kambing” ay maaaring tumukoy sa dayuhang mga pinuno (TEV, cf. v. 11; Isaias 14:9; Jeremias 51:40).

▣ **“Panginoon ng mga hukbo”** Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagkadiyos sa Daniel 4:2.



NASB, NKJV	“ay binisita”
NRSV	“nag-aaruga para sa”
TEV	“ay aarugin sila”
NJB	“ay darating upang bumisita”

Ang Hebreong PANDIWA (BDB 823, KB 955, *Qal* DI-GANAP) ay nangahulugang “binisita” (para sa pagpapala, cf. v. 3c; Genesis 50:24; Exodo 3:16; 4:31; 13:19, o para sa paghahatol, cf. v. 36; I Samuel 15:2; Panaghoy 4:22; Hosea 8:13; 9:9). Ang pinakamainam na sipi ay Jeremias 23:2. Sa Zacarias 11:16 ang Diyos ay pinahintulutan ang masamang pastor na ipakalat ang kawan.

▣ **“kaniyang kawan na sangbahayan ni Juda”** Ito ay tumutukoy sa katimugang mga tribu ng Judah, Benjamin, Simeon at karamihan ng tribu ni Levi. Ang tagahilgang natitirang mga tribu ay kilala bilang ang Israel (sama samang pangalan), Ephraim (pinakamalaking tribu) o Samaria (ang kapitolyo ng siyudad). Ang pantribung paghihiwalay na ito ay nangyari noong 922 B.C. (cf. I Hari 11:9-13, 26-40).

Sa kabanatang ito ang Judah ay binanggit sa v. 3 at Ephraim sa v. 7. Ang propetang ito ay nagbibigay diin sa kanilang muling pagkakaisa (cf. v. 6a,b). Ang post exilic na komunidad at ang eskatolohikal ay magiging iisang bayan (cf. vv. 4d; 6a,b; 8:13;

▣ **“at kaniyang gagawin silang parang magilas na kabayo sa pagbabaka”** Ang PANDIWA (BDB 962 I, KB 1321) ay isang *Qal* GANAP. Ang terminong maharlika (BDB 217 I) ay ginamit upang ilarawan ang mga kabayo sa Job 39:19-25, lalo na v. 20. Ang kaparehong salita na ito ay ginamit sa 6:13 para sa kamaharlikaan ng paparating na hari, ngunit dito ang Kanyang digmaang sasakyang kabayo. Ang mga ito ay mga metapora para sa bayan ng Diyos na ginagamit (cf. Jeremias 51:20-33) at pinarangalan ang Mesyas ng Diyos kapag Siya ay bumalik upang mamuno at maghari.

Ang Diyos ay nagpapabago at naghahanda sa Kanyang bayan upang baguhin sila mula sa tupa (o ang maligoy na “nagkambing”) tungo sa maharlikang pandigmang mga kabayong lalake (cf. 9:13). Ito ay isang halimbawa ng marahas na pagsasalungat sa propetikong panitikan (e.g. walang digmaan sa 9:10 laban sa digmaan sa 9:13; 10:3).

10:4 “Sa kaniya” Ang Masoretic na Teksto ay may “mula sa kanya” (cf. NKJV at NAB, punahin rin ang “Siya” ng v. 11). Mayroong naging ilang mga posibilidad patungkol sa layon ng talatang ito: (1) ito ay tumutukoy sa panghinaharap na mga pangyayari, alinman sa Maccabean o eskatolohikal; (2) ito ay isang direktang reperensiya, na ibig sabihin mula sa Judah ang mga pinuno ay sisibol (NIV, cf. vv. 3-6; Genesis 49:10; II Samuel 7); o (3) ang Targums, na mga Aramaic na mga salin at mga interpretasyon ng Hebreong teksto, ay nagsaad na ito ay tumutukoy sa Haring Mesyas.

▣ **“batong panulok”** Ito ay tumutukoy sa Mesyas sa Awit 118:22 at Isaias 28:16. Tignan Natatanging Paksasa Daniel 2:34.

▣ **“ang pako”** Ang Hebreong terminong ito (BDB 450) ay ginamit sa dalawang uri ng mga pakong kahoy.

1. para sa mga tolda (cf. Hukom 4:21; 5:26; Isaias 33:20; 54:2)
2. para sa pagsasabit ng mga bagay (cf. Isaias 22:22-24; Ezekiel 15:3)
3. para sa pagtatayo ng tabernakulo (cf. Exodo 27:19; 35:18; 38:20,31)

Ang punto ng metapora ay ang kakayahang abilidad nito na maghawak at magkagayon ay pagiging permanente (cf. Ezra 9:8). Sa kontekstong ito ang #1 ang tumutugma ng pinakamahusay.

▣ **“sa kaniya ang busog na pangbaka”** Ito ay isang militaryang idyoma (cf. 9:10; Exodo 15:5). Ang mga metapora ng talatang ito ay nagsasalita sa katatagan, tagumpay, at pinagkaisang pamunuan.

▣ **“pinuno”** Ito ay sa literal na “maniniil.” Ito ang pinakaparehong Hebreong salita (BDB 620) na ginamit sa 9:8 sa isang negatibong pakahulugan. Gayunpaman, ito ay tila ginamit sa positibong pakahulugan dito (cf. Isaias 60:17) para sa administratibo o pangmilitar na mga pinuno sa inagurasyon ng paghahari ng paparating na Mesyas.

10:5 “kanilang mga kaaway sa putik sa mga lansangan sa pagbabaka” “Paglakad pababa” (BDB 100, KB 115) ay isang Qal AKTIBONG PANDIWARI, posibleng “pagtapak.” Ang pariralang ito ay isang pamantayang idyoma ng pagkatalo (cf. II Samuel 22:43). Gayunpaman, sa kontekstong ito kung saan ang ulan ay binanggut (cf. v. 1) ito ay maaring tumukoy sa putik na dulot ng espesyal na presensya ng Diyos (cf. Hukom 4-5).

Ang termino “mga lansangan” (BDB 299) ay nangahulugang “sa labas na mga lansangan,” na parang tila tumutukoy sa isang bukas na pamilihan (e.g. 9:3; 10:5; Isaias 5:25; 10:6; 15:3; 24:11; 51:20,23; Jeremias 5:1; 7:17,34; 37:21; Ezekiel 11:6; 28:23).

▣ **“at sila’y magsisilaban, sapagka’t ang Panginoon ay sumasakanila”** Zacarias 9:1-10 ay nagpapakita na ang Diyos ang gagawa sa pakikipaglaban, ngunit 9:13-16 at 10:3-7 ay tila nagsasabi na ang mga Israelita ay siyang makikipaglaban (BDB 535, KB 526 *Niphal* GANAP), ngunit kasama nila ang Diyos sa kanilang kalagitnaan (cf. Jeremias 51:20-23).

▣ **“ang mga mangangabayo ay mangatutulig”** Si YHWH ay ginawa ang Kanyang mga tao tungo sa isang maharlikang mga kabayong pandigma (cf. 3d), ngunit ang mga pandigmang mga kabayo ng mga kaaway ay natalo (BDB 101, KB 116 *Hiphil* GANAP, cf. Amos 2:15; Haggai 2:22).

10:6 Pansinin ang pararelismo sa unang dalawang mga linya. Ang Diyos ay pag-iisahin ang Kanyang bayan (i.e. “Judah” at “Joseph”). Pansinin rin ang pararelismo sa PANDIWA na anyo kung saan ang unang persona na PANGHALIP ay likas sa unang tatlong mga linya. Ang Kanyang bayan ay “pinalakas” (BDB 149, KB 175 *Piel* GANAP) at “imiligtas” (BDB 446, KB 448, *Hiphil* DI-GANAP) sapagkat Siya ay kumikilos! Ang buong talata ay nagpapakita ng soberinad ng Diyos, nakalipas, kasalukuyan, at hinaharap.

Si zacarias ay nagsasalita sa kaligtasan at pagpapalaya ni YHWH (1) mula sa Pagpapatapon (cf. 8:7); (2) mula sa sumpang pagpapala (8:13); at (3) tungo sa eskatolohikal na tagumpay (cf. 9:9; 10:6; 12:7).

▣ **“Jose”** Ito ay isa na namang paraan ng pagtutukoy sa tagahilagang mga tribu, gaya ng mga Israel, Ephraim (v. 7), at Samaria.

▣ **“aking ibabalik sila uli”** Ang salitang ito (BDB 996, KB 1427, *Hiphil* GANAP) ay kombinasyon ng (BDB 998), “dalhin sila pabalik” (NASB, NKJV, NRSV, TEV, NJB, cf. 10:10) at “sila ay panahanin” (BDB 442, cf. NASB talababa at v. 4), na salin ng Septuagint. Maraming mga rabi ang nagsaad na ang anyo ay tiyak na may kalabuan upang magbigay diin sa parehong mga elemento (i.e. pagsisisi at permanenteng paninirahan sa Lupang Pangako).

▣
NASB, NRSV **“sapagka't ako'y naawa sa kanila”**
NKJV **“sapagkat Ako ay naawa sa kanila”**
TEV **“Ako ay magkakaroon ng habag sa kanila”**
NJB **“sapagkat Ako ay nagdala ng awa sa kanila”**

Ang Hebreong PANDIWA (BDB 933, KB 1216, *Piel* GANAP) ay ginamit ng madalas para sa habag ng Diyos sa Kanyang bayan (cf. Exodo 33:19; Deutronomio 30:3; II Hari 13:23; Isaias 14:1; 30:18; 49:10,13; 54:8,10; 55:7; 60:10; Jeremias 12:15; 30:18; 31:20; 33:26; Hosea 1:6-7; 2:19,23; Micah 7:18-20). Ang salitang ito ay nagpatiyak sa kanila na si YHWH ay muling itinatag ang tipan kasama ng lahat ng mga benepisyo nito!

▣ **“sila'y magiging parang hindi ko itinakuwil”** Ang talata ay tiyak na nagsasalita sa kapatawaran at restorasyon ng Diyos, ngunit ito rin ay nagpapakita na sinira ni YHWH ang tipan dahil sa kasalanan ng Kanyang bayan. Napakahirap na pag-usapan ang patungkol sa awa at kapatawaran ng Diyos habang sa parehong pagkakataon ay pinaalalahanan na ang tipan ay kondisyonal. Ang Diyos ay nagnanais ng pakikisama sa banal na bayan. Nais Niya ang banal na bayan upang magpakita ng Kanyang karakter sa isang ligaw na mundo. Ang lumang tipan ay batay sa pagsasagawa (cf. Deutronomio 27-29), ngunit ang mga makasalanang mga tao ay walang kakayahan sa pagsunod (cf. Roma 7 and Galacia 3). Samakatuwid, ang Bagong Tipan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) ay batay sa mapagbiyaya, di-nagbabagong karakter ni YHWH (cf. Malakias 3:6), ang gawa ng Mesyas, at ang panghihikayat na kapangyarihan ng Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang tunguhin parin ay isang matuwid na bayan, ngunit ang mekanismo ng katuwiran na iyan ay nagbago.

▣ **“sapagka't ako ang Panginoon nilang Dios, at aking didinggin sila”** Ang mga tipanang mga terminong ito ay nagbibigay-diin sa restorasyon ng tipanang relasyon. Sinagot na mga panalangin (BDB 772 I, KB 851, *Qal* DI-GANAP) ay isa sa mga benepisyo. Ang nasirang tipan ay inilarawan sa 7:13.

10:7 “At ang mga sa Ephraim ay magiging parang makapangyarihang lalake” Ang tagahilagang sampung mga tribu, na labis na nasalanta ng pagpapatapon, ay muling mapagkakaisa sa Judah tungo sa iisang pamilya. Ang terminong “makapangyarihan” (BDB 150) ay ginamit sa mga lalake ng Judah sa v. 5.

▣ **“at ang kanilang puso ay mangagagalak na gaya ng sa alak”** Awit 104:15 ay nagsasabi na ang alak ay isang kaloob mula sa Diyos upang pasayahin ang mga puso ng mga lalake. Sa Zacarias 9:15 ito ay inilarawan sa mga matagumpay na mga sundalo. Dito ito rin ay isang metapora ng kagalakan para sa pangmilitar na tagumpay na inilaan ni YHWH.

NATATANGING PAKSA: BIBLIKAL NA SALOOBIN PATUNGKOL SA ALKOHOL AT PAGKAGUMON SA ALKOHOL

I. Biblikal na mga Salita

A. Lumang Tipan

1. *Yayin* – Ito ang pangkalahatang Salita para sa alak (BDB 406), na ginamit ng 141 beses. Ang pinagmulang salita ay di tiyak dahil hindi ito nag-ugat sa Hebreo. Ito ay laging nangangahulugang pinangasim na katas ng bunga, kadalasan ay ubas. Ilang mga tipikal na sipi ay ang Genesis 9:21; Exodo 29:40; Bilang 15:5,10.
2. *Tirosh* – Ito ay “bagong alak” (BDB 440). Dahil sa ma-klimang kondisyon ng Near East, nagsisimula ang pagpapaasim makalipas ang anim na oras matapos ang pagkakatas sa bunga. Ang salitang ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapaasim. Para sa ilang mga tipikal na sipi tignan ang Deuteronomio 12:17; 18:4; Isaias 62:8-9; Osea 4:11.
3. *Asis* – Ito ay halatang isang alkohol na inumin (“matamis na alak,” BDB 779, e.g. Joel 1:5; Isaias 49:26).
4. *Sekar* – Ang Salitang ito ay “malakas na pag-inom” (BDB 1016). Ang ugat na Hebreo ay ginamit sa Salitang “lasing” o “lasenggero.” Mayroon itong bagay na idinagdag para ito ay maging nakakalalasing. Ito ay kahanay sa *yayin* (cf. Kawikaan 20:1;31:6; Isaias 28:7).

B. Bagong Tipan

1. *Oinos* – ang Griyegong kapantay ng *yayin*
2. *Neos oinos* (bagong alak) – ang Griyegong kapantay ng *tirosh* (cf. Marcos 2:22).
3. *Gleuchos vinos* (matamis na alak, *asis*) – alak sa unang baitang pagpapaasim (cf. Gawa 2:13).

II. Biblikal na Gamit

A. Lumang Tipan

1. Ang alak ay kaloob ng Diyos (Genesis 27:28; Awit 104:14-15; Ecclesiastes 9:7; Osea 2:8-9; Joel 2:19,24; Amos 9:13; Zacarias 10:7).
2. Ang alak ay bahagi ng sakripisyong paghahandog (Exodo 29:40; Levitico 23:13; Bilang 15:7,10; 28:14; Deuteronomio 14:26; Hukom 9:13).
3. Ang alak ay ginagamit bilang isang gamot (II Samuel 16:2; Kawikaan 31:6-7).
4. Ang alak ay maaaring maging isang tunay na suliranin (Noah – Genesis 9:21; Lot – Genesis 19:33,35; Samson – Hukom 16; Nabal – I Samuel 25:36; Urias – II Samuel 11:13; Amnon – II Samuel 13:28; Elah – I Hari 16:9; Benhadad – I Hari 20:12; mga pinuno – Amos 6:6; ang mga kababaihan – Amos 4).
5. Ang alak ay maaring abusuhin (Kawikaan 20:1; 23:29-35; 31:4-5; Isaias 5:11,22; 19:14; 28:7-8; Hosea 4:11).
6. Ang alak ay ipinagbabawal sa ilang mga pangkat (mga saserdoteng kasalukuyang nakatalaga, Levitico 10:9; Ezekiel 44:21; mga Nazarito, Bilang 6; at mga namumuno, Kawikaan 31:4-5; Isaias 56:11-12; Hosea 7:5).
7. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Amos 9:13; Joel 3:18; Zacarias 9:17).

B. *Interbiblikal*

1. Ang alak sa mahinahong pag-inom ay labis na nakakatulong (Ecclesiasticus 31:27-30).
2. Ang sabi ng mga rabi o gurong Hudyo , “Ang alak ay ang higit sa lahat ng mga medisina, kung saan kulang ang alak, tiyak higit na kailangan ang mga gamot” (BB 58b).

C. Bagong Tipan

1. Binago ni Hesus ang madaming tubig na maging alak (Juan 2:1-11).
2. Uminom si Hesus ng alak (Mateo 11:18-19; Lucas 7:33-34; 22:17ff).
3. Si Pedro ay inakusahan sa paglalasing ng “bagong alak” sa Pentecost (Gawa 2:13).
4. Ang alak ay maaring gamitin bilang medisina (Marcos 15:23; Lucas 10:34; I Timoteo 5:23).
5. Ang mga pinuno ay hindi dapat maging abusado. Hindi ito nangangahulugan ng lubusang pag-iwas (I Timoteo 3:3,8; Tito 1:7; 2:3; I Pedro 4:3).
6. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Mateo. 22:1ff; Pahayag 19:9).
7. Ang paglalasing ay nakalulungkot (Mateo 24:49; Lucas 12:45; 21:34; I Corinto 5:11-13; 6:10; Galacia 5:21; I Pedro 4:3; Roma 13:13-14).

III. Teolohikong na pagkakaunawa

A. Diyalektikong tensyon

1. Ang alak at kaloob ng Diyos.
2. Ang paglalasing ay isang pangunahing suliranin.
3. Ang mananampalataya sa ilang mga kultura ay dapat limitahan ang kanilang kalayaan alang-alang sa ebanghelyo (Mateo 15:1-20; Marcos 7:1- 23; I Corinto 8-10; Roma 14).

B. Ang pagkahilig na lumagpas sa itinakdang mga hangganan

1. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting mga bagay.
2. Ang lugmok na sangkatauhan ay inabuso ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng paglagpas sa itinakdang hangganan ng Diyos.

C. Ang pag-abuso ay nagmumula sa atin, hindi sa mga bagay. Walang masama sa pisikal na nilikha (cf. Marcos 7:18-23; Roma 14:14,20; I Corinto 10:25-26; I Timoteo 4:4; Tito 1:15).

IV. Unang Siglong MakaHudyong Kultura at Pagpapaasim

- A. Ang pagpapaasim ay nagsisimula ng mabilisan, halos anim na oras matapos na mapiga ang ubas.
- B. Sinasabi ng tradisyon ng Hudyo na kapag may maliit na bula ang lumitaw sa ibabaw (tanda ng pagaasim), ito ay maaring maging alak- katiting na bahagi (*Ma aseroth* 1:7). Ito ay tinawag na “bagong alak” o “matamis na alak.”
- C. Ang pangunahing matinding pagpapaasim ay nakokompleto pagkatapos ng isang lingo.
- D. Ang ikalawang bahagi ng pagaasim ay inaabot ng 40 araw. Sa ganitong kalgayan ityo itinuturing na “pnatandang alak” at maaring ialay sa altar (*Edhuyyoth* 6:1).
- E. Ang alak na inilagak sa kanyang lumang alak ay itinuturing na mabuti, ngunit kailangan muna itong salain bago gamitin.

- F. Ang alak ay itinuturing na maayos na pinatanda kadalasan ay inaabot ng isang taon ng pagpapaasim. Tatlong taon ang pinakamahabang takdang panahon ng alak na ligtas itong naka-imbak. Tinatawag iton “matandang alak” at kailangan na haluan ng tubig.
 - G. Tanging sa nakalipas na 100 taon na may malinis na kilalagayan at nagdadagdag ng kemikal na sangkap ay ang pagpapaasim ay napapatigil. Ang sinaunang mundo ay di kayang pigilan ang natural na proseso ng pagpapaasim.
- V. Pangwakas na Paglalahad
- A. Siguraduhing ang iyong karanasan, teolohiya , at biblikal na interpretasyon ay hindi nakakapagpababa kay Hesus at sa kultura ng unang siglong Hudyo/Kristyano. Sila ay kapansin-pansin hindi buong lakas na umiiwas.
 - B. Hindi ko itinataguyod ang panlipunang gamit ng alkohol. Gayunman, marami ang nagbibigay diin sa posisyon ng Biblia sa paksang ito at ngayon ay nag-aangkin na mataas na antas ng kabanalan batay sa kultura/denominasyonal na pagkiling.
 - C. Para sa akin, ang Roma 14 at I Corinto 8-10 ay nagbigay ng mga kaunawaan at patnubay batay sa pag-ibig at respeto para sa kapwa mga mananampalataya at ang pagkalat ng ebanghelyo sa ating kultura, hindi personal na kalayaan o kritisismong paghuhusga. Kung ang Biblia ang tangin pinagmumulan ng ating paniniwala at kaugalian, kung gayon marahil dapat lahat tayo ay muling isaisip ang usaping ito.
 - D. Kung patuloy nating pagtutulakan ang tahasang pag-iwas bilang kalooban ng Diyos, anu ang ipinahihiwatig natin kay Hesus, at sa ilang mga modernong kultura na regular na gumagamit ng alak.(e.g., Europa, Israel, Argentina)?

▣ **“oo, ito'y makikita ng kanilang mga anak, at mangagalak”**Ito ay nagsasalita sa sosyal na katatagan at kapayapaan, gaya ng sa 9:17.

▣ **“ang kanilang puso ay masasayahan sa Panginoon”** Ang kaparehong PANDIWA (BDB 162, KB 189, *Qal* DI-GANAP ginamit bilang JUSSIVE) ay ginamit sa 9:9 (*Qal* PAUTOS) sa pagdating g Panginoon. Sa talatang ito ang ugat ay ginamit sa pagtataas ng Panginoon mismo at sa Kanyang mga gawa ng pagpapalaya at pagtatatag ng Kanyang bayan. Ang talatang ito ay maaaring isang pahiwatig sa Isaias 41:16.

10:8 “Aking susutsutan sila” Ang (*Qal* DI-GANAP COHORTATIVE) ay tumutukoy sa isang katangian ng pagtawag o tunog (i.e. pag-hip sa tubo) ng pastol na pagsasama (IKALAWANG pandiwa, “PAGTITIPON” [BDB 867, KB 1062] ay isang *Piel* DI-GANAP ginamit bilang COHORTATIVE) ng kanyang tupa (cf. Hukom 5:16). Ang eksaktong tunog ay di-tiyak (BDB 1056, KB 1656), ngunit ito ay isang pahiwatig sa pagsasama ng Diyos sa Kanyang nakakalat na mga tao (cf. Isaias 5:26; 7:18,19).

▣ **“sapagka't aking tinubos sila”** Ang Hebreong terminong ito (BDB 804, KB 911 *Qal* GANAP) ay nangahulugang muling bilihin o tubusin. Dito ay ginamit sa aktibidad ng muling pagpapanumbalik ng Diyos sa Kanyang bayan tungo sa Lupang Pangako (cf. Jeremias 31:11). Jeremias 31:10-13 maaring ang kinaligiran ng Zacarias 9:17. Si Zacarias ay gumagamit ng maraming mga parirala at mga terminolohiya mula sa Isaias, Jeremias, Ezekiel, at ang Minor na Propeta bago ang kanyang araw.

NATATANGING PAKSA: PANGTUBOS/KATUBUSAN

I. LUMANG TIPAN

- A. May dalawang pangunahing legal na Hebreong salitang na nagbibigay sa konseptong ito.
1. *Ga'al* (BDB 145, I), na karaniwang nangangahulugang “palayain sa pamamagitan ng isang halagang kabayaran.” Ang anyo ng salitang *go'el* ay nagdadagdag sa konsepto ng isang personal na taga-pamagitan, kadalasang isang miyembro ng pamilya (i.e., kamag-anak na taga-pagtubos). Itong pangkulturang aspeto ng karapatan sa pagbili pabalik ng mga gamit, hayop, lupain (cf. Levitico 25,27), o mga kamag-anak (cf. Ruth 4:15; Isaias 29:22) ay naisalin sa teolohiya sa pagpapalaya ni YHWH sa Israel mula sa Ehipto (cf. Exodo 6:6; 15:13; Awit 74:2; 77:15; Jeremias 31:11). Siya ay naging “ang taga-tubos” (cf. Job 19:25; Awit 19:14; 78:35; Kawikaan 23:11; Isaias 41:14; 43:14; 44:6,24; 47:4; 48:17; 49:7,26; 54:5,8; 59:20; 60:16; 63:16; Jeremias 50:34).
 2. *Padah* (BDB 804), na kadalasang nangangahulugang “palayain” o “iligtas”
 - a. Ang katubusan ng unang isinilang (panganay) (Exodo 13:13,14 at Bilang 18:15-17)
 - b. Ang pisikal na katubusan na pinag-iiba sa espirituwal na katubusan (Awit 49:7,8,15)
 - c. Tutubusin ni YHWH ang Israel mula sa kanilang kasalanan at paghihimagsik (Awit 130:7-8)
- B. Ang teolohikong konsepto ay kinabibilangang ng maraming magkakaugnay na mga bagay.
1. Mayroong pangangailangan, isang pagkaalipin, isang pagkakaalis, isang pagkabilanggo
 - a. Pang-pisikal
 - b. pamlipunan
 - c. Pang-espirituwal (cf. Awit 130:8)
 2. Isang halaga ang kailangang maging kabayaran para sa kalayaan, pagpapalaya, at pagpapanumbalik.
 - a. Ng bansang Israel (cf. Deuteronomio 7:8)
 - b. Ng bawa't-isa (cf. Job 19:25-27; 33:28)
 3. Mayroong kailangang kumilos bilang tagapamagitan at tagapagtangkilik. Sa *gaal* ang isa ay kadalasang isang miyembro ng pamilya o malapit na kamag-anak (i.e., *go'el*, BDB 145).
 4. Si YHWH ay kadalasang inilalarawan ang Kanyang sariling sa mga pampamilyang mga kataga.
 - a. Ama
 - b. Asawang lalaki
 - c. Malapit na kamag-anak na Taga-pagtubos/Taga-paghigantiAng katubusan ay may katiyakan sa pamamagitan ng personal na kinatawan ni YHWH's; isang halagang pinangbayad, at katubusan ay naisakatuparan!

II. BAGONG TIPAN

- A. May maraming mga salitang ginamit upang magbigay-kahulugan teolohikong konsepto.
1. *Agorazō* (cf. I Corinto 6:20; 7:23; II Pedro 2:1; Pahayag 5:9; 14:3-4). Ito ay isang pang-komersyong salita na nagpapaliwanag ng isang halagang kabayaran para sa isang bagay. Tayo ay mga taong binili ng dugo na walang kapangyarihan sa ating mga buhay. Tayo kay nabibilang kay Kristo.
 2. *Exagorazō* (cf. Galacia 3:13; 4:5; Efeso 5:16; Colosas 4:5). Ito rin ay isang pang-komersyong salita. Ito ay nagpapahayag ng panghaliling kamatayan ni Hesus para sa atin. Ipinataw kay Hesus ang “sumpa” ng isang kautusan na nababatay sa pagsasakatuparan (i.e., Kautusan ni Moises. Cf. Efeso 2:14-16; Colosas 2:14), na hindi maisasakatuparan ng mga makasalanang

tao. Tiniis niya ang sumpa (cf. Deuteronomio 21:23) para sa ating lahat (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21)! Kay Hesus, ang kahatulan at pag-ibig ng Diyos ay ipinagsama sa lubusang kapatawaran, pagtanggap, at paglapit!

3. *Luō*, “upang palayain”

a. *Lutron*, “isang halagang kabayaran” (cf. Mateo 20:28; Marcos 10:45). Ito ay mga makapangyarihang salita mula sa bibig ni Hesus patungkol sa layunin ng Kanyang pagdating, upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang kasalanang-utang na Hindi niya inutang (cf. Juan 1:29).

b. *Lutroō*, “upang pakawalan”

(1) tubusin ang Israel (Lucas 24:21)

(2) ibigay ang Kanyang sarili upang tubusin at linisin ang mga tao (Tito 2:14)

(3) maging isang kahaliling walang kasalanan (I Pedro 1:18-19)

c. *Lutrōsis*, “katubusan,” “pagkakalaya,” o “pagpapalaya”

(1) Propesiya ni Zacarias patungkol kay Hesus, Lucas 1:68

(2) Papuri ni Anna sa Diyos para kay Hesus, Lucas 2:38

(3) Mas mabuting minsanang paghahandog na alay ni Hesus, Hebreo 9:12

4. *Apolytrōsis*

a. Katubusan sa Pangalawang Pagdating (cf. Gawa 3:19-21)

(1) Lucas 21:28

(2) Roma 8:23

(3) Efeso 1:14; 4:30

(4) Hebreo 9:15

b. Katubusan sa kamatayan ni Kristo

(1) Roma 3:24

(2) I Corinto 1:30

(3) Efeso 1:7

(4) Colosas 1:14

5. *Antilytron* (cf. I Timoteo 2:6). Ito ay isang napakahalagang talata (tulad ng Tito 2:14) na nag-uugnay sa paghaliling kamatayan ni Hesus sa krus. Siya ang isa at isa lamang na katanggap-tanggap na paghahain, ang isang namatay para sa “lahat” (cf. Juan 1:29; 3:16-17; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14).

B. Ang teolohikong konsepto ng NT.

1. Ang sangkatauhan ay alipin ng kasalanan (cf. Juan 8:34; Roma 3:10-18; 6:23).

2. Ang pagkakaalipin ng sangkatauhan sa kasalanan ay nahayag ng OT Kautusan ni Moises (cf. Galacia 3) at pangangaral (sermon) ni Hesus sa Bundok (cf. Mateo 5-7). Ang pagsasakatuparan ng tao ay naging isang hatol ng kamatayan (cf. Colosas 2:14).

3. Si Hesus, ang walang kasalanang tupa ng Diyos, ay dumating at namatay para sa ating kalalagayan (cf. Juan 1:29; II Corinto 5:21). Tayo ay binili mula sa kasalanan upang tayo ay maglingkod sa Diyos (cf. Roma 6).

4. Sa pamamagitan ng pagsasangkot, kapwa sina YHWH at Hesus ay “malapit na kamag-anak” na kikilos para sa atin. Ito ay nagpapatuloy ng mga pampamilyang talinghaga (i.e., ama, asawang lalaki, anak na lalaki, kapatid na lalaki, malapit na kamag-anak).

5. Ang katubusan ay hindi isang halagang ibinayad kay Satanas (i.e., teolohiyang Medieval), kundi ang pagkakasundo ng salita ng Diyos at kahatulan ng Diyos na many pag-ibig ng Diyos at buong pagtustos kay Kristo. Sa krus, kapayapaan ay napanumbalik, ang paghihimagsik ng sangkatauhan ay pinatawad, ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan ngayon ay lubusan muling gumagana sa malapit na pakikipag-ugnayan!

6. Mayroon pang isang panghinaharap na aspecto ng katubusan (cf. Roma 8:23; Efeso 1:14;

4:30), na kinabibilangang ng ating mga katawan sa muling pagkabuhay at personal na malapit na ugnayan sa Trinidad na Diyos. Ang ating mga katawan sa muling pagkabuhay ay magiging katulad ng sa Kanya (cf. I Juan 3:2). Siya ay mayroong pisikal na katawan, ngunit may isang karagdagang dimensyonal na aspeto. Napakahirap bigyang kahulugan ang kabalintunaan ng I Corinto 15:12-19 kasama ang I Corinto 15:35-58. Maliwanag na mayroong isang pisikal, pang-mundong katawan at magkakaroon ng isang makalangit, espirituwal na katawan. Si Hesus ay kapwa mayroon nito!

▣ **“at sila’y magsisidami ng gaya ng kanilang dinami”** Ang konteksto ay isang pag-aalala sa Jeremias 30:18-22. Hindi lamang ang muling pagbabalik ng natitira, ngunit si YHWH ay muling magpapanumbalik sa mga buong mga bilang ng mga naninirahan (cf. Ezekiel 36:37-38).

Isa sa mga pangako ng Diyos sa mga Pariyarka ay ang kanilang mga inapu ay maaring napakarami (cf. Genesis 13:16; 15:5; 22:17; 26:4; 28:14; 32:12; Bilang 23:10).

10:9 “aking pangangalatin” Ang konteksto ay nagbibigay-diin sa soberenidad ni YHWH patungkol sa kasaysayan at pagtutubos (cf. vv. 3,6,9,10). Ang Diyos ay umaakto sa pagpapala at pagsusumpa (cf. Deuteronio 27-29) batay sa pagsunod ng Kanyang bayan sa Mosaic na tipan. Ngunit maging sa gitna ng pagsuway, Siya parin ay umaakto sa kataptan sa Kanyang sariling karakter at layunin (cf. Jeremias 31:27-28).

Ang Hebreong termino “ipinakalat” (BDB 281, KB 282, *Qal* DI-GANAP) ay maaring mangahulugan “maghasik” (NKJV). Ang Diyos inani sila dahil sa kanilang idolatrya at kawalang katapatan sa Kanyang tipan (cf. Ezekiel 6:9-10), ngunit pagkatapos sila ay maaalala Siya at maging matapat sa Kanya at turuan ang kanilang mga anak patungkol sa Kanya. Ito ang plano ng Diyos para sa pagdadala ng Kanyang mensahe sa mundo. Madalas na umaakto ng paghahatol na nagiging pagpapala: (1) ang pagpapakalat pagkatapos ng tore ng Babel sa Genesis 10-11 ay nagdulot ng nasyonalismo, na nagprotektang sa sangkatauhan mula sa iisang pamahalaang mundo; (2) ang paglalagalag sa ilang na periyod ay bunga ng kanilang kawalang paniniwala, ngunit si YHWH ay ginawa itong isang natatanging panahon ng Kanyang personal na pag-aaruga, mga probisyon, at presensya sa Kanyang bayan; (3) Ang Kalbaryo ay nagmukhang napakasama at nakakainis. ngunit ang Diyos ay ginamit ito para sa unibersal na pagtutubos; at (4) ang persekusyon ng naunang iglesya ay nagresulta sa pandaigdigang ebanghelyong proklamasyon [cf. Gawa 8:4]. Ang Kanyang bayan ay hindi umabot kaya Siya ay inani sila sa mundo upang madala Niya sila at ang iba (cf. 8:20-23) pabalik muli sa Kanya (tignan ang panalangin ni Solomon sa I Hari 8, lalo na ang vv. 43 at 60)!

▣ **“aalalahanin nila ako”** Ang PANDIWA (BDB 269, KB 269) ay isang *Qal* DI-GANAP. Ito ay nagpapaalala sa panalangin ni Solomon sa paghahandog ng templo (cf. I Hari 8:46-53). Pansinin ang personal na elemento “tandaan Ako,” hindi lamang mga estipulasyon. Kapwa ay bahagi ng tipanang relasyon.

Ang bayan ng Diyos ay alalahanin kung ang ginawa ng Diyos para sa kanila (i.e. Exodo) at pagtiwalaan Siya sa kasalukuyang pagdurusa. Ang Diyos ay umaakto ayon sa Kanyang di-nagbabago, magpagbiyayang karakter. Maging sa Kanyang paghahatol ay isang akto ng awa (i.e. Exodo, Pagpapatapon).

10:10 “Egipto. . . Asiria” Ang mga ito ay sinaunang mga kaaway ng Israel ginamit upang magsimbolo sa lahat ng mga kaaway ng bayan ng Diyos.

▣ **“lupain ng Galaad”** Ito ay kilalang pastolang lupain (cf. Jeremias 22:6; 50:19) sa silangang bahagi ng Jordan sa itaas ng Jabbok River. Ito ay kilala para sa kanilang mga baka at medisina (cf. Jeremias 8:22; 46:11).

▣ **“Libano”** Ito ay tumutukoy sa Kahariang Hiram, sa kalaunang ay kilala bilang Phoenicia. Ito ay kilala para sa mga artisan at troso nito (cf. I Hari 4:33; 5:6,9,14; 7:2; 16:17,21; Isaias 35:2). Ito ay isang lugar ng tanyag na kagandahan at pagkamayabong (cf. Song of Songs 4:8,11,15; 5:15; 7:4). Ito ay isinama sa Lupang Pangako sa Deutronomio 1:7; 11:24 at Josue 1:4.

▣ **“walang dakong masusumpungan para sa kanila”** Ito ay isang idyoma ng kasaganaan. Ang Lupang Pangako ay kompletong mapupuno ng matatapat na tao ng Diyos.

Ang multiplikasyong ito ng mga naninirahan (lalo na ang mga anak, cf. v. 7c) ay binanggit rin sa Isaias 49:14-21 at 54:1-3.

10:11

NASB “At siya'y magdadaan ng dagat ng kadalambahatian, at hahawiin ang mga alon sa dagat”

NKJV “Siya ay daraan sa dagat ng pagpapahirap”

NRSV “Sila ay dadaan sa dagat ng pagkabalisa”

TEV “Kapag sila ay daraan sa dagat ng kaguluhan”

NJB “sila ay tatawid sa dagat ng Ehipto”

Gaya ng napakaraniwan sa propetiko at apokaliptikong panitikan, ang paksa at kondisyon ay nagbago ng walang paabiso o tekstwal na mga pananda. Ito ay espesyal na totoo sa konteksto sa Zacarias. Tignan Kontekstwal na mga Kaunawaan sa pasimula ng kabanata 9.

Ang problema ay nagsusubok na matagpuan sa PAKSA at LAYON ng vv. 11 at 12. Ang ilan ay nagsaad na (1) ito ay ang mga nakabalik dahil sa v. 10, “sila,” LXX; (2) ito ay ang Mesyas (MT, “siya”); (3) ito ay si YHWH (cf. v. 12; Isaias 43:2, *The Pulpit Commentary*, Zacarias, bolyum 14, p. 108) at ito ay isang pahiwatig sa Exodo (cf. JB at RSV mga salin). Sa aking opinyon, dahil ang v. 12 ay nagpapahiwatig YHWH at isa na namang persona (“siya”), ako ay naniniwala na ang mga talata ay Mesyaniko.

▣ **“at ang lahat ng kalaliman sa Nilo ay matutuyo”** Ito ay tiyak na isang historikal pahiwatig na pagtatawid sa Pulang Dagat (cf. Exodo 15:5) at Jordan Rivers. Ang mga ito ay malakas na mga akto ng probisyon. Ang pagabablik mula sa pagpapatapon ay inilarawan sa kaparehong paraan (cf. Isaias 44:27). Sa eskatolohikal si YHWH ay nagtatanggal sa lahat ng natural na mga handlang sa Kanyang sarili; mga ilog, mga bundok, bilang simbolo ng isang lubos at malayang paglapit.

10:11 “ang kapalaluan ng Asiria” Tignan puna sa 9:6.

10:12 “sa kaniyang pangalan” Ang talata 1 ng kabanata 10 ay nagsisimula sa pagsasalita na sila ay dapat na manalangin para sa ulan mula sa Diyos, gaya ng sila ay dating nanalangin sa mga idolo. Ang talata 12 ay nagtatapos sa kaisipang ito sa pamamagitan ng pagsaad na sila ay maaring lumakad sa pangalan ng Diyos at hindi sa pangalan ng idolo (cf. Micah 4:5).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang panahong elemento ng kabanatang ito? (nakalipas, kasalukuyan, at nalalapit na hinaharap, o pangwakas na panahon) Bakit?
2. Ang v. 2 ay kailanman naglarawan sa buhay ng Hudyong bayan? Kung magkagayon, kailan?
3. Bakit ang Diyos ay tinawag na “pastol” at Kanyang bayan na tupa?
4. Ilista ang Mesyanikong mga reperensiya sa kabanata.
5. Paano at kailan ang Judah at Ephraim ay muling nagkaisa?

ZACARIAS 11

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Ang Desolasyon ng Israel	Ang Pagbasak ng mga Manankop	Ang Pagbagsak ng mga Mananakop	Ang Pag-uyam Laban sa mga Kaaway
11:1-3	11:1-3	11:1-3	11:1-3
Ang Propesiya ng mga Pastol	Ang Dalawang mga Pastol	Ang Dalawang mga Pastol	Ang Dalawang mga Pastol
11:4-6	11:4-6	11:4-5 11:6	11:4-6
11:7-14	11:7-14	11:7-12 11:13-14	11:7-14
11:15-16	11:15-16	11:15-17	11:15-16
11:17	11:17		11:17

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

TEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

- A. Ang kabanatang ito, gaya ng iba sa seksyon na ito (ang mga kabanata 9-14), ay napakahirap na mainterpret dahil sa kalabuan ng historikal na tagpuan at ang pampanitikan dyanra.
- B. Bawat isa sa mga kabanatang ito ay naglalaman ng materyal na ginamit sa mga Ebanghelyo upang ilarawan ang buhay ni Hesus.

Gayunpaman, ang orihinal na tagpuan ay maaring (1) pre-exilic; (2) post-exilic; (3) interbiblikal; (4) panahon ni Hesus; o (5) eskatolohikal. Posibleng ang kalabuan ay puno ng layunin upang pahintulutan ang propesiya na ipakita ang katapatan ng Diyos at sa kawalang pananampalataya ng Kanyang bayan sa buong kasaysayan. Kung ang tagumpay ay dumating ito ay magmumula sa mapagbiyayang karakter ni YHWH at pagtutubos na layunin na dinala sa pamamagitan ng isang sugatang pastol (ang Mesyas, cf. mga kabanata 12 at 13).

- C. Ang konteksto ng kabanata 11 ay halatang ang pagtatakwil ng isang makadiyos na pinuno at kanyang pagpapalit ng isang masamang pamunuan. Si Hesus ay nakita ang Kanyang sarili bilang parehong ang sugatang Pastol (cf. Marcos 8:32-33; 9:32-34; 10:35-37) at ang Mabuting Pastol (cf. Juan 10).
- D. Ang mga talata 1-3 ay nasa patulang anyo (gaya ng sa v. 17). Ang ilan ay nakita ito na kaugnay sa kabanata 10 patungkol sa paghahatol ng nakapaligid na mga bansa (na nasa patulang anyo rin, i.e. vv. 2-12), habang ang iba ay inuugnay ito sa kabanata 11 at ang naaangkop na paghahatol sa bayan ng Diyos.
- E. Ilang posibleng mga teroya patungkol sa historikal na tagpuan ng v. 8.
1. naunang petsa, Targums - Moses, Aaron, Miriam
 2. pre-exilic, huling tatlong mga hari ng Judah - Jehoiakim, Jehoiachin, Zedekiah
 3. post-exilic
 4. interbiblikal
 - a. tatlong mga punong saserdote ng Seleucid periyod - Jason, Menelaus, Lysimachus
 - b. tatlong mga hari ng Seleucid emperyo - Seleucus IV, Heliodorus, Demetrius
 5. panahon ni Hesus (A.D. 70), Hudyong mga kasabwat sa Templo sa panahon ng Hudyong pag-aaklas - Eleazar, Juan, Simon
 6. pagkatapos ng panahon ni Hesus, Roman Caesars
 7. pangwakas na panahon? (posibleng kaugnay sa Antikristo sa Daniel 7:8)
 8. sa konteksto ang mga ito ay posibleng ang tatlong mga tipo ng mga pinuno: mga propeta, mga saserdote, at sibil na pinuno / mga hari.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 11:1-3

¹Ibukas mo ang iyong mga pinto,

Oh Libano, upang supukin ng apoy ang iyong mga cedro.

²Manambitan ka, Oh puno ng abeto, sapagka't ang cedro ay nabuwal, sapagka't ang mga mabuti ay nabuwal;

Oh mga encina sa Basan, sapagka't ang matibay na gubat ay nasira.

³Ang isang hugong ng panambitan ng mga pastor, sapagka't ang kanilang kaluwalhatian ay nasira; ang isang hugong ng ungal ng mga batang leon, sapagka't ang kapalaluan ng Jordan ay nasira.

11:1 “Ibukas mo ang iyong mga pinto,” Ito (BDB 834 I, KB 986) ay isang *Qal* PAUTOS (i.e. magpasakop upang mapapunuan). Ang mga talata 1-3 ay nagbuo ng isang pampanitikan yunit. Ang tulang ito ay maaring mag-ugnay sa (1) mga kabanata 9 at 10, ang paghahatol ng Diyos sa nakapaligid na mga bansa o (2) ang natirang kabanata 11, ang paghahatol ng Diyos sa Kanyang sariling mga tao.

Ang idyomatikong pariralang ito (cf. Isaias 45:1) ay isang paraan ng pagsasatao ng bansa ng Phoenicia (cf. 9:3-4). Ito ay naglalarawa ng isang militar na pagkatalo ng Phoenicia (Lebanon).

▣ **“Libano”** Lebanon ay kilalang kilala sa kayamanan at kapangyarihan nito. Ang tulang ito ay gumagamit ng mga analohiya ng ilang kilalang mga puno (cedars, cypress, at oak) at kanilang pagkawasak ay inilarawan sa paghahatol ng Diyos (i.e. apoy, tignan Natatanging Paksa sa Daniel 7:10).

▣ **“apoy ang iyong mga cedro”** Ang PANDIWA (BDB 37, KB 46) ay isang *Qal* DI-GANAP ginamit bilang isang JUSSIVE. Ito ay alinman sa pagbibigay diin sa paghahatol ng Diyos o isang pagsalakay sa hilaga (posibleng ni YHWH, cf. kabanata 9).

11:2 “Manambitan ka” Mayroong dalawang *Hiphil* PAUTOS (v. 2a,c). Ang terminong ito (BDB 410, KB 413) ay ginamit para sa paghahatol ng Diyos’ sa bayan ng Diyos (cf. Hosea 7:14; Micah 1:8; Zepania 1:11) at para sa paghahatol ng Diyos sa nakapaligid na mga bansa (cf. Isaias 13:6; 16:7; 23:1,6,14; 52:5; Jeremias 48:39; 49:3).

▣ **“cedro”** Ang puno (BDB 141) ay maaring isang juniper, na siyang pangunahing pinagmumulan ng troso sa Lebanon. Ito ay isang kulay berde na ginamit sa templo.

1. mga sahig, I Hari 6:15
2. mga pinto, I Hari 6:34
3. mga panel para sa pasilyo, II Cronico 3:5

▣
NASB, TEV **“sapagka't ang matibay na gubat ay nasira”**
NKJV **“ang malakas na mga puno ay nagiba”**
NRSV **“ang maluwalahating mga puno ay nagiba”**
NJB **“ang maharlikang isa ay nadurog”**

Ang PANGALAN (BDB 12) ay nangahulugang “maluwallhati” o “kariktan.” Ito ay ginamit sa v. 13 sa isang sarkastikong pakahulugan. Dito ito ay maaring tumutukoy sa mga pinuno, nagsimbolo bilang malakas, magandang mga puno.

Ang PANDIWA (BDB 994, KB 1418, *Pual* GANAP) ay nangahulugang “ang nakawin,” “wasakin,” o “gibain.” Ito ay maaring tumutukoy sa

1. mga siyudad, Isaias 15:1; 23:1; Jeremias 48:1; 49:3
2. mga bansa, Jeremias 4:20; 9:18; 48:15,20
3. mga bahay, Jeremias 4:20; 10:20
4. mga puno, Zacarias 11:2

▣ **“Oh mga encina sa Basan”** Bashan, sa transJordan nal ugar, bahagi ng Gilead (cf. 10:10), ay karamihan isang pastolang lupain, ngunit ito ay tinamnan ng mga grupo ng magagandang mga puno. Ang pangalan nito (BDB 143) ay nangahulugang “makinis” (i.e. matabang) lupa.

▣ **“sapagka't ang matibay na gubat ay nasira”** Ang pagkawasak ng isang kagubatan ay ginamit upang magsimbolo ng pagbagsak ng mga bansa at mga pamahalaan.

11:3 “panambitan ng mga pastor” Ang metapora ay nagbago mula sa isang nasusunog na tarangkahan at isang kinalbong kagubatan sa isang umiiyak na pastol dahil sa pagkawala ng lupang pastolan. Ang metapora ay muling magbabago sa huli ng v. 3 tungo sa isang batang leong umaatungal dahil sa kanilang natural na tahanan (i.e. “yabang”) ay winasak. Posibleng ang tulang ito ay isang pahiwatig sa Jeremias 25:34-38.

▣ **“sapagka't ang kapalaluan ng Jordan ay nasira”** Ito ay tumutukoy sa bahang talampas sa Jordan, na isang masiksik sa ilalim (cf. Jeremias 12:5; 49:19; 50:49), ngunit ngayon ay winasak at, samakatuwid, walang lugar na taguan para sa mga leon.

TALATA SA NASB (BINAGO): 11:4-6

⁴Ganito ang sabi ng Panginoon kong Dios, “Pakanin mo ang kawan na papatayin. ⁵Na mga pinapatay ng mga mayari, at hindi mga inaaring maysala; at silang nangagbibili ng mga yaon ay nangagsasabi, ‘Purihin ang Panginoon, sapagka't akoy mayaman; at ang kanilang sariling mga pastor ay hindi nangaawa sa mga yaon. “Sapagka't hindi na ako maaawa sa nagsisitahan sa lupain” sabi ng Panginoon; “kundi, narito, aking ibibigay ang bawa't isa ng mga tao sa kamay ng kaniyang kapuwa, at sa kamay ng kaniyang hari; at kanilang ipapahamak ang lupain, at mula sa kanilang kamay ay di ko ililigtas sila.”

11:4-14 Ang seksyong ito ay tumatalakay sa dalawang mga uri ng mga pastol (i.e. mga pinuno), ang paparating ng makadiyos na pinuno na itinakwil at pinalitan ng isang masamang pinuno (cf. vv. 4-6 at 15-17). Ang mga talata 7-14 ay tumutukoy sa mabuting pastol, ang Mesyas (personal na kinatawan ni YHWH). Si Hesus ay pumulot sa temang ito sa Kanyang diskorsyo sa Kanya, Kanyang sarili bilang ang Mabuting Pastol sa Juan 10.

11:4 “Pakanin mo ang kawan na papatayin” “Pastolan” (BDB 944 I, KB 1258). Ito ay isang *Qal* PAUTOS (i.e. “pastol”). “Ang kawan” ay tila tumutukoy sa bayan ng Diyos (cf. v. 6; Awit. 44:22; Jeremias 12:1-3). Ang pariralang ito ay hindi nagpahiwatig na ang mga ito ay matapat kay YHWH, ngunit sila ay pinagsamantalahan ng kanilang sariling mga pinuno o dayuhan (kaparehong kalabuan gaya ng sa 10:3a-b).

11:5 “Na mga pinapatay ng mga mayari, at hindi mga inaaring maysala” Ay *Qal* AKTIBONG PANDIWARI (BDB 888, KB 1111) ay sinundad ng isang *Qal* DI-GANAP (BDB 246, KB 255). It ang pahiwatig sa bagong mga nagmamay-ari ng tupa na ginamit sila para maging pagkain (hindi lana). Ito marahil ay tipo pagpapabaa at walang habag na mga akto ng mga negosyante o pamahalaang mga pinnuno (cf. 10:3).

▣ **“Purihin ang Panginoon, sapagka't akoy mayaman”** Ito ay tila isang sarkastikong komento ng Hudyong mga pinuno na nagpupuri sa Diyos para sa kanilang hindi tapat na pagkakaroon ng kayamanan mula sa pananamantala sa mga mahihirap at walang kakayahan. Deutronomio 27-29 ay madalas na hinulaan sa paraang na ang kayamanan ay katumbas ng pagpapala ng Diyos!

▣ **“at ang kanilang sariling mga pastor ay hindi nangaawa sa mga yaon.”** Dito ang pastol ay nangahulugang mga pinuno. Na kinakikitaan ng Diyos (habag) hindi kinakikitaan ng mga Hudyong mga pinunong ito.

11:6 “at ang kanilang sariling mga pastor ay hindi nangaawa sa mga yaon.” Ang wikang ito ay kapareho sa Hosea 1:6-9; 2:1-23. Ang Hosea ay sinabihan na isapamuhay ang kanyang buhay (i.e. pakasalan ang isang patutot) upang maging modelo ng pag-ibig ni YHWH para sa walang pananampalatayang Israel. Si Zacarias, o ang hinaharap na Mesyas, ay nagpapauliran ng mga saloobin ni YHWH! Ang mga Hudyong mga pinuno ay dapat na maging modelo ng pamumuno ni Diyos.

▣ **“ipapahamak”** Pansinin ang isa na namag katangian ng apokaliptikong panitikan ay ang “Diyos ay lubusang soberino” paksa (“Aking gagawin” tatlong beses).

▣ **“bawa't isa ng mga tao sa kamay ng kaniyang kapuwa, at sa kamay ng kaniyang hari”** Ang problema ng pantaong pamunuan ay dahl ang pagbagsak sa kasalanan ay walang kakayahan na maging hindi makasarili sa pangangalaga ng kapangyarihan at awtoridad.

Ang NASB ay isinalin ang Hebrewong idyoma na ito sa “mga kamay ng” (dalawang beses) bilang “sa kapangyarihan ng.”

TALATA SA NASB (BINAGO): 11:7-14

⁷Sa gayo'y aking pinapanginain ang kawan na papatayin, katotohanang kaawaawang kawan. At nagdala ako ng dalawang tungkod; ang isa'y tinawag kong Maganda, at ang isa'y tinawag kong mga Panali; at aking pinapanginain ang kawan. ⁸Ta aking inihwalay ang tatlong pastor sa isang buwan; sapagka't ang aking kaluluwa ay nagsawa sa kanila, at sila'y nayamot sa akin. ⁹Nang magkagayo'y sinabi ko, “Hindi ko na papanginginainin kayo: ang namamatay, ay mamatay; at ang nahihwalay, ay mahihwalay; at ang mangaiwan ay mangagkainan ng laman ng isa't isa”¹⁰At hinawakan ko ang aking tungkod na Maganda, at aking binali, upang aking sirain ang aking tipan na aking ipinakupagtipan sa lahat ng mga bayan. ¹¹At nasira nang araw na yaon; at ganito nakilala ng kaawaawa sa kawan na nagmamasid sa akin na yao'y salita ng Panginoon. ¹²At sinabi ko sa kanila, “Kung inaakala ninyong mabuti, bigyan ninyo ako ng aking kaupahan; at kung hindi, inyong pabaya. Sa gayo'y kanilang tinimbangan ang kaupahan ko ng tatlong pung putol na pilak. ¹³At sinabi ng Panginoon sa akin, “Ihagis mo sa magpapalyok, ang mainam na halaga na aking inihalaga sa kanila.” At aking kinuha ang tatlong pung putol na pilak, at inihagis ko sa magpapalyok sa bahay ng Panginoon. ¹⁴Nang magkagayo'y binali ko ang aking isang tungkod, sa makatuwid baga'y ang mga Panali, upang aking masira ang pagkakapatiran ng Juda at ng Israel.

11:7 “Ako” Ang “Ako” ng v. 6 (gaya ng sa v. 16) ay tumukoy kay YHWH, kaya sa, vv. 7-11, 12-14. Ito ay posibleng na si Zacarias ay nagsasalita at umaakto para kay YHWH o na ang Mesyas ay nagsasalita at umaakto para kay YHWH. Ang NIV talababa ay nagsasabi, “Zacarias, bilang isang tipo (panghuhula) ng Mesyaniko Pastol-Hari” (p. 1418). Ito ang pagkakasunod-sunuran sa apokaliptikong propesiya, na nagpapahirap dito na maging partikular.



NASB “ang kawan na papatayin”
NKJV “sa partikular ang mahirap sa kawan”
NRSV “kaya alang-alang sa mga mamimili ng tupa”
TEV “yaong mga bumili at nagbenta ng tupa ay inupahan ako”
NJB “nagmumula sa mga mangangalakal ng tupa”

Ang PANG-URI (BDB 776) ay maaring mangahulugang “pinahirapan,” “mahirap,” o “mapagkumabab.” Ito ay madalas na ginamit sa matapat na pinahirapan ng mga masasamang mga hudyo o paganong mga bansa (cf. Isaias 14:32; 51:21; 54:11; Habakkuk 3:14; Zepania 3:12-13).

Halata na, Gayunpaman, na ang NRSV, TEV, at NJB ay sumusunod sa pag-uunawa sa Septuagint sa pagsasama-sama ng mga termino (BDB 485 and 776) tungo sa isang Hebreong salita “mangangalakal” (i.e. Canaanite, BDB 488 I, cf. 14:21).

“At nagdala ako ng dalawang tungkod. . . Maganda. . . Panali” Mula sa Awit 23:4 ating natutunan na ang mga pastol ay madalas na nagdadala ng isang malaki, baluktot na tungkod upang kontrolin ang tupa, at isang pandigmang leon sa kanyang beywang upang labanan ang mananakmal. Dito, ang pastol ay halatang nagdadala ng dalawang malaking, baluktot na mga tungkod (BDB 596). Ang isa ay tinawag na “kalugod-lugod” (BDB 653), habang ang isa ay tinawag na “unyon” o “nagbibigkis na mga tali” (BDB 287). Ang mga tungkod na ito ay kumakatawan sa pagtatangka ng Diyos na muling pagkaisahin ang Israel at Judah (cf. v. 14; 9:13; 10:6).

11:8 “At aking inihwalay ang tatlong pastor sa isang buwan” The term “annihilate” (BDB 470, KB 469, *Hiphil* DI-GANAP) means “to totally destroy” (cf. Exodo 23:23; I Hari 13:34; II Cronico 32:21; Ps. 83:4). The *Niphal* ay ginamit sa vv. 9 and 16 with the same meaning. The UBS, *Handbook*, says it can mean “deposed” or “dismissed,” as well as “disposed of” (p. 291).

There are over forty current theories as to the historical application of this verse, none of which

literally occur in one month. The commentator's presupposition is often superimposed on this kabanata to find an allusion to kasaysayan. See the Kontekstoual Insights at the beginning of this kabanata for the current theories. Interpreters must remember this is apocalyptic language, not historical narrative. See D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*.

▣ **“sapagka't ang aking kaluluwa ay nagsawa sa kanila, at sila'y nayamot sa akin”** Mayroong ilang mga teorya patungkol sa antesedente ng PANGHALIP. Ito ay nagpapakita ng saloobin ng makadiyos na pastol (i.e. “walang pasensya” BDB 894, KB 1126, *Qal* DI-GANAP, cf. Bilang 21:4; Hukom 10:26; Job 21:4) sapagkat ang mapanghimagsik na saloobin ng tao (i.e. ang tupa ng v. 9; “napapagod” BDB 103, KB 119, *Qal* GANAP ay maaring mangahulugang (1) “naduwal,” “sumama ang loob” (ngunit walang mga kaugnay); (2) ito ay nagpapakita sa makadiyos na saloobin ng pasto tungo sa tatlong mga pastol (NRSV); o (3) ito ay nagpapakita na ang makadiyos na saloobin ng pastol tungo sa kanyang tupang mangangalakal (cf. vv. 7,11).

11:9 “Nang magkagayo'y sinabi ko, Hindi ko na papanginginainin” Karamihan ng Englis na mga salin ay nakita ang “ikaw” bilang tumutukoy sa tupa. Gayunpaman, ang UBS, *Handbook*, ay nagtuturo na ang PANGHALIP ay PANGLALAKE, hindi PAMBABAE (pp. 292-293). Ito ay maaring mangahulugan na “pastolan para sa iyo,” na nagpapatukoy dito sa “tupang mangangalakal” ng vv. 7,11.

▣ **“ang namamatay, ay mamatay”** Ang unang PANDIWA (BDB 559, KB 562) ay *Qal* AKTIBONG PANDIWARI, PAMBABAE, PANGISAHAN at halatang tumutukoy sa tupa. Ang ikalawa ay isang *Qal* DI-GANAP ginamit sa JUSSIVE na pakahulugan. Ang tupa ay mamatay. Ang kanilang kasalanan ay natagpuan silang labas (kahawig sa Roma 1:24,26,28).

▣ **“mangagkainan ng laman ng isa't isa”** Ito ay isa na namang *Qal* DI-GANAP ginamit sa JUSSIVE na pakahulugan. Ito ay hindi nagpapakita ng pananaw ng Diyos sa kanibalismo, ngunit ito ay naghuhubog sa metapora mula sa vv. 4-5. Ito ay bahagi ng “tupa” at “pagpatay” na terminolohiya.

11:10 “aking tungkod. . . Maganda. . . upang aking sirain ang aking tipan na aking ipinakipagtipan sa lahat ng mga bayan” Ang simbolikong pagkawasak ng tungkod “Pabor” ay nagpapakita ng saloobin ng Diyos tungo sa: (1) ang Hudiyong bayan (*Qal* DI-GANAP); (2) ang mga hudyong ng Diaspora; o (3) ang Kanyang saloobin tungo sa Hentil na mga bansa ay nagbago! Ang PANDIWA “nasira” (BDB 154, KB 180) ay may marahas na konotasyon (cf. Isaias 10:33) ng isang bagay na “pinutol” o “hinati sa.” Ito ay ginamit sa *Piel* para sa pagkawasak ng Canaanite mga layon ng pagkayabong (cf. Deuteronomio. 7:5; 12:3; II Cronico 14:3; 31:1; 34:4,7).

Ang pinakakonsepto ng pagbabali ni YHWH ng Kanyang eternal na tipan (cf. Isaias 24:5) sa mga inapu ni Abraham ay nakakabigla, ngunit pansinin ang Jeremias 14:21 at Ezekiel 16:59.

Ang parirala “lahat ng mga tao” (BANGHAY BDB 481 plus 766 Ako) ay tila nagpapahiwatig sa unibersal na elemento (cf. 8:20-23; 9:7).

11:11 “At nasira nang araw na yaon” Ang tunay na nagpapakahulugang katanungan ay ito ba ay tumutukoy (1) nakalipas na mga gawa ni YHWH; (2) sa panghinaharap na mga akto ng Mesyas; o (3) isang tipolohiya ng mga pinuno ng Diyos?

Ito ay tumutukoy sa tungkod “Pabor,” ngunit ito rin ay tumutukoy sa pagbabali (BDB 830 Ako, KB 974, *Hophal* DI-GANAP) ng tipan ng Diyos, alinman sa mga nakapaligid na mga bansa o mga Hudiyong bayan. Ito ay nakakapangamba! Ang matapat na Diyos ay nalalamang tumalikod sa Kanyang mga pangako at tipan (cf. Hukom 2:1) dahil sa patuloy na kawalang pananampalataya ng mga tao (cf. Jeremias 14:19-22). Ang Mosaic na tipan ay kondisyonal (cf. Levitiko 26:40-45)!

▣ **“ganito nakilala ng kaawaawa sa kawan na nagmamasid sa akin na yao'y salita ng Panginoon”** Ang “kaawaawa ng kawan” ay tumutukoy sa tupang mangangalak (cf. NRSV, TEV, NJB). Tignan buong puna sa 11:7. Ang mga aksyon ng mabuting pastol ay kinalala bilang dinidirekta ni YHWH. Ang Diyos ay aktibong naksangkot sa proseso ng paghahatol:

1. ang tupa
2. ang tatlong mga pastol
3. ang tupang mangangalakal

11:12 “bigyan ninyo ako ng aking kaupahan” Ito ay tumutukoy sa propeta na nagtatanong (BDB 396, KB 393, *Qal* PAUTOS) para sa kabayaran ng kanyang mga serbisyo (i.e. “mga kabayaran,” BDB 969 I) mula sa mga nagmamay-ari ng kawan. Ang talatang ito ay ginamit sa Mateo 26:15 at tumutukoy kay pagtataksil ni Judas Iscariot kay Hesus sa mga Punong Saserdote.

▣ **“tinimbangan ang kaupahan ko ng tatlong pung putol na pilak”** Ang terminong “mga pilak” ay nasa italiko, na nangahulugan na ito ay hindi nasa orihinal na teksto. Sa Mosaic na lehislasyon na ito ay ang presyo ng isang mabundat na alipin (cf. Exodo 21:32).

11:13 “At sinabi ng Panginoon sa akin, ‘inihagis ko sa magpapalyok’” Ang PANDIWA “itapon” (BDB 1020, KB 1527) ay isang *Hiphil* PAUTOS. Mayroong naging ilang mga tekstwal na emendasyon upang ipaliwanag ang “magpapalyok” (BDB 428): (1) ang Septuagint ay may termino na “pugong manununaw” (cf. II Hari 12:10; 22:9); (2) ang Peshitta ay may termino na “tesorerya”; (3) ang Vulgate ay may termino na “manlililok”; at (4) ang Masoretic na teksto ay may termino na “mamalayok” (i.e. tagahubog). Ang ilan ay naniniwala na ito ay tumutukoy sa mga Levita na gumagawa ng mga banga na ginamit ng mga saserdote, at samakatuwid, isang pagawaan ng mamalyok na matatagpuan sa templo. Ang iba ay nagsasabi na ito ay isang Hebreong idyoma para sa “na yaong walang halaga at nangangailangan ng muling pagsasaayos.”

▣ **“ang mainam na halaga na aking inihalaga sa kanila”** Ito ay tumutukoy sa irnoya sa kanilang kakulangan ng kaunawaan sa kahalagahan ng Mesyas o ito ay isang pahiwatig para sa mataas na presyo (BANGHAY BDB 12 at 429, KB 431) na kailangang bayaran para sa buhay ng tao, o maging sa isang alipin (cf. Exodo 21:32; Levitiko 27:2-3). Hind tiyak kung alin sa mga sumasalungat na mga pananaw na ito ay nasa isipan ni Zacarias, ngunit ang una ang tumugma sa konteksto ng pinakamainam.

▣ **“at inihagis ko sa magpapalyok sa bahay ng Panginoon”** Sa NT ito ay tumutukoy kay Judas na nagtatapon ng kanyang kayamanang galing sa maling pamamaraan pabalik sa mga pag-aari ng mga saserdote (cf. Mateo 27:3-5). Nakita nila ito bilang dugong salapi at hindi ito maaaring tanggapin pabalik sa tesorerya ng templo, kaya sila ay bumili ng isang sirang bukirin ng mamamalyok kung saan nila ililibing ang dayuhan (cf. Mateo 27:6-10).

11:14 “aking isang tungkod, Panali, upang aking masira ang pagkakapatiran ng Juda at ng Israel” Sa mga kabanata siyam at sampu mayroong isang pagbibigay diin sa restorasyon sa bayan ng Diyos, ngunit dito, lumang mga peklat ay muling nabuksan at ang unyon ay nawala! Ang talababa sa JB ay nagmungkahi na ito ay maaaring tumutukoy sa Samaritanong paghihiwalay noong 328 B.C. kung saan sila ay nagtayo ng kalabang templo sa Bundok Gerizin (p. 1541).

TALATA SA NASB (BINAGO): 11:15-17

¹⁵At sinabi sa akin ng Panginoon, “Magdala ka pa uli ng mga kasangkapan ng isang mangmang na pastor. ¹⁶ako'y magtitindig ng isang pastor sa lupain, na hindi dadalawin yaong nangahihiwalay, ni hahanapin man yaong nangaliligaw, ni pagagalingin man yaong mga pilay; ni papanginginginainin man yaong mga magaling kundi kaniyang kakanin ang laman ng mataba

at lulurayin ang kanilang mga kuko.

**¹⁷Sa aba ng walang kabuluhang pastor na nagpapabaya ng kawan!
ang tabak ay sasapit sa kaniyang kamay
at sa kaniyang kanang mata!
ang kaniyang kamay ay matutuyong
at ang kaniyang kanang mata ay lalabong lubos.”**

11:15-17 Ito ay maaaring si Zacarias naglalaro bilang ang masamang pastol, gaya ng kanyang ginawa bilang mabuting pastol (cf. v. 4).

11:15

NASB, “kasangkapan”
NKJV, NRSV “mga kasangkapan”
TEV “umakto bahagi ng”
NJB “ang pagkambyo”

Ang terminong ito (BDB 479) ay napakapangkalahatan at tumutukoy sa mga bagay ng kalakalan. Ang TEV ay nakuha ang salin nito mula sa “muling kuhain” (BDB 542, KB 534, *Qal* PAUTOS at ang PREPOSIYON, 728, “ulitin,” “bumalik,” o “muling gawin”), na nagsisimula sa talata at nagpapahiwatig ng naunang papel na paglalaro (i.e. mabuting pastol, v. 7).



NASB, NKJV “mangmang” **NRSV, TEV**
“walang halaga”
NJB “walang kuwenta”

Ang Hebreong ito na PANG-URI (BDB 17) ay ginamit ng madalas sa mga Kawikaan ng isang tao na nagtatakwil sa karunungan ay isang mangmang). Ito ay ginamit sa mga propeta sa Ezekiel 13:3,10 at Hosea 9:7 at ang bayan ng Diyos sa Jeremias 4:22.

11:16 Ang talatang ito ay nagpapahayag ng isang negatibong paraan (cf. Ezekiel 34:1-4) ang pinakakatangian ni YHWH at Kanyang Mesyas (cf. Ezekiel 34:11-16,23). Ito marahil ay ang realidad ng v. 9.

11:17 “aba” Mas konting mariin kaysa (BDB 17) ang salitang ito (BDB 222) ay madalas na nagpapakita sa isang pagpapahayag ng paghahatol ni Isaias, Jeremias, Ezekiel, at Habukkuk. Ito ay madalas na isinalin “Ah” o “Alas.”

Maraming Englis na salin ang nalimbag v. 17 bilang patula (NASB, NKJV, NRSV, NJB).

■ **“nagpapabaya ng kawan”** Ito ay isang pangunahing kabiguan para sa propesyon ng pastol. Ang iwanan ang tupa ay nag-iwan sa kanila na bukas sa pagatake at magnanakaw. Si Hesus ay pumulot sa pinakapuntong ito sa Juan 10:7-18 (lalo na vv. 10,12).

■ **“ang tabak ay sasapit sa kaniyang kamay”** Ito ang idyomatikong wika para sa pagiging epektibo sa pamumunuan at impluwensya.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang tinutukoy ng tula sa vv. 1-3?
2. Ano ang tatlong magkaibang mga metapora na ginamit sa tulang ito?
3. Ipaliwanag ang magkaibang mga teorya sa v. 8. Alin sa mga ito ang sa tingin mo ang pinamainam at bakit?
4. Ano ang labis na nakakabigla patungkol sa vv. 8b at 9?
5. Paano ang v. 12 ay nauugnay sa kanilang panahon at sa NT na pagkakagamit ?
6. Bakit ang kabanatang ito ay napakahirap na iinterpret sa kasaysayan?

ZACARIAS 12

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
	Ang Paparating na Dakilang Araw ng Panginoon (12:1-14:21)		
Ang Paparating na Pagpapalaya sa Judah	Ang Jerusalem ay Malulumbay sa Kanyang Kasalanan at Aalisin sa Idolatrya (12:1-13:6)	Ang Panghinaharap na Pagpapalaya sa Jerusalem (12:1-13:6)	Ang Pagpapalaya at Pagpapanumbalik sa Jerusalem (12:1-13:6)
12:1-9	12:1-5	12:1-5	12:1 12:2 12:3-8
	12:6	12:6	
	12:7-9	12:7-9	
Pagluluksa para sa Isang Ipinako			12:9-14
12:10-14	12:10-14	12:10-14	

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

TEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

- A. Mayroong isang kahanay na relasyon sa pagitan ng mga kabanata 9-11 at 12-14, na maaaring makita sa pagkakagamit ng “kabigatan,” 9:1 at 12:1 (tingnan Baldwin, *Tyndale Old Testament Commentaries*, p. 187 at H. C. Leupold, *Exposition of Zechariah*, p. 223). Ang mga kabanata 12-14 ay nagbuo ng isang pampanitikan yunit.

- B. Ang pagbibigay-diin ng kabanatang ito sa restorasyon ng bayan ng diyos.
1. Ang Diyos ay lumalaban para sa kanila bilang pagsimbolo sa Jerusalem sa ilalim ng paglusog ng ibang mga bansa.
 2. Ang kanilang pagsisisi at pananampalataya sa ipinakong Mesyas (cf. Juan 19:37 at Pahayag 1:7).
 3. Ang parirala “sa araw na yaon” o “sa araw na iyon” ay lumitaw ng labinganim na beses sa mga kabanata 12-14. Ang pariralang ito ay madalas nauugnay sa isang eskatolohikal na tagpuan.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 12:1-5

¹Ang hula na salita ng Panginoon tungkol sa Israel. Ganito ang sabi ng Panginoon, na naguunat ng langit, at naglalagay ng mga patibayan ng lupa, at naglalang ng diwa sa loob ng tao, ²Narito, aking gagawin ang Jerusalem na isang tazang panglito sa lahat ng bayan sa palibot, at sa Juda man ay magiging gayon sa pagkubkob laban sa Jerusalem. ³At mangyayari sa araw na yaon, na aking gagawin ang Jerusalem na isang batong mabigat sa lahat ng bayan; lahat ng magsipasan sa kaniya ay mangasusugatang mainam; at ang lahat na bansa sa lupa ay magpipisan laban sa kaniya. ⁴Sa araw na yaon,” sabi ng Panginoon, “aking tutuligin ang bawa't kabayo, at ang kaniyang sakay ng pagkaulol; at aking ididilat ang aking mga mata sa sangbahayan ni Juda, at aking bubulagin ang bawa't kabayo ng mga bayan. ⁵At ang mga pinakapuno sa Juda ay mangagsasabi sa sarili, Ang mga nananahan sa Jerusalem ay aking kalakasan sa Panginoon ng mga hukbo na kanilang Diyos.”

12:1 “Ang hula na salita” Ito ay tila ito na ang Zacarias 9:1 at 12:1 ay nagpakilala ng isang kahanay na seksyon sa pagtatapos ng seksyon ng aklat ng Zacarias. Tignan puna sa “kabigatan” sa 9:1.

▣ **“tungkol sa Israel”** Ito ang tanging gamit ng “Israel” sa kabanatang ito at tila ito ay tumutukoy sa lahat ng mga Hudyong tao, hindi lamang ang mga tagahilagang tribu (cf. 9:1,13; 11:14). Sa panahon ng periyod na ito ang Hudyong bayan ay nagkontrol lamang ng isang maliit na lugar sa paligid ng Jerusalem.

▣ **“Ganito ang sabi ng Panginoon”** Mayroong tatlong pangunahing teolohikal na pananilita patungkol sa malikhaing gawa ni YHWH: (1) Siya “ay ibinuka ang mga kalangitan”; (2) Siya “ay naglatag sa pundasyon ng mundo”; at (3) Siya “ang nagbuo ng espiritu ng tao sa kanyang kalooban.” Lahat ng mga berbal na mga anyo ay mga *Qal* AKTIBO PANDIWARI, na nagbibigay diin sa nagpapatuloy na paglilikha.

▣ **“na naguunat ng langit”** Ito ay nangahulugang “magtayo ng isang tolda” (BDB 639, KB 692, *Qal* PANDIWARI, e.g. Genesis 33:19; Exodo 12:8; Isaias 40:22; 42:5; 45:12; 51:13). Ito ay tumutukoy sa atmospera sa ibabaw ng daigdig. Ito ay idyomatikong binigkas na gaya ng isang mangkok na pataob ng binatak na balat.

▣ **“aglalagay ng mga patibayan ng lupa”** Ito ay tumutukoy sa nilikha (cf. Job 38:4-6; Awit 102:25-26 [Hebreo 1:10- 12]; 104:5; Isaias 48:13; 51:13,16). Ito ay maaaring isang pahiwatig sa Isaias 42:5. Sa mga kabanata 12-14 ang terminong ito (BDB 75-76) ay ginamit sa ilang mga paraan.

1. lahat ng daigdig, 12:1,3; 14:9,17
2. mga naninirahan sa rehiyon, 12:12; 13:8
3. isang rehiyon, 13:2; 14:10

▣ **“at naglalang ng diwa sa loob ng tao”** Ang Hebreong termino “Espiritu” (BDB 924-926) ay maaring mangahulugang “hininga,” “hangin,” o “espiritu.” Sa Genesis 2:7 ang hininga ng Diyos’ay

ginawa ang binuo sa putik na tao tungo sa isang nabubuhay na nilalang (*Nepesh*). Ang “hangin” ng Diyos (cf. Genesis 8:1, muling paglilikha pagkatapos ng pagbaha) at ang “Espiritu” ng Diyos (cf. Genesis 1:2, inisyal na paglikha) ay mga aktibo puwersa ni YHWH *Elohim* sa Genesis. Ang dinakikitang Diyos ay aktibo ng panimula at nagpapatuloy sa paglikha. Ang pisikal na materyal na aspeto ng nilikha ay bahagi lamang isang kamangha-mangha at sakop ng malikhaing mga aktibidad ng Diyos.

Ang Diyos ay naglikha/naglilikha (unang tatlong mga PANDIWARI ay mga *Qal* AKTIBO) para sa layunin ng pakikisama sa sangkatauhan. Tayo ay bahagyang gaya ng mga hayop sa planetang ito (*Nepesh*) at bahagya ring kagaya ng Diyos (“imahe at wangis,” cf. Genesis 1:26). Ang “espiritu” ng tao ay nangahulugang ang natatanging persona (cf. Awit 139) na may potensyal na panghihimagsik o pakikisama.

12:2 “Narito, aking gagawin ang Jerusalem na isang tazang” Ito ay dapat na makita na ang pariralang ito ay nasa Hebreong kahanay na karelayson sa “Jerusalem isang mabigat na bato” mula sa v. 3. Ang pariralang ito ay nangahulugang na ang di-naniniwalang mga bansa na dumating laban sa bayan ng diyos ay gagawing lasing at mangmang (cf. Jeremias 51:7) dahil sa kanilang pag atake sa Jerusalem. Ang idyoma ng “tasa” (ilang mga magkakaibang mga salita) sa Bibliya ay madalas na tumutukoy sa sa paghahatol (cf. Awit 75:8; Isaias 51:17,22; Jeremias 25:15-16,27-28; 49:12; Mateo 20:22; 26:39,42; Lucas 22:42; Juan 18:11).

▣ **“lahat ng bayan sa palibot”** Ito ay tumutukoy sa mga bansa na umatake sa bayan ng diyos (cf. v. 3; Isaias 51:22; Jeremias 25:17,28).



NASB “pagkubkob laban sa Jerusalem, Juda man ay magiging gayon”
NKJV “nang sila ay naglatag ng paglusob laban sa Judah at Jerusalem”
NRSV “ito ay magiging laban rin sa Judah sa paglusob labansa Jerusalem”
TEV “At nang sila ay lumosub sa Jerusalem, ang mga bayan ng natitira ng Judah ay lulousubin rin”
NJB “(Na yaon ang panahon ng paglusob sa Jerusalem)”

Ito ay napakalabong parirala sapagkat sa kaiklian ng Hebreo. Walang kabuuan sa kung paano ang sinaunang bersyon ay isinalin ito.

Dahil sa 14:14 ilang mga Hudyang interpreter ay nakita ito bilang ang Judah ay napilitang makipaglaban sa kaaway na hukbo (cf. UBS, *Handbook*, p. 311).

12:3 “lahat ng magsipasan sa kaniya ay mangasusugatang mainam” Tila ito ay ginamit sa isang bato na ang mga bansa ay tinangkang itaas mula sa pundasyon nito, ngunit lahat ay naluslos dahil sa pagtatangka.

Ang kaunay na PANDIWA at PANGALAN (BDB 976, KB 1355, *Nipihil* DI-GANAP) ay nangahulugang “kiskisin” o “putulin.” Ang paganong mga bansa ay nagpraktis ng ritwal na pagpuputol (cf. Levitico 19:28; 21:5), ngunit ang Israel ay pinagbalang gawin ito. Ngayon ang eskatolohikal na paghahatol sa mga umaatakung mga paganong mga bansa ay “pagpuputol” o “pagkikiskis” (ironya).

▣ **“at ang lahat na bansa sa lupa ay magpipisan laban sa kaniya”** Ito ay isang nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa buong propetikong panitikan na ang mga kaharian ng mundong ay aatake sa Diyos at sa Kanyang bayan sa isang panghinaharap, pangwakas na panahon, klimaktikong labanan (cf. v. 3; Awit 2; Isaias 8:9-10; 17:12-14; Ezekiel 38-39; Daniel 9:24-27; 11:36-45; Joel 3:9-17; Zacarias 14:2; Pahayag 16:14-16; 19:17-19). Ang kasaysayan ay gumagalaw tungo sa isang klimaktikong kasalukuyan ng komprotasyon sa masama. Ang kasamaan ay matatalo ay ihihiwalay.

12:4 “Sa araw na yaon” Ito ay isang karaniwang tema sa pampanitikan yunit ng mga kabanata 12-14. Ito ay ginamit ng labinganim na beses at tumutukoy sa isang eskatolohikal na panghinaharap (cf.

Zephania 1:14-18; 3:16; Amos 5:18-20; Joel 1:15; 2:11; 3:14; Malakias 4:5).

▣ **“aking tutuligin ang bawa't kabayo, at ang kaniyang sakay ng pagkaulol”** Ito ay kaugnay sa pagsusumpa sa Deutronomio 28:28 (kapwa BDB 1067, “katarantahan” at BDB 993, “kabaliwan”); at gayundin “kabulagan” (BDB 234) ay ginamit sa Deutronomio 28 at 29. Ang kasaysayan ng OT bayan ng Diyos ay maaaring makita sa pamamagitan ng pagsusumpa at pagpapalang seksyon ng Deutronomio 27-29.



NASB “aking ididilat ang aking mga mata sa sangbahayan ni Juda”
NKJV “Aking bubuksan ang Aking mga mata sa tahanan ng Judah”
NRSV “Ngunit sa tahanan ng Judah Ako ay mananatili sa mapangmasid na mata”
TEV “Aking pagmamasdan ang aking bayan na Judah”
NJB “(Ngunit Aking babantayan ang Judah)”

Ang NKJV ang pinakaliteral. Ito ang isang Hebreong idyoma para sa pag-aaruga at pagbibigay atensyon (cf. I Hari 8:29; II Cronico 7:15; Nehemias 1:6). Ang katanungan ay nananatiling kung ang pariralang ito ay nagnanais na ipakita na ang Judah ay napilitang sumama sa pag-atake laban sa Jerusalem at kung magkagayon nga ang Diyos ay pinalampas ang mga sundalong Judean nang ang lahat ng ibang mga sumasalakay na hukbo ay ginawang mga baliw.

Sa sinaunang Near East, ang kabalyero at mga karwahe ay pinakamakapangyarihan at kinatatakutang pangmilitar na sandata, ngunit si YHWH ay nagapi ang mga ito (cf. 10:5; 12:4; 14:15; Haggai 2:22), at tinanggal sila, maging yaong nasa Ephraim at Judah, 9:10. Siya ang nagwagi!

Ang pakikialam na ito ng Diyos alang alang sa Kanyang bayan ay pag-aala sa Kanyang aksyon sa panahon ng (1) ang Exodo; (2) ang pagsalakay at pananahan sa Canaan; at (3) ang pagbagsak ng mga kapitolyo ng Mesopotamia.

12:5 “aking kalakasan sa Panginoon ng mga hukbo na kanilang Diyos” Ang pariralang ito ay naunawaan sa ilang mga paraan.

1. mayroong isang tensyon sa pagitan ng mga nananahan ng Jerusalem at natitirang mga Judah (cf. v. 7 at *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, vol. 1, p. 440)
2. Judah ay napilitang sumali sa pag-aatake sa Jerusalem (cf. v. 2c; 4b), ngunit lumakas ang loob na magrebelde nang makita ang pananampalataya ng mga tagapagtanggol ng Jerusalem (UBS, *Handbook*)
3. ang mga pinuno ng Judah ay nakilala na si YHWH tumutulong sa pagdepensa sa Jerusalem

▣ **“hukbo na kanilang Diyos”** Ito ang isang karaniwang post-exilic na titulo (YHWH *Sabaoth*), na nagbibigay diin sa Diyos bilang militar na mandirigma. Tila ito upang makita nag Diyos bilang ang kapita ng militar na hukbo. Ang talata 5 ay kinikilala rin ang pakikialam ng supernatural na Diyos, na dapat idugtong sa vv. 7 at 8. Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan Para sa Pagkadiyos sa Daniel 4:2.

TALATA SA NASB (BINAGO): 12:6-9

⁶“Sa araw na yao'y gagawin kong parang kawali ng apoy sa panggatong ang mga pinakapuno sa Juda at parang sulo na apoy sa gitna ng mga bigkis; at kanilang sasakmalin ang buong bayan sa palibot, sa kanan at sa kaliwa; at ang Jerusalem ay tatahan pa uli sa kaniyang sariling dako, sa makatuwid bagay sa Jerusalem. ⁷Ililigtas naman na una ng Panginoon ang mga tolda ng Juda, upang ang kaluwalhatian ng sangbahayan ni David at ang kaluwalhatian ng mga mananahan sa Jerusalem ay huwag magmalaki sa Juda. ⁸Isa araw na yaon ay ipagsasanggalang ng Panginoon ang mga mananahan sa Jerusalem, at siyang mahina sa kanila sa araw na yaon ay magiging gaya ni David; at ang sangbahayan ni David ay magiging parang

Diyos, parang anghel ng Panginoon sa harap nila. ⁹At mangyayari sa araw na yaon, na aking pagsisikapang gibain ang lahat na bansa na naparoroon laban sa Jerusalem.”

12:6 “Sa araw na yao'y” Tignan puna sa v. 4.

▣ Gaya ng ang talata 5 ay naninindigan sa tulong ng Diyos sa Jerusalem, ang talata 6 ay naninindigan sa tulong ng Diyos “mga lipi ng Judah” (BDB 49 II, lit. “libo libo,” ngunit ginamit sa mga pinuno, cf. 9:7).

Ang Diyos ay gagawin ang mga liping rebelde at magiging naninirang apoy laban sa nanakop na hukob ng mga bansa. Sila ay magiging tagapagwasak ng Diyos sa gitna ng hukbong mga kaaway.

Mayroong isang di-nagbabagong tensyon sa pagitan “ang mga bansa” bilang mga kaaway (cf. v. 9) at tinanggap ang mga komyerto (cf. 2:11; 8:20-23) sa buong aklat ng Zacarias.

NATATANGING PAKSA: *ELEPH* (LIBO)

Ito ang Hebreo salita para sa “libo” (BDB 48). Gayonpaman, ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan.

1. isang pampamilyang yunit, Josue 22:14; Hukom 6:15; I Samuel 23:23; Zacarias 9:7; 12:6
2. isang military na yunit, Exodo 18:21,25; Deutronomio 1:15
3. isang literal na libo, Genesis 20:16; Exodo 32:28
4. isang simbolikong numero, Genesis 24:60; Exodo 20:6; 34:7; Deutronomio 7:9; Jeremias 32:18

ang Ugaritic na kaugnay *alluph* nangahulugang “punong kapitan,” Genesis 36:15

12:7 “Ililigtas naman na una ng Panginoon ang mga tolda ng Juda” Ang PANDIWA (BDB 446) ay isang *Hiphil* GANAP. Mayroong dalawang mga paraan upang maunawaan ang pariralang ito.

1. Ang Diyos ay pinahintulutan ang Judeang mga puwersa upang talunin ang mga mananalakay upang ang Jerusalem ay hindi labis na maitaas.
2. ang Diyos ay iniligtas ang mga tolda ng Judah una dahil sila ay mas higit na madaling mapasok ng pag atake. Sa ganitong paraan ipinakita Niya na Siya ay walang paboritismo sa pagitan ng yaong mga naninirahan sa Jerusalem at yaong mga naninirahan sa tabing bayan.

Ang salitang “mga tolda” (BDB 13) ay binigyan kahulugan sa dalawang mga pakahulugan: (1) isang pangmilitar na kampo o (2) isang metapora para sa mga tahanan.

12:8 “Sa araw na yaon ay ipagsasanggalang ng Panginoon ang mga mananahan sa Jerusalem” Ito ay nangahulugang “takip gaya ng isang panangga” (BDB 170, KB 199, *Hiphil* DI-GANAP, cf. 4:14-15; 9:15).

▣ “at siyang mahina sa kanila sa araw na yaon” Ang literal na kahulugan ay “natisod” (BDB 505, KB 502, *Niphal* PANDIWARI). Ito ay tumutukoy sa pinakamatanda at pinakamahina sa komunidad na gagawing kasinglakas ni Haring David, na kinilala bilang isang di-madudurog na mandirigma.

▣ “ang sangbahayan ni David ay magiging parang Diyos, parang anghel ng Panginoon sa harap nila” Ito ay malakas na metapora ginamit sa pakahulugan ng pagpapalakas ng Diyos sa Kanyang bayan. Ang termino para sa Diyos ay ang terminong *Elohim*, na ginamit sa pakahulugan ng supernatural na nilalang (cf. Exodo 4:16; 7:1; I Samuel 28:13; Awit 8:5; 82:1,6).

Ang anghel ng PANGINOON ay madalas na nakita bilang kinatawan ng Diyos sa mga tao (cf. Exodo 13:21; 14:19; 23:20-21; 32:34; 33:2,14-15,22). Sa dalawang mga sipi ni David ay iginaya sa anghel ng Panginoon (cf. I Samuel 29:9; II Samuel 14:17,20; 19:27). Tandaan na mayroong tatlong

mga parirala (walang mga PANDIWA) dito na nagbuo sa bawat isa para sa pampanitikan, hindi teolohikal, epekto.

12:9 Ito ay nagpapakita ng nagpapatuloy na metapora sa soberinong proteksyon ng Diyos sa Kanyang bayan. Ang mga sumasalakay na mga bansa ay tinalo ng Judeang mga puwersa, ngunit sa pamamagitan ng pagpapalakas ni YHWH!

TALATA SA NASB (BINAGO): 12:10-14

¹⁰At aking bubuhusan ang sangbahayan ni David, at ang mga mananahan sa Jerusalem, ng Espiritu ng biyaya at ng daing; at sila'y magsisitingin sa akin na kanilang pinalagpasan: at kanilang tatangisan siya, na gaya ng pagtangis sa bugtong na anak, at magiging kapanglawan sa kaniya, na parang kapanglawan sa kaniyang panganay. ¹¹Sa araw na yaon ay magkakaroon ng malaking pagtangis sa Jerusalem, na gaya ng pagtangis kay Adad-rimon sa libis ng Megiddo. ¹² At ang lupain ay tatangis, bawa't angkan ay bukod; ang angkan ng sangbahayan ni David ay bukod, at ang kanilang mga asawa ay bukod; ang angkan ng sangbahayan ni Nathan ay bukod, at ang kanilang mga asawa ay bukod; ¹³Ang angkan ng sangbahayan ni Levi ay bukod, at ang kanilang mga asawa ay bukod; ang angkan ni Simei ay bukod, at ang kanilang mga asawa ay bukod; ¹⁴ng lahat na angkan nalabi, bawa't angkan ay bukod, at ang kanilang mga asawa ay bukod.

12:10 “At aking bubuhusan ang sangbahayan ni David, at ang mga mananahan sa Jerusalem, ng Espiritu ng biyaya at ng daing” Ang parirala “Aking ibubuhos” (BDB 1049, KB 1629, *Qal* GANAP) ay ginamit ng medyo madalas sa OT upang magpakita ng pagbibigay ng Diyos sa Espiritu (cf. Ezekiel 39:29; Joel 2:28,29, isang magkaibang salita ngunit magkaparehong konsepto sa Isaias 12:15; 44:3). Ang mga terminong “biaya” (BDB 336, cf. 4:7) at “suplipikasyon” (BDB 337, cf. Jeremias 31:9) ay mula sa kaparehong ugat. Ito ay malakas na talata na nagbibigay diin sa pambansang kombersyon ng Israel sa pananampalataya ng ipinakong Diyos (“pinako”) Mesyas (cf. Roma 11:25-27; Juan 19:37; Pahayag 1:7). Ang pisikal na pagpapalaya ng vv. 2-9 ay hindi kompleto kung wala ang espirtiwal na pagpapalaya ng v. 10!

Ang pariralang “iisan espiritu ng” (NRSV, NJB) o “ang Espiritu” (NASB, NKJV) ay walang PANTUKOY sa Hebreong teksto. Hindi ito reperensiya sa Banal na Espiritu, ngunit pantaong espiritu: (1) positibong mga katangian (a) Deuteronio 34:9, “puno ng espiritu ng karunungan”; (b) Isaias 28:6, “isang espiritu ng katarungan” at (2) negatibong mga katangian, (a) Bilang 5:14,30, “isang espiritu ng paninibugho”; (b) Isaias 19:4, “isang espiritu ng pagbabaluktot”; (c) Isaias 29:10, “isang espiritu ng malalim na pagkakatulog”; at (d) Hosea 4:12, “isang espiritu ng pagkapatutot.” Ang mga ito ay pisikal na pinalaya sa Hudyong bayan na papalakasin ng Diyos upang makita at maunawaan ang kanilang espiritwal na pangangailangan at ang pagtutubos na plano ng Diyos.

Ibang mga propetikong mga teksto kung saan “ang Espiritu” ay ibinuhos sa Isaias 44:3; Ezekiel 39:29 at gayundin ang klasikong teksto ng Zacarias 4:5. Ang Diyos ang siyang nagpapalakas at naguudyok sa espiritu ng makasalanang tao upang makaangkop at matuwid na saloobin ang mga aksyon.

▣ **“at sila'y magsisitingin sa akin”** Ang PANDIWA (BDB 613, KB 661) ay isang *Hiphil* GANAP. Ang Hebreong PREPOSISYON isinalin na “sa” (BDB 39) sa talatang ito ay dapat na tunay na isalin bilang “sa” o “tungo” (tignan *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, vol. 3, p. 9 at *The Expositor's Bible Commentary*, vol. 7, p. 683). Ito ay nagsasalita sa pagtitingin sa isang ito para pagtulong ito biyaya (cf. Bilang 21:9; Isaias 45:22 para sa pagkakagamit na ito ng PREPOSISYON).

▣ **“na kanilang pinalagpasan”** Ang PANDIWA (BDB 201, KB 230, *Qal* GANAP) ay nangahulugang “patagusin hangga sa” (“patayin,” cf. Bilang 25:8; Hukom 9:54; I Samuel 31:4; I Cronico 10:4). Ito ay magkaibang salita mula sa isa sa Isaias 53, ngunit ang teolohikal na konsepto ay eksakto at magkapareho (cf. Juan 19:37; Pahayag 1:7).

▣ **“at kanilang tatangisan siya, na gaya ng pagtangis sa bugtong na anak”** Ang PANDIWA (BDB 704, KB 763) ay isa na namang *Qal* GANAP. Tila ito ay nagpapahiwatig sa kanilang pagsisisi at pananampalataya (“tumingi sa”) sa isa na kanilang ipinako (cf. Isaias 53:5). Ang pagluluksa (literal “pagtataghoy” o “panaghoy” BDB 704, cf. vv. 10,11,12) ay magiging matindi gaya na sa natatanging anak (cf. Jeremias 6:26), na sa Hudyong tahanan ay isang mahalaga at espesyal na tao.

Ang talatang ito ay naging labis na mahirap para sa mga rabi upang iinterpret.

1. Samakatuwid, nahubog nila mula sa talatang ito ang konsepto ng dalawang mga Mesyas; isa sa anak ni David at isa ang anak ni Jose, na mamamatay (cf. ang Babyoniang Talmud, *Sukkah*, 52a). Ang kaparehong teoryang ito ay lumitaw rin sa mga Essenes of the Dead Sea na komunidad.
2. Ang modernong mga tagasalin ng Jewish Publication Society of America ay ginawa ang talata ito tungo sa isang panaghoy ng Israel sa Diyos upang palagpasin ang mga natitira ng sumasalakay na mga bansa, ngunit inamit sa talababa na ang Hebreo ay di-tiyak.

▣ **“magiging kapanglawan sa kaniya, na parang kapanglawan”** Ang termino (BDB 600, KB 638, *Hiphil* PAWATAS NA SUKDULAN), na ginamit ng dalawang beses, ibig sabihin ay isang mapait na pag-iyak (cf. Isaias 22:4).

12:11 “Sa araw na yaon ay magkakaroon ng malaking pagtangis sa Jerusalem, na gaya ng pagtangis kay Adad-rimon sa libis ng Megiddo” Mayroong naging maraming mga teorya upang subukang ilarawan kung ano ang tinukoy dito: (1) ang RSV at NRSV ay isinalin ito bilang tumutukoy sa isang persona; (2) ang KJV at NKJV, sumusunod kay Jerome, ay ininterpret ito bilang tumutukoy sa isang siyudad na makikita sa apat na milya mula sa Megiddo (ang lugar ng pangwakas na panahong labanan, cf. vv. 2- 9); (3) ang kasalukuyang mga iskolar ay naniniwala na ito tumutukoy sa isang Canaanite diyos, si Ba'al, ay binanggit sa II Hari 5:18. Ang salitang ito, “Hadadrimmon” ay gawa sa dalawang mga pantanging pangalan (isang Syrian at isang Assyrian) na ginamit sa OT para sa sinaunang mga diyos; (4) ang termino ay malabo. Posible na ito ay tumutukoy sa pagluluksa sa pagkamataya ni Josiah batay sa heorapikal na lokasyong ito (609 B.C., cf. II Hari 23:29ff; II Cronico 35:20ff). Ang wastong pahiwatig ay di-tiyak, ngunit ang matinding pagluluksa ay naganap sa isang bagay at ito ay simpleng ilustrasyon na ginamit upang palakas ang pagbibigay-diin ng v. 10.

12:12 “At ang lupain ay tatangis” Ito ay maaaring mangahulugang ng ilang mga bagay.

1. ang terminong lupain ay kumakatawan para sa mga naninirahan sa lupain, gaya ng sa v. 12 at 13:8
2. ang lupa ay apektado ng mga aksyon ng tao (e.g. Genesis 3:17-19; Deuteronio 27-29; Roma 8:19-25)

▣ **“bawa't angkan ay bukod”** Ito ay isang nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa bigat at sakop ng pagluluksa. Ang maharlikang pamilya ay binanggit, si David at kanyang anak na si Nathan (cf. I Samuel 5:14; I Cronico 3:5; 14:4; Lucas 3:31; ito ang lahi ni David [i.e. Judah]). Levi at kanyang anak na (Shimeites) ay binanggit sa Bilang 3:18; I Cronico 6:17. Ang maharlikang pamilya at ang malasaserdoteng pamilya (ang Shimeites ay mga Levita, cf. Exodo 6:16-17; Bilang 3:12- 18,21) ay natatanging kasangkot sa pagluluksang ito bilang mga kinatawan sa buong bayan. Ito rin ay posibleng puna na si Zacarias ay pinagsama ang maharlika at malasaserdoteng mga bahagi (cf. ang mga kabanata 3 & 4, gayundin ang 6:9-15).

Ang Mishnah ay nagtuturo na ang mga talatang ito ay nagpapatunay na ang mga lalake at babae ay dapat na magluksa at sumamba ng magkahiwalay (cf. *Sukkoth* 51b, 52a).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang pagpapatuloy ba ay isang pahiwatig sa mga propeta sa labanan ng bayan ng Diyos sa mga nakapaligid na mga bansa ay isang nagpapatuloy na pangyayari, isang napapanahong pangyayari ng propeta, o isang panghinaharap na pangyayari? Bakit?
2. Bakit at paano ang mga rabi ay nahubog ang teorya ng dalawang mga Mesyas?
3. Ilista ang mga propesiya sa kabanatang ito na natupad sa buhay ni Hesus.
4. Ang pambansang Israel ba ay magsisisi at babalik sa Mesyas isang araw? (Magbigay ng mga reperensiya)
5. Ano ang iyong interpretasyon sa v. 11 at bakit?

ZACARIAS 13

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Pinutol ang Idolatrya 13:1-3 13:4-6	Ang Jerusalem ay Malulumbay sa Kanyang Kasalanan at Aalisin sa Idolatrya (12:1-13:6)	Ang Panghinaharap na Pagpapalaya sa Jerusalem (12:1-13:6)	Ang Pagpapalaya at Pagpapanumbalik sa Jerusalem (12:1-13:6) 13:1
Ang Pastol na Tagapaligtas 13:7-9	Ang Pastol ng Diyos, Sinugatan para sa Tupa 13:7-19	Ang Kautusan na Patayin ang Pastol ng Diyos 13:7-9	Inbokasyon sa Tabak; ang Bagong Bayan 13:7-9

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

WSALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 13:1

“¹ araw na yaon ay mabubuksan ang isang bukal sa sangbahayan ni David at sa mga mananahan sa Jerusalem, sa kasalanan, at sa karumihan.

13:1 “Sa araw na yaon” Ito ang inulit na eskatolohikal na pananda ng mga kabanata 10-14 (cf. 13:2).

▣ **“mabubuksan ang isang bukal”** Ang konsepto ng isang balon ng buhay na mula sa Isaias 12:2-3; Jeremias 2:13 (para sa negatibo tignan Jeremias 51:36; Hos. 13:15); at 17:13. Ang Diyos ay ang pinagmumulan ng buhay (cf. Awit 36:5-9). Sa konteksto ito ay tumutukoy sa kapatawaran ng kasalanan, na halatang kaugnay sa pagsisisi na binanggit sa 12:10. Ito ang larawan ng bagong tipan ng Jeremias 31:34; Ezekiel 36:25 (cf. Rom. 11:26-27; Efeso 5:26; Titus 3:5).

Ang PANDIWA (BDB 834 I, KB 986, *Niphal* PANDIWARI) ay konektado rin sa isang *Qal* DIGANAP, “maging” (BDB 224, KB 243), na nagpapakita ng isang pagbibigay-diin ng permanenteng nakabukas! Ang Diyos na nagbibigay buhay na tubig ay ngayon ay dadaloy ng walang hanggan (cf. 14:8; Ezekiel 47:1-12; Pahayag 22:1; Awit 46:4).

▣ **“sa sangbahayan ni David at sa mga mananahan sa Jerusalem”** Ang maharlikang lahi at ang bayan na bumalik mula sa pagpapatapon ay ang mga tagapagtanggap (cf. 12:10). Pansinin na walang kaibhan sa pagitan Jerusalem at Judah, gaya ng sa 12:2,5,7.

▣ **“sa kasalanan”** Ito ang karaniwang Hebreong termino (BDB 308) na nangahulugang “hindi maabot ang tunguhin,” “ang magmintis sa marka,” o “magmintis sa daanan” (cf. BDB 306).

▣ **“sa karumihan”** Ito ay isang Hebreong termino (BDB 622) ay ginamit ng madalas ng seremonyal na karumihan dahil sa daloy ng regla, ngunit ginamit rin para sa idolatrya (cf. II Cronico 29:5-6; Ezra 9:11).

TALATA SA NASB (BINAGO): 13:2-6

²“At mangyayari sa araw na yaon,” sabi ng Panginoon ng mga hukbo, “na aking ihihiwalay sa lupain ang mga pangalan ng mga diosdiosan, at sila’y hindi na mangaaalaala pa; at aking palalayasin naman ang mga propeta at ang karumaldumal na espiritu sa lupain. ³At mangyayari, na pagka ang sinoman ay manghuhula, sasabihin nga sa kaniya ng kaniyang ama at ng kaniyang ina na nanganak sa kaniya, Ikaw ay hindi mabubuhay; sapagka’t ikaw ay nagsasalita ng kabulaanan sa pangalan ng Panginoon; at palalagpasan siya ng kaniyang ama at ng kaniyang ina na nanganak sa kaniya samantalang siya’y nanghuhula. ⁴At mangyayari sa araw na yaon na ang mga propeta ay mangahihiya bawa’t isa dahil sa kaniyang pangitain, pagka siya’y nanghuhula; hindi man sila mangagsusuot ng kasuutang balahibo, upang mangdaya; ⁵Kundi kaniyang sasabihin, ‘Ako’y hindi propeta; ako’y mangbubukid sa lupa, sapagka’t ako’y pinapaging alipin mula sa aking pagkabinata.’ ‘At sasabihin ng isa sa kaniya, ‘Ano ang mga sugat na ito sa pagitan ng iyong mga bisig?’ Kung magkagayo’y siya’y sasagot, ‘Iyan ang mga naging sugat ko sa bahay ng aking mga kaibigan.’”

13:2 “at mangyayari sa araw na yaon, sabi ng Panginoon ng mga hukbo” Ito ang nagpapatuloy na gamit ng eskatolohikal na parirala, “ang araw na yaon,” sinamahan ng karaniwang post-exilic na titulo para sa Diyos, na nagpapahiwatig ng pangmilitar na kapangyarihan.

▣ **“na aking ihihiwalay sa lupain ang mga pangalan ng mga diosdiosan”** Ang PANDIWA “hiniwalay” (BDB 503, KB 500, *Hiphil* DI-GANAP) ay nangahulugang alisin at wasakin ang mga idlo at kanilang mga tagasunod (cf. Micah 5:10-15; Zephania 1:4-6).

Muli, ang panahong tagpuan ng mga kabanata 9-14 ay napakahirap na matiyak. Halata na ang idolong pagsamba ay isang pangunahing problema sa mga Hudyong bayan bago pa ang Pagpapatapon, ngunit pagkatapos ng Pagpapatapon ito ay hindi problema. Ang talatang ito ay tila nagpapahiwatig na ang idolatrya ay muling magiging isang pangunahing kasalanan ng bayan ng Diyos.

Ang konteksto ay kapareho sa Ezekiel 36:22-38 kay YHWH ay pinili na umakto para sa Kanyang sarili sapagkat sa kawalang kakayahan ng Kanyang bayan na umakto. Sa Ezekiel Siya ay umaakto alang alang sa pagpapasinaya ng Bagong Tipan (cf. Jeremias 31:31-34). Dito Siya ay gumawa upang alisin ang kasamaan sa kanilang kalaitnaan (i.e. mga idoli, mga bulaang propeta, at ang maruming espiritu).

▣ **“at aking palalayasin naman ang mga propeta”** Ang PANDIWA (BDB 716, *Hiphil* #4, KB 778) ay ginamit sa pag-aalis ng masamang tao sa I Hari 15:12 at II Cronico 15:8.

Ito ay halatang tumutukoy sa huwad na mga propeta (cf. LXX). Ang talakayan sa vv. 3-6 ay tumatalakay doon sa mga nag-aangkin na makilala at magsalita para sa Diyos, ngunit aktuwal na isang kasangkapan para sa masamang isa (cf. Mateo 24:4-5, 11, 23-24).

▣ **“ang karumaldumal na espiritu sa lupain”** Ang presensya ng TAHAS NA PANTUKOY ay maaring mangahulugang na ating kinikilala ang isang partikular na pigura (i.e. Santanas, cf. I Hari 22:21) o ito ay isang hendiady, na ibig sabihin ay “ang mga propeta” at “ang maruming espiritu” mula sa isang grupo (i.e. huwad na mga propeta). Ang kaparehong pariralang ito ay ginamit rin ng medyo madalas sa NT upang tumukoy sa malademonyo. Ito (i.e. Leupold, p. 246, “espiritu ng karumihan”) ay halata na ang eksaktong kasalungat nito “ang espiritu ng biyaya” binanggit sa 12:10.

13:3 “At mangyayari, na pagka ang sinoman ay manghuhula, sasabihin nga sa kaniya ng kaniyang ama at ng kaniyang ina” Isang pambihirang pagbabago ng saloobin ang nangyari kung saan maging ang mga magulang ay handang disiplinahin ang kanilang mga anak para sa idolong pagsamba.

Mayroong ilang mga pagkakahawig sa pagitan na ang talataang ito at d 12:10-14. Ito ay halos tila isang tunay na propeta nagdurusa ang kapalaran sa mga huwad na mga propeta.

▣ **“Ikaw ay hindi mabubuhay; sapagka't ikaw ay nagsasalita ng kabulaanan sa pangalan ng Panginoon”** Ito ay tumutukoy sa kaparusahan para sa huwad na mga propeta mula sa Deuteronio 13:1-10; 18:20,22. Ang tanging pagkakaiba ay ang v. 3 ang maysala ay ipinako, habang sa Deuteronio sila ay binato.

▣ **“na nanganak sa kaniya”** Ito ang kaparehong termino ginamit sa 12:10 at ang implikasyon ay siya ay ipinako ng kanyang mga magulang dahil siya ay huwad na propeta at isang lumalapastangan sa Diyos. Ito ay marahil na nararapat upang ang buong pamilya ay maaring hindi hinid hinatulan (cf. Jeremias 23:34). Ito ang eksaktong dahilan na ang mga hudyo ay ipinako sa krus si Hesus dahil nakita nila Siya bilang isang huwad na propeta at isang lumalapastangan sa Diyos.

13:4 “At mangyayari sa araw na yaon na ang mga propeta ay mangahihiya bawa't isa dahil sa kaniyang pangitain, pagka siya'y nanghuhula” Ang mga talata 4-6 ay naglalarawan sa mga dahilan na ang mga huwad na mga propeta ay gagawin kapag sila ay kinompornta ng kanilang mga huwad na mga propesiya. Isang mabuting naglalarawan na kahanay na “napahiya” (BDB 101) ang mga propeta ay sa Micah 3:5-7.

▣ **“kasuutang balahibo”** Ito ay (BANGHAY BDB 12 at 972) ang natatanging kasuutan ng ilang mga propeta.

1. Samuel, I Samuel 28:14 (magkaibang salita)
2. Elijah, I Hari 19:13; II Hari 2:8
3. Elisha, I Hari 19:19; II Hari 2:13,14
4. Juan na Tagabautismo, Mateo 3:4; Marcos 1:6

13:5 “Ako'y hindi propeta, ako'y mangbubukid sa lupa” Ang lalakeng ito ay mag-aangkin na isang magsasaka, hindi isang propeta.

▣

NASB **“sapagka't ako'y pinapaging alipin mula sa aking pagkabinata”**
NKJV **“ang lalake ay tinuruan ako na mag-alaga ng baka mula sa aking pagkabata”**
NRSV **“dahil ang lupain ay naging aking posesyon buhat pa ng aking kabataan”**
TEV **“Ako ay nagsaka ng lupain sa buong buhay ko”**
NJB **“dahil ang lupain ay naging aking ikinabubuhay mula pa ng ako ay bata”**

Ang parirala ay napakalabo, ngunit ito ay kaugnay sa parirala, “isang magsasaka ng lupa.” Ang mga kaibhan ay dahil sa posibleng mga pinagmulan *hqnni*.

1. NKJV, connects it to *mqnh* (BDB 889), a flock or herd
2. NASB, connects it to *qnh* (BDB 888, KB 1114), acquire or purchase
3. NRSV, slightly changes the MT by adding one consonant

F. F. Bruce, *Answers to Questions*, makes a good point,

“Ang sugnay ay isang implikasyon ng naunang isa (‘Ako ay magsasaka ng lupa’) at nangahulugan na ang tagapagsalita ay isang simpleng agrikultural na mangggawa at walang propeta” (p. 38).

13:6 “At sasabihin ng isa sa kaniya, Ano ang mga sugat na ito sa pagitan ng iyong mga bisig” Ang huwad na propeta ay madaling nakilala sa pamamagitan ng espesyal na kultik na mga marka sa kanyang katawan. “Sa pagitan ng kanyang mga bisig” ay isang Hebreong idyoma (BDB 388) para sa saan mang sa kanyang likod, dibdib, mga bisig, o mga kamay. Tila mayroong dalawang OT mga pahiwatig sa praktis na ito: (1) ang mga propeta ni Ba’al (cf. I Hari 18:28) at (2) espesyal na paganong paraktis para sa paglulukso (cf. Levitico 19:28; 21:5; Deutronio 14:1; Jeremias 16:6; 41:5; 48:37).

▣ **“Kung magkagayo’y siya’y sasagot, ‘Iyan ang mga naging sugat ko sa bahay ng aking mga kaibigan’”** Siya ay nagsubok na ipaliwanag ang kanyang mga sugat sa pamamagitan ng pagsasalita siya ay tinanggap sila habang kinakatagpo ang kanyang mga kaibigan (Hebreo ay PANGLALAKE). Gayonpaman, ang termino “mga kaibigan” o “mga mangingibig” (BDB 12, *Piel*) ay ginamit sa OT para sa mga katulong sa idolatrya (cf. Jeremias 22:20,22; 30:14; Ezekiel 16:33,36,37; 23:5,9,22; Hosea 2:7,9,12,14,15; gayundin LXX ng Hosea 7:14).

TALATA SA NASB (BINAGO): 13:7-9

**7^a “Gumising ka, Oh tabak, laban sa pastor ko,
at laban sa lalake na aking kasama,”
sabi ng Panginoon ng mga hukbo.
“saktan mo ang pastor at ang mga tupa ay mangangalat;
at aking ipipihit ang aking kamay laban sa mga maliit.**

**8^a At mangyayari, na sa buong lupain,” sabi ng Panginoon,
“dalawang bahagi ay mahihiwalay at mamamatay;
nguni’t ang ikatlo ay maiiwan..**

**9^a At aking dadalhin ang ikatlong bahagi sa apoy,
at sila’y dadalisayin ko na parang pilak na dalisay,
at sila’y susubukin ko na parang pagsubok sa ginto.
ila’y magsisitawag sa aking pangalan,
at akin silang didinggin;
aking sasabihin, ‘Siya’y bayan ko,’ at kanilang sasabihin,
‘Ang Panginoon ay aking Dios.’”**

13:7 Mayroong halatang radikal na paghihiwalay sa pagitan vv. 6 at 7. Gaya ng v. 6 ay tumutukoy sa mga huwad na propeta, v. 7 ay tumutukoy sa paparating na Mesyas. Pansinin sa inyong salin na ang 13:1-6 ay nasa prosa, habang 13:7-9 ay patula. Ang panulaang ito ay tiyak na kaugnay sa 11:4-14, na naglalarawan sa makadiyos na pastol.

▣ **“Gumising ka”** Ito ay isang *Qal* PAUTOS (BDB 734, KB 802).

▣ **“Oh tabak”** Ito ay halatang isang pagsasatao ng kamatayan (cf. ang BOKATIBO ay ginamit rin sa Jeremias 47:6- 7 sa isang militar na pakahulugan). Pansinin na ang Diyos ay ang tagapagsalita. Ang Diyos ang Isa na humahampas sa Pastol. Ang mga termino “gising” at “tabak,” sa v. 7a, ay kapwa PAMBABAE, habang ang salitang “hampas” sa v. 7d ay *Hiphil* PAUTOS PANGLALAKE PANG-ISAHAN (BDB 645, KB 697) at tumutukoy sa Diyos na hinahampas ang pastol (i.e. bikaryong nagahaliling pampapalubag loob, cf. Isaias 53:10; Gawa 2:23; II Corinto 5:21).

▣ **“pastor ko”** Ito ay halatang reperensiyang sa Davidikong hari (cf. 12:10). “Pastol” orihinal na tumukoy sa Diyos (cf. Awit 23), ngunit ito ay sa kalaunan na ginamit sa mga pinuno ng Israel (cf. Ezekiel 34). Ito ay ginamit sa NT upang maglarawan sa Mesyas (cf. Juan 10).

▣ **“at laban sa lalake na aking kasama”** Ang NIV ay isinalin ito na “at laban sa lalake na malapit sa akin.” Ito ay halatang reperensiyang sa isang malapit na kasama (BDB 765). Ito ang dahilan kung bakit ang pagkikilala sa pastol na ito kasama ng isa sa 11:17 ay nakakaligaw. Ang terminong ito ay (BDB 765) ginamit lamang dito at sa aklat ng Levitico (cf. Levitico 5:21; 18:20; 19:15,17; 24:19; 25:14,15). Ito ay halatang nangahulugang isang malapit na kaibigan o tipanang kapitbahay.

▣ **“saktan mo ang pastor”** Ang PANDIWA (BDB 645, KB 697) ito ay isang *Hiphil* PAUTOS.

▣ **“at ang mga tupa ay mangangalat”** Ang PANDIWA (BDB 806 I, KB 918) ay isang *Qal* DIGANAP ginamit bilang isang JUSSIVE. Ito ay ginamit bilang isang katuparan sa pagsusumpang seksyon ng Deutronomio 28:64. Si Hesus ay gumawa ng isang pahiwatig dito nang Siya ay inaresto sa Hardin ng Gethsemane (cf. Mateo 26:31; Marcos 14:27).

▣ **“at aking ipipihit ang aking kamay laban sa mga maliit”** Ang PANDIWA (BDB 996 [itaas ng, p. 999], KB 1427, *Hiphil* GANAP) ay ginamit ng espesyal sa paghahatol ng Diyos (cf. Isaias 1:25; Zacarias 13:7; Awit 81:15). Ang pariralang “mga maliit” ay kahanay sa “mga tupa,” na ipinakalat sa naunang talata. Ito ay dapat na isang panahon ng pagsusubok na pinaunahan ng Diyos mismo.

13:8 “alawang bahagi ay mahihwalay at mamamatay; nguni't ang ikatlo ay maiiwan” Tila ito ay tumutukoy sa ilang tipo ng kaparusahan ng Diyos kung saan dalawa sa tatlong bahagi ng mga tao ay nalipol. Ito ay alinman na reperensiyang ng isang militar na pananakop o espiritwal na pagtatakwil sa Mesyas ng dalawa sa tatlong bahagi ng bayan ng Diyos. Muli, ang panahong tagpuan ay malabo.

13:9 “At aking dadalhin ang ikatlong bahagi sa apoy, at sila'y dadalisayin ko na parang pilak na dalisay, at sila'y susubukin ko na parang pagsubok sa ginto” Ito ay tumutukoy sa layunin ng muling pagdadalisay (BDB 864, cf. Mal. 3:2) para sa pagpapalakas (cf. Isaias 48:10; Daniel 11:35). Si YHWH ay nagnanais ng isang dinalisay na bayan na nagpapakita ng Kanyang karakter! Ang pagkakagamit na ito ng metalorhikal na termino ay medyo madalas na karaniwan sa Bibliya upang maglarawan sa Diyos na nagsusubok sa Kanyang bayan (i.e. ang matapat na natitira) para sa pagsang ayon (cf. Kawikaan 17:3; Isaias 1:25; 48:10).

▣ **“Sila'y magsisitawag sa aking pangalan, at akin silang didinggin: aking sasabihin, ‘at akin silang didinggin: aking sasabihin, Siya'y bayan ko; at kanilang sasabihin, Ang Panginoon ay aking Dios”** Ito ay isang serye ng tipanang mga parirala (e.g. Hosea 2:19-23) upang maglarawan na sa kalagitnaan ng paghahatol ng Diyos sa pastol at sa mga tupa, ang Kanyang layunin ay isang mas malakas na tipanang relasyon (cf. 8:8).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang histroikal na tagpuan ng kabanata 13?
2. Paano ang marumong espiritu ay kaugnay sa mga idolo at mga propeta?
3. bakit ang huwad na propeta sa v. 3 ay ipinako sa halip na binato?
4. Ang mabuhok ba na kasuutan ay isang tanda ng mga propeta ni YHWH sa OT?
5. Ilista ang pangunahong teolohikal na mga katotohanan patungkol sa layunin ng Diyos sa v. 7.
6. Paanong ang kabanata 13 ay kaugnay sa kabanata 11?
7. Tanging ang natitira ba ng Israel ay maliligtas? Paano ito maiaaplay o hindi maaaring maiaplay sa iglesya?

ZACARIAS 14

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

UBS ⁴	NKJV	NRSV	NJB
Ang Araw ng Panginoon	Ang Pangwakas na Laban at Pangwakas na Tagumpay	Jerusalem at mga Bansa	Ang Eskatolohikal na Labanan: Ang Karangyaan ng Jerusalem
14:1-2	14:1-5	14:1-5	14:1-5
14:3-7	14:6-7	14:6-7	14:6-11
14:8-11	14:8 14:9	14:8-9	
	14:10-11	14:10-11	
14:12-15	14:12-15	14:12 14:13-14	14:12-15
Ang Mga Bansa ay Sumamba sa Hari		14:15	
14:16-19	14:16-19	14:16-19	14:16-19
14:20-21	14:20-21	14:20-21	14:20-21

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. xvi panimulang seksyon)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa.

KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

- A. Mayroong naging maraming mga interpretasyon ng kabanatang ito. Mayroong dalawang mga dalawang mga kalabisan.
 1. ang dalhin ito ng napakaliteral bilang pambansang Israel
 2. ang espiritwalisahin ito upang tumugma sa iglesya ng eksklusibo

- B. Dapat nating isaad na ang seksyong ito, ang mga kabanata 9-14, ay napaka Mesyaniko. Gaya ng ang mga kabanata 1-8 ay sinipi ng madalas madalas ni Juan sa Pahayag, gayundin ang mga kabanata 9-14 ay sinipi ng madalas sa mga Ebanghelyo. Subalit, ang buong aklat ay tumuturo tungo sa pangwakas na panahon. Tila ang OT mga may-akda ay ginamit ang nakaraan at kasalukuyang mga pangyayari upang liliman panghinaharap na mga pangyayari. Kapag ang huling henerasyon ay dumating sa aking palagay ang propesiyang ito at lahat ng propesiya mas madaling maunawaan.
- C. Bagamat, gaya ng historikal-gramatikal na mga interpreter, tumitingin tayo ng malapit sa teksto, dapat nating tandaan na si Kristo ang pokus ng OT. Ang mga siping ito ay napaka Mesyaniko, bagamat ang historikal tagpuan ay malabo.
- D. Halata na ang Diyos ay kasangkot parin sa pambansang Israel. Ang kanilang pagsisisi at pananampalataya ay paparating (cf. Roma 9-11). Ang Iglesia, sa maraming paraan, ay karagdagan, pinunan, at tinupad ang panimulang tungkulin ng Israel, na dapat sana na isang kaharian ng mga saserdote upang magdala sa lahat ng mga tao kay YHWH sa pamamagitan ng Mesyas (cf. Genesis 3:15; 12:3; 18:18; Exodo 19:4-6; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6).
- E. Maging maingat sa pagiging labis na dogmatiko patungkol sa iyong personal na interpretasyon. Madalas ating labis na naimpluwensyahan ng mga teorya na kasalukuyan sa ating panahon.
- F. Ang kabanata 14 ay isang larawan ng tagumpay ng mga anak na lalake ng Diyos sa kasaysayan. (cf. Pahayag 11:15). Hindi ito kasing Mesyaniko ng gaya sa mga kabanata 10-13. Ang Ama ay ang pokus at ang ideyal na panahon ay ang tagpuan. Gayonpaman, OT gumagawa, gayundin ang mga titulo para sa Diyos, ay inilipat sa Anak. Ang apokaliptikong panitikang ito ay pinagandang panghinaharap na eksena sa mga termino ng sinaunang kapitolyo ng Israel.

SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

TALATA SA NASB (BINAGO): 14:1-5

¹Narito ang araw ng Panginoon ay dumarating, na ang iyong samsam ay babahagihin sa gitna mo. ²Sapagka't amga hari pipisanin ang lahat na bansa laban sa Jerusalem sa pagbabaka; at ang bayan ay masasakop, at ang mga bahay ay lolooban, at ang mga babae ay dadahasin; at ang kalahati ng bayan ay yayaon sa pagkabihag, at ang nalabi sa bayan ay hindi mahihiwalay sa bayan. ³Kung magkagayo'y lalabas ang Panginoon, at makikipaglaban sa mga bansang yaon, gaya nang siya'y makipaglaban sa araw ng pagbabaka. ⁴At ang kaniyang mga paa ay magsisitayo sa araw na yaon sa bundok ng mga Olivo, na nasa tapat ng Jerusalem sa dakong silanganan; at ang bundok ng mga Olivo ay mahahati sa gitna niya, sa dakong silanganan at sa dakong kalunuran, at magiging totoong malamga hari libis; at ang kalahati ng bundok ay malilipat sa dakong hilagaan, at ang kalahati ay sa dakong timugan.. ⁵At kayo'y magsisitakas sa libis ng amga hari mga bundok; sapagka't ang libis ng mga bundok ay magsisiabot hanggang sa Azel; oo, kayo'y magsisitakas gaya nang kayo'y tumakas mula sa lindol nang mga kaarawan ni Uzzias na hari sa Juda; at ang Panginoon kong Dios ay darating, at ang lahat na banal na kasama niya!

14:1 Ito ay isang buod ng kabuuang kabanata na nagbibigay diin sa pakikipaglaban ng Diyos alang alang sa Kanyang bayan. Sa kabanatang ito ang Kanyang bayan ay inilarawan bilang sinaunang Israel. Ang Diyos ay hinatulan sila at ipinakalat sila, ngunit ngayon pinanumbalik Niya ang kanilang mga kawalan (cf. Isaias 53:12) at kanilang lugar (i.e. Lupang Pangako).

▣ **“Narito ang araw ng Panginoon ay dumarating”** Ang “araw ng Panginoon” ay isang karaniwang tema ng mga kabanata 12-14, ngunit ang pariralang ito ay idinagdag ang Hebreo PREPOSISYON “ng” (BDB 750 #5), na nagpapakita na ang araw ay Kanyang araw!

Ang PANDIWA (BDB 97, KB 112, *Qal* AKTIBONG PANDIWARI) ay nagpapakita ng isang paglapit o pagdating. Si YHWH ay pampublikong kikilanin bilang Hari at mananagumpay (cf. v. 9).

▣ **“Iyo”** Ito ay isang PAMBABAE PANGISAHAN tumutukoy sa Jerusalem (cf. v. 2).

14:2 “Sapagka't aking pipisanin ang lahat na bansa laban sa Jerusalem sa pagbabaka” Pansinin ang pagbibigay diin sa pagkontrol ng Diyos sa kasaysayan (cf. v. 9; 12:2,3,6,9; Awit 2; Isaias 8:9-10; 17:12-14; Ezekiel 38-39; Joel 3:9-17; Pahayag 16:14-16; 19:17-19).

▣ **“at ang bayan ay masasakop”** Ang PANDIWA (BDB 539, KB 530) ay isang *Niphil* GANAP. Ang huli, sukdulang komprontasyon sa pagitan ng mga kaharian ng mundong ito at ang kaharian ng ating Diyos ay magreresulta sa bahagyang pagbagsak ng Jerusalem (cf. 13:8). Ang pagbagsak na ito ay inilarawan sa mas detalyadong mga termino mula sa nakalipas na karanasan ng Jerusalem sa mananakop na mananalakay. Gayonpaman, isang natitira ang mananatili (sa 13:8 lamang 1/3, ngunit dito 1/2). Ito ay malinaw na kasalungat sa banal na proteksyon sa 12:1-9.

14:3 YHWH ay lumalaban alang alang sa Kanyang bayan gaya ng Kanyang ginawa sa exodo mula sa Ehipto at ang pananakop at paninirahan sa Canaan.

Sa isang eskatolohikal na pakahulugan ang Diyos ay inilarawan bilang isahan para sa lahat na pakikipaglaban alang alang sa Kanyang bayan at paglalagat ng isang panibagong kaayusan (cf. Awit 2; Isaias 2:2-4; Ezekiel 38-39; Zacarias 14; gayundin sa intertestamental, apokaliptiko panitikan, I Enoch 56:5-8 at IV Ezra 13:1-13,25-53; at sa NT sa Pahayag 20:7-9).

14:4 “At ang kaniyang mga paa ay magsisitayo sa araw na yaon sa bundok ng mga Olivo” The PANGHALIP antropomorpikong nagpapakita kay YHWH (cf. “PANGINOON” ng vv. 1,3,5 at PANGHALIP ng v. 2a). Gayonpaman, ang Mesyas ay madalas na kinukuha ang mga titulo at gumaganap ng Father. Sa konteksto, ang kabanatang ito ay itinuon tungo sa Diyos Ama.

▣ **“at ang bundok ng mga Olivo ay mahahati sa gitna niya, sa dakong silanganan at sa dakong kalunuran, at magiging totoong malaking libis”** Ang Bundok ng Olivo ay isang 2½ milyang gulod na tumatakbo sa silangan ng Jerusalem at humahantong sa siudad ng Bethany. Wari ang mundong nakayananig na pangyayari ay mangyayari para sa dalawang mga layunin: (1) ang pagbabalik ng Panginoon upang gawin ang pakikipaglaban para sa Kanyang bayan sa (2) isang daan sa pagtakas para sa natitira na nasa kaliwang bahagi parin ng siudad.

Ang paghihiwalay na ito ay magiging para sa (1) natitira na makatakas (cf. v. 5) at (2) ang tubig ng buhay na umagos (cf. v. 8; 13:1; Awit 46:4; Ezekiel 47:1-12; Pahayag 22:1).

14:5

NASB “at kayo'y magsisitakas sa libis ng aking mga bundok”

NKJV “at kayo ay tatakas sa pamamagitan ng Aking bundok lambak”

NRSV “at ikaw ay makakatakas sa pamamagitan ng lambak ng bundok ng PANGINOON”

TEV “Ikaw ay makakatakas sa pamamagitan ng lambak na naghahati sa bundok sa dalawa”

NJB “ang bundok sa pagitan ng mga burol ay mapupunan”

Mayroong naging labis na pagkalito sa salin ng talatang ito. Ang salitang “tumakas” ay lumitaw ng tatlong beses sa v. 5 (BDB 630, KB 681, *Qal* GANAP), ngunit ang sinauang mga salin ay bumaba tumaas ang salin mula sa “tumakas” sa “ikaw ay hihinto” (BDB 711) Ang Masoretic Text ay sinundan

ng Peshitta at ang Vulgate, habang ang Septuagint at salin ng Symmachus sumunod sa Aramaic Targums.



NASB “Azel”
NKJV, NRSV “Azal”
TEV ---
NJB **Jasol**”

Tila ito ay tumutukoy sa isang siudad, posibleng binanggit rin sa Micah 1:11 (“Beth-ezel”), na nagpapakita sa mga termino ng supernatural na gawang lambak na ito (cf. NRSV).

▣ **“indol nang mga kaarawan ni Uzzias na hari sa Juda”** Josephus (*Antiq.* 9.225) ay nagdudugtong dito sa II Cronico 26:16-23, na si Uzziah ay nag alok ng isang sakripisyo at tinamaan ng ketong. Ang kaparehong lindol na ito ay tinukoy sa Amos 1:1 (i.e. 750 B.C.). Ito ay maaring magpahiwatig na ang isang lindol ay magbubuo sa lambak, ngunit hindi ito katiyakan. Ang mga lindol ay ginamit upang ilarawan sa paghahatol (cf. Isaias 29:6; Ezekiel 38:19).

▣ **“at ang Panginoon kong Dios ay darating, at ang lahat na banal”** Ito ay tumutukoy sa pagdating ni YHWH sa mga anghel (cf. Deuteronomio 33:2-3). Ang mga anghel ay tinawag na mga banal na isa sa Job 5:1; 15:5; Awit 89:5,7; Daniel 8:13. Ang terminong “banal” ay ginamit rin ng mga mananampalataya sa OT (cf. Awit 16:3; 34:9; Isaias 4:3; Daniel 7:18,21,22,25,27; 8:24). Sa NT ito ay tumutukoy sa Ikalwang Pagdating ni Hesus at maaaring magsama sa mga anghel at mga mananampalataya (cf. Mateo 16:27; 25:31; Marcos 8:38; II Tesalonica 1:7; Pahayag 19:14).

▣ **“kasama niya”** Ang Masoretic Text ay may “kasama Mo,” na maaaring tumutukoy sa Jerusalem (PAMBABAE PANGISAHAN, cf. v. 1).

TALATA SA NASB (BINAGO): 14:6-7

⁶At mangyayari sa araw na yaon, na hindi magkakaroon ng liwanag; at ang mga nagniningning ay uurong. ⁷Nguni't magiging isang araw na kilala sa Panginoon; hindi araw, at hindi gabi; nguni't mangyayari, na sa gabi ay magliliwanag.

14:6

NASB “At mangyayari sa araw na yaon, na hindi magkakaroon ng liwanag; at ang mga nagniningning”
NKJV “hindi magkakaroon ng liwanag, ang mga ilaw ay mapaparam”
NRSV “sa araw na yaon wala nang lamig o hamog”
TEV “kapag ang panahon ay dumating, hindi na magkakaroon lamig o hamog”
NJB “ang Araw na yaon, hindi na magkakaroon ng liwanag, ngunit tanging lamig o hamog lamang”

Ang Septuagint at ang Vulgate interpret ang huling parirala gaya ng “walang lamig o yelo” (cf. *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, vol. 3, pp. 952, 995). Gayonpaman, ang eskatolohikal na konteksto may tumutukoy sa unti unting nawawalang liwanag (BDB 21) ng mga bagay sa kalawakan (cf. Isaias 13:10; 24:23; 60:19; Jeremias 4:23; Ezekiel 32:7,8; Joel 2:31; 3:15; Mateo 24:29; Gawa 2:19).

Ang ikalawang Hebreong parirala ay may dalawang mga salita: (1) “mahalag,” “bihira,” “kahanga-hangang,” “mabigat” (BDB 429) at (2) “pinakapal,” “pinalapot,” “lumapot” (BDB 891, KB 1117, *Qal* DI-GANAP). Ang NASB talababa ay may “maluwalhating isa na magiging pinalapot.”

14:7 “Nguni't magiging isang araw na kilala sa Panginoon” Ito ay posibleng tumutukoy sa Mateo 24:36 at muling pinalakas ang kaunawaan na ang seksyong ito ay tumutukoy sa Diyos Ama. Ang pagkakatangi ay maaaring wala nang gabi (cf. TEV).

■ **“nguni't mangyayari, na sa gabi ay magliliwanag”** Ang presensya ng Diyos sa nagpapatuloy na ilaw (cf. Isaias 60:19,20; Pahayag 21:25; 22:5), gaya ng ginawa nito bago pa ang paglikha ng araw, mga bituin, at buwan (cf. Genesis 1:3-5 laban sa 1:14- 19).

TALATA SA NASB (BINAGO): 14:8

⁸At mangyayari sa araw na yaon, na ang buhay na tubig ay magsisibalong mula sa Jerusalem; kalahati niyao'y sa dakong dagat silanganan, at kalahati niyao'y sa dakong dagat kalunuran: sa taginit at sa tagginaw mangyayari.

14:8 “na ang buhay na tubig ay magsisibalong mula sa Jerusalem” Ito ay ginamit sa pakahulugan ng nagbibigay buhay, supernatural na mga tubig (cf. Genesis 2:10), na umusbong hindi lamang sa pisikal na kasaganaan, ngunit gayondin sa espiritwal na kasaganaan. Ang mga tubig na ito madalas na tumukoy sa Bibliya (cf. Awit 46:4; Isaias 33:21-23; 49:10; Ezekiel 47:1-12; Joel 3:18; Juan 4:13-15; 6:35; 7:37-38; Pahayag 22:1,2 at sa isang negatibong paraan sa Jeremias 2:13; Zacarias 9:11). Jerusalem, sapagkat ang presensya ni YHWH, ay ang sentro ng lahat ng nilikha. Ang mga hari ay iniluklok doon!

■ **“dagat silanganan . . . dagat kalunuran”** Ito ay tumutukoy sa Dead Sea (na hindi na maaring patay!) at ang Dagat ng Mediterranea.

■ **“sa taginit at sa tagginaw mangyayari”** Sa Palestina mayroong lamang tunay na dalawang mga panahon. Ang talatang ito ay nagpapahiwatig sa nagpapatuloy na tubig, na hindi kaugnay sa pabago bagong panahon. Ang buong kontekstong ito na nagsasalita sa isang bagong natural na kaayusan ay hindi nakapende sa regular na mga siklo ng kalikasan.

TALATA SA NASB (BINAGO): 14:9

⁹At ang Panginoo'y magiging Hari sa buong lupa: sa araw na yao'y magiging ang Panginoo ay isa, at ang kaniyang pangalan ay Isaias

14:9 “At ang Panginoo'y magiging Hari” Ito ay nagpatuloy sa paksa ni YHWH gaya ng sa hari ng mundo (cf. 14:16,17; I Samuel 8:7; 12:12; Awit 93:1; 97:1; 99:1). Sa 9:9 ang Mesyas ang siyang hari (cf. Isaias 9:6-7; Jeremias 10:7; 23:5). Si YHWH ay hindi naging isang hari. Siya ay laging naging hari, ngunit ngayon ang lahat ng mga tao ay kinilala ito (cf. Mateo 6:10).

■ **“sa buong lupa”** Dito ang nagpapatuloy ng tema ng unibersal na paghahari ng Diyos (cf. v. 16; Awit 22:27- 28; 47:8-9; Isaias 2:2-4; 45:2-3).

■ **“sa araw na yao'y magiging ang Panginoo ay isa, at ang kaniyang pangalan ay isa”** Ito ay isang pagbibigay diin sa monoteismo (cf. Exodo 8:10; 9:14; Deuteronio 4:35,39; 6:4-5; 33:26; I Samuel 2:2; II Samuel 22:32; I Hari 8:23; Awit 86:8; Isaias 46:9; Jeremias 10:6-7).

TALATA SA NASB (BINAGO): 14:10-11

¹⁰Ang buong lupain ay magiging gaya ng Araba, mula sa Geba hanggang sa Rimmon na timugan ng Jerusalem; at siya'y matataas, at tatahan sa kaniyang dako, mula sa pintuang-bayan ng Benjamin hanggang sa dako ng unang pintuang-bayan, hanggang sa sulok na pintuang-bayan, at mula sa moog ng Hananel hanggang sa pisaan ng ubas ng hari. ¹¹At ang mga tao'y magsisitahan doon, at hindi na magkakaroon pa ng sumpa; kundi ang Jerusalem ay tatahang tiwasay.

14:10 “Ang buong lupain ay magiging gaya ng Araba” Ang supernatural na pagbabago ng kalupaan ng mundo ay ininterpret sa ilang mga paraan: (1) gaya ng isang teolohikal na simbolo ng kabanalan sa lugar; (2) gaya ng unibersal na daanan sa lugar kung saan ang Diyos ay nananahan; o (3) gaya ng katumbas na distribusyon sa nabubuhay na tubig na ito sa lahat ng tao. Ang ilan ay nakita ang isang pahiwatig sa topograpikal na preperasyon na ito sa Isaias 40:4.

▣ **“Geba”** Ito ay isang siudad na makikita sa anim na milya ng hilaga ng Jerusalem, na binanggit sa II Hari 23:8. Ang pangalan nito ay nangahulugang “taas.” Ito ay nasa hilagang hangganan ng Judah (cf. Josue 18:24).

▣ **“hanggang sa Rimmon na timugan ng Jerusalem”** Ang nayon na ito ay binanggit ng ilang mga beses sa OT (cf. Josue 15:32; 19:7; at Nehemias 11:29), ngunit ang eksaktong lokasyon ay di-tiyak. Ito ay isang tribal na alokasyon kay Simeon. Hind ito ang kapareho gaya ng Rimmon na binanggit sa Josue 19:13, ay isang pantribung alokasyon ni Zebulun.

▣ **“at siya'y matataas”** Ang topolohikal na pagtaas ng (BDB 926 o 910, KB 1163, *Qal* GANAP) ng siudad higit sa mga nakapaligid na lugar ay hinulaan ni Isaias 2:2 at Micah 4:1, na kaparehong eskatolohikal na mga sipi na ang mga bansa ay darating sa labis na mga bilang kay YHWH sa Jerusalem (cf. 8:20-23). Ito ba ay sibolikong paglapit sa Diyos o ito ay isang aktwal na pisikal na modipikasyon ng Judah? Ibang mga propeta ay nagsalita ng isang kompletong bago at permanenteng mundo (cf. Isaias 65:17; 66:22). Ang tensyong na ito ay isang dahilan (kasama ng lahat na inaasahang mga propesiya kaugnaya sa heograpikal na mga pangako sa Israel na literal na natupad) na marami ang nakakita bilang pandaigdig na kaharian (milenyo, Pahayag 20:1-6) bago ang eternal kaharian (cf. Daniel 7:13; Pahayag 21-22).

Ang aking problema ay walang NT manunulat ang naninindigan sa mga pambansa, heograpikal na mga pangako. Si Hesus ay nagsaad pa na ang tunay na pagsamba ay hindi konektado sa anumang mga bundok (cf. Juan 4:20-26).

▣ **“tatahan sa kaniyang dako”** Ang PANDIWA (BDB 442, KB 444) ay isang *Qal* GANAP. Ang talatang ito ay napakapartikular. Bagamat lahat ng mga lugar at mga tarangkahan sa loob ng siudad ay ngayon ay hindi tiyak, hakta na ito ay tumutukoy sa buong siudad ng Jerusalem. Ang Jerusalem ay matatag (cf. 12:6; Jeremias 30:18).

14:11 “At ang mga tao'y magsisitahan doon, at hindi na magkakaroon pa ng sumpa” Ang sumpa na binanggit ay maaaring mayroong ilang mga pinagmulan: (1) ang sumpa Genesis 3:17, na kaugnay sa kasalanan ng sangkatauhan; (2) ang sumpa ng Deutronomio 28, na kaugnay sa paghaharing ng Israel sa tipan (cf. Zacarias 8:18 at Pahayag 22:3); o (3) ang sumpa ng kompetong pgkawasak (i.e. Jericho, cf. Joshue 6:17,21; Jeremias 25:9). Halata na ang Jerusalem ay makapal na pananahan ng tao, na isang pagbabago mula sa umiiral na saloobin sa panahon ni Zechariah (cf. Nehemias 7:4; 11:1-2).

Ang “wala nang sumpa” na ito ay pinulot sa Pahayag 22:3.

▣ **“kundi ang Jerusalem ay tatahang tiwasay”** Ang PANDIWA (BDB 442, KB 444, *Qal* GANAP #4) ay may kahulugan na “nananahan sa kanyang sariling lugar” (cf. 2:8; 9:5; 14:11; Levitico 26:5; Jeremias 23:6; Ezekiel 28:26; 34:25-31; 38:8). Sila ay matatag (BDB 105) at nananahan sa lupain sapagkat si YHWH at Kanyang Mesyas (cf. Isaias 7:14) ay nananahan na kasama nila!

TALATA SA NASB (BINAGO): 14:12-15

¹²At ito ang salot na ipananalot ng Panginoon sa lahat na bayan na nakipagdigma laban sa Jerusalem: ang kanilang laman ay matutunaw samantalang sila'y nangakatayo ng kanilang mga paa, at ang kanilang mga mata'y mangatutunaw sa kanilang ukit, at ang kanilang dila ay

matutunaw sa kanilang bibig. ¹³At mangyayari sa araw na yaon, na magkakaroon ng isang malamga hari kaingay sa gitna nila na mula sa Panginoon; at hahawak ang bawa't isa sa kanila sa kamay ng kaniyang kapuwa, at ang kamay niya'y mabubuhat laban sa kamay ng kaniyang kapuwa.. ¹⁴At ang Juda naman ay makikipaglaban sa Jerusalem; at ang kayamanan ng lahat na bansa sa palibot ay mapipisan, ginto, at pilak, at kasuutan, na totoong sagana.

14:12 “At ito ang salot” Ang Diyos ay tatalunin ang mga bansa (cf. vv. 2-3) sa pamamagitan ng isang paraan (i.e. salot BDB 620) na Kanyang ginamit ng nauna sa Kanyang depensa sa Jerusalem laban sa Sennacherib noong 701 B.C. (cf. II Hari 19:35; Isaias 37:36). Ito ay maaring reperensiya sa Deuteronomio 28:20-24, na ngayon ay bumaliktad laban sa mga kaaway ng Israel (e.g. Deuteronomio 28:7; Awit 89:22-24).

▣ **“ipanalot ng Panginoon”** Ang PANDIWA (BDB 619, KB 669, *Qal* DI-GANAP) na ito ay madalas na ginamit sa depensa ng Diyos sa Kanyang bayan (ngunit walang mga eksepsyon, cf. Exodo 21:22; Awit 91:12; Kawikaan 3:23).

14:13 “na magkakaroon ng isang malaking kaingay sa gitna nila na mula sa Panginoon” Ito ay isa na namang supernatural na mga paraan kung saan ang hukbo ng mga bansa ay babagsak. Sila ay simpleng wawasakin ang kanilang mga sarili (cf. Exodo 15:16; 23:27; Hukom 7:22; I Samuel 14:15-20; II Cronico 20:22-23; Haggai 2:22). Ang pagkalito (BDB 223) ng mga kaaway ni YHWH ay bahagi ng Araw ng Panginoon (cf. Deuteronomio 7:23; 28:20; Isaias 22:5).

14:14 “At ang Juda naman ay makikipaglaban sa Jerusalem” Ang PANDIWA (BDB 535, KB 526) ay *Niphil* DI-GANAP. Ang PREPOSISYON “sa” (i.e. lugar) ay ginamit rin sa NIV, habang ang RSV ay binago ito tungo sa “laban sa” (cf. Vulgate, Targums). Ang kaparehong PANGHALIP ay isinalin sa “laban” sa v. 3.

▣ **“at ang kayamanan ng lahat na bansa sa palibot ay mapipisan, ginto, at pilak, at kasuutan, na totoong sagana”** Ang PANDIWA (BDB 62, KB 74) ay isang *Pual* GANAP. Tignan talata 1.

14:15 Ang impormasyon na ito ay tila wala sa lugar. Ito ay dapat na sumulong kasama ng sumpa sa mga tao na binanggit sa v. 12. Ito tila tumutukoy sa kompletong pagkawasak ng nananakop na hukbong militar na kakayahan.

TALATA SA NASB (BINAGO): 14:16-19

¹⁶At mangyayari, na bawa't maiwan, sa lahat na bansa na naparoon laban sa Jerusalem ay aahon taon-taon upang sumamba sa Hari, sa Panginoon ng mga hukbo, at upang ipangilin ang mga kapistahan ng mga balag. ¹⁷At mangyayari, na ang sinoman sa mga angkan sa lupa na hindi umahon sa Jerusalem upang sumamba sa Hari, sa Panginoon ng mga hukbo, sila'y mawawalan ng ulan.. ¹⁸At kung ang angkan ng Egipto ay hindi umahon at hindi pumaroon, mawawalan din ng ulan sila, magkakaroon ng salot, na ipanalot ng Panginoon sa mga bansa na hindi magsisiahon upang ipagdiwang ang kapistahan ng mga balag. ¹⁹Ito ang magiging kaparusahan sa Egipto, at kaparusahan sa lahat na bansa na hindi magsisiahon upang ipagdiwang ang kapistahan ng mga balag.

14:16 “At mangyayari, na bawa't maiwan, sa lahat na bansa na naparoon laban sa Jerusalem ay aahon taon-taon upang sumamba sa Hari, sa Panginoon ng mga hukbo” Ito ay nagpapalaki sa eternal na pagtutubos na plano ng Diyos. Ito ay maaring mangahulugang (1) na ilang mga sundalo ay nakaligtas o (2) na ilan sa mga bansa na kanilang kinatawan ay nakaligtas, ngunit yaong mga bansa na

naiwan ay makokombirte (cf. 8:20-23)! Mayroong isang pahiwatig sa pandaigdigang taunang pagsamba sa Isaias 2:2-4 (cf. Isaias 66:19-24).

▣ **“at upang ipangilin ang mga kapistahan ng mga balag”** Ang piyestang ito ay inilarawan sa Levitico 23:34-44 at Deutronomio 16:13-17. Ang mga dayuhan ay tinanggap upang makilahok (cf. Deutronomio 16:14). Ito ay pangunahing isang panahon para sa (1) pasasalamat para sa pag-ani; (2) ang probisyon ng Diyos para sa mga mahirap; at (3) isang panahon para sa pagbabasa ng Torah (cf. Nehemias 8:14- 18). Ang binanggit sa nabubuhay na tubig sa 8:14 at kanilang paggamit sa Juan 7, sa panahon sa Piyesta ng Tabernakulo (Booths), tila ito ay mahalaga. Sa panahon ng Piyesta ng Tabernakulo sa ilang mga seremonya na tumuturo tungo sa nagbibigay buhay na tubig na ito bilang isang simbolo ng esperitwal na kalakasan.

14:17-19 “mawawalan din ng ulan sila” Lahat ng mga natitirang mga pagano ay tila nakombirte sa pananampalataya kay YHWH sa eskatolohikal na periyod na ito. Sinoman na tumanggi na lumapit at sumamba kahit isang beses isang taon ay susumpain ng salot ng Deutronomio 28:22-24. Ang Ehipto ay nakita ang mga salot ni YHWH dati! Nakakabigla na ang ilang mga bansa ay hindi lumapit. Posible na iinterpret ito bilang “hindi lahat ay lubusang nakombirte sa pananampalataya kay Kristo.” Ang ilan ay nakita ito bilang katangian ng milenyo ng Pahayag 20:1-6.

TALATA SA NASB (BINAGO): 14:20-21

²⁰ Sa araw na yaon ay magkakaroon sa mga kampanilya ng mga kabayo, **“KABANALAN SA PANGINOON.”** at ang mga palyok sa bahay ng Panginoon ay magiging gaya ng mga taza sa harap ng dambana. ²¹Oo, bawa't palyok sa Jerusalem at sa Juda ay aariing banal sa Panginoon ng mga hukbo; at silang lahat na nangaghahain ay magsisiparoon at magsisikuha niyaon, at magpapakulo roon: at sa araw na yaon ay hindi na magkakaroon pa ng Cananeo sa bahay ng Panginoon ng mga hukbo.

14:20,21 “Sa araw na yaon ay magkakaroon sa mga kampanilya. . . KABANALAN SA PANGINOON” Ang dalawang mga talatang ito ay naglalarawan ng lipunan ng tao na ngayon ay buuang pinabanal at nilinis. Ito ay maaaring makita sa pamamagitan ng mga tanda na orihinal sa turban ni Aaron, ang punong saserdote (cf. Exodo 28:36), at ngayon ay nasa eskatolohikal na Punong Saserdote (cf. Zacarias 3:9, ay karaniwan rin sa mga bagay at tao). Ang magkaibang mga aspeto ng lipunan na apektado ay (1) ang mga kampanilya ng mga kabayo; (2) ang mga panlutong mga palayok sa tahanan ng Panginoon; at (3) ang mga panluto sa mga tahanan ng mga tao sa Jerusalem at Judea (na ngayon ay kasalo sa banal na pagkain ng templo; kasamang tagapagmana ng mga Levita at mga saserdote).

14:21 “hindi na magkakaroon pa ng Cananeo sa bahay ng Panginoon ng mga hukbo” Ang terminong “Canaanite” (NASB, NKJV, NIV) ay maaring tumutukoy sa anomang mga di-banal na tao na hindi kasama sa tipanang bayan, ngunit wala dapat anomang sa mga ito ang matitira. Samakatuwid, maraming mga tagsalin ay ininterpret ang terminong ito bilang “mangangalakal” (BDB 489 II, i.e. isa na nagtitimbang ng ginto at pilak, cf. Kawikaan 31:24; Isaias 23:8; Ezekiel 16:29; 17:4; Hosea 12:7) at ganito ito paano ginamit sa NT ng tagapalit ng pera at manininda sa korte ng mga Hentils sa templo (cf. Mateo 21:12-13; Marcos 11:15-17; Lucas 19:45-46; Juan 2:13-16).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang kabanatang ito ay natupad ng literal o simboliko? Bakit?
2. Ang kabanatang ito ay apokaliptikong panitikan at kung magkagayon, ano ang ipinahiwatig nito ang ang interpretasyon nito?
3. Iugnay ang kahalalahan ng mga tema ng kabanata 12-14 at ikumpara sila sa isang reperensiya ng Bibliya sa buong Lumang Tipan.
4. Ang kabanatang ito ba ay Mesyaniko o oriyenteng kay YHWH? Bakit?
5. Paano at bakit ang propesiya ni Zacarias ay napakaimpluwensyal sa mga manunulat ng NT?

DAGDAG DAHON ISA

PANIMULA SA LUMANG TIPAN NA PROPESIYA

I. PANIMULA

A. Pambungad na mga Pananalita

1. Ang nananampalatayang komunidad ay hindi nagkakasundo sa kung paano bibigyan kahulugan ang propesiya. Ibang mga katotohanan ay naitatag bilang isang ortodoksiyang posisyon sa buong mga siglo, ngunit hindi ang isa na ito.
2. Mayroong ilang maliwanag na mga yugto ng OT propesiya
 - a. bago ang monarkiya (bago si Haring Saul)
 - 1) mga indibidwal na tinawag na mga propeta
 - a) Abraham - Genesis 20:7
 - b) Moses - Bilang 12:6-8; Deuteronio 18:15; 34:10
 - c) Aaron – Exodo 7:1 (tagapagsalita ni Moses)
 - d) Miriam - Exodo 15:20
 - e) Medad at Eldad - Bilang 11:24-30
 - f) Deborah - Hukom 4:4
 - g) di-pinangalanan - Hukom 6:7-10
 - h) Samuel - I Samuel 3:20
 - 2) mga reperensiya sa mga propeta bilang grupo - Deuteronio 13:1-5; 18:20-22
 - 3) propetang mga grupo o samahan - I Samuel 10:5-13; 19:20; I Hari 20:35,41; 22:6,10-13; II Hari 2:3,7; 4:1,38; 5:22; 6:1, etc.
 - 4) Ang Mesyas ay tinawag na propeta - Deuteronio 18:15-18
 - b. hindi-nagsusulat na monarkyal na mga propeta (sila ay nagsasalita sa hari)
 - 1) Gad - I Samuel 7:2; 12:25; II Samuel 24:11; I Cronico 29:29
 - 2) Nathan - II Samuel 7:2; 12:25; I Hari 1:22
 - 3) Ahijah - I Hari 11:29
 - 4) Jehu - I Hari 16:1,7,12
 - 5) di-pinangalanan - I Hari 18:4,13; 20:13,22
 - 6) Elias -I Hari 18; II Hari 2
 - 7) Milcaiah - I Hari 22
 - 8) Eliseo - II Hari 2:8,13
 - c. mga klasikal na nagsusulat na mga propeta (sila ay nagsasalita sa bansa gayundin sa hari): Isaias—Malakias (maliban kay Daniel)

B. Biblikal na mga Termino

1. *ro'eh* = seer, I Samuel 9:9. Ang reperensiya na ito ay nagpapakita ng transisyon sa termino *Nabi*, na nangahulugang “propeta” at nagmumula sa ugat na, “tumawag.” *Ro'eh* ay mula sa pangkalahatang Hebreong termino “makita.” Ang taong ito ay nauunawaan ang mga paraan at plano ng Diyos at kinukonsulta upang matiyak ang kalooban ng Diyos sa isang bagay.
2. *hozeh* = seer, II Samuel 24:11. Ito ay karaniwang isang kasingkahulugan ng *ro'eh*. Ito ay mula sa bihirang Hebreong termino “makakita ng isang pangitain.” Ang pandiwaring anyo ay ginamit ng madalas upang tumukoy sa mga propeta.
3. *nabi'* = propeta, magkaugnay sa Akkadian na pandiwa *nabu* = “tumawag” at Arabiko *naba'a* = “iproklama.” Ito ang pinaka karaniwang OT na termino upang italaga ang isang propeta. Ito ay ginamit ng higit sa 300 beses. Ang eksaktong etimolohiya ay di-tiyak, ngunit ang

“tumawag” sa kasalukuyan ay tila ang pinakamainam na opsyon. Posibleng ang pinamainam na pagkakaunawa ay mula sa nabuong paglalarawan ni YHWH sa relasyon ni Moses sa Faraon sa pamamagitan ni Aaron (cf. Exodo 4:10-16; 7:1; Deutronomio 5:5). Ang propeta ay isang tao na nagsasalita para sa Diyos sa Kanyang bayan (cf. Amos 3:8; Jeremias 1:7,17; Ezekiel 3:4).

4. Lahat ng tatlong mga termino ay ginamit sa opisina ng propeta sa I Cronico 29:29; Samuel - *Ro'eh*; Nathan - *Nabi*; at Gad - *Hozeh*.
5. Ang pariralang *'ish ha - 'elohim*, “lalake ng Diyos,” ay isa ring pinalawak na designasyon para sa tagapagsalita ng Diyos. Ito ay ginamit ng ilang 76 beses sa OT sa pakahulugan ng “propeta.”
6. Ang salitang “propeta” sa Griyegong pinagmulan. Ito ay nagmula sa (1) *pro* = “bago” o “para”; (2) *phemi* = “magsalita.”

II. KAHULUGAN NG PROPESIYA

- A. Ang terminong “propesiya” ay may malawak na semantikong larangan sa Hebreo kaysa sa Inglis. Ang mga Hudyo ay tinatakan ang kasaysayang mga aklat mula kay Josue hanggang sa Hari (maliban kay Ruth) “ang mga dating mga propeta.” Parehong si Abraham (Genesis 20:7; Awit 105:5) at Moses (Deutronomio 18:18) ay itinalaga bilang mga propeta (gayundin si Miriam, Exodo 15:20). Samakatuwid, mag-ingat sa isang ipinagpalagay na kahulugan sa Inglis!
